

ANG BAYAN NG TAGAGIIK:
ISANG KASAYSAYANG PAMPOOK

Pagpapahalaga sa Aklat

Ang lokal na kasaysayan ay ang pag-aaral ng mga rehiyon sa nakaraan. Ang rehiyong pinag-aaralan ay karaniwang maliit na lungsod, bayan o nayon sa heograpiya. Ang pagsulat ng lokal na kasaysayan ay nagpapayaman sa buhay at panahon ng komunidad ng isang partikular na lugar sa pamamagitan ng pagbibigay ng impormasyon na may kaugnayan sa mga makasaysayang lugar at lipunan. Ang lokal na koleksyon ng kasaysayan ay makakatulong sa mga mag-aaral, mananaliksik, mananalaysay, lokal na administrador, social worker at manunulat sa pamamagitan ng pagbibigay sa kanila ng nakaraang kasaysayan ng lokalidad na iyon at ang koleksiyong ito ay magagamit sa serbisyo ng impormasyon sa komunidad. Ang pagsasaliksik na ito ni Jolan Saluria ukol sa bayan ng Taguig ay isang malaking kontribusyon sa isang malaking iskolarisyip na magbibigay inspirasyon sa mga susunod na henerasyon ng mga lokal na historyador.

— *Dr. Francis M. Navarro*

Tagapangulo
Philippine Historical Association

Kalahating siglo, patatlong salinlahi na ang puno ng Pantayong Pananaw at malalabay ang mga sanga at hitik sa mga bunga. Pinakabagong hinog itong Tagagiik ni Jolan Saluria sa kanyang talisik sa kasaysayang pampook. Mga hantik tayong marapat sumimsim sa tamis nito.

— *Dr. Nilo S. Ocampo*

Propesor
Departamento ng Filipino at Panitikan ng Pilipinas
Unibersidad ng Pilipinas-Diliman

Ang Tagagiik ni G. Jolan Saluria ang pinakakumpletong kasaysayang pampook na inilathala ng BAKAS.

— *Dr. Zeus A. Salazar*

Tagapaglathala
Bagong Kasaysayan


Isang malaking hamon ang pagsusulat ng kasaysayang lokal at higit na malaking pagsubok ang pagtatahi ng naratibong may saysay sa pagbubuo nito. Bagama't may mga naisulat na patungkol sa kasaysayan ng Taguig, ang pagsisikap na ito ni Jolan Saluria ay tunay na may malaking ambag sa pagpapayabong ng kaalaman patungkol sa lokal na kasaysayan ng Taguig na maaaring maging inspirasyon sa pagsulat ng iba pang nagmamalasakit sa kani-kanilang lokal na kasaysayan. Kapuri-puri ang pagsisikap ng may-akda na maunawaan ang kanyang lunan sa agos ng Kasaysayan ng Kapilipinuhan gamit ang balangkas ng Bagong Kasaysayan sa pamamagitan ng Pantayong Pananaw. Labis ko rin na pinapahalagahan ang paglalaan ng pahina patungkol sa bakas ng dating pananampalataya. Malinaw na natahi ng may-akda ang pagpapatuloy ng kalinangan ng iba't-ibang etnolinguistikong pangkat sa kapuluan, tanda na napagtagumpayan ang hamon ng koloniyalismo sa pamamagitan ng pagbabagong bihis at pag-aangkop sa bagong kaayusan. Muli ang pagbati at lubos na pagpapahalaga sa makabuluhang ambag sa pagsusulong ng kasaysayang lokal gamit ang maka-Pilipinong pananaw.

— *Dr. Raul Roland R. Sebastian*

Dekano
Kolehiyo ng mga Agham Panlipunan at Pag-unlad
Politeknikong Unibersidad ng Pilipinas



FILIPINOS THRESHING RICE WITH FEET,
NI BUTLER, O. M. (C.A. 1920)



MAPA DEL TERRITORIO DE TONDO

MULA SA: MAPA GENERAL DE LAS ALMAS QUE ADMINISTRAN LOS PP. AGUSTINOS CALZADOS (1845)

ANG BAYAN NG TAGAGIIK:

ISANG KASAYSAYANG PAMPOOK



Jolan S. Saluria



Bagong Kasaysayan, Inc.

2023



**BAGONG KASAYSAYAN, INC. –
BAHAY SALIKSIKAN NG KASAYSAYAN**

ISBN 978-621-8177-16-1

Karapatang-ari, 2023 © Jolan S. Saluria & Bagong Kasaysayan, Inc. (BAKAS)

RESERBADO ANG LAHAT NG KARAPATAN. Sarili ng may-akda ang lahat ng karapatan sa librong ito. Anumang bahagi ay hindi maaaring kopyahin o sipiin ninuman sa anumang paraan ng paglimbag nang walang pahintulot ng may-akda at ng Bagong Kasaysayan, Inc. (BAKAS).

Nagdisenyo ng pabalat

Hazel Jelyn A. Guino-o

Pagsasaaklat

Hazel Jelyn A. Guino-o

Patnugot

Ma. Carmen V. Peñalosa, DPA

Larawan sa pahinang pamagat

Threshing Rice, Bohol ca. 1950s, Pilipinas Retrostalgia Facebook Album: A Slice of Life. Inakses Nobyembre 21, 2023 sa <https://rb.gy/2rull>.

Inilathala ng

Bagong Kasaysayan, Inc. (BAKAS)

Blk 1 Lot 1, El Paso cor. Casa Blanca St.,

Serra Monte Mansions Subd., San Isidro, Cainta, Rizal

Nobyembre 2023

Alay kina

INANG AT NANAY AM

TALAMAN NG NILALAMAN

PAGPAPAHALAGA SA AKLAT

iii-iv

PASASALAMAT

xv-xvi

PAUNANG SALITA

Dr. Emmanuel F. Calairo

xvii

INTRODUKSYON

1-12

KABANATA I

Ang Pangalan ng Bayan

13-44

KABANATA 2

Ang Heyograpiya ng Bayan

45-70

KABANATA 3

Ang Rizikultura sa Taguig

71-92

KABANATA 4

Bakas ng Pananampalatayang Dati

93-136

KABANATA 5

Kasaysayan ng Bayan

137-256

KONKLUSYON

257-264

INDISE

265-280

BIBLIOGRAPIYA

281-308

MGA APENDISE

Apendise I

Dr. Henry Otley Beyer

"Catalogue of the Taguig Site"

309-323

Apendise II

Dr. Victor J. Paz

"Defining Manila Through Archaeology"

327-355

Apendise III

"Dokumento ng Pagkakatatag sa *Pueblo de Taguig*"

357-358

Apendise IV

"Talaan ng mga Pangulong Bayan"

359-360

Apendise V

"Dokumento ng Pagiging Siyudad"

361-404

Apendise VI

"Sigalot sa Hangganan : Hatol ng Korte Suprema"

405-458

Ukol sa May-akda at Nagsaaklat

459

Ukol sa Pabalat

460



NATIVES OF TAGUIG, MANILA PROVINCE (1900)
[HTTPS://RB.GY/ENVBI](https://rb.gy/envbi)

Pasasalamat

Hindi maisasakatuparan ang akdang ito kung hindi dahil sa mga taong naging kabalikat at nakipagtulungan sa masukal na landasin ng pagbubuo ng aklat. Bukod tanging pinasasalamatan ng lubusan sa aklat na ito ang nag-iisang ama ng Pantayong Pananaw at Bagong Historiograpiyang Pilipino na si Dr. Zeus Salazar. Maraming salamat po sa inyong walang sawang paggabay at panghihimok sa akin upang maisakatuparan ang kasalukuyang akda. Lalo na, kay Dr. Carmen Penalosa na tagapatnugot ng akda para sa tuwinang malugod na pagtanggap at pag-akay sa tuwing ako'y bumibisita. Gayundin, taos pusong pasasalamat din ang aking ipinadadampulay sa buong BAKAS at mga kapanalig sa pagtataguyod ng Pantayong Pananaw at pagbubuo ng bansa na bagama't hindi direktang kasangkot sa akda sa alinmang aspekto nito ay lubos labis na nakatulong ang mga kaisipan sa naisagawang pakikipagbuno. Katotohanang wala po ako, maging ang isinulat kong ito, kung wala po ang mapanghawa ninyong mga kaisipan na siyang nagsilbing inspirasyon at gabay ko sa pagsusulat.

Sa mga pantas ng disiplina na nagpaunlak na magsulat para sa pagpapahalaga sa mumunting aklat na ito. Higit sa lahat, sa kasalukuyang tagapangulo ng Komisyong Pangkasaysayan ng Pilipinas, na isa sa mga paham at maituturing na haligi ng kasaysayang pampook, Dr. Emmanuel Franco Calairo para sa pagbibigay ng paunang salita. Sa aking tinitingala na si Dr. Nilo S. Ocampo ng Departamento ng Filipino at Panitikan ng Pilipinas para sa inilangkap na komento at papuri sa aking pagpupunyagi at nilalaman ng akda. Sa dekanong Kolehiyo ng Agham Panlipunan at Pag-unlad ng Politeknikong Unibersidad ng Pilipinas na si Dr. Raul Roland R. Sebastian na nagbigay pansin sa halaga ng ika-apat na kabanata at ambag nito sa literatura ng kasaysayang pampook. Kay Dr. Francis M. Navarro na Direktor ng Ateneo de Manila University Archives at kasalukuyang tagapangulo ng Kapisanang Pangkasaysayan ng Pilipinas para sa palyograpikong pagbasa at pagtitiwala. Gayundin, kay Dr. Zeus A. Salazar sa

kaniyang nakakapagpakumbabang komendasyon sa akda. Gasolina po para sa akin ang lahat ng inyong mga naging papuri upang ako'y makapagpatuloy sa mahaba-haba pang labkaying akademiko.

Mangyari pa, pasasalamat din ang aking ipinaaabot sa lahat ng mga tao at institusyon na nakatulong sa aking pagsasaliksik at pagsasaayos ng aklat. Kay Propesor Arvin B. Pingul ng PUP Departamento ng Kasaysayan para sa teknikal na puna at pagsasaayos sa aklat. Gayundin naman kay Propesor Mark Joseph P. Santos para sa tulong ng pagpaparehistro ng ISBN. Sa mga bumubuo ng Taguig Heritage Society para sa kanilang bukal na kaalaman. Sa kapatid na Jomar Encila, para sa mga pagsisikap at napagpauna nang pananaliksik sa bayan. Kina kapatid na Mark Apura, at kay Ma'am Diane Galang na katiwala ng aklatan ng Pambansang Komisyon Pangkasaysayan ng Pilipinas. Gayundin naman maging sa lahat ng mga napakarami at hindi na mapapangalanan pang kawani ng Pambansang Aklatan at Pambansang Sinupan para sa kanilang masigasig na paglilingkod upang mapaglingkuran ang mga mananaliksik ng bayan.

Sa aking pamilya at mga mahal sa buhay. Sa aking magulang na sina Rey at Carol na nagsakripisyo at tumustos para sa aking pag-aaral. Sa aking mga kapatid na sina kuya Joshua at asawa nitong si ate Geah, kuya Jonas at nobya nitong si ate Kath na kapwa nasa ibayong dagat, kay ate Kimi at kabiyak nitong si kuya Reylan, at maging kay ate Aya. Pinasasalatan ko din ng lubos ang aking iniinrog na si Hazel Jelyn Guino-o na laging katuwang sa lahat ng saya at suliranin sa buhay. At higit sa lahat, sa kasa-kasamang pagsasaayos nitong aklat at maging sa pagtitiwala sa aking kakayahan. Tanglaw ka palagi ng aking isip sa mga oras na mapanglaw, at sa mga panahon na pinagdududahan ko ang aking sarili.

Maraming-maraming salamat po sa inyong lahat.



National
Historical
Commission of the
Philippines

Paunang Salita

Madali ang magkuwento tungkol sa kasaysayan ngunit isang malaking hamon ang pagsusulat nito. Ito'y dahil sa mahigpit na pamantayan ng pananaliksik at paghahabi ng mga datos sa paraang makakaengganyo sa mga magbabasa. Salik pa rito ang panahong kailangang gugulin sa pagsaliksik at pagsulat. Sa kabila nito, walang katumbas ang ligaya na makapag-ambag sa kaalaman at kaliwanagan tungkol sa paksa.

Isang malaking paghanga at masigabong pagbati sa awtor na si Jolan S. Saluria sa pagharap sa hamon na masaliksik at maisulat ang makulay na kasaysayan ng Taguig. Nasuyod niya ang iba't-ibang mga dokumento, sanaysay, at datos arkeyolohikal.

Ipinapaliwanag sa aklat na ito ang payak na simulain ng Taguig bilang isang komunidad ng lalawigan ng Rizal. Nariyan ang impluwensiyang pagsasaka at pangingsda sa mayamang kultura, tradisyon at pananampalataya. Nariyan din ang papel ng Taguig sa kalayaan ng Pilipinas mula sa mga mananakop na Espanyol, Amerikano, at Hapon, at ang pagharap sa makabagong panahon hanggang sa ito ay maging bahagi ng Kalakhang Maynila at maunlad na lungsod sa Pilipinas.

Ang aklat na ito ay malaking ambag sa literatura ng Taguig at sa historyograpiya ng kasaysayang lokal. Nawa'y magsilbi rin itong inspirasyon sa iba upang manaliksik at sumulat tungkol sa kasaysayan ng kani-kanilang bayan.

Dr. Emmanuel Franco Calairo
Tagapangulo
Pambansang Komisyong
Pangkasaysayan ng Pilipinas



INDIENS TAGALES

INDIENS TAGALES PILANT DU RIZ,
NI JEAN MALLAT, LES PHILIPPINES (1846)

Introduksiyon

Kung tutuusin, sa gayon, ang mga "dokumentong primarya" ng mga propesyunal na istoryador ay talagang pangalawa lamang kung ihahambing sa mga dokumentong arkeolohikal, etnolohikal, lingguwistiko at folkloristiko. Wala silang pagkakaiba sa mga salawikain, salaysay at alamat, kung ang sinusuri ay ang kabuuang anyo ng isang epoka. Lahat ay saksi ng isang kabatirang panlahat. (Salazar 1974, 170)



ng akdang ito ukol sa kasaysayan ng Taguig ay pangatlo sa dalawang unang inilimbag na kasaysayang pampook sa ilalim ng Bagong Kasaysayan Inc./Bahay Saliksikan ng Kasaysayan. Sinusundan nito ang yapak ng dalawang unang nagsisilbing pundasyon o/at haligi ng kasaysayang pampook magmula sa *Palawan 1621-1901* ni Dr. Nilo Ocampo, at *Kasaysayan ng Bulakan* ni Dr. Jaime Veneracion na nakapagbukas ng isang seryoso at malalimang pag-aaral sa larangan ng pampook na pagsasakasaysayan. Lumabas ang dalawang klasikong tekstong ito sa magkasunod na taon nang 1985 at 1986 ayon sa hanay ng pagkakabanggit, na umani ng parangal at pagkilala sa loob at labas ng akademya. Bagama't susundan ito ng pagkakalathala ng BAKAS sa iba pang mga publikasyon tulad na lamang ng *Pamathalaan* ni Dr. Consolacion Alaras, tila napinid ng ilang mga taon ang pagkakalikha ng pampook na pagsasakasaysayan. Magkagayunpaman, hindi nagtapos dito ang pagsusulat ng pagsasakasaysayang pampook sapagkat mahigit sa itinagal na tatlong dekada't kalahati ay susundan ito ng pagkakalimbag ng kasalukuyang akda—ang kasaysayang pampook ng Taguig.

Hindi ko alam ang dahilan sa likod ng pananambit ni Dr. Zeus Salazar (na siyang nagsulat ng Paunang Salita, at naglimbag kapwa sa *Palawan* at *Bulakan*) patungkol sa superlatibong pahayag nito na ang pampook na pagsasakasaysayan



ng akdang ito ay ang siyang pinaka “kumpletong” kasaysayang pampook na inilathala ng Bahay Saliksikan ng Kasaysayan kung ihahambing sa *Palawan at Bulakan* na kapwa lathalain ng BAKAS. Sa aking palagay, bagama’t siya ang mas makakasagot nito, hindi ito dahil sa pagtingin na mas karapat-dapat ang libro na ito kung ikukumpara sa mga ituturing na *predecessor* o dalawang ninuno nito. Marahil ang gusto niya lamang sabihin ay kaiba sa dalawang nauna, ang akdang ito ay “buo” pagdating sa, at sa sentido ng, paglalangkap sa kasaysayan ng Taguig ng isang kumpletong naratibo ng bayan mula pa sa panahong prehistorya o yugto ng sinaunang pamayanan sa peryodisasyon ng Pantayong Pananaw.

Isang mahalagang bagay ang pagbibigay pansin dito ni Salazar sapagkat katotohanan na bago pa man ang pagkakabuo sa kasalukuyang akda, prehistorya ng Taguig na ang pinagtuunan at naging preliminaryong tunguhin ng aking ninanais na buuin, at bunuin na tesis di-gradwado sa kasaysayan. Katunayan, maiuugat sa ganitong tunguhin, at kadahilanan ang pananahilan sa likod ng pagkakalikha ng kasalukuyang akda. Kung kaya, sa ganang ito na lamang ang kahalagahan hindi lamang ang panunuring tekstwal sa akdang ito kung hindi maging ang kontekstwal na pagbasa rito. Sapagkat katulad ng alinmang pag-iral ng mga ideya at bagay sa santinakpan, ang pagkakabuo ng akdang ito ay mayroon din namang kontekstong pinagmumulan. Isang pangangailangan at mahalagang bagay na mailahad ang pagpopook sa kasalukuyang akda, hindi lamang upang magkaroon ito ng lohikal na basihan, bagkus ay upang madaling maunawaan din ng mga nais tumunghay na mambabasa ang kaisipan sa likod ng mga nilalamang teksto ng akda, at ang mismong kontekstong pinanggagalingan ng may-akda. Yayamang hindi maihihiwalay ang mismong teksto sa konteksto o kapookan ng sumusulat nito. Sa ganang ito, nararapat lamang na lagumin ang mga naging sirkumstanya at mga salik na naging dahilan sa panimulang paghihiraya sa akda patungo sa ganap nitong pagkakabuo.

Una sa lahat, masasabing ang tulak ng simbuyo sa likod ng pagnanasa na saliksikin ang kasaysayan ng Taguig ay udyok na rin ng likas na kadahilang na bayan mismo na ito ako nagkaisip at nagkamulat. Lumaki ako sa hindi ideyal na kapaligiran para sa isang lumalaking bata, kung kaya’t alam ko sa maagang edad ang bango at sangsang ng lansangan maging ang mga katangian nitong masama at mabuti. Sa kasamaang palad, alam ko man ang mga kwento ng bawat daanan, at mga pang-araw-araw na sulirani’t pakikibaka ng pangkaraniwang tao, hindi ko nakikilala hanggang sa magkaisip ang kinalakhan kong bayan. Nakikilala ko lamang ang Taguig sa pangalan at katangian subalit hindi ang ubod na kaibuturan nito.



Sa muling pagbabalik tanaw, marahil isang salik na rin na nakadagdag sa kakapusan ng aking musmos na pagkaunawa ay ang pangkaraniwan na suliranin ng bawat pook hinggil sa kawalan ng mga akdang pangkasaysayan na tumutunghay sa nakaraan nito. Hindi lahat ng bayan ay may nakasulat na kasaysayan. Lalo pa isang mahirap na gawain ang makapagsulat nito na kinakailangan na isagawa, at tanging maisasakatuparan lamang ng isang tunay na historyador. Sa ganitong dahilan na lamang ang hindi ko pagpapaalinlangan na sa simula't sapul pa man ay Taguig na ang gusto kong maging paksain noong kolehiyo para sa noo'y binabalak na tesis undergradwado sa kasaysayan. Bagaman nga hindi ko pa natitiyak noon ang espisipikong paksang nais kong taluntunin, naging magandang panimula para sa akin ang lubos kong pagkalubog sa mga literaturang *Pantayo* bilang primaryang bahagi ng aking babasahing historiograpiikal—na drastikong humulma at esensyal na nakapaglatag ng mga pundamental na katanungan sa aking murang kaisipan. Ang mapanghawang diktum ng naturang eskwelang pangkaisipan na nagbibigay diin hindi lamang sa saysay ng isang salaysay, kung hindi maging sa sasalaysayan nito na mahigpit na nasasalalay kapwa sa wika-at-kalinangan (samakatuwid ay ang patuloy na paghahanap ng identidad) ay naging isang panimulang hakbang sa akin para sa pagpili ng ninanais na paksa. Ito ay habang isinasaalang-alang din, higit sa lahat, ang pagsasapraktika sa mapanghalinang katangian nito hinggil sa multi/interdisiplinaridad ng alinmang pananaliksik pangkasaysayan bilang lapit (*approach*) na hindi lamang nakakulong sa limitadong dulog ng pagsangguni sa mga dokumentong historikal.

Ang kamalayang natamo ng mapatihulog sa daigdig ng kaisipang ito ang simulang mag-akay sa akin upang malay na kwestyunin ang kumbensyunal na kaalaman hinggil sa kasaysayan ng Taguig. Higit lalo pa ang idinulot nito saking lubos na pagkabahala hinggil sa kolonyal na pag-uugat ng pundasyong historikal nito na sa matagal na panahon ay kinikilalang sa 1587 lamang nag-umpisa. Isang kamalayang ipinamumudmod ng lokal na pamahalaan sa mga mamamayan nito sa pamamagitan ng mga selebrasyon at taunang pagdiriwang. Habang ang kumpletong larawan bago ang kolonyalismo ay hindi malinaw, at hindi sinikap na katiting man lamang na mapag-aralan at bigyan ito ng alinmang katuturan sa harap ng malagong mga datos na maaaring hanguin sa pagsasakabuluhan nito. Samakatuwid, katulad ng kasaysayang pambansa, patuloy na nakasandig ang kasaysayan ng Taguig, at kairalan nito, sa punto-de-bistang kolonyal bilang lente ng pagsusuri sanhi upang ang patuloy na namamayani sa kamalayan ng bayan ay ang artipisyalidad na nilikha ng pag-uugat sa kolonyalismo bilang batayang pagtatakda ng pagkakakilanlan ng bayan.



Nakapaglatag sa gayon ng panimulang katanungan ang pagkatanto sa ganitong suliraning pangkasaysayan na dala-dala ko sa buong yugto ng pagmumuni-muni sa binabalak na pag-aaral. Ngunit, sa harap ng pagsisikap na maunawaan ang may saysay na nakaraan ng Taguig, naging integral na bahagi ang pagsasaalang-alang sa mga tanong na: anong partikular na nakaraan nito, at nakaraan ng alin? Ang dalawang katanungang ito ang nag-udyok sa akin upang harapin ang hamon na iwasan sa binubuong paksa ang pagsesentro sa kolonyal na muhon. Sa halip ay suntok sa buwang paksa ang batayang pre-kolonyal na yugto sa kasaysayan ng Taguig bilang yunit ng analisis at pagsasapraktika na rin ng kaisipang historiograpiikal ni Salazar sa pagtatangkang umukit ng mas malalim na batayan ng sariling pagkakakilanlan.

Bunga ng ganitong malay na reyalisasyon, minabuti kong naisin noon na saliksikin para sa aking binubunong tesis undergradwado sa kasaysayan ang pag-uungkat sa temang may katangiang historiko-anthropolohikal. Partikular ang paksaing umiinog at may kinalaman sa usapin ng paglalapat ng “pagpapakahulugan” sa mga sagisag. Nilayon kong magsilbing tungtungan ang etnograpiikal na pagsusuri sa kapistahan ni Santa Anang Banak, at mula rito ay tukuyin, sa harap ng mga pagbabago, ang mga hibla ng mga nagpapatuloy at rekursibong mga salik buhat sa sinaunang kalinangan. Gayundin, ang kaugnayan nito sa saysay ng mga artefak na nahukay sa Taguig na mahigpit na nakaugnay sa sandaigdigang pananaw ng mga Austronesyano hinggil sa tatluhang salansanan ng santinakpan. Inialinsunod ko ang banghay o balangkas pangkaisipan para sa paksaing ito sang-ayon sa yapak ng mapagbukas landas na mga etnolohikong pag-aaral ni Zeus Salazar. Laluna, ang ma-impluwensyal nitong mga pag-aaral hinggil sa anthropolohikal na pagbasa sa takip ng bangang Libmanan, at ang pag-aaral din nito hinggil sa pagkakaugnay ng Pilipinas sa mas malawak na mundong Austronesyano sa pamamagitan ng konsepto ng *banwa*. Sa pamamagitan nito ay magkakaroon ako ng panimulang pagtatangka na magkaroon ng mikrokosmong paglalapat at uri ng pagsusuri nito sa kasaysayan ng Taguig na ang pinakapangunahing layunin ay kumawala sa tanikala ng kolonyal na pananaw, at bigyan ng malalim na batayan ang kasaysayan at pagkakakilanlan ng bayan.

Ang pangarap ng pagsasakatuparan ng pag-aaral ang siyang nagdala sa akin sa maulan na petsa ng Agosto 29, 2022 na itinuturing kong ikutang pangyayari na nagbigay “hininga” sa kasalukuyang akda. Sa kauna-unahang pagkakataon ay personal kong nakapanayam ng may pagkagilalas sa malamig at maaliwalas na tagpuan ng balkuhane sa Manila Hotel si Dr. Zeus Salazar na dati’y sa mga teksto ng kaniyang akda ko lamang nababasa. Ito ay sa layunin na mabutihing sumangguni sa iniisip na paksa at humingi ng payo para sa aking



sinasabalangkas na tesis undergradwado sa kasaysayan. Sa naturang pakikipagpanayam ay hindi lamang patak ng ulan ang bumuhos, na katangian ng maulan na buwan ng Agosto, bagkus maging ang paghahasik ng *gahum* ng *bathala*. Paghahasik ng mga pantas na titik at matatalas na kaisipan na binukala't hahantong sa isang bagay na naging dahilan kung bakit nabuo ang kasalukuyang aklat. Sapagkat bagama't orihinal na pagtalunton lamang talaga sa isang partikular na paksa sa Taguig ang tinangka kong naisin, naging bukal sa loob kong tinanggap ang isang mabigat na hamon ni Dr. Zeus Salazar na mas palawakin ang lawak at saklaw ng hihirayaing pag-aaral. Magmula sa isang partikular, at 'di hamak na magaan na paksa, tungo sa isang masalimuot na kabuuang pagsasakasaysayan ng Taguig. Sa ganitong kadahilanan na lamang kung bakit kumplimentaryong natukoy ni Dr. Nilo Ocampo sa kaniyang komento na hindi pang *undergrad* bagkus pang-tesis masteral o higit pa ang aking ginagawa.

Samakatuwid, mistulang pagbibinyag sa apoy ang aking kinaharap sa pagnanais na sumunod sa yapak ng mga pantas sa disiplina. Katunayan, buhat sa araw na tinanggap kong malugod ang hamon ni Dr. Zeus Salazar upang patunayan ang aking sarili, ay araw-araw na akong binibisita ng bangungot at hindi pagkapanatag dulot ng mabigat na pasanin at responsibilidad bunga na rin ng malay na pagkabatid sa nakagigitlang lalim at lawak ng iniatang na paksa. Gayunpaman, sa likod ng lahat ng mga alalahaning ito, taas noo kong masasabi at maipagmamalaki na dumaan ako sa sinulid ng karayom sa ilalim ng pamamatnubay ni ZAS. Isang malaking karangalan para sa akin na bagama't tanging sa akin lamang ang pag-aako ng alinmang pagkakamali sa akda, ang talagang tunay na salarin sa pagkakabuo ng balangkas, pagpapalawak ng paksang-saklaw hanggang sa pagkakalimbag sa librong ito ay walang iba kung hindi ang ama ng Pantayong Pananaw.

Kung tutuusin, ang nadamang pagkagitla sa umpisa ay natural na reaksyon lamang sapagkat hindi na bago ang gawain na makapagsulat ng kasaysayan ng Taguig. Magmula sa napagpauna ng pagsusumikap dito ng dating punong bayan ng Taguig na si Jose Pagtakhan noong 1963 sa kaniyang seminal na akdang *Ang Tagig at ang kaniyang Kasaysayan* na nakapagtipon ng mga mahahalagang mga datos sanggunian. Hanggang sa pagpapaibayo ng lokal na pamahalaan ng Taguig nitong 2019 sa pamamagitan ng pagkakalimbag ng *Taguig: The People's Book* na naglangkap ng mga makabagong impormasyon sang-ayon sa panulat ng mga historyador at mananaliksik ng Taguig. Sa kabilang banda, sa likod ng mga mahahalagang impormasyong tinataglay ng dalawang akda ay ang hindi mapapasubalian nitong kahinaan. Una, bagama't nagtataglay ng mga baul na



yamang impormasyon at primaryang saligan ng mga pag-aaral sa Taguig ang akda ni Pagtakhan, tila naging salat naman sa isang dako ang kaniyang akda sa paghahabi ng naratibo. Isang kasanayang marapat na makita sa alinmang akdang pangkasaysayan. Samantalang sa kaparehong kadahilanan din naman matuturo ang “likas” na kahinaa’t kakulangan ng *Taguig: The People’s Book* dahil na rin sa pagiging anyong *coffee table book* nito na nagsilbing koleksyon lamang ng mga tagpi-tagping pangyayari sa agos ng kasaysayan ng Taguig. Samakatuwid, hindi talaga tunay na umaakyat sa lebel ng pagsasakasaysayan ang mga nahirayang pag-aaral upang maituring itong “kasaysayan” sa pinakasentido nito.

Nababatid ng sinumang nasa larang ng disiplina na ang gawai’t pagsasadiwa ng kasaysayan ay lampas pa ganitong tipo ng gawain. Mahalaga na mabanggit buhat dito ang dalumat hinggil sa pagkakaiba ng ideya ng *kasaysayan* kung ikukumpara sa kontrastibong *historia* ng kanluran. Isa sa mga pundamental na suliranin ng pagpapakahulugan sa naturang dikotomiya ay ang asersyon na ang kasaysayan at nakaraan ay hindi sinonimo. Yayamang ang kasaysayan lamang ay yaong mga may saysay na salaysay kung ihahambing sa payak na “nakaraan” bilang mga pangyayaring nangyari lang sa nakalipas. Sa madaling sabi, hindi nangasapat at produktibong gawain ang pagbibilang ng gamo-gamo o ang makapaglahad lamang ng mga bagay sa nakalipas sang-ayon sa kronolohikal na pagsasaayos ng mga pangyayari. Ang nalilikha lamang ng ganitong kaparaanan ay ang tiyak na pagpapatihulog sa kasaysayan ng Taguig bilang, o/at mistulang serye o payak na koleksyon lamang ng mga pangyayaring *alienated* o walang pag-uugnay at pagkakaugnay sa isa’t-isa. Ito ay sa halip na mapalitaw sa mga gunit-gunit na mga pangyayari sa nakaraan ang makatuwirang kaisahan sa pamamagitan ng paghahabi tungo sa pagbubuo ng pangkalahatang larawan nito.

Magkagayunpaman, sa likod man ng mga natukoy na kakulangan ng mga akdang nahiraya ng nakalipas ay ang katotohanang ang mga batis na kanilang nagamit ay lubos labis na nakatulong sa pagpapagaan ng kasalukuyang pag-aaral. Katunayan, ang ilang bahagi nitong akda ay naisakatuparan sa pamamagitan ng mga datos na nagamit ng mga ito. Hindi isang bagay na ninanis ng akda na buwalin at pawalaing bisa ang mga ito. Ang hindi matatawarang kontribusyon ng mga nakalipas na pagsisikhay ang siya pa ngang patuloy na ipinagpupunyagi ng kasalukuyang akda. Pinapatunayan lamang nito na ang nagpapatuloy na paglikha ng akdang pangkasaysayang sumisipat sa nakaraan ng Taguig ay isang atestasyon lamang na umuunlad din naman ang ating kaalaman at pang-unawa hinggil sa nakalipas. Samantalang ang bawat isang akda ay isang hakbang tungo sa ibayo pang pagpapaunlad.




Sa kabilang dako, kasusumpungang katanungan kung ano nga ba ang inihahaing “bago” sa akda na kaiba sa hiniraya ng nakalipas. Lalo pa’t gawain ng alinmang pananaliksik pangkasaysayan ang makapag-ambag o/at isatama ang alinmang kaalamang nakarating sa atin sa kasalukuyan. Nakapanliliit at walang pagkukunwang pretensyon ng pagtatangi ang kasalukuyang akda, ngunit kung may natatangi man itong kalakasan ay nasasalalay sa kapasidad nito na palawakin o/at pahabain ang antas ng pagpapanahon, at tahiin ang mga naratibo sa agos ng kasaysayan ng Taguig. Kalakip nito samakatuwid ay ang pagpapakita sa pangkabuuang daloy ng kasaysayan nito na pina-aagos ng mga salasalabid na sanhi at bunga. Ninanais nito na lampasan ang disatispaksyon na ibunga ng kakulangan sa sopistikasyon at pagpapalalim sa kasaysayan ng Taguig. Sa lebel ng pagpapalawak, isang bagay na lubos na minamahalaga higit sa lahat ng akdang ito ay ang pagbibigay ng espesyal na puwang sa prehistorya ng Taguig. Naging isang integral na bagay sa akda ang paglalangkap sa panahon *bago ang historia* bunga ng malay na pagkabatid na isang mahalagang baitang sa kasaysayan ng bayan ang buong mahabang yugto na ito. Nilalayon sa pamamagitan ng paglalangkap nito, na alpasan ang tradisyunal na pamamaraan ng pagpapanahon sa kasaysayan ng Taguig na kadalasa’y makitid na pinaguumpisa sa pagsapit lang ng kolonyalismo, at mga nagawa nito, na problematikong lumilikha ng mabigat na suliranin kapwa sa antas ng pagpapanahon at pagsasadiwa ng kasaysayan at pagsasadiwa ng kasaysayan dulot ng likas at makitid nitong limitasyon.

Primaryang naisakatuparan sa akdang ito ang gawain ng “pagpapahaba sa panahon” sa pamamagitan ng pananangkapan sa iba pang mga mapagkukuhanang materyang pangkasaysayan na lampas sa mga batis na tradisyunal. Malaking tulong ang naging utilisasyon ng may-akda sa mga disiplina ng arkeyolohiya, anthropolohiya, linggwistika at iba pa, na kahima’t hindi bahagi ng pormal na pagsasanay ay lubos labis namang nakatulong sa pagpapalawak at pagpapalalim ng pag-aaral. Ito ay upang mailayo ang pagsasakasaysayan ng Taguig sa mapaglimitang hangganan na tinatakda ng historisismo-positibistikong nosyon ng pagsasakasaysayan. At sa pamamagitan ng pananangkapan sa mga pantulong na disiplina, ay naging posible ang pagsasakatuparan ng “pag-uunat” sa kasaysayan ng Taguig—isang kasaysayang natitiyak natin na hindi nag-umpisa noong 1587 lamang.

Maituturing na marka ng ganitong uri ng diwa at kaparaanan sa pananaliksik ay ang mapanghawang landas ng maimpluwensyal na teoryang pangkaisipang nagbigay ng makabago at makaPilipinong lapit sa pag-aaral ng kasaysayan—ang *Bagong Kasaysayan* sa diwa ng *Pantayong Pananaw*. Ang kaluluwa’t kaibuturan ng akdang ito ay produkto at aplikasyon ng ganitong kaisipan, na



magugunam sa tematikong nilalaman ng bawat kabanata na bumabaybay sa mga magkakaiba ngunit magkakaugnay na mga tema.



KONSEPTWAL NA BALANGKAS

Tinatalakay sa unang kabanatang may pamagat na “**Ang Pangalan ng Bayan**” ang isang panimulang pagtatangkang bigyang sapantaha at problematisahin ang batayang etimolohikal ng bayan. Pinapangatwiranan at hinahain sa kabanatang ito na hindi maiuugat sa payak na pamimilipit ng dila ang sanhi ng pagbabago sa pangalan ng bayan. Sa halip ay produkto ito ng isang hindi maiiwasang antisipasyon ng mga pagbabago bunsod ng mga panuntunang pangwikang sumasaklaw o/at isinaklaw dito. Sa layuning mapagpaibayo ang argumentong ito ay minabuti ng mananaliksik na magsagawa ng sistematikong pagmamapa ng mga kalat-kalat na mga teorya mula sa iba’t-ibang mga akdang nagtangkang lumirip sa etimolohiya nito. Inisa-isa itong sinuri’t binagtas upang palitawin ang pinakalohikal at pinakamakatuwirang interpretasyon na ano pa’t nasasalalay sa kapwa historikal at linggwistikal na pagpapatunay. Sa huli, ang kinahantungan ng siyasa’t pagsusuri ay ang pag-uwi sa konklusyong sa katagang “*Tagagiik*” nag-ugat ang toponimiya ng bayan.

Ang sumunod naman ditong ikalawang kabanata na may pamagat na “**Heyograpiya ng Bayan**” ay nakatuon naman sa paglalata ng heyograpikal na



konteksto ng Taguig. Nagsilbing preokupasyon sa kabanata ang pagbakas sa naging heyolohikal na ebolusyon ng kapaligiran nito sa pagdaloy ng agos ng panahon. Magmula sa pormatibong yugto ng pagbubuo ng Taguig na maitatakdang naganap sa loob ng 6,000 hanggang 4,000 taon na ang nakakaraan ng mag-umpisang mabuo ang deltaiko nitong katangian bunsod ng natural na proseso pagbabagong pangkapaligiran. Hanggang sa pagpapatuloy ng heyograpikal na bisa nito sa panahon ng kolonisasyon, at patunguhan ng kung ano na ang pag-aanyo nito sa kasalukuyan, maging ang mga kaakibat at tinataglay nitong mga suliranin. Gayundin, kapagdakang hindi lamang sumentro sa payak na deskriptibong paglalahad ng pisikal na katangian nito ang pagtalakay, bagkus ay tinatalunton din naman sa kung papaanong nililok sa agos ng panahon ng heyograpiya at likas na penomenong nililikha nito ang pagkilos, kaisipan at uri ng pamumuhay ng tao sang-ayon sa wangis nito. Maituturing ang kabanatang ito bilang pundamental na bahagi para sa alinmang pagtatangka ninuman na maunawaan ang nilalaman ng mga susunod na mga kabanata

Samantala, ang ikatlong kabanata naman na may pamagat na “**Ang Rizikultura sa Taguig**” ay nakatuon sa pagsasakasaysayan ng palay at mga prosesong nakapaloob mulang pagsasaka hanggang pag-aani. Bahagi kasi ng pangkalinangang reyalidad ng mga Austronesyano ang *giik*, na implisito sa pangalan ng bayan, bilang isang bahagi ng buong kompleks na proseso ng rizikultura. Matapos ang maikling pagsasakasaysayan ng palay ay ang tatangkain sa kabanata na maisentro ang pagsusuri at pagkakaugnay ng Taguig sa masaklaw na Katagalugan na ang isa sa pangunahing katangian ay ang pagsasaka sa mga tinatawag na “*alog*”. Ang kondisyo’t larangang ekolohikal ng “*alog*” ay magbibigay daan sa isang pekulyar na metodo o pamamaraan ng pag-aani ng palay sa mga lugar na nasa baybay-lawa ng *Puliran* o *Lawa ng Laguna*. Kabilang na dito ang Taguig kasama ang mga bayan sa Laguna na dahil bulnerable sa tuwinang pagbaha, ay extraordinaryong gumagamit ng “bangka” sa kanilang mga sakahan. Samakatuwid, kung papaanong hinubog ng kapaligiran ang pagkilos ng tao, hinubog din naman ng tao mula sa kaniyang abot-kayang kaparaanan na linangin ang kapaligirang kaniyang ginagalawan sa pamamagitan ng pag-aangkop sa kondisyong inihahapag nito. Sa pinal na analisis, ang Taguig ay isang tunay na bayang “*Taga-alog*” na ang katangian ay ang pagtatanim sa mga pook-basaka(ha)n na binibigyang hawan ng mismong heyograpikal na katangian nitong deltaiko o sabangan.

Kaugnay nito ang ikaapat na kabanata na may paksang “**Ang Bakas ng Pananampalatayang Dati**” kung saan sa pamamagitan ng pananangkapan sa



mga datos arkeyolohikal, anthropolohikal, etnolohikal at kwentong bayan ay higit lalong naging malinaw ang ibayong paguugnay-ugnay sa Taguig tungo sa mas malawak na larawang historikal. Inihahain ng naturang kabanatang ito na mayroong hibla ng nakaraan sa Taguig na nagpapatuloy sa kasalukuyan, sanhi ng pangmatagalang bisa ng kalinangan. Manipestasyon ito ni Santa Ana na isang anitong buwaya na nahalinhan ng Kristiyanisadong anyo sa pagsapit ng Katolisismo. Nabihisan man ang “panlabas” na anyo alinsunod sa wangis ng pananampalatayang labas, malinaw naman ang pananatili ng “panloob” na diwa nang paggigiit ng bayan sa taal na kalinangan nito. Magugunam ito sa kapistahan ng pintakasi tuwing buwan ng Hulyo kung saan ipinuprusisyon ito sa ilog Taguig kaakibat ng mga ritwal na hindi nalalayo sa sinaunang kaugalian ng mga Tagalog hinggil sa pagsampalataya sa nunong buwaya. Gayundin, ang simbolismo ng buwaya ay sumasalamin sa isang antas ng kosmolohiyang Austronesyano na maikakabit ang koneksyon sa iba pang mga natagpuang mga arkeyolohikal na hayto o labi sa mga prehispanikong himlayan sa Taguig. Ilan sa mga ito ay ang “buto ng pagong” at “hayto ng buwaya” maging sa mga artefak o liktao tulad ng isang “palawit na buwaya”, “ahas” maging ng tambalang “araw-ibon” na siyang nag-uugnay sa Taguig buhat sa Austronesyaniko nitong pag-uugat. Sa pamamagitan nito, ay magagawang maipook at maipasok ang Taguig sa naging pangkalahatang pagsulong ng kabihasnang Pilipino sa panahong pre-Hispaniko.

Kasapitan naman ng ikalima o panghuling kabanata na pinamagatang “**Ang Kasaysayan ng Bayan**” ang pagsasalaysay ng mga may saysay na salaysay sa kasaysayan ng Taguig sa pamamagitan ng integrasyon ng mga datos mula sa mga napagpaunang mga kabanata. Paunang pagtatangka ng pakikipagbunong ito ay upang magbigay lunas, at maipakita na ang mga serye ng mga pangyayari sa agos ng kasaysayan ng Taguig ay hindi isang bagay na putol, may diskoneksyon o nakahiwalay sa isa’t-isa. Sa pamamagitan nito ay sisikaping maipakita at palitawin na mayroong isang pisi ng naratibong tumatahi sa mga tagpi-tagping larawan ng mga pangyayari sa agos ng kasaysayan ng Taguig. Sa pagsasakasaysayang ito ay naging pundamental ang mismong heyograpikal na espasyo ng Taguig bilang rekursibo’t nakapangyayaring salik na “pangmatagalan” sa agos ng kasaysayan nito. Partikular, at lalo na, bilang pook-tagpuan ng look ng Maynila (*ilawud*) at lawa ng Laguna (*ilaya*) na pinag-uugnay ng sistemang ilog Pasig. Sa ganitong layunin at pagkakaugnay-ugnay ay magagawa nating maitahi at bigyang katuturan, kabuluhan, at kahulugan ang kasaysayan ng Taguig bilang isang nakaraang kinatatagpuan ng kabuuang mosaik ng mga pira-pirasong nitong larawan tungo sa ibayong pagbubuo ng salaysay nito.



Katulad ng napabatid na sa unang bahagi, ang akdang ito ay rekisito o bahagi ng pagsasakatuparan para sa tesis undergradwado sa kasaysayan. Gayundin, bilang rekisitong kinailangan na maisakatuparan sa maikling panahon, naging limitado ang oras at panahon ng mananaliksik upang makapaghalughog. Sa likod ito ng rekognisyong marami pang mga balon ng batis ang kailangan pang ahunin upang maidagdag sa buong naratibo ng pagsasakasaysayan ng Taguig. Magkagayunpaman, hanggat posible ay sinuyod ng mananaliksik ang mga mapagkukuhanang datos sa loob ng limitadong panahon, at minabuti itong sulatin sa halip na maitinggal lamang ang mga bagay na nasaliksik at nalalaman.

Sa kabilang dako, hindi lamang ang kakulangan sa panahon ang naging balakid sa pananaliksik, bagkus maging ang heyograpikal na limitasyong lampas sa kakayahan ng mananaliksik. May pagkakataong ang mga datos ay maaakses lamang sa mga aklatan/sinupan sa ibayong dagat na sa kabutihang palad ay pinunan naman ng mga sekundaryang mga batis na gumamit sa mga ito bilang alternatibo. Naging malaking tulong din bukod dito ang demokratisasyon ng mga elektronikong batis o batis-*digital* sa iba't-ibang mga institusyon kapwa sa loob at labas ng bansa. Mangyari pa, may limitasyon din naman sa mga institusyon sa loob mismo ng bansa, sapagkat katulad sa kaso ng Pambansang Sinupan, magkakaroon lamang ng akses ang isa sa mga bungkos ng dokumentong ganap na nilang na-digitize. Bagama't nakakatalogo na ang ibang datos, hindi lahat ng ito ay maaaring bigyang sangguni. Habang ang ibang dokumento naman ay malabo na bagama't maaaring isailalim sa *scanning* upang maging malinaw ay karaniwa'y hindi na umaabot sa takdang oras bago ang pagsasaaklat ng akda.

Samantala, nakapaghaharap din naman ng limitasyon ang kakapusan ng personal na panunuri sa mga artefak na nahukay kapwa nina Beyer at Pambansang Museo sa buong ikadalawampu na dantaon. Karamihan sa mga artefak na nahukay nina Beyer ay isa sa mga naging biktima ng ikalawang digmaang pandaigdigang. Bagaman ang ilan sa mga ito ay nailigtas, isang mahirap na bagay na matiyak pa ang *provenance* o pinanggalingan nito na sa layong mailigtas ay napilitan na lamang na paghalu-haluin. Gayundin, ang ilan sa mga nahukay ng Pambansang Museo sa Taguig ay nakalagay lamang sa kanilang lagakan at nasa yugto pa lamang ng pagsasaayos. Ang mga limitasyong ito ay ilan lamang sa mga suliranin na kinaharap ng pananaliksik, na maipagpapatuloy pa ng mga susunod na henerasyon.

Sa huli, masasabing ang akdang ito ay isang “proyektong hindi pa tapos” at nagpapatuloy na pinaunlad ang sarili sa agos ng pagdaloy ng panahon. Hindi



pinapahimakasan sa aklat na ito ang pagsasakasaysayan sa Taguig bagkus ay iniwang bukas para sa ibayong pagpapaunlad. Yayamang ang gawaing pagsasakasaysayan ay hindi natatapos sa isang upuan o ng iisang tao lamang bagkus ay marapat na pinagpupunyagian ng bawat henerasyong may *pantayong pananaw*. Panimulang ambag ang aklat na ito sa ibayo pang pag-aaral na hihirayain sa hinaharap, at isang maliit na kontribusyon tungo sa pangarap ng kinabukasan ng pagbubuo ng sangkaPilipinuhang nababatid ang kaniyang malalim na nakaraan at kakanyahan. Makapagdulot nawa ang akdang ito ng masarap na samyo na inaasahang makapagbibigay ng hitik na kabuluhan, kahulugan at katuturan sa nais tumunghay sa malalim na pundasyon ng kasaysayan ng Taguig.

Kahimanawari.

KABANATA 1

Ang Pangalan ng Bayan

Tungkol sa pinanggalingan ng pangalan ng bayang ito ay walang makapagsabi sa akin, maging ang mga matatandang taga roon na hiningan ko ng paliwanag tungkol sa kahulugan ng salitang Tagig na siyang pangalan na mula't mula pa'y kinaugalian nang itawag sa naturang bayan. (Santos 1922, 161)



indi isang pasibong ideya ang usapin ng pagpapangalan. Mayroong hibla ng kamalayang pangkasaysayang bumabalot sa pangalan ng bawat pook, lampas sa pagturing dito bilang isang payak na pangalan lang. Nakapaimbalon sa likod ng mga pangalang ito ang kolektibong representasyon na sumasalamin sa kaakuhan, at pinakabuod na pagkakakilanlan ng isang grupo ng tao at entabladong ginagalawan nito na siyang nagtatakda ng pagkatangi nito sa iba. Inilalagak o/at ikinakahon buhat dito ang alinmang mga bagay na minamahalaga ng isang lipunan, at alinmang may saysay para sa kanilang sariling pag-iral. Maipapaliwanag sa ganitong kadahilanan kung bakit pangkaraniwang nakaugnay sa kapaligiran tulad ng kabundukan, katubigan, punong-kahoy, halaman, penomenong likas, pisikal na katangian ng lugar atbpa. ang mga emikong pagpapangalan ng mga bayan sa Pilipinas.¹

Samakatuwid, ang paghahapupap sa pangalan ng bayan ay hindi isang bagay o layunin na lumilipad sa alapaap. Naka-angkla sa obhektibong gawain ng pagtiyak sa toponimiya ang usapin ng identidad. Yayamang nagsisilbing

¹ Zeus Salazar, personal na komunikasyon ng may-akda, Eastwood Stay, Le Grand I, Agosto 25, 2023.



durungawan ang pangalan ng bawat pook sa panimulang pagkilala sa katangian ng isang pook o grupo ng tao.

Sa ganitong dahilan na lamang kung bakit isang mahalagang erya ng pag-aaral nitong mga nagdaang taong nakalipas ang pag-aaral sa mga pangalan. Bahagi ang pag-aaral na ito ng toponimiya o tinatawag ding toponimastiko, na tumutukoy sa pangkalahatang katawagang teknikal sa masaklaw na pag-aaral sa pangalan o nomengklatura ng bawat pook.² Pinapaksa sa loob nito, ang mga pag-aaral na kabilang ngunit hindi limitado sa etimolohiya na tumatalunton sa diakronikong ebolusyon ng mga pagbabago sa pag-aanyo ng isang pangalan. Sa pamamagitan ng pag-aaral morpolohiya, *proto-forms*, *roots* at mga *cognates* ng isang salita, ay ang pagkakaroon ng posibilidad na makapagsiwalat ng nakatagong impormasyon sa pinagmulang ngalan ng isang kataga.³

Kung susumahin sa kabuuan, ang usapin ng pagpapangalan o *toponym* [tópos (τόπος)/*lugar* + *onuma/pangalan*] ng isang pook o bayan ay maaaring maikategorisa mula sa dalawang antas. Maaaring ang pangalan ay isang *endonym* na tumutukoy sa pangalang panloob, taal na pagpapangalan, at pangalang bigay sa sarili. Sa kabilang banda, ang kasalungat naman nitong *exonym* ay tumutukoy sa pangalang hindi taal, pangalang ipinataw, o dili naman kaya ay modipikadong pangalan ng mga taga-labas. Pundamental ang paghihiwalay at paghahanay sa dalawang kategorya upang malinaw na matukoy ang pag-uuri-uri kung emiko o etiko ba ang pangalan ng isang pook. Kung ito ay panloob o panlabas, mahalagang bagay ang pagtiyak sa kung alin ang mga bagay na idinagdag, alin ang ibinawas, at ano ang ipinalit sa isang kataga o pangalan. Mahalaga ang pagsasaalang-alang sa mga ito dangang ang dinamiko ng dagdag-bawas-palit na naglilikha ng pagbabagong anyo sa isang kataga/salita ay mahigpit na nasasalalay sa mga alintuntuni't batas ng partikular na wika kung saan nakapaloob o/at ipinaloob ang isang kataga. Natural na tendensiya lamang ng bawat isa sa mga ito ay ang hindi maiiwasang pagbabago o ebolusyon nito sa agos ng panahon, sapagkat ang wika kung saan nakapaloob/ipinaloob ang toponimiya ng bayan ay hindi estatiko.⁴ Yayamang kung papaanong subheto ng mga pagbabago ang wika, gayundin naman ang kalikasan ng mga pangalan ng bayan.

² Francesco Perono Cacciafoco at Francesco Cavallaro, *Place Names: Approaches and Perspectives in Toponymy and Toponomastics* (Cambridge: Cambridge University Press, 2023), 2.

³ *Ibid.*, 96.

⁴ Zeus Salazar, "Ukol sa Wika at Kulturang Pilipino," nasa *Mga Piling Diskurso sa Wika at Lipunan*, mga pat. Pamela Constantino at Monico Atienza (Lunsod Quezon: University of the Philippines Press, 1996), 31.



Nasasalalay sa ganitong pag-uugnay at pagkakaugnay-ugnay kung bakit masasabing hindi isang aksidente, o/at payak na pamimilipit ng dila ang sanhi ng mga likas na pagbabago sa katagang *Taguig* bilang isang emikong pagpapangalan. Sa halip, ang kasalukuyan nitong pagkakabaybay ay maipapalagay bilang isang hindi maiiwasang antisipasyon na inaasahan bunsod ng mga panuntunang pangwikang sumasaklaw (loob) at isinaklaw (labas) sa pangalan ng bayan.⁵ Alalaumbaga, mapangangatwiranan na dumaan ang katagang pinag-ugatan nito sa samut'-saring mga pagbabago tungo sa pag-aanyo nito sa kasalukuyan. Sa ganang ito, sa tunguhing masipat ang baha-bahagdang pag-unlad ng kataga, hinihingi nito ang mahigpit na pangangailangan na kasangkapanin ang kaparaanan ng linggwistika. Lubos labis itong kinakailangan gayong isang mapanghamong tugon ang pagtitiyak at karampatang makapaglikha ng tumpak na pagtataya ukol sa pinanggalingang etimolohiya ng bayan. Sa katunayan, ang makailang ulit na pagtatangka ng mga akademiko na bumuo ng teorya't sapantaha upang bigyang pag-uugat ang batayang etimolohikal ng *Taguig* ay isang sintomas lamang ng isang nagpapatuloy pang usapin hinggil dito.

Maitutulak sa kauna-unahang pagkakataon ang pagsusumikap na bigyang sagot ang pinagmulang pangalan ng bayan nang magkaroon ng tangkain si Jose P. Santos noong 1922 na hapuhapin ang ngalan ng *Taguig* nang sa gayo'y ang datos na kaniyang makakalap ay maibilang nito sa kaniyang akdang—*Kasaysayan ng Lalawigang Rizal*.⁶ Ngunit sa kasamaang palad, dahil sa kaniyang limitadong dulog ng pagsangguni sa mga pakikipagpanayam at oral na testimonya nang hindi kinokonsidera ang bisa ng historikal at linggwistikal na interpretasyon, ang siyang nagpatihulog dito sa kaniyang kabiguan. Ani niya:

Tungkol sa pinanggalingan ng pangalan ng bayang ito ay walang makapagsabi sa akin, maging ang mga matatandang taga roon na hiningan ko ng paliwanag tungkol sa kahulugan ng salitang *Tagig* na siyang pangalan na mula't mula pa'y kinaugalian nang itawag sa naturang bayan.⁷

Sa kabutihang palad, ang kaniyang kabiguan na magbigay ng preskripsyon ay tila naigpawan naman nitong mga nakalipas na mga dekada. Samu't-saring mga teoryang katatagpuan sa iba't-ibang literaturang pangkasaysayan ang lumitaw na ispekulatibong lumirip sa maaaring etimolohikal na pinagmulan ng bayan. Halos

⁵ Cacciafoco at Cavallaro, *Place Names*, xv.

⁶ Jose P. Santos, *Kasaysayan ng Lalawigang Rizal* (Manila: wp, 1922).

⁷ *Ibid.*, 161-162.



kaalinsabay naman ng pag-unlad ng talastasan ukol dito ay ang pagkakaroon ng entablado ng lunsaran ng salungatan at pingkian sa hanay ng mga lokal na historyador ng Taguig na nagbigay ng isang panibagong okasyon upang mapaglaanan ito ng pagmumuni-muni. Nandyaan ang mga patuloy na kumakalinga sa *Tagagiik*⁸ bilang isang agrikultural na dalumat, samantalang sa kabilang banda ay ang mga kumakawing naman sa *Tawig*⁹ bilang maritimong dalumat bilang pagpapaliwanag sa etimolohikal at toponomikal na batayan ng pinagmulan nito. Mangyari pa, maibibilang din ang ilan sa mga maituturing na “alternatibong naratibo” tulad na lamang ng *Taga-liig* ng *Historical Data Papers*, ang *Taga tubig* ni Grace Odal¹⁰ at maaaring marami pang iba na hindi lingid sa kaalaman ng mananaliksik.

Sa dinami-rami ng mga ito, isang mahigpit na pangangailangan na tuldukan at bigyang linaw ang nakapagbibigay litong samu't-sari. Sa una ay tatalakayin ang mga nabanggit nang teorya't ispekulasyon sa layuning isa-isahing uriin at suriin ang mga argumentong inilalatag ng bawat isa upang timbangin ito sa pangkalahatan. Higit lalo pa, kaakibat ng pagtitimbang na ito ay ang gawain ng pagbibigay kritisismo sa mga ito na mariing nagpapaliwanag sa hindi pagkamaari ng sirkumstansyang kanilang inilalatag. Susuriin ito ng buong may pagmamanman upang mapalitaw ang pinakalohikal at pinakamakatuwirang pagtataya na sa hulihang bahagi ay hahantong sa *Tagagiik* bilang konklusyon at pinal na analisis ng panunuring linggwistikal sa kasalukuyang kabanata.

Etimolohiyang Bayan: Taga-leeg

Bagaman ang naratibo ng *Taga-giik* at *Tawig* ang pinakapangunahing lunsaran ng salungatan sa hanay ng mga lokal na historyador ng Taguig, mahalagang hindi isantabi at marapat na pagtuunan ng metikulosong pansin pa nga ang *Taga-liig* bilang isang etimolohikal na pagdadalumat na sa maikling panahon ay namayani at maaaring patuloy na namamayani sa iilan. Umpisang umiral ang naratibo ng *Taga-liig* sa *Historical Data Papers* noong taong 1952 bilang produkto nang inisyatiba ng noo'y dating Pangulong Elpidio Quirino sa bisa ng *Executive Order No. 486*. Nilayon ng nasabing proyekto na magkaroon ng ibayong preserbasyon sa mga nalalabing ala-ala at gunita ng kasaysayan matapos lubusang mapinsala noong Ikalawang Digmaang Pandaigdig ang karamihan sa

⁸ Jose Pagtakhan, *Ang Tagig at ang kanyang Kasaysayan* (Manila: Cacho Hermanos Co., 1963).

⁹ Jomar Encila, “Historiograpiya ng Taguig,” *Historical Bulletin* 50 (2021): 73-113.

¹⁰ Grace Odal, “The River Dwellers,” nasa *Pasig: River of Life*, mga pat. Reynaldo Alejandro at Alfred Yuson (Manila: Unilever Philippines, 2000), 43-66.



mga materyal na katibayan ng ating nakaraan.¹¹ Matagumpay itong naisakatuparan ng mga pampublikong mga guro ng Taguig sa pangunguna ng kanilang *District Supervisor* na si Monico Vilallon matapos itong ipagkatiwala sa kanila ng Kagawaran ng Edukasyon upang bigyang tala at kolektahin ang mga datos o impormasyon na kanilang makakalap hinggil sa mga alamat, kasaysayan at tradisyon ng kanilang kinabibilangang bayan.¹²

Dahil sa yaman ng mga impormasyong naitala nito sa lokal na bahagdan, naging palasak at hindi mabilang na historikal na pananaliksik na ang sumangguni sa mga datos na taglay ng *HDP*. Ngunit sa kabilang banda, bagama't itinuturing ang *HDP* bilang mabisang batis na maaaring paghanguan ng impormasyon para sa pagsasarekonstruksyon ng lokal na kasaysayan, maraming mga historyador na ang nagbigay babala sa pangangailangan ng ibayong ingat sa paggamit o pagkuha sa mga nilalaman nito.¹³ Isang masasabing puna ay ang kredibilidad ng mga kumalap at nagsulat, maging ang pamamaraan ng naging pagkalap ng mga datos na hindi dumaaan sa tamang hakbanging itinatakda ng istriktong metodolohiya. Ang hindi kasi pagpapasailalim ng mga nakalap na impormasyon sa pagtatakda ng katotohanan at katiyakan ang dahilan upang mabitag at magkaroon ng panganib sa ilang pagkakataon ang ilang sasangguni dito sa hindi wastong kaeksaktuhan ng mga impormasyon na nakasulat o nakatala.¹⁴ Sa katunayan, kahayagan ng ganitong kabalikwasan ay ang bersyon ng leyendang nagpapaliwanag sa pinagmulang pangalan ng Taguig na makikita sa *Historical Data Papers*, kung saan ganito ang nasasaad:

Sang-ayon sa mga matatandang naninirahan sa bayang ito, ang ngayo'y bayan ng Tagig ay wala pang pangalan noong mga unang panahon. Noong tayo'y nasasakop pa ng mga puti ay pangkaraniwan nang makikita ito sa naturang bayan. Naiibigan sana ng mga mamamayan ang kanilang pamamalakad ngunit kung sila'y naglalasing na at gumagawa ng mga bagay na labag sa mabuting kaugalian ng mga tao ay naghihimagsik din ang kalooban ng ating mga kabalat. Isang araw,

¹¹ Atoy Navarro, "Kasaysayan Pampook at Pamahalaang Pambansa at Pambayan: Pagtanaw sa mga Pangunahing Batas at Kautusan Kaugnay ng Kalingan at Kasaysayan," nasa *Kasaysayang Pampook: Pananaw, Pananaliksik, Pagtuturo*, mga pat. Atoy Navarro, et. al. (Lunsod Quezon: UP LIKAS, 2012), 459.

¹² Resil B. Mojares, "Revisiting Local Histories" *Philippine Quarterly of Culture and Society* Tomo 27, blg. 3/4 (September/December 1997): 226.

¹³ Renato Pelorina, "Local History from Below: The Pulahanes of Masbate Philippines (1898-1905)" *Asian Studies* Tomo 56, blg. I (2020): 38.

¹⁴ Ma. Florina Orillos-Juan, "Isang pangkalahatang sarbey ng mga sangguniang primaryang batis para sa kasaysayang pampook sa Pambansang Sinupan at Pambansang Aklatan ng Pilipinas," nasa *Kasaysayang Pampook: Pananaw, Pananaliksik, Pagtuturo*, mga pat. Atoy Navarro, et. al. (Lunsod Quezon: UP LIKAS, 2012), 65.



habang naglalasing ang ilang sundalong Inggles ay nakagawa sila ng mga bagay na laban na laban sa mabuting kaugalian ng bayan iyon. Kapagdaka'y kinubkob ang mga sundalong Inggles na iyon at pinagtataga ng mga taong bayan ang kanilang mga *liig*. Mula noon kung may isang tiga kalapit bayan na nagtatanong kung saan pupunta ang isang kaibigan at ang nais tukuyin ay ang bayang tinuran, ang sinasabi'y ganito “Doon sa may Tinaga Liig”, hanggang maging *Taga-Liig* na lamang at nang tumagal pa ay naging *Tagiig* o *Tagig* na siyang pangalan ng bayang ito ngayon.¹⁵ (sa akin ang diin)

Sa punto ng pagtiyak sa berasidad ng naturang tala, masasalungguhitan una sa lahat ang anakronistiko nitong nosyon na walang alinmang pangalan ang bayan noong panahong sinauna. Samakatuwid, implisito ang pagtukoy dito na isang bagong penomenon lamang ang pag-iral ng salitang “*Taguig*” na nabuo lamang noong kolonisasyong Amerikano. Ito ay matapos ang pangyayaring tagain ng taong-bayan ang “*liig*” ng mga sundalong Amerikano.

Kung susumahin, mahirap mapanghawakan ang naratibong ito sa dalawang pangunahing kadahilanan. Una, hindi mapapanaligan sa anumang batis pangkasaysayan ang pagka-“makabago” ng pangalang *Taguig*. Marupok at madaling mangabuwag ang naratibong ito kung itatakda ang impormasyon sa koroborasyon gayong mapapatunayan sa mga opisyal na batis kolonyal na umiiral na ang *Taguig* mula noong panahon ng kolonisasyong Espanyol pa lamang. Sa katunayan, tinutukoy sa mga pagtatalang kolonyal buhat sa panahong Espanyol ang isang pangalan ng *pueblo* na ang pangalan ay “*Taguig*”, na sa ibang mga dokumento ay nag-aanyo sa samu't-saring baryasyon tulad ng *Taguiyig*, *Tagui*, *Taguic atbpa*. Samakatuwid, hindi isang bagong likha na kataga ang pinag-ugatang pangalan ng bayan bagkus ay mayroong katiyakan na talagang mayroong katagang *Taguig* mula sa panloob na pakahulugan ng salitang pinag-ugatan nito. Alalaumbaga, tiyak na isang *endonym/autonym* o pangalan mismo na ibinigay “ng mga tagaloob para sa tagaloob”, “pangalang bigay sa sarili” o “panloob na pagpapangalan”.

Gayunpaman, malinaw man ang kahinaan ng naratibo, mayamang batis na lunsaran pa rin ng pakikipagdiskurso ang salaysay na nabanggit. Tila hindi na kasi naging malaganap ang naratibo ng “*Taga Liig*” bunsod na rin ng kalayuan ng panahon kung kailan ito unang nadalumat. Masasabing naging makabuluhan

¹⁵ “Municipality of *Taguig*,” NLP Digital Collections, inakses: 07/09/22, <https://nlpdl.nlp.gov.ph/HD01/p40/cm24/md1/bs/datejpg.htm>.



lang ito noong panahon matapos ang okupasyong Amerikano sa kadahilanang malapit sa espasyo ng panahon na pinagtukuyan ang danas nila sa ilang mga elemento ng pangyayari. Gayundin ang katotohanang sariwa pa sa maikling panahon ang mga pinanghahawakang batayan sa naturang kwentong bayan. Sa madaling sabi, mauunawaan lamang ang saysay ng pag-iral nito, kung isasalang-alang na nasa isang partikular na konteksto ng panahon at kaligirang historikal umiinog ang naturang salaysay. Ito ay sa halip na maikulong ito sa mapaglimitang analisis ukol sa dikotomiya ng “tama” at “mali” o “huwad” at “di huwad”.

Ang naitalang ito sa *HDP* ay halos hindi rin naman nalalayo o naiiba sa saysay ng ikalawang, pinapawalang bisa naman ng pagiging materyang *fokloriko* ng ikalawang bersyon ang kasalatan sa kawalan ng pansin ng pagsusuri sa naturang naratibo. Isinasantabi at inuupasala ito ng hindi nagbibigay pagsasaalang-alang sa maaaring gamit, at mausisang pagbasa sa halagahing nilalaman nito. Gayunpaman, mayroon man itong labis na kakulangan mula sa lente ng “berasidad”, marapat pa rin itong tastasin o pigain upang mapalitaw ang saysay nito sa pag-aaral ng lokal na kasaysayan ng Taguig. Sa madaling sabi ay ang pagsasapraktika ng pundamental na gawain ng pagsasakasaysayan na bigyang “saysay” ang mga “salaysay” na nilikha o niluwal ng isang lipunan.¹⁶ Gayong ang mga salaysay na ito ay hindi umiral sa ibayo ng kawalan bagkus ay palaging may kinakapitang ideya na nagagamit ng isang lipunan upang magsilbing pedestal sa pagsasakabuluhan ng kanilang pag-iral.

Naka-angkla sa ganitong tema ng pagsasakabuluhan ng danas ang pag-iral naman ng *Taga-leeg* bilang kwentong bayan. Kung umiinog sa panahon ng Amerikano ang naitala sa *HDP*, ang panahon naman ng pinangyarihan ng salaysay sa pangalawang bersyon ay mula sa panahon ng mga Espanyol. Ang buod ng kwentong ito ay nakatuon sa pagkabuo of pangalan ng bayan matapos pagkamalian ng isang Taguigueno ang pagtatanong ng Kastilang sundalong minsang bumisita sa bayan. Ayon sa kwentong bayan:

Inutusan ng mga prayle ang dalawang sundalong kastila upang alamin ang pangalan at kalagayan ng ayang lumubog sa baha. Kapagdaka'y nagtungo ang mga ito sa pook na iyon. Nakita nilang halos nakalubog ang mga bahay sa baha, ngunit ang mga tao ay masaya namang lahat, lalo na ang mga

¹⁶ Para sa malalimang pagtalakay sa kalikasan ng kasaysayan, tingnan ang: Zeus Salazar, “Ang Pantayong Pananaw sa Agham Panlipunan: Historiograpiya,” nasa *Pantayong Pananaw: Ugat at Kabuluhan, Pambungad sa Pag-aaral ng Bagong Kasaysayan*, mga pat. Atoy Navarro, Mary Jane Rodriguez, at Vicente Villan (Lunsod Quezon: Palimbagan ng Lahi, 2000), 67-78.



batang walang sawang naliligo sa tubig-baha. Sumakay ng bangka ang mga kastila at nagpapatid sa walang tiyak na patutunguhan.

Nais lamang nilang malaman kung hanggang saan at kung gaano kalawak ang lugar na binaha. Habang namamangka ay tinanong ng kastila ang bangkero...

"ANONG BAYAN BA ITO?" at itinuro nito ang paligid?

Palibhasa'y nasa gitna nga sila ng baha kaya sa isip ng lalake, "marahil itinatanong ng mga kastila kung gaano kalalim ang baha sa lugar na iyon". Kaya madaling sumagot ang bangkero ng ... "TAGA-LEEG!"

"MUCHOS GRACIAS," sabi ng mga dayuhan, sapagkat alam na nila ang pangalan ng bayang lumubo sa baha.

Mga ilang oras din ang lumipas bago nakabalik ng kumbento ang mga sundalong kastila. Ang nasabi nila sa prayle: "PUEBLO DE TALEEG" at isinalaysay ng mga ito sa prayle na kaya madaling bumaha sa bayan ng Tagleeg ay dahil sa mababa ito at malapit pa sa lawa.

Iba naman ang pagkakabigkas ng prayle sa Obispo nang ito ay humingi ng pahintulot na makapagtayo ng simbahan sa nasabing bayan kapag humupa na ang baha. Sabi niya'y "TAGA-LEEG". Nang matanggap ng misyonerong prayle ang kapahintulutan, ang nakasulat naman doon ay "TAGUIG". Mula sa salitang TAGA-LEEG ito ay naging pirmihan nang TAGUIG magpasahanggang ngayon.¹⁷

Hindi na marapat pa na bigyan ng karampatang dekonstruksyon, at bigyang diin pa ang katiwalian ng naratibo partikular ang paglabag ng *prefix* na "taga" sa gramatikang Tagalog bilang pantukoy sa antas at taas ng tubig. Subalit kagaya ng naturan na, mas nauukol ang pagpapahalaga nito sa ideya ng pagpapalitaw ng "saysay" sa isang salaysay. Hindi ayon sa katotohanan ng nilalaman, at kaeksaktuhan nito kung hindi sa katuturan at kabuluhan ng mismong naratibo. Nagsasapanganib ang hindi pagiging malay ng isang historyador sa kung kailan nito ilalagay ang isang bagay sa marapat nitong paglagyan, na analohikal na maihahalintulad sa maling praktis o kaugalian ng paghahalo ng puti sa de kolor. Hindi kasi kailanman maaring gawing panukatan ng istrikto't mahigpit na metodolohiya ng kasaysayan ang pagsusuri sa mga *folklore* o kwentong bayan. Gaano man ka "fake" ang "fake lore" na ito, masasabi pa

¹⁷ "Alamat ng Taguig," Gintong Aral, muling inaksis: 10/31/23, <https://www.gintongaral.com/mga-alamat/alamat-ng-taguig-1/>.



rin na ito ay isang kwentong may kwenta at may konkretong pagsasalarawan sa reyalidad ng isang lipunang lumikha ng salaysay.

Sa madaling sabi, ang dalawang kwentong bayang nabanggit ay hindi marapat na tingnan at hatulan hindi mula sa punto de vista ng *katotohanan* ng mismong impormasyon na siyang esensya ng positibistang nosyon na nakatuon sa mga tekstwal na batis. Sa halip, marapat na ituon ang pangangailangan na masipat ang tinutukoy ng historyador na si Vicente Villan na “*value based*” na sangkap ng mga impormasyong tinataglay nito na katuwang ng mga *factual* na mga impormasyon upang bigyang kabuluhan, kahulugan at katuturan ang mga naratibong pangkasaysayan. Hindi nagkakaroon ng hindi pagkakatumga o pagkakalapat ang dalawa at sa halip ay komplementaryong emyenda pa nga tungo sa pagsasapraktika at paghubuo ng isang makaPilipinong paraan ng paglinang ng kaalaman.¹⁸ Ang mga kwentong bayan, awitin at panulaan bilang midyum ay nagiging mabisang batis pangkasaysayan kung nababatid ang kaligirang historikal nito.

Kung susumahin, masasabing kumon na pagkakahalintulad ng dalawang kwentong bayang nabanggit ay nakatuon sa pagsasakabuluhan ng danas. Bagaman misteryo ang unang bersyon ng *Taga-liig* sa *Historical Data Papers*, mayroong tiyak na katotohanan ang penomenon ng “baha” sa Taguig sa pangalawang bersyon. Ang pagkakalikha nito ay malamang na nabuo hindi lamang bilang pagpapaliwanag sa etimolohiya ng Taguig, kung hindi pagkakabit din dito sa danas ng mga Taguigueno na pamanahong nakakaranas ng pagbaha. Masasang-ayunan ito mula sa mga obserbasyong kolonyal, tulad na lamang ng pagtatala nina Fray Gaspar de San Agustin na nagsasabing ang Taguig ay lugar na bahain¹⁹ at ni Agustin Cavada na nagsasabing “ang kalupaan ng Taguig ay patag at mababa, dahilan upang tuwina itong nakakaranas ng pagbaha”.²⁰ Kahit magpahanggang sa kasalukuyan, pangkaraniwan pa rin ang ganitong tanawin sa Taguig dulot ng likas na pangyayaring napapalibutan ito ng katubigan. Ayon nga sa obserbasyon ng dating *municipal mayor* ng Taguig na si Jose Pagtakhan:

¹⁸ Vicente Villan, “Buhay, Ginhawa, at Dangal: Kontekstong Pangkamalayan sa Pangangayaw at ang Pagsasakasaysayang Pilipino Hanggang sa Unang Hati ng Ika-19 Siglo,” nasa *Pangangayaw: Ang Pangangibang-Bayan at Paghahanap ng Ginhawa sa Kasaysayan at Kalinangang Pilipino*, mga pat. Vicente Villan at Kristoffer Esquejo (Manila: ADHIKA, 2021), 33.

¹⁹ Gaspar de San Agustin, *Conquistas de las Islas Filipinas* (Madrid: Imprenta de Manuel Ruiz de Murga, 1698), 446.

²⁰ Agustin Cavada, *Historia Geografica y Estadistica de Filipinas* (Isla de Luzon Manila: 1876).



...ang bayan ng Tagig ay lumulubog sa tubig halos taon-taon, ngunit ang kadalasan ay minsan sa dalawa o tatlong taon, sa panahon ng tigulan, at nananatiling lubog sa loob ng tatlong buwan, karaniwa,y sa mga buwan ng Agosto, Septiembre at Oktubre...²¹

Samakatuwid, binibigyang hawan ng nakapangyayaring salik ng heyograpiya ang paglitaw at pagiging palasak ng ganitong uri ng penomenon. Ang karanasaang ibinubunga nito ay mapanlikhang nakapagdulong ng mga kwentong may kwenta bilang instrumento't behikulo upang bigyang saysay ang pag-iral, ibayo ng buhay at panahon ng mga Taguigueno. Nakapalaman sa mga kwentong bayang nabanggit, bilang repositoryo o impukan ng halagahi't karanasan, ang mga pagsasakabuluhan ng karanasan na kanilang magagamit sa ibayong pag-iral sa santinakpan. Isang bukal na kaalamang hindi lamang mailuluwal ng mga tekstwal o batis na naisusulat ng mga makakapangyarihan.

Katubigan: Tawig o Tagatubig?

Mahigit mag-iisang siglong pagitan matapos ang unang pagtatangka ni Jose P. Santos noong 1922, lumabas ang isang panibagong akdang humahamon sa alinmang kumbensyunal na pagtingin ukol sa maaaring pinagmulang pangalan ng bayan. Ang *Tawig* bilang teoryang etimolohikal ay opisyal na naisatitig at lumabas sa librong *Taguig: The People's Book*²² na nailimbag sa taong 2019 sa pangunguna at inisyatiba ng pamahalaang lokal ng Taguig. Dahil nasa anyong *coffee table* ang libro, naturalmente ang pahapyaw na pagtalakay at hindi sistematikong eksposisyon ang naging paglalahad sa “*Tawig*” bilang batayang etimolohikal ng *Taguig*.

Sa kabilang dako, malay man, o hindi malay sa isang tiyak na antas ang pinaghugutang ideya, masasabing huwad ang orihinalidad ng *Tawig* na sa katunayan ay sinagap na lamang. Ito ay sapagkat ang *provenance* ng pinaghalawang analisis ng *Tawig/Tauig* bilang pantumbas sa *Taguig* ay kauna-unahang makikita sa magasing *La Ciudad de Dios*, Tomo 37 na inilimbag taong 1895 bilang batis na pinagmulan nito. Ang magasing ito ay umpisa lamang na nabuo noong Enero 5, 1881 ni Tomas Camara y Castro para sa Real Colegio de Agustinos Filipinos de Valladolid.²³ Sa kauna-unahang pagkakataon ay dito

²¹ Pagtakistan, *Ang Tagig at ang kanyang Kasaysayan*, 5.

²² D.n., *Taguig: The People's Book* (Pateros: R.O. Santos Enterprises & Co., 2019).

²³ Agustin Juarez, “«La Ciudad de Dios»: evocación centenaria en El Escorial,” *Augustiniana* 32, Blg. ½ (1982): 230-254.



lamang sa umpisang magkakaroon ng hinihinuhang batayan ang pagtutumbas ng *tawig* sa *taguig*. Sang-ayon sa tala:

Finally, the consonant u has a sound identical to that of the German W; sound that, in Latin lips, is almost always preceded by a soft g, making us instinctively transform into Paragua, Guagua, Taguig, etc., the primitive geographical names Paraua, Uaua, Tauig.²⁴

Ang ganitong uri ng hinuha ay mas higit na pinalawak sa pangunguna ng mga pangunahing mananaliksik kapwa ng lokal na historyador ng Pateros na si Elmer Nocheseda at historyador ng Taguig na si Jomar Encila. Masasabing isang mapanghamon at inobatibong pagbibigay kahulugan at pagtatakda sa pinanggalingang etimolohiya ng Taguig ang kanilang ginawang pagtatangka. Yamang ang pagtangkilik ay ang siyang kauna-unahang pagtatangka na maipaliwanag ang etimolohiya ng bayan mula sa pamamaraan at pamantayang “siyentipiko” o/at naaayon sa lingwistika at ponetika na salalayang etimolohikal (*linguistics and phonetics based etymology*) na maiuugat sa tatlong pangunahing pinaghuhugutang linggwistikal na argumento:

1. Una, walang /w/ sa alpabetong Kastila, kaya’t natural lamang na ang kahalili at tumbasan ng titik /W/ ng Tagalog ay ang Kastilang rendisyon nito na /gu/ tulad ng makikita sa *guagua=wawa*.
2. Ang pinakamaagang *latinized* na pangalan ng Taguig ay nakatala bilang “Ta(gui)” = “Ta(wi) lamang. Hirap sa pagbigkas ang Kastila sa /g/ na nasa dulo ng isang salita kaya’t nabibitawan ito. (i.e. *Pasi*)
3. Hirap sa pagbigkas sa /g/ ang mga Kastila at hindi sa /k/. Ito ang dahilan kung bakit maraming nauumit na (g) sa mga pangalan ng bayan—i.e. Binyan(g) at Muntin(g)lupa.²⁵

Nagsilbing tuntungan ng analisis nito ay sa pamamagitan ng direktang pagsisipi mula sa *A Lexicographic Study of Tayabas Tagalog of Quezon Province* ng anthropolohistang si Dr. Arsenio Manuel sa kaniyang pag-aaral hinggil sa dayalektong Tagalog ng Tayabas. Ayon sa pag-aaral ni Manuel, nangangahulugan at tumutukoy ang *tawig* sa salitang “*tulon*”, habang tinutukoy naman ng “*tulon*” ang

²⁴ D.n, *La Ciudad de Dios* (Madrid: Real Monasterio de El Escorial, 1895), 587-588.

²⁵ Encila, “Historiograpiya ng Taguig,” 93.



isang “*kalupaang malapit malibutan ng katawang tubig*, na siyang pisikal na pagsasalarawan sa heyograpikong anyo ng bayan.²⁶ Sa kabilang dako, isang bagay na marapat kuwestiyunin ang etimolohiya na ito, kailan ba unang lumitaw ang salita o, gaano ka *archaic* ang isang *archaic* na salita? Sapagkat kung sasangguni sa apat na sinaunang diksiyonaryong Tagalog na nagawa sa panahon ng Kastila, sa isang pagkakataon lamang lumitaw ang *tawig*. Hindi ito lumitaw sa pinakamaagang diksiyonaryong nailimbag sa *Vocabulario* ni San Buenaventura (1613) na may kalinawang “*Tagiig*” ang nakatala. Tumutugma din ito sa parehong baybay sa *Vocabulario* ni Domingo de los Santos (1703) na “*Taguiig*” rin ang nasasaad. Subalit sa kauna-unahang pagkakataon ay unang lumitaw lamang sa *Vocabulario* nina Noceda at San Lucar (1754) na ang kahulugan ay “*dalawang dulong magkadaop*” o “*pagsasalubong ng dalawang dulo*”.²⁷ Kinakabitan ito ng katagang “*magka-*” sa unahan upang makabuo ng salitang “*magkatawig*” o “*magkadaop*” na ayon sa *Vocabulario* ni Noceda ay “*salita sa Laguna na doon lamang ginagamit*”. Kung gayon, papaanong mapapatunayan na Taguig ang pinatutungkulan nito? Malabo ito gayong “*salita*” nga lang talaga ang tinutukoy ni Noceda at hindi ang pangalan ng alinmang pook.

Ang ganitong linya ng kaisipan ay hindi nalalayo sa ilan pang mga pagtatangkang maiugnay ang etimolohikal na pag-uugat ng bayan sa katubigan na napagpaunang binigyang tangka na noon pa man ni Grace Odal sa kanyang artikulong *The River Dwellers*.²⁸ Para sa kaniya, mayroong kumon na pagkakahalintulad ang dulong *ig* ng Pasig at Taguig, na sa kumparatibong linggwistika ay mahigpit na nakaugnay sa tubig o likido – i.e., **wahiR* – na lumalapat o tumutugma sa mga toponomiya ng mga pook sa Taguig tulad ng *Ususan, Napindan, Hagonoy, Wawa* na lahat ay pawang etimolohiyang nakaugnay sa katubigan. Ang ganitong uri ng pangangatwiran ay halaw sa mapanghawang kaisipan ni Dr. Arsenio Manuel sa kanyang pag-uugat hinggil sa maaaring pinanggalingan ng salitang *Pasig*. Sa pamamagitan aniya ng paghihiwalay at reduplikasyon ng *Pas* at ng *Ig* ay ang posibilidad na masipat ang salitang pinagmulan nito. Sa ganitong pamamaraan ay nabuo ni Manuel ang “*paspas*” bilang katagang tumutukoy sa mabilis na daloy, at ng “*ig*” o tubig²⁹, at sa pagtatagpo ng

²⁶ Arsenio Manuel, “A Lexicographic Study of Tayabas Tagalog of Quezon Province,” *Diliman Review* 19-20 (1971): 373 at 393.

²⁷ Juan de Noceda at Pedro de San Lucar, *Vocabulario de la Lengua Tagala* (Manila: Imprenta de la Compana de Jesus, 1754), 571.

²⁸ Odal, “The River Dwellers,” 44.

²⁹ Isidore Dyen, “Some Notes on the Proto-Austronesian Words for ‘Water,’” *Oceanic Linguistics* 44, Blg. I (2005): I-11.



dalawa ay ang pagbubuo ng isang panibagong salita. Alalaumbaga, ang *Pasig*, samakatuwid, ay tumutukoy sa pook kung saan “mabilis na dumadaloy ang tubig”.

Ang ganitong interpretasyon ay inilapat ni Odal sa kanyang pagsusuri sa maaaring pinagmulan ng salitang *Taguig* na para sa kaniya’y maaaring nangangahulugang *Taga-ig* na ang ibig sabihin ay *Taga-tubig*.³⁰ Makabagong hain man ang pagtatangka, tila napapayak at may kakulangan itong sumangguni at malapatan ng isang historikal na interpretasyon liban na lamang sa imperensyal na pangyayaring ang karamihan sa mga pangalan ng orihinal nasyon sa *Taguig* ay sa tubig nakaugnay.

TALAHANAYAN I: ORTOGRAPYANG ESPANYOL: TAWIG = TAGUIG

Spanish Orthography	Application
Instead they variably use /v/	Tavig
They also employ the use of /u/	Tauig
It becomes more confusing when they use what is supposedly a silent /g/	Taguig

Tinangka namang bigyang punan nina G. Elmer Nocheseda ang ganitong suliranin ni Odal, at kaibahan sa *Taga-tubig* nitong huli ay ang paghahain naman sa *Tawig* bilang etimolohikal na batayan ng bayan. Subalit upang maisakatuparan ang pagpapaibayo’t pagpapatunay sa ganitong paghihinuhuha ay ang unang hakbangin ng pagpapalitaw sa rendisyong *Tagui* sa mga kolonyal na dokumento bilang tungtungan ng linggwistikong interpretasyon mula *Tawig* ► *Tagui* ► *Taguig*. Upang mabisang maipaliwanag pa nga ito ay ang karampatang angkop na pagpapakita na ang pagbabago ng *Tawig* patungong *Taguig* ay nasasalalay din naman sa paraan ng pagbabago din sa ortograpiyang Espanyol. Ang kahulugan ng *tawig* ay itinakda sa bahagyang eksposisyong inilahad ng mga propONENTE nito sa akdang *Taguig: The People’s Book* ay ganito ang nasasaad:

Taguig also has its probable origin from the archaic Tagalog word *tawig*. *Tawig* is a geographical term that pertains to a

³⁰ Odal, “The River Dwellers,” 44.



pair of *puntas* (points) that face each other. These points or *puntas* form the mouth, or *wawa*, of a river. This origin has no distinguishable root since Spanish orthography does not have an equivalent for /w/.³¹

Katotohanan nga naman na sa ilang mga dokumentong kolonyal at mga mapa ang pagkakaroon ng pagbanggit sa *Tagui* tulad na lamang ng makikita, ngunit hindi limitado sa, *Account of the Encomiendas in the Philipinas Islands* ni Gob. Hen. Gomez Perez Dasmariñas.³² Ang *Taguig* kasi sa dokumentong ito ay binabaybay na lamang bilang “*Tagui*” maging ang “*Pasig*” ay nagiging “*Passi*”, bunsod diumano ng kanilang inabilidad o kawalang kakayahan na bigkasin ang titik “g” sa dulo ng isang salita. Sa katunayan, ang mga pinakamaagang *latinized* na ngalan ng *Taguig* ay isinusulat bilang *Tagui* lamang patunay na *Tawig* ito.

Sa kabilang dako, payak na bahagi ng pagbibigay kritisismo sa mga datos ay ang mahalagang gawain ng isang historyador na maitakda ang isang impormasyon sa koroborasyon matapos itong makuha. Halimbawa, sa Pedro Murillo Velarde at Nicolas de la Cruz Bagay Map ng 1734, kakakitaan ng hindi konsistent na lohika ang ganitong katwiran. Sapagkat bagaman makikita rin ang pagkakabaybay dito ng “*Taguig*” bilang “*Tagui*”, buo naman ang letrang “g” ng *Pasig* dito. Samakatuwid, ang puntong hindi diumano nadidinig ng mga Kastila ang dulong /g/ ay hindi mapapanaligan dulot ng mismong pangyayaring naririnig din nga ng mga Kastila ang “g” ng *Pasig*, na makikita sa mga primaryang batis tulad ng *Vocabulario* kapwa ni San Buenaventura at San Lucar.³³

Gayundin, sa proseso ng pagsunod sa linya ng ganitong kaisipan mula sa puntong nais bigyang diin; isa sa mga makakakitaang problema ng mga pinakamaagang *latinized* na pangalan ng *Taguig* na naging “*Tagui*” sa mga kolonyal na tala ay ang pagsisipi sa “*Taguig*” mula sa maling paghahalaw dito nina *Blaire and Robertson* mula sa mga orihinal na dokumentong pinaghalawan. Bagaman ang *The Philippine Islands* nina *Blaire and Robertson* ay itinuturing na primaryang batis na malawakang ginagamit bilang sanggunian. Pundamental sa isang historyador ang hakbanging sumangguni sa orihinal na dokumento upang makita ang katiyakan at kaeksaktuhan ng nilalaman nito. Sa masinop na


³¹ D.n, *Taguig: The People's Book*, 20.

³² Matatagpuan ang *account* sa: Gomez Perez Dasmariñas, “Account of the Encomiendas in the Philipinas Islands,” nasa *The Philippine Islands, 1493-1898*, Tomo VIII, mga pat. at tsln. Emma Helen Blair at James Alexander Robertson (Cleveland: The Arthur H. Clark Company, 1903-1909, 1591), 90-94.


³³ Noceda at San Lucar, *Vocabulario de la Lengua Tagala*, 416.



kritisismong tekstwal ni Gloria Cano sa *The Philippine Islands* nina Blaire and Robertson, inakusahan nito na may pagkakasala ang akda sa pamagitan ng pagiging mapili, pagtatanggal, at maling pagsasalin sa ilang mga teksto.³⁴ Subalit sa dakong ito, matuturang hindi lamang ang pagkakaroon ng *mistranslation* sa mismong nilalaman ng akda nina Blaire and Robertson ang “pagkakasala” nito, bagkus maibibilang din maging ang pagkakaroon din nito ng omisyon o maling paglalapat sa orihinal na tekstong pinaghalawan.



LARAWAN 1: "TAGUIG" MULA SA: CARTA DE LA AUDIENCIA DE MANILA SOBRE SUBLEVACIONES ETC. [ARCHIVO GENERAL DE INDIAS, FILIPINAS, 18A, R. 7, N. 47]



LARAWAN 2: "TAGUIG" SA KAPAREHONG DOKUMENTO

Halimbawa, ang isa sa masasabing pinakaunang dokumentong may pagtukoy sa bayan ng Taguig ay makikita sa ulat ni Santiago de Vera hinggil sa kanyang pagtatala sa nangyaring konspirasiya noong 1587-1588 kung saan naging kasangkot sa sabwatan ang Datu ng Taguig na si Juan Basi. Ayon sa bersyon na isinatitik nina Blaire and Robertson sa Tomo 7, sa ilalim ng “*Documents of 1589*” kung saan nakahanay ang “*Conspiracy against the Spaniards*” ni Santiago de Vera, ganito ang nasasaad:

Don Joan Basi, chief and former governor of the village of Taguig, was sentenced to prescribed exile from this jurisdiction for four years. Half of his property was set aside for the treasury of his Majesty, and half for the judicial expenses. He and the fiscal appealed to the royal Audiencia, whence the case was remitted to the captain-general, with

³⁴ Gloria Cano, “Blair and Robertson’s *The Philippine Islands*, 1493-1898: Scholarship or Imperialist Propaganda?” *Philippine Studies* Tomo 56, Blg. 1 (January 2008).



the exception that the whole penalty should consist only of two years of prescribed exile.³⁵ (sa akin ang diin)

Sa pagsusuri sa naturang tala ay ang di maiiwasang hakbangin na tumungo sa orihinal na dokumentong may pamagat na *Carta de la Audiencia de Manila sobre sublevaciones etc* upang makita ang kadalisan ng mga titik na nakasulat. Sa talang ito ay mayroong dalawang identikal na dokumentong sulat-kamay, na ang isa ay nagmimistulang *photocopy* ng isa. Bagama't kasing malinaw ang naging pagtatala dito ni Santiago de Vera bilang “*Taguic*”, batay sa mapanuring palyograpikong pagbasa ni Dr. Francis Navarro, maling isinatitik o hinalaw ito nina Blaire at Robertson bilang “*Tagui*” na lamang na malamang ay kanilang nahugot sa pangalawang dokumento habang isinantabi ang isa.³⁶ Nalalaman natin na ang pagiging “*Taguic*” nito ay lubos labis na mapapatotohanan sapagkat ang simbahan ng Santa Ana, Taguig ay minsang pinanganlang pa nga bilang *Parroquia de Taguic*.³⁷ Samakatuwid, intensyunal man o hindi intensyunal ang pagkaka -omit sa letrang “c”, pinalalabnaw nito ang “*Tawig*” bilang etimolohikal na pagpapaliwanag. Yayamang malinaw sa mga pinakaamagang talang kolonyal na *Taguic* ito.

TALAHANAYAN 2: PAGLALAGOM NG BAYBAY

Kolonyalismong Espanyol	
Tagui — Taguig — Taguig — Taguic — Taguic Taguiig — Taguiy — Taguii — Taguiyg	
Rebolusyong Pilipino	Kolonyalismong Amerikano
Tagui-ik — Taguik Taguiig — Taguic	Taguig — Taguiig Taguik — Taguig

Bagama't totoong kakakitaan din naman ang pagbaybay sa *Taguig* bilang *Tagui* tulad na lamang ng isang dokumento noong 1587 hinggil sa

³⁵ Santiago de Vera, “Conspiracy against the Spaniards”, nasa *The Philippine Islands, 1493-1898*, Tomo 7, mga pat. at tsln. Emma Helen Blair at James Alexander Robertson (Cleveland: The Arthur H. Clark Company, 1903-1909, 1589), 98.

³⁶ Maraming pasasalamat kay Dr. Francis Navarro na tagapangulo ng Kapisanang Pangkasaysayan ng Pilipinas para sa palyograpikong pagbasa, at nagpatibay na “*Taguic*” ang nasa orihinal na dokumento. Personal na komunikasyon sa email noong Setyembre 17, 2022.

³⁷ D.n., *Taguig: The People's Book*, 19



pagpupulong ng mga paring Augustino sa Pilipinas na nagsasaad na muling tinatanggap ang boto ng *Tagui*, i.e. “*Tomamos de nuevo la casa de Tagui*”³⁸, at makikita rin sa ilan pang mga batis pangkasaysayan, maipapaliwanag ang pagiging “*Tagui*” nito sa linggwistikong pagpapaliwanag na ang pinakakatangian ng ‘*k*, *at*?’ ay lahat ng mga ito ay *stops*. Bagama’t ang huli ay *glottal stop* (cf. *glottis*) ang “*k*” at “*g*” ay mga *velar*, na samakatuwid, ay iba ang *place of articulation*. Maaaring ang pagkakabigkas ng “*k*” mula sa salitang *Tagagiik* ay malapit sa *glottal kaysa velar*. Walang *glottal stop* ang Kastila dahil upang hindi nila ito marinig kagya’t nagiging *Tagui* na lamang, na maihalalintulad sa kung papaano ang naging transisyon ng *Binondo(c)* tungong Binondo. Isa pang karagdagang punto, bagama’t totoong nababanggit nga ang *Taguig* bilang *Tagui* sa Bagay *map*, isang inkonsistent at ilohikal na interpretasyon na ikatwiran ito sapagkat hindi mailalapat ang *gu=w* sa kung papaanong ang orihinal na *Iguig* ay nagiging *Ygui* na lamang.

Gayundin naman, kung maipapalagay nga natin na ang *Taguig* ay nanggaling sa *Tawig*, papaano maipapaliwanag sa buong kasalimuotan ng *Tawig* bilang teoryang etimolohikal ang paglitaw ng dalawang patinig na “*I*” sa *Taguiig* maging ang instansya ng pagkawala nito? Kinakailangan itong maipaliwanag batay sa alituntuning tinatakda ng linggwistika higit lalo pa dahil konsistent ang pagtatalang kolonyal sa ganitong tipo ng pagbaybay na tila bigong maipaliwanag ng mga proponente ng *tawig* bilang etimolohiya. Isang napakalaking palaisipan ito gayong susog na katanungan buhat dito kung bakit kinailangan pang mag-abala nina San Buenaventura noong 1613 at Domingo de los Santos—sa kanilang *Vocabulario* na sulatin ito bilang *Tagiig*, at *Taguiig* imbes na *Tawig*, gayong malinaw naman pala ang kaisahan ng dalawang kataga at “inabilidad” na bigkasin ito?

Samakatuwid, ang ebolusyonyong yugto mulang *tawig* tungong *tagui* ay malabnaw at hindi mapapanaligan patunay na hindi ito iisa. Sa aking personal na komunikasyon kay Dr. Zeus Salazar, nabanggit niya na walang alinmang kinalaman sa *Taguig phonetically* ang *Tawig*.³⁹ Pagdaragdag pa nito, ang *k*, *g* at *w* ay *velar*; *voiceless* ang una; *voiced* ang pangalawa; at yung huli ay kahalintulad ng “*L*”. Para sa mga Kastila ang “*u*” ay isinusulat na “*v*” – i.e., uala = wala [i.e. Ususan = Vvsan]. Sa madaling sabi, hindi maaaring sulatin sa alpabetong Kastila ang

³⁸ Augustinian Archives, Valladolid, Spain, Libro de Gobierno de la Provincia. I, folio 55, sinipi mula sa: D.n, *A Gift of Faith 400 Years* (Tagig; NHCP, 1987).

³⁹ Zeus Salazar, personal na komunikasyon ng may-akda, Messenger, Setyembre 8, 2022.



“Taguig” na “Tawig” sapagkat hindi magkapareho ang “gu” at “v” sa Kastila. Mangyari pa, hindi awtomatikong isinasalin sa Kastila ang “gu” bilang “-w” sapagkat ang “g” ng Kastila ay kahalintulad sa kung papaano kumikilos ang letrang “c/k”, na ang kahahantungan ng bigkas ng “g” ay nasasalalay sa diptonggo na sumusunod pagkatapos nito – i.e., “g+ua/ui”. Kung ito ay “gua” may pagkakataon na nagiging *Guagua* ► *Wawa*, at *Paragua* ► *Palawan*, na sa pangkaraniwan o kundiman sa palagiang pagkakataon ay nagiging “ua” na lamang – i.e., “uaua-wawa” na gaya ng makikita sa iba’t-ibang mga *Vocabulario Tagala*. Katunayan, kahit pa nga sa *Vocabulariong* Kapampangan ni Bergaño ay payak na “ua” na lamang sa halip na “gua” ang pantukoy sa “*guagua*” ng Pampanga.⁴⁰ Subalit kung ito ay “gui/gue” napapatahamik/*unvoiced* ang “u” dahilan upang maging payak na “gi” at “ge” na lamang ang pagkakabigkas dito tulad ng makikita sa mga pangalan ng pook tulad ng “Guiguinto ► Giginto”, at “Camiguin ► Kamigin”. Samakatuwid, ang “gu-“ ay “g” sa harap ng *-i*, at simpleng “g” rin sa harap ng *a a u o o*. Sa wari, kagaya ng natukoy na sa itaas, hindi na nga ipinagpatuloy ng mga gumawa ng balarila at diksyunaryong Kastila ang paggamit ng “gu-“ bilang “w” na isang glottal na malapit sa “h”—i.e. *glottal stop plus u-/w- = hwahwa o ‘ua’ua*.

Sa pinal na analisis, tatlo ang maaaring konklusyon sa gayon kung bakit nagiging “Tagui” na lamang ang ngalan ng bayan sa ilang dokumento upang mapasubalian ang proposisyon hinggil sa transisyunal na bahagdan ng *Tawig* tungong *Tagui* at pag-aanyo nitong *Taguig* sa kasalukuyan. Una ay ang napaliwanag nang payak na *misprint* o/at pagsasantabi batay sa maling paghahalaw nina Blaire and Robertson sa *The Philippine Islands*. Ang ikalawa naman ay maituturo sa maaaring korapsyon ng salita o sa kabilang banda naman ay payak na pagkakamali ng mga *escribiente*. Samantalang ang pinakahuling kadahilanan naman ay ang natukoy nang linggwistikong pagpapaliwanag na *plosive* o *stops* ang pinakakatangian kapwa ng ‘*kg, at ?*’ dahilan upang ma-*omit* ito sa pangalan ng bayan.

Agrikultura: Tagagiik

Isa sa mga pangunahing hanapbuhay ng mga mamamayan ng Taguig noong panahong sinauna ay nakasentro sa pagtatanim ng palay. Sa katunayan, bahagi na ng rekoleksyon o gunita ng mga matatanda ng lugar ang mga

⁴⁰ Diego Bergaño, *Vocabulario de la Lengua Pampangan* (Manila: Imprenta de Ramirez y Giraudier, 1860), 92.



malalawak at madadawag na lupain ng mga kabukiran sa Taguig. Nakalaan kasi ang matabang lupain ng Taguig para sa gawaing ito, kagya't matatalos sa isang tala noong ika-labing siyam na dantaon ang pagkakasumpung sa bayan ng mga nalilikhang pinakamagandang uri ng bigas na dito matatagpuan.⁴¹ Nagpatuloy ang ganitong uri ng gawaing nakasentro sa pagsasaka hanggang sa mapabilang ang Taguig sa probinsya ng Rizal. Sa katunayan, sa panahong ito ay isa ang Taguig kasama ang bayan ng Marikina, Montalban, Tanay, Las Pinas, Paranaque, Morong, San Mateo at Cainta sa mga lumilikha ng maraming bilang ng nalilikhang palay o bigas.⁴² Sa kasalukuyan, tuluyan mang naglaho ang gawain ng pagsasaka dulot ng pagiging *highly urbanized* ng siyudad, nanatili naman ang bakas ng ala-alang ito tulad na lamang sa mga pangalan ng kalye (i.e. *Daang Kalabaw*), gayundin maging sa mga opisyal na pananagisag ng lokal na pamahalaan.

Ang mahabang kasaysayan ng gawaing agrikultural sa Taguig ang maituturong dahilan kung bakit magpahanggang sa kasalukuyan ay nananatili at patuloy na malaganap pa rin ang naratibo ng *Tagagiik*. Ang salitang ugat nito na *giik* ay tumutukoy sa isang proseso ng paglugas sa mga butil ng palay sa pamamagitan ng mga paa.⁴³ Ang etimolohiyang ito ay umpisang naisatitik at binigyang lehitimasyon ng dating *Presidente Municipal* ng Taguig na si Jose Pagtakhan na nanungkulan sa bayan ng tatlong termino (1916-1919, 1919-1922, at 1922-1925). Iminortalisa nito ang kaniyang pananamantaha sa kaniyang monumental o/at seminal na akdang *Ang Tagig at ang Kanyang Kasaysayan* na inilimbag noong taong 1963, at magpasahanggang ngayon ay itinuturing na *bibliya* o primaryang sanggunian ng pampook na pag-aaral sa kasaysayan ng Taguig sapagkat ang mga datos sa akdang ito ang naging batayan ng mga naisulat na mga publikasyon kinalaunan.

Bagama't naunang mailathala ang *Historical Data Papers* noong 1952, mas maagang naisakatuparan ni Pagtakhan ang pananaliksik sa kanyang akda na bunga ng mahigit 40 taong pananaliksik mula sa pagitang taon ng 1916 hanggang 1956. Sa kabuuan, hindi kalabisang ituring na may kaeksaktuhan ang kabuuan ng detalyeng nilalaman nito, at sa katunayan ay isa ito sa mga sangguniang minsang ginamit ng mga propesyunal na historyador tulad nina Isagani Medina sa

⁴¹ Santiago Ugaldezubiaur, *Memoria Descriptiva de la Provincia de Manila* (Madrid: Ramon Moreno & Ricardo Rojas, 1880) 38-39.

⁴² Cosme Garcia, *Inside the Philippines* (n.p. National Printing, 1968) 160.

⁴³ Virgilio Almarino, *UP Diksiyaryong Filipino* (Pasig: Sentro ng Wikang Filipino at Anvil Publishing, 2001), 291.



pagsusulat ng kasaysayan. Ang kaniya kasing mga datos na nailangkap ay tumutugma sa mga nakatalang batis pangkasaysayan, bagaman ang iba ay nagtataglay ng pagkakamali sa pagpepetsa na kinakailangan ng mapanuring paggabay gamit ang koroborasyon.⁴⁴ Maraming bagay na kapuri-puri sa naturang akda, ngunit sa kabilang banda, isa sa mga katunghay-tunghay sa naging pagtatala ni Pagtakhan ay ang pagtatangka nitong maipaliwanag ang etimolohiya ng bayan. Sang-ayon sa kaniya:

Dahil sa pangyayaring ang pangunahing hanapbuhay ng mga tao sa pook na ito ang pagsasaka o pagpapalay, ang mga tao dito ay mga bihasa sa pag-giik ng palay, kaya't sila'y tinaguriang Tagagiik. Sa linakad-lakad ng panahon ang pook na tahanan ng mga tagagiik ay pinanangalanang TAGIIK. Noong napasailalim ng mga kapangyarihan ng Espana itong Pilipinas, ang pagkakasulat ng TAGIIK ay binago at ginawang TAGUIIG, pagka't iyong una ay mahirap bigkasin ng mga kastila, at dahil dito'y isinangayon sa sarili nilang pamamaraan ng pagsulat at pagbigkas na agapang sa kanilang katutubong pagbigkas. Nang magkaroon na ng mga "Modernista" o mga taong makabago sa danton (siglo) ang TAGUIIG ay isinulat na TAGUIG na mga tinatawag na makabago. At nang lumaganap na sa dakong huli, ang mga mananalog⁴⁵ ay inalis na ang titik "u" kaya't kung isula't ang pangalan ng bayang ito ay TAGIG.⁴⁶ (sa akin ang diin)

Ang pagsasalaysay ni Jose Pagtakhan ang kauna-unahang nagbigay mungkahi upang mabigyang katwiran ang *Tagagiik* bilang etimolohiya. Ang pagmumungkahing ito ang siya namang sinundang gabay ng mga sumunod na mga publikasyon tulad na lamang ng mga naisulat na *Progress Report* at mga pitak ng dating Municipal Mayor na si Levi Mariano.⁴⁷ Gayundin maging sa mga nailathalang aklat hinggil sa kasaysayang panglalawigan ng Kamaynilaan.⁴⁸ Pasalitang tradisyon man ito o hango at pag-aako sa mahigit na 40 taong

⁴⁴ Sa kasalukuyang pananaliksik ng kasaysayan ng Taguig, kakakitaan na tumutugma ang mga naitala ni Pagtakhan sa mga datos pangkasaysayan. Isa sa maraming halimbawa ay ang natagpuang dokumento ng mananaliksik sa PVAO Archives Collection, patungkol sa naitala din ni Pagtakhan patungkol sa isang Hagiwara Chiyo at Kapitan Kawagutsi na nadatnan ng mga gerilya at mga sundalong Amerikano na nagliliwaliw sa ilog Taguig, tingnan ang: *Kab 5: Ikalawang Digmaan Tungong Kalayaan*. Cf. Encila, "Historiograpiya ng Taguig," 73-113.

⁴⁵ Kilala din sa tawag na "Tagalista". Nag-umpisa ang adapsyon sa panahon ni Mayor Monico Tanyag ang paggamit sa "Tagig".

⁴⁶ Pagtakhan, *Tagig*, 1-2.

⁴⁷ D.n, *A Progress Report of Mayor Levi B. Mariano: August 4, 1976-March 29, 1979 in Commemoration of the 79th Foundation Day of Tagig, Metro Manila* (Tagig: Tinig ng Nayon, 1979); Levi Mariano, "Recalling a rich past," *Tagig Supplement*, Marso 23, 1993.

⁴⁸ Armando Cuneta, *Aklat Kasaysayan ng Kamaynilaan* (Pasay: Arman Cuneta Publication, 1997), 109-114.



pagpupunyagi ni Pagtakhan ay walang lubos na katiyakan. Gayunpaman, nakapagbigay ng negatibong konotasyon ang mabilisang pagtatangka niya na maipaliwanag ang etimolohiya ng *Taguig* dahilang upang mag-anyo ito bilang isang kwentong bayan. Mula kasi sa paraan ng pagdaloy ng paglalahad ni Pagtakhan, hindi maitatawang palasak din ang ganitong paghahanay-hanay at daloy ng kwento kung titignan ang iba pang mga *folk/popular etymology* na nagtangkang bigyang paliwanag ang pinagmulang pangalan ng kanilang pook. Una ay may magtatanong na banyaga hinggil sa pangalan ng bayan, na siyang sasagutin naman ng Pilipino, at dahil hirap itong bigkasin ng dayuhan ay magiging korap na rendisyon ito ng pangalan ng bayan.⁴⁹

Sa ganitong punto uusbong ang suliranin ng akda sapagkat hindi naging preokupasyon ni Jose Pagtakhan na bigyan ng karampatang interpretasyong linggwistikal ang *Tagagiik*. Subali't nalalaman niya ito batay narin sa kaniyang tiyak na hinuha sa pamamaraan ng pagkakabaybay sa *Taguig* sa mga historikal na dokumento na maaaring kanyang nakalap. Kung maipapalagay nga na binuno sa loob ng mahigit apatnapung taon na pananaliksik ni Pagtakhan ang akda, ay hindi nakapagtataka na makabuo siya ng konklusyon mula sa mga kumon na pagkakahalintulad sa pagsulat o/at pagbaybay sa pangalan ng bayan. Matutunghayan ito sa talahanayang inihanda sa susunod na pahina hinggil sa pagiging konsistent ng *Taguiig*, *Taguic*, *Taguiyg*, *Taguiic* sa mga batis pangkasaysayan. Indikasyon na hindi isang aksidente o nagkataon lang ang ganitong tipo ng pagbaybay.

Samakatuwid, mapapangatwiranan na sa harap ng katotohanan na bagama't napakapayak ng ginawang pagtatangka ni Pagtakhan, mayroong bahagyang katotohanan ang kaniyang rudimentaryong hinihinuha. Lilitaw ito kung susundan ang mga teksto sa *Talahanayan 3*, kung saan hindi palaisipan sa mga piling dokumentong sinipi sa mga ito ang salitang pinagugatan ng bawat kataga batay na rin sa kung papaano ang pagkakabaybay mula sa tatluhang pagbigkas ng pangalan ng bayan sa mga batis pangkasaysayan. Nakatitiyak tayo, at walang dudang ang pinagdudugtungang salitang ugat nito ay "*giik*" na isang katagang Tagalog na tumutukoy sa proseso ng pagtatanggal ng ipa sa mismong uhay ng palay.

⁴⁹ Halos ganito ang daloy ng salaysay sa iba pang mga kwentong bayan. Para rito magandang tingnan ang kaso ng Calamba at ang etimolohikal na pag-uugat nito sang-ayon sa kwentong bayan. Cf. Zeus Salazar, "Etimolohiya ng Calamba," (unpublished manuscript, w.p), kompyuterscript.



TALAHANAYAN 3: PAGBAYBAY SA TAGUIG SA AGOS NG PANAHOON

Sino?	Baybay	Saan?	Kailan?
Santiago de Vera	Taguic	Carta de la Audiencia de Manila sobre sublevaciones	1588
San Buenaventura	Taguig	Vocabulario de la Lengua Tagala	1613
Juan de Medina	Taguig	Historia de los Sucesos	1630
Domingo de los Santos	Taguig	Vocabulario de la lengua tagala	1703
Fray Gaspar de San Agustin	Taguig	Conquistas de las Islas Filipinas	1698
Di-nabanggit	Taguiy	Carta del marqués de Ovando sobre pacificación de los indios	1754
Pedro Velasco	Taguig	Augustinian Parishes and Missions, nasa: B&R XLVIII	1760
Fray Hilarion Diez	Taguig	Mapa general de las almas que administran los padres agustinos calzados en estas islas Filipinas, sacado en el año de 1818	1802
Joaquin Martinez de Zuniga	Taguig	Estadismo de las Islas Filipinas	1814
Tomas Cortes	Taguic	Plano Topografico de Manila y sus Contornos, 1826.	1826
Francisco Villacorta	Taguiyg	Mapa del Territorio de Tondo	1833
Jose Honorato Lozano	Taguic	Vistas de las Islas Filipinas	1847
Manuel Buzeta	Taguig	Diccionario geografico, estadistico, historico	1850
Carl Johann Karuth	Taguic	Nasa: Islas Filipinas 1663-1888	1858
Juan de Noceda at Pedro de San lucar	Taguic	Vocabulario de la Lengua Tagala	1860 ed.
Baltazar Capistrano	Taguig	Liham	1898
Philippine Commission	Taguik	Report of the Governor General of the Philippines	1906
Honorio Lopez	Tagiik	Kalendaryong Tagalog	1920
Jose Pagtakhan	Tagiik	Ang Tagig at ang Kanyang Kasaysayan	1963



Sa aking patuloy na pakikipagpanayam at pakikipagtalastasan kay Salazar, iminumungkahi nito na maaaring maiugat sa dalawang pinag-uugatang *prefix* ang pinagmulan ng Taguig. Maaaring ito ay *tag-* (i.e. *Tag-ulan*; *Tag-init* = *panahon ng ulan, init*) na nangangahulugang “panahon para sa panahon ng”. Tinutukoy niya rito na hindi malayo ang ganitong posibilidad lalo pa’t ang proseso ng paggiik ay *seasonal* o bahagi ng *agricultural season*, partikular ang paghiwalay ng ipa sa palay para maging ganap ito na bigas. Ngunit sa kabilang banda, at mas angkop sa konteksto ng gamit nito, ay may kataga rin namang Tagalog na “*tagagiik*”, kung saan ang *prefix* na “*taga-*” ay mayroong dalawang gamit. Ito ay maaaring *directional* na maaaring may pagtukoy sa kinaroroonan ng isang tiyak na pook na kinabibilangan ng isang partikular na grupo ng tao. Habang sa kabilang dako naman, at mas higit na probable sa konteksto ng gamit ng *tagagiik*, ay “*a person employed or delegated to perform the action designated by the related verb (normally an -um- verb) formed with the same base*” – i.e. “*taga+giik*” = “*g-um-iik*”. Alalaumbaga, panlaping nagbibigay ng diwang tauhan na may tungkuling gumawa— i.e. *taga+salo, taga+gawa, taga+katay*.⁵⁰

Bilang pagdaragdag pa dito ni Salazar, maaaring ipalagay na naging “*tag-giik*” ang pagkakabaybay sa “*taga-giik*” sa agos ng panahon dulot ng mabilisang pagbigkas dito. Marahil sa tiyak na kadahilanan na sa isang dako, hindi naririnig ng mga Kastila ang *glottal stop* sa pagitan ng dalawang “g” kaya’t napag-iisa ito.⁵¹ Samakatuwid, posibleng ng dumating ang Kastila isinulat nila ang “*taggiik*” ng “*Taguiic/g*” sapagkat hindi naririnig ng Kastila ang *geminaton* o pag-uulit ng katinig na may *glottal stop* sa pagitan. Mapaninindiganan man ang palagay na ito ni Salazar, hindi rin naman maitatangging umiiral din naman ang *consonant gemination* sa wikang Austronesyano katulad ng napatunayan na ni Robert Blust sa napakarami niyang mga pag-aaral. Kung saan aniya, pangkaraniwan na natatanggal o nawawala ang pumapagitnang patinig na nilulukuban ng dalawang identikal o magkatulad na katinig sang-ayon sa modelong tinatawag ng mga linggwistiko na “*anti-antigeminaton*” dahilan upang upang ang orihinal na /*tagagiik*/ ay maging /*taggiik*/ hanggang ang sa dalawang g ay tuluyang mapag-isa.⁵²

⁵⁰ Paul Schachter at Fe Totanes, *Tagalog Reference Grammar* (Los Angeles: University of California Press, 1972) 105.

⁵¹ Zeus Salazar, personal na komunikasyon ng may-akda, Messenger, Setyembre 5, 2022.

⁵² Robert Blust, “Disyllabic Attractors and Anti-Antigeminaton in Austronesian Sound Change,” *Phonology* 24, Blg. 1 (2007): 1-36.



Samakatuwid, malinaw na may isang yugto na ang dating *tagagiik* ay naging *taggiik* tungong *tagiik* na lamang. Mangyari pa, mapapansin na sa pagbabagong ito ay hindi lamang ang dalawang *g* ang napag, o/at mapag-iisa bagkus maging ang dalawang *i*. Ang dahilan sa likod nito ay maiuugat sa kadahilanang hirap sa *reduplication* o pag-uulit ng patinig na “*i*” ang mga Kastila na tulad ng makikita sa “*giik*” kaya’t nagiging “*gik/gig*” ito. Ngunit sa kabilang dako rin naman, ang penomenon ng *reduplication* o pag-uulit ng magkasunod na patinig upang pagsamahin bilang iisa ay hindi rin naman palaisipan sa batas pangwika ng Tagalog. Halimbawa, sa pagdadalumat ni Dr. Lars Ubaldo sa salitang “*Tagalog*”, kaniyang nakita na malaki ang posibilidad na ito ay “*taga-alog*” at hindi “*taga-ilog*”.⁵³ Tila nagkakaroon ng konsekutibong patinig na “*a*” sa “*taga-alog*” na napag, at mapag-iisa na lamang kinalaunan. Ganito rin ang kaso sa salitang “*mayroon*”, na mayroong diptonggong “*ay/ai*” na nagiging “*e*”, at sa agos ng panahon ay nagiging monothongisasyong anyo na “*meron*” na lamang. Gayundin, bilang huling pagdaragdag, isang magandang halimbawa rin naman nito ay sa kung papaanong ang “*bahayan* ay nagiging ► *ba-l-ayan* ► at *b[aa]yan* na sa agos ng panahon dulot ng mabilisang pagbigkas ay nagiging “*bayan*” na lamang matapos mapagisa ang umuulit na titik “*a*”. Samakatuwid, maipapaliwanag buhat sa ganitong panuntunan ang naging transpormasyon ng “*giik*” tungong “*gik*” at Kastilang rendisyon nito na “*guic*”— i.e. *Guiguinto*, tulad ng makikita sa pagtatala sa mga dokumentong nabanggit na sa talahanayan.⁵⁴

Maliban pa dito, higit lalong mapagtitiyay at konkretong mapapatunayan ang mainam na posibilidad ng kontraksyon ng dalawang patinig na “*i*”, kung sasangguni ang isa sa maimpluwensyal, awtoratibo, at napakahalagang akda sa linggwistika na *Austronesian Comparative Dictionary* nina Robert Blust at Stephen Trussel. Ang salitang ugat kasi na “*giik*” sa pagtatala nina Blust ay *reflex* ng Proto-Austronesianong anyo nito na kapwa **iRik (igik)* = (*thresh grain by trampling*) na walang *glottal stop* at **Riqek (gi-ek)* = (*thresh with the feet*) na mayroong *glottal*.⁵⁵ Kaugnay o *cognate* ito ng salitang *ginik* ng Bikol, “*giuk*” ng Cebuano, Hanunoo, at Romblomanon, samantalang “*giok*” naman ito sa Waray


⁵³ Cf. Lars Ubaldo, “Tungo sa Pagdadalumat ng “Tagalog” (1571-1907)” PhD Diss., (University of the Philippines, 2009).

⁵⁴ Pormal na pinanatili ang paggamit sa Kastilang rendisyon ng “Taguig” noong panahon ni Isidro Garcia sa bisa ng City Ordinance Blg. 59. Tingnan ang: D.n., “Official Spelling of Taguig Resolved,” *Manila Standard*, Pebrero 26, 1996.

⁵⁵ Para rito, mainam na sangguniin ang *Austronesian Comparative Dictionary* na nilikha ng mga linguist na sina Stephen Trussel at Robert Blust na matatagpuan sa: <https://www.trussel2.com/ACD/>.



at Aklanon na may pare-parehong kahulugan na “pagdapurak ng palay gamit ang paa”. Ang transisyunal na bahagdan nito ay dulot ng palasak na pangyayaring ang porma nitong PAN na **Riqek* ay nagiging **Riek* matapos bitawan ang *uvular stop* na **q*⁵⁶ tungong simpleng pag-aanyong **Rik* matapos mawala ang pagiging disilabiko (*disyllabic*) nito at maging monosilabiko (*monosyllabic*) na lamang bunga ng pagkakaroon ng kontraksyon sa magkasunod na patinig na /i/ at /e/ na resulta ng pagkawala ng **q*.



BALANGKAS I: TRANSISYON NG PAN *RIQEK AT *IRIK TUNGONG GI?IK NG TAGALOG

Bilang pagdaragdag pa dito ni Robert Blust, maiuugat sa disilabikong preperensya ng karamihan sa mga wikang Austronesyano ang naging sanhi ng pagbabago sa restorasyon o pagpapanumbalik sa nawalang disilabismo (*disyllabism*) ng **Rik* sa pamamagitan ng *schwa epenthesis*.⁵⁷ Ang naging resulta nito ayon kay Blust ay ang muling pagiging disilabiko ng **Rik* matapos itong maging **eRik* o **iRik* na nagpapaliwanag kung bakit *irik* din ang katawagan ng pagdapurak ng palay sa pamamagitan ng paa sa Ilokano at *ilik* naman ito kapwa sa Pangasinan at Kankanaey. Maipapalagay sa gayon na ang **eRik* ay mula sa **Riqek*; ngunit sa lebel pa rin ng PAN o Proto-Austronesian na marahil ay sanhi

⁵⁶ John Wolff, *Proto-Austronesian Phonology with Glossary* (New York: Cornell University Press, 2010), 599.

⁵⁷ Blust, “Disyllabic Attractors and Anti-Antigemination in Austronesian Sound Change,” 6.



ng dialektikong pagkakaiba dulot ng pagkakaiba ng kinalalagyang teritoryo. Ang baha-bahagdag transisyon samakatuwid ay maihananay nang pagkakasunod-sunod sa ganito na gaya ng makikita sa inihandang balangkas sa nakaraang pahina: *Riqek ► *Riek ► *Rik ► *eRik.

Sa kaso naman ng wikang Tagalog na bahagi ng sangay ng tinutukoy ng mga linggwistiko na *Greater Central Philippine Languages* ay mayroong isang mahalagang katangian ukol sa leksikal na inobasyon nito.⁵⁸ Ito ay ang pangkaraniwang pagpapalitan ng *R tungong *g katulad halimbawa ng makikita sa kung papaanong ang *PasiR ay nagiging /PasiG/ at ang *Ratas ay nagiging /Gatas/, at siyang nagpapaliwanag din sa kung papaanong ang PAN *iRik bilang isa sa dalawang *proto form* na pinagbuhatan ng salitang *giik* ay masasabing naging *igik* na kinalaunan ay magiging *giik* din naman sa pamamagitan ng *metathesis* o ang transposisyon ng patinig na “i”.⁵⁹ Sa madaling sabi, pinapahiwatig lamang nito na kapwa nagpatuloy ang dalawang *proto form* sa Tagalog na siyang pinakamalapit sa Proto Austronesian. Una, mula *Riqek sa anyo ng *giik*, maging ang *iRik o *igik* at *disjunct* nito na *qiRik ng ito ay maging *Riqik (*giik*) sa pamamagitan ng natukoy nang transposisyon o *metathesis*.

Katulad ng nabanggit na, inuugat nga nina Blust at Trussel kapwa sa *proto-form* na *Riqek at *iRik ang *gi?ik* ng Tagalog. Nasasalalay sa simbolong “?” na pumapagitna sa dalawang patinig “i” ang pagpapaliwanag sa likod ng kontraksyon ng dalawang patinig na ito dahilan kung bakit ang *giik* ay nagiging *gik* na lamang. Kung ibayong tutunghayan, ang “?” na tagapamagitan ng dalawang pantig ayon sa *International Phonetic Alphabet* ay nangangahuluganang *glottal stop* o tunog na siyang naghihiwalay sa dalawang letrang “i”. Isang mahalagang bagay ang pagsasalungguhit dito sapagkat katulad na lamang ng ipinakita sa pag-aaral ng mga akademikong Pilipino na dalubhasa sa usaping pangwika na sina Teresita Ramos at Resty Cena, ang *glottal stop* sa loob ng isang salita at ang *glottal stop* sa loob ng pangwakas na parirala ay karaniwang binibitawan lalo na sa tuwing mabilis itong sinasalita.⁶⁰ Maiuugat sa ganitong

⁵⁸ Robert Blust, “The Greater Central Philippines Hypothesis,” *Oceanic Linguistics* 30, blg. 2 (1991): 73-129.

⁵⁹ Isang halimbawa nito ay ang dinalumat ni Dr. Zeus Salazar hinggil sa kahulugan ng kasabihang “balat-kayu/o”, na ang *kayu* ay nagiging *kahoy* sa pamamagitan ng *metathesis*, kung kaya’t balat-kahoy ang ibig sabihin nito. Cf. Zeus Salazar, *Liktao at Epiko: Ang Takip ng Tapayang Libingan ng Libmanan, Camarines Sur* (Quezon City: Palimbagan ng Lahi, 2004).

⁶⁰ Teresita Ramos at Resty Cena, *Modern Tagalog: Grammatical Explanations and Exercises for Non-native Speakers* (Honolulu: University of Hawaii Press, 1990).



kadahilanan kung bakit ang saʔan mula halimbawa sa pangungusap na: “saʔan ka pupunta” :: ay pangkaraniwang binibigkas ng mabilisan sa pang-araw-araw na gamit, sanhi upang magtunog “san” na lamang ito sa tuwina, na maihahalintulad din naman sa kung papaanong ang doʔon ay nagiging “don/dun” i.e. *pumunta ka dun*.

Dahil sa ganitong pagkakaugnay-ugnay, hindi nakakapagtaka kung gayon na ang Taguig sa mga kolonyal na dokumento at mapa ay binibigkas na “giʔik”, na tatluhang pagpapantig mulang *ta-gi-ik*, magbuhat sa orihinal na apat ng *ta-ga-gi-ik* na kinalaunan ay magiging dalawahan na lamang nang maging “gik at Kastilang rendisyon na guic” tungong “gig/guig” ito sa kasalukuyan bunsod ng maituturing na disilabikong kanonikal na preperensya ng mga wikang Austronesyano. Ito ay matapos ang pangyayaring mag-merge o mapag-isa ang dalawang “i” na pinaghihiwalay ng *glottal stop* (ʔ) tulad ng sentido ng batas pangwikang naipaliwanag na sa itaas. Sa katunayan, mas higit itong tiniyak at pinagtibay sa *Diccionario* ni Manuel Buzeta noong 1831 kung saan nakapaglaan pa nga ito ng isang pahinang *Errata* sa huling bahagi ng akda bilang pagsasatama sa kung papaano ang tamang bigkas o/at baybay sa isang kataga o salita. Mula sa seksyon ng *Fe de Erratas* ay makikita sa categoryang “Dice” ng nasabing akda ang “Taguig”. Samantalang sa “Lease” ay *Taguig* naman ang nakatala bilang pagsasatama sa kung papaano binabaybay o/at binibigkas ang nauna.⁶¹

Sa kabilang dako, katulad ng naipaliwanag nang *consonant gemination* ng dalawang “g” at pagsasama bilang iisa ng dalawang patinig na “i” hindi rin naman nakapaghaharap ng problematisasyon sa kung papaano ang “paglilipat” mulang /k/ patungong /g/ o ng letrang /k/ sa “giik” na nagiging /g/ nang ito’y maging “giig” at ilan pang mga kaugnay na pamamaraan ng pagbaybay nito. Kung pagbabatayan ang mga linggwistikong pag-aaral, naging pangkaraniwan na gawain na gawing /g/ ng Kastila ang /c/ at /k/ ng Tagalog [*alternately*] sa dulo ng isang salita na makikita sa talahanayan ng mga kolonyal na dokumentong may pagtukoy sa “ik/ig”. Ganito na lamang ang naging obserbasyon mula sa linggwistikong pagsusuri ni Arwin Vibar sa *Arte de la Lengua Tagala* na sumuri sa linggwistikal at gramatikal na gawain sa panahon ng kolonyalismong Espanyol. Sang-ayon sa kanyang mapanuring sipat, hindi dapat nating mapagkamalian ang pagpapalit ng letrang *k* at *g*, at ng *g* at *k*, yamang pangkaraniwan aniya para sa mga Kastila na

⁶¹ Tingnan ang “Fe de Erratas” sa: Manuel Buzeta, *Diccionario Geografico-Estadistico-Historico de las Islas Filipinas* (Madrid: Imprenta de D. Jose C. de la Pena, 1831).



papagpalitin ang dalawang patinig na ito sa Tagalog lalo na kung ito ay nasa dulo ng isang salita o kataga, aniya:

Then a warning is given about changing the final *c* /*k* for a *g* /*g*/ as in the words *bulag* [ceigo] [blind] and *bulac* [algodon] [cotton], which are a minimal pair contrasting the voiced /*g*/ and the voiceless /*k*/ velar stops. Since the sounds /*k*/ and /*g*/ seldom occur in the final position in Spanish, it is so easy for these missionaries to interchange them when found in this position.⁶²

Samakatuwid, malinaw na patunay ito kung gayon, na maaaring salit-salitang binibigkas ang “*giik*” tungong Kastilang rendisyon nito na “*giig*” o/at “*guiyg*” katulad ng paraan ng pagkakabaybay nila sa mga napakaraming mga batis pangkasaysayan na magiging payak na “*gig*” na lamang kinalaunan alinsunod sa nabanggit nang kontraksyon ng dalawang “*i*”. Sa katunayan, makikita rin ito sa kung papaano binabaybay sa ilang mga dokumento ang “*Pasig*”. Paminsan-minsan ang “-*g*” ay na-*iinterchange* o napagpapalit sa “-*c*” sa Kastila mula sa sentido ng pagpapaliwanag ni Vibar sa itaas, dahilan upang lumitaw at maging *Pasic* o *Passic* ito sa ilang mga tala.⁶³ Sa katunayan, may pagkakataon din ngang ang katagang *Tagalog* sa ilang mga tala ay nagiging *Tagaloc!* na batayan din naman ng mga nagsusulong ng *Taga-look* bilang toponimikal na batayan ng Tagalog. Samakatuwid, ang dinig ng Kastila kadalasan ng “-*g*” ng Tagalog ay “-*k*”, *vice-versa*, na gaya ng makikita sa salitang “bahag” na isinusulat kadalasan na bahaque (*k* = *que*). Gayundin isa pang matibay na patunay sa pagpapalitan ng *g* at *k*, *alternately*, ay kung papaanong ang Palanya[*g*] ay nagiging Parana[*que*] (*g*=*k*/*que*) na binibigkas naman ngayon bilang Paranyake.

Bagama’t kwestyunable ang *folk etymology* nito na nagsasabing ang Palanyag ay may kinalaman diumano sa “layag”, ang mas importante ay kung papaanong naging Paranaque ang Palanyag.⁶⁴ Kung nagtataka ang sinuman sa nangyaring *spin shift* ng “*l*” at “*r*” mula P-ala-nyag tungong P-ara-nyake, madaling

⁶² Arwin M. Vibar, “The 1610 Arte y Reglas de la Lengua Tagala Revisited: An Advanced Grammar for Spanish Missionaries of the Seventeenth Century,” *Synergeia* Tomo 5, blg. 1 (2014): 10.

⁶³ *Vide* Bartholome de Letona, “Description of Filipinas Islands,” nasa *The Philippine Islands, 1493-1898*, Vol. 36, mga pat. at tsln. Emma Helen Blair at James Alexander Robertson (Cleveland: The Arthur H. Clark Company, 1903-1909, 1662), 95.

⁶⁴ *Vide* Honorio Lopez, *Dimasalang Kalendariong Tagalog* (1920) (n.p: Pinnacle Press, 2017): kung saan mayroong pagbangit kapwa sa Tagiik (Taguig) at Palanyag (Paranaque).



isipin kung bakit at papaano naging “barangay” para sa Kastila ang orihinal na “balangay”. Yayamang may *absence* ng letrang “K” sa alpabetong Espanyol, nagiging *substitute* o kahilili nito ang letrang “C” na makikita halimbawa sa ilang dokumento – i.e., Taguic / “guiyc” sa *Artes y Reglas de la Lengua Tagala*, kaya’t nagiging *Taguic* sa mga kolonyal na tala na siyang rendisyon ng “K” ng Tagalog [i.e. bulaclac, tictic, pasic]. Sa katunayan, ang *Palanyag* sa mga batis kolonyal ay kadalasang isinusulat pa nga bilang *Palañac!*.⁶⁵ habang ang *Taguig* ay nagiging *Taguic!*.⁶⁶ Ganito rin ang kaso sa etimolohikal na pagbaybay sa pangalangang *Marinduque* na hango sa salitang *Malindug*, na kaparehong kinahantungan din sa kung papaanong ang *Boac* sa ilang mga tala ay nagiging *Boag*.⁶⁷

Sa aking palagay, hindi naman talaga naging bago ang pandinig ng mga Pilipino sa banyagang rendisyon sapagkat hindi nila ito kakitaan ng kaibahan. Dangang makikita rin naman ang pagpapalitan/salitan o *alternation* ng “k -g”, *vice-versa*, sa katangian ng wikang Tagalog bilang isang wikang buhay. Sa madaling sabi ay ang pag-*iinterchange* o pagsasalitan ng /g/ at /k/⁶⁸ na gaya ng makikita sa mga salita tulad ng *baliktad* ► *baligtad* | *alikalok* ► *gabok* | *bikti* ► *bigti* | *iksi* ► *igsi* | *kusot* ► *gusot* | *ligasgas* ► *likaskas* atbpa—pagpapalitang bagay na palasak din na ginagamit sa mga dokumento ng Katipunan kahit pa nga sa pang-araw-araw na pakikipag-usap hanggang sa kasalukuyan.⁶⁹ Mangyari pa, ang pagpapalitan kapwa ng *Tagiik* at *Tagiig* (*vice-versa*) maging ang iba pang mga kahawig nitong rendisyon ay mga pangalang patuloy nga na ginagamit mula sa panahon ng kolonisasyon tungong himagsikan. Sa katunayan, sa panahon ng Gobyernong Diktatoryal ni Aguinaldo, ay nagpalabas ito ng atas sa pinunong bayan ng Taguig na si Baltazar Capistrano hinggil sa pagpapanatili sa “*Taguig*” bilang pangalan ng, at pagbaybay sa, pangalan ng bayan.⁷⁰ Sa kasamaang palad ay hindi ito nagtuloy-tuloy hanggang sa humantong ito sa kasalukuyan nitong paraan ng pagbaybay matapos ang pasya na sinagawa ng *Philippine Committee on Geographical*

⁶⁵ Cf. Miguel de Loarca, “Relacion de las Yslas Filipinas,” nasa *The Philippine Islands, 1493-1898*, Tomo V, mga pat. at tsln. Emma Helen Blair at James Alexander Robertson (Cleveland: The Arthur H. Clark Company, 1903-1909, 1582), 83-84.

⁶⁶ Ang Simbahan ng Santa Ana, Taguig (1587) ay minsang pinanganlan pa nga bilang *Parroquia de Taguic*. Cf. D.n, *Taguig: The People’s Book* (Pateros: R.O. Santos Enterprises & Co., 2021), 19.

⁶⁷ Buzeta, *Diccionario*, 306.

⁶⁸ Mark Durie at Malcolm Ross, *The Comparative Method Reviewed: Regularity and Irregularity in Language Change* (New York: Oxford University Press, 1996), 145.

⁶⁹ Fe Aldave Yap, “*A Synchronic Analysis of Tagalog Phonemes*” M.A Thesis., (University of Sto. Tomas, 1956) 149.

⁷⁰ “Decrees, Orders and Circulars 1898-1900: Town Authorities and related documents,” Pambansang Aklatan ng Pilipinas, muling inakses: Oktubre 12, 2023, <https://rb.gy/wr5cr>.



Names noong 1910 sa standardisasyon sa *Tagig* bilang pangalan ng bayan upang hindi magsanhi ng kalituhan.⁷¹

Tagagiik o Tawig?

Sa pamamagitan ng pagsangguni, at pagsusuri sa mga inilatag na mga historikal at linggwistikal na mga ebidensya, mas higit kong pinapanigan sa ngayon ang ikalawa—ang *Tagagiik*. Hindi lamang dahil sa kaya itong mapanaligan sa mga batis pangkasaysayan kung hindi mapaninindigang ito ang pinakalohikal at pinaka-akma. Katulad ng naipakita na, pinatotohanan ang pagiging tiyak ng *Tagagiik* bilang pinagmulan ng salitang *Taguig* sa kasalukuyang kabanata batay sa pagsusumikap ng mananaliksik na tangkaing bigyang kasagutan ang pagsapantaha sa agam-agam ng isang historyador ng *Taguig* sa kanyang pahayag na ‘di-umano’y “*napakahaba ng Tagagiik para maging Taguig*”. Pinapasubalian ng pag-aaral na ito ang alinlangang ito sa pamamagitan ng malinaw na pagpapakita sa naganap na kontraksyon sa kataga at ang klarong pagkamaari ng ganitong sirkumstansya batay na rin higit sa lahat sa pamamagitan ng pananangkapan sa linggwistika. Malinaw na naipaliwanag at nailatag buhat dito ang sentido ng transisyon mula *Tagagiik* tungo sa pag-aanyo nitong *Taguig* sa kasalukuyan bilang produkto ng batas pangwika’t mga dinamiko nitong alituntunin taliwas sa naunang hinihinuha ni Jose Pagtakhan.

Datap’wat, gayong napatunayan na natin na sa *Tagagiik* nga nagmula ang pangalan ng bayan, ano ang lohika sa likod ng pangalan nito? Isang mahirap na bagay ang magbigay ng isang depinitibong sagot sa ganitong katanungan, subalit maaari pa rin naman tayong magbigay ng isang rasyonal na pagtataya hinggil dito. Kung ating susumahin, katulad ng naipaliwanag na, mayroong dalawang uri ng orihinal na metodong Austronesyano ukol sa paggiik ng palay. Ang isa ay PAn **paspas* o sa pamamagitan ng paghampas, samantalang ang PAn **iRik* at **Riqek* naman ay sa pamamagitan ng paa. Katulad ng kapwa namin hinihinuha ni Dr. Zeus Salazar, kapwa kami sumasang-ayon na maaaring nakilala ang *Taguig* noong una sa pamamaraan ng paglugas ng palay sa pamamagitan ng metodo nitong huli na siyang maaaring nagtakda ng pagkatangi nito sa iba na malamang ay nagsasagawa ng paghahampas bilang metodo ng paglugas ng palay.⁷² Katunayan, napakahaba ng kasaysayang

⁷¹ Philippine Commission, *Index to the Official Gazette* (Manila: 1910), 792.

⁷² Zeus Salazar, personal na komunikasyon ng may-akda, *Messenger*, Agosto 30, 2023.



agrikultural ng bayan, at implisito sa mga arkeyolohikal na datos ang katotohanang ito.

Walang basihan sa ganang ito, ang pumupuna hinggil sa pagiging talimuwang o hindi pagiging makatotohanan ng Tagagiik sa reyalidad. Sapagkat ang Taguig diumano bilang lugar na nasa ligid na lawa at likas na bahain ang siyang dahilan upang hindi umangkop ang gawain ng pagtatanim ng palay ay isang asersyon na hinding-hindi kailanman mapapanaligan sa alinmang batis pangkasaysayan. Ang puntong ito ay lubos labis na tinututulan at bibigyang tuo't mas lalo pang papalawigin sa ikatlong kabanata kung saan bibigyang diin ang ugnayan ng baha sa pagsasaka sa pamamagitan ng pag-uugnay dito sa pekulyar na pamamaraan ng pag-aani ng mga Tagalog na nasa baybay-lawa ng Puliran. Higit lalo pa sa ikaapat na kabanata kung saan paguugnay-ugnayin ang saysay ng baha, ng palay at kaugnayan nito sa kapistahan ni Santa Anang Banak sa loob ng malawak na konteksto ng sandaigdigang pananaw at pananampalatayang Austronesyano.

Sa huli, nakapaghapag man ng isang pagsisikap na maipaliwanag sa pamamagitan ng siyentipikong pagsusuri ang mga proponente ng *Tawig*, ang kawalang katiyakan, at kawalan ng konkretong patunay nito sa mga primaryang dokumento ang dahilan ng karupukan at kailangan pa ng pagpapaibayo sa *tawig* bilang isang teoryang etimolohikal. Kapuna-puna ang ilan sa mga proposisyong hinahain nito na hindi naman talaga nito malinaw na nailalahad, at bigo nitong bigyang linaw. Isang halimbawa nito ay ang kabiguan hinggil sa kung papaano nga ba maipapaliwanag ang pag-iral ng dalawang “i” sa *Taguig* sa sinaunang diksiyonaryong nailimbag sa Pilipinas at gayundin sa napakaraming batis pangkasaysayan? Kinakailangan na maipaliwanag ito sa pamamagitan ng panuntunang linggwistikal sa halip na dumulog sa alinmang kumbenyenteng eksplanasyon bilang produkto lamang ng payak na pamimilipit ng dila. Pangalawa, sa aling batis pangkasaysayan kakakitaan ng malinaw na ebidensya na ang Taguig ay ibinabaybay/isinusulat bilang *Tawig* o kahit pa nga *Tauig*? Hindi nga nakapagbibigay ng solidong datos maging ang depinisyon dito ni Noceda, na nagsasabing ang *tawig* ay salita sa Laguna na kung susumahin ay maari namang tumukoy sa alinmang kabayanan ng lawa. Mangyari pa, kung may bakas nang ala-alang ito sa pagpapalitan kapwa ng Paragua at Palawan, sa isang banda, at Guagua at Wawa sa kabilang banda, hindi malayong may maipapakitang dokumentong nagpapatunay sa pahayag na ito kung tatanggaping ito nga ang katagang pinagmulan ng Taguig? Ang pagpapatunay na ito ay hindi mapapatunayan. Sa pinal na analisis, binabalot ng



misteryosong kaisipan ang *tawig* na sa katunaya'y mas nagbubunga pa nga ng mas maraming katanungan kaysa kasagutan sanhi upang kailanganin nito ng ibayo pa na pagpapatibay. Hinding-hindi makatitindig ang *tawig* bilang teoryang etimolohikal sa lente ng linggwistika.

Gayumpaman, masasalungguhitan man ang alinmang kahinaan ng *tawig* at mga tagapagsulong nito, mahalagang bigyang diin na mayamang lunsaran pa rin ng pakikipagdiskurso hindi lamang ang *tawig* bagkus maging ang *taga-tubig*. Maaaring tingnan ang kabuluhan nito kung malalapatan ang mga ito ng isang sikolohikal na interpretasyon o pagbasa. Dangang maipapalagay na ang pagtatangka na dumalumat ng etimolohiyang nakaugnay sa katubigan ay maipapalagay na pagtatangka rin namang iangkla o iangkop ito sa pangangailangan ng kasalukuyan. Sa antas teyoretikal, patuloy na pinananatili sa kolektibong kamalayan ng isang lipunan ang bawat kamalig ng mga kamalayan, gunita at alaala na kolektibo nitong nalilikha hangga't nananatili pa rin ang mga batayan at kondisyon ng mga pagkabuo nito. Tanging maglalaho lamang ang mga bagay na kinapamihasnan kasabay ng pagkawala ng mga materyal pangunahing batayan ng mga halagahing panlipunan na pinapahalagahan sanhi upang mapawalang saysay na rin ito.⁷³ Ayon nga kina Fentress at Wickham:

Nawawala o nananatili ang mga impormasyon sa mga espesipikong sirkumstansiya at sa mga espesipikong pamamaraan. Nawawala ang mga ito kapag wala nang kabuluhan ang dating impormasyon sa bagong kontekstong panlabas; o, di na umaakma ang mga ito sa bagong panloob na konteksto na binuo para kargahin ang impormasyon.⁷⁴ [salin ni Dante Ambrosio (2010)]

Alinsunod sa ganitong pangangatwiran, maipapalagay baga na wala na ang mga batayan ng paggigiik at malawak na taniman dulot ng pagiging urbanisado ng lugar dahilang upang sinisikap palitan ang pumanaw (malalawak na mga palayan) ng patuloy na nananatili pa? (katubigan). Hindi kaya maiatuturing ito na isang kontra-kamalayang ideya na nagtatangka na magkaroon ng mapanghahawakang katibayan ang pag-iral ng Taguig upang patuloy na bigyang saysay ang sariling pag-iral sa harap ng nagbabagong panahon?

⁷³ James Fentress at Chris Wickham, *Social Memory* (Oxford: Backwell Publishers, 1992), 73.

⁷⁴ *Ibid.*

KABANATA 2

Ang Heyograpiya ng Bayan

(Ang Taguig) ay matatagpuan sa timog na dulo ng isla na may pangalan nito sa kanan ng pasukan sa Laguna de Bay at sa pagharap nito sa ilog Pasig. Kadugtong nito ang Pateros at Parañaque, at sa S. O. ay ang Muntinglupa. Nagbubunga ito ng masaganang palay ngunit kakaunti ang matamis na tubo. Ang mga lupain nito ay mababa at patag, at nakalantad sa pagbaha sa mga pangunahin nitong daanan. (Cavada 1876, 35)



sang mahalagang sangkap ang heyograpiya bilang dulog sa pagturan ng kasaysayan. Komplementaryong pagtatagpo na hindi naiiba, at tunay na hindi mapaghihiwalay. Ang tao bilang may pinakamapagpasyang papel sa kasaysayan ay parating may lugar o kapaligiran na tinitindigan bilang tanghalan ng kanyang pasya at mga pagkilos sa loob ng isang partikular na panahon na kanyang kinabibilangan. Yayamang, sa pagkakaugnay ng tao at panahon, ay ang bisa ng “lugar” na nagsisilbing tanghalan ng “tao”, at ng “panahon” bilang entablado ng pagsasadiwa nito.⁷⁵ Kaya naman, masasabing ang pagtatangkang ibukod ang tao sa kaniyang kapaligiran ay ang pagtanggap din mismo sa konteksto ng mga kaganapang pangkasaysayan.

Kung susumahin, likas nang naka-ukit ang papel ng kapaligiran buhat sa pagpapakahulugan hinggil sa kung ano ba ang kasaysayang pampook. Kung susundan ang pagpapakahulugan dito ng historyador na si Atoy Navarro,

⁷⁵ Ma. Florina Orillos-Juan, “Higit pa sa Globo at Mapa: Ang Papel ng Geograpiya sa Pananaliksik at Pagtuturo ng Kasaysayan,” nasa *Kaalaman at Pamamaraan sa Pagtuturo ng Kasaysayan*, mga pat. Atoy Navarro, Alvin Campomanes, at John Lee Candelaria (Quezon City: UP LIKAS, 2008), 31-32.



tumutukoy ang pampook na pag-aaral sa mga salaysay na may saysay para sa isang partikular na pook na nais pagsalaysayan.⁷⁶ Mahahati sa dalawang antas ng pagpapakahulugan ang salitang “pook” buhat sa ganitong pagtatakda ng depinisyon. Una, tinutukoy nito ang “pook” bilang grupo ng taong sinusuri at tinuturing bilang mga indibidwal na organismo, habang ang pangalawang kahulugan ay tumutukoy naman sa “pook” bilang prontera o/at hangganan na nagsisilbing entablado na ginagalawan ng grupo ng taong lumilikha ng kasaysayan. Maagang nilinaw itong huli ng historyador na si Jaime Veneracion na nagsasabing ang “pook” ay tumutukoy sa isang maliit at tiyak na puwang na nakapaloob sa masaklaw na hangganang pambansa.⁷⁷ Ang prontera o “tiyak” na hangganang ito sa agos ng panahon ay likas na napapasailalim sa mga pagbabago ng demarkasyon, dahilan kung bakit pangkaraniwan ang tunggaliang teritoryal sa lebel ng pook. Samakatuwid, ang usapin ng hangganan o prontera bilang yunit ng pag-aaral sa kasaysayang pampook ang siyang naghihiwalay dito sa kasaysayang etniko bilang isang hiwalay at natatanging sublarangan.⁷⁸ Pinapaksa sa loob ng “pook” ang iba’t-ibang aspekto’t kaibuturan ng “pagkapook” nito upang malinaw na maitakda ang pagkatangi ng isang grupo ng tao sa iba pang mga “pook” bilang miyembro ng isang kolektibong kaisipan.

Sa wari, bawat pook samakatuwid ay mayroong pagkatangi. Mga bagay man ito na materyal o ‘di materyal, likas man o hindi likas. Ilan sa mga halimbawa nito ay mga gusali, pagkain, produkto, kapaniwalaan, tradisyon atbpa. na maaaring maidambana at angkinin para sa ibayong pagtatangi. Subali’t sa likod ng lahat ng ito, isang matutukoy na nakapangyayari’t dominanteng pwersa ng pinagmumulang pagtatangi ay ang mismong papel ng kapaligiran o ng heyograpiya bilang mapagpasyang salik sa pagkakakilanlan at kasaysayan ng isang pook o bayan. Relatibong hinuhubog alinsunod sa wangis ng kapaligiran o ng heyograpiya ang simbuyo ng mga pagkilos at kaisipan ng bawat grupo ng taong nakalunan sa magkakaibang mga sonang pangkapaligiran. Ang kaangkupan ng mga kondisyong inihahapag ng kapaligiran ay malinaw na makikita hindi lamang sa uri ng pamumuhay/hanapbuhay kung hindi maging sa

⁷⁶ Atoy Navarro, “Mga Akdang Likasyan sa Konteksto ng Pagsusulat ng Makabago at Napapanahong Kasaysayang Pampook,” nasa *Kasaysayang Pampook: Pananaw, Pananaliksik, Pagtuturo*, mga pat. Atoy Navarro et al. (Lunsod Quezon: Limbagang Pangkasaysayan, 2012b), 32.

⁷⁷ Jaime Veneracion, “Kasaysayang Pampook: Ilang Paglilinan,” nasa *Paksa, Paraan at Pananaw sa Kasaysayan*, mga pat. Bernadette Abrera at Dedina Lapar (Quezon City: UP Departamento ng Kasaysayan, 1992), 124.

⁷⁸ Hindi naging malinaw ang paghihiwalay na ito sa mga nakalipas na historyador bago ang preliminaryong artikulasyon dito ni Salazar sa kaniyang *Paunang Salita sa Kasaysayan ng Palawan*. Cf. Zeus Salazar, “Paunang Salita,” nasa *Katutubo, Muslim, Kristiyano: Palawan, 1621-1901* (Kolonya: Bahay Saliksikan ng Kasaysayan, 1985).



oryentasyon ng mga nabubuong paniniwala. Mas higit na pantubig ang pagkakakawing ng mga pamayanang nasa katubigan habang mas naka-angkla naman sa mga bagay na nasa kabundukan ang mga nasa kabundukan, at iba pa.

Kung gayon, hindi maitatangi ang bisa ng heyograpiya sa alinmang pagtatangka na unawain ang mahigpit na relasyon at resiprokal na impluho ng tao sa kaniyang kapaligiran, at ng kapaligiran sa tao. Ngunit sa kabilang dako, hindi mauunawaan ang ganitong tipo ng relasyon kung wala ang karampatang pagsasakonteksto at pagkilala sa pisikal na katangiang heyograpikal ng isang partikular na pook na inaaral. Bagay na nalalaman natin na matamis ang isang minatamis sapagkat alam natin na ito ay galing sa asukal. Batid natin na masama ang paninigarilyo dahil sa mga sangkap kemikal na tinataglay nito. Gayundin, nauunawaan natin ang lohika sa likod ng pag-andar ng sasakyan dahil sa mekanismo ng langis, makina at gulong na sa dito'y nagpapagalaw. Sa ganito din naman ang heyograpiya, tanging lubusan lamang natin na malalaman ang interaksyon at relasyon ng tao sa kaniyang kapaligiran, at ng kapaligiran sa tao, sanhi ng mga likas na penomenong binibigyang daan nito, kung alam natin ang dahilan ng mahaba nitong pagbubuong heyolohikal tungo sa kasalukuyan nitong pag-aanyo.

Ang ganitong ideya ng pagtatangi at pagsasakonteksto sa puwang ng Taguig ang siyang minamahalaga at tatangkaing ipaliwanag sa kasalukuyang kabanata. Sa yugto ng pagtalakay sa pagtatanging ito ay ang pagtugaygay sa mga obhektibong gabay na maaaring sundan sa pagbasa. Una, mauunawaan buhat sa mismong kasanhian ng pagbubuong heyolohikal ng Taguig ang likas na penomenong pangkapaligiran na naging suliranin sa buong kurso ng kolonisasyon hanggang sa kasalukuyan—*i.e.* pamumuo ng mga sedimyento, at pagbaha. Pangalawa, maiuugat sa pagbubuong ito bilang nakapangyayaring salik (*causal factor*) ang mga naging tugon ng bayan sa mga hamon at suliraning inihahapag ng kapaligiran at gayundin naman ang pagsasakabuluhan sa hamong ito. Pangatlo at panghuli, masasapantaha buhat dito kung papaano nililok ng heyograpiya ang uri ng pamumuhay ng mga Taguigueno alinsunod sa larawan at wangis nito.

Higit pa sa globo at mapa, ang pag-alam at pagtutulak sa heyolohikal na pundasyon ng bayan ay nangangailangan higit sa lahat ng utilisasyon ng paggamit sa datos na mailuluwal ng disiplina ng heyolohiya.⁷⁹ Minabuti itong

⁷⁹ Pundamental na metodolohiya ng Bagong Kasaysayan sa diwa ng Pantayong Pananaw ang pananangkapan sa mga iba't-ibang mga batis na bagama't hindi disiplina ng kasaysayan (na nakasalig sa dokumento), ay mga disiplinang pangkasaysayan naman, *per se*—naiiba lamang ang metodo. Cf. Argen Rivas et



kasangkapanin upang maipaliwanag ang kumpletong larawan ng naging kaayusan ng mga bagay-bagay. Sa pamamagitan ng pananangkapan dito ay masasalungguhitan ang pagsasakasaysayang tuon sa heyomorpholohiya na nagpapahalaga sa naging ebolusyong yugto ng pagbubuong heyolohikal ng Taguig at pekularyidad na nilok ng pagbubuong ito. Tanging magiging makabuluhan lamang ang alinmang pagtatangkang unawain ang kasaysayan ng Taguig kung sisipatin at masinsinang tatalakayin ang kapaligiran o heyograpiya nito, bilang mapagpasya at mapagsaklaw na salik sa agos ng kasaysayan nito.

Pagbubuong Heyolohikal ng Taguig

Ang lokasyon ng Taguig ay nakalunan sa pwesto na nasa humigit kumulang 14° latitude, at 120° longitude at kasalukuyang mayroong kabuuang lawak ng lupa na 4,538.2 ektarya o nasa mahigit 45.382 sq. km.⁸⁰ Ang kalupaan nito ay pinalilibutan ng tatlong batayang katawang tubig ng ilog Taguig, ilog Pasig, at Lawa ng Laguna na siyang nagsisilbing likas na hangganan, at nag-uugnay sa Taguig sa iba pang, at kalapit nitong mga bayan. Bilang isang pamayanan na nasa baybay-lawa, makikita sa silangang bahagi nito ang Laguna de Bay; habang sa hilagahing bahagi naman ay ang mga kanugnog bayan ng: Pateros, Pasig at Taytay. Sa kanluran naman ay katatagpuan ang Makati at Pasay, habang ang Paranaque ay nasa timog-kanluran naman nito. Samantala, sa katimugang bahagi naman ng Taguig ay matatagpuan ang Muntinlupa, gayundin ang mga kalapit na kabayanan ng Lalawigan ng Laguna. Pinagbubukod man ang Taguig ng mga modernong demarkasyon, at mga imahinatibong linyang naghihiwalay sa bawat pook, o/at bago pa man maging isang malawak na tipak ng lupa ang Taguig na nalulukuban ng mga madadawag na katubigan, ay ang napakahabang kasaysayan ng pagbubuong heyolohikal nito na maipopook sa mga drastikong pagbabagong naganap noong anim na libo hanggang apat na libong dantaon na ang nakakaraan.


Sa pagpasok pa lamang ng unang hati ng ika-20 na siglo ay paksain na ng mga heyolohista ang paghahaka-haka sa enigmatikong pinagmulan ng lawa ng Laguna. Isa sa mga nagbaling ng pag-aaral dito noon ay ang Amerikanong *geologist* na si George Adams na nakapaglahad sa pag-aaral nito noong 1910 ng mga mahahalagang impormasyon hinggil sa mga dahilan at sirkumstansya ng

al., *Klase sa Historiograpiya ni Dr. Zeus Salazar: Metodolohiyang Pangkasaysayan* (Lunsod Quezon: Bagong Kasaysayan, 2019).

⁸⁰ Ang datos ay kuha mula sa: *Taguig City Comprehensive Land Use and Zoning Plan* ng City Development Planning Office. Hindi nalalayo ang sukat sa naging pagtatala ni Buzeta sa kanyang *Diccionario (1831)* – “*sit. en los 12º 44'30 long. 1º 32' 30 lat.*”(p.440)



pagkabuo ng lawa dulot ng naging pagsasara ng dating iisa at magkaugnay na katubigang tubig.⁸¹ Iniuugat ni Adams at maging ng iba pang mga kakontemporaryo niya, na ang mahalagang salik sa transpormasyong naganap sa pagkakabuo ng napakalawak na tipak ng lupa na namamagitan sa look ng Maynila at nang noo'y nabubuo/binubuo pa lamang lawa ng Laguna ay diumano'y dahil sa pagputok ng bulkang Taal. Magkagayunpaman, umabot man si George Adams maging ang mga kapwa niya heyolohista sa konklusyon, tila bigo ang mga ito na bigyan ng takdang petsa at mas malinaw na larawan ang naganap na transpormasyong heyolohikal, bagay na pupunan sa mga makabagong pag-aaral ng mga Pilipinong heyolohista kinalaunan.



LARAWAN 3: REKONSTRUKSYON NG PROTO-LAGUNA DE BAY. (JARAULA ET AL. 2014).

Makikita sa iba't-ibang mga pag-aaral ni Caroline Jaraula ng UP-Marine Science Institute ang isang mas malinaw na larawan at kronolohikal na pagsasalansan ng mga pagbabagong ito. Malayo sa larawan ng kasalukuyan, hindi pa umiiral sa panahon ng libong taon na ang nakakaraan ang kalupaan na namamagitan sa dalawang katawang tubig ng lawa at look.⁸² Samakatuwid, wala pang alinmang distinksyon sa pagitan ng tubig-alat at tubig-tabang, ni ng pinagmumulang daloy at pinagdadaluyan sapagkat nakaugnay pa noon sa look ng Maynila ang mabubuo o/at binubuo pa lamang na lawa ng Laguna. Ang tranpormasyong ito ay bunga ng mga serye ng mga pagbabagong heyolohikal

⁸¹ George Adams, "Geological Reconnaissance of Southwestern Luzon," *The Philippine Journal of Science* 5, blg.2 (1910): 103-105.

⁸² Caroline Jaraula et al., "Records and causes of Holocene salinity shifts in Laguna de Bay, Philippines," *Quaternary International* 349 (2014): 207-220.



bunsod ng iba't-ibang mga nakapangyayaring salik tulad na lamang ng aktibidad ng mga “hindi tukoy” na bulkan mula sa panahon ng *Pleistocene*⁸³, sa pagtaas ng talampas (*plateau*) ng Diliman at ang proseso ng walang tigil na amalgamasyon ng mga sedimentong patuloy na binabagsak mula sa kabundukan (i.e. ilog Marikina).⁸⁴



MAPA I: PORMASYONG DELTA NG TAGUIG-PASIG
[[HTTPS://TINYURL.COM/YC6A8686](https://tinyurl.com/YC6A8686)]

Maipopook mula sa ganitong likas na prosesong heyolohikal ang umpisa ng lubos na pagbabago sa “tanawin” na naidulot ng “pagsasara” ng dating magkaugnay na katawang tubig. Sa loob ng milyon at libong taon, partikular noong mga bandang 6,000 B.P ay gradwal na nakapagbuo ang penomenong pangkapaligirang ito ng mga kalupaan o *alluvial landscape/river plain* na ang ibinunga ay ang pagkakalukob sa lawa ng Laguna.⁸⁵ Sa kabilang banda, ang patuloy at walang hanggang posibilidad ng tubig na humanap ng mapaglalayagan tangan-tangan ang alubyón ay nakapagukit sa kauna-unahang pagkakataon ng pagbubuo ng pormasyong *delta* o sabangan sa Taguig mula sa maluwat na

⁸³ Maria Carmancita Arpa, Lina Patino at Thomas Vogel, “The basaltic to trachydacitic upper Diliman Tuff in Manila: Petrogenesis and comparison with deposits from Taal and Laguna Calderas,” *Journal of Volcanology and Geothermal Research* 177, Blg. 4 (2008): 1020-1034.

⁸⁴ Raymundo Punongbayan, “Ever-Changing Water Basins,” nasa *Kasaysayan: The Story of the Filipino People I*, mga pat. Raymundo Punongbayan, Prescillano Zamora at Perry Ong. (Manila: Asia Publishing Co. Ltd., 1997), 151-171.

⁸⁵ Victor Paz, “Defining Manila through Archaeology,” nasa Manila: Selected Papers of the 17th Annual Manila Studies Conference, August 13-14, pat. Bernardita Reyes Churchill (Manila and Quezon City: Manila Studies Association, Inc. and National Commission for Culture and the Arts, 2009), 1-35.



pagtatayang edad nang 4,000 taon na ang nakakaraan.⁸⁶ [Mapa 1] Likas na katangian ng sabangang ito ay ang pagkakaroon ng mga sala-salabit na mga sangay ng ilog at pagbubuo ng mga pulo-pulong lugar na makikita sa katangiang pisikal ng “pag-aanyong isla” ng Taguig.⁸⁷ Pinakumplikado ngunit mas pinabilis naman ang pagbubuong ito ng pag-iral ng iba pang mga ilog buhat sa mga esteros na perpendikular sa ilog Pasig. Pahiwatig na mayroon pang ibang pinagmumulang batis ng tubig ang mga ito.

Samakatuwid, sa pagitang taon ng 6,000 hanggang 4,000 taon na ang nakakaraan, at mula 4,000 t.n. tungo sa kaibayuhan nito ay nakatitiyak tayo na buo na ang kalupaan ng Taguig. Ang pagbubuong ito ay tumutugma sa dalawang pangunahing uri ng pormasyong heyolohikal batay sa naisagawang pag-aaral ukol sa heyomorpholohiya ng Taguig.⁸⁸ Una, ang pangunahing kalupaan ng Taguig ay *Quaternary Alluvium* na binubuo ng mga *detrital deposits* ng pinagsama-samang banlik (*silt*), buhangin (*sand*), at graba (*gravel*).⁸⁹ Habang ang pangalawa naman ay kalupaang binubuo ng tinatawag na *Guadalupe Formation*, na isang depositong piroklastiko (*pyroclastic*) na makikita sa buong Metro Manila. Binubuo ito ng mga tinatawag na *tuff* na produkto ng kómpaksyon at sementasyon ng ibinugang abo at alabok ng isang hindi pa natutukoy na bulkan.

Ang dalawang salik na ito ay pinaniniwalaang dahilan ng pagkabuo ng mga kalupaan na naghihiwalay sa kasalukuyang Laguna de Bay at ng Look ng Maynila. Ang buong mahabang taon na proseso ng pagkakatubuhan nito ay nagbigay daan upang maligiran ang Taguig ng mga katubigan dahilang upang magsilbi ito bilang akmang panahanan ng mga dumaong na Austronesyano sa Puliran sa umpisang yugto ng kasaysayan nito. Sa pinal na proseso ng pagkakalukob, ay nakapag-ukit ang pundasyong heyolohikal na ito ng isang bagay na nagtakda o nakapagdulong sa Taguig tungo sa mapantangi nitong kakanyahan. Sa pamamagitan nito ay nagsilbing likas na pintuang durungawan ang ilog Taguig at ilog Pasig para sa alinmang gawain ng paglabas (*lowas*) at pagpasok (*mamulilan*) ng lawa ng Laguna na gumampan ng isang mahalagang papel sa buong mahabang yugto ng kasaysayan nito.

⁸⁶ Victor Paz, “The Intertwined Praxis of Archaeology,” (Lektura, Museo ng Kaalamang Katutubo, November 4, 2022).

⁸⁷ Philippine Commission, *Sixth Annual Report of the Philippine Commission* (Washington: Government Printing Office, 1906), 377.

⁸⁸ Ang datos ay mula sa: *Taguig City Comprehensive Land Use and Zoning Plan* ng City Development Planning Office.

⁸⁹ Japan International Cooperation Agency, “Metro Manila and its 200KM Radius Sphere” nasa *The Study of Master Plan on High Standard Highway Network Development in the Republic of the Philippines: Final Report* (w.p: 2010), 7-6.



Ang Saysay ng Pagkabuo sa Panahong Kolonyal

Ang mga pekulyar na katangiang nililok ng pagbubuong heyolohikal ng Taguig na natapos (ngunit nagpapatuloy) noong apat na libong taon (4000) bago ang kasalukuyan ang siyang agad na sumambulat sa obserbasyon ng mga Kastila sa pagpasok ng kolonisasyon. Tinutukoy sa pagsasalarawan ni Martinez de Zuniga sa kaniyang *Estadismo* noong huling bahagi ng ika-17 na dantaon na ang dalawang pangunahing lagusan ng ilog Taguig at Pasig na kapwa mga ilog na nasa bukana ng lawa ay mga katubigang binubuo ng mahigit “labinlimang” mga ilog.⁹⁰ Kalabisan man ang kaniyang naging pagbibilang, natitiyak natin na nakapagukit nga ang heyolohikal na pormasyon sa pagitan ng 6,000 hanggang 4,000 taon na ang nakakaraan ng mga sanga-sangang ilog na naghahanap ng posibilidad na mapagdadaluyan palabas ng look at lawa. Sa mismong paraan ng pag-agos na ito ay hindi lamang daloy ang nakapaloob kung hindi binukalan din naman ng hininga ng buhay. Nagsilbing kanlungan ng panahanan ng mga Austronesyano sa Taguig ang mga pampang ng ilog at mula rito ay iniayon ang pangalan ng pinamahayanang lugar batay sa kumpas at ritmo ng pagdaloy tubig. Hindi kataka-takang mapanatili ng bayan ang mga pangalan ng mga nayong ito sa agos ng nagdaang panahon sapagkat sang-ayon sa linggwistika— ang mga pangunahing pagkilos, kalagayan at heyograpikal na katangian ng isang lugar ay mga katagang pang-wikang hindi mabilis ang pagbabago.⁹¹ Sa ganang ito, mahalaga samakatuwid sa matagal na panahon para sa mga Taguigueno ang direksyon ng pagdaloy at pinagdadaluyan. Mapagtitibay itong lalo kung tutuntunin ang batis o pinanggagalingang tubig ng ilog Taguig.

Sa naitalang pagsasakasaysayan ni Fray Juan de Medina, nabanggit nito na ang tubig ng lawa ay lumalabas sa dalawang pangunahing lagusan, na mahalaga sapagkat ang mga lagusang ito ang siyang nag-uugnay sa alinmang gawain ng paglabas at pagpasok ng lawa.⁹² Ang isang agos ay patungo sa ilog Taguig habang ang ikalawa naman ay patungo sa ilog Pasig. Dagdag pa ni Medina, nagtatagpo kinalaunan sa itaas na bahagi ang dalawang ilog, kasama ang ilog Marikina, at sa pagkakatatagpong ito ay nabubuo ang isang magandang ilog na nagtatapos sa look ng Maynila. Katunayan, ang mga “namumulilan”⁹³ o mga taong

⁹⁰ Joaquin Martinez de Zuniga, *Estadismo de las Islas Filipinas* (Madrid: Minuesa de Los Rios, 1814), 189-189.

⁹¹ Terry Crowley, *An Introduction to Historical Linguistics*, 3rd ed. (Auckland: Oxford University Press, 1997), 138.

⁹² Juan de Medina, “History of the Augustinian Order in the Filipinas Islands,” nasa *The Philippine Islands, 1493-1898*, Tomo 23, mga pat. at tsIn. Emma Helen Blair at James Alexander Robertson (Cleveland: The Arthur H. Clark Company, 1903-1909, 1630), 212.

⁹³ Pulilan/Puliran ang katawagan sa buong lawa buhat pa noong 900 M.K hanggang sa pagsapit ng mga Kastila. Makikita ito sa Inskripsyon sa Binatbat na Tanso ng Laguna maging sa *Vocabulario* ni San



pumupunta sa *lawa* na galing Maynila ay sumusuba sa hulo o *ilaya* na ayon sa pagtatala ni Domingo de los Santos sa kaniyang *Vocabulario* noong 1703 ay pumapatungkol sa buong kaligiran ng *lawa* ng Laguna, kasama na ang Pasig at Tagiig bilang mga pook lagusan na nasa *hulo* o pinanggagalingan ng tubig.⁹⁴

Samakatuwid, ang batis ng tubig ng ilog Taguig na nagmumula sa *lawa* ay maguumpisang pumasok magmula sa *Wawa* ng Taguig. Tumutukoy ang *wawa* sa isang maluwang na bunganga ng ilog na nakaugnay mula sa dagat.⁹⁵ Sa pagpasok ng tubig mula sa *Wawa* ng Taguig ay tutungo ito sa Bambang o *kanal* at sa kabilang pampang ng punong nayon ng *Santa Ana* kung saan itinatag ng mga Espanyol ang *poblacion* o sentrong kolonyal sa Taguig. Buhat dito ay mayroong dalawang sangay ang ilog sa tabi ng kumbento ng bayan.⁹⁶ Ang isa ay tumutungo sa isang ilog na higit na mas mababa at bumabaybay patungong nayon ng *Tipas* na isang malaking nayon ng Taguig at makailang ulit na nagpetisyon sa gobyernong Espanyol na humiwalay sa Taguig mula sa konsekutibong taon ng buong ika-labing siyam na dantaon.⁹⁷ Habang ang kabilang sanga naman naman ay nakaugnay pa rin sa ilog Taguig at tutungo sa *Tuktukan*. Ang *Tuktukan* ay maiuugat sa salitang ugat nito na *tuktok* habang ang *suffix* nito na *-an* ay nangangahulugang “pook na kinaroroonan ng-” na maihalalintulad sa mga pangalan ng iba pang mgapook tulad ng *Agus + an* o alalaumbaga’y pook na pinagmumulan ng agos. Sa pagtatambal ng dalawang salitang ito ay masasabi na ang *Tuktukan* ay may kahulugang *tubig na umaagos mula sa tuktok*.⁹⁸ Kaugnay nito ang *cognate* nitong *taluktok* na may *intervocalic* na “-l” na nagsasalarawan ng isang palusong o/at padalisdis na daloy.⁹⁹ Samakatuwid, taliwas sa popular na etimolohiya, wala itong kinalaman sa “pagtutuktok” ng mga damit labahan na malamang ay naging isang sapin na lamang ng pagpapakahulugan bilang anyo ng pagsasakabuluhan.¹⁰⁰ Ano’t-ano pa man, ang pagdalisdid ng tubig mula sa *Tuktukan* ay umaagos at tumutungo papuntang *Ususan*.

Buenaventura noong 1613. Cf. Jaime Tiongson, *Ang Saysay ng Inskripsiyon sa Binatbat na Tanso ng Laguna* (Pila: BAKAS at PHSEF, 2013).

⁹⁴ de los Santos, *Vocabulario de la lengua tagala*, 774.

⁹⁵ Almario, *UP Diksiyonaryong Filipino*, 946.

⁹⁶ Zuniga, *Estadismo*, 202-203.

⁹⁷ *Erección de los Pueblos-Taguig*, SDS-14025: 1820-1898, Tomo Exp.7. Fol. 40-51b at Tomo Exp. 8. Fol 62.-72b.

⁹⁸ San Buenaventura, *Vocabulario de la Lengua Tagala*, 562.

⁹⁹ William Henry Scott, *Barangay: Sixteenth-Century Philippine Culture and Society* (Quezon City: Ateneo de Manila University Press, 1994), 190.

¹⁰⁰ Pagtakhan, *Ang Tagig at ang Kanyang Kasaysayan*, 2.



Mahigpit naman na nakaugnay ang pagdaloy ng *Tuktukan* sa *Ususan*. Ayon sa *Vocabulario* ni San Buenaventura, ang *usus/usos* ay tumutukoy sa isang pamamaraan ng pag-agos ng tubig na padausdos o palusong.¹⁰¹ Katulad ng *Tuktukan* samakatuwid, ang *Ususan* ay pook na *pinagdadausdosan ng tubig paibaba*.¹⁰² Gayundin, liban pa na ang *usus* ay nakaugnay sa agos o pagdaloy ng tubig, ang salitang ugat nitong *usus* ay nangangahulugan o/at nagsasalarawan din naman ng pisikal na anyo ng ilog sa bahaging ito. Sa wikang Malay, ang *usus* ay nangangahulugang “*bituka*” na tumutugma sa mala-bituka at pakurbang heyograpihong porma ng ilog sa bahaging ito.¹⁰³ Matapos nitong *umusus* ay dadako itong huli patungo sa *Buting* na nasa bunganga ng paglabas ng ilog Pasig kung saan nagtatagpo o/at nagsasalubong ang tatlong ilog ng Marikina, Pasig, at Taguig. Bagama’t nakapaloob ang *Buting* sa teritoryal na hurisdiksyon ng Pasig, ang etimolohiya nito ay mahigpit naman na nakaugnay sa paraan ng pagdaloy sa ilog Taguig. Samakatuwid ang *Buting* ang nagsisilbing pintuan papalabas (*lungmulowas*) o papasok(*mamulilan*) ng ilog Taguig, at bintana din sa pagkaunawa sa paraan ng pagdaloy ng naturang ilog. Sa *Vocabulario* ni San Buenaventura noong 1613, nakaugnay sa katagang *Buting* ang salitang *lagaklak* na ang kahulugan ay tunog ng buhos ng tubig na nahulog mula sa itaas.¹⁰⁴

Katulad ng nabanggit na, ang mapantanging kakanyahan ng Taguig na nilikha buhat sa pagbubuo nito ay maituturo sa mismong estratihikal na lokasyon ng bayan. Isang mahalagang impormasyon ang mahuhuthot sa naging obserbasyon ni Fray Gaspar San Agustin hinggil sa naging pagtatala nito ukol sa mismong lokasyon ng Taguig bilang isang pook tagpuan na nag-uugnay sa Maynila at Laguna de Bay sa pamamagitan ng ilog Pasig.¹⁰⁵ Ang gampanin na ito ng Taguig bilang pintuan ang siyang nagtatakda sa lokasyon nito bilang isang estratihikal na espasyo. Katunayan, ang papel ng lokasyon nito bilang pook tagpuan ay lubos na naging mahalaga sa ugnayang namamayani sa pagitan ng *ilaya-ilawud* magmula pa sa maagang kasaysayan nito. Implisito ito sa maraming mga artefak na nahukay sa Taguig, na lalong mas papalawakin sa ikaapat at ikalimang kabanata, maging sa naging pagtatala ni San Buenaventura noong 1613 sa kaniyang *Vocabulario* na nagbabanggit kapwa sa ilog ng Taguig at Pasig bilang mga primaryang lagusan. Ito ang dahilan kung bakit minsang naobserbahan at

¹⁰¹ San Buenaventura, *Vocabulario de la Lengua Tagala*, 100.

¹⁰² Noceda at San Lucar, *Vocabulario de la Lengua Tagala*, 373.


¹⁰³ William Girdlestone Shellabear, *An English-Malay Dictionary* (Singapore: Methodist Publishing House, 1916), 281.

¹⁰⁴ San Buenaventura, *Vocabulario de la Lengua Tagala*, 331.

¹⁰⁵ San Agustin, *Conquistas de las Islas Filipinas*, 42.



naitala ng mga Espanyol ang pagsasagawa sa kahabaan ng ilog *Taguig* at *Pasig* ng mga gawain ng paghaharang o pagpipigil sa mga kalakal na buhat sa *Laguna*, sa layuning itinggal upang ibenta ito sa *Maynila* ng mas mahal.¹⁰⁶



MAPA 2: 1787 PLAN DE MANILA, SU BAHIA Y PUERTO DE CAVITE
[[HTTPS://TINYURL.COM/35A23XAU](https://tinyurl.com/35A23XAU)]


Mapapatotohanan sa mapang-lilok ng nataguriang 1787 *Gongora-Almodovar Map* [Mapa 2], ang pagkakasapantaha sa higit na pagiging madawag ng ruta patungong ilog *Taguig* kung ihahambing sa lagusan ng pa-ilog *Pasig*. Sa katunayan, sa pagsapit ng ika-16 na dantaon ang pagiging prominenteng ruta ng ilog *Taguig* ay hindi lamang makikita sa obserbasyon dito ni *San Buenaventura* bagkus maging sa kadahilanang dito rin naman dumaan ang pwersa sina *Salcedo* matapos ang matagumpay nilang pagsasakatuparan nang paggalugad sa *Tayabas*.¹⁰⁷ Gayundin naman, sa pagsapit ng ika-18 na dantaon, isa rin ito sa mga ginamit na ruta ng mga *Ingles* sa panahon ng okupasyon noong 1762 hanggang 1764. Samakatuwid, nakatitiyak tayo na mula sa kolonyal na pagsambulat ng ika-17 na dantaon at sa pagdatal ng buong ika-18 na dantaon ay nanatiling naging pangunahing lagusan ang ilog *Taguig*. Magpapatuloy ito hanggang sa pagsapit ng ika-19 na dantaon, kung saan, tanging ang ilog *Taguig* at ilog *Pasig* sa

¹⁰⁶ Pedro San Buenaventura, *Vocabulario de la Lengua Tagala* (Valencia: Librerias Paris-Valencia, 1994), 250.

¹⁰⁷ Gregorio Zaide, "The Last of the Conquistadores," *Philippine Magazine* Tomo 29, Blg. I (June 1932): 300.



pamamagitan ng Napindan ang tanging mga prominente na ruta na maaaring paglayagan.



LARAWAN 4: CROQUIS DE LA BARRA DE NAPINDAN (1866)
[HTTPS://RB.GY/JZKVB](https://rb.gy/jzkvb)

Bagama't mayroong naitalang limang lagusan papalabas at papasok ng lawa noong ika-19^{ng} dantaon na kinabibilangan ng: Wawang Tapayan [na kinalalagan ngayon ng Tapayan Pumping Station], Napindan, Tipas, Taguig at Hagonoy, tanging ang ilog Pasig sa pamamagitan ng Napindan *channel* at ilog Taguig lamang talaga ang angkop na paglayagan. Dangang ang ibang nabanggit na mga lagusan ay mga makikitid na sanga lamang ng ilog na tanging maliliit na bangka lamang ang pwedeng makapaglayag.¹⁰⁸ Sa kabilang banda, ang paglalayag sa dalawang pangunahing ilog ng Taguig at Napindan ay may kaakibat na suliraning kinakaharap para sa mga manlalakbay at mangangalakal. Ang natural

¹⁰⁸ Ugaldezubiaur, *Memoria Descriptiva de la Provincia de Manila*, 17-18.



o likas na penomenon ng nagpapatuloy na amalgamasyon ng mga sedimyento sa dalawang entrada, buhat sa mismong kadahilanan ng pagbubuong heyolohikal ng Taguig, ay nakapaghahambalang sa mga bangka sanhi upang sumadsad ang mga sasakyang pantubig sa Taguig at Napindan na nagdadala ng mga tao at kalakal. Ang mga buhangin na nagmumula sa kabundukan na dinadala naman ng agos ng tubig ay bumabagsak patungo sa bunganga ng ilog Taguig, at sa pagbagsak na ito ayon kay Zuniga ay extraordinaryong nakapagbubuo ng mga “*isletas ó barras*” na nagpapababaw sa tubig at nagiging balakid sa bunganga ng wawa ng dalawang pangunahing lagusan ng lawa.¹⁰⁹

Isang pamosong anekdota na nagpapatunay sa balakid sanhi ng pamumuo ng mga buhangin ay ang karanasan ni Rizal nang ma-*stranded* ito sa Napindan patungong Maynila.¹¹⁰ Katangian kasi ng lugar ang pamumuo ng mga bara na masasalamín sa toponomiya ng salitang *Napindan* na hango sa salitang ugat nito na *pindan* na nangangahulugang *nagsara* dahil sa bara.¹¹¹ Ayon sa ulat ni Padre Manuel Buzeta noong 1831, nakakaapekto at nakapipilay sa mobilisasyon ng mga tao, komersyo’t ekonomiya mula sa inaangkat na produkto tulad ng alak at tabako tungong *ilaya*, at mulang *ilaya* tungong Maynila ang mga pamumuo ng mga sedimyentong ito.¹¹² Sinusugan ito ng prominenteng Kastilang pulitiko na si Don Juan Alvarez Guerra na nagsasabing kung hindi magsasagawa ang kolonyal na pamahalaan ng mga proyektong dragado sa Napindan ay nagbabadya ito ng isang malaking balakid para sa mga bangka.¹¹³ Hindi kasi makapaglayag ang mga tao/kalakal buhat sa probinsya ng Laguna na tutungong Maynila dahil ang mga *hulls* o gawing ilalim ng mga sasakyang pandagat tulad ng *Parao* ay sumasadsad sa mga ito.

Sanhi ng ganitong suliranin at halaga ng dalawang lagusan sa kalakalan at paglalakbay; makailang ulit na nagsagawa ang pamahalaang kolonyal na Kastila ng mga *dredging project* o mga dragado upang regular na alisin ang mga

¹⁰⁹ Zuniga, *Estadismo*, 189-190.

¹¹⁰ National Heroes Commission, *Letters between Rizal and Family members* (Manila: National Heroes Commission, 1964), I.

¹¹¹ Itinumbas ni Pagtakhan (1963) ang salitang *napindan* bilang *nabutas*. Subalit, mapapatunayan sa paraan ng paggamit ng salitang ito sa mga popular na teksto na ang tunay na kahulugan talaga ay *nasarhanan*. Tingnan ang: Gaspar Astete, at Jeronimo Repalda, *Casaysayan nang Doctrina Cristianang napapalaman sa Catecismo quinatha* (Binondo: Imp. De San Miguel Sanchez, 1868), 161.

¹¹² Buzeta, *Diccionario*, 440.

¹¹³ Juan Alvarez Guerra, *Viajes por Filipinas de Manila a Tayabas* (Madrid: Imprenta de Fortanet, 1887), 27.



nakakaperwisyong *sandbar* sa layuning palalimin ang ilog.¹¹⁴ Sa katunayan, isang drastikong kaparaanan ay nang minsang nagsagawa ang kolonyal na pamahalaan ng isang proyekto noong 1803 sa ilog Taguig.¹¹⁵ Layunin ng naturang proyekto na *i-canalized* at pagtayuan ng istrukturang tinatawag na *groynes* ang bukana nito. Ang pagtatayo nito ay sa layuning mapabuti ang daloy ng tubig at gayundin upang hindi maipon ang sedimyentong likas na namumuo sa wawa nito.¹¹⁶ Sa kasamaang palad, hindi gaanong naging epektibo ang pagpapatayo ng mga ito upang permanenteng masolusyonan ang ganitong likas na suliranin. Kaya naging mahalaga buhat dito ang mga hakbangin ng pakikibagay bilang tugon sa hamong hinahapag ng kapaligiran. Ayon deskripsyon ni Honorato Lozano noong gitnang hati ng ika-19 na dantaon, upang patuloy na mamobilisa ang mga tao at kalakal, ang mga malalaking sasakyang dagat tulad ng *Parao* na hindi makapasok sa bunganga ay napipilitan na lamang na iangkla sa entrada ng “Taguic” at Pasig.¹¹⁷ Mula rito ay inililipat ang mga pasaherong lunan at mga kargamento sa mga mas maliliit na bangka na tutungong Maynila upang makipagkalakalan. Partikular sa bangkang *Casco* na isang sasakyang pangkaraniwang ginagamit ng mga mangangalakal sa pagkarga ng kanilang mga kalakal. Maitutugma ito sa iba pang mga kolonyal na tala tulad na lamang ng pagsasalaysay ni Padre Zuniga hinggil sa pagdidiskarga sa mga *parao* na may lunan ng mga tao o mga kalakal sa bukana ng wawa dulot ng pamumuo ng mga bara. Aniya:

Labinlimang ilog ang dumadaloy sa lawa ng Laguna, at dahil binukalan ng maraming tubig ang lugar, maraming mga buhangin ang ibinabagsak mula sa mga kabundukan. Sa lahat ng mga lugar kung saan dumadaloy ang ilog, ang mga buhangin ay bumabagsak sa ilalim kung saan sa ibang lugar ay naiipon ito at gradwal na nakakapagpababaw sa lawa... Ang lawa ay pansamantalang nasasarhan ng lubos sa puntong may pagkakataong mga maliliit na bangka lamang ang pwedeng makapaglayag, dahil dito isang kinakailangang bagay ang magdiskarga/maglapag ng lulan sa mga *parao* na tutungong Maynila upang makipagkalakalan, at muli na

¹¹⁴ Don Fausto Cruzat y Gongora, “Ordinances of Good Government”, nasa *The Philippine Islands, 1493-1898*, Tomo 50, mga pat. at tsln. Emma Helen Blair at James Alexander Robertson (Cleveland: The Arthur H. Clark Company, 1903-1909, 1696), 198; NAP-SDS 13822: *Spanish Manila*, Leg.8_0638.

¹¹⁵ Xavier Huetz de Lemps, “Waters in Nineteenth Century Manila,” *Philippine Studies* 49, Blg. 4 (2001): 497.

¹¹⁶ NAP-SDS 13822: *Spanish Manila*, Leg. 8_0626.

¹¹⁷ Jose Honorato Lozano, *Album: Vistas de Las Yslas Filipinas y Traces de sus Abitantes* (np: 1847), 16.



lamang itong hahakutin/kargahin matapos makatagos sa bara ang sasakyang dagat.¹¹⁸

Konsistent ang pagtatalang kolonyal sa buong ika-19 na dantaon sa ganitong penomenon.¹¹⁹ Marapat na sipiin mula rito ang obserbasyon ng etnolohistang Aleman na bumisita sa Pilipinas mulang 1859-1860 na si Fedor Jagor. Ayon sa kaniyang naging obserbasyon at pagtatanong ay kaniyang napagalaman na dati ay maaaring makapaglayag ang malalaking mga bangka sa ligid ng lawa ng Napindan at Taguig. Subalit ito ay tuluyan nang nahahadlangan ng mga kumpol na putik na nakapagdudulot ng bahura, na lalong pinapalala sa tuwinang sumasapit panahon ng tag-ulan.¹²⁰ Magpapatuloy ang ganitong rekursibong suliranin na idinudulot ng pagbagsak ng mga sedimyento mulang kabundukan ng Sierra Madre hanggang sa pagpasok ng ika-20 na dantaon. Sa isang nailathalang artikulo sa pahayagang *El Progreso* noong 1900, tinukoy nito na isang mahalagang salik sa pagbubuo ng mga *sandbank* sa Napindan ay ang ilog Marikina na isa rin sa mga sanhi sa pagbabaha sa Taguig na nakapagdudulot ng kalupaan nitong latian.¹²¹

Tila mapapatotohanan naman ito sa ika-anim na taunang ulat ng *Philippine Commission* noong 1905. Kung saan nagbigay ulat ang *Office of Port Works* sa ilalim ng *Department of Commerce and Police* hinggil sa kalikasan ng ilog Pasig. Naitala sa naturang ulat, ang kasanhiang matagal nang natanto noon pa man sa buong kurso ng kolonisasyong Espanyol hinggil sa pagbagsak ng mga malaking bilang ng mga sedimyento sa Sierra Madre na pinapadaloy sa pamamagitan ng ilog Marikina. Hindi lamang ito bumabagsak at dinadala ng daloy ng tubig sa wawa ng Maynila, kung hindi maging sa wawa kapwa ng Taguig at Napindan.¹²² Kinumpirma din sa naturang ulat sa kung papaano nabuo ang sabangang pormasyon ng Taguig-Pasig, tulad din naman ng pagkakabuo nito sa sabangan ng Maynila.¹²³ Masasalamin ito sa kaparehong suliranin ng “pagbabara” sa Tondo na nasa bunganga’t dausdusan ng *ilawud*. Katunayan, nabanggit ito ni Antonio de Morga noong 1609 na hinahatak pa sa Tondo (Sanskrit: *Tunda*=beak; Malay: *Tunda*=tow) ang mga malalaking sasakyang dagat dahil sa mga obstruksyon ng mga

¹¹⁸ Zuniga, *Estadismo*, 189-190.

¹¹⁹ Lemps, “Waters in Nineteenth Century Manila,” 497.

¹²⁰ Fedor Jagor, *Travels in the Philippines* (London: Chapman & Hill, 1875), 68.

¹²¹ Mahalagang bagay ang pagsalungguhit sa kalupaang latian ng Taguig sapagkat nakaugnay ito sa ikatlong kabanata hinggil sa kung bakit isang pook *taga-alog* ang Taguig. Cf. D.n, “Las Provincias: Manila, Provincia,” *El Progreso*, Hunyo 21, 1900, 2.

¹²² Philippine Commission, *Sixth Annual Report of the Philippine Commission*, 377.

¹²³ *Ibid.*



sandar liban na lamang sa mga *fragatas*, *vireys*, *casco* atbp. na maihalintulad sa kaso ng ilog Taguig at ilog Pasig.¹²⁴

Ang Nagbabagong Kapaligiran

Sa kabilang dako, ang nabanggit na pamamaraan ng pagdaloy kapwa sa ilog Taguig at ilog Pasig ay hindi determenistiko. Sa madaling sabi ay ang pagiging permanente ng agos ng tubig na tuwinang papalabas lamang mula sa lawa ang ritmo. Mayroong dinamismo sa likod ng pagkakaroon ng tinatawag na *flow reversal* o ang pasalongat na pagdaloy. Isa sa mga kadahilanan nito ay nasasalalay sa antas at taas ng tubig sa pagitan ng lawa at ng look. Sa tuwing sumasapit kasi ang *dry season* mulang buwan ng *Disyembre* hanggang *Mayo* di hamak na mas kakaunti ang lebel ng tubig of lawa kaysa sa look dahil upang ang tubig ng look ay tumungo papuntang lawa.¹²⁵ Samantalang sa pagsapit naman ng *wet season* kung kailan napupuno ang lawa ng tubig dahil sa amihan, ang nangyayari naman ay ang kabaliktaran.¹²⁶ Sa pangyayaring nagkakaroon ng *backflow* mulang look tungong lawa ay ang pagpasok at pagtatagpo ng tubig tabang at ng tubig alat sa lawa na paborable sa mga mangingisda at mang-iitik ng Taguig sapagkat napapanatili nito ang balanseng ekolohikal na nagbibigay ng mga sustansya sa mga isda sa lawa.¹²⁷ Ang pagtatagpong ito ay nagdudulot ng mabilis na paglaki at panginitlog ng mga isda kaakibat ng pagdami din ng tulya at suso na pangunahing pagkain ng mga pato.¹²⁸ Samantalang sa pagdatal naman ng buwan ng *Mayo* ay bumabalik na sa normal na pagdaloy ang ilog. Tag-ulan kasi ang panahong ito at mas mataas ang antas ng tubig ng lawa kaysa sa look, kaya naman ito ang panahon nang paglabas ng tubig-alat sa Laguna de Ba'i.

Sa kasamaang palad, tila artipisyal na lamang o hindi na nasusunod ang ganitong natural at likas na daloy ng tubig bunsod na rin ng mga istrukturang likha ng tao tulad ng *hydraulic structures* at mga *flood control gates* na itinayo upang kontrolin ang agos at lebel ng tubig. Ang mga istrukturang ito na may kakayahan na salungatin ang natural na ritmo ng likas na kapaligiran, ay napatayo sapagkat

¹²⁴ Antonio de Morga, *History of the Philippine Islands*, salin nina E.H Blair at J.A Robertson (Cleveland: The Arthur H. Clark Company, 1907), 295.

¹²⁵ D.n., *The Laguna de Bay Master Plan Final Report* (n.p: LLDA, 1995), 10-11.

¹²⁶ G RA Paronda, Carlos David, at Dahlia Apodaca, "River flow pattern and heavy metals concentrations in Pasig River, Philippines as affected by varying seasons and astronomical tides," (paper presented at The 5th International Conference on Water Resource and Environment, Macao, 2019), 13-14.

¹²⁷ Adelina Santos-Borja, "The Control of Saltwater Intrusion into Laguna de Bay: Socioeconomic and Ecological Significance," *Lake and Reservoir Management* 10, Blg. 2 (1994): 214.

¹²⁸ Ligaya Tiamson-Rubin, *Petroglyphs ng Angono: Mga Tula* (Quezon City: Collective Arts Publishing House, 1999), 36-37.



naging pangkaraniwang senaryo ang pagbaha na nararanasan ng Taguig. Liban pa kasi sa naliligiran ang bayan ng katawang tubig, isang salik ang pagiging likas na mababang pook ng kalupaan nito. Kaya kung papansinin, mayroong mga kabahayan sa Taguig na mas mababa pa kaysa sa mismong kalsada. Kung kaya naman pagtatambak ang naging solusyon dito para makaiwas sa pagbaha.¹²⁹ Sa katunayan, maaaring maipaliwanag mula sa ganitong sanhi kung bakit napagkasunduang ilipat ang munisipyo ng Taguig mula sa orihinal na kinatatayuan nito sa Santa Ana patungong Tuktukan na may bahagyang kataasan.¹³⁰ Sa kaparehas na kadahilanan din ang pagkakatirik ng himlayang Katoliko ng mga Espanyol sa dating himlayan-at-pamayanan ng sinaunang Taguig sa *Tuktukan*, na ayon sa obserbasyon ni Beyer noong 1930's ay nakalunan sa isang pinakamataas na bahagi ng gulod¹³¹ na maaaring aniya'y paglilibing na kinagawian na ng mga sinaunang "Taguigeno" noon pa man. Samakatuwid, maaaring ipaliwanag na malay ang mga sinaunang tao noon sa Taguig sa palasak na danas nila ng baha, kung kaya't minabuti na lamang itayo ang itinatag na pamayanan sa bahaging mataas. Samantalang maipaliwanag naman ang patuloy na pananatili nila dito dahil sa prestihiyong dala ng pakikipagkalakalan.

Sa pinal na analisis, ang pagbubuong heyolohikal ng Taguig na umukit ng isang pook na mababa at napapalibutan ng mga sala-salabit na mga ilog na dumadaloy mula sa lawa ng Laguna ay nakapagdulot ng natural na tendensiya na maging tampulan ng pagbaha ang lugar mula pa noong panahong una.¹³² Bunga nito, hindi kataka-taka na sa baha rin naman umiinog ang ilan sa mga pangunahing tema ng mga kwentong may kwenta sa Taguig bilang pagsasakabuluhan ng kanilang danas.¹³³ Makikita ito hindi lamang sa pagmimito sa pangalan ng Taguig, bagkus gayundin, maging ang leyenda sa likod ng pamimintakasi kay Santa Anang Banak, na ano pa't ayon sa malaganap na kwentong bayan ay umakay sa mga Taguigeno at nagpalabas ng maraming mga isdang banak sa ilog Taguig matapos mapinsala ang mga palayan ng mga Tagagiik dahil sa nararanasang pamanahunang pagbaha. Sa kabilang banda, liban sa mga kwentong bayan bilang midyum ng pagsasakabuluhan ng danas, mapatotohanan din sa mga kolonyal na tala ang pagiging bulnerable ng Taguig sa penomenong ito sanhi ng mga nabanggit na salik. Konsistent ang deskripsyon dito ng mga talang

¹²⁹ Encila, "Historiograpiya ng Taguig," 77.

¹³⁰ Sa bisa ng *Executive Order 311*, s. 1958 ay inililipat ang munisipyo ng Taguig mula sa dating Santa Ana tungong Tuktukan.

¹³¹ H. Otley Beyer, *Catalogue of the Tagig Site* (Manila: 1932), 3.

¹³² Hilarion Diez, *Mapa General de Las Almas Que Administran Los Padres Agustinos Calzados* (Mexico: Con Licencia, 1818), 6-7.

¹³³ Emerita Quito, *A Structural Approach to Philippine Epics* (Pasay: Museo ng Kalinangang Pilipino, 1989), 3.



kolonyal sa Taguig bilang lugar na madalas makaranas ng pagbaha dulot ng pangyayaring napapalibutan nga ito ng tatlong batayang katawang tubig—ang ilog Taguig, Pasig, at *Puliran*, na nalilok buhat sa napakahabang taon ng pagbubuong heyolohikal nito. Sang-ayon sa pagtatala ni Gaspar de San Agustin:

[Ang Taguig] ay matatagpuan sa bunganga ng malaking ilog ng Manila na nakaugnay sa lawa ng Bay ... Ito ang dahilan kung bakit ang lugar na ito ay madalas magbaha, na tumatabon sa maraming mga kabahayan.¹³⁴

Ito naman ay sinusugan din at isinalarawan ni Agustin Cavada noong 1876 na nagsasabing liban pa sa pagiging tagpuan ng mga katubigan—ang pagiging patag ng kalupaan ng Taguig ang siyang dahilan kung bakit lubos na binabaha ang pangunahing mga lansangan nito.¹³⁵ Kadalasan pa nga ay metaporikal na “nabubura sa mapa” ang Taguig bunga ng lubos na pagbaha gaya nang naiulat sa *Diario de Manila* noong 1883.¹³⁶ Samakatuwid, ang nararanasang pagbaha batay sa mga siniping tala ay produkto at lilok ng mismong heyograpiya. Ngunit katulad ng ipapakita sa ikatlong kabanata, mahihinuhang ang danas sa hamong ito ay nahahanapan ng kasapatang tugon ng ating mga ninuno kung saan ang mga suliraning nililikha ng kanilang likas na kapaligiran ay nalalapatan nila ng kaangkupan. Ang pagkamalay kasi sa katangian ng kanilang kapaligirang ginagalawan, at mahigpit na kaisahan sa mga ito ang dahilan kung bakit hindi suliranin para sa mga *Tagagiik* ang pakikipamuhay sa kanilang kalikasan. Bagkus, naisasalin nila ang hamon ng kanilang ginagalawang kapaligiran tungo sa kanilang ikagagaling at kapakinabangan. Isang extraordinaryong halimbawa nito ay makikita sa pagtatala ni Ugaldezubeaur na kawangis ng naitala ni Chirino sa bayan ng Taytay¹³⁷ hinggil sa hindi pangkaraniwang pamamaraan ng pag-aani ng palay. Sa panahon kasi ng anihan na sumasakto sa araw ng pagbaha, inaani ng mga *Tagagiik* ang palay sa pamamagitan ng pagsakay sa bangka.¹³⁸

¹³⁴ San Agustin, *Conquistas de las Islas Filipinas*, 446.

¹³⁵ Agustin de Cavada, *Historia geográfica, geológica y estadística de Filipinas* (Manila: Imp. De Ramirez y Giraudier, 1876), 55.

¹³⁶ D.n, “Carta Confidencial: De como vamos a hacer lacosa,” *Diario de Manila*, Hunyo 24, 1883, I.

¹³⁷ Pedro Chirino, “Relation of the Philippine Islands,” nasa *The Philippine Islands, 1493-1898*, Tomo 12, mga pat. at tsln. Emma Helen Blair at James Alexander Robertson (Cleveland: The Arthur H. Clark Company, 1903-1909, 1604), 210-212.

¹³⁸ Palasak ang ganitong katangian sa mga Tagalog na nasa kaligiran ng lawa. Cf. Lars Ubaldo, “Ang IBTL Bilang isa sa mga Batayan ng Pag-iral ng Pamayanang Tatawaging Katagalugan” nasa *Ang Saysay ng Inskripsyon sa Binatbat na Tanso ng Laguna*, pat. Jaime Figueroa Tiongson (Pila: Bagong Kasaysayan & Pila Historical Inc., 2010).



Sa kasalukuyang panahon, dahil sa pangmatagalang bisa ng heyograpiya, ay hindi pa rin nawawala ang ganitong penomenon. Sa panahon ng dating *Municipal Mayor* na si Jose Pagtakhan (1963), kaniyang naitala ang halos taon-taong paglubog sa tubig ng Taguig na karaniwang nagaganap tuwing buwan ng Agosto, Setyembre, at Oktubre.¹³⁹ Katunayan, maraming kakakitaan na mga istrukturang naipatayo sa Taguig upang kabakahin ang pagbaha. Bilang panlaban sa pamanahunang pagbaha lalo na sa tuwing umaapaw ang lawa—makakakitaan ang ligid ng ilog Taguig ng mga matataas na istrukturang kinatatayuan ng *slope protection structure* na tumatayong pananggalang sa pag-apaw ng ilog. Gayundin, makikita rin sa mga bukana ng lawa ang istruktura tulad ng *Taguig Pumping Station*, at *Tipas Pumping Station* na nagpapaagos sa mga estatikong tubig na naiipon sa lugar upang protektahan ang mga pamayanang nasa kaligiran ng lawa laban sa pagbaha.

Ang likas na disastre ng pagbaha sa mga pamayanang nasa ligid ng lawa na kinabibilangan ng Taguig ang dahilan kung bakit naisabalangkas noong panahon ng Pangulong Ferdinand Marcos ang isang pagtatangkang magkaroon ng isang *Flood Control Project*. Nasasaad sa orihinal na plano ng naturang proyekto ay ang pagtatayo ng *Manggahan Floodway*, *Napindan Hydraulic Structure*, *Marikina Dam* at *Paranaque Spillway*¹⁴⁰ na sa kasamaang palad ay hindi kabuuang naisakatuparan dahil sa kakulangan ng *budget*. Ang tanging naitaguyod lamang sa mga panahong ito ay ang *Manggahan Floodway* (1986) na isang artipisyal na lagusan ng tubig na lumalagos sa lawa, at ang *Napindan Hydraulic Structure* (1983) na siyang kumokontrol naman kapwa sa pagbaha at pumipigil sa pagpasok ng tubig-alat at maruming tubig papasok ng lawa sa tuwing magkakaroon ng *flow reversal*.

Bahagya mang naresolbahan ng proyektong ito ang pagbaha na nararanasan ng Maynila, naging negatibo naman ang pagpapatayo nito para sa mga nasa pamayanang nasa kaligiran ng lawa tulad ng Taguig, Rizal at Laguna. Matapos kasing punuin ng *Manggahan Floodway* ang lawa na nagmimistulang isang malaking timba, tanging ang ilog Pasig na lamang ang inaasahang magluwa ng mga labis na tubig ng lawa palabas ng look ng Maynila. Sa laki ng bolyum ng tubig na tangan ng lawa lalo na sa tuwing bumabagyo, ay hindi ito kinakaya ng ilog Pasig ng mag-isa. Nagiging sanhi ito upang umapaw ang tubig at magdulot ito ng malawakang pagbaha na mapaminsalang ipinamalas ni Ondoy noong 2009

¹³⁹ Pagtakhan, *Ang Tagig at ang kanyang Kasaysayan*, 86.

¹⁴⁰ Richard Martin Rinen at Norio Maki, "Flood Control Projects in the Philippines: A Historical Overview," *Muhon: A Journal of Architecture, Landscape Architecture and the Designed Environment* 8 (2021): 35.



sa buong Kamaynilaan. Bagaman nga may muling pagtatangkang buhayin ang hindi natapos na proyekto, ang hindi nito pagsasakatuparan ang dahilan kung bakit magpahanggang sa kasalukuyan ay nananatiling bulnerable sa pagbaha ang Taguig at mga pamayanan na nasa ligid ng lawa.¹⁴¹



LARAWAN 5: "FISHING IN THE TAGUIG RIVER, A SHORT DISTANCE FROM MANILA"
DETROIT FREE PRESS, JANUARY 11, 1932

Mayroong malalim na kasaysayan ang hinaing na ito na maitutulak pa mula sa taong 1919 matapos makaranas ang buong Metro Manila ng malawakang pagbaha. Sa mga panahong ito ay nagkaroon ng kapasiyahan ang Konseho Municipal ng Taguig na nagmumungkahing butasan ang *Mauling Creek* na lalagos sa Paranaque bago tumungong Look ng Maynila na sinang-ayunan naman ng Junta Provincial.¹⁴² Sa kasamaang palad, pumanaw ang noo'y gobernador ng probinsya ng Rizal na si Andres Gabriel at kinahalili ito ni Arcadio Santos (1920-1922) na taga-Paranaque. Nagkaroon ng dimensyong pulitikal at sosyal ang pagtutol sa tangkang paghuhukay sa binabalak na lagusan sa kadahilanang pangunahing masasagasaan ng mungkahing ito ang industriya ng pag-aasin sa Paranaque.¹⁴³

Gayunpaman, sa pagkakatayo ng mga istrukturang nakapipigil sa pagbaha ay ang kaakibat nitong kabalintunaan. Ang istruktura kasing nagliligtas sa sakuna ang siya rin mismong naglalayo sa mga Taguigeno sa kanilang

¹⁴¹ Michael D. Pante, "The Politics of Flood Control and the Making of Metro Manila," *Philippine Studies* 64, Blg. ¾ (2016): 555-592.

¹⁴² Naging usapin ito hanggang sa pagsapit ng taong 1935. Cf. D.n, "Money for Canal," *The Tribune*, October 26, 1935, 8.

¹⁴³ Pagtakhan, *Ang Tagig at ang kanyang Kasaysayan*, 84-85. Binabanggit ni Zuniga na ang pag-aasin ang pangunahing hanapbuhay ng mga taga-Palanyag. Cf. Zuniga, *Estadismo*, 297.



kinagisnang maritimong kalinangan. Bilang halimbawa, nagkaroon sa isang banda ng negatibong epekto para sa kabuhayan ng mga tao ang pagkakatatag ng mga matatayog na *slope protection structure* sa ilog Taguig. Isa sa mga naging kumplikasyon nito ay ang pagkawala ng mga mangingisda ng mapagpopondohan ng mga bangka na tumutungo sa lawa upang makapamalaot.¹⁴⁴ Ito ang dahilan kung bakit sa kasalukuyan, kakakitaan na lamang sa may Napindan ang konsentrasyon ng industriya ng pangingsda, kung saan ang mga huli ay ibinebenta sa pamilihan nito. Buhay na buhay ang pangingsda sa Napindan, kakakitaan din ito ng mga pader na bahagya lamang ang kataasan na bukod sa hahadlang sa pag-apaw ng tubig ay ginagawa ring pondohan ng mga mangingisda.

Sa kabilang dako, buhay man ang gawaing pangingsda, naging suliranin para sa mga mamamalakaya ng Taguig at ng mga nasa paligid nito ang naitayong *Napindan hydraulic structure*. Malaki ang naging dagok nito sa industriya ng pangingsda sapagkat bunga ng pagpigil ng naturang istruktura sa pagpasok ng tubig-alat ang siyang naging primaryang sanhing labis na nakakaapekto sa paglaki at paglago ng mga isda sa lawa.¹⁴⁵ Mangyari pa, naging sanhi din ito ng pagkakaroon ng mga *water hyacinth (eichornia crassipes)* sa ilog at ilan pang mga *predator species* tulad ng *snake turtle, knife fish, at janitor fish*.¹⁴⁶ Kung dati rati ay bultuhan ang huli ng mga mangingisda ng mga ayungin at iba pang mga isda sa lawa, ngayon ay lubos labis na itong nabawasan.

Heyograpiya at Kabuhayan: Kaginhawahang Bayan

Tagapagtakda at tagpagbigay hugis din ng paraan ng pagkilos ang mismong ginagalawang kapaligiran at nagbibigay daan sa uri ng pamumuhay na iniinugan ng mga Taguigeno. Dahil sa ang Taguig ay naliligiran ng katawang tubig ang siyang dahilan kung bakit liban sa gawaing agrikultural, isa ang pangingsda sa mga batayang hanapbuhay at pinagkukuhanang ginhawa ng mga mamamayan nito.¹⁴⁷ Deskriptibo at mausisang naitala ni Padre Joaquin Martinez de Zuniga ang mga kagamitang pamalakaya na kanyang napansing ginagamit ng mga taga-Taguig maging ang *function* o paraan ng paggamit nito. Ilan sa kanyang

¹⁴⁴ Rook Cruz, personal na panayam ng may-akda, Taguig, 10/23/22.

¹⁴⁵ Gilles Boeuf at Patrick Payan, "How should salinity influence fish growth?," *Comparative Biochemistry and Physiology* 130, Blg. 4 (2001): 411-423; Adelina Santos-Borja, "The Control of Saltwater Intrusion into Laguna de Bay: Socioeconomic and Ecological Significance," *Lake and Reservoir Management* 10, Blg. 2 (1994): 214.

¹⁴⁶ Bill Casas, "Lack of saltwater in Laguna Lake equals hyacinth boom," *Manila Standard*, November 19, 2017.

¹⁴⁷ Diez, *Mapa General*, 6-7.



mga naobserbahan ay ang bangkang *Salambaw* at ilan pang mga uri ng instrumentong panghuli tulad ng *baklad/bungsod (corrales)*, *pukot*, *buslo*, *bubo* atbpa. Masasalungguhitan itong pagtukoy sa huli sapagkat ang instrumentong ito ang mismong pinaghalawang pangalan ng isang *sityo* sa Hagonoy, Taguig na ang pangalan ay *Bubuan* o pook na maraming *bubo* na kaugnay o/at kahalintulad ng ilan pang mga pangalan sa Kamaynilaan tulad ng Baklaran = Bakladan (*lugar na maraming baklad*). Dahil nga sa naliligiran ang bayan ng katubigan, walang hanggan ang pagiging sagana sa yamang tubig na nahuhuli dito. Ayon nga sa pagsasalaysay nga ni Zuniga:

What the main line of this town does is fishing; As the main mouth of the lagoon drains into its river, it is the one that takes advantage of its fish the most. They have an infinity of means of catching them; In addition to the various kinds of hammocks and hooks used elsewhere, they have corrals, salambaos, and a kind of mousetrap for fishing.¹⁴⁸

Ang kagamitang isinalarawan ni Zuniga noong 1814 ay tumutugma sa pintang mangingisda na pinamagatang “*Pescador del Rio de Taguic*” na ginuhit ng isang Aleman na si *Carl Johann Karuth* nang minsang bumisita ito sa Pilipinas noong 1850’s at nakapang-asawa ng Pilipina.¹⁴⁹ Ginuhit nito sa kaniyang pamamalagi ang naobserbahang mangingisdang Tagagiik na may hinahawakang kasangkapang pangisdang *buslo* na tumutugma sa obserbasyon ni Zuniga, na ginagamit ng mga mangingisda bilang panghuli at, lagakan o sisidlan ng mga nahuling isda tulad ng dalag, kanduli, biya, ayungin at iba pa.



LARAWAN 6: PESCADOR DEL RIO DE TAGUIC
(CARINO 2004)

Sa kabilang banda, masasabing ang mga kagamitang pamalakaya tulad ng *bubo*, *salambaw*, *buslo* ay hindi mabubuo

¹⁴⁸ Zuniga, *Estadismo*, 202-203.

¹⁴⁹ Cf. Jose Maria Carino at Sonia Pinto Ner, *Album: Islas Filipinas 1663-1888* (Manila: Ars Mundi, 2004).



kung hindi nalinang ang kaalaman sa pamamagitan ng pagtatanim ng kawayan— na angkop tamnan, at tumutubo sa mga klimang tropikal tulad ng Pilipinas, at lupaing latian nang katulad sa Taguig. Ang kasaganahan sa *kawayan* ay isa sa mga naging prinsipal na obserbasyon ng mga dayuhang Kastilang minsang napadpad sa Taguig tulad na lamang ni Padre Manuel Sainz noong unang bahagi ng ika-20 na dantaon.¹⁵⁰ Aniya: “...and in Taguig there are notable plantations of the cane called *bamboo*, which is used to make the fabrics or *sauales* used in the partitions.” Mababanggit sa pagtatalang ito ni Sainz ang obserbasyong matagal ng nabanggit noon pa man nina Martinez de Zuniga at Ildefonso de Aragon, kung saan sang-ayon sa kanila, sa pamamagitan ng pagtatanim ng kawayan ay nalilikha ng mga Tagiik ang mga produktong tulad ng *sawali* o *woven split bamboo mats* na ginagamit bilang partisyon at dingding ng mga kubo.¹⁵¹ Ang gawaing ito ay isang gawaing paglikhang preokupasyon ng mga kababaihan ng Taguig bukod sa iba pang mga gawain tulad ng pangangisda at pagtatahi ng mga kasuotang gawa sa bulak o *algodon*.¹⁵²

Ang kahusayang ito ay tangan-tangan ng mga Taguigueno at magpapatuloy hanggang sa kontemporaryong panahon. Sa katunayan, ang pagpapatuloy ng paggawa ng sawali mula sa mga kawayan ay mapapatotohanan sa pagpasok nang unang hati ng ika dalawampung dantaon batay sa pagtatala ng dating Municipal Mayor ng Taguig na si Jose Pagtakhan. Sang-ayon sa kaniyang pagsasalarawan sa mga pangunahing hanapbuhay ng bayan, ganito ang kaniyang sinasabi:

Ang kasaganaan sa kawayan ay nagbunsod din sa maraming mamamayan, lalo sa mga nayon ng Tipas at Palingon, na mahilig sa paggawa ng sawali, na isa ring hanapbuhay na dati-dati ay malusog at nagpapanhik ng kabuhayan.¹⁵³

Ang kasaganahan ng pagtatanim ng kawayan ay tumutugma din sa naging primaryang obserbasyon ng anthropologong si H. Otley Beyer noong 1930's sa Taguig kung saan kanyang nakita ang patungkol sa mga gulod na nilulukuban ng mga *bamboo grove*.¹⁵⁴ Sa mga kawayan na ito samakatuwid kumukha ng kaginhawaan ang mga Tagagiik, at napakaraming mga mamamayan nito ang

¹⁵⁰ Manuel de M. Sainz, *Vida del Martir Vizcaino Beato Valentin de Berrio-Ochoa de la Orden de Predicadores* (Vergara: Imprenta de el Santisimo Rosario, 1906), 160.

¹⁵¹ Ildefonso de Aragon, *Descripcion geografica y topografica de la Ysla de Luzon o Nueva Castilla* (Manila: En la Imprenta de D.M.M Por D. Anastacio Gonzaga, 1819), 33-35.

¹⁵² Buzeta, *Diccionario*, 440.

¹⁵³ Pagtakhan, *Ang Tagig at ang kanyang Kasaysayan*, 86.

¹⁵⁴ Beyer, *Catalogue of the Tagig Site*, 3.



naging kilala sa paglikha ng mga produktong tapos gamit ang kawayan. Isa na rito ay ang grupo ng nagngangalang Kulas Cruz ng Taguig na laging kinokomisyon ng Malacanang noong dekada 60's hanggang 70's sa paggawa ng mga disenyong kawayan at sawali.¹⁵⁵ Marahil mula rin naman sa kasaganahang ito masasalamang ang dahilan sa likod ng pangalan ng simbahang itinatag sa Tipas, Taguig na itinatag noong ika-2 ng Hulyo taong 1573¹⁵⁶—ang *Dambanang Kawayan*, na umiiral pa rin hanggang sa kasalukuyan. Bagama't yari na sa bato ang buong istruktura nito upang sumabay sa pagsulong ng modernong panahon, patuloy pa ring pinananatili ang disenyong kawayan sa loob o interyor nito. Mangyari pa, may praktikal na gamit din ang pagtatanim ng kawayan liban sa paglikha mula rito ng mga produktong tapos tulad ng *sawali* na isa mga naging pangunahing industriya ng Taguig simula pa noong panahong sinauna. Naitalang minsan ni Padre Martinez de Zuniga, sa kaniyang pagtatanong sa isang prinsipalya, na ang mga itinatanim na kawayan ng mga Taguigueno malapit sa simbahan ng Santa Ana ay nagsisilbi ding mabisang pananggalang noong panahon ng kolonyalismong Espanyol para sa malakas na bugso ng hanging nagmumula sa lawa.¹⁵⁷

Sa kabilang dako naman, bukod pa sa pagsasaka, pangingsida, at paglikha ng mga sawali mula sa kawayan, nagbibigay daan din ang heyograpiya ng Taguig sa pag-iral ng hanapbuhay ng mga mamamayan nito noon na nakasentro sa panghuhuli ng mga suso, o yaong mga tinatawag na *caracolos*.¹⁵⁸ Ang pag-iral kasi ng mga yamang tubig tulad ng suso at tulya sa ilog at lawa ang siyang pangunahing pagkain ng mga itik na ang itlog ay ginagawang *balut*. Sa ganitong kadahilan kung bakit hindi lamang sa Pateros nakakabit ang industriya ng pag-iitik bagama't mas nakilala ito sa ganitong gawain. Sa katunayan pa nga minsang nagkaroon ng bansag na “*tagig*” bilang pangtukoy sa mga itik na nanggagaling at nalilikha ng bayan. Gawain na ito noon pa man, at isa rin sa mga napuna ng mga Kastila sa kanilang pagkakatagpo sa Taguig. Isa maraming halimbawa na nakapagtala ng kanilang obserbasyon ang misyonerong si Juan Francisco de San Antonio, kung saan kanyang nabanggit sa isinulat na ulat ang pagkakaroon ng maraming mga pato at gansa sa Taguig.¹⁵⁹

¹⁵⁵ Angelito Balderrama, personal na komunikasyon ng may-akda, Messenger, Agosto 25, 2023.

¹⁵⁶ Batay sa *panandang pangkasaysayan* na nakapiit sa simbahan.

¹⁵⁷ Zuniga, *Estadismo de las Islas Filipinas*, 101.

¹⁵⁸ Cf.D.n, *A Gift of Faith*, 41.

¹⁵⁹ Juan Francisco de San Antonio, *Chronicas de la Apostolica Provincia de S. Gregorio de Religiosos Descalzos* (Manila: 1738), 50.



LARAWAN 8: ITIKAN SA TAGUIG (1986)



LARAWAN 7: ITIKAN SA TAGUIG (2022)

Ang gawaing ito ay sinusugan naman ni Zuniga sa kanyang tala't banggit na sa katunaya'y di-hamak daw na mas mainam at mas napapanatili sa Taguig ang pag-aalaga ng mga itik kaysa sa mga kalapit nitong mga bayan—i.e. Pateros.¹⁶⁰ Habang mas naging detalyado naman ang naging pagkahangang pagsasalarawan dito ni Padre Juan Ferrando noong ikalabing siyam na dantaon hinggil sa metodo ng pag-aalaga ng itik kapwa sa Taguig at Pateros, mula sa proseso ng paghahanda hanggang sa tuluyan itong mapisa, ani niya:

The method used by the Indians of Pateros and Taguig to hatch the eggs of the ducks is admirable. They throw them in large cauldrons, a kind of cauldron, between the husk of the rice grain, and only with the slow heat of the fire they make them hatch and raise them by the thousands. They form their houses near the river; they feed them with small snails that they take in abundance from the same river or from the Bay Lagoon. The eggs are salted without opening them, a skill they have learned from the Chinese, and they sell them at a good price. The breeding of ducks is the main subsistence of of these people.¹⁶¹

Dahil sa matagalang bisa ng heyograpiya bilang tanghalang tagapagbigay hulma ang dahilan ng patuloy na pananatili ng gawaing nakasentro sa pag-iitik hanggang sa sumapit ang kolonyalismong Amerikano. Sa *census* na

¹⁶⁰ Zuniga, *Estadismo*, 202.

¹⁶¹ Juan Ferrando, *Historia de los PP. Dominiccos en las Islas Filipinas* (Madrid: w.p, 1870), 28-29



isinagawa noong 1905, mababanggit ang pagpapatuloy ng industriya ng pagpapato na ekstensibong isinasagawa sa kahabaan ng ilog Taguig at ilog Pasig.¹⁶² Tatawid ang ganitong industriya ng pag-iitik hanggang noong maging bahagi ang Taguig ng probinsya ng Rizal, kung saan sa tuwing usaping “pag-iitik” ay palaging Taguig at Pateros ang pamoso sa ganitong gawain. Yayamang tinatayang noong 1932 ay may sampung libong pato mahigit ang bilang na makikita rito.¹⁶³ Sa kasalukuyan, nananatili pa rin ang ganitong uri ng pamumuhay sa may Napindan, kung saan ang mga itlog na nalilikha ang siya rin mismong pinanggagalingan ng ilan sa mga *balut* na nalilikha ng Pateros.¹⁶⁴

¹⁶² Philippine Commission, *Census of the Philippine Islands Volume 4* (Washington: U.S Bureau of Census, 1905), 131.

¹⁶³ Isayas Salonga, *Rizal Province Directory* Volume I (Manila: General Printing Press, 1934), 132.

¹⁶⁴ Think Big Taguig, “Itikan sa Napindan, Taguig,” Abril 12, 2022, video, <https://fb.watch/hM-Mwuzyw2/>

KABANATA 3

Ang Rizikultura sa Taguig

Sa mga bayan ng Pasig, Pateros—at higit lalo na sa Taguig at Muntinlupa—ang mga tao ay nagtatanim ng mga uri ng palay na kapansin-pansing kayang kumabaka sa pagbaha na umaabot ng dalawa hanggang tatlong metro ang lalim. Gumagamit sila ng mga canoe para sa pag-aani, upang putulin ang mga espigas. (Ugaldezubiaur 1880, 32)



ng palay o bigas (*Oryza sativa*) ay isa sa mga pangunahing ani ng bansa at ang pagkain ng karamihan ng mga Pilipino. Maraming prosesong kailangang pagdaanan, at kaakibat na mga gawain upang ganap na maging bigas ang isang palay. Bahagi ng prosesong ito ay ang tinatawag na paggiik ng palay na, katulad ng naipakita na sa ikaunang kabanata, ay ang siyang pinagbuhatang pangalan ng bayan. Sang-ayon sa *UP Diksiyonaryong Filipino*, tumutukoy ang giik ng mga Tagalog (*giʔik*), Cebuano (*giʔúk - giʔuk*), Maranao (*gik*), Aklanon (*giʔok*) at iba pa, sa isang proseso ng “*paglugás sa palay sa pamamagitan ng mga paa*”.¹⁶⁵ “*Darâ*” ang katawagan dito ng mga Kapampangan (*Trillar el arroz con los pies*)¹⁶⁶, samantalang “*Linás*” naman ang katawagan dito sa Hiligaynon at Bikolnon maging sa iba pang mga wika sa Pilipinas.¹⁶⁷ Sa yugto ng prosesong ito ay iniaalis sa pamamagitan ng pagdapurak ng paa ang mga butil ng palay sa mismong uhay o *stalk* nito, na nagdudulot ng pagkati ng balat dahil sa mapulbos na sangkap na bumabalot sa butil ng palay, tangkay at dahon ng halaman na tinatawag na *gilik*. Kapagdaka’y pinaaarawan ito ng isang buong araw na kadalasan ay tradisyunal na ipinapatuyo

¹⁶⁵ Almario, *UP Diksiyonaryong Filipino*, 291.

¹⁶⁶ *sub “dara.”* Bergaño, *Vocabulario de la lengua Pampangan*, 97.

¹⁶⁷ *sub “linas”.* Marcos de Lisboa, *Vocabulario de la lengua Bicol*, (Manila: Est. Tip. del Colegio de Santo Tomas, 1865), 225; John Kauffman, *Visayan-English Dictionary* (Iloilo: La Editorial, 1900), 273.



LARAWAN 9: "INDIOS PILANDOS ARROZ"
NI HONORATO LOZANO
[HTTPS://RB.GY/KN6KN](https://rb.gy/KN6KN)

sa patag ng kalsada, na iniwasan naman ng mga nagdaraang mga sasakyan. Ginagawa ito upang maiwasan ang posibilidad na magkaroon ng panginitim ang butil, at gayundin naman ay lumuwag ang pagkakakapit ng ipa sa butil mismo. Samantala, likas na indikasyon na puwede nang sumailalim sa pagpapagiling ang isang butil matapos ibilad ay nasasalalay sa malutong na pilantok ng butil kapag ito ay kinagat. Sumasailalim ang bawat butil sa gawain na tinatawag na *pagtatahip* kung saan inilalagay ang butil na may ipa sa isang bilao at mula rito ay isinasagawa ang ritmo ng patuloy na paghagis paitaas ng butil. Sa pamamagitan nito ay naihihiwalay ang mga ipang walang butil, mga *binlid* o lamat na bigas, gayundin maging ang mga maliliit na bato na hindi maiwasang naisasama sa simpleng kadahilanang sa kalsada nga ito binibilad. Matapos ang lahat ng ito ay handa nang sumailalim sa huling hakbangin ng paggiling ang bawat butil ng bigas.¹⁶⁸

Sa kasalukuyang panahon, mayroong mga modernong panggiling na de makina subalit tradisyunal dito na minana pa sa mga Austronesyano ay ang paggamit pa rin ng mga *halo* [PMP **qahelu* = pestle] at *lusong* [PAN **Nusun* | PMP/Proto Malayo-Polynesian **lesun* = rice mortar] na ginagamit bilang pangbayo ng palay upang maihiwalay ang butil sa ipa nito bago maging ganap na bigas.¹⁶⁹ Isang halimbawa nito ay ang *halo* at *lusong* (alsong ken al-o) ng nataguriang "bangkang pangpinawa" (dahil sa hugis bangka ito) na kasalukuyang nasa pangangalaga ng Pambang Museo sa Ilocos. Karaniwan ay ginagawa ito ng dalawang tao na salit-salitang bumabayo upang mas mapabilis ang gawain ng pagtanggap ng ipa na tinatawag na *asod* [PPH **qasúd* = pound rice in tandem]. Kung gayon,



LARAWAN 10: "BANGKANG
PANGPINAWA"
[HTTPS://RB.GY/FSC2I](https://rb.gy/FSC2I)

¹⁶⁸ Cf. Zeus Salazar, "Palay, Bigas, Kanin: Ang Pagkaing Pinoy," (unpublished manuscript, 2013b), kompyuterscript, 32.

¹⁶⁹ "Languages Index," Austronesian Comparative Dictionary, muling inaksos: Oktubre 16, 2023, <https://rb.gy/eb7v7>.



pundamental na maunawaan ang *giʔik* bilang isang bahagi ng isang buong kompleks na proseso ng paglilinanang ng palay hanggang sa maging ganap ito na bigas, o sa madaling sabi ay ang rizikultura. Nakapaloob ang katagang ito sa talasalitaang Austronesyano, indikasyon na bahagi ng pangkalinangang reyalidad ng kanilang pag-iral ang proseso sa paggiik ng palay at nagpapakita ng halaga nito bilang konsepto sa kanilang umiiral na kamalayan.



LARAWAN II: PINTA NI PONYONG MAGLIPON NG TIPAS (1960)
[HTTPS://TINYURL.COM/444TYTT2](https://tinyurl.com/444TYTT2)

Kung susundan ang talaan ng mga kataga sa *Austronesian Comparative Dictionary* maituturo na may dalawang uri ng kaparaanan ang mga Austronesyano sa paggiik ng palay. Ang unang metodo ay sa pamamagitan ng pagdapurak ng palay gamit ang paa, habang ang pangalawang metodo ay ang metodo ng paghampas o tinatawag din na paspas.¹⁷⁰ Ayon kina Robert Blust, ang *giik* na implisito sa pangalan ng bayan ay *reflex* ng Proto Austronesyanong anyo nito na *iRik at *Riqek na ang kapwa kahulugan ay *thresh with the feet (as rice)*, at *thresh grain by trampling*.¹⁷¹ Malaganap na metodo ito hindi lang sa buong Pilipinas, *giʔuk* ito sa Cebuano, *giʔok* sa Aklanon, *giʔek* sa Manobo, *irik* sa Ilokano, at *ilík* naman sa mga Kankanaey na magkakahalintulad ang ibig sabihin. Gayundin, tila lumilitaw din at nagkaroon ng sapin ng pagpapakahulugan ang *paggiik* sa lebel ng Proto Western Malayo-Polynesian sa anyo ng *lanzak na may kahulugang step, tread on.¹⁷² Sa mga “Muna” ng Timog Silangang Sulawesi, ang *landa* ay hindi lamang


¹⁷⁰ Vide “Muna Dictionary,” Webonary, inakses: Oktubre 17, 2023, <https://rb.gy/yxr3j>. *sub* “landa”.

¹⁷¹ Robert Blust, “Austronesian Etymologies: III,” *Oceanic Linguistics* 25, Blg ½ (1986): 77-78.

¹⁷² Isang malaganap na Austronesyanikong metodo ang paggiik gamit ang paa. Vide *Austronesian Comparative Dictionary*: PWMP *lanzak step, tread on*



nangangahulugang: *tread*, at *step on*, bagkus *thresh rice by treading* din. Ang gawaing ito kadalasan ay nangangailangan ng isang pahalang na hawakan upang mapanatili ang balanse ng *Tagagiik* ng palay. Sa ibang mga etnograpihong pag-aaral sa Pilipinas, ang paggigiik ng palay sa pamamagitan ng paa ay nangangailangan pa ng isang hawakang hindi nakapirmi o gumagalaw tulad na lamang ng katawan ng mga puno. Ito ay sapagkat maaaring ang tutubong tangkay ng palay ay maliit at mabuwal.¹⁷³ Samantalang ang mga dayami naman o natirang tangkay ng palay na pinaggiikan ay hindi mara pat na sunugin upang ang binhi ay maging matibay at malago.¹⁷⁴



LARAWAN I2: GIİK SA PAMAMAGITAN NG PAA
[[HTTPS://TINYURL.COM/3XUHF9DJ](https://tinyurl.com/3XUHF9DJ)]

Sa kabilang dako, ang *PAn* *paspas naman bukod sa pangkaraniwang kahulugan nito bilang *mabilisang pagkilos* ay may kahulugan din namang *thresh by beating* o a *method of threshing in which the rice is beaten with sticks* na samakatuwid ay paghahampas sa palay gamit ang patpat.¹⁷⁵ Tanging ang Kavalan at Amis lamang ng *Formosan* ang may ganitong pakahulugan samantalang ang Bikol lamang ang nagtataglay nito sa *Western Malayo Polynesian* na wika. Mayroong pagkakahawig ang



LARAWAN I3: GIİK SA PAMAMAGITAN NG PAGHAMPAS NG PATPAT [[HTTPS://TINYURL.COM/373N73RU](https://tinyurl.com/373N73RU)]

¹⁷³ Emma Sarepta Yule, "Some Superstitions and Customs of Filipino Farmers," *The Journal of International Relations* (1919): 233-234.

¹⁷⁴ *Ibid.*, 224.

¹⁷⁵ Robert Blust, "Historical Linguistics and Archaeology: An Uneasy Alliance," nasa *New Perspectives in Southeast Asian and Pacific Prehistory*, mga pat. Philip Piper et. al. (Canberra: ANU Press, 2017), 277.



metodong ito sa kapamilya nitong pangwika na *Tai-Kadai* na lumaganap sa kalupaang Timog Silangang Asya, kung saan kapwa pamamaraan din ang metodo ng paggiik sa pamamagitan ng paa, at metodo ng paghahampas. Ang ganitong uri ng tradisyunal na pamamaraan ay napakabagal at kumakain ng maraming oras, sapagkat masinop at mano-mano itong ginagawa. Kaya naman malaking tulong ang nagagawa ng mga moderno at abanteng teknolohiya tulad na lamang ng mga makinang pangbukid (i.e. *combine harvester*) na awtomatikong sumasala at humihiwalay sa mga butil ng bigas mula sa uhay ng palay.

Katulad ng ipapakita sa kabanatang ito, mayroong bakas ng mahabang kasaysayan ng agrikultura sa palay ang Taguig kapwa sa mga batis historikal at datos arkeyolohikal. Isang masasabing primarya at napakahalagang salik na nagbigay posibilidad para sa ganitong naaangkop na gawain ay ang ekolohikal na kondisyong kinalalagyan ng Taguig na binibigyang hawan ng mismong heyograpiya nito. Magsisilbing tuntungan ang heyograpiya ng Taguig at kaugnayan nito sa pagtanim ng palay sa pamamagitan ng pag-uugnay dito sa dalumat ng “saka” at “alog” upang higit na maunawaan ang pagsasakonteksto ng gawaing agrikultural sa Taguig sa masaklaw na mundo ng Katagalugan. Katunayan, masasabing ang mga dalumat na ito pa nga ang isa sa mga kumon na pagkakahalintulad ng mga Tagalog, partikular ng mga bayang nasa baybay lawa. Sa ganang ito, upang maunawaan ang kasaysayang agrikultural sa Taguig, nararapat lamang na maunawaan muna ito sa mas malawak na larawang historikal na kinasasangkutan nito magbuhat pa sa panahong Austronesyano.

Ang Agrikultura ng Palay sa Paglaganap ng mga Austronesyano

Hindi lamang ginhawa ang hatid ng palay at tagpaghulma ng ating kabihasan. Malalim nitong hinubog ang ating pagkakakilanlan, sapagkat masasabing kung wala ang palay hindi magiging posible ang paglaganap ng mga Austronesyano. Bagama’t wala pang malinaw na konsensus sa hanay ng mga dalubhasa, pinaniniwalaan ng ilang mga arkeyologo at dalubhasang pangwika na napasinayaan sa pamamagitan ng sentral na papel at halaga ng palay ang migrasyon ng mga Austronesyano, liban na lamang sa lugar ng Oceania kung saan hindi nakarating ang palay sa panahon ng ekspansyong Austronesyano.¹⁷⁶ Pinakamalaganap at pinakakumbinsidong teorya ukol sa likod ng mga kadahilanan sa pinagmulang pagkilos ng mga Austronesyano ay halaw mula sa

¹⁷⁶ Peter Bellwood, “The Checkered Prehistory of Rice Movement Southwards as a Domesticated Cereal—from the Yangzi to the Equator,” *Rice* 4 (2011): 93-103.



modelong “*Out-of-Taiwan*” ni Peter Bellwood.¹⁷⁷ Para sa teoryang ito, mahalaga ang papel na ginampanan ng Pilipinas bilang pangalawang lunduyan ng ekspansyon ng mga Austronesyano magmulang Taiwan tungong Luzon noong bandang 2,200 B.K bago tumungong Borneo at Sulawesi noong bandang 1,600 B.K at kaibayuhan ng Indonesia, Sumatra at Java noong 1,300 B.K.¹⁷⁸ Tumutugma sa pagpasok ng panahong neolitiko, naging posible sa pamamagitan ng mga kasangkapang batong makikinis ang paggawa ng mga bangka, at sa pamamagitan ng mga bangka ay nagkaroon ng posibilidad ng malawakang migrasyon mula sa konserbatibong tantsa ng pinaglagapan nito mulang Madagascar hanggang Easter Island.

Sa kabilang banda, halos sinonimo sa tuwing babanggitin ang *Out-of-Taiwan hypothesis* ang *Farming-language dispersal hypothesis* na inihain din naman ni Bellwood bilang kumbensiyunal at arketipal na pagpapaliwanag sa global na penomenon ng paglaganap ng iba pang mga grupong pangwika, kabilang ang mga Austronesyano.¹⁷⁹ Sang-ayon kay Bellwood, ang pag-unlad ng kaalaman at teknika ng mga Austronesyano sa paglinang ng palay (*oryza sativa*) maging ng iba pang butil tulad ng *dawa* o *millet* (*Setaria italica* at *Panicum miliaceum*) na tinatayang umpisang nalinang sa ilog ng Huang He at Yangzi bago ang 6000 B.K. Sa pagpasok ng 4,500 B.K ay nakapagbukas ng landas sa paglilipat-pulo o/at paglaganap ng mga ito.¹⁸⁰ Sa madaling sabi, habang lumalaganap ang mga magsasaka, lumalaganap din ang kanilang wika kasama nila. Sa pamamagitan kasi ng pagkakaroon ng katiyakan o seguridad sa mapagkukuhanan ng pagkain ay ang kaakibat nitong demograpikong paglago na nakapagdulot ng hindi isang mapipigilang pagnanais ng mga Austronesyano na tumuklas ng bagong teritoryo.¹⁸¹ Sa proseso ng pagpapalawak ng teritoryo ay ang gradwal na pagdomina at paghalinhan ng mga Austronesyano sa pamamagitan ng kanilang rizikultura, kompleks na pamumuhay at teknolohikal na superyoridad sa mga naroroon ng mangangalap-at-mangangaso sa buong Kapuluang Timog Silangang Asya.¹⁸² Habang nirerekognisa rin naman na sa kabilang banda ay may nangyaring

¹⁷⁷ Peter Bellwood, “The Austronesian Dispersal and the Origin of Languages,” *Scientific American* 265, blg. 1 (1991): 88-93.

¹⁷⁸ Peter Bellwood, *First Islanders: Prehistory and Human Migration in Island Southeast Asia* (Oxford: John Wiley & Sons Inc., 2017), 181.

¹⁷⁹ Mark Donohue at Tim Denham, “Farming and Language in Island Southeast Asia: Reframing Southeast Asian History,” *Current Anthropology* 51, Blg. 2 (2010): 223.

¹⁸⁰ Peter Bellwood, *First Farmers: The Origins of Agricultural Society* (Oxford: Blackwell Publishing, 2005), 1-2. Tingnan din ang: Bellwood, *First Islanders: Prehistory and Human Migration in Island Southeast Asia*, 219-226.

¹⁸¹ Peter Bellwood, “Some Observations on the Transeurasian Language Family, From the Perspective of the Farming/Language Dispersal Hypothesis,” *Evolutionary Human Sciences* 2 (2020): 1.

¹⁸² Bellwood, *First Islanders: Prehistory and Human Migration in Island Southeast Asia*, 219.



“pagkakasal” sa pagitan ng mga agrikulturista at ng mga grupong mangangaso’t-mangangalap.¹⁸³

Sa ganitong kaso maihahalimbawa ang sityo ng Nanguanli sa Taiwan na parte ng “kulturang Dabenkeng” na tinatayang umiral noong 3,500-2,500 B.K at isang pinakamaagang neolitikong kulturang natagpuan sa Taiwan. Isang mahalagang bagay ang naturang pagkakatuklas sapagkat natagpuan dito ang pinakamatandang ebidensya ng kultibasyon ng palay at dawa na lampas sa modernong hangganan ng Tsina¹⁸⁴ at nagpapatunay na ang mga maagang Austronesyano sa pre-Tsinong Taiwan ay mayroon nang kaalaman sa paglinang ng palay na nag-umpisa mga bandang 2850 B.K—2650 B.K.¹⁸⁵ Ang malawak na terminolohiya at bokabularyo sa kanilang mga proto-pangwikang may kinalaman sa palay at prosesong kinapapalooban nito ay konkretong patunay ng katumpakan ng ganitong uri ng hipotesis. Habang ipinapalagay naman na sa pamamagitan ng kaalaman at kasanayan sa paglilinang ng palay ay ang idinulot nitong demograpikong paglago sa Taiwan. Nakitaan ng pagdami ng populasyon ang Taiwan mulang maagang neolitiko sa tayang petsang 3,500 B.K hanggang gitnang neolitiko ng 2,000 B.K, na siyang petsang hangganang tumatahi sa pag-uumpisa ng paglilipat-pulo ng mga Austronesyano mulang Taiwan patungong Pilipinas noong 2,000 B.K din.¹⁸⁶

Sa kabilang dako, may reserbasyon ang ilang mga paham sa ganitong tipo ng hypothesis bunga ng kakapusan ng arkeyolohikal na ebidensyang magpapatunay at kakaunting arkeyobotanikal na pag-aaral hinggil dito.¹⁸⁷ Para sa mga dalubhasang pangwika tulad nina Laurent Sagart, ang kompleks na mga kataga para sa palay sa PAn ay hindi isang matibay na batayan at hindi nangangahulugan ng pagiging malaganap nito kung ihahambing sa dawa o *millet*.¹⁸⁸ Sa katunayan, katulad ng nabanggit na, hindi purong “magsasaka” ang mga Austronesyano sa Taiwan, na nagtatanim din naman ng dawa. Sa katunayan, may suliranin sa kronolohiya ang *hypothesis* ni Bellwood sapagkat ang petsa ng

¹⁸³ Jared Diamond at Peter Bellwood, “Farmers and their Languages: The First Expansions,” *Science* 300 (2003): 597-603.

¹⁸⁴ Tsang Cheng-hwa, “Recent Discoveries at the Tapenkeng Culture Sites in Taiwan: Implications for the problem of Austronesian Origins,” nasa *The Peopling of East Asia*, mga pat. Laurent Sagart, Roger Blench, Alicia Sanchez-Mazas (London&New York: RoutledgeCurzon, 2005), 71.

¹⁸⁵ Zhenhua Deng et al., “Early Austronesians Cultivated Rice and Millet Together: Tracing Taiwan’s First Neolithic Crops,” *Frontiers in Plant Science* 13 (2022): 1-15.

¹⁸⁶ Bellwood, “The Checkered Prehistory of Rice,” 96-97.

¹⁸⁷ Tim Denham, “The Austronesian Dispersal in Island Southeast Asia,” nasa *The Oxford Handbook of Prehistoric Oceania*, mga pat. Ethan Cochrane at Terry Hunt (Oxford: Oxford University Press, 2018), 48-68.

¹⁸⁸ Laurent Sagart et al., “A Northern Chinese origin of Austronesian agriculture: new evidence on traditional Formosan cereals,” *Rice* 11, Blg. 57 (2018): 5.



millet o dawa na natagpuan sa situ ng Nagsabaran sa Hilagang Luzon ay mas maaga pa kaysa sa petsa ng butil ng palay na natagpuan sa Andarayan. Sa ganang ito, nananatiling katanungan pa rin kung tunay bang kakontemporaryo ng paglaganap ng Austronesyano mulang Taiwan ang paglaganap din naman ng palay. Maidadagdag pa dito ang kritisismo nina Tim Denham at Mark Donohue sa *hypothesis* ni Bellwood kung saan krinitisa ng mga ito ang kakulangan ni Bellwood na sumangguni sa agham ng henetika (*genetics*) kung saan hindi aniya mapatotohanan na nagkaroon ng malawakang migrasyon ng mga agrikulturista mulang Taiwan na sumakop o/at humalinhan sa mga mangangaso't-mangangalap sa buong kapuluan ng Timog Silangang Asya.¹⁸⁹ Ang monolitikong sapantaha sa populasyon ng Timog Silangang Asya bago ang mga Austronesyano bilang payak na pagtukoy sa mga grupo ng mangangaso't-mangangalap lamang ay pinasubalian naman ni Marian Klamer na sa kaniyang pag-aaral ay sinikap patunayan na bukod sa mangangaso't-mangangalap ay mayroon nang mga manlalakbay-dagat at agrikulturista bago pa man ang naging “alon” ng mga Austronesyano.¹⁹⁰

Ang Pagpasok ng Palay sa Pilipinas

Alinpaman ang paniwalaan sa masalimuot na usapin at pagkakaugnay ng palay at migrasyon, nakatitiyak tayo sa kasalukuyang nalalaman sa arkeyolohiya, na nakapasok na ang kaalaman sa palay sa Pilipinas noong bandang 1,500 B.K pa lamang. Masasangayunan ito sa pinakamaagang arkeyolohikal na patunay ng pagsapit ng rizikultura sa Pilipinas na natagpuan sa Andarayan sa Yungib Arku sa Cagayan kung saan natuklasan ang mga ipa ng palay at retaso (*fragments*) ng tangkay nito na nakalunan sa isang luwad na maaaring ginawa bilang “aditibo” sa mga ito.¹⁹¹ Ang petsang pagtatakda ng naturang ipa batay sa metodong *radio carbon dating* ay tinatayang 1520-1380 B.K—na siyang batayan ng kasalukuyang pagtataya kung bakit 1500 B.K pa lamang ay tiyak na mayroon ng kaalaman sa pagtatanim ng palay sa Pilipinas.¹⁹² Sinundan naman ito ng pagkakatuklas ng *charred rice grains and spikelet* sa situ ng Magapit, sa parehong erya

¹⁸⁹ Donohue at Denham, “Farming and Language in Island Southeast Asia: Reframing Southeast Asian History,” 225.

¹⁹⁰ Marian Klamer, “The Dispersal of Austronesian Languages in Island Southeast Asia: Current Findings and Debates,” *Lang Linguist Compass* 13 (2019): 17-19.

¹⁹¹ Bryan Snow et al., “Evidence of the Early Rice Cultivation in the Philippines,” *Philippine Quarterly of Culture & Society* 14 (1986): 3-11.

¹⁹² Zeus Salazar, *Pamayanan, h-k. 500,000-250,000 BK – 1588 MK: Unang Yugto ng Kasaysayan ng Kapilipinuhan* (Quezon City: Bagong Kasaysayan, 2013), 63-65.



ng Cagayan Valley, na may petsang 1,050 B.K bilang kapwa patunay ng pinakamaagang ebidensya ng kultibasyon ng palay sa Pilipinas.¹⁹³

Malaki ang masasabing implikasyon ng pagkakaroon ng kaalaman sa pagtatanim ng palay, kasabay kasi nito ay ang transisyon tungo sa pagestabilisa ng permanenteng panirahan. Magkatuwang samakatuwid sa tagpong ito ang bahayan at palayan, gayong nagdulot ang seguridad sa pagkain nang pagdami ng populasyon. Sa ganitong konteksto magkakaroon ng kabuluhan ang katagang “banwa” bilang sinaunang katawagan ng mga Austronesyano hindi lamang sa “lupain/tirahan” ayon kay Otto van Dempwolff kung hindi ang “nakatira” at “tumitira rito”. Sa pagbubuod ni Salazar sa nuot na konsepto ng “banwa” batay sa sapin-saping antas ng kasaklawang semantiko nito mulang “lupa”, “lupalop”, “langit”, “bangka”, “daungan” atbpa.:

...ang banwa ay ang mundong nakikilala/kinikilala/nararamdaman at nasasaklaw ng abot-tingin at abot-dama ng tao, bilang indibidwal at komunidad. Kumbaga, isa itong kognitibong mapa ng kapaligirang heyograpikal, kultural, at isipirtwal na napapalawak o napapakitid ayon sa abot-tanaw at abot-dama ng isang komunidad.¹⁹⁴

Samakatuwid, nakaugnay dito ang mga bagay na bahagi ng kanilang kabuuang persepsyon, at isang bahagi nito ay ang tinutukoy ni Blust na mga bagay na nagbibigay sustena sa kanilang pag-iral—i.e. palayan, batis ng tubig, libingan.¹⁹⁵ Sa mundo ng Katagalugan, ang cognate ng “banwa” bilang “bayan” ay magmumula sa salitang “bahayan” [sal. ugat. Bahay = ba(h)ay-an = baay-an = bay-an] bilang pagbubuklod-buklod ng maraming mga bahay bilang isang komunidad.¹⁹⁶ Naging posible una sa lahat ang pagbubuklod na ito dahil mayroong pananim na kinakailangang alagaan, mulang paghahasik, paglago at pag-aani ng mga palay.¹⁹⁷ Samakatuwid, maraming tao ang kinakailangan na malapit sa mga taniman upang mapangalagaan ito. Habang nakaugnay naman sa buong kompleks nito ang BaRani o bagani/bayani na siyang nagpapanatili naman

¹⁹³ Zhenhua Deng et al., “The first discovery of Neolithic rice remains in eastern Taiwan: phytolith evidence from the Chaolaiqiao site,” *Archaeological and Anthropological Sciences* 10, blg. 6 (2018): 6.

¹⁹⁴ Zeus Salazar, *Ang Pilipinong Banua/Banwa sa Mundong Melano-Polynesiano* (Lungsod Quezon: Palimbagan ng Lahi, 2006), 49.

¹⁹⁵ Robert Blust, “The Prehistory of the Austronesian-speaking peoples: A view from language,” *Journal of World Prehistory* 9, Blg.4 (1995): 485.

¹⁹⁶ Zeus Salazar, *Ang Real ni Bonifacio at ang Teknikang Militar sa Agos ng Kasaysayan* (Lungsod Quezon: Palimbagan ng Lahi, 1997), 4.

¹⁹⁷ Zeus Salazar, “Ang Bayan Noong 1521-2021: Tungo sa Pagsasalaysay na may Saysay ng Nakaraan ng Kapilipinuhan,” Lekturang prinesenta para sa *Reynaldo Ileto Lecture Series*, Pamantasang De La Salle, April 20, 2022, slide blg. 13.



ng ginhawa sa banwa/bayan sa pamamagitan ng pangangayaw bilang bahagi ng buong kompleks ng rizikultura.¹⁹⁸ Ang saysay ng pagkakaugnay na ito ay konkretong makikita sa paghuhukay na isinagawa nina Beyer sa Taguig kung saan implisito ang isang sedentaryong uri ng pamumuhay na nakasentro sa agrikultura ng palay. Mapapatunayan ito sa ebidensyang arkeyolohikal ng pagkakatagpo sa Taguig ng tinatayang neolitikong “himlayan-at-pamayananan” sa parehong pagkakataon—isang pagkakaugnay na ang saysay ay mahigpit na nasasalalay at may kinalaman sa usapin ng *subsistence*. Yayamang ang mga lipunang naglilibing ng kani-kanilang yumao sa loob, at paligid ng mga bahayan ay implisitong nagpapahiwatig na ang mga lipunang ito—kabilang ang Taguig—ay mga agrikulturistang sedentaryo.¹⁹⁹ Samakatuwid, magkatuwang sa pagbubuo ng mga bahayan sa Taguig ang mga palayan sapagkat may pananim na kinakailangang alagaan.

Ang Tagagiik sa Mundo ng Tagaalugan

Ang paglaganap ng mga Austronesyano mulang Pre-Tsinong Taiwan apat na libong taon na ang nakakaraan (4000 t.n.) ang siya ring takdang panahon kung kailan ganap nang buo ang mala-deltaikong pormasyon ng Taguig.²⁰⁰ Nagkaroon ng bakas ng “pagdaong” mula sa rutang pa-Pasipiko ang mga Austronesyano mula sa kasalukuyang lawa ng Laguna sa pamamagitan ng mga “batong-ukit” ng *Angono Petroglyphs* na sa pagpepetsa ni Jesus Peralta ay nasa mga bandang 1050 B.K ang relatibong tanda.²⁰¹ Mahalaga ang pagdaong na ito sapagkat panahon ito kung kailan bubuuin/binubuo pa lamang ang etnolinggwistikong Tagalog at rehiyong sasaklawin ng Katagalugan kinalaunan na sa pagsapit ng ika-10ng dantaon ay ganap nang “buo” at may maunlad nang pagbubuong sosyo-pulitikal na makikita nilalaman ng *Binatbat na Tanso ng Laguna*.

Implisito sa pagbasa dito ni Jaime Tiongson mula sa rekonstruksiyon ng mga sinaunang diksyunaryo ang pagkakaugnay-ugnay ng *ilaya-ilawud-ibayo* na

¹⁹⁸ Zeus Salazar, “Ang Austronesyong *baRani [Filipinong “berani”/ “bagani”/ “bayani”] sa Kasaysayan ng Kapilipinuhan,” Papel na binasa sa Unang Pambansang Sampaksaan hinggil sa Pamanang Maritimo ng Pilipinas na may temang Baliktanaw: Retracing our Ancient Connections with the Sea, Nobyembre 27, 2015, Pasay City. Hindi limbag na Kumperensyang Papel. Asian Institute of Maritime Studies, Pasay, 2015.

¹⁹⁹ Grace Barretto-Tesoro, “A Survey of Literature on Indigenous Burial Practices and their Archaeological Implications,” *Kasarinlan: Philippine Journal of Third World Studies* 15, blg. 2 (2000): 112.

²⁰⁰ Peter Bellwood at Eusebio Dizon, “Austronesian cultural origins: Out of Taiwan, via the Batanes Islands, and onwards to Western Polynesian,” nasa *Past Human Migrations in East Asia: Matching Archaeology, Linguistics and Genetics*, mga pat. Alicia Sanchez-Mazas et al. (London: Routledge, 2008), 25.

²⁰¹ Cf. Jesus Peralta, “The Petroglyphs of the Angono Rockshelter,” M.A. Thesis. University of the Philippines, 1973.



tinukoy naman ni Salazar sa kaniyang *hypothesis* bilang “talasokrasiya” ng Tundun-Butuan-Puliran na maituturing bilang “sinaunang Pilipinas”. Mula rito ay nagkaroon samakatuwid ng dalawang yugto ng “pagbubuo” ang Katagalugan bago ang “panahon ng historia/1521”. Una ay ang pagkapasok ng mga Austronesyano sa Lawa ng Laguna bilang yugto ng “pagbubuo”, habang ang pangalawa naman ay ang panahon ng *Binatbat na Tanso ng Laguna* noong 900 M.K bilang yugtong “buo”. Halos hindi nalalayo ang agwat ng pag-iral ng talasokrasiya ng Tundun-Butuan-Puliran, sa panahon kung kailan nagtapos ang panahon ng *Lingling-o* o/at Panahong Bakal [500B.K-500M.K] o ang panahon kung kailan kaugnay pa natin ang mga banwa ng baybay-dagat ng buong *Dagat Austronesyano*—partikular ang Silangang Vietnam. Kapwa sa Batanes at Palawan ay may natagpuang pagawaan ng mga *lingling-o* na makikinis na batong hiyas na gawa sa *jade* na ikinakalakal sa buong baybaying dagat ng “Dagat Austronesyano” ng mga Pilipino, Malayo-Chamic at mga nasa Vietnam.²⁰² Samakatuwid, panahon ito kung kailan umpisang mabuo ang pakikipagkalakalan at pakikipagugnayang pangkalinangan ng mga Austronesyano sa isa’t-isa.

Sa pagpasok ng ika-10ng dantaon, buo na ang kalinangang Tagalog at mulang Anitoismo ay ang panimula at pagpasok ng panahon ng Buddhismo. Patunay dito ang paraan ng pagpepetsa sa *IBTL* na pagpapanahong Buddhista, gayundin ang pagpasok na rin ng salitang “dewata/diwata” bilang maaaring sinaunang pangalan ng *Butuan* na pinagmulan ng *senapati* ng Tundo na si Jayadewa.²⁰³ Ang *triumvirate* ng sapantaha ni Salazar na “kapangyarihang dagat/talasokrasiya” ng Tundun-Butuan-Puliran, kung saan tiyak na kabahagi ang Taguig sa teritoryong pulitikal nito sapagkat isa ang Taguig sa mga sinaunang pamayanang umusbong sa *axis* ng ilaya-ilawud, ay pinagbibigkis ng mga katubigan, una ang Tundun at Puliran ay pinagbubuklod sa pamamagitan ng sistemang ilaya-ilawud ng ilog Pasig habang pinaguugnay naman ng kaibayuhan ang Butuan— na ang pinakamaagang pag-iral ay natuklasan sa pamamagitan ng “balangay” na may petsang 320 MK. Para kay Salazar ito ang “talasokrasiyang” maihahalintulad din naman sa iba pang mga “kapangyarihang dagat” na umiral sa Timog Silangang Asya tulad ng Sri Vijaya sa Indonesia.

Malinaw na sa iba’t-ibang aspekto ng pagkakahalintulad at *shared culture* na tumanggap sa kabihasnang Hindu, masasabing sa panahon ng *IBTL* ay ang

²⁰² Bellwood, *First Islanders: Prehistory and Human Migration in Island Southeast Asia*, 234.

²⁰³ Antoon Postma, “The Laguna Copper-plate Inscription (LCI): A Valuable Philippine Document,” *National Museum Papers* 2, blg.1 (1991): 1-25.



panahon kung kailan kaugnay na natin ang buong mundong maritimo ng *Nusantara*. Matuturing ito bilang yugtong “Proto Pilipino” na mayroon nang matagal na pagkakaugnay at koneksyon sa iba pang mga bayan sa *Nusantara* o *Dunia Melayu/Malay World* na ang kasaspitan pagsapit ng ika-16 na dantaon (at bago pa rito) ay maiuugat at malinaw na makikita sa tatlong salik: 1) ang mga tatawaging Luções na natagpuan ng mga Portuges sa Malacca tulad ni Regimo Diraja, 2) ang paglaganap ng Islam sa Sulu, Maguindanao at Maynila ni Raja Sulayman at Raja Matanda, at 3) ang “pagkatuklas” ni Magallanes sa Pilipinas gamit ang impormasyon mula kay Enrique ng Malacca. Mangyari pa, konkretong kahayagan ng pagkakaugnay na ito sa Taguig ay ang arkeyolohikal na pagkakatuklas sa mga tinatayang “tin ingots” sa Wawa, Taguig na maaaring nilikha mula sa pinakamaagang petsa ng 1400 M.K sa Malay Peninsula.²⁰⁴

Sa panahong ito ng talasokrasiya ng 900 M.K, tinukoy ni Anna Carla Pineda na maaaring ang isa sa mga masasabing batayang hanapbuhay ng mga Tagalog ay ang “pagsasaka” batay sa mga natagpuang terasang palayan sa Laguna at Tayabas.²⁰⁵ Naging posible ang gawaing ito sa mga grupong etniko ng Tagalog, Kapampangan at Pangasinan na nasa gitnang kapatagan ng Luzon kung saan ang patubig dulot ng sistemang ilog ng Pasig, Pampanga at Agno ay naghawan para sa ganitong uri ng gawain.²⁰⁶ Katunayan, mahigpit na nakaugnay ang mga katawagang tubig na ito sa pekulyar na penomenon ng dalumat ng “saka” at kaugnay nitong kataga na “sakahan” bilang pantukoy sa lupaing tinatamnan ng palay. Ang pekulyaridad nito ay isang mahalagang buntungan sapagkat tila sa Tagalog lamang malawakang ginagamit ang “sakahan” at walang *cognate* sa iba pang mga wika. Mapapaliwanag sa ganang ito kung bakit bagama’t hindi singtanda tulad ng alam na natin ang terasang palayan sa Ifugao, ang pagtatanim sa mga matataas na lugar ay hindi naman tumutugma sa datos ng linggwistika.

Tinuran ng historyador-antropologo na si Vicente Villan, ang tangkaing bigyan ng linggwistikal na pakahulugan ang ideya ng “saka” mula sa salitang ugat ng “magsasaka” o “sakahan” na katagang natatangi lamang sa mga Tagalog kung ikukumpara sa PAN **qumah/* PMP **quma* bilang terminong pantukoy sa pook

²⁰⁴ Elmer Nocheseda, “Ecological and Ritual Change in the Devotion to Santa Marta of Pateros,” *Philippine Quarterly of Culture & Society* 30, Blg. ½ (2002): 79.

²⁰⁵ Anna Carla Pineda, “Ang mga Tera-terasang Palayan ng Laguna at Tayabas: Batayan ng Kabuhayan noong Ika-10ng Dantaon,” nasa *Ang Saysay ng Inskripsyon sa Binatbat na Tanso ng Laguna*, pat. Jaime Figueroa Tiongson (Pila: Bagong Kasaysayan Inc. & Pila Historical Society Foundation Inc., 2010), 325-336.

²⁰⁶ Zeus Salazar, “*Ang Bayan Noong 1521-2021: Tungo sa Pagsasalaysay na may Saysay ng Nakaraan ng Kapilipinuhan*,” Papel na binasa para sa *Reynaldo Ileta Lecture Series*, Pamantasang De La Salle, April 20, 2022.



likhaan ng pananim tulad ng palay. Iniugnay niya ito sa PAn *sakat at PPh anyo nitong *saka na nangangahulugang “umakyat” o “pag-akyat” sa mataas na dako tulad na lamang ng mga “burol” at “bundok” na siyang tinutukoy ng PAn *bukij na cognate ng salitang “bukid” sa Cebuano, Bikolnon, Hiligaynon at iba pa na may kaparehong kahulugan at itinutumbas sa kasalukuyan bilang lupaing taniman sa “patag”. Samakatuwid, ayon kay Villan, ang “saka” at kaugnay nitong “bukid” ay pag-akyat sa bundok/burol upang magtanim ng palay. Ito marahil ang dahilan, katulad ng nabanggit na, kung bakit tinaglay minsan ng mundong Katagalugan ang ganitong kaugalian, tulad na lamang sa Majayjay at Tayabas kung saan nanatili pa rin ang pag-iral ng mga payaw o terasang palayan sa paakyat na bahagi ng bundok Banahaw bagama’t nga hindi pa natitiyak ang petsa nito.²⁰⁷

Mangyari pa, bilang pagdaragdag ni Villan, nakaugnay sa “saka” ang “sawah” ng mga Malay at Javanese na ang kahulugan ay “wet ricefield”, “irrigated ricefield”, “rice paddy” na nagmula sa Proto Western Malayo Polynesianong anyo nito na *sabaq o “saba” na bukod sa nabanggit ng kahulugan, ay nakaugnay din sa “ilog” sa Bisaya—i.e. *Bisaya: saba? = downriver*. Nakapaloob sa ideya ng “saba” na ito ang mas masaklaw pang mga kataga tulad ng “sabang” at “sabangan” na tumutukoy sa delta o hugpungan ng mga sala-salabit na sanga ng ilog o *saba*. Kaugnay din ng “sawah” o “saka” ang PWMP na *bacak mula sa Austronesian root nito na *cak na ang kahulugan ay maputik. Kaugnay nito ang mga pangalan ng lugar sa Taguig tulad ng “Kalusakan” o “pook na maraming putik”, na nakaugnay din higit sa lahat sa katagang “basakan” o “ba-saka-han” na tumutukoy din sa “putik” o “pook na laging basa” dahil sa pag-apaw ng ilog lalo na sa tuwing bumabaha.


Sa pinal na analisis para kay Villan, ang “basakan” ang pagmumulan ng katagang “saka” mula sa “sakahan” at “magsasaka” na nagbago ang kahulugan buhat sa orihinal na kahulugan nito na “pag-akyat” o “umakyat” upang magtanim sa bundok/burol sapagkat itinatanim o/at nakalaan sa mga maputik na lugar ang kultibasyon ng mga palay. Katunayan, nakaugnay ito sa mungkahi ni Laurent Sagart ang pagiging implisito ng tubigan sa Pan *CaNaq na nangangahulugang “mud, muddy ground”. Ito ay itinatanim sa “*natural marshes or swamps, or in low, annually flooding river beds*” na samakatuwid ay isang alog!²⁰⁸ Sa Taguig ay makikita ang ganitong katangian dahil tulad ng iba pang mga bayan sa ligid ng laguna ay

²⁰⁷ Inilalagay noon ni Beyer ang petsa ng terasa na pumapalibot sa lawa ng Ba’i ay nagawa lamang noong 300 B.K, samantalang para kay Keesing mulang 1486 hanggang 1799 M.K

²⁰⁸ Laurent Sagart, “The vocabulary of cereal cultivation and the phylogeny of East Asian languages,” *Indo-Pacific Prehistory Association Bulletin* 23 (2003): 127-136.



may katangiang latian ang bayan na angkop pagtamnan at napapataba ang lupa dahil sa pagiging pook na mababa o samakatuwid ay *alog* na malimit bahain.²⁰⁹



MAPA 3: "MUD"
[[HTTPS://TINYURL.COM/4BPY94KR](https://tinyurl.com/4BPY94KR)]

Ang mundong Katagalugan samakatuwid ay “pook basakan” na higit na makikita sa mga pook “sabangan” o *delta* tulad ng Bulakan o *Burakan*, bilang lunan ng maraming burak/pinak bunsod ng dausdusan ng ilog Angat at Pampanga,²¹⁰ at higit sa lahat, ng sabangan din naman ng Taguig bunga ng mga sedimentong ibinababa ng ilog Marikina mulang kabundukan ng Sierra Madre.²¹¹ Ang pagbagsak na ito ang nagdudulot kung bakit ang tubig ng Laguna de Bay ay maputik.²¹² Matutunghayan ito sa mga mapang linang noong panahon ng Amerikano kung saan makikita ang madawag na putikan sa pampang ng lawa. Ito rin ang maitutrong dahilan kung bakit isa sa mga batayang hanapbuhay ng mga Taga-giik ay ang pagsasaka.²¹³ Katunayan, ayon nga sa obserbasyon noong ikalabing-siyam na dantaon ni Agustin de la Cavada, nalilikha sa bayan ang napakaraming mga palay:

(Taguig) is found at the south end of the island of its name to the right of the entrance to Laguna de Bay and at its confluence with the Pasig

²⁰⁹ Salonga, *Rizal Province Directory*, 17.

²¹⁰ Jaime Veneracion, *Kasaysayan ng Bulakan* (Kolonya: Bahay Saliksikan ng Kasaysayan, 1986), 21-22.

²¹¹ Philippine Commission, *Sixth Annual Report of the Philippine Commission*, 377.

²¹² Raymundo Punongbayan, “Ever-Changing Water Basins,” nasa *Kasaysayan: The Story of the Filipino People I*, mga pat. Raymundo Punongbayan, Prescillano Zamora at Perry Ong. (Manila: Asia Publishing Co. Ltd., 1997), 153.

²¹³ D.n., *Mapa General de las Almas que Administran Los PP. Agustinos Calzados en Estas Islas Filipinas* (Manila: Imprenta de D. Miguel Sanchez, 1845), 9.



river. It adjoins Pateros and Parañaque and to the S. O. with Muting-lupa. It produces abundant palay but little cane-sweet. The lands are low and flat, and are exposed to flooding in the great avenues.²¹⁴ (sa akin ang diin)

Nakaangkla sa ganitong usapin ang hinuha ni Ubaldo batay sa makabagong pagdadalumat nito sa *ethnonym* ng *Tagalog* na hango mula sa salitang *alog* na isang katagang tumutukoy sa ilog mismo o kaya'y mababang lugar ng ilog na maaaring tawirin.²¹⁵ Malaki ang ginampanan ng *alog* at kaugnayan nito sa isang uri ng pamumuhay ng mga Tagalog na nakasentro sa pagsasaka o pagtatanim ng palay lalo pa sa loob ng sistemang ilog Pasig. Yayamang ang katangian nito ay magugunam sa pekulyar na pamamaraan ng pag-aani ng palay sa mundong Katagalugan—partikular ang mga kabayanan na nasa ligid ng lawa—na nangangailangan pa ng bangka upang makatawid sa kabukiran at makapag-ani ng palay dahil sa katangiang “bahain” ng lugar.²¹⁶

Ang ganitong natatanging katangian ay tila hindi naiiba sa karanasan ng Taguig bilang isang pamayanang *taga-alog* at nasa kaligiran ng lawa. Masalamisim mula rito kung papaanong binigyang hugis at impluwensya ng heyograpiya o kapaligiran ang pagtatakda ng gawi ng tao, at kung papaano naman ang pag-aangkop ng mga tao sa hamong ito.²¹⁷ Ang pagkamalay kasi sa katangian ng kanilang kapaligirang ginagalawan, at mahigpit na kaisahan sa mga ito ang dahilan kung bakit hindi suliranin para sa mga *Tagagiik* ang pakikipamuhay sa kanilang kalikasan. Bagkus, naisasalin nila ang hamon ng kapaligiran tungo sa kanyang ikagagaling at kapakinabangan. Sa katunayan, magugunam sa mga kolonyal na tala ng huling bahagi ng ika-17 na dantaon hanggang 19 dantaon ang isang natatanging pamamaraan ng pag-aani ng mga pamayanang *alog* na nasa paligid ng lawa.

Matutunghayan ito sa naging pagsasalarawan ni Santiago Ugaldezubiaur sa kaniyang *memoria* kung saan kaniyang mababanggit ang pagkakasumpong nito sa Taguig na ayon sa kanya ay isang bayan na nakapagliliikha ng pinakamagandang uri ng palay na kayang kumabaka sa mataas na tubig.²¹⁸ Malinaw sa mga katangian nito aniya ay ang kakayahan ng tanim na

²¹⁴ Cavada, *Historia geográfica, geológica y estadística de Filipinas*, 55.

²¹⁵ Cf. Lars Ubaldo, “Tungo sa Pagdadalumat ng Tagalog (1571-1907),” PhD diss., (Unibersidad ng Pilipinas, 2009).


²¹⁶ Scott, *Barangay: Sixteenth-Century Philippine Culture*, 199-200.

²¹⁷ Ma. Florina Orillos-Juan, *Kasaysayan at Vulnerabilidad: Ang Lipunang Pilipino sa Harap ng Pananalanta ng Pesteng Balang* (Manila: De La Salle University Publishing House, 2017), ix.

²¹⁸ Ugaldezubiaur, *Memoria Descriptiva de la Provincia de Manila*, 38-39.



makaangkop sa hamon ng mataas na tubig lalo pa't bulnerable nga ang mababang kalupaan ng Taguig sa pagbaha. Pangkaraniwan na umaabot ng dalawa(2) hanggang tatlong (3) metro o dipa ang itinataas ng tubig baha na pangkaraniwa'y nagiging mapaminsala sa mga pananim na palay.²¹⁹



MAPA 4: MADAWAG NA PALAYAN SA TAGUIG (1964)
[[HTTPS://TINYURL.COM/38JW4AEV](https://tinyurl.com/38jw4AEV)]

Sa katunayan, bunsod ng likas na dulot ng mapaminsalang baha, nagpetisyon ang mga Taguik noong 1651 kay Gob. Hen. Diego de Faxardo upang mapahintulatang magbayad na lamang ng *tributo* ang bayan sa pamamagitan ng salapi (*reales*) sa halip na palay dahil nakaranas noon ang bayan ng matinding hirap at taggutom bunsod ng pagbaha noong taong 1650.²²⁰ Kahalintulad mula sa kaparehong rason ang pinangyarihang petisyon noong Mayo 20, 1689 kay Gob. Hen. Gabriel de Curuzealegui y Arriola at Nobyembre 23, 1693 kay Gob. Hen. Fausta Cruzat y Gongora kung saan bunsod ng matinding tagtuyot na naranasan ng Taguig ay nagpetisyong muli ang mga mamamayan nito na bayaran na lamang muli sa pamamagitan ng salapi ang kanilang tributo sapagkat wala silang mapagkukuhanan ng iba pang pamamaraan ng paghahanap-buhay bukod sa pagtatanim ng palay.²²¹

²¹⁹ Ibid., 30-32.

²²⁰ NAP - *Cedulario* 1659-1652. Mandamiento del Sr. Gobernador para que los naturales del pueblo de Taguig paguen por este ano de 651 su tributo en reales y no en especie pagado el estipendio de arroz que le toca al ministro que les doctrina. Manila, 25 de Febrero 1651.

²²¹ NAP - *Cedulario* 1692-1696. Auto para que los naturales del pueblo de Taguig no paguen de tributo sino en reales. Manila, 24 de Diciembre 1693.



Mapanghamon samakatuwid ang ganitong uri ng ekolohikal na kalagayan ng bayan na tuwinang nakakaranas ng baha, ngunit bunsod din naman nito ay ang katotohanang natutong umangkop ang mga Tagagiik sa hamon ng kapiligirang kanilang ginagalawan. Sa katunayan, interesante ang naitalang pamamaraan ni Ugaldezubiaur noong huling bahagi ng ika-19 na dantaon ukol sa pag-aani ng palay sa Taguig na kagilagilalas na ginagamitan ng bangka! Ani niya:

Sa mga bayan ng Pasig, Pateros—at lalo na sa Taguig at Muntinlupa—ang mga tao ay nagtatanim ng mga uri ng palay na kapansin-pansing kayang kumabaka sa pagbaha na umaabot ng dalawa hanggang tatlong metro ang lalim. Gumagamit sila ng mga canoe para sa pag-aani, upang putulin ang mga espigas. Sa rehiyong ito, ang paghahasik ay isinasagawa sa pamamagitan ng pagtatanim ng mga buto nang direkta sa lupa; gayunpaman ang gawain ng paghahasik—matapos aruruhin/bungkalin ang lupa—ay isinasagawa sa buwan ng Mayo at Hunyo, bago magsimula ang panahon ng tag-ulan, upang maiwasan ang pinsala sa mga uhay na dulot ng labis na tubig sa lupa.²²² (*sa akin ang salin*)

Teknikal na katawagang botaniko ang *ear* o *espigas* na tumutukoy sa isang bahagi ng tangkay na naglalaman ng butil.²²³ Ang pagtatalang ito ni Ugaldezubiaur ay tumutugma din naman sa tala ni Zuniga ng minsan itong nalagi sa Taguig kung saan kaniyang tinukoy ang mga palay na aanihin ay nakalantad sa baha sapagkat umuulan ng huling araw ng Oktubre, na panahon kung kailan hinog na ang palay at kailangan nang anihin. Kadalasan ay kakaunti na lamang daw ang naisasalba na ano pa't inilalagak sa pamamagitan ng mga *canoe* o bangka.²²⁴ Dagdag pa nito, kapag umaapaw aniya ang tubig ng lawa ay napapatianod dito ang mga suso na kinakailangan ng mga *caracoleros* sa pagpapakain sa kanilang mga pato. Ang baha rin na ito ay madalas gamitin bilang irigasyon na nakapagdudulot ng matabang kapatagan ng mga bukirin na nagpapataba sa mga lupain.²²⁵ Ito ang maituturo na isa sa mga dahilan kung bakit sa likod ng pangamba ng baha ay pinanatili ng mga sinaunang *Taguigueno* ang pamumuhay sa mga tabing-ilog. Sa pamamagitan nito ay naisasakaturapan ang

²²² Ugaldezubiaur, *Memoria Descriptiva de la Provincia de Manila*, 32.

²²³ Benjamin Daydon Jackson, *A Glossary of Botanic Terms with their Derivation and Accent* (New York: Gerald Duckworth & Co. Ltd., 1928), 121.

²²⁴ Zuniga, *Estadismo de las Islas Filipinas*, 198.

²²⁵ Pagtakhan, *Ang Tagig at ang kanyang Kasaysayan*, 86.



epektibong pagtatanim sa mga halamang-ugat, palay, mga gulay na nagsusustena sa kanilang pag-iral.²²⁶ Samakatuwid, natutuhan ng bayan mula sa abot-kayang kaparaanan na linangin at umangkop sa hamong inihahapag ng kaniyang kapaligiran. Ang pagsusumikap na tumugon sa hamon ng kapaligiran ay naisasalin upang mabago at mapaunlad ang batayan ng kanilang kabuhayan ayon sa kanilang pangangailangan.

Ang mga pekulyar na pangyayari hinggil sa pag-aani gamit ang bangka ay hindi lamang kakakitaan sa Taguig, ngunit palasak din hanggang sa kasalukuyan maging sa iba pang mga kabanayanan na nakapaligid sa lawa tulad na lamang sa Isla ng Talim, Angono, Pila, at Ba'i.²²⁷ Kahalintulad ito ng pangyayaring naitala ni Chirino sa kaniyang *Relacion* noong 1604 ng minsan itong naatasan bilang misyonero sa Taytay na kanugnog lamang ng Taguig sa hilagang bahagi nito. Sa panahong ito, dahil nga sa kadahilanang ang pamayanang lawa ay pangkaraniwang lumulubog sa baha dahil sa pamanahunang pagtaas ng tubig ng *Puliran* hindi alintana ng mga magsasaka ng naturang bayan na sumakay sa bangka upang anihin ang mga palay. Ibinibilad muna sa araw ang mga basang ani upang matuyo, at matapos nito ay ginigiik bago ilagak sa mga kamalig.²²⁸ Gayundin, dahil maaaring tawirin, maaari ring taniman ang isang bahagi ng alog sa pangyayaring bumababa o lumiliit ang tubig ng ilog.²²⁹

Sa kabilang dako, minsang binigyang pagtatala naman ni San Agustin ang kaniyang obserbasyon sa Taguig hinggil sa palasak na pagkakaroon ng bayan ng mga tinatawag na *tubiganes* o *flooded rice paddies* na tumutukoy sa sistemang irigasyon kung saan ginagamit ang tubig baha at tubig ng Laguna de Ba'i para sa mga palayan.²³⁰ Sa katunayan, naitala din naman ni Buzeta na ang bayan ng Taguig ay masaganang lumilikha ng palay na mayroong magandang kalidad. Dagdag pa nito, dalawang beses sa isang taon kung anihin ang palay sa Taguig, na maliban pa sa patubig na dulot ng pag-ulan ay nagsisilbing batis din ang tubig ng Laguna de Bay para sa irigasyon.²³¹ Kaya naman kung sasangguniin ang mga lumang mapa partikular noong kolonisasyong Amerikano, makikita ang

²²⁶ Raymundo Punongbayan, "Waters that Shape the Land," nasa *Kasaysayan: The Story of the Filipino People I*, mga pat. Raymundo Punongbayan, Prescillano Zamora at Perry Ong. (Manila: Asia Publishing Co. Ltd., 1997b), 130-131.

²²⁷ Lars Ubald, "Ang IBTL Bilang isa sa mga Batayan ng Pag-iral ng Pamayanang Tatawaging Katagalugan" nasa *Ang Saysay ng Inskripsyon sa Binatbat na Tanso ng Laguna*, pat. Jaime Figueroa Tiongson (Pila: Bagong Kasaysayan & Pila Historical Inc., 2010), 179.

²²⁸ Pedro Chirino, *Relacion de las Islas Filipinas* (Roma: Esteban Paulino, 1604), 20.

²²⁹ Ubald, "Ang IBTL Bilang isa sa mga Batayan ng Pag-iral ng Pamayanang Tatawaging Katagalugan," 185-186.

²³⁰ San Agustin, *Conquistas de las Islas Filipinas*, 446.

²³¹ Buzeta, *Diccionario*, 440.



malalawak na mga sakahang lupa sa Taguig. Samakatuwid, naging mahalaga para sa mga kabanayanan na nasa ligid ng lawa ang *alog* mismo sa paraan ng pamumuhay na nakasentro sa “saka” at pakikiangkop sa ekolohikal na kondisyong inihahapag ng kanilang kapaligiran. Mangyari pa, bunsod din naman ng ganitong kalagayan ay pagbubuo ng mga kapaniwalaan at ritwal na pangrelihiyon na nakaugnay sa *alog* at pagsasaka. Mahigpit na nakaugnay sa pagsasaka ay ang *buwaya* mismo na nagbagong anyong anito sa pagsapit ng Katolisismo sa katauhan ni Santa Ana. Kaugnay nito ang ilan pang mga pananagisag na may kinalaman sa Austronesyanikong pag-uugat ng bayan na mas lalo pang papalawigin o/at papalawakin sa susunod na kabanata ng aklat.

Agrikultura sa Kontemporaryong Panahon

Malinaw kung gayon ang patunay ng gawain ng pagsasaka sa Taguig na mapapatunayan sa mga datos arkeyolohikal, hanggang sa sumapit ang panahon ng kolonisasyon at kaakibat nitong Kristiyanisasyon sa pagtatangkang tipunin sa iisang sentro mula sa kaparaanan ng *reduccion* ang mga kalat-kalat na mga Taguiguenong nakatira sa mga lupaing sakahan.²³² Magpapatuloy ito hanggang sa malapit na nakaraan mula sa gunita ng mga matatanda sa lugar na walang ibang matatanaw sa Taguig noong araw kung hindi ang malalawak at madadawag na lupain ng mga kabukiran. Nagpatuloy ang ganitong uri ng gawaing nakasentro sa pagtanim hanggang sa mapabilang ang Taguig sa probinsya ng Rizal, kung saan isa ang Taguig kasama ang bayan ng Marikina, Montalban, Tanay, Las Pinas, Paranaque, Morong, San Mateo at Cainta sa mga lumilikha ng maraming bilang ng nalilikhang palay o bigas.²³³ Sa tulong ito ano pa't ng mga kalabaw na katu-katulong ng mga magsasaka sa paggiik at gawaing pangsakahan. Ayon sa datos noong 1950's pumapangalawa ang Taguig kasunod ng San Mateo sa may pinakamaraming bilang ng kalabaw sa buong probinsya ng Rizal.²³⁴ Kaya naman noong araw ay pangkaraniwan ang mga *lechero* o manggagatas sa Taguig na naglalako ng gatas ng kalabaw upang ipagbili.²³⁵ Nagsilbi itong simbolo ng yaman noon sa Taguig at sa pamamagitan nito ay maaari nang bumuhay ng pamilya ang isang lalaki basta't may pagmamay-ari itong kalabaw na maaari niyang ipagbili sa halagang P273.38 noong 1960's.²³⁶

²³² Isacio Rodriguez, *Historia de la Provincia Agustiniana del Santisimo Nombre de Jesus de Filipinas*, Vol. 7 (Manila: 1978), 139ff.

²³³ Garcia, *Inside the Philippines*, 160.

²³⁴ Ibid.

²³⁵ D.n., “Milk Industry,” *The Tribune*, April 18, 1943, 3.

²³⁶ Pagtakhan, *Ang Tagig at ang kanyang Kasaysayan*, 86.



LARAWAN I4: ARALIN SA WIKA - PAGGIGITIK AT PAGTATAHIP
[[HTTPS://TINYURL.COM/3B9W2MHS](https://tinyurl.com/3b9w2mhs)]

Katunayan, naging bahagi din ng kurikulum para sa mga nasa ikatlong baitang noong 1920's sa Tagig Elementary School ay ang pagkatuto sa pamamaraan ng paggigitik at pagtatahip ng palay. Makikita sa larawan ang patag na lupaing sakahan habang ang mga mag-aaral ay nagtatala sa kani-kanilang mga kwaderno. Naimbento na rin sa panahong ito ang threshing machine na naimbento noong 1786. Nahalinhan ng mga mekanisadong abanteng teknolohiya ang mano-manong pagdapurak at pagpaspas ng palay upang mas lalong mapabilis ang gawain at proseso ng paglikha ng bigas. Subalit, sa panahon din na ito unti-unting nalugami ang kalagayang may kinalaman sa mga gawaing nabanggit. Kung ang dati ay nakakapag-ani ang mga magsasaka ng Taguig sa mga bukirin ng 50 hanggang 60 na kaban ng palay sa bawat ektarya, ay lumiit ito sa 20 hanggang 30 na kaban na lamang.²³⁷ Isinisisi ito ng dating Pangulong Bayan na si Jose Pagtakhan sa paunti-unting pag-usbong ng pook na siyang nagtutulak sa mga bagong henerasyon na pumasok sa mga sektor ng serbisyo.

Naramdaman ito noong 1960's sa pamamahala ni Monico Tanyag nang unti-unting makapasok ang mga SSI o *small-scale industries* sa Taguig.²³⁸ Gayumpaman, sa pagsapit ng dulong bahagi ng ika-20 na dantaon, mananatili ang munisipalidad ng Taguig bilang tanging pook sa Kamaynilaan na mayroong malawak na eryang agrikultural na dominante ng pagtatanim ng palay.²³⁹ Katunayan, naitala sa polyetong *A Profile of the Municipality of Taguig* na noong 1960

²³⁷ Ibid., 87.

²³⁸ D.n, *A Profile of the Municipality of Taguig* (Manila: Rizal Youth Development Foundation, 1971), 17.

²³⁹ Elmer Martin, "Competitiveness of Taguig as Future City: Transformation of Taguig from Municipal," Tesis Masterado, (University of Asia and the Pacific, 2002), 30.



ay mayroong humigit kumulang 444 na lupaing sakahan sa Taguig na nakalaan para sa pagtatanim ng mga “*temporary crops*” tulad ng palay dahil sa uri ng lupang mayroon sa Taguig na akma para sa ganitong gawain.²⁴⁰ Binubuo ito ng tatlong uri ng palay na tinatamnan: *upland*, *lowland* o mga tinatawag na tubiganes, at kaingin. Sa tatlong ito, ang kultibasyon ng *lowland* na palay o “*tubigan*” ang palasak. Kung saan bawat ektarya ng palayan ay nakakapaglikha ng mahigit apatnapu na kaban (40) ng bigas. Isang paraang nagpapatuloy tulad ng naitala ng mga kronikong Kastila sa panahon ng kolonisasyon.



LARAWAN I5: ISANG HINDI NAPANGALANANG LUGAR SA TAGUIG.
ANG LARAWAN AY KUHA MULA SA: A GIFT OF FAITH (1987)

Samantala, taong 1999 nang ang kabuuang lupaing pinagtatamnan ng palay ay nasa mga mahigit 289.9 na ektarya. Sinasalikop nito ang mahigit 72.8 na porsyento ng maaaring pagtamnan o/at nasa 6.37 porsyento ng kabuuang erya ng munisipalidad. Sa bilang ng 289.9 na ektarya, 272.6 rito ay ginagamitan ng irigasyon samantalang ang 16.3 ay sa pamamagitan ng tubig ulan. Samantalang, 108 na ektarya naman sa nakalaan sa pagtatanim ng mga gulay at halamang ugat. Ang mga baranggay ng Napindan, Sta. Ana, Ibayo-Tipas, Palingon, Ususan at Wawa na bagamat mga nangungunang tagpaglikha sa produksyon ng bigas na nasa mahigit 4.38 *metric tons* ay hindi nangasasapat para sa lumalagong populasyon ng Taguig.²⁴¹ Gayundin, bunsod ng hindi mapipigilang pagsulong, tuluyan nang pumanaw ang gawaing paglikha ng mga kagamitang yari sa kawayan tulad ng sawali gayong lumalakad ang panahon at nahahalinhan na ng mga tahanang bato ang dating mga kubo.

²⁴⁰ D.n, *A Profile of the Municipality of Taguig, 2*.

²⁴¹ Martin, “Competitiveness of Taguig as Future City,” 31.



Tuluyan mang naglaho ang lahat ng ito, nanatili naman ang bakas ng ala-alang nito sa kamalayan ng Taguigueno sa iba't-ibang mga paraan mula sa pagpapangalan tulad halimbawa ng *daang kalabaw* na siyang pangalan pa rin ng daanan sa kasalukuyan sa may nayon ng Tipas at Bagumbayan. Gayundin, maging sa mga opisyal na sagisag o selyo ng ilan sa mga pangunahing institusyon sa Taguig na isang mahalagang batis bilang bintana at pagbuod sa katangian ng, at pagkakakilanlan ng bayan.²⁴² Ang Diyosesis ng Pasig halimbawa na kinabibilangan ng ng Parokya ng Santa Ana ay nagtataglay sa selyo nito ng isang uhay ng palay na: “*sagisag ng bunga ng pawis ng mga taga-giik*”.²⁴³ Hindi kasi nakahiwalay at mahigpit na nakaugnay kay Santa Ana ang palay na ayon sa malaganap na kwentong bayan ay umakay sa mga taga-giik at nagpalitaw ng mga isdang banak matapos masalanta ang kanilang mga pananim. Kaya't mula noon ay nagpapasalamat ang bayan sa biyayang kanilang natamo.



LARAWAN I6: OPISYAL NA SAGISAG NG DIYOSESIS NG PASIG

Makikita rin ito maging sa naging pag-inog ng mga opisyal na selyo ng lokal na pamahalaan ng Taguig mula sa panahon ng pagiging bahagi pa nito sa lalawigan ng Rizal mulang 1901-1974 hanggang sa maging bahagi ng Kalakhaang Maynila kung saan makikita ang mga bukirin at sagisag ng isang “mandala” o pagkukumpol-kumpol ng pabilog ng mga nagapas na palay. Samantalang nang maging ganap na siyudad ang Taguig noong 2004 ay kasama pa rin ang “kalabaw” kasama na ang “isda” bilang dalawang batayang hanapbuhay ng mga Taguigueno at sumasalamin sa mangayupapang panimula ng bayan. Sa kasalukuyan, tinataglay pa rin ng opisyal na sagisag ng bayan ang simbolo ng palay sa harap ng nagbabagong mukha ng urbanisasyon. Isang pagbabalik tanaw ng bayan sa hindi malilimutang kasaysayan ng pinagmulan nito.



LARAWAN I7: OPISYAL NA SAGISAG NG TAGIG (1983-1992)

²⁴² Cf. Wensley Reyes, *Abakada ng Kasaysayang Pampook: Kartilya sa Pananaliksik at Pagsusulat ng Kasaysayan ng Bayan* (Lunsod Quezon: Limbagang Pangkasaysayan, 2020).

²⁴³ “The Seal,” The Diocese, Minor Basilica and Archdiocesan Shrine Parish of St. Anne, muling inakses: 10/31/23, <https://www.shrineofstannetaiguig.org/about/the-diocese>.

KABANATA 4

Bakas ng Pananampalatayang Dati

Samakatuwid, masasabing naipagpatuloy sa pangkalahatang tatluhang representasyon ng mga anitong Araw, Ibon at Ahas...gayunpaman, nadagdagan ito ng Pawikan na nagmula sa Pilipinas. May mga halimbawa nito kapwa sa arkeolohiya at etnograpiya ng Pilipinas, mula sa Angono (sa Puliran) hanggang Mindanaw kasama na ang Kabikulan at Kabisayaan. (Penalosa at Salazar 2018, 341)



a maraming kaparaanan naiiwan ng lipunan ang mga bakas ng kaniyang yapak sa nakalipas.²⁴⁴ Malikhain ang bayan sa pagtatala nang kaniyang sarili sa pagkakataong hindi mailuwal ng mga dokumento ang saloobin nito. Tinangka mang alisin ang kaniyang aktibong papel, iniuukit naman ng bayan ang kaniyang marka sa sanlibutan sa kaparaanang lampas sa tekstwal na batis ng makakapangyarihan. Nailalangkap nito ang kaniyang gunita at pananaw sa iba't-ibang mga ekspresyon na nagsisilbing behikulo nang kaniyang napatahimik na tinig. Sa yugto ng pagtalunton sa pinagmumulang tinig, ang paghahaluhog ay mahigpit na nangangailangan ng mga inobatibong batis at “lampas-sa-kahon” na mga kaparaanan na maaaring kasangkapanin para sa pagsasarekonstruksyon ng may saysay na nakaraan.²⁴⁵

Kung susumahin, ang pagkagumon sa dokumento bilang limitadong dulog ng pagsangguni, ang dahilan kung bakit nalilimitahan ang pangkasaysayang pagsusuri sa Taguig. Ang puristang pagtingin ng pagiging “puro” at tapat sa batis

²⁴⁴ Marc Bloch, *The Historian's Craft*, salin ni Peter Putnam (Manchester: Manchester University Press, 1992), 44.

²⁴⁵ Zeus Salazar, “Pagpapasakasaysayang Pilipino ng Nakaraang Pre-Ispaniko,” nasa *Kasaysayan: Diwa at Lawak*, pat. Zeus Salazar (Lunsod Quezon: Limbagan ng Unibersidad ng Pilipinas, 1974b), 163-196.



na nakasulat ang nagdudulot ng pagkabansot sa pananaliksik pangkasaysayan. Sa puntong walang maibubusal ang dokumento, nagiging isang malaking balakid sa mga tradisyunal na historyador ang kakulangan ng datos maging pagkabalisa sa kung saan ito hahanapin. Tila baga ang pag-iral ng historyador ay mawawalan ng puwang kung wala ang mga nakasulat na datos na duyan ng kaniyang pag-iral. Bunsod ng malabnaw at limitadong dulog ng pagkaunawa ay kumbinyente na lamang na maikulong ang kasaysayan ng bawat bayan sa kung ano ang kasusumpungang detalyeng maibubusal ng mga titik.

Pangkaraniwang suliranin sa alinmang kasaysayang pampook ang ganitong problema. Hindi maitatuwa na salat ang bawat pook sa datos na nakasulat, kaya't kinakailangan ng mga batis na umaangkop sa ganitong pangangailangan. Sa gayon, katanungan para sa isa kung saan maaaring hanapin ang isang kaalaman na paghahanguan. Sa metodolohiya ng *Bagong Kasaysayan*, isang panimulang hakbangin buhat dito ay ang pagsisiyasat sa pook mismo na pinagmumulan at pinaglalagakan ng mga batis.²⁴⁶ Wala nang mas bibisang batis pa sa pag-aaral ng kasaysayang pampook kung hindi ang mga bagay na naroroon sa pook na inaaral. Ito ang nagdala sa mananaliksik upang siyasatin ang mga bagay na kasalukuyang umiiral sa Taguig na magagamit upang tingnan ang mga bakas na patuloy na nananatili. Isa sa mga napagbuntungang interes ng aking pakikimasid ay ang kapistahan ni Santa Anang Banak na inilulunday sa ilog Taguig palabas ng lawa ng Laguna. Hindi lamang pagbubuklod ng bayan ang aking napagtanto, kung hindi baul ng kaalaman tungo sa pagsipat sa prehispanikong batayan ng Taguig tungo sa Austronesyaniko nitong pag-uugat.

Sa pagsasakatuparan ng ganitong tunguhin, aking tatangkain ang pagtatampok kay Santa Anang Banak at mga ritwal na nakapaloob dito mula sa diakronikong perspektiba. Samakatuwid, hindi lamang ang kasalukuyang panahon ang susuriin, kung hindi ipopook ang kapistahan sa pamamagitan ng pagtalunton ng pagsusuri sa bawat panahon upang maipakita ang pangkasaysayang prosesong kinapapalooban nito sa harap ng mga pagbabago at pagpapatuloy. Katulad ng iba pang mga salik, hindi lingid sa ating kaalaman na mayroong mga elemento ng nakaraan na nakakatawid hanggang sa kasalukuyan. Nakakarating ang mga bakas na ito dahil may antas ng pagpapanahon sa kasaysayan na pangmahabaan ang durasyon. Kung susundan ang balangkas pangkaisipan ng *nouvelle histoire* ng Pransya hinggil sa ideya ng *longue duree*, mayroong tinutukoy dito na tatlong antas ng pagpapanahon. Sa bawat panahon

²⁴⁶ Atoy Navarro, *Ang Bagong Kasaysayan sa Wikang Filipino: Kalikasan, Kaparaanan, Pagsasakasaysayan* (Lunsod Quezon: Palimbagan ng Lahi, 2000), 17.



ay may kalakip na pagkamatagal na bisa alinsunod sa panahong itinatagal nito. Una, ay ang *individual time* ng tradisyunal na kasaysayan na napakabilis ng mga pagbabago. Pangalawa ay ang *social time* na medyo mabagal ang takbo. Samantalang ang panghuli naman ay ang *geographical time* na sobrang napakabagal. Ang tendensiya ng ating maikli't tanang buhay ay ma-*capture* lamang ang mga proseso na pangmabilisan tulad ng teknolohiya at digmaan. Datapuwat mabilisan, naturalmente na sa maigsing panahon lamang ang dramatikong bisa nito. Malaki ang pagkakaiba nito sa *longue duree/geographical time* na ang tuon ay nasa pangmahabaan na bisa ng mga dominanteng istruktura kung saan “nakakulong” ang maraming yugto ng henerasyon ng tao tulad ng heyograpiya, klimatolohiya, biyolohiya atbpa.²⁴⁷ Maliban pa sa mga nabanggit na salik, isa rin naman sa mga pinagmumulang obhektibong salik na pangmatagalan ay ang bisa ng kalinangan. Ang pagkamakahaba nito ang sanhi upang maging pangmatagalan din ang bisa nito para sa isang pangkat o grupo ng tao.²⁴⁸ Magmula rito ay maaari nating matukoy ang mga rekursibong mga siklo at mga kumon na elemento na nakarating mula pa sa mga nagdaang panahon hanggang sa kasalukuyan.

Prinsipal na batis ng kasalukuyang kabanata sa pag-unawa at pagsasadiwa ng kasaysayang pampook ng Taguig ay ang bakas na nagmumula sa pangmahabaan bisa ng kalinangan. Pinangangatwiranang ng kabanatang ito na mayroong mga rekursibong elemento ng sinaunang pananampalataya na nagpapatuloy sa kasalukuyan. Manipestasyon ng ganitong nagpapatuloy na elemento ng nakaraan sa harap ng pagbabago ay makikita sa mga ritwal na nakapaloob sa pamimintakasi kay Santa Anang Banak. Mapangangatwiranang ilan sa mga elemento ng kapistahan ay *continuity* lamang ng sinaunang pamamahala sa *nonong* buwaya ng mundong kailaliman. Sa di kawasa, hindi limitado ang yunit ng pag-aaral sa naturang kapistahan. Yamang hindi makatitindig ang pagpapakahulugan kay Santa Ana kung hindi maikakabit ang kaugnayan nito sa iba pang mga kultural na pananagisag buhat sa mga natuklasang arkeyolohikal na labi at artefak sa Taguig. Lalong lalo na sa mga istruktura bilang “sangkap” ng Kristiyanismong bayan na makikita sa tinatangang pananagisag ng *Simboryo* ng Taguig. Maibubuod ang saysay ng mga sagisag bilang bahagi ng sandaigdigang pananaw ng mga Austronesyano hinggil sa tatluhan salansan ng kosmolohiya at kabuuang kaayusan ng sansinukob na mahahati sa—mundong kaitaasan, mundong ibabaw, at kailaliman.

²⁴⁷ Fernand Braudel, *On History*, salin ni Sarah Matthews (Chicago: University of Chicago Press, 1980), 31.

²⁴⁸ *Ibid.*, 27.



Mailalangkap ng mga maagang Taguigueno ang mga sagisag na ito sa kanilang kaparaanan ng paglilibing, na tatawid hanggang sa kasalukuyang panahon sa anyo ng pagsampalataya kay Santa Anang Banak. Sa huli, ang pinakatunguhin ng ganitong pag-uugnay-ugnay ay sa layong maitutulay nito ang naligwat na mahabang prehistoriko ng Taguig tungo sa pagtatangkang maibalik ang bayan sa Austronesyanikong pag-uugat.

Hugpungan ng Labas at Loob

Ang dialektikang tumbasan ng pagsasanib o singkronisasyon ng dalawang elemento ng “katutubo” at “paniniwalang labas” ay may iba’t-ibang uri ng katawagan sang-ayon sa mga anthropologo. *Popular religiosity*, *Folk Catholicism*, o *Kristiyanismong bayan* bilang pantukoy sa isang anyo ng Kristiyanismo sa Pilipinas na mayroong pagkatangi at *anitoistiko* ang hulmahan. Ipinapaliwanag ng Heswitang historyador na si John Schumacher mula sa ideya ng *sinkretismo* ang pagsilang ng *folk katolisismo* bilang isang anyo ng Katolisismong “inangkin” at natatangi. Iniugap nito ang historikal na pananahilan bunsod ng pangyayari nang sunod-sunod na mga kaganapan sa loob at labas ng bansa. Ang mga pangyayaring ito ay nagdulot ng suliranin sa kakulangan ng mga misyonero na naging sanhi upang magkaroon ng “hindi perpektong pagkagagap” ang mga Pilipino sa pananampalatayang ipinakilala sa kanila.²⁴⁹ Sa puntong ito ay nagkaroon ng pagkakataon na bigyang hugis ng sinaunang pananampalataya alinsunod sa wangis ng larawan nito ang abstrak na pagtingin sa Kristiyanismo.

Samakatuwid, hindi pasibong tagatanggap lamang ang sangkaPilipinuhan ng impluwensya sa labas. Mayroong katiyakan na nabuo ang katagang konsepto ng *Kristiyanismong bayan* dulot ng pagiging *persistent* o/at paggigiit ng mga Pilipino sa kinagisnang paniniwala kung saan sentral ang pagsamba at pamamahalaga sa mga anito. Sa kabila ito ng mga magkakasunod na yugto ng kolonisasyon, at magkakaibang kompleks na sistema ng paniniwalang dadalhin ng mga mananakop. Nagpatuloy ang pagkaunawa sa pananampalatayang Kristiyanismo mula sa punto-de-bista ng pananampalataya at pamamahalaga ng ating mga ninuno.²⁵⁰ Masasabing nagkaroon ng adbentahe sa gawaing pananakop ang mga Espanyol sa pagkamasining ng Pilipino sa paghahalong ito. Sapagkat naging tuntungan at epektibong estratihiya ang

²⁴⁹ John Schumacher, “Syncretism in Philippine Catholicism: Its Historical Causes,” nasa *Growth and Decline: Essays in Philippine Church History*, pat. John Schumacher (Quezon City: ADMU Press, 2009), 107-124.

²⁵⁰ Felipe Jocano, “Filipino Catholicism: A Case Study in Religious Change,” *Asian Studies* 55, blg. ½ (2019): 43.



ganitong uri ng pag-aangkop upang mahalina ang mga Pilipinong yakapin ang ipapakilalang paniniwala sa pakiwaring hindi ito naiiba sa kanilang kinagisnang pananampalataya.²⁵¹

Sa paghahalong ito ay nagkaroon ng pagtutumbas at pagsasalikop sa mga katutubong sangkap. Mulang anito tungong santo, ang mga taotao ay naging rebulto, anting-anting na naging rosaryo, at iba pang halimbawa ng pag-aangkop, na ang produktot sintesis ng naging talaban ay ang pag-iral ng isang uri ng pananampalatayang Pilipino ang diwa at hulma. Ang “hindi perpektong” pagkagagap sa Kristiyanismo ang dahilan kung bakit sa harap ng pagbabago ng eksternal na larawan ng sinaunang pamamahalaga, nanatili naman ang mga batayan ng sinaunang paniniwalang pinag-aangklahan nito.²⁵² Ang ganitong pagsasalin ng ilang mga konsepto para kay Felipe Jocano ay nakapagbigay ng:

To a certain extent the environmental spirits have been replaced by saints and the indigenous prayers by the Christian prayers—but the underlying concepts remain intact in that the imperatives of local beliefs and practices still provide the people with proper ritual contexture of economic propositions in seeking the goodwill and assistance of the supernatural.²⁵³

Para naman sa ama ng Pilipinolohiya na si Prospero Covar, sa pangyayaring hugpungan ng mga elementong katutubo at banyaga, partikular ang tatlong natatanging relihiyosong tradisyon sa Pilipinas — i.e., Katolisismo, Protestantismo, at Anitoismo, ay ang pagbubuo ng isang bagong kabuuan.²⁵⁴ Ang pagkaunawa sa sistema ng pananampalatayang labas ay hindi basta na lamang tinanggap ayon sa emikong pagpapakahulugan nito sa sarili nito o sa kung papaano ito nais na ipakilala. Bagkus ito ay inunawa alinsunod sa konteksto't batas ng sariling pag-iral, o mula sa katutubong pananampalataya at kaisipang namamayani sa bayan na ang pinagbibinhian ay ang mismong konsepto ng Anitismo.²⁵⁵

²⁵¹ Vicente Villan, “Ang Pangkalinangang Subersyong Geopolitikal at Pagsipat ky Jose Rizal sa Diskurso ng Pamana sa Kasaysayang Pilipino,” *Kaningningan* 1, blg. I (2022): 52.

²⁵² Zeus Salazar, “The Matter with Influence: Our Asian Linguistic Ties,” nasa *The Malayan Connection: Ang Pilipinas sa Dunia Melayu*, pat. Zeus Salazar (Quezon City: Palimbagan ng Lahi, 1998), 61.

²⁵³ Felipe Jocano, “Filipino Catholicism: A Case Study in Religious Change,” 80.

²⁵⁴ Prospero Covar, *General Characterization of Contemporary Religious Movements in the Philippines* (Quezon City: Philippine Center for Advanced Studies, 1975).

²⁵⁵ Prospero Covar, “Panghuling Salita,” nasa *Anting-Anting: O Kung Bakit Nagtatago sa Loob ng Bato si Bathala*, pat. Nenita D. Pambid (Lungsod Quezon: Limbagan ng Unibersidad ng Pilipinas, 2000), 261-263



Maipapaliwanag kung gayon mula sa ganitong pagkakaugnay, kung bakit hindi payak na ‘panghihiram’ ang naganap sa pagitan ng kulturang tagapagsalin, na ipinapalagay na aktibo, at kulturang sasalinan bilang pasibo. Hindi isang *one sided process* o pang-isahang proseso lamang ang andukhaan na naganap. Sa halip, ang pagtugon sa hamon ng Kristiyanisasyon at idinulot nitong “pagbabagong-walang-nagbago” ay naisakatuparan sa pamamagitan ng masining na pagpili at pag-angkop ng ating mga ninuno sa mga impluwensyang ipapakilala bilang paggigiit, upang lumapat, sa kanilang kinagisnang sistemang panlipunang halagahin.²⁵⁶ Ang masalimuot na prosesong *symbiosis* na ito ay natawag ni Reynaldo Ileto na *lokalisasyon*, na kanyang epektibong isinalarawan bilang: “...pagkuha sa isang anyo, pag-alis sa nilalaman ng kahulugan nito, at pagpasok ng bagong kahulugan sa anyo.”²⁵⁷ Hindi ito nalalayo, subalit nagpapalawak pa nga sa batayang dalumat ng “pag-aangkin” na turan at talahulugan ng Pantayong Pananaw. Para kay Zeus Salazar, ang pag-aangkin bilang isang proseso ay palasak na gawain sa alinmang nabubuhay na organismong historiko-kultural na may sariling kakanyahan. Mahalaga at pundamental ito sa lahat ng mga nabubuhay na kabuuan upang patuloy na “*umiral*”, huwag “*pumanaw*” at tuluyang “*maangkin pa nga ng iba*”.²⁵⁸

Sa kabilang banda, sa teyoretikal na punto de bista, lubusang maaangkin lamang ang isang bagay o ideya kung ito ay may bisa at batayan sa wika-at-kalinangan ng “hahangong” lipunan. Kaya’t bilang pagdaragdag ni Salazar, marapat lamang na ang lahat ng proseso at alinmang gawain ng pag-aangkin ng sangkaPilipinuhan ay marapat na isagawa sa kaparaanang introspektibo. Yayamang tanging “maaangkin” lamang ang isang “kahawig” na dalumat sa labas kung may batayan ito sa panloob na panlipunan-at-pangkalingang reyalidad ng lipunang sasalok bilang salalayan nito ng pagkagagap sa ideyang paghahanguan.²⁵⁹ Samakatuwid, naging posible ang pagsilang ng Kristiyanismong Bayan sa pamamagitan ng pagaangkin ng sangkaPilipinuhan sa mga may saysay-para-sa-sarili na elementong Katoliko-Kristiyano. Higit sa lahat maging ang pagkaunawa rito mula sa punto de bista ng kanilang katububong

²⁵⁶ John Leddy Phelan, *The Hispanization of the Philippines: Spanish Aims and Filipino Responses, 1565-1700* (Madison: The University of Wisconsin Press, 2011), viii.

²⁵⁷ Reynaldo Ileto, “Writing Philippine History in the American Century,” isang panayam na inilahad bilang bahagi ng *Reynaldo C. Ileto’s Public Lecture Series* na ginanap sa De La Salle University-Manila, taong 2020.

²⁵⁸ Zeus Salazar, “Mula sa Patnugot,” nasa *Ang Kasaysayan: Diwa at Lawak*, pat. Zeus Salazar (Lungsod Quezon: Limbagan ng Unibersidad ng Pilipinas, 1974), ix-x.

²⁵⁹ Zeus Salazar, “Palitang Kuro sa Internet,” nasa *Manifesto ng Partido Komunista*, salin at anotasyon ni Zeus Salazar, mga pat. Karl Marx at Friedrich Engels (Lungsod Quezon: Bagong Kasaysayan, 2000b), 198



paniniwala at pamamahalaga. Sa yugto ng pag-aangkin ay hindi na maituturing na “hiram” ang paniniwalang dinampot bagkus ay ganap na naging atin matapos natin itong isa Pilipino mula sa kabuuang hulmahan at katangian nito.

Ang lahat ng mga ito pulpito ay malinaw ngunit lampas sa pagbibigay halimbawa at kahulugan ay ang pagsasakontekstwalisa sa mismong dalumat. Tunay na hindi lubusang mauunawaan ang penomenon ng Kristiyanismong Bayan, kung hindi ito ikakabit sa masaklaw na kontekstong pinaguugatan nito. Ang pagtatangkang pag-ugat na ito ay maitutulak pa sa kabihasanan at pananampalatayang Austronesyano sampu ng kanilang sandaigdigang pananaw at partikularidad. Sa katunayan, ang alinmang tangkaing maunawaan ng lubusan ang relihiyong Pilipino ay hindi magiging mayabong kung hindi ito susuriin mula sa emikong konsepto ng *anito*.²⁶⁰ Ang interes at preokupasyon ni Salazar kapwa sa relihiyong Pilipino at araling Austronesyano ay masasalamina sa taong 2006 sa kaniyang akdang monumental na *Ang Pilipinong Bamwa* nang ipakilala nito ang kaniyang etnolohikong pag-aaral hinggil sa pagkakaugnay-ugnay ng mga kumon na pananagisag na may kinalaman sa pananampalatayang Austronesyano.²⁶¹ Gayundin, ilang pag-aaral na rin ni Salazar ang bumabakas ukol sa nagpapatuloy na hibla ng pananampalatayang dati mula sa iba't-ibang mga ekspresyon at pag-aanyo nito sa kasalukuyan. Ilan sa mga konkretong manipestasyon nito ay masasalamina sa mga *pasundayag bayan*, gayundin maging sa arkitektura/istruktura mismo bilang batis hanguan ng kaalamang pangkasaysayan.²⁶²

Sinusundan ng ganitong mapanghawang landas bilang angklahan ng pagsusuri, ang pagbaybay ng mananaliksik sa mga pamanang pangkalinangan na nakalagak sa mga ekspresibong kultura na ‘di-materyal sa anyo ng pasundayag-bayan. Partikular ang *Prusisyon sa Ilog ni Santa Anang Banak* sa pagtatangkang palitawin ang anthropolohikal na kahulugan nito. Gayundin, sangkap din ng Kristiyanismong bayan maging ang mga istrukturang kolonyal sa Taguig partikular sa dalawang itinuturing na *important cultural property* nito—simbahan ng Santa Ana sa Taguig at *Simboryo*. Ang una ay naitatag sa kaparehong taon na binabalak ang Konspirasiya ng mga Maharlika o Sabwatan sa Tondo, at nang ang Taguig ay maging isang nagsasariling bayan o pueblo. Samantalang tinatayang

²⁶⁰ Jose Rhommel Hernandez, “Manipulasyon o Pakikipagkapwa: Ang Ugnayang Tao-Anito sa Sinaunang Pananampalatayang Pilipino,” *Malay Journal* 27, blg. 1 (2014): 85

²⁶¹ Salazar, *Ang Pilipinong Banua/Banwa sa Mundong Melano-Polynesiano*, 114-125.

²⁶² Zeus Salazar, “Tundun-Pailah-Binwangan: Ang Sistemang Ilog ilawud-ilaya ng Katagalugan, bilang Halimbawa ng Isang Proseso ng Pagkabuo ng mga Sinaunang Pamayanan ng Kapilipinuhan” nasa *Ang Saysay ng Inskripsyon sa Binatbat na Tanso ng Laguna* pat. Jaime Figueroa Tionson (Pila: BAKAS Inc., at Pila Historical Society Foundation Inc., 2010), 367-370.



taong 1700 naman nang maitatag itong huli, na siya ring takdang panahon kung saan naging estabilisado na ang estadong kolonyal sa bansa, at tuluyang nakatagos o nanuot na ang impluwensyang Espanyol.²⁶³

Bagaman napasailalim sa ilalim ng kolonyal na kapangyarihan at pagpapatinuhod sa mga katutubo sa pamamagitan ng Kristiyanismo bilang mabisang kasangkapang ideyolohikal. Mapangangatwiranang ginunam ng mga Taga-giik ang pananampalatayang ipinakilala mula sa sariling pagkaunawa at pakahulugan dito. Sa madaling sabi, hindi nawala sa mga katutubong Tagiik ang paggiit sa kinagisnang panlipunang halagahin na makikita hindi lamang sa mga nakapaimbalong mga kahulugan na taglay ng pagpapasundayag kay Santa Ana, kung hindi maging sa mga disenyo ng pananagisag na lulan ng mga istrukturang nabanggit. Sa pamamagitan nito ay mabisang mas maipapakita ang saysay ng isang “maliit na hibla o detalye ng kasaysayan” sa mas malawak na naratibong kinasasangkutan nito na may kaugnayan sa kanilang kinagisnang sinaunang paniniwala at kosmolohiya. Ang mga pakahulugan at pananagisag na ito ay produkto ng labis na kaisahan ng mga Taguigueno sa kanilang kapaligiran sa loob ng ginagalawang santinakpan kung saan nakapaloob ang pagkakaugnay-ugnay ng araw, ahas, buwaya, ibon, pawikan na pawang representasyong may kaugnayan sa mundong kaitaasan, lupa, at kailaliman ng Austronesyanong pananaw pandaigdig (worldview) at pananampalataya.

Arkeyolohikal na Paghuhukay sa Taguig

Maituturing na isang napakahalagang yugto sa kasaysayan ng arkeyolohiya sa Pilipinas ang pagsapit ng taong 1920's. Kung susundan ang balangkas ng kasaysayan ni Dr. Victor Paz hinggil sa arkeyolohikal na paghuhukay sa Kamaynilaan, ang panahon sa loob ng ika-19 na siglo hanggang 1920's ay maibibilang sa tinatawag na “*accidental archaeology*.”²⁶⁴ Ibig sabihin, ang mga natuklasan na mga obhetong arkeyolohikal ay napasakamay sa isang hindi inaasahang pagkakataon, at sa pamamagitan ng isang hindi sistematikong pamamaraan. Katunayan, ito ang panahon ng aksidenteng pagkakadiskubre sa maraming mga arkeyolohikal na labi't kagamitan sa noo'y itinatayong *Novaliches Dam* noong Pebrero 1926. Sa pamamagitan ng pagkakatuklas sa mga ito, ay

²⁶³ Phelan, *The Hispanization of the Philippines*, ix.

²⁶⁴ Paz, “Defining Manila through Archaeology,” 6.



umpisang napasinayaan ang sunod-sunod na mga arkeyolohikal na imbestigasyon at sarbey sa buong Kamaynilaan.²⁶⁵

Katulad ng aksidenteng pagkakatuksa sa *Novaliches Dam*, sa kaparehong taon din ng 1926 aksidenteng natuklasan sa Fort Mckinley ang mga *hayto* ng nataguriang *stegodon luzonensis* o mga *dwarfed stegodon* sa hindi pamamaraang sistematiko. Muling natuklasan ang kaparehong *fossils* noong 1956 matapos hukayin ang noo'y ginagawang seksyon ng *Manila American Cemetery* sa kaparehong lugar. Ipinagkaloob ito ng noo'y *Assistant Superintendent* ng *American Battle Monuments Commission* na si Otto Kauffman sa anthropologong si H. Otley Beyer na sa agarang pagpapasailalim sa pagsusuri ng *hayto* ay napag-alamang mula pa sa panahong *Pleistocene* ang tinatayang tanda.²⁶⁶ Sinundan naman ito ng pagkakatagpo noong Mayo 13, 1965 sa parehong erya ng Fort Mckinley nang isang ispesimeng nakapreserba sa makapal na "compacted volcanic ash deposit of the Guadalupe Formation" nang isang naglaho ng *megafaunang* nilalang na lumibot sa sangkapuluan mulang panahon pa ng *Pleistocene* (0.0117 – 2.58 milyong taon na ang nakakaraan). Napagalaman na ito ay butong hayto (*fossil*) na bahagi nang pangitaas na parte ng kanang panga ng isang uri ng endemikong rinoserong sa Pilipinas lamang matatagpuan na kilala sa siyentipikong pangalan nito na *rhinoceros philippinensis*. Mayroon itong habang nasa 12.07 sentimetro, may lapad na 6.87 sentimetro, may kapal na 9.47 sentimetro at bigat na 800 gramo.²⁶⁷ Kabilang ito sa malaking pamilya ng *Rhinocerotidae* na kahalintulad ng mga rinoserong natuklasan sa Butuan at Laya, Cagayan noong 1936 ng mga arkeyolohistang sina Alfonso Bagunu at Rodolfo Albano na *Pleistocene* rin ang relatibong tanda.²⁶⁸

²⁶⁵ H. Otley Beyer, "Outline Review of Philippine Archaeology by Islands and Provinces," *The Philippine Journal of Science* 77, blg. 3&4 (1947): 206-207.


²⁶⁶ Gustav Heinrich Ralph von Koenigswald, "Fossil Mammals from the Philippines," nasa *Proceedings of the Fourth Far-Eastern Prehistory and the Anthropology Division of the 8th Pacific Science Congresses Combined*, pat. D.n (Quezon City: National Research Council of the Philippines, 1956), 346-348.

²⁶⁷ "Rhinoceros Philippinensis," National Museum of the Philippines, inakses: 4/4/23. http://philmuseum.ueuo.com/nm_museum/nmtreasure/geo/rhino.html.

²⁶⁸ Angel P. Bautista, "Fossil Remains of Rhinoceros from the Philippines," *National Museum Papers* 5, Blg.1 (1995): 1.



Sa kabilang dako, matapos ang pagkakatuklas sa Novaliches Dam, itinuon sa pangunguna ni H. Otley Beyer ang arkeyolohikal na paghuhukay sa buong erya na sinasakupan ng noo'y probinsya ng Rizal at Bulakan. Bahagi ito ng sistematikong eksplorasyon na isinagawa mula sa pagitang taon ng 1926 hanggang 1930.²⁶⁹ Ang ulat hinggil dito ay inilimbag ni Beyer sa kaniyang *Outline Review of Philippine Archaeology* bilang isa sa mga pinakaseryosong paglalagom sa pinakamaagang arkeyolohikal na mga datos sa ating bansa. Ang napasinayaang limang taong arkeyolohikal na sarbey sa noo'y Probinsya ng Rizal²⁷⁰ magmula 1926 hanggang 1930 ay pinagpangkat-pangkat o hinati sa tatlong distrito na mahahati sa: 1.) *Novaliches-Marilao District*, 2.) *Lake District*, at 3.) *Central District and Special Sites*.



MAPA 5: MAPA NG RIZAL PROVINCE ARCHAEOLOGICAL SURVEY
[[HTTPS://TINYURL.COM/4EK9KUKC](https://tinyurl.com/4EK9KUKC)]

Nakapaloob sa bawat distrito na nabanggit ang mga “sub-distrito” kung saan nasa ilalim ng “*Central District*” ang “*Pasig-Tagig Subdistrict*” na binubuo ng pitong (7) sityong arkeyolohikal mula P-1 hanggang P-7. Produktibo at naging matagumpay ang ginawang eksplorasyon sapagkat sa Taguig pa lamang ay mayroon na kaagad nadiskubreng dalawang (2) sityong arkeyolohikal na nagpapatunay sa pag-iral ng sinaunang pamayanan sa Taguig. Ang isa ay

²⁶⁹ Para sa buong ulat tingnan ang: Beyer, “Outline Review of Philippine Archaeology by Islands and Provinces,” 205-374.

²⁷⁰ Matapos maging isang nagsasariling munisipalidad noong March 29, 1900, napabilang naman ang Taguig sa Probinsya ng Rizal noong June 11, 1901 sa bisa ng Act. No. 137 na pinatupad ng Philippine Commission.



nakalunan sa erya ng kasalukuyang Tagig Cemetery, at ang isa ay ang neolitikong situ sa Bagumbayan.²⁷¹ Sa kabuuan, nakakitaan ni Beyer ang dalawang sityo na ito ng dalawang importanteng pagtuklas na siyang lunsaran at makapagbubukas ng maraming posibilidad sa pag-aaral ng prehistorya ng Taguig. Higit sa lahat ay makapagpapatunay sa isang malalim na kasaysayan at kakanyahan ng bayan na ang pagkabuo ay tiyak na hindi maguumpisa noong 1587 lamang.



LARAWAN I8: ARKEYOLOHIKAL NA PAGHUHUKAY SA TAGUIG (1974)
[[HTTPS://TINYURL.COM/MR3DCNE3](https://tinyurl.com/mr3dcne3)]

Sa kabilang banda, hindi nagtapos sa paghuhukay ni Beyer ang tunguhin na malaman ang prehistorikong nakaraan ng Taguig. Matapos ang tagumpay na paghuhukay na binuksan sa Santa Ana, Maynila, natuklasan din sa kaparehong taon ng 1967 sa Napindan ang ilan pang mga mahahalagang tuklas na makabubuo sa tagpi-tagping kasaysayan ng Kamaynilaan noong ika-12 hanggang 14 na siglo.²⁷² Sinundan ito makalipas lamang ang isang taon sa erya ng Bagumbayan at Bicutan na pinangunahan nina Cecilio Salcedo at Kazuhiko Tanaka ng Pambansang Museo kung saan nakatagpo ang mga ito ng kasangkapang neolitiko tulad ng *obsidian flakes* at mga seramiko.²⁷³ Samantalang personal na siniyasat naman ng dating direktor ng *Anthropology division* ng Pambansang Museo na si Alfredo Evangelista ang isang sityong arkeyolohikal sa isang pinapatayong

²⁷¹ Ang Bagumbayan ay isang baranggay sa Taguig na nasa gawing katimugang bahagi nito.

²⁷² National Museum of the Philippines, *Annual Report 1967-1968* (Manila: National Museum, 1968), 17.

²⁷³ Cecilio Salcedo at Kazuhiko Tanaka, *List and Maps of the Porcelain Sites in Rizal, Laguna and Batangas Provinces* (Manila: National Museum of the Philippines, n.d.).



tahanan sa Wawa, Taguig noong 1974.²⁷⁴ Sa muling pagkakataon ay nakatagpo sila dito ng mga neolitikong kasangkapan, bulto ng seramiko at mga labi. Habang matapos ang mahigit dalawampung taon, muling naging tumpalan ang Taguig sa huling pagkakataon noong 1992 matapos ang muling aksidente ng pagkakatuklas sa noo'y tinatayong pundasyon sa compound ng St. Michael Paris sa Hagonoy, Taguig.²⁷⁵

TALAHANAYAN 4: ARKEYOLOHIKAL NA PAGHUHUKAY SA TAGUIG

TAON	SAAN	SINO
1928-1931	Tagig Cemetery Area at Bagumbayan	H. Otley Beyer & W.H Brown
1967	Napindan	National Museum
1968	Bagumbayan-Bicutan	National Museum
1974	Barangay Wawa	National Museum
1992	St. Michael Church Compound, Hagonoy	National Museum

Kung susumahin, mayaman sa mga datos arkeyolohikal ang Taguig. Ang kayamanang ito ang nagbubukas ng posibilidad kung bakit posibleng maitulay ng mga arkeyolohikal na tuklas sa Taguig ang mahabang prehistorikong kasaysayan ng bayan. Sa kabuuan, bahagi ang espasyo ng bayan sa silabong historikal buhat sa panahong *Pleistocene*, at mula rito ay maaaring ipaliwanag ang Taguig bilang mikrokosmo ng pagbubuo ng sangkapuluhan. Sa mga panahon ng pag-iral ng mga sinaunang tao bilang pamilyang nukleyar hanggang sa kalipunan ng grupo ng taong Austronesyano na buo ang wika-at-kalinangan. Pinatutunayan lamang ng konsekutibong taon ng paghuhukay sa Taguig na bukal sa yaman ang bayan ng mga datos arkeyolohikal na mahalaga upang maunawaan ang ating nakaraan. Isa itong mahalagang tuntungan upang malirip ang iba't-

²⁷⁴ Reynaldo Flores, *Survey Exploration, Barrio Wawa, Taguig, Rizal* (Manila: National Museum of the Philippines, n.d).

²⁷⁵ Angel Bautista, *Report of the Investigation of an Archaeological Site in St. Michael Church Compound, Taguig, Metro Manila* (Manila: National Museum of the Philippines, n.d).



ibang aspekto ng ating kasaysayan, at higit sa lahat ang ating kapaniwalaan at sandaigdigang pananaw.

Hukay sa Himlayan ng Santa Ana de Taguig

Orihinal na natuklasan ni Beyer at W.H Brown noong May 11, 1928 ang sementeryo ng Taguig bilang isang sityong arkeyolohikal.²⁷⁶ Hinihinuha ni Beyer na mayroon nang mga hindi sistematikong paghuhukay na naganap batay na rin sa mga porselanang kanilang nakita sa isang bagong hukay na libingan sa araw ng kanilang pagbisita. Ipinapalagay ng kanilang preliminaryong pananaliksik ang pagtatantya sa libingan na hinihinala nilang isa ring “13th to 14th century burial ground” na kinaulanan ay ginawang himlayang Katoliko pagpasok ng kolonisasyong Espanyol. Ayon sa ulat ni Beyer na kaniyang isinulat bilang *Catalogue of the Tagig Site*, ang pangkalahatang lokasyon ng prehispanikong pamayanan ng Taguig—kung saan bahagi ang lokasyon ng himlayan—ay nakatirik sa isang bahagyang mataas na lugar upang makaiwas sa pinsalang dulot ng pamanahong pagbaha. Maipapaliwanag mula sa ganitong kadahilanan kung bakit sa mismong lokasyon din na ito napili ng mga Kastila na pagtayaran ng isang himlayan na para kay Beyer ay maaaring kaugalian na din ng mga Tagiik noon pa man, ani Beyer:

Ang mga prayleng Espanyol na pumili sa lokasyong ito upang pagtayaran ng sementeryo ay hindi kataka-takang gawin ito sa simpleng kadahilanan nang pagkamataas ng lugar – subalit posible din namang mayroong tradisyon ang mga Taguigueno na kahalintulad ng ganitong pamamaraan.²⁷⁷ [sa akin ang salin]

Sa kurso ng isinagawang paghuhukay, nakadiskubre sina Beyer nang ilang mga mahalagang pagtuklas tungo sa pag-uugat ng prehistorikong batayan ng Taguig at maging ang ugnayan nito sa mga kalapit nitong mga bayan. Bilang paglalagom ni Vitales sa paghuhukay na naganap sa Taguig, natagpuan nina Beyer ang maagang bakas ng:

maagang pamayanan at mga lugar ng libingan na naglalaman ng Tang-Sung *Early Monochrome wares* sa lambak ilog ng Taguig, at Huling Neolitikong mga daras (*adzes*) at pait (*chisels*) na may kasamang *obsidian*

²⁷⁶ Beyer, *Catalogue of the Tagig Site*, 2.

²⁷⁷ *Ibid.*, 4.



at *chert flakes* sa situ ng Bagumbayan sa katimugang bahagi ng Taguig.²⁷⁸ [sa akin ang salin]

Natuklasan sa unang sityo ng *Taguig cemetery* ang isang “*ancient village site and burial ground combined*” o pamahayanan at himlayan sa parehong pagkakataon. Karamihan sa mga etnolinggwistikong grupo ay nagsasagawa ng ganitong kaparaanan ng paglilibing, na makikita din sa iba pang mga natuklasang sityong arkeyolohikal.²⁷⁹ Sapagkat liban pa sa mga Tagalog, kaugalian din ito ng mga Tinguian, Kalinga, Igorot, Bisaya, Manobo atbp. Sa kaso ng taga-Cordillera, naniniwala sila na mayroong isang espiritu na kumakain ng laman ng namatay. Dahil ang mga batang namatay ay hindi ito kayang kabakahin, minamabuti na lamang na ilagay sa ilalim, o malapit sa kanilang tahanan ang yumao upang protektahan ito.²⁸⁰ Bilang pagdaragdag dito ng arkeyologong si Barretto-Tesoro, may mahigpit na kinalaman sa *subsistence* ang mga lipunang naglilibing ng kani-kanilang yumao sa loob, at paligid ng mga bahayan. Implisitong pinapahiwatig nito na ang mga lipunang ito—kabilang ang Taguig—ay mga agrikulturistang sedentaryo. Samakatuwid, magkatuwang sa pagbubuo ng mga bahayan sa Taguig ang mga palayan sapagkat may pananim na kinakailangang alagaan.

Maliban pa sa pagkakatuksa sa kompleks ng pamayanan-himlayan, sa loob ng himlayan ay mayroon ding natagpuang mga *monochrome ware* at porselanang Tsino na tinatayang ang tanda ay mula pa sa panahon ng dinastiyang Tang (618-907 M.K) at Song (960-1279 M.K). Isang mahalagang bagay ang mga porselanang nahukay sapagkat ang mga ito ay isa sa mga metodolohikal na batayan ng maaaring petsa ng naturang sityong arkeyolohikal.²⁸¹ Bagama’t walang katiyakan kung mula ba talaga sa panahong Tang-Song o pagpapatuloy lang ng tradisyong Tang-Song sa mga sumunod na panahon ang mga ito, may apirmasyon si Beyer na ang mga porselanang nahukay nila sa Taguig ay may pekulyar na katangiang mayroong malapit na pagkakahalintulad sa mga porselana’t seramikong kanila ding natuklasan sa Santa Ana, Maynila noong 1926 sa pinaupahang lupa ng pamilya Calderon. Mayroon itong petsang 9th (huling Tang) hanggang 12th century M.K (maagang Song)²⁸² na takdang panahon kung

²⁷⁸ Timothy James Vitales, “Archaeological Research in the Laguna de Bay area, Philippines,” *Hukay* Tomo 18 (2013): 54-81.

²⁷⁹ Victor Paz, “The Intertwined Praxis of Archaeology,” (Lektura, Museo ng Kaalamang Katutubo, November 4, 2022).

²⁸⁰ Barretto-Tesoro, “A Survey of Literature on Indigenous Burial Practices and their Archaeological Implications,” 112.

²⁸¹ William Henry Scott, *Prehispanic Source Material for the Study of Philippine History* (Quezon City: New Day Publishers, 1984), 6-7.

²⁸² Beyer, *Catalogue of the Tagig Site*, 238.



kailan umiral ang tinuturing na kaharian ng Namayan na kinabibilangan ng Taguig at iba pang mga karatig pook nito.²⁸³ Para sa arkeyologong si Victor Paz, hinihinuha nito na umiiral na noon pa man ang Namayan sa panahon kung kailan namamayani ang Tundun ni Jayadewa noong ika-10^{ng} dantaon subali't hindi pa ito isang ganap na kapangyarihan bunga ng hindi ito natukoy sa pamosong inskripsyon ng *Binatbat na Tanso ng Laguna*.²⁸⁴

Magkagayunpaman, implisitong pinapahiwatig ng mga arkeyolohikal na tagpo ang maaaring ugnayan ng Taguig sa prehistorikong kahariang umusbong sa ilog Pasig. Lalo pa maging ang pakikisangkot ng Taguig sa pangangalakal ng mga produktong Tsino na itinuturing bilang *prestige goods*. Mas lalong mabibigyang saysay samakatuwid ang pag-iral ng mga nahukay na porselanang Tang-Sung sa Taguig sapagkat sa mga panahong ito ay minumungkahi ng Pambansang Museo na nagsisilbing isang *trading station* o “*local entreport*” ang kaharian ng Namayan.²⁸⁵ Dumadaan muna ang mga dayuhang kalakal magmula ilawud sa pamamagitan ng Tondo patungong Namayan, at mula Namayan ay paakyat ng *ilaya* na ang probable o kung hindi man tiyak na ruta ay maaaring kapwa sa Ilog Taguig at Pasig bilang mga pangunahing lagusan ng lawa.²⁸⁶ Sa pamamagitan ng mga natuklasan na mga seramikong Tsino sa Taguig at sa rehiyon o erya ng Laguna de Bai ay nagpapatunay ng isang katibayan ng kalakalang namamayani at rutang pinamamayanihan sa panahong ito.

Katulad ng nabanggit sa *report* ni Beyer, isang bahagi lamang ng sinaunang pamayanan ng Taguig ang kinatitirikan ng himlayan mismo. Patunay rito ang mga nahukay na obhetong arkeyolohikal na lampas sa hangganan ng “dingding” ng himlayan, partikular ang kaligirang bahagi nito kung saan nadiskubre ang ilan pang mga importanteng pagtuklas. Batay sa ebidensyang arkeyolohikal, dahil sa kasalatan ng mga natagpuang retaso o *fragments* pagkalipas ng 16th century sa labas o kaibayuhan ng dingding ng *Taguig cemetery* nakabuo sina Beyer ng konklusyon na maaaring hindi na pinamahayanan ng mga kalat-kalat na mga bahayan ang kaligiran ng himlayan matapos ang ika-16 na dantaon. Marahil sanhi ng pagpapasailalim ng Taguig sa kaayusang pueblo noong 1587 sa ilalim ng *reduccion* at imposisyon sa loob nito ng mga patakarang kolonyal.

²⁸³ Nick Joaquin, *Manila My Manila: A History for the Young* (Manila: City Government of Manila, 1990).

²⁸⁴ Paz, “Defining Manila through Archaeology,” 1-35.

²⁸⁵ National Museum of the Philippines, *Annual Report 1967-1968*, 17.

²⁸⁶ Eufemio Patanne, “Old Tondo and the Lakandula Revolt of 1574,” nasa *Historic Manila: Commemorative Lectures, 1993-1996*, pat. Enrique Victoriano (Manila: Manila Historical Commission), 9-10.



Mahalagang maisakonteksto ang nabanggit na pagkakahiwa-hiwalay ng mga kalat-kalat na bahay, sapagkat natural lamang na nasa malayong agwat ang lupaing sinasaka ng bawat isa. Sa katunayan, mula sa ganitong rason ang naging kasanhan ng pagtatag ng simbahan ng Taguig sa pinaka primaryang layunin na matipon ang mga kalat-kalat na mga Taguigueng nakatira sa mga lupaing sakahan.²⁸⁷ Sa ganitong kadahilanan din kung bakit ipinalagay at pinakahuluganan ito ng mga Kastila bilang isang konkretong kahayagan ng isang lipunang walang kaayusan na hindi naaayon mula sa Europeong pamantayan.²⁸⁸ Kaya naman sa pagpasok ng kolonisasyon, humantong ito sa paglinang o paglikha ng mga mananakop ng isang pisikal na espasyo sa Taguig sang-ayon sa ideya ng *reduccion* upang ang mga katutubo ay umanib at epektibong mapasailalim sa isang kaayusang kanilang itatakda. Sa pagbabago ng kaayusan ay pagnanasang magbabago rin ang kamalayan at kaisipan ng mga katutubo.²⁸⁹ Isang pagtatangang mahango ang mga itinuturing nilang “hindi sibilisadong” Pilipino na dati’y nabubulid sa kadiliman tungo sa kaliwanagan.²⁹⁰ Ngunit tulad ng sasaysayin sa kabanatang ito, mapapatunayang nanatiling lumantay sa diwa ng mga Taguigueno ang mga kinagisnang pamamahalaga sa likod ng kolonyal na imposisyong ipinataw sa kanila.

Katulad ng nabanggit na, masasabing isang mahalagang pagtuklas nga ang mga porselana o seramikong Tsino na natagpuan sa himlayan ng Taguig. Maliban pa sa kadahilangang ang mga ito ay konkretong katibayan ng maaaring ugnayan ng Taguig sa prehispanikong Namayan (Sapa), at Tondo, maituturing din ang mga prestihiyong kagamitan bilang pananda na relatibong nakaugnay sa mataas na katayuan sa buhay o/at tanda ng simbolo ng yaman.²⁹¹ Ang *porselana* sa lente ng arkeyolohiya ay may iba’t-ibang mga gamit na sa karaniwang pagkakataon ay nakalaan sa kaparaanang *mortuaryo* o/at ritwal sa paglilibing. Ano pa’t sa layuning mapadali at mapagaan ang paglalakbay ng yumao patungo sa

²⁸⁷ Rodriguez, *Historia de la Provincia Agustiniiana del Santisimo Nombre de Jesus de Filipinas*, Vol. 7, 139ff.

²⁸⁸ Jose Rhommel Hernandez, “Reduccion: Ang Pag-uwi sa Diskurso ng Pananakop at Pakikipagtunggali,” *Malay* 23, Blg. I (2010): 73-74.

²⁸⁹ Amelia S. Ferrer, “Reduccion sa Bohol sa Dantaon 16 hanggang 19: Katangian at Anyo,” *Philippine Social Sciences Review* 57, Blg. 1-4 (2005) 89-90.

²⁹⁰ Nakapaimbalon kung gayon sa *reduccion* ang pilosopiyang pangkasaysayan ng mga Espanyol na *bipartite* na pagtingin. Patungkol dito, basahin ang: Zeus Salazar, “A Legacy of the Propaganda: Tripartite View of Philippine History,” nasa *The Ethnic Dimension: Papers on Philippine Culture, History and Psychology*, pat. Z.A Salazar (Cologne: Caritas, 1983)

²⁹¹ Laura Lee Junker, *Raiding, Trading, and Feasting: The Political Economy of Philippine Chiefdoms* (Honolulu: University of Hawaii Press, 1999), 3.



kabilang buhay.²⁹² Paglalakbay o tawid-dagat na nasasalalay sa paggamit ng sasakyang bangka sa paniniwalang ang bangka ang siyang behikulong magdadala sa kaluluwa patungong kabilang buhay.

Manipestasyon ito ng kulturang maritimo na maiuugat pa sa batayang kalinangang Austronesyano, na ang mainam na halimbawa ay makikita sa takip ng bangang Manunggul kung saan isinasagwan ang isang yumao tungong kabilang buhay. Samakatuwid, mula sa ganitong sentido masasabing ang porselanang nahukay ang siyang nagsisilbing materyal na pisi na nag-uugnay sa mundo ng mga tao at daigdig ng mga anito.²⁹³ Tampok ito sa mga nahukay na porselana at seramikong Tsino sa iba pang mga sityong arkeyolohikal na himlayan sa buong sangkapuluan at lalo pa, sa natagpuan sa Taguig. Ayon sa muling paglalagom ni Vitales:

In the Taguig area, a grave site has been partly excavated within the river valley, uncovering human remains with associated ceramic grave goods dating to 9th to 12th century CE (Tang-Sung Early Monochrome period).²⁹⁴

Sa perspektiba ng anthropolohiya, ang asosasyon ng mga itinuturing na *grave goods* sa patay ay ipinapaliwanag at mariing nakaugnay sa tinatawag na tradisyong “*pabaon*” ng ating mga ninuno. Sa kaugaling ito, ang yumao ay ginagayakan at sinasamahan ng mga prestihiyong kagamitan tulad ng porselanang Tsino, seramiko, alahas na ginto, damit, sandata atbpa. upang makarating ng taimtim at matiwasay ang naglalakbay na kaluluwa sa mabuti nitong kalagayan.²⁹⁵ Sa mundo ng ating mga ninuno, mahigpit ang paniniwalang hindi pa nagtatapos ang buhay ng yumao sa mundong ibabaw, bagkus ay mayroon pa silang tiyak na patutunguhan sa kabilang buhay.²⁹⁶ Sa kabilang buhay ay kanilang makakatagpo ang kanilang mga ninunong yumao, at sa pagkakatagpong ito ay mahalagang mayroong “pasalubong” na dala, na

²⁹² Cynthia Ongpin Valdes, *Pang-alay: Ritual Pottery in Ancient Philippines* (Makati City: Ayala Foundation, 2003).

²⁹³ Grace Barretto-Tesoro, “Of Earthenware, Ancestors, Gods and the Living” nasa *Pang-alay: Ritual Pottery in Ancient Philippines*, pat. Cynthia Ongpin Valdes (Makati City: Ayala Foundation & Oriental Ceramic Society of the Philippines, 2003).

²⁹⁴ Vitales, “Archaeological Research in the Laguna de Bay area, Philippines,” 62.

²⁹⁵ Dante Ambrosio, *Balatik: Etnoastronomiya, Kalangitan sa Kabihasang Pilipino Pilipino* (Lunsod Quezon: University of the Philippines Press, 2010), 70.

²⁹⁶ Francisco Ignacio Alcina, *History of the Bisayan People in the Philippine Islands; Evangelization and Culture at the Contact Period; Tomo III*, mga pat. at tsln. Cantius Kobak at Lucio Gutierrez (Manila: University of Sto. Tomas Publishing House, 2005).



magmumula sa “pabaon” na ilalagak ng mga kamag-anak kaalinsabay ng namatay.²⁹⁷ Samantala, liban pa sa mga porselana, isa sa mga natagpuan nina Beyer na marapat na salungguhitan ay ang mga natuklasang mga buto ng pagong at sungay ng usa sa himlayan.

Matapos ang ilang dekada, nakapagsagawa naman ang Pambansang Museo ng hiwalay na paghuhukay sa noo’y pinapatayong tahanan ni G. Alejandro San Pedro sa barangay Wawa noong 1974.²⁹⁸ Nakapagtagpo sila rito ng ibayong pagkatuklas sa mga porselana, batong daras, spindle whorls, tektites, at mga glass beads.²⁹⁹ Maging ng mga labi ng tao na hinihinalang may panandang bato sa himlayan, at ng mga tiniyak na mga labi ng buwaya. Hindi pekulyar sa Taguig ang ganitong pamamaraan ng paglilibing, subalit tila malaganap pa nga sa buong mundong Katagalugan. Sa katunayan, isang hukay sa baybayin ng lawa ng Laguna ay mayroon ding kahalintulad na natagpuang kalansay ng isang buwaya na tila бага kasama sa ritwal ng paglilibing.³⁰⁰ Natatangi lamang sa Taguig sapagkat hindi lamang hayto o labi ang natagpuan bagkus maging isang parang bronseng buwaya na liktao, at maging ang sungay ng usa. Ayon sa mananaliksik na si Elmer Nocheseda, ang natagpuang bronseng buwaya sa Wawa ay isang kagamitan na ginagawang panghalili sa pag-aalay ng buwaya.³⁰¹ Samantalang ang usa ni Beyer at ng Pambansang Museo ay kahalintulad din ng iba pang mga sityong arkeyolohikal sa mundong Katagalugan na nagtataglay ng magkahalintulad na liktao/hayto bilang pamamaraan ng paglilibing. Isang halimbawa nito ay ang natuklasan sa Santa Ana (*Namayan*) kung saan kasama din maging ang pagong, buto at sungay ng usa sa loob ng isang kahoy na kabaong.³⁰²

Mahalagang salungguhitan ang mga binigyang diing mga nahukay sapagkat mapapatunayang sinasalamin ng mga pananagisag na ito ang kosmolohiya at sinaunang pananampalataya ng mga Austronesyano na nakaugnay sa kanilang paniniwala ukol sa kamatayan at kabilang buhay. Kapansin-pansing bagay ang pagkakaroon ng komonalidad at pagkakahawig ang

²⁹⁷ Barretto-Tesorero, “A Survey of Literature on Indigenous Burial Practices and their Archaeological Implications,” 107

²⁹⁸ Photo collection number SS00597 In the Filipinas Heritage Library / Filipinas Heritage Library photo collection SSS0009 – personal collection of Mr. San Pedro of Barrio Wawa.

²⁹⁹ Vitales, “Archaeological Research in the Laguna de Bay area, Philippines,” 63.

³⁰⁰ Makikita rin ito sa iba pang mga kabayanan sa baybay-lawa. Cf. Axle Tugano, “Mga Elementong Katutubo at Pakahulugan sa mga Pananagisag sa Nagcarlan Underground Cemetery, Nagcarlan, Laguna,” *TALA Kasaysayan* 3, Blg .2 (2020): 44: “Sa isang hukay sa baybayin ng Laguna de Ba-i/y ay mayroong natagpuang kalansay ng isang buwaya na tila бага mayroong isinagawang ritwal sa paraan ng paglilibing.”

³⁰¹ Nocheseda, “Ecological and Ritual Change in the Devotion to Santa Marta of Pateros,” 79.

³⁰² H. Otley Beyer, “Recent Discoveries in Philippine Archaeology,” nasa *Proceedings of the Third Pan-Pacific Science Congress* (Tokyo: National Research Council of Japan, 1928), 2475.



mga hayto at artefak kung saan ito natagpuan. Korelasyong lahat ay pawang nakalunan o natagpuan sa mga prehispanikong himlayan!; ang kailaliman na *domain* ng mga anitong buwaya, pagong/pawikan, usa at ahas kung saan matatagpuan ang hantungan at banwa ng mga yumao.³⁰³ Samakatuwid, mayroong katiyakan na may nakaugnay na paniniwala sa mga ito na kailangang palitawin at maikonekta sa mas malawak na konteksto ng mga pangyayari.

Sa kasamaang palad, karamihan sa mga liktao na nahukay nina Beyer sa Taguig noong 1928-1931 ay kabilang sa mga napinsala ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig. Ang limitasyong ito ang nagdala upang hindi magkaroon ng pagkakataon ang mananaliksik na magsagawa ng tuwirang pagsusuri sa mismong liktao na nahukay na siyang limitasyon ng pag-aaral na lagpas sa kapangyarihan ng mananaliksik. Bagaman may ilang mga pirasong nakaligtas o naisalba, isang mahirap na problema na matiyak ang pagtatakda ng pinanggalingan o *provenance* ng liktao na nakatago sa isang kahoy na baul sa pangangalaga ng Pambansang Museo. Samantalang ang mga nahukay naman ng Pambansang Museo noong matapos ang digmaan (1967-1974-1992) ay nasa maagang yugto pa lamang ng pagsasa-ayos.³⁰⁴ Samakatuwid, bunga ng ganitong limitasyon, ang kinahantungan ng pag-aaral ay pagkakasalig na lamang sa mga litratong kuha ng mga nahukay na artefak, mga *written archaeological report*, pagpunta sa mga natitirang bakas sa mga kolonyal na istruktura at pakikiugaling-pakikimamid sa pagpapasundayag bayan upang makabuo ng konklusyon.

Ang Kaligiran ng Himlayan ng Taguig

Sa ganitong kaso maihahalintulad ang himlayan ng Taguig—ang mismong himlayan na pinangyarihan ng paghuhukay nina Beyer na mas lalong higit na nakapukaw sa akin ng interes. Kung mapapatunayang nagawa ang himlayang ito noong ikalabing pitong dantaon, katulad ng pagtataya ni Beyer, masasabing ito rin ang himlayan na nabanggit ni Buzeta sa kaniyang *Diccionario* noong 1831 na isinalarawan nito na “bien ventilado” o maaliwalas.³⁰⁵ Sa pagpasok pa lamang ng himlayan, agad na makakaagaw pansin ang sentral na istruktura ng *Simborio* na tinatawag ding *cementerio del globo* dahil sa mala-“dome shape” na porma nito. Ang mismong istruktura ay gawa sa batong adobe na hinaluan ng


³⁰³ Carmen Penalosa at Zeus Salazar, *Pantayong Pananaw: Bagong Historiograpiyang Pilipino, Bagong Balangkas ng Kasaysayan ng Kapilipinuhan, Araling K to 12 sa Powerpoint* (Lungsod Quezon: Bagong Kasaysayan, 2018), 308.

³⁰⁴ Timothy Vitales, personal na komunikasyon ng may-akda, Messenger, Setyembre 24, 2022.

³⁰⁵ Buzeta, *Diccionario*, 440.



apog, puting itlog at putik. Mayroon itong walong (8) gilid, at sa ilalim na bahagi ng walong gilid na ito ay mayroong mga nakalagak na mga patay. Sa harapang bahagi nito ay mayroong hagdanan na may labing isang hakbang na siyang daan papasok sa loob ng istruktura na isang kapilya na pinaglilagakan para sa huling pagbabasbas bago tuluyang ilibing ang namatay. Ngunit bago pumasok sa loob ng kapilya ay makakatagpo muna ang *motif* ng “ahas/sawa” sa itaas na bahagi ng pinto.



LARAWAN I9: SIMBORYO (c. 1899-1902)
[[HTTPS://TINYURL.COM/Y27NN9YH](https://tinyurl.com/Y27NN9YH)]

Kung titingnan ang *motif* ng ahas mula sa lente ng pangkaraniwang taong nagdadaan sa tuwing bumibisita, masasabing walang ekstraordinaryong bagay na makikita dito liban na lamang sa pagiging sentral na istruktura nito. Subalit kung malalapatan ito ng anthropolohikal na pagbasa ay nagtataglay ito ng isang mahalagang symbolismong sumasalamin sa sinaunang Austronesyanikong pananampalataya. Mapanghawang hinuha ang naipamalas noon ng arkeyologong si Grace Barretto-Tesoro hinggil sa pagpapaliwanag sa saysay ng himlayan bilang potensyal na batis ng pagsasakasaysayan.³⁰⁶ Bagama’t itinuturing ang himlayan bilang isang pook-espasyong segragasyon sa pagitan ng mga “patay” at “buhay”, nagtataglay ng mayamang balon ng datos ang himlayan upang malalimang mapag-aralan ito mula sa iba’t-ibang mga dulog at lapit. Kahit maging ang mga simbolo at *motif* na taglay ng bawat himlayan ay mayroong natatagong pagpapakahulugan na hindi hayag ngunit implisitong nangungusap.

³⁰⁶ Grace Barretto-Tesoro, *Himlayan, Pantiyon, Kampo Santo, Sementeryo: Exploring Philippine Cemeteries* (Quezon City: University of the Philippines Press, 2016), xxv.



Sa ganang ito, mahalagang masuri ang ekspresyon ng sinaunang pananampalataya sa *Simborio* mismo bilang isang sining arkitektural o/at materyal na kultura, at pagbasa sa pananagisag bilang isang teksto mismo. Nakalagak at mauulinigan sa istrukturang ito ang isang nakapaniping kahulugan sa kasaysayan ng Taguig na taimtim na nangungusap sa taong nais itong basahin.³⁰⁷ Sa ganitong punto mababalikan ang turan ng dakilang William Henry Scott hinggil sa “masining na pagbasa” sa mga kolonyal na tala upang makita ang tinutukoy niyang “siwang” na makalilirip sa mga saloobin ng mga Pilipinong pinatahamik ng mga dokumento.³⁰⁸ Malikhain ang bayan sa pagtatala ng kaniyang sarili sa pagkakataong hindi mailuwal ng mga dokumento ang saloobin nito. Tinangka mang alisin ang kaniyang aktibong papel, iniuukit naman nito ang kaniyang marka sa sanlibutan sa kaparaanang lampas sa tekstwal na batis ng makakapangyarihan. Nailalangkap nito ang kaniyang pananaw at saloobin sa iba’t-ibang mga ekspresyon na nagsisilbing behikulo ng kaniyang napatahimik na tinig. Bagama’t sa sentido at konteksto ng positibismo naka angkla ang ideya ng “siwang” ni Scott, mailalapat din ang “siwang” na ito sa mga hindi tekstwal na mga batis tulad na lamang ng mga kolonyal na istrukturang katutubo ang may likha—i.e. *Simborio*. Sa pamamagitan ng pagsusuri sa mga istrukturang kolonyal, bilang mahalagang sangkap ng *Kristiyanismong Bayan*,³⁰⁹ ay ang posibilidad na matagpuan o/at maipook ang boses ng mga Pilipino sa mga ito.

Ang tinatayang tanda ng simborio ay ipinapalagay ni Beyer na itinayo noong 17th century ng mga 200 *polistas* o mga taong napasailalim sa pwersahang paggawa – i.e., *polo y servicio*.³¹⁰ Ang pagkakatatag ng himlayan, at ng simbahang Katoliko ay simbolikong nangangahulugan ng isang matagumpay na ebanghelisasyon at kolonisasyon sang-ayon sa ilalim ng *Patronato Real*³¹¹, kung saan nakahimlay ang mga Kristiyanong naghihintay sa pagkabuhay na mag-uli ayon sa doktrina ng Kristiyanismo.³¹² Sa harap ng proseso ng pagpapasailalim sa bagong kaayusan, mapangangatwiranang naroroon pa, o/at patuloy pang nanatili ang pamamahalaga sa Austronesyanikong kamalayan ng mga Taguigeno sa *ahas*,

³⁰⁷ Victor Paz, “Arkiyoloji, Komunikasyon, at Simbolismo,” *Test Pit* Blg. 11 (November 2007): 23-27.

³⁰⁸ William Henry Scott, *Cracks in the Parchment Curtain and Other Essays in Philippine History* (Quezon City: New Day Publishers, 1982).

³⁰⁹ Tugano, “Mga Elementong Katutubo at Pakahulugan sa mga Pananagisag sa Nagcarlan Underground Cemetery, Nagcarlan, Laguna,” 49.

³¹⁰ “The Simborio,” Taguig Heritage Society, inakses: 3/3/22, <https://taguigheritagesociety.wordpress.com/2020/03/03/the-simborio/>.

³¹¹ Sa ilalim ng *Patronato Real* ang simbahan at estado ay iisang pamahalaan.

³¹² Xavier Huertz de Lemps, “A Matter of Grave Concern: Burial Sites and Funeral Rites in the Nineteenth-Century Philippines,” *Philippine Studies* 69, Blg. 2 (2021): 163.



buwaya, *pawikan* bilang mga sentral na representasyon ng daigdig ng kailaliman bago ang, at maging sa, pagsapit ng kolonisasyon. Masining na mailalangkap ng mga Taguigeno ang mga pangkalinangang pananagisag na ito sa kabila ng imposisyong kolonyal sa relihiyong Katolisismong sapolitang ipinakilala sa kanila. Tinanggap man ang impluwensya ng may kabukalan, patuloy ang pagkakandili ng mga Taguigeno sa kanilang kinagisnang Austronesyanikong pananampalataya na masasalamín sa iba't-ibang pagaanyo. Partikular ang masining na paglangkap sa mga ito sa sining na arkitektural –i.e. ang *Simborio* o tinatawag ding *cementerio del globo* na istrukturang naglalaman ng isang importanteng bakas na sumasalamin sa kosmolohiya o/at kabuuang imahe ng uniberso ng ating mga ninuno sampu ng mga paniniwalang kaugnay nito. Ayon sa pagtatala sa *Simborio* na isinagawa ng *Taguig Heritage Society*:

The dome shape structure was made of undersized adobe stonewalls bonded by lime, egg white and clay. The entire measurement of the *simborio* is 173 square meter and 8 meter in height. The dome itself or domo has a diameter of 4 x 4 meter. A snake shape symbol is visible at the top of the main door and a cross at the top of the dome of the *simborio*.³¹³

Masasalungguhitan ang ginawang pagsusuri ng *THS*, sapagkat isang ekstraordinaryong pagkakatagpo ang hugis ahas (sawa) na *motif* na nakalunan sa itaas na parte papasok ng *dome shape* na bato. Masasabing ang hugis ahas o sawa ay hindi idinagdag bagkus ay naroroon na noon pa man batay sa lumang litrato ng himlayan na nakalagak sa arkibo ng *Fortworth Texas (Larawan 17)*. Pinaniniwalaan sa kwentong bayan ng Tuktukan, Taguig na ang ahas na ito ang nagbabantay sa nakatagong



LARAWAN 20: ANG SAWA SA LUMANG SIMBORIO
[[HTTPS://TINYURL.COM/YVK38YYN](https://tinyurl.com/YVK38YYN)]

³¹³ “The Simborio,” Taguig Heritage Society, inaks: 3/3/22, <https://taguigheritagesociety.wordpress.com/2020/03/03/the-simborio/>.



kayamanan, at nagsisilbing panakot pa nga sa mga batang inaabutan ng takipsilim sa pangambang magising ang dambuhalang ahas at makain ng buo.³¹⁴ Sa katunayan, dahil sa taglay nitong pagkatangi ay naging tampok pa nga ang mismong *Simboryo* at simbahan ng Santa Ana, Taguig sa isang pinilakang tabing na may pamagat na “*Ang Sawa sa Lumang Simboryo*”³¹⁵ bilang reperensyang hinugot sa hugis ahas na *motif* na makikita sa itaas na bahagi ng pintuan nito. Pinagbidahan ito ng mga batikang aktor tulad nina Jose Padilla Jr. at Anita Linda, at nagtamo ng *Best Picture* sa FAMAS noong 1952. Karamihan ng mga lugar na pinangyarihan sa pelikula ay kinuhanan sa mismong *Simboryo* at Simbahan ng Santa Ana, dahilan upang mapatanyag ng pelikulang ito ang Taguig at ang *Simboryo* mismo. Bagaman wala na ang orihinal na arko at bakod nito, isang malaking palaisipan ang pagkakaroon ng hugis ahas na pananagisag. Ito ay sapagkat sa mundo ng Katagalugan, hindi ahas bagkus buwaya ang pangkaraniwang iniuugnay sa mundo ng kailaliman.

ANG MGA KULTURAL NA PANANAGISAG

Pundamental na maunawaan ang sinalungguhitang tagpo sa itaas bilang mayamang balon ng kaalaman tungo sa pagkaunawa sa kosmolohiya at sinaunang sistema ng pananampalatang Austronesyano.³¹⁶ Naipakita na noon pa man mula sa mga pag-aaral nina Zeus Salazar, Dante Ambrosio, Barretto-Tesoro at Lorenz Lasco ang “pagkamalaganap” nang konsepto ng tatluhang sapin o estrata ng kosmolohiyang Austronesyano sa buong mundong Austronesyano na mahahati sa daigdig ng kaitaasan, ibabaw, at kailaliman.³¹⁷ Ang bawat estrata ng santinakpan ay may korespondeng mga pananagisag, kung saan sa lumang relihiyon ng mga Austronesyano ay kapwa mahalaga ang pagtatangi sa araw/ibon ng kaitaasan, tao/mortal na nilalang ng sangkalupaan, at sa buwaya/ahas/pagong ng kailaliman.³¹⁸

Ang sagsay ng ahas/pagong/buwaya bilang anito ng mundo ng kailaliman at tambalang araw-ibon sa mundo ng kaitaasan ay maibubuod sa

³¹⁴ D.n, *Taguig: The People's Book*, 75.

³¹⁵ Ito ay orihinal na nasa Mabuhay komiks na ginawan ng adaptasyon sa pelikula na siyang pinagbidahan ng mga batikang aktor tulad nina: Jose Padilla Jr., Anita Linda, Rita Gomez, Max Alvarado atbp. Nagtamo ang naturang pelikula ng ilang mga paggawad tulad ng *Best Picture* sa FAMAS noong 1952, at nagkaroon pa nga ng bersyon sa Ingles na “Python at the Old Dome”.

³¹⁶ Grace Barretto-Tesoro, “A local discourse on the early belief system from the Philippines using evidence from the Guthe Collection” *SPAFA Journal* 4 (December 2020): 2

³¹⁷ Ambrosio, *Balatik: Etnoastronomiya, Kalangitan sa Kabihansang Pilipino Pilipino*, 45.

³¹⁸ Lorenz Lasco, “Mga kadahilanan kung bakit wala tayong malalaking gusali o templo noong dating panahon,” *Saliksik E-Journal* 3, Blg. 1 (2014): 123-124.



itinuturing na “*Mother of all Philippine Maps*”, sa mga grabado nitong nilikha ng Pilipinong si Nicolas de la Cruz Bagay kung saan makikita ang representasyon ng kailaliman (ahas, buwaya), ibabaw (lupang ginagalawan ng tao), at kaitaasan (ibon) na siyang pangunahing sagisag ng kabuuang imahe ng uniberso sa kosmolohiyang Austronesyano. Ang pagtatangkang mapagugnay-ugnay ang mga pananagisag at paglalapat ng pakahulugan dito sa kasalukuyang kabanata ay sa layuning maitutulay nito ang malawak na agwat sa pagitan ng malayong nakaraan at ng kasalukuyan ng Taguig. Pagbibigay puwang sa malalim na pundasyon ng bayan at mahabang prehistorikong nakaraan nito sa pagkabatid na krusyal ang naturang panahon sa paghubog at pagbibigay hugis sa kasalukuyang anyo nito.

Ang Saysay ng Sagisag ng Ahas

Naging suliranin para sa akin nang una kung nakatagos ba sa kamalayan ng mga Tagalog ang ahas bilang sagisag. Ang ahas kasi bilang pangkalinangang pananagisag simula’t sapul ay isa sa mga orihinal at naging malaganap sa mga Austronesyano ng pre-Tsinong Taiwan kung saan unang tumungo ang mga Austronesyano mulang Timog Silangang Tsina.³¹⁹ Sa katunayan, kakakitaan sa templong Zuci Miao (Templo ng mga Ninuno) sa Fóshān, Guǎngdōng (Canton) ang isang tambalan ng pagong/pawikan at ahas na representasyon ng Daoistang diyos ng Hilaga na si Běidí. Katangiang hindi nalalayo sa tambalan ng pagong-ahas sa Bikol at Kabisayaan.³²⁰ Subalit nang nagkaroon ng pangalawang lunduyan sa Pilipinas partikular sa pook ng Katagalugan, tila naglaho ang ahas bilang pundamental na bahagi ng relihiyon at ritwal. Sa halip ang pumalit ay ang pananagisag sa buwaya at pawikan (bagaman mas naging pangkaraniwan ang una). Gayumpaman, lampas sa mundo ng Katagalugan ay nagpatuloy ang pananagisag sa ahas sa iba pang mga lugar sa Pilipinas. Isang halimbawa na lamang nito ay katatagpuan sa Banton, Romblon kung saan natuklasan ang isang kabaong tinatayang ang tanda ay mulang ika-12 hanggang ika-16 na danton. Mayroong takip sa magkabilang dulo nito na sa isang banda ay ulo ng ahas at sa kabilang dako ay buntot nito.³²¹ Makikita rin ito maging sa Bikol, kung saan

³¹⁹ Tingnan ang: Arthur Chun-Liang Chen, “The True Native Beauty of Taiwan – An Extensive Aboriginal Art Collection,” *International Journal of Arts* 3, Blg. 2 (2013): 18-29.

³²⁰ Salazar, “Tundun-Pailah-Binwangan,” 411: Ayon sa mga dalubhasa ng palahambingang wika, sentral ang lokasyon ng Hainan at bandang Guangdong sa ibayong migrasyon ng mga Austronesianong taglay at sinasalita ang “proto-Daic”. Naganap ito nang makarating sila sa Pilipinas pabalik sa *mainland* mga bandang h.k. 2050 B.K.

³²¹ Tinatayang ang tanda ng kabaong ay mulang ika-12 hanggang ika-16 na dantaon. Cf. Joan Tara Reyes, “Reptilya sa Kabaong: Isang Pag-aaral sa Sinaunang Paniniwala sa Kamatayan sa Banton, Romblon,” (Tesis Masterado, Unibersidad ng Pilipinas, 2010).



naipakitang mainam ni Salazar sa pagsusuri nito sa takip ng tapayang libingan sa Libmanan, ang sagisag ng *Ahas* at pagkakabit dito kay Uryol buhat sa epiko ng mga *Ibalon*.³²²

Ang ganitong suliranin ang nag-adya sa akin upang kuwestiyonin ang konteksto ng ahas sa *simboryo* na nililok ng mga Taguiguenong napasailalim sa pwersahang paggawa. Ang katanungang ito ay umiinog hinggil sa kung may saysay ba ang *ahas* sa kalinangang Tagalog, at kung mapatunayang mayroon, ay

maipaliwanag kung sa aling konteksto ito ginagamit. Sa pagsisikap na maunawaan kung may saysay ba ang ahas sa Katagalugan ay inumpisahan ko ito sa paghagilap sa maagang kolonyal na mga tala hinggil sa paniniwala ng mga Tagalog na nagbibigay banggit



LARAWAN 21: SIMBORYO
[[HTTPS://TINYURL.COM/44XSECTC](https://tinyurl.com/44xsectc)]

sa “ahas”. Sa di kawasa, naging mahalaga bilang panimulang tungtungan sa paghahanap ng kasagutan ang kronika ni Juan de Plasencia kung saan naitala nito ang pag-uugnay ng mga Tagalog sa ahas sa isang masamang pangitain o/at kamatayan. Sa pagtatalang ito ani Plasencia, isang pinaniniwalaan ng mga Tagalog ay ang:

They were, moreover, very liable to find auguries in things they witnessed. For example, if they left their house and met on the way a *serpent* or *rat*, or a bird called *Tigmamanuguin* which was singing in the tree, or if they chanced upon anyone who sneezed, they returned at once to their house, considering the incident as an augury that some evil might befall them if they should continue their journey—especially when the above-mentioned bird sang. This song had two

³²² Zeus Salazar, *Liktao at Epiko: Ang Takip ng Tapayang Libingan ng Libmanan, Camarines Sur* (Quezon City: Palimbagan ng Lahi, 2004).



different forms: in the one case it was considered as an evil omen; in the other, as a good omen, and then they continued their journey.³²³

Makikita sa pahayag na ito ang kaugnayan ng ahas sa kamatayan o/at masamang pangitain na maaaring nakaugnay sa pagpanaw. Ano pa't ang pinupuntahang banwa ng pumanaw ay ang mundo ng kailaliman kung saan anito kapwa ang ahas at buwaya. Gayundin, masasalungguhitan ang nabanggit ni Plasencia ukol sa mitolohikal na ibong si *Tigmamanukan* na sa lumang kapaniwalaang Tagalog, partikular sa mito ng paglalang, ay ang ibong manlilikha na iniuugnay sa paglalang matapos nitong tukain ang isang kawayan na pinaglulunanan ng unang lalaki at babae na sina Malakas at si Maganda, na maihahalintulad din naman sa mitolohiya ng mundong Kabisayaan hinggil sa paglitaw nina Sicalac at Sicavay. Ang ibong ito ay unang naitala ni San Buenaventura sa kaniyang *Vocabulario* bilang ibong nagbibigay ng “labay” o pahiwatig kung ang isa’y maaaring magpatuloy sa paglalakbay o hindi.³²⁴ Mayroon itong katangian na kulay asul na balahibo na iniuugnay ng mga naunang prayleng kronikler sa ibong *turtle dove* tulad ng naitala ni Chirino sa kaniyang *opus* na *Relacion*³²⁵ na sa katunaya’y *Philippine Fairy-bluebird* talaga na kilala sa siyentipiko nitong pangalan na *Irena cyanogastra*.³²⁶

Sa kabilang dako, hindi lamang nakaugnay sa ibon o *manuk* ang katagang *Tigmamanukan*. Nauna nang napabatid sa ekstensibong pag-aaral ni W.H Scott na aniya’y ang *manuk* sa *Tigmamanukan* ng Katagalugan ay isang “*general term for any bird, lizard, or snake that crossed the path as an omen*”.³²⁷ Kung gayon, bukod sa buwaya, at pawikan masasabing may saysay nga ang ahas sa mga Tagalog! na ang ahas din na ito ay iniuugnay sa mga penomenong pangkalikasan tulad ng eklips mula sa katauhan ng isang bakunawa kung saan sang-ayon sa mitolohiyang Pilipino partikular sa Kabisayaan at Kabikulan ay pagtatangka ng ahas na kainin ang araw.³²⁸ Ang ahas din na ito ang salarin sa pagkakaroon ng lindol na nakabulid sa mahabang pisi sa kailaliman na nag-uugnay sa mundong ibabaw.

³²³ Juan de Plasencia, “Customs of the Tagalogs,” nasa *The Philippine Islands, 1493-1898*, Vol. 7, mga pat. at tsln. Emma Helen Blair at James Alexander Robertson (Cleveland: The Arthur H. Clark Company, 1903-1909, 1589), 178.

³²⁴ San Buenaventura, *Vocabulario de la Lengua Tagala*, 95.

³²⁵ Pedro Chirino, *Relacion de las Islas Filipinas*, 2nd ed. (Manila: Imprenta de D. Esteban Balbas, 1890), 76.

³²⁶ Ferdinand Blumentritt, *Diccionario Mitologico de Filipinas* (Manila: Highbanks Entertainment Ltd., 2021), 34, 118.

³²⁷ Scott, *Barangay: Sixteenth-Century Philippine Culture and Society*, 237.

³²⁸ Dante Amborsio, *Balatik: Etnoastronomiya, Kalangitan sa Kabihasnang Pilipino* (Quezon City: University of the Philippines Press, 2010) 138-142.



Pinaniniwaalang sa tuwing gumagalaw ang ahas, ay doon din nagkakaroon ng pag-uga ang kalupaan na pinamamahayanan ng mga tao at lahat ng umiiral na nilalang.³²⁹

Sa pagsesentro ng pagsusuri sa Katagalugan, isang magandang halimbawa ng kairalan ng pananagisag sa ahas ay makikita sa bayan ng Pateros na kanugnog na bayan ng Taguig na higit sa lahat ay pinaguugnay ng iisang katawang tubig. Katulad ng napakita na -- bukod sa simbolo ng ahas/sawa sa *Simboryo* -- bagaman buwaya nga ang tinatapakan ni Santa Marta ng Pateros, ang buntot nito ay mahahalintulad at nagmimistulang isang ahas.³³⁰ Masususugan ito sa isang larawang pagmamay-ari ng pamilya Raymundo ng Pateros kung saan sa halip na buwaya, ang inaapakan ni Santa Marta ay isang ahas! na may sungay na mahahalintulad sa isang dragon na tila kahalintulad ng *lingkaw* na matatagpuan sa Kalimantan.³³¹ Katunayan, hindi lamang natatangi sa Taguig ang paglalangkap ng ahas sa mga istrukturang kolonyal na binuo ng mga Pilipinong napasailalim sa sapilitang paggawa. Ipinakita na ito sa pag-aaral ni Tugano kung papaanong mabisang sangkap ng Kristiyanismong bayan ang mga sinaunang istrukturang manggagawang Pilipino ang may likha. Isinagawa niya bilang kasong pag-aaral ang himlayan sa ilalim ng lupa ng Nagcarlan kung saan ipinakita nito ang mga simbolismo ng ahas, araw at iba pang mga pananagisag na sentral sa sinaunang kapaniwalaan.³³² Naipakita din nito ang maaaring ugnayan ng Pilipino-Tsino batay sa walong gilid na hugis nito na maihalintulad sa Octagon, na siyang kakakitaan din sa pisikal na katangian ng simboryo. Gayundin, maidadagdag pa higit sa lahat ang pag-aaral ni Salazar sa Lawa ng Taal kung saan naipakita nito sa pamamagitan ng paglalakbay sa bundok Maculot ang “tatlong baytang ng napakatarik na sementadong hagdanan patungo sa baybay ng lawa sa ibaba ng bundok”. Makikita mula rito ang kamangha-manghang simbolong ukit ng *araw*, *ahas*, at *ibon*.³³³

Samakatuwid, tulad ng tinurang problemang kinaharap ng pag-aaral na ito, malalansag kung gayon ang pagiging ekstraordinaryo ng ahas bilang pananagisag sa Katagalugan. Dala ng kadahilanang hindi nga maalis-alis sa kamalayan ng mga Austronesyanong magiging Tagalog mula sa umpisa ng

³²⁹ Lorenz Lasco, “Ang Kosmolohiya at Simbolismo ng mga Sandatang Pilipino: Isang Panimulang Pag-aaral,” *Dalumat* 2, blg.I (2011): 2.

³³⁰ Ubaldo, “Ang IBTL bilang isa sa mga Batayan ng Pag-iral ng Pamayanang Tatawaging “Katagalugan,” 183.

³³¹ Salazar, “Palay, Bigas, Kanin: Ang Pagkaing Pinoy,” 32.

³³² Tugano, “Mga Elementong Katutubo at Pakahulugan sa mga Pananagisag sa Nagcarlan Underground Cemetery, Nagcarlan, Laguna,” 44.

³³³ Salazar, “Tundun-Pailah-Binwangan”, 367.



pagbubuo nito mga bandang 100 B.K hanggang 900 M.K ang pananagisag sa ahas katulad ng naipakita na.³³⁴ Maipapalagay kung gayon batay sa ganitong pagkakaugnay-ugnay na manipestasyon ng *simborio* bilang *cementerio del globo* ang kabuuang uniberso at tagpuan ng anito ng kailaliman at anito ng kaitaasan at pagkakagawad dito ng palay sa pook ng mga Tagiik. Tinataglay nito ang isang mahalagang sagisag na nakaugat sa kaniyang taal na kapaniwalaan na nililok ng mga Taguigueno bilang pag-uukit ng kaniyang tanda't kairalan sa santinakpan sa harap ng imposisyong kolonyal. Makikita sa itaas na bahagi ng *simborio* ang krus, samantalang ang sagisag ng ahas naman ang makikita sa gawing itaas ng pintuan. Sinasagisag ng krus si Hesukristo na ayon sa Kasaysayan ng Langit³³⁵ ay ang Apo ni Bathala (ang nuno o *Infinito Dios*) -- na hinabol ang kanyang Lolo hanggang sa natagpuan niya ito na nagtatago sa Bundok ng Boord -- ang malaking bato. Doon inilabas ni Bathala ang kanyang hintuturo na sinalubong naman ng hintuturo ni Kristo at sa pamamagitan nito ay naganap ang paggawad ng kapangyarihan ng langit mula sa Lolo tungo sa kanyang Apo.

Sa ganang ito, maipapalagay natin na ang ahas—katulad ng mga magkakatulad na konteksto sa iba pang mga artefak o/at sining arkitektural—ay mahigpit na nakaugnay sa paglilibing. Masasabing ang ahas sa pinto ay nasa paanan ni Kristo. Ang sinumang papasok sa loob ng *simborio* ay maihahalintulad sa pagpasok sa mundo ng kailaliman, na walang duda sapagkat nasa gitna o sentro ng sementeryo ang *Simborio* mismo. Ang buong erya ng kapilya—i.e Simborio, ay ang gitnang daigdig na bahagi ng buong Taguig bilang mundo ng mga tao, bilang nabubuhay na nilalang. Kapag ang isa ay pumasok sa pamamagitan ng pintuan kung saan mayroong ahas bilang simbolo ng Daigdig ng Kailaliman ay tila pumapasok ka rin patungo sa Daigdig ng Kailaliman – i.e,



LARAWAN 22: REPRESENTASYON NG SANTINAKPAN NG NGAJU DAYAK BILANG BAHAY (SALAZAR W.P, I6)

³³⁴ David Thomas at Alan Healey, "Some Philippine Language Subgroupings: A Lexicostatical Study," *Anthropological Linguistics* 4, Blg. 9 (1962): 21-33.

³³⁵ Jose Rhommel Hernandez, "Mula Anito Hanggang Kasaysayan ng Langit: Panimulang Pagbabalangkas Tungo sa Bagong Kasaysayan ng Pananampalatayang Katoliko sa Pilipinas (3000 B.K – 1950 M.K)," *MALAY* 30, blg. 2 (2018): 81-96.



sa lugar na pinagmimisahan [Ang simborio bilang: “serves as a chapel for the final blessing of the departed before it was finally laid into rest³³⁶”]: mula rito sinasamahan ang yumao patungo sa kabilang buhay o daigdig ng kailaliman bilang bayan ng yumao sa pamamagitan ng misa. Samakatuwid, para sa mga Pilipino na gumawa, at naglangkap ng pananagisag sa simboryo ay ito ang kabuuang imahe ng uniberso na para sa dating kapaniwalaan at relihiyon ay nahahati sa mundo ng kaitaasan o kalangitan, mundong ibabaw ng tao at mundo ng kailaliman ng mga yumao. Representasyong kahalintulad ng mga tahanan sa Ngaju Dayak ng Kalimantan kung saan ang silong ay mistulang ahas, ang itaas ay kalaw na sumasagisag kay Mahatala habang ang ilalim ay libingan ng yumao.³³⁷

Ang Saysay ng Pananagisag ng Buwaya

Katulad ng naturan na, malaganap ang sagisag ng buwaya bilang representasyon ng kailaliman sa pook ng Katagalugan.³³⁸ Mapapatunayan ito sa isang hiwalay na arkeyolohikal na paghuhukay noong 1974 na pinangunahan ng National Museum sa Barangay Wawa, Taguig kung saan nakatuklas sila hindi

lamang ng isang hayto o labi ng buto ng hinihinalang buwaya bagkus ay maging ng isang bronseng buwaya na marahil ay ginagamit sa ritwal pang relihiyon at maaaring anting-anting pa nga mismo.³³⁹

Maihahalintulad ito sa iba pang mga arkeyolohikal na tuklas sa buong kapuluan kabilang ang isang natuklasang singsing sa Cuyo, Palawan na



LARAWAN 23: SINGSING MULA CUYO, PALAWAN
(CAPISTRANO-BAKER 2011, 54)

magtatampok ng isang buwaya na malamang sa kaparehong kadahilanan ay ginagamit din bilang anting-anting kaugnay ng anito ng kailaliman.³⁴⁰ Sa ganang ito, masasabing hindi palaisipan ang saysay ng mga buwaya sa Taguig at buong

³³⁶ Taguig Heritage Society. “The Simborio,” inakses noong Setyembre 22, 2022, <https://taguigheritagesociety.wordpress.com/2020/03/03/the-simborio/>.

³³⁷ Salazar, “Palay, Bigas, Kanin: Ang Pagkaing Pinoy,” 14.

³³⁸ Zeus Salazar, personal na komunikasyon ng may-akda, Manila Hotel, Agosto 30, 2022.

³³⁹ Nocheseda, “Ecological and Ritual Change in the Devotion to Santa Marta of Pateros,” 79.

³⁴⁰ Florina Capistrano-Baker, *Ancestral Gold* (Makati: Ayala Foundation, 2011), 54.



mundong Katagalugan. Sa katunayan, may isang yugto sa kasaysayan ng Katagalugan na pinamayanihan ng mga buwaya ang Ilog Pasig sa loob ng matagal na panahon. Ngunit naglaho na ang mga reptilyang ito bunsod na rin ng mga ekolohikal na pagbabago o/at tuluyang pagkasira ng ekosistema sa Ilog Pasig. Ang pag-iral ng nilalang na ito sa may Ilog Pasig at kaugnayan nito sa sinaunang pananampalataya ay makokorabora sa mga kolonyal na tala at kwentong bayan. Mababanaag ito sa alamat ng *buwayang bato* kung saan ayon sa naturang leyenda, ang buwayang mistulang sasakmal sa isang Intsik na walang pasintabing maliligo sa Ilog Pasig ay naging bato matapos dasalan ang santong si San Nicolas.³⁴¹ Sa katunayan, nanuot ang leyendang ito sa kamalayan ng mga Taga-alog sa mahabang panahon dahilang upang manatili ang pangalang “*buwayang bato*” sa isang Barangay sa Mandaluyong sa gawing kabilang ibayo ng Guadalupe sa Makati. Mas lalo pa itong pinatanyag ng *heroe* na si Jose Rizal, kung saan bunga ng pagka malay sa mitong bumabalot sa Ilog Pasig ay inilangkap sa ikatlong kabanata ng kanyang ikalawang nobela ang alamat ng buwayang bato kung saan isinasalaysay ang kwentong bayan na ito mula sa katauhan ng Kapitan ng bapor tabo habang bumabaybay ito sa kahabaan ng Ilog Pasig.

Kaugnay ng mga mitong ito ang mga naitala sa *historia* ng Kastila, kung saan kanilang naobserbahan na ang paglalakbay, pangingsida, pamamangka, pagliligo at ilan pang mga aktibidad sa Ilog Pasig ay may kaakibat na ritwal ng pagsamba o paggalang na kinakailangan upang hindi magambala ng nunong buwaya o/at magkaroon ng kapahamakan sa paglalakbay.³⁴² Kinakailangan ang mga karampatang gawain na ito ano pa’t ang mga buwaya rin na ito ay itinuturing na mga anito at ninuno³⁴³, sa paniniwalang ang kaluluwa ng namatay na yumao ay kumakasi sa mga buwaya, na kailangang galangin at pag-alayan.³⁴⁴ Sa katunayan, naitala ito sa isang liham ng Pransiskanong si Pablo de Jesus noong 1580 para kay Gregory XIII, na nagsasaad na ang mga Pilipino ay nainiwalang: “matapos ang tiyak na siklo ng taon, ang kaluluwa ng kanilang yumaong ninuno ay nagiging buwaya.”³⁴⁵ Hindi lamang limitado sa mundo ng Katagalugan

³⁴¹Emilio Martinez Antonio, “Alamat ng Buwayang Bato,” Pinoy Folk Tales, November 10, 2012, <http://pinoyfolktales.blogspot.com/2012/11/alamat-ng-buwayang-bato.html>.

³⁴² Antonio de Morga, *History of the Philippine Islands*, 329-330.

³⁴³ Zeus Salazar, “Ang Kamalayan at Kaluluwa: Isang Paglilinaw ng Ilang Konsepto sa Kinagisnang Sikolohiya,” nasa *Ulat ng Ikalawang Pambansang Kumperensya sa Sikolohiyang Pilipino*, pat. Lilia Antonio (Quezon City: Pambansang Samahan sa Sikolohiyang Pilipino, 1977), 131-144.

³⁴⁴ Francisco Colin, “Native Races and their Customs,” nasa *The Philippine Islands, 1493-1898*, Tomo 40, mga pat. at tsln. Emma Helen Blair at James Alexander Robertson (Cleveland: The Arthur H. Clark Company, 1903-1909, 1663b), 71-72.

³⁴⁵ Pablo de Jesus, “Letter to Gregory XIII,” nasa *The Philippine Islands, 1493-1898* Tomo 34, mga pat. at tsln. Emma Helen Blair at James Alexander Robertson (Cleveland: The Arthur H. Clark Company, 1903-1909, 1580), 316-325




malaganap ang paniniwalang ito, kung hindi maging sa iba pang bahagi ng Pilipinas. Sa katunayan, sa hilagang bahagi halimbawa ng Luzon partikular sa Kalinga³⁴⁶ at katimugan sa bahagi ng Maguindanao³⁴⁷, tinatawag o/at binabansagan pa nga nila ang kanilang mga sarili bilang “buwaya” sa paniniwalang ang mga nilalang na ito ay ang kanilang mga ninuno.

Bagaman naglaho na nga at itinuturing na lamang bilang isang malayong alaala, nanatili ang bakas ng pagpapahalaga sa mga ninunong buwaya sa kalapit bayan ng Taguig na Pateros kung saan taunang ginaganap ang pamumrusisyon sa pintakasi ng bayan na si Santa Marta sa hilagang dulo ng Ilog Taguig. Isinasakay ito sa isang bangkang nililok mula Paete na nagmimistulang anyo ng isang buwaya, kung saan isang bahagi ng prusisyon na ito ay ang pag-aalay sa ilog na tinatawag na ritwal ng “pasubo”.

Isang mahalagang salik ang ekolohikal na pagbabago sa Ilog Pasig dahilang upang magbago rin ang pamamaraan, at pakahulugan sa ritwal ng *pasubo* o ang pag-aalay ng handog sa anito ng kailaliman. Ang orihinal na ritwal nito ay ang pag-aalay ng pagkain sa ilog o pampang kung saan namamayani ang mga buwaya bilang anito ng kailaliman sa tangka o layong payapain ito. Ngunit sa kasalukuyang panahon, bunsod ng ekolohikal na mga pagbabago, ay naging payak na pagpapayapa na lamang ng nagugutom na kalamnan sa pamamagitan ng mga hinahagis na mga pagkain sa mga kalahok ng pista, sanhi ng pagkawala ng mga buwaya na siyang batayan at kondisyon ng pagkabuo ng orihinal na ritwal ng pasubo.

Mahigpit at hayagan ang pagkakaugnay samakatuwid ni Santa Marta at ng buwaya, kung saan ang pananampalataya rito ay maiuugat sa “..sinaunang paniniwala sa isang diyosa ng katubigan (aquatique) at sa mga ispiritu ng



LARAWAN 24: SANTA MARTA NG PATEROS
[[HTTPS://TINYURL.COM/3AB8CTBB](https://tinyurl.com/3AB8CTBB)]

³⁴⁶ Jules De Raedt, *Buaya Society* (Baguio City: Cordillera Studies Center, 1993).

³⁴⁷ Gutierrez Mangansakan, “Crocodile Symbolism in Maguindanao,” nasa *National Museum Papers 14* (2008): 133-139.



kanunuan ...na nagkatawang krokodilyo (buaya).³⁴⁸ Samakatuwid, si Santa Marta ay ang buwaya mismo na siyang mismong saysay ng “ritwal ng pasubo” bilang paggalang sa mga buwaya bilang mga “nuno”.³⁴⁹ Kung saan sa tuwing kapistahan nito, ang buwaya ay kinabaka ng isang bayani sa layong payapain ito, na maihahalintulad din sa kung papaanong ang ahas na si Uryol na panginon ng mga buwaya ay kinabaka at inihagis sa kabundukan ng Camarines Norte ng bayaning si Handiong buhat sa epiko ng mga Ibalon.

Sa kabilang dako, masasabing may mahigpit na pagkakaugnay naman si Santa Marta ng Pateros kay Santa Ana na patron ng Taguig. Magkanugnog lang ang dalawang bayan na ito na higit sa lahat ay pinag-uugnay ng ilog Taguig na kapwa pinagdarausan ng pamumrusisyon ng dalawang pintakasi ng bayan. Hunyo pa lamang bago sumapit ang kapistahan ni Santa Ana ng Hulyo 26, ay madalas banggitin ng mga Taguigueno ang mga pahayag na: “Pinalalaki ni Santa Ana ang ilog!”, “Malapit na ang Santa Anang Banak!”, “Pinaapaw niya ang ilog!”, “Magpapagoda na!”. Yamang sa mga panahong ito ay umpisa na ng panahon ng tag-ulan at bagyo na nagsisilbing likas na tanda ng paghahanda sa dadating na kapistahan. Ito talaga ang orihinal na petsa ng pagdaraos ng pista ni Santa Ana subalit inilipat sa buwan ng Pebrero kung saan isinasagawa ang *novena* dulot ng pangyayaring tag-ulan ang panahong ito at madalas na lumulubog sa baha ang bayan. Ayon nga kay Jose Pagtakhan:

Dahil nga sa madalas na paglubog ng bayan sa panahon ng tagulan ay madalas ding hindi makapagdaos ng pista ng bayan sanhi sa kawalan ng aning palay na siyang pangunang ikinabubuhay ng mga mamamayan.

350

Magkagayunpaman, upang hindi magsanhi ng kalituan sa “tunay” na kapistahan, ay idinadaos na lamang sa kaparehong buwan ang pamimista. Subali’t kaibahan sa buwan ng Pebrero, mas higit na masigla ang pagdaraos ng pista tuwing buwan ng Hulyo, yamang isinasagawa sa buwang ito ang pasundayag-bayan na tinatawag na *pagodahan* o parada ng mga bangka. Ipinaparada si Santa Ana magmula sa dagat sa tapat ng Hagonoy, na tumutungo sa Wawa, Bambang, Tuktukan at Ususan. Bagaman wala ang simbolismo ng buwaya sa mga pinaparadang bangkang lunan si Santa Ana, implisito ang

³⁴⁸ Nocheseda, “Ecological and Ritual Change in the Devotion to Santa Marta of Pateros,” 65-110

³⁴⁹ Voltaire Villanueva, “Pasubo bilang Panata: Pagbabalik, Pagtatagpo at Pagdiriwang sa Pook Pangkalinangan ng Pateros,” *Hasaan I*, Bg. I (2014): 108.

³⁵⁰ Pagtakhan, *Ang Tagig at ang kanyang Kasaysayan*, 60-64.



pahiwatig ng buwaya sa pamimintakasi kay ‘po Ana. Sapagkat kahalintulad ng kay Santa Marta ng Pateros, mababanaag din sa kapistahan ni Santa Ana ang ritwal ng “pasubo” kung saan ibinabato na lang din ng mga debotong lunan sa bangka ang mga tinatawag na “hain”, na karaniwa’y mga kakanin tulad ng suman, puto maging penoy, balot, santol at iba pa, sa mga manonood na nasa tabing-ilog—na sa sinaunang panahon alinsunod sa sinaunang kaugalian, ay inihahagis sa pampang ng ilog o sa tubig mismo. Marapat na sipiin ang esensya ng ritwal ng *pasubo* batay sa pagbubuod dito sa librong nailathala para sa kwadrisentenaryo (*quadricentennial*) ng pagkakatatag ng Parokya ng Santa Ana (1587-1897):

“Nakaugalian na ng mga mamamayang nasa bangka ang maghagis ng mga nakabalot na pagkain o mga bungangkahoy sa mga nasa pampang. Ito ang kanilang pagbibigay salamat dahil sa mabuting ani o hanapbuhay.”³⁵¹ (sa akin ang diin)



LARAWAN 25: PAGHAHAIN KAY ‘PO ANA
[[HTTPS://TINYURL.COM/2V2BEFXD](https://tinyurl.com/2v2BEFXD)]

Mahalagang bigyang pansin ang katagang “hain” sapagkat nakaugnay ito sa salitang “alay”, at “handog” na mga katagang ginagamit sa ritwal. Katunayan, mapapatunayan ang tumbasan ng alay sa ritwal o paghahandog batay sa gamit ng naturang salita sa *Vocabulario* nina Noceda at San Lucar at kay San Buenaventura ng mas maaga:

³⁵¹ D.n, *A Gift of Faith 400 Years* (Tagig: NHCP, 1987), 91.



1. Pista nang pag **hahain** sa templo nang mahal na Virgen nang anac niyang Dios na sangol na cong sa atin ngayon ay pag cu - candila , ó pag sisimba nang nunġanuc.
2. Oblacion. Handog . pc. Hain . pp. I. Hayin . pp . Alay . pp .
3. Holocausto . Hain . pp . Handog. pc .
4. Ofreecer à Dios. Hain . pp.³⁵²

Mababatid sa talahulugan sa itaas na ang katagang “alay” kung gayon ay ang maipapalagay na paghahandog ng hain sa Diyos/a o anito ng kailaliman – ang buwaya! na sa pagsapit ng Kristiyanismo ay hinalinhan ng isang anito rin! -- sa katauhan ng “anito” ng Katolisismo na si Santa Ana. Bilang pagdaragdag, mas maipapaliwanag pa at implisito ang ugnayan ni Santa Ana sa buwaya, na makikita sa leyenda ng pamimintakasi sa Santa:

The faith tells the town's patroness St. Anne gathered thousands of schools of Banak fishes in the river near Her church to give to the "taga-giiks" and the people in the lakeshore towns whose farmlands are drenched with the floods of the season and are hard up due to poor harvest from stormy seas.³⁵³

Samakatuwid, batay sa ganitong pagpapakahulugan, maipapalagay na si Santa Ana marahil ay ang buwaya mismo! (dahilan marahil kung bakit hindi na kailangan pa ng mga buwayang bangka) na kahalintulad ni Santa Marta ng Pateros, na kapwa pinaguugnay ng iisang ilog, ay nag-ugat sa isang anito ng katubigan na nag-anyong buwaya. Mangyari pa, ang kahalintularan ng dalawa liban sa pista tuwing Hulyo ay magugunam sa maagang kapistahang magkasabay na bumabagtas sa kaparehong buwan ng Pebrero na siyang takdang panahon ng anihan, kaya't hindi nakapagtata kang ang kapistahan sang-ayon sa ulat *kwadrisentenaryo* ay bilang pasasalamat ng mga Tagiik sa kanilang masaganang ani. Samakatuwid, ang esensya ng pagpaparangal ay agrikultural, katulad sa Pateros, na ang pinakadiwa ay kapwa sa pag-aalay ng hain sa buwaya bilang anito ng kailaliman na nananahan sa ilog Taguig bilang pagpapasalamat sa “masaganang ani.”

³⁵² Noceda at San Lucar, *Vocabulario de la Lengua Tagala*, 189.

³⁵³ Philippine Headline News Online, “STA. ANANG BANAK TAGUIG RIVER FESTIVAL,” inakses noong Setyembre 09, 2022, <http://www.newsfash.org/2004/02/d/d1012712.htm>.



Mangyari pa, at higit sa lahat, pundamental na maunawaan ang mga ritwal na kaakibat ng pagoda sa ilog tulad ng “pasubo” at “hain” sapagkat mahihinuhang pagpapatuloy lamang ito hanggang sa kasalukuyan ng ritwal ng mga Tagalog na naunang naitala ni Plasencia hinggil sa kaugnayan ng pag-aalay sa mga buwaya, aniya:

Nagbibigay galang sila sa mga butiki ng katubigan na tinatawag nilang buwaya, dahil sa takot na saktan sila nito. Nakaugalian pa nga nilang mag-alok sa mga hayop na ito ng bahagi ng kanilang dala sa kanilang mga bangka, sa pamamagitan ng pagtapon nito sa tubig, o paglalagay nito sa pampang.³⁵⁴

Sa ganang ito, hindi kataka-taka kung gayon kung bakit mga kakanin, at mga penoy o balut ang “hain” sa anito ng kailaliman sapagkat ang mga ito ang mga pangunahing hanapbuhay ng bayan katulad ng natalastas na sa ikalawang kabanata. Matapos ang 74 na taon matapos ang pagkakalathala ng akda ni Plasencia, maitatala ni Francisco Colin sa kaniyang *opus* na *Labor Evangelica* (1663) ang hindi pa rin nawawalang pagsampalataya sa buwaya na itinuturing na *nono* at hinahandugan sa kaparehong kaparaanang unang naitala ni Plasencia:

[Ang mga Tagalog] ay nagsasagawa ng pinakadakilang pagsamba sa buwaya; at sa tuwing magsasalita sila ng anumang pahayag hinggil dito, binabanggit nila ang katagang “Nono” na ang ibig sabihin ay “ninuno”. Pinapakiusapan nila ito nang malugod at magiliw na huwag silang saktan; at para sa layuning iyon ay naghahandog ang mga ito ng isang bahagi ng kanilang dala sa kanilang mga bangka, sa pamamagitan ng pagtapon nito sa tubig.³⁵⁵

Integral ang mga natukoy na reptilya sa kadahilanang katulad ng nabanggit na, mahigpit nakaugnay sa rizikultura ng Tagiik ang “nunong” buwaya/ahas kung saan ang palay batay sa etnolohikong pag-aaral ni Salazar ay gawad ng anito ng kalangitan at anito ng kailaliman.³⁵⁶ Ito ang dahilan kung bakit ang mga aktibidad na kaugnay sa palay-bigas-kanin ay banal tulad na lamang ng pagpuprusisyon kay Santa Anang Banak. Mangyari pa, buwaya rin ang madalas na nakaugnay sa pagsasaka sa kadahilanang ang pagsasaka ay ginagawa sa alog. Makikita ito sa grabadong nilikha ng Pinoy na si Juan de la Cruz Bagay na nagpapakita sa sentral na saysay ng buwaya sa Taguig mismo bilang pook ng

³⁵⁴ Plasencia, “Customs of the Tagalogs,” 165-186.

³⁵⁵ Francisco Colin, *Labor Evangelica* (Madrid: Joseph Fernandez de Buendia, 1663), 63.

³⁵⁶ Salazar, “Palay, Bigas, Kanin: Ang Pagkaing Pinoy,” 36.



Taga-giik ng palay, at pook alog bilang lugar na binabahang tabing ilog na siyang pagpapaliwanag din sa mga nahukay na liktao na buwaya na malamang ay anting-anting kaugnay ng anito ng kailaliman.

Ang Saysay ng Pananagisag sa Pagong/Pawikan

Natalastas na ang pagkakatatagpo nina Beyer ng mga buto ng pagong sa himlayan. Isang mahalagang kariingan ang halaga ng pagkakatatagpo sa pagong/pawikan bilang pinakahuling sagisag na iuugnay ng mga Austronesyanong tutungo sa rehiyon ng Melano-Polynesiano kasabay ng pagpapanatili sa saysay ng tambalang araw-ibon at *birdman* sa katauhan ni Make-make ng Polynesia. Sa Hawa'i halimbawa ay mayroong natagpuang batong-ukit nang pagong na tinatawag na *Honu Ki'i Pohaku* mula sa Pu'uloa Petroglyphs. Ganito din ang sa Vaiati Valley, Bora Bora ng Tahiti kung saan mayroon ding batong-ukit nang natawag na *Ofa'i Honu* na mahigpit na nakaugnay sa kanilang ninuno at paglalang.³⁵⁷ Bagama't konsiderable ang distribusyon sa pananagisag ng "pawikan" sa mundong Melano-Polynesiano, masasabing ang pananagisag sa pagong/pawikan at kaugnayan nito sa mundo ng kailaliman ay nagumpisa sa Pilipinas. Mauunawaan buhat dito ang naging pagkilos at paglaganap ng mga Austronesyano patungong Pasipiko sa pamamagitan ng natawag na *Angono Petroglyphs*. Taglay-taglay ng batong-ukit sa *Angono* aang isang ukit na pawikan na may tandang pagitan mula 3,000 B.K at 1,300 B.K bilang tanda ng isang maagang patunay ng pagkapasok ng mga Austronesyano sa kasalukuyang erya ng Puliran, at siyang batayan ng pagbubuo ng magiging Tagalog/Katagalugan kinalaunan.³⁵⁸ Mahalaga ang pagbanggit sa grabadong pawikan sa *petroglyph* sapagkat masasabing ang pagong/pawikan rin na ito ang siyang pising arkeyolohikal na nagtatahi sa Taguig at Angono sa pamamagitan ng kalansay ng pagong na natagpuan nina Beyer sa loob mismo ng himlayan.³⁵⁹ Konklusyong bagay na maiuugat sa mga pekulyar na pigurang ukit sa *bato* tulad ng pagong/pawikan, na batay sa etnolohikong pag-aaral ni Salazar ay maiuugnay sa malawak na

³⁵⁷ Kenneth Emory, *Stone Remains in the Society Islands* (Honolulu: Bishop Museum Press, 1933), 167.

³⁵⁸ Zeus Salazar, "Ang Angono Petroglyphs Bilang Tanda ng Pagpasok ng mga Austronesyano sa Puliran: Ang Katuturan ng Simbolo ng Pawikan," nasa *Pantayong Pananaw: Bagong Historiograpiyang Pilipino, Bagong Balangkas ng Kasaysayan ng Kapilipinuhan*, Araling K-12 sa Powerpoint, mga pat. Carmen Penalosa at Zeus Salazar (Lunsod Quezon: Bagong Kasaysayan, 2018).

³⁵⁹ Zeus Salazar, "Ang Bayan Noong 1521 at 2021: Tungo sa Pagsasalaysay na may Saysay ng Nakaraan ng Kapilipinuhan," Lekturang prinesenta para sa *Reynaldo Ileto Lecture Series*, Pamantasang De La Salle, April 20, 2022.



pananagisag ng mundong kailaliman ng mga Austronesyano kabilang ang ahas at buwaya.³⁶⁰

Mas lalong titingkad ang saysay ng buto ng pagong at koneksyon ng Taguig-Angono kung sisipatin o titingnan ang Taguig mula sa aspektong heyograpikal nito. Katulad ng naturan na sa ikalawang kabanata, natitiyak na buo na ang deltaikong pormasyon ng Taguig apat na libong taon na ang nakakaraan. Bunga nito, hindi kataka-takang nang makapasok sa Puliran ang mga Austronesyano ay naging angkop panirhan ang sabangan ng Taguig na nasa kabilang baybayin lamang ng Angono. Dahilan upang isa ang Taguig sa mga naging unang lunduyan ng panahanan ng mga Austronesyano nang makarating ang mga ito sa Puliran. Sa simula't sapul samakatuwid ay tiyak na magkakaugnay ang pook ng Taguig na nasa bungad ng pagdaloy at Angono sa pamamagitan ng Lawa. Ang kalagayan samakatuwid ng Tagiik bilang bahagi ng rehiyon ng bungad kasama ng Angono ay siyang nag-uugnay sa Tagiik, sa pamamagitan ng kalansay ng pagong na natagpuan ni Beyer, sa natagpuang nakaukit na pagong/pawikan sa petroglyphs ng Angono. Sa katunayan, matutunghayan ang katotohanan ng patuloy na pagpapahalaga sa pagong/pawikan bilang anito ng kailaliman sa naitalang *Awit ng Mangingisda* sa *Historical Data Papers* na ikinakanta ng mga mangingisda ng Taguig sa tuwing mangangalakaya. Samakatuwid, hindi pa napapahiwalay ang kolektibong kamalayan ukol sa pawikan sa mga panahon kung kailan naitala ang *HDP*. Ayon sa awitin:

Isang Lunes ng umaga, ako ay nangangaplaya
Buslo't dalay dala-dala, talagang mangangalakaya
Maghapon akong sinama, di man sinalang ng isda
Naisipan ko ay magtuka, umuwit ako't nahiga
Pagtukpa ko at paglusong, tubig ay nagipulong
Kaya pala gayon, ang isda'y nagpupulong
Nilapitan ko't pinakinggan, ang kanilang salitaan
Ang hiyaw ng karamihan, viva, viva ang haring pawikan!³⁶¹

Katulad ng nabanggit na, ang rehiyon ng Angono-Binangonan ang siyang tandang arkeyolohikal ng pagkapasok ng mga Austronesyano na magiging Tagalog kinalaunan. Batay sa mga datos arkeyolohikal ay hinihinalang nagmula ito sa Kalaylayan o Kabaybayang Dagat ng Pasipiko bago tumungo papuntang

³⁶⁰ Cf. Salazar, *Ang Pilipinong Banua/Banwa sa Mundong Melano-Polynesiano* (Quezon City: BAKAS, 2006).

³⁶¹ D.n, "Tipas: History and Cultural Life of the Barrio," *Historical Data Papers*, 5.



Pasipiko na ang konserbatibong tantya ng pinakamalayong narating ay ang Rapa Nui o Easter Island.³⁶² Samantalang pinag-uugnay din ng Angono Petroglyphs ang Pilipinas at Easter Island sa pamamagitan ng taong-ibon/tangata manu na nakaukit sa loob ng petroglyphs, na samakatuwid, ay si Make-make na taong-ibon na nakaugnay sa paglalang ng santinakpan. Makikita din ang saysay ng pagong at kaugnayan ng pananagisag nito sa mundo ng kailaliman sa rehiyon ng Bikol, kung saan sa pagsusuri ni Salazar sa takip ng tapayang libingan sa Libmanan, kanyang nakita mula sa mga liktao na nasuri na magkasabay na umiiral ang simbolismo ng kaitaasan at kailaliman sa anyo ng isang pagong at talukap nitong imahe ng araw. Ibig sabihin ang kabuuang imahe ng tapayan mismo ay kapwa representasyon ng mundo ng kaitaasan (araw) at daigdig ng kailaliman (pagong); samantalang maipapalagay na ang santinakpan ay ang takip ng mismong tapayang libingang lumulukob o/at bumabalot sa kabuuang uniberso. Pangkaraniwan samakatuwid ang tagpuan ng kaitaasan at kailaliman sa mga pananagisag hindi lamang sa sinaunang kalinangang Pilipino kung hindi maging sa buong daigdig pa nga ng mga Austronesyano.³⁶³

Ang ganitong uri tagpuan sa pagitan ng Kaitaasan at Kailaliman ay matatantong masusuri rin sa istruktura ng Simborio kung saan mababanaag ang isang *motif* na ahas sa gawing itaas na bahagi ng pinto, at ang Krus na si Kristo sa tuktok ng istruktura. Lohikal ang pananagisag ng kailaliman sapagkat ang *simborio* ay nasa loob at sentro pa nga mismo ng himlayan, na isang muhong nagpapaalala na sa pook na ito inililibing ang mga yumao't pumanaw. Kung saan ang itinuturing na anito ng kailaliman ay ang ahas kasabay ng pawikan/pagong at buwaya, na ipinapalagay na babae ang kasarian na tulad ng isang ina ay mapagkalinga at siyang gumagabay sa kabilang buhay.³⁶⁴ Sa ganitong kadahilanan kung bakit maliban sa ahas-buwaya-pawikan; genitalya o ari ng babae ang isa pang pananagisag sa mundo ng kailaliman.³⁶⁵

Ang Sagisag ng Tambalang Araw-Ibon

Subalit nasaan kung gayon ang representasyon ng anito ng kaitaasan na siyang nagkawad ng palay kasabay ng anito ng kailaliman? Makikita ito sa tambalang araw-ibon sa bobida ng simbahan ng Santa Ana na maipapalagay bilang

³⁶² Peter Bellwood, James Fox, at Darrell Tyron, "The Austronesians in History: Common Origins and Diverse Transformations," nasa *The Austronesians: Historical and Comparative Perspectives*, mga pat. Peter Bellwood et al. (Canberra: ANU Press, 2006), I.

³⁶³ Salazar, *Ang Pilipinong Banua/Banwa sa Mundong Melano-Polynesiano*, 114-125.

³⁶⁴ Bernard Sellato, *Naga Dan Burung Enggang: Hornbill and Dragon: Kalimantan, Sarawak, Sabah, Brunei* (n.p., Elf Aquitaine Malaysia Publishing, 1989), 44.

³⁶⁵ Tingnan ang paghahanay ng mga Simbolo sa: cf. Salazar, *Liktao at Epiko*, 95.



konkreto ng kahayagan ng pagtatagpo ng pananampalatayang dati at ng pananampalatayang labas. Matuturang matagal na ito batay na rin sa mga lumang larawan ng simbahan bago mapalitan ng bobidang purong Kristiyano ang katangian. Kung susumahin, maraming pag-aaral na ang tumatalakay sa saysay ng tambalang ito. Katunayan, palasak ang tambalang ito sa mga *motif* ng natagpuang porselana't seramiko sa buong Katagalugan.³⁶⁶ Isang halimbawa nito ay makikita sa mga materyang arkeyolohikal na natagpuan sa Calatagan na nagsisilbi bilang pananda na sumasalamin sa prestihiyong katayuan sa buhay.³⁶⁷ Gayundin, naipakita na sa iba't-ibang mga pag-aaral ng etnolohistang si Salazar, ang makailang ulit na pagpapatunay, na kapwa ang araw at ang ibon ay representasyon ng kaitaasan sa buong mundong Austronesyano. Kung saan sinasagisag ng tambalang ito ang arketipal na pagsisimula ng sansinukob o paglalang ng santinakpan at sangkatauhan.³⁶⁸ Katunayan, sa Polynesia ay mapag-iisa kapwa ang dalawang representasyon ng kaitaasan sa katauhan ni Make-make na isang taong-ibon o *birdman*.³⁶⁹ Sa mundo ng Katagalugan, ang ibong manlilikha ay kadalasang iniuugnay kay Tigmananukin—na maihalalintulad naman sa ibong si Tuli o Turi ng *Polynesia*—na sinugo ni Bathala (o sa kaso ni Tuli ng Tonga ay si Tagaloa) na manipestasyon ng araw.³⁷⁰

Kagaya ng puntong nais bigyang diin ni Lorenz Lasco bilang pagsisipi sa anotasyon ni Rizal kay Morga—wag nawang pagkamalian ang distinksyon o pagkakaiba sa pagitan ng nagsugo (Bathala) at sa sinugo (Tigmananukin).³⁷¹ Makikita ang pagsusugo ni Bathala sa ibon sa mito ni Malakas at Maganda kung saan matapos likhain ni Bathala ang mundo ay kanyang inatasan ang ibong si Tigmananukin/an na lumibot sa mundo kung saan nakatagpo nito ang isang kawayan taglay ang dalawang taong itinuturing na ninuno ng mga Pilipino. Sa malawak na mundong Austronesyano, hindi rin naiiba ang araw-ibon sa pagkakabit dito sa paglalang. Malinaw ang pagkakaugnay samakatuwid ng tambalang araw-ibon sa paglalang ng santinakpan.

³⁶⁶ Reaksyon ni Grace Barretto-Tesoro sa lektura ni: Zeus Salazar, "Preliminaryong Pagsusuri sa Representasyon/Pag-aanyo ng Tatlong Liktao sa Butuan Heritage Museum sa Lungsod Antipolo," Lekturang prinesenta para sa *Lekturang Propesoryal sa Kasaysaysan at Antropolohiya ni Dr. Zeus A. Salazar*, Politeknikong Unibersidad ng Pilipinas-Maynila, Marso 18, 2019.

³⁶⁷ Grace Barretto-Tesoro, "The Meanings of Objects: Calatagan and Archaeological Research in the Philippines," *Philippine Studies* 63, blg. 3 (2013): 263-296.

³⁶⁸ Salazar, *Ang Pilipinong Banua/Banwa sa Mundong Melano-Polynesiano*, 124.

³⁶⁹ *Ibid.*, 122

³⁷⁰ Sergei Rjabchikov, "On the Observations of the Sun in Polynesia," *arXiv preprint arXiv* (2014):

I-8.

³⁷¹ Lorenz Lasco, "Ang Kosmolohiya at Simbolismo ng mga Sandatang Pilipino: Isang Panimulang Pag-aaral," 3.



LARAWAN 27: TAMBALANG ARAW-IBON SA LUMANG LITRATO NG SIMBAHAN. MULA SA: ANGELS IN STONE (1987)



LARAWAN 28: TAMBALANG ARAW-IBON SA KASALUKUYANG PANAHOON [[HTTPS://TINYURL.COM/32RAMFD3](https://tinyurl.com/32RAMFD3)]



Si Bathala na nagsugo sa ibong si Tigmananukin ay tinatawag ding “Diyos ng Liwanag” na samakatuwid ay ang araw, pinakapayak ang ekspresyon nito sa mga anting-anting kung saan makikita ang mitolohikal na araw na may mukha ³⁷² at maging sa pagbabatek o pagtatatu ng mga simbolong paikot (araw), at tahasang araw (may sinag) sa katawan na nagsisilbing anting-anting din para sa kapakanan ng



LARAWAN 29: ARAW-IBON SA PAGLALANG NG SANTINAPAN SA ANYO NG ANTING-ANTING (PENALOSA AT SALAZAR 2018)

mandirigmang mangayaw³⁷³ na makikita rin sa Pintados ng Kabisayaan sa *Boxer Codex*.³⁷⁴ Ang paglitaw ng mitolohikal na araw na may mukha ay masasapantaha sa mito ng *Dios na Liwanag*, kung saan ang Diyos na may lalang sa lahat o *Infinito Dios* na sa umpisa ay hugis-bola na animo’y hugis araw –i.e., *animasola*, nang lumaon ay naging hugis tao na may mukha matapos magkaroon ng bibig na binukalan ng mga titik, salita, at pangungusap³⁷⁵ na nagsasabing “Ako ay mata, ako ang Dios ninyo, at ako ang espiritung tunay na kaliwanagan; ako ang alaala, bait, loob.”³⁷⁶

Ang ganitong pagkakaugnay ng araw kay Bathala ang dahilan kung bakit ang mga sinaunang Pilipino ay tumitingala sa langit upang magdasal, at ang siyang saysay ng simbolong nakataas ang kamay sa batong-ukit ng Angono Petroglyphs. Sa katunayan, ang pagsampalatayang ito ay minsang isinalarawan sa tala ng Italianong kronikler ng ekspedisyong Magallanes na si Antonio

³⁷² Ma. Bernadette Abrera, “Ang Numismatika ng Anting-Anting: Panimulang Paghawan ng Isang Landas Tungo sa Pag-unawa ng Kasaysayan at Kalinangang Pilipino,” M.A. Thesis., (University of the Philippines, 1992).

³⁷³ Arvin Lloyd Pingul, Freddielyn Pontemayor, at Rhoderick Nuncio, “Becik, Batik, Betik: Pagpapatuloy ng mga Simbolismo ng Lahing Austronesyano sa Pagbabatik/Pagtatatu sa Pilipinas at Malaysia,” *HASAAN Journal* 5 (2019): 52-56.

³⁷⁴ Isaac Donoso, *Boxer Codex: A Modern Spanish Transcription and English Translation of 16th-Century Exploration Accounts of East and Southeast Asia and the Pacific*, salin at anotasyon ni Ma. Luisa Garcia, Carlos Quirino at Mauro Garcia (Quezon City: Vibal Foundation, 2018).

³⁷⁵ Nenita D. Pambid, *Anting-Anting: O Kung Bakit Nagtatago sa Loob ng Bato si Bathala* (Lungsod Quezon: Limbagan ng Unibersidad ng Pilipinas, 2000), 60-61.

³⁷⁶ *Ibid.*, 71.



Pigafetta nang minsan nitong tanungin si Raja Colambu at Raja Siau sa Limasawa kung sino ang kanilang sinasamba:

Ipinatanong din sa kanilá ng kapitán-heneral kung silá ay Muslim o pagano, o kung ano ang kaniláng pinaniniwalaan. Sumagot silá na wala siláng ibáng sinasamba kundi ang pag-alay ng kaniláng magkakabuklod na kamay at kaniláng mukha sa kalangitan; at na tinatawag niláng “Abba” ang kaniláng panginoon.³⁷⁷

Katumbas naman ni Bathala sina Make-make ng Rapa Nui at Manaia ng Maori na kapwa taong-ibon o “birdman” (araw-ibon).³⁷⁸ Sumisimbolisa ng tambalang ito ang kaitaasan, kaya lubos ang pamamahalaga dito sa buong mundong Austronesyano. Katunayan, inilalangkap pa nga ito ng mga mangayaw hindi lamang sa pamamagitan ng pagbabatik ng simbolong *araw* kung hindi paglalagay din ng mga balahibo ng ibon. Ganito ang makikita sa *headress* ng mga baganing Marquesiano at Rapanui, higit sa lahat ng mga mandirigmang Maori. Sa Pilipinas, ganito din ang kaso sa mandirigmang Ilongot, Mandaya, Gaddang at Ifugao kung saan mahalaga ang pagsusuot ng pang-ulong ibon.³⁷⁹ Palasak din ito maging sa mga ornamentong *kapkap* ng Kapuluang Solomon, na lahat ay pawang may kaugnayan sa pangangayaw na siyang nagdudulot ng kaginhawaan sa buong lipunan.³⁸⁰

Mababalikan kung gayon ang pagbanggit sa *Angono Petroglyphs* sapagkat liban sa pawikan, makikita rin dito ang representasyon ng araw-ibon. Walang mukha ang sagisag ng araw sa naglahong bobida ng simbahan ng Taguig ngunit mapapansing kahalintulad ito ng pambansang watawat dahil sa pagkakaroon nito nang walong sinag. Sang-ayon mismo sa antropolohikal na pagbasa ni Salazar, ang disenyong araw na makikita sa watawat mula sa lenteng kultural ay pagpapatuloy lamang sa kamalayan ng sinaunang pananampalataya.³⁸¹ Hindi dapat ito pagtakhan sapagkat makikita din naman ang sagisag ng araw na walang mukha sa ilan pang mga natagpuang obhetong arkeyolohikal. Malinaw kung gayon na hindi lamang sagisag ng kailaliman ang umiiral sa Taguig bagkus maging ang representasyon ng kaitaasan. Sa mga pananagisag na ito ay nabubuo

³⁷⁷ Antonio Pigafetta, *Unang Paglalayag Paikot ng Daigdig*, 1525, salin sa Ingles mula Pranses ni Phillip Yerro Kimpo (Metro Manila: Komisyon ng Wikang Filipino, 2017), 62.

³⁷⁸ Salazar, *Ang Pilipinong Banua/Banwa sa Mundong Melano-Polynesiano*, 143.

³⁷⁹ Dean Worcester, “Head-hunters of Northern Luzon,” *The National Geographic Magazine* 23, blg. 9 (1912): 854.

³⁸⁰ Penalosa at Salazar, *Pantayong Pananaw: Bagong Historiograpiyang Pilipino*, 225-229.

³⁸¹ Tingnan ang: Zeus Salazar, *Ang Kartilya ni Emilio Jacinto at ang Diwang Pilipino sa Agos ng Kasaysayan* (Lungsod Quezon: Palimbagan ng Lahi, 1999).



ang larawan ng santinakpan tungo sa pag-uugat ng Taguig sa Austronesyaniko nitong pag-uugat.

Simborio-Ahas, Santa Ana-Buwaya, Araw-Ibon: Isang Paglalagom

Ang mga natuklasang obhetong arkeyolohikal kapwa *hayto* at *liktao* ay maisasakonteksto sa pamamagitan ng pag-uugnay dito sa mas malawak na konteksto na kinakasangkutan ng bawat sagisag. Katulad ng naipakita na, sentral ang mga simbolismong ito sa pananampalatayang mga Austronesyano na siyang saysay ng mga natuklasan nina Beyer at ng Pambansang Museo kinalaunan. Katulad ng naipakita na sa unang tatlong kabanata, ang katangiang *alog* ng Taguig bilang pook ng Taga-giik ang siyang nilalagom at binibigyang saysay ng kasalukuyang kabanata. Ipinakita mula rito na maliban pa sa buwaya bilang sagisag, sentral din sa agrikultura ng palay o rizikultura ang daigdig ng kailaliman na sinasagisag ng ahas.³⁸² Gayundin, ang ahas/sawa at mga kaugnay nito ay nakaugnay sa usa na siyang nagpapaliwanag sa mga sungay ng usa o *deer antler* na natagpuan sa mga arkeyolohikal na sityo ng Taguig. Katatagpuan din ito maging sa iba pang mga sityong arkeyolohikal sa mga baranggay sa Santa Ana, Manila at Bay, Laguna. Ang usa ay isa din sa mga sentral na sagisag ng kailaliman sa kalinangang Pilipino na mahigpit na nakaugnay sa mga mitolohikal na katauhan nina Maria Makiling ng Calamba, na nasa katimugang bahagi lamang ng Taguig.³⁸³

Magkakaugnay at maiuugnay samakatuwid sina Santa Ana ng Taguig at Santa Marta ng Pateros kina Maria Sinukuan ng Pampanga, Maria Makiling ng Laguna, at Uryol ng Bikol na sa pag-aaral ni Salazar ay may katangiang arketipal na may kaugnayan sa serpyente, usa, at higit sa lahat sa agrikultura/rizikultura.³⁸⁴ Mga babaeng anito ng kailaliman na idinulot ng pagiging matriyarkal na lipunan na nagbabalanse sa Laguna de Ba'i o Puliran. Kabilang ang Taguig matapos makapasok ang patriyarkang dinala nang pakikipag-ugnay sa kaharian ng Dewata o Butuan sa panahon ng Talasokrasiya noong 900 M.K.³⁸⁵ Para kay Salazar, namalagi ang matriyarkang kaayusan ito sa buong erya ng Puliran bunga ng pangyayaring pananatili nang mga anitong katulad ni Maria Makiling [Dianmasalanta] na sa pagsapit ng kolonyalismo ay mahahalinhang ng mga babaeng banal na sina Santa Ana ng Taguig at Santa Marta ng Pateros.

³⁸² Salazar, "Palay, Bigas, Kanin: Ang Pagkaing Pinoy," 28.

³⁸³ Salazar, *Liktao at Epiko*, 97-102.

³⁸⁴ *Ibid.*, 171-172.

³⁸⁵ Salazar, "Tundun-Pailah-Binwangan", 448.



Pinapatunayan lamang ng kasalukuyang kabanata na may mahabang kasaysayan ng pundasyong historikal at pangkalinangan ng Taguig taliwas sa malabnaw na pagtingin at pag-uugnay dito sa pusod ng kolonyalismo bilang saligan ng kaluluwa ng bayan. Winawasak ng kasalukuyang kabanata ang ganitong hungkag na patingin. Paghuhunos na dagling pumapawi sa alinmang pagtanaw pangkasaysayan sa Taguig mula sa kapakanan at punto de bistang kolonyal. Patunay na hindi lahat ng bagay na sa atin ay hiram, at kailangan pang aktibong gampanan ng mga taga-labas sa atin upang magkaroon ng kaakuhan. Maisasakatuparan lamang ang ganitong gawain sa alinmang pagsasakasaysayang pampook, kung may kasanayan ang bawat isa na maging masining sa pananangkapan ng iba pang mga batis. Ang pagkamasining na ito ang magbubukas ng pinto sa isang panibagong daigdig ng tinig. Katulad na lamang ng mga Taguigueno na nakapag iwan ng bakas nang kanilang sinaunang pananampalataya sa harap ng hamon ng kolonyalidad.

KABANATA 5

Ang Kasaysayan ng Bayan

Ang kasalukuyang bayan ng Tagig ay medyo malayo mula sa lugar ng sementeryo sa magkabilang panig ng ilog Taguig, at ang aming situ ay malamang na nasa pangkalahatang lokasyon ng pre-Hispanikong Tagig, na kilala mula sa mga maagang tala ng Espanyol bilang isang malaki at mahalagang bayan sa loob ng mahabang panahon bago ang pananakop ni Legazpi sa Maynila. (Beyer 1932, 1)

PLEISTOCENE: ANG *RHINOCEROS PHILIPPINENSIS*
AT *STEGODON LUZONENSIS*
(HK 709,000 T.N)



LARAWAN 30: PANGIBABANG PANGA NG NATAGPUANG STEGODON LUZONENSIS SA FORT BONIFACIO (SCHOELL ET AL. 1987)



agama't una nang natagpuan sa kauna-unahang pagkakataon ang maagang bakas sa Fort Mckinley noong 1926³⁸⁶, muling nadiskubre noong Setyembre 1954 ang isang “pangibabang panga at ngipin” ng isang *dwarfed stegodon* o kilala rin sa siyentipikong pangalan nito na *stegodon luzonensis* matapos itong aksidenteng mahukay sa isang pinapagawang seksyon ng *Manila American Cemetery* sa Taguig.³⁸⁷ Ipinagkaloob ito nang noo'y *Assistant Superintendent* ng *American Battle Monuments Commission* na si Otto Kauffman sa anthropologong si H. Otley Beyer na sa agarang pagpapasailalim sa pagsusuri ng hayto o labi ay napag-alamang mula pa sa panahong *Pleistocene* ang tinatayang tanda.³⁸⁸



LARAWAN 31: PRESERBADONG BAGANG NG RHINOCEROS PHILIPPINENSIS NA NATAGPUAN SA FORT BONIFACIO. [HTTPS://RB.GY/6UXT6]



LARAWAN 32: BAGANG NA BASAG NG R. PHILIPPINENSIS [HTTPS://RB.GY/XLV1S]

Sa kabilang dako, ang dalawang naunang pagkakatuks ay sinundan naman noong Mayo 13, 1965 sa parehong erya ng Fort Mckinley (*ngayon ay Fort Bonifacio*), nang isang uri ng ispesimeng nakapreserba sa makapal na “*compacted volcanic ash deposit of the Guadalupe Formation*” nang isang naglaho ng *megafauna* nilalang na lumibot sa sangkapuluan mulang panahon pa ng *Pleistocene*. Napag-alaman na ito ay isang butong hayto (*fossil*) o labi na bahagi nang pangitaas na parte ng kanang panga ng isang uri ng endemikong rinoserong sa Pilipinas lamang matatagpuan. Kilala ito sa siyentipikong pangalan nito na *rhinoceros philippinensis*.

³⁸⁶ Felipe Landa Jocano, *Philippine Prehistory: An Anthropological Overview of the Beginnings of Filipino Society and Culture* (Quezon City: Philippine Center for Advanced Studies, 1975), 47

³⁸⁷ Friedrich Braches at Richard Shutler Jr., “The Philippines and Pleistocene Dispersal of Mammals in Island Southeast Asia,” *Philippine Quarterly of Culture and Society* 12, Blg. 2 (1984): 110.

³⁸⁸ Koenigswald, “Fossil Mammals from the Philippines,” 346-348. Para sa buong ulat tingnan ang: Walter Schoell, Priscilla Militante-Matias at Alyssa Peleo, “Stegodon fossil remains from the Plio/Pleistocene, Laguna Formation, Antipolo, Rizal,” *Natural and Applied Science Bulletin* 39, blg. 3 (1987): 217-236.



Mayroon itong habang nasa 12.07 sentimetro, may lapad na 6.87 sentimetro, may kapal na 9.47 sentimetro at bigat na 800 gramo³⁸⁹ at kabilang sa malaking pamilya ng *Rhinocerotidae* na maihahalintulad sa mga rinoserong natuklasan sa Butuan at Laya, Cagayan noong 1936 ng mga arkeyolohistang sina Alfonso Bagunu at Rodolfo Albano na *Pleistocene* rin ang relatibong tanda.³⁹⁰ Bagamat hindi pa naitatakda ang tiyak na petsa ng dalawang *hayto* o labi na magkasabay na umiral sa panahon ng *Pleistocene*, sapat na siguro muna sa kasalukuyan na itakda ito sa loob ng petsa ng Rinoserong natuklasan sa Kalinga na humigit kumulang 709,000 taon na ang tinatayang tanda.³⁹¹

Ang saysay ng mga natuklasang labi ng mga natukoy na *megafauna* ay magiging makabuluhan kung ikakabit ito sa nangyaring pandaigdigang pagbabagong heyolohikal na naganap sa panahon ng *Pleistocene*. Ang panahong ito ay maituturing bilang isang mahalagang yugto sa kasaysayan ng Pilipinas na maiugat sa dalawang pangunahing kadahilanan. Una, nakapaloob ang yugtong ito sa huling bahagi ng pormatibong yugto nang pagbubuon ng heyolohikal ng sangkapulan. Isang mahabang prosesong nagumpisa mula pa noong panahong *Cretaceous*.³⁹² Samantalang ang ikalawa naman ay sa kadahilanan ang epokang *Pleistocene* ay ang panahon kung kailan nag-umpisang kakakitaan ng “pagtatao” ang Pilipinas. Maaaring makarakterisa ang panahon ng *Pleistocene* sa dalawang yugto na tinatawag na panahong glasyal at inter-glasyal. Ang panahong glasyal ay ang panahon kung saan ang mundo ay nakaranas ng malawakang taglamig.³⁹³ Ito ang naging dahilan upang ang malaking bahagi ng kapuluang dating nakalubog sa katubigan ay lilitaw dahil sa pagkati nito sa mahigit 160 metro noong Gitnang *Pleistocene* [16,000-18,000 taon ang nakakaraan] at 120 metro paibaba naman noong Huling *Pleistocene* partikular sa erya ng katimugang Pilipinas.³⁹⁴ Bunga nito, umangat ang *Sunda Shelf* na sumasakop sa Borneo, Sulu, Palawan na siyang naging tahanan ng maraming mga *megafaunang* kahayupan na nagsilbing tulay na daanan hindi lamang ng mga tao bagkus maging ng mga hayop

³⁸⁹ “Rhinoceros Philippinensis,” National Museum of the Philippines, inakses: 4/4/23. http://philmuseum.ueuo.com/nm_museum/nmtreasure/geo/rhino.html.

³⁹⁰ Angel P. Bautista, “Fossil Remains of Rhinoceros from the Philippines,” *National Museum Papers* 5, Blg. I (1995): 1.

³⁹¹ Thomas Ingicco et al. “Earliest known hominin activity in the Philippines by 709 thousand years ago,” *Nature* 557 (May 2018): 233-237.

³⁹² Raymundo Punongbayan, “Genesis of the Philippines,” nasa *Atlas of the Philippines* (Quezon City: Environmental Center of the Philippines Foundation, 1998), 23-40.

³⁹³ Felipe Landa Jocano, *Filipino Prehistory: Rediscovering Precolonial Heritage* (Quezon City: Punlad Research House, Inc., 1998), 84.

³⁹⁴ Lawrence Heaney, “Zoogeographic Evidence for Middle and Late Pleistocene Land Bridges to the Philippine Islands,” *Modern Quaternary Research in Southeast Asia* 9 (January 1985): 129.



na siyang nagpapaliwanag sa pag-iral ng mga *stegodons* at *rhinoceros* sa Taguig at sa buong sangkapuluan.³⁹⁵

Sa kabilang dako, ipinapalagay na naharap sa ekstinksyon ang mga rinoseo at stegodon na namuhay sa mga panahong ito mula sa paunang yugto ng “Kwartenaryo” bunsod ng iba’t-ibang kadahilanan.³⁹⁶ Isa na rito ay ang teorya ni Peterson hinggil sa naging maramihang pagpatay sa mga *megafaunang* nilalang na naglikha naman ng pagdami ng populasyon sa huling yugto ng *Pleistocene*.³⁹⁷ Habang sinusugan naman ito ni Barbara Thiel na nagsasabing dahil sa presyur bunsod ng pagtaas ng populasyon ay ang eksploytasyon sa mga makabagong pagkukuhanan ng pagkain, partikular sa pamamagitan ng adaptasyon sa domestikasyon ng mga halaman bilang dagdag na *subsistence*.³⁹⁸ Ang mga teoryang ito ang naglalagay sa epoka ng Pleistocene bilang yugto ng panimulang pag-iral ng mga sinaunang tao sa Pilipinas. Partikular ang mga namayan sa Pilipinas na ang katangian ng pamumuhay ay nakasentro sa pangingsda-pangangaso-at-pangangalap (fisher-hunter-gatherer).³⁹⁹ Isa sa mga konkretong patunay nito ay ang pinakabagong tuklas sa Kalinga na ibayong naitulak ang pag-iral ng tao sa kapuluan (bagama’t hindi matiyak kung anong *homo* ito kabilang) 709,000 taon na ang nakakaraan batay sa ebidensyang marka ng hiwa at hampas sa buto ng isang rinoseo.⁴⁰⁰ Hinalinhan naman ito pagdating sa “tanda” nang 67,000 taong pag-iral ng natagpuang metatarsal na buto ng “Taong Callao” sa Callao, Cagayan na napag-alamang labi ng isang bagong *human species* na pinanganlang *Homo Luzonensis*.⁴⁰¹ Habang sinundan naman ito ng pagkakasuklas sa Taong Tabon sa Palawan na tinatayang namuhay sa yugto ng *Upper Pleistocene* (30,000 taon na ang nakakaraan). Ang kweba ng Tabon sa kasalukuyan bagama’t malapit sa dagat ay hindi nagtataglay ng mga kasangkapang gawa sa mga *shells* patunay na sa

³⁹⁵ Jaime Veneracion at Ma. Luisa Bolinao, “Pagsibol ng Lahing Pilipino at Kapaligiran,” nasa *Kasaysayang Bayan: Sampung Aralin sa Kasaysayang Pilipino*, pat. Rowena Boquiren (Quezon City: ADHIKA, 2001), 5.

³⁹⁶ “Extinct Megafauna Fossils – Terrestrial,” National Museum of the Philippines, inakses: 4/5/23, <https://www.nationalmuseum.gov.ph/our-collections/geology-and-paleontology/extinct-megafauna-fossils-terrestrial/>.

³⁹⁷ Warren Peterson, “Anomalous Archaeological Sites of Northern Luzon and Models of Southeast Asian Prehistory,” PhD diss., (University of Hawaii at Manoa, 1974), 186.

³⁹⁸ Barbara Thiel, “Subsistence Change and Continuity in Southeast Asian Prehistory,” PhD diss., (University of Illinois, 1990), 38.

³⁹⁹ Alfred Pawlik at Riczar Fuentes, “Prehistoric Hunter-Gatherers in the Philippines—Subsistence strategies, adaptation, and behaviour in maritime environments,” *Front. Earth Sci.* (2023): 8.

⁴⁰⁰ Ingicco et al., “Earliest known hominin activity in the Philippines by 709 thousand years ago,” 233-237.

⁴⁰¹ Florent Detroit et al., “A new species of *Homo* from the Late Pleistocene of the Philippines,” *Nature* 568 (2019): 181-186.



panahong ito ang distanya ng kweba sa pampang ay malayo kaysa sa kasalukuyang kinalalagyan nito.⁴⁰²

Sinusuportahan ng “pagkati” ng tubig ng panahong glasyal ang “pagtatao” sa Palawan bilang lugar na nagsilbing *entry point* na noo’y nakakabit pa sa “mainland” o kalupaang Timog Silangang Asya.⁴⁰³ Ito ang pinakamalaganap na pinaniniwalaan sa kasalukuyan dangang napatunayan na sa ilang mga heyolohikal na pag-aaral na ang mga kahayupan at mga sinaunang tao ay hindi maaaring nanggaling sa kahilagaan sapagkat walang tulay na lupang nagkokonekta o nag-uugnay sa pagitan ng Batanes at isla ng Babuyan at Taiwan.⁴⁰⁴ Pinatunayan din ito ng kolaboratibong pag-aaral sa arkeyolohiya nina Peter Bellwood at Eusebio Dizon sa Batanes kung saan kanilang sinasabi na:

Sea bed depths in the Bashi channel attain at least 1000 m. clearly far too deep to be affected by Pleistocene sea level fluctuations. Early humans never walked from Taiwan to Luzon, and so far, during three seasons of archaeological fieldwork in Batanes, excavations in 6 caves and rock shelters (amongst other sites) have failed absolutely to give any sign of preceramic occupation.⁴⁰⁵

Samantala, bibigyang daan naman ng pagtatapos ng *Pleistocene* (pinakabago) ang umpisa ng panahong interglasyal na tinatawag na *Holocene* (lubos na pinakabago). Bunsod nang pagbabago ng klima ng mundo ay pagdanas din naman ng pagbabago sa antas o lebel ng tubig sa buong Kapuluang Timog Silangang Asya sa maagang yugto nito. Malaki ang impak ng pagbabagong ito sapagkat kakakitaan ito ng pag-unlad ng kulturang Neolitiko na ang saysay ay nasasalalay sa pag-usbong ng agrikultura na nagbunga ng isang mas kompleks na lipunan. At dahil sa pagtaas ng lebel ng tubig dulot ng panahong inter-glasyal ay ikinawing nito ang oryentasyon ng mga tao mula sa katubigan, na magbibigay daan sa pagpasok sa Taiwan ng mga “manlalakbay dagat” mulang Fujian noong mga bandang 5000 B.P.⁴⁰⁶ Mulang Taiwan ay nagkaroon ng pagdami ng

⁴⁰² William Henry Scott, *Prehispanic Source Materials for the Study of Philippine History*, 4.

⁴⁰³ Jocano, *Filipino Prehistory: Rediscovering Precolonial Heritage*, 86.


⁴⁰⁴ Lawrence Heaney, “Zoogeographic Evidence for Middle and Late Pleistocene Land Bridges to the Philippine Islands,” 131.

⁴⁰⁵ Peter Bellwood at Eusebio Dizon, “The Batanes Archaeological Project and the “Out of Taiwan” Hypothesis for Austronesian Dispersal,” *Journal of Austronesian Studies* 1, Blg. 1 (2005): 2.

⁴⁰⁶ Barry Rolett, Zhuo Zheng at Yuanfu Yue, “Holocene sea-level change and the emergence of Neolithic seafaring in the Fuzhou Basin (Fujian, China),” *Quaternary Science Reviews* 30 (2011): 788-797.



populasyon dala ng pag-unlad sa kaalaman ng paglinang sa palay, at bunga nito sa pagitang taon ng 3,000 at 2,000 B.K ay maaabot o mararating ng mga Austronesyano ang Batanes at Luzon tangan ang kasanayang ito.



MAPA 6: EXTENT OF CONTEMPORARY AUSTRONESIAN AND POSSIBLE FURTHER MIGRATIONS (BLENCH 2009)

Katulad ng naturan na, walang tulay na lupang nag-uugnay sa pagitan ng Batanes at Taiwan, kaya naman ang mga Austronesyano ay nangailangan na magkaroon ng teknolohiya sa paglalakbay-dagat.⁴⁰⁷ Ito ang dahilan kung bakit naging posible ang kasanayan sa pagmamaniobra at paglikha ng mga bangkang inukab na siyang instrumento sa dispersal at migrasyon upang umangkop sa nagbabagong ekolohikal na kondisyon ng daigdig. Sa bungad ng pagbabago, bunga ng paglaganap ng mga Austronesyano, ay magkakaroon ng gradwal na integrasyon at tuluyan nitong mahahalinhinhan ang mga mangangaso't-mangangalap sa buong Kapuluang Timog Silangang Asya.⁴⁰⁸ Ang pagkapasok nito sa Pilipinas ay nagbigay ng panibagong ikutang pangyayari sa kasaysayan, partikular ang transisyon mulang kasaysayan ng pamilyang nukleyar ng Panahong *Pleistocene* na ang tanging kariingan ay ang pagsisikap na mamalagi't

⁴⁰⁷ Eusebio Dizon, "Tracing the Migration of Our Ancestors," *Balangay Voyage*, <http://www.balangay-voyage.com/index.php?pg=about-tracing-migration>

⁴⁰⁸ Katherine Szabo at Sue O'Connor, "Migration and complexity in Holocene Island Southeast Asia," *World Archaeology* 36, Blg.4 (2010):622.



umiral tungo sa kasaysayan ng kabuuang kultura at lipunan sa pagsapit ng mga Austronesyano.⁴⁰⁹

Ang kanilang oryentasyong maritimo o kasanayan sa paglalayag sa katubigan ang siyang magdadala sa mga Austronesyano upang mapagtagumpayan ang pagtungo sa bawat sulok ng mga dako ng daigdig. Magmula sa konserbatibong tantsa ng pinaglaganapan nito mulang Madagascar hanggang Easter Island.⁴¹⁰ Sa kabilang banda, hindi rin naman maisasantabi ang bagong ispekulasyon na lumilirip sa posibilidad na maaaring nakarating ang mga ito sa Silangang Aprika sa pamamagitan ng kipot ng Mabuting Pag-asa (*cape of good hope*), at higit pa maging sa kanlurang bahagi ng kontinenteng Amerika.⁴¹¹ Magkayunpaman, hindi na labis pang paguukulan ang proseso ng pagkalat, subalit kinakailangang bigyang tuon ang kasiguraduhang mahalaga ang Pilipinas bilang pangalawang lunduyan nang paglaganap. Higit sa lahat ang katiyakan ng naging pagpasok ng mga Austronesyano sa kasalukuyang lawa ng Laguna na sa pagsapit ng dulong bahagi ng ika-10ng dantaon, at maaaring mas maaga pa rito, ay tatawaging *Puliran*.

HOLOCENE: ANG PAGLAGANAP NG MGA AUSTRONESYANO SA PULIRAN (H.K. 2,000 B.K - 1,050 B.K)

Ganap nang buo ang sabangan o deltaikong pormasyon ng Taguig nang magkanlong ang mga Austronesyano sa lugar ng lawa ng Laguna o *Puliran*. Ang proseso ng pagbubuonng heyolohikal na ito ay nagtapos mga humigit kumulang 4,000 taon na ang nakakaraan. Tumutugma ang petsa ng ganap na pagkakabuo kung kailan nag-umpisa rin ang paglilipat pulo ng mga Austronesyano sa pre-Tsinong Taiwan noong mga bandang 2,200 B.K sa Hilagang Pilipinas.⁴¹² Napagpaunang iminimungkahi ni Dr. Victor Paz na ang pagbubuo ng Taguig at katangian nitong deltaiko ay maituturing bilang “sinaunang Maynila” sapagkat ang delta ng Taguig ang isa sa mga naging/magiging unang panahanan nang

⁴⁰⁹ Salazar, “Ang Pagpapasakasaysayang Pilipino ng Nakaraang Pre-Ispaniko,” 188.

⁴¹⁰ Bellwood, Fox, at Tyron, “The Austronesians in History: Common Origins and Diverse Transformations,” 1-19.

⁴¹¹ Roger Blench, “Remapping the Austronesian Expansion,” nasa *Discovering History Through Language: Papers in Honour of Malcolm Ross*, pat. Bethwyn Evans (Canberra: Pacific Linguistics Press, 2009), 35-51.

⁴¹² Bellwood at Dizon, “Austronesian cultural origins: Out of Taiwan, via the Batanes Islands, and onwards to Western Polynesian,” 24.



nakarating ang mga Austronesyano mulang ruta pa-Kalaylayan tungong pusod ng lawa.⁴¹³ Dagdag pa nito, ang Taguig ay maibibilang pa nga bilang maaaring isa sa mga sinaunang pamayanan na nagkaroon ng malaking bilang ng populasyon sa pagsapit nang panahong neolitiko mga humigit kumulang 4,000 hanggang 3,000 taon na ang nakakaraan o katumbas ng 2,050 B.K hanggang 1,050 B.K.⁴¹⁴

Samantala, tumutugma naman sa petsa nitong huli ang petsa ng nataguriang *Angono Petroglyphs* na nasa Binangonan, Rizal, na kaharap lang ng Taguig sa bukana ng wawa nito, na ang pagpapalagay na petsa ni Peralta ay tinatayang 1050 B.K/3000 BKas o samakatuwid ay panahon pa ng kalinangang neolitiko ang relatibong tanda.⁴¹⁵ Ang saysay ng natuklasang batong-ukit o *petroglyphs* na ito ay maiuugat sa dalawang pangunahing kadahilanan. Una, konkretong tanda ito ng pagkapasok ng mga Austronesyano sa Puliran. Samantalang ang ikalawa naman ay binigyang panibagong mukha ng paglilimi ni Salazar na nagmumungkahing sa erya ng lawa mag-uumpisa ang batayan at salalayan nang kasaysayan at pagbubuo ng etnolinggwistikong Tagalog o/at ang rehiyong sasaklawin ng Katagalugan kinalaunan.⁴¹⁶

Maipapamalas mula sa sentral na lokasyon ng lawa ang pagkakatugma sa pinaglaganapan at distribusyon ng mga Tagalog batay na rin sa kasalukuyang hugis nang Katagalugan. Dangang ang heyograpikal na pagkakaugnay ng lawa sa paligid nito ay magugunam sa distribusyon ng wika-at-kalinangan ng mga Tagalog na pinag-uugnay ng mga katubigan, magmula sa:

Kabikulan sa pamamagitan ng dagat; patungong bandang
Bulacan sa pamamagitan ng Ilog Angat; patungong look ng
Maynila sa pamamagitan ng Ilog Pasig; at patungong Batangas
at Mindoro sa pamamagitan ng Lawa ng Taal.⁴¹⁷

Maipapaliwanag sa dakong ito ang sanhi kung bakit isa ang Taguig sa mga pinakamaagang naging unang panahanan ng mga Austronesyano sa rehiyon ng Katagalugan, at magiging kabahagi sa maagang yugto o baitang ng pagbubuo nito.⁴¹⁸ Pagbubuo na tinataya ng mga dalubhasang magsisimula mulang 100 B.K

⁴¹³ Victor Paz, "The Intertwined Praxis of Archaeology," (Lektura, Museo ng Kaalamang Katutubo, November 4, 2022).

⁴¹⁴ Paz, "Defining Manila through Archaeology," 26.

⁴¹⁵ Jesus Peralta, "The Petroglyphs of the Angono Rockshelter," Tesis Masterado, (Unibersidad ng Pilipinas, 1973), 49.


⁴¹⁶ Salazar, "Tundun-Pailah-Binwangan," 456.

⁴¹⁷ Ibid., 435.

⁴¹⁸ Paz, "Defining Manila through Archaeology," 9.



na petsang pagtatantiya ng paghiwalay ng Tagalog sa iba pang wika ng *Southern Philippine Family*⁴¹⁹ hanggang 900M.K, na siyang takdang petsa naman ng *Binatbat na Tanso ng Laguna* bilang yugto ng ganap na pagkabuo ng wika-at-kalinangang Tagalog.



MAPA 7: KONSENTRASYON NG MGA ARKEYOLOHIKAL NA PAGHUHUKAY NI BEYER.
NASA: VITALES (2013)

Pinapatunayan ng mga natuklasang mga artefak sa iba't-ibang sityong arkeyolohikal ng Taguig ang pagiging angkop na panahanan ng katangiang deltaiko nito upang masustena ang pangunahing pangangailangan ng pag-iral ng mga Austronesyanong pumugad dito. Mapapansin ito sa mga *neolitikong* situ ng Taguig na nakalunan sa ligid ng ilog Taguig na nakaugnay sa lawa. Samakatuwid, nakakatiyak tayo sa ganang ito sa naging papel na ginampanan kapwa ng ilog Taguig at ng *Puliran* sa maagang kasaysayan ng Taguig bilang mga pook tanghalan sa isang buong mahabang panahon ng pagkahubog at prosesong historikal ng bayan.

Katunayan, mapaguukulan at lipos itong maipapamalas sa pamamagitan ng mga *materyal* na bakas mula sa mga natagpuang modipikadong kasangkapang bato sa Taguig na katulad ng nabanggit na, ay panahong Austronesyano o/at huling neolitiko ang relatibong tanda. Ito ay bunga ng mga arkeyolohikal na pagsisikhay kapwa ni Beyer ng maaga (1928-1932), at ng Pambansang Museo (1967, 1968, 1974, 1992) sa iba't-ibang pook sa Taguig tulad na lamang ng mga natagpuan sa *Santa Ana*, *Bagumbayan*, *Bicutan*, *Wawa*, at *Napindan*. Ang sunod-sunod na mga

⁴¹⁹ David Thomas at Alan Healey, "Some Philippine Language Subgroupings: A Lexicostatistical Study," 22.



isinagawang paghuhukay sa Taguig at karangyaan ng mga interesanteng artefak na nahukay, ay patunay ng isang mayamang baul ng materyal na katibayan at neolitikong panahanan na maaaring maging susi tungo sa mas malalim pang pagkaunawa sa prehistorikong kasaysayan ng Taguig. Makikita sa pagmamapang linang ni Viales ang ukol sa mga naging konsentrasyon ng mga arkeyolohikal na paghuhukay sa ligid ng lawa.⁴²⁰ Makikita dito kapwa ang Taguig at Rizal-Laguna bilang mga sentrong lunsaran ng gawaing arkeyolohikal na nakapagtagpo ng interesanteng mga materyal na katibayan kung ikukumpara sa iba pang mga bayan na nasa ligid nito. Ang mayamang arkeyolohikal na potensyal na tinataglay ng Taguig ang siyang primaryang sanhi kung bakit iminimungkahi ng mga dalubhasa ang pagkakaroon o pagsasagawa pa nang ibayong paghuhukay kapwa sa Taguig at Pasig—bilang dalawang pangunahing pook na lagusan papalabas, at papasok ng lawa.⁴²¹

Pinangunahan sa naunang paghuhukay na isinagawa ni Beyer sa himlayan ng Taguig sa pagitang taon ng 1926 hanggang 1930 ang kauna-unahang pagkakatuklas sa pagkanlong ng mga Austronesyano sa Taguig. Sa kanyang ulat-katalogo na natapos noong 1932, kaniyang naitala ang mga kagamitan tulad ng: *stone implement, 1 obsidian flaked.. specimen of probable late Neolithic date, 2 pieces of old metal artifacts at glass beads similar to those found in late iron age*. Samantalang noong taong 1971 ay matutuklasan din ang mga kahalintulad na kagamitan matapos aksidenteng mahukay ang mga *liktao* sa noo'y ipinapatayong tahanan ng isang Alejandro San Pedro sa Wawa, Taguig. Kinabibilangan ito ng mga *daras na bato (stone adze), spindle whorls, tektites, at glass beads* na mga kagamitang taglay at palasak na katangian ng Malayo-Polynesianong sangay ng mga Austronesyano.⁴²² Sinundan naman ito ng hukay sa Bagumbayan kung saan nakatagpo ang Pambansang Museo noong 1968 nang isang “sityong neolitiko” na nagtataglay ng mga bultong neolitikong kasangkapan at kagamitan tulad ng *daras na bato (stone adzes), obsidian flaked, at chert*.⁴²³

Imperatibo ang mga nabanggit na enumerasyon ng mga artefak sapagkat indikatibong pinapahiwatig ng mga tuklas na neolitikong kasangkapan ang isang mahalagang katibayan ng pag-iral sa prehistorikong pamamaraan ng pamumuhay ng mga Austronesyano sa Taguig. Nalalaman natin na pangunahing katangian ng

⁴²⁰ Viales, “Archaeological Research in the Laguna de Bay area, Philippines,” 56.

⁴²¹ Ibid., 69.

⁴²² Peter Bellwood, *Prehistory of the Indo-Malaysian Archipelago* (Canberra: ANU Epress, 2007), 219-230.

⁴²³ National Museum of the Philippines, *Annual Report 1967-1968*, 17.



panahong neolitiko ang pagkakaroon ng pagbabagong teknolohikal at paglikha sa mga higit na matutulis na kasangkapang bato na siyang bisa ng mga batong daras na nahukay bilang tugon sa pangangailangan at hamon ng kanilang kapaligiran. Karampatang mairaragdag din na sa panahong neolitiko lilitaw ang pinakaunang engkwentro ng kaalaman at teknolohiya sa pagtatahi ng damit na kung mapapatunayang neolitiko, ay siyang saysay ng mga natagpuang mga *spindle whorls* sa Taguig na isang instrumentong kinakailangan para sa gawaing may kinalaman sa pagtatahi.⁴²⁴ Mangyari pa, isang mahalagang bagay na kinakailangang bigyang diin din na ang paglitaw ng kaalaman sa pagtatahi sa pamamagitan ng spindle whorls ay tumutugma din sa panahon kung kailang lumaganap ang palay.⁴²⁵ Ang mga natuklasang kagamitan ay isang konkretong katibayang mayroong kasanayan ang ating mga ninuno sa paghahabi ng damit na kinakailangan upang saplutan ang kaniyang sarili.⁴²⁶ Subalit sa kabilang banda, ang teknolohiya sa paglikha ng damit ay mapapa walang saysay kung hindi mabubuo ang kaalaman sa paglinang ng mga *thread at fibers* na kinakailangan upang makabuo ng saplot: ang panggagalingan man nito ay mula sa hayop o halaman. Implisito samakatuwid sa tagpong ito ang kasanayan ng mga nunong Austronesyano sa Taguig sa pag-*extract* ng mga hilaw na materyales tulad ng mga *fibers* sa kanilang kapaligiran at pagtanim ng mga pananim na pinagmumulan nito.⁴²⁷ Samakatuwid, mas natutuhan nila mula sa kanilang abot-makakayang kaparaanan ang linangin ang kanyang kapaligiran upang tugunan ang pangangailangan ng kanilang pag-iral.

Masasabing ang pag-unlad ng kaalaman mulang pagtanim hanggang sa pag-ani at paglikha ng mga pagkain at produktong nagmumula rito ang siyang sanhi at nagbunsod sa mga lumunan dito upang maging sedentaryo. Ito ang masasabing konteksto at saysay sa likod nang pagkakatuksa sa Taguig ng himlayan-at-pamayanan sa kaparehong pagkakataon at nang pagkakaugnay nito sa mga spindle whorls. Katunayan, ang kompleks ng himlayan-at-pamayanan ay hindi lamang katatagpuan sa Taguig bagkus ay palasak din maging sa iba pang mga grupong etnolinggwistiko sa Pilipinas. Hindi lamang kasi nakaugnay sa kapaniwalaan ang paglilibing sa loob ng pamayanan, bagkus ay may mahigpit din

⁴²⁴ Sa lebel lamang ng “beysikong deskripsyon” ang naging pagtatala ni Beyer at hindi ang malalimang pagtalakay at pagpapanahon sa mga liktao/haytong natagpuan. (Paz 2009, 3).

⁴²⁵ Christopher Buckley, “The origins of southeast Asian weaving traditions: the perspective from archaeology,” *Asian Archaeology* (2023): 1-12.

⁴²⁶ Rosa Tenazas, “Evidences of Cultural Patterning as Seen Through Pottery,” *SPFA* 3, Blg. 1 (1982): 5-10.

⁴²⁷ Jesus Peralta, at Lucila Salazar, *Pre-Spanish Manila: Reconstruction of the Pre-History of Manila* (Manila: National Historical Commission, 1974), 37.



itong kinalaman sa *subsistence* o pamamaraan upang mabuhay.⁴²⁸ Implisitong pinapahiwatig ng mga ito, na ang mga nakalunan ay tiyak na mga agrikulturistang sedentaryo na taliwas naman sa mga grupong inaabandona ang patay at bahay na nagpapraktis naman ng isang uri ng modang kultibasyon na tinatawag na *slash and burn*.

Ang intensipikasyong ito ay mas lalong bibigyang daan sa pagsulpot ng panahon ng metal noong 500B.K-1,000M.K, na magbibigay daan sa isang tiyak na uri ng sedentaryong pamumuhay, at mas organisadong pamayanan.⁴²⁹ Sa kaso ng Taguig, mahalagang banggitin kaugnay nito ang mga natagpuang “lumang metal na liktao” ni Beyer sa himlayan ng Taguig at ang “*bi-product*” nitong mga *glass beads* na kaniyang tinukoy na *similar to those found in late iron age*. Samakatuwid ay panahon pa ng panahong metal ang relatibong tanda na tanging mabubuo lamang matapos ang proseso ng pagtutunaw sa bakal.⁴³⁰ Konkretong nagpapahiwatig ang tuklas na ito na maaaring sa panahong ito ay mayroon ng kasanayan sa paglinang ng mga *metal* ang mga Austronesyanong dumaong sa Taguig. Maipapalagay na sa pag-iral ng mga kasangkapang metal ay higit na mas napadali at naging epektibo ang pamumuhay ng mga Austronesyano sa Taguig at buong kapuluan kaysa sa mga bato at kahoy ng nakaraang litikong panahon.⁴³¹

Sa madaling sabi, ang panahong ito ay masasabing yugto ng transisyon mula sa pangangalap at paglilipat tungong pagpirmi at pananatili dahil mayroon nang mga pananim na inaalaagan. Magkatuwang at sinonimo sa puntong ito ang pagbubuo ng mga bahayan at ng palayan—kung saan naglikha ng bahagyang pagdami ng populasyon ang pagkakaroon ng seguridad sa pagkain bunsod ng pagdami ng ani. Ang ganitong sopistikasyon at pag-unlad ng kaalaman sa iba't-ibang aspekto ng pamumuhay ay magbibigay daan sa isang panibagong yugto sa kasaysayan ng Taguig. Magmumula sa mga ninunong Austronesyanong ito magsisimulang mahubog ng paunti-unti ang pagkakakilanlan ng, at pagusbong ng mga sinaunang pamayanan ng mga *Taga-alog* na nakalunan sa sistemang ilog ng Pasig na sa pagsapit ng ika-10ng dantaon ay may maunlad nang internal na pakikipagugnayan sa mga bayan, at madawag ding nakikilahok sa ekstensibong at intensibong pakikipagkalakalan sa ibayong dagat na kinasasangkutan noon ng Pilipinas.

⁴²⁸ Barretto-Tesoro, “A Survey of Literature,” 112.

⁴²⁹ Eusebio Dizon, “Ang Panahon ng Bakal sa Pilipinas,” nasa *Pamayanan (hk 500,000/250,000 BK—1588 M.K)*, mga pat.Zeus Salazar at Carmen Penalosa (Quezon City: BAKAS, 2013), 39-40.

⁴³⁰ Dizon, “Ang Panahon ng Bakal sa Pilipinas,” 344.

⁴³¹ Rowena Boquiren et al., *Kasaysayang Bayan: Sampung Aralin sa Kasaysayang Pilipino* (Quezon City: ADHIKA, 2001), 13.



SA PANAHON NG PAGSASAMBAYANAN (900 M.K - 1,200 M.K)

Bagaman sa panahon ng Dinastiyang Tang [618-906 M.K] pa mag-uumpisang ma estabilisa ang pakikipag-ugnayan ng sinaunang Pilipinas sa Tsina tulad na lamang ng natagpuang mga *Tang monochrome ware* ni Beyer sa Taguig.⁴³² Sa pagsapit lamang talaga ng ika-10^{ng} dantaon magaganap ang isang ektensibong intensipikasyon ng dayuhang pangangalakal batay na rin sa mga arkeyolohikal na ekskabasyong nakapaghukay ng bultong mga seramikong Song [906-1279 M.K] sa Taguig at iba pang sityong arkeyolohikal.⁴³³ Ito ay bunga ng pamamayani sa Tsina sa mga panahong ito ng pagsasalubong nang umuunlad na teknolohiya sa porselana at ang lumalaganap na rebolusyong pangkalakalan.⁴³⁴ Naging mahalaga sa mga panahong ito ang pangangalakal ng mga seramikong Tang at Song dahil sa kalidad at potensyal na dala-dala nito pagdating sa kalakalan.⁴³⁵ Kung ating pagbabatayan ang mga artefak bilang metodolohiya sa pagtatakda ng petsa ng sityong arkeyolohikal sa Taguig, maaari nating ipalagay na umiiral na ang Taguig noong panahon pa man ng *Binatbat na Tanso ng Laguna*.⁴³⁶ Samakatuwid, kakontemporaryo ng petsa ng mga natuklasang liktao ang tinatawag na panahon ng *IBTL* o ang panahon ng tinatawag ni Salazar na talasokrasyang Butuan-Tundun-Puliran kung saan pinamamayanihan ng kapangyarihan nang Tondo ang buong lawa matapos pawalaing bisa bilang bigay-kaya ni Jayadewa ang pagkakautang ni Dayang Akitan matapos itong ikasal sa anak nitong si Namwaran.

Maraming mga aspektong historikal ang nagbukas at nagbigay linaw sa pagbasa at pagkakainterpreta rito ni Jaime Tiongson.⁴³⁷ Pangunahin sa pagbasang ito ay ang isang uri ng kaayusang namamagitan sa mga pamayanang napapaloob sa axis ng *ilaya* at *ilawud* na pinapadaloy ng sistemang ilog Pasig. Isang malaganap na konsepto ang *ilaya-ilawud* o *hulo-wawa* sa buong kapuluan, at pundamental upang maunawaan ang dinamiko sa likod ng pakikipagugnayang

⁴³² Eufemio Patanne, *The Philippines in the 6th to 16th Centuries* (San Juan: LSA Press, 1996), 67.

⁴³³ Laura Lee Junker, "The Organization of intra-Regional and long distance trade in Prehispanic Philippine complex societies," *Asian Perspective* 29, Blg.2 (1990): 167-209.

⁴³⁴ S.V Epistola, "Sa Matandang Daigdig ng Asya," nasa *Kasaysayan: Diwa at Lawak*, pat. Zeus Salazar (Lunsod Quezon: Limbagan ng Unibersidad ng Pilipinas, 1974), 202.

⁴³⁵ "The Ceramic Age," *National Commission for Culture and the Arts*. Inakses noong 10/11/22. <https://ncca.gov.ph/about-culture-and-arts/culture-profile/prehistory-of-the-philippines/the-ceramic-age/>.

⁴³⁶ William Henry Scott, *Prehispanic Source Materials for the Study of Philippine History* (Quezon City: New Day Publishers, 1984), 6-7.

⁴³⁷ Cf. Jaime Tiongson, *Ang Saysay ng Inskripsyon sa Binatbat na Tanso ng Laguna* (Pila: BAKAS at PHSEF, 2013).



panlipunan, pangkalakalan, at pangkalinangan ng bawat bayan.⁴³⁸ Mahalaga ang pagkaunawa sa dalumat ng nabanggit na tambalan sapagkat matuturang modelong arketipal o/at alinsunod sa kahanayang (*pattern*) ito ang naging pagbubuo ng mga pamayanan hindi lamang sa Pilipinas bagkus maging sa kalapit nating kalinangang *kapwa* tulad ng Malaysia at Indonesia.⁴³⁹ Nakapagdulot ng malalim na epekto sa iba't-ibang aspekto ang pagsapit ng dayuhang pangangalakal sa ganitong uri ng dendritikong modelo ng pamahayanan. Yamang naging mga makapangyarihang pamayanan ang mga nasa wawa (sa kasong ito ng Tondo noong panahon ng *IBTL*) kung saan relatibong mas higit itong umunlad sa sosyo-pulitikal na larang kaysa sa iba pang mga pamayanan sa kahabaan ng ilog. Nakalunan kasi ang Tondo sa isang akmang lokasyon para sa dayuhang pangangalakal na nasa bunganga ng paglabas, at pagpasok sa ilog Pasig dahilan upang maging tagapamagitan at tagapagdalo ito ng mga kalakal na dinadala paakyat ng *ilaya*.⁴⁴⁰

Ininasagawa sa Tondo bilang *entrepot* ang mga aktibidad na pangangalakal kung saan kanilang magiliw na tinatanggap ang mga *banyagang* ipinagbibili ang mga produkto tulad ng mga itinuturing na “*prestige goods*” kabilang ang porselana. Sa kabilang banda, upang matamo ang mga produktong banyaga, ipinagpapalit ito ng mga taga-ilawud sa mga *beeswax, honey, dyewoods, deerskins, leather* at ilan pang mga produktong gubat na tanging nalilikha lamang ng mga pamayanang nasa *ilaya*.⁴⁴¹ May ganansya kung gayong natatanggap ang mga nasa *ilaya*, sapagkat kapalit ng kanilang *iniluluwas* ay ang mga *ipinamumulilan* naman na mga prestihyong porselana na ipinamamahagi at ipinagbibili naman sa iba pang mga pamayanan na siyang kabuluhan at katuturan ng mga natagpuang mga porselanang *Tang-Song* sa Taguig at Pasig bilang pook lagusan at tagpuan sa papalabas at papasok ng lawa.

Sa pinal na analisis, malinaw na nasasalalay sa resiprokal na ugnayan ng mga pamayanang nasa *ilaya* at *ilawud* ang patuloy na pag-iral at ekonomikong

⁴³⁸ Cf. Lars Ubaldo, *Paglaya-Paglawud: Paglalayag at Ugnayan ng mga Pamayanan sa Kasaysayang Pilipino* (Manila: ADHIKA, 2012).

⁴³⁹ Bennet Bronson, “Exchange at the Upstream and Downstream Ends: Notes toward a Functional Model of the Coastal State in Southeast Asia,” nasa *Economic Exchange and Social Interaction in Southeast Asia: Perspectives from Prehistory, History, and Ethnography*, pat. Karl Hutterer (Michigan: University of Michigan, 1978), 39.

⁴⁴⁰ Patanne, “Old Tondo and the Lakandula Revolt of 1574,” 9.

⁴⁴¹ Jaime Veneracion, *Agos ng Dugong Kayumanggi: Isang Kasaysayan ng Sambayanang Pilipino*, Binagong Edisyon (Lunsod Quezon: Abiva Publishing House, 2003), 18.



relasyon ng bawat isa sa harap ng dayuhang pangangalakal.⁴⁴² Aktibo naman ang ginampanan ng kailugan/katawang tubig na nagsisilbing likas na tagapagugmay sa pagitan ng mga pamayanang nasa pinanggagalingan ng tubig at sa niluluwaan nito. Sa katunayan, ang ganitong uri ng kahanayan ng mga pamayanan, at dinamiks ng relasyon ng bawat isa ay ang siyang naging prinsipal na obserbasyon ni Miguel de Loarca sa kanyang *Relacion*. Ani niya:

Mayroong dalawang uri ng tao sa lugar na ito, na kahit na sila'y iisang lahi, ay nagkakaiba naman pagdating sa kaugalian at palagiang hindi nasa isang magkasundong kalagayan. Ang isang uri ay kinabibilangan ng mga nasa baybayin, samantalang ang isang uri ay nakatira sa mga kabundukan; at kung mayroon mang kapayapaang mamayani sa kanila, ito ay dahil kapwa nasasalalay sa kanila ang pag-iral ng bawat isa. Ang mga naninirahan sa kabundukan ay hindi mabubuhay kung walang isda, asin, at iba pang mga pagkain, at **mga luad na sisidlan at mga pinggan**, ng mga ibang distrito; hindi rin naman mabubuhay ang nasa baybayin kung wala ang palay at bulak ng mga nasa kabundukan.⁴⁴³ [sa akin ang diin at salin]

Batayan kung gayon ng pagkabuo ng mga sinaunang pamayanan at pagkakaisa ng mga sinaunang lipunang Pilipino ang simbiotikong relasyon ng tambal dalumat ng *ilaya-ilawud* na papagtibayin sa pamamagitan ng ritwal ng pakikipagsandugo, o dili naman kaya ay sa pamamagitan ng pagpapakasal na siyang sesemento sa sosyo-pulitikal at ekonomikal na ugnayan ng bawat bayan.⁴⁴⁴ Sa dinamiks ng *axis* na ito maipapaliwanag ang malalim na pakikisangkot ng Taguig sa malawakan at sopistikadong *network* ng kalakalan—bilang pook na nakalunan sa isang estratihikong lokasyon ng paglabas at pagpasok ng lawa.

Sa teyoretikal at praktikal na antas katulad ng naipakita na sa ikalawang kabanata, masasabing hindi makatutungo ang mga *iniluluwas* na kalakal ng Laguna patungong Maynila, o *ipinamumulilan* ng Maynila patungong Laguna, kung hindi ito dadaan kapwa sa ilog Pasig at ilog Taguig na siyang dalawang pangunahing pintuan papasok at palabas ng lawa. Ang pagiging prominente nito

⁴⁴² Ferdinand Marcos, *Tadhana: The History of the Filipino People: Volume 2, Part 1* (Manila: Ferdinand Marcos, 1976), 329-330.

⁴⁴³ Loarca, "Relacion de las Yslas Filipinas," 116.

⁴⁴⁴ Cf. Shane Patrick Sordilla, "Sa Ilúd éndu Layá: Pagtutulungang Maguindanao-Buayan Laban sa mga Kastila," nasa *Tambayayong: Ang Bayanihan sa Kasaysayan at Kalinangang Pilipino*, mga pat. Vicente Villan at Faina Abaya-Ulindang (Manila: ADHIKA ng Pilipinas, 2020), 215-216.



sa pagsapit at buong panahon ng kolonyalismong Espanyol ay nagmumungkahi sa ilog Taguig bilang isa sa mga lagusang nag-uugnay mula sa Tundun tungong Puliran na sumasaklaw sa kapangyarihan ni Jayadewa at nang talasokrasiya ng Tundun-Butuan-Puliran.⁴⁴⁵ Ang kasangkutan ng Taguig sa malawakang kalakalan na pinapadaloy ng sistemang *ilaya-ilawud* ay mapatotohanang labis mula sa mga datos arkeyolohikal tulad ng mga bultong prestihiyong porselang Tang-Song na natagpuan sa iba't-ibang dako ng mga arkeyolohikal na sityo sa Taguig na matatagpuang nasa mga kaligiran o malapit sa katawang tubig.

Bagama't walang katiyakan kung mula ba talaga sa panahong Tang-Song o pagpapatuloy lang ng tradisyong Tang-Song sa mga sumunod na panahon, dahil sa payak na pagtatala at pagaantas-antas ang ginawang ulat-katalogo, may apirmasyon si Beyer na ang mga porselanang nahukay nila sa Taguig ay may pekulyar na katangiang mayroong malapit na pagkakahalintulad sa mga porselana't seramikong kanilang natagpuan sa Santa Ana, Maynila noong 1926 sa loob ng pinaupahang lupa ng pamilya Calderon. Mayroon itong petsang 9th (huling Tang) hanggang 12th century M.K (maagang Song)⁴⁴⁶ na takdang panahon kung kailan halos magkasalubungan ang kapangyarihan ng Tondo at ang pag-usbong ng itinuturing na kaharian ng Namayan. Ipinapalagay sa kasalukuyang kaalaman sa arkeyolohiya na ang sentro nito ay nasa kasalukuyang Santa Ana, Manila na kinabibilangan ng Taguig at iba pang mga karatig pook nito.⁴⁴⁷

Sa kabilang dako, mayroon namang tiyak na pagtataya ang arkeyologong si Dr. Victor Paz hinggil sa relasyon ng Tondo at Namayan. Ayon sa kaniya, umiiral na noon pa man ang Namayan sa panahon kung kailan namamayani ang Tundun ni Jayadewa batay na rin sa istratigrapikal na pagsusuri sa kultural na sapin (*cultural layer*) ng Santa Ana na maitutulak pa noong ika-11 na dantaon partikular ang tiyak na petsang 1095 M.K. Samakatuwid, isang siglo ang pagitan matapos maisulat ang kasunduan sa *Binatbat na Tanso*. Dagdag pa nga nito na bagama't maipapalagay na umiiral na noong panahon ng talasokrasiya ang Namayan, hinihinuhang hindi pa ito isang ganap na pulitikal na kapangyarihan bunga ng payak na kadahilanang hindi ito natukoy sa pamosong inskripsyon ng *Binatbat na Tanso ng Laguna* na may petsang 900M.K.⁴⁴⁸

⁴⁴⁵ Zeus Salazar, personal na komunikasyon ng may-akda, Camp Netanya, Batangas, Oktubre 13, 2022.

⁴⁴⁶ Beyer, *Catalogue of the Tagig Site*, 238.

⁴⁴⁷ Nick Joaquin, *Manila My Manila: A History for the Young* (Manila: City Government of Manila, 1990).

⁴⁴⁸ Paz, "Defining Manila through Archaeology," I-35.



ANG TAGUIG SA KAHARIAN NG NAMAYAN (H.K. 12TH DANTAON - 14TH DANTAON)

Mapatotohanan sa ulat ng Pambansang Museo noong 1968 ang malapit na pagkakahalintulad ng mga *liktao* na kanilang natagpuan mula sa Santa Ana (*Namayan*) paakyat ng ilog tungong Pasig-Taguig. Umaabot ito hanggang sa kaibayuhan ng lawa partikular sa Pila at Lumbang na ang buod ay nagpapatunay sa isang konkretong kahayagan ng isang ekstensibo at intensibong komersyal na ugnayan ng bawat bayan.⁴⁴⁹ Pagsasarikumpirma ito ng maagang hinihinuha ni Beyer nang minsan itong magsagawa ng paghuhukay sa sementeryo ng Taguig kung saan nakabuo siya ng dalawang konklusyon na kanyang isinulat sa kaniyang *Catalogue of Tagig Site*. Una ay ang pagkakatagpo nito sa isang *ancient village of considerable size* sa Taguig na ayon sa kanya ay isang mahalagang pamayanan noong panahong sinauna. Ang pinaglulunanan nito ay nasa isang akmang lokasyong malapit ang distansya sa kinaroroonan ng ilog Taguig bilang likas na lunduyan ng pakikipagkalakalan. Ani niya:

The present town of Tagig lies a little distance away from the cemetery site on both sides of the Tagig river, and our site is probably at the general location of pre-Spanish Tagig, which is known from early Spanish records to have been a large and important town for a considerable time before Legazpi's occupation of Manila.⁴⁵⁰

Samantala, ang pangalawang kapansin-pansing bagay na kanyang naobserbahan ay ang malapit naman na pagkakahalintulad ng kanilang natagpuang mga porselang Tsino sa Taguig sa mga natagpuan ding liktao sa Santa Ana, Maynila na ang petsang pagtatakda ay mulang ika-12 hanggang 14 na dantaon.⁴⁵¹ Hindi lamang ang kahalintularan ng mga porselana ang natagpuan bagkus maging ang kahalintularan din sa natatanging pamamaraan ng paglilibing kung saan kasamang matatagpuan din ang buto ng pagong/pawikan sa Taguig na ayon kay Beyer ay tipong kahalintulad sa natagpuan sa Santa Ana at maihalalintulad din sa ilan pang mga sityong arkeyolohikal sa iba pang mga pook

⁴⁴⁹ National Museum of the Philippines, *Annual Report 1967-1968*, 17.

⁴⁵⁰ Beyer, *Catalogue of the Tagig Site*, 5.

⁴⁵¹ *Vide* Beyer, "Outline Review of Philippine Archaeology by Islands and Provinces," 238.



sa Pilipinas.⁴⁵² Nakakitaan din noong 1967 nang ganitong kahalintularan sa Santa Ana ang mga artefak na nahukay kapwa sa Napindan, Taguig at sa Pinagbuhatan, Pasig. Samantalang, pinatutunayan ng ekskabasyon sa kaparehong taon nang 1967 ang katotohanan nang pag-iral ng *prehistorikong kaharian ng Namayan* na sa ulat ng mga arkeyologong sina Avelino Legaspi at Robert Fox ay ipinapalagay na isang matatag na kapangyarihan na umiral sa pagsapit ng ika-II na dantaon hanggang 14 na dantaon.⁴⁵³

Halos magkasalubungan samakatuwid nang mahigit isang siglong taong pagitan ang pag-iral ng Namayan at ang *IBTL* kung saan namayani ang Tondo sa Puliran. Sa mga panahong ito ay kaugnay pa ng Pilipinas ang buong *Nusantara*. Katunayan, paguumpisa ang panahon ito ng tinatawag na mga *Lucoes* na nagdala noong ika-14 na dantaon sa Malay Peninsula ng mga bulak na galing Mindoro na naitala ng mga Tsino.⁴⁵⁴ Samakatuwid, mayroong mga Pilipinong nakikipagkalakalan sa *Dunia Melayu* na sa pagsapit ng ika-16 na dantaon ay makikita sa mga katulad nina Regimo Diraja. Konkretong kahayagan ng pakikipagugnay na ito sa Taguig ay ang arkeyolohikal na pagkakatuklas sa mga tagpong “tin ingots” sa Wawa, Taguig na tinatayang nilikha mula sa pinakamaagang petsa ng 1400 M.K sa Malay Peninsula.⁴⁵⁵ Kapanahon din nito maging ang pag-iral sa mga kronikong Tsino ng isang lugar na ang pangalan ay *Ma'i* mula sa 1225 ni Chao Ju-Kua na napatunayan ni Go Bon Juan at ng mga arkeyolohikal na tuklas bilang Ba'i ng Laguna.⁴⁵⁶

Sa kabilang banda, naging isang mabigat na suliranin sa pagpapakahulugan ni Go Bon Juan ay sa kung papaanong nakarating ang mga Tsino sa Ba'i. Gayong napakalayo ng lokasyon nito na kinakailangan pang bumaybay sa kahabaan ng ilog Pasig. Ang agam-agam na ito ay diplomatikong pinunay noon ni Salazar sa pagmumungkahing: 1) ang pamamayani ng *Tundun-Pailah-Mdang (Lumbang)* sa loob ng *Puliran* ay sanhi upang maging kontrolado nito ang daanan ng Pasig matapos ang kasunduan ng *IBTL*, 2) na sinundan naman matapos nito nang pamamayani ng Namayan hanggang sa pagsapit ng ika-14 na

⁴⁵² Hinggil sa ganitong pagkakahawig, tingnan ang: Paz, “Defining Manila through Archaeology,” I-35.

⁴⁵³ Robert Fox at Avelino Legaspi, *Excavations at Santa Ana* (Manila: National Museum of the Philippines, 1977).

⁴⁵⁴ Zeus Salazar, “The Malay World: Bahasa Melayu in the Philippines,” nasa *The Malayan Connection: Ang Pilipinas sa Dunia Melayu*, pat. Zeus Salazar (Lunsod Quezon: Palimbagan ng Lahi, 1998b), 88.


⁴⁵⁵ Nocheseda, “Ecological and Ritual Change in the Devotion to Santa Marta of Pateros,” 79.

⁴⁵⁶ Go Bon Juan, “Ma'i in Chinese Records – Mindoro or Bai? An Examination of a Historical Puzzle,” *Philippine Studies* 53, Blg. I (2005): 119-138.



siglo. Kung ibayong mapapatotohanan, at matitiyak ang lokasyon ng Taguig at Taytay bilang hangganan, malamang na sa daanan pa lang ng bukana ng lawa ay nahaharangan na ng Taguig at Pasig ang pagpasok ng Ba'i.⁴⁵⁷ Kaya naman ipinapalagay ni Salazar na ito ang sanhi upang humanap ang *Bai/Ma-i* ng alternatibong ruta patungo sa Kanlurang Dagat ng Pilipinas na nahanap nila sa pamamagitan ng Look ng Balayan sa pamamagitan ng Ilog Pansipit.⁴⁵⁸ Ang erya ng kasalukuyang *Verde Island Passage* bilang sonang ekolohikal kabilang ang *Mindoro* at *Batangas* dahilang kung bakit isa ang mga ito sa mga ipinapalagay na lokasyon ng Ma'i.⁴⁵⁹

Sa kabilang dako, sang-ayon sa pagkakaugnay-ugnay o/at pagkakahalintulad ng mga artefak na nahukay, naghain naman si Patanne ng pagsasarekonstruksyon sa kung papaano nagaganap ang distribusyon ng mga kalakal mula sa *ilawud* patungong *ilaya*.⁴⁶⁰ Ayon sa kanya, matapos dumaan ang kalakal mula sa Tundo na siyang daungan ng mga banyagang mangangalakal, tumitigil ito sa Namayan bilang istasyon ng pakikipagkalakalan (*trading station*) kung saan dinidiskarga ang mga kargamento o produktong banyaga. Mula rito ay iniakyat ng mga sinaunang Pilipino ang mga kalakal paakyat ng ilog hanggang sa kaibayuhan ng lawa. Pundamental dito ang gampanin higit sa lahat ng ilog Taguig at Pasig na siyang nagpapaliwanag sa mga kahanayan o *pattern* ng pagkilos ng mga tao at distribusyon ng mga magkakahawig na seramikong natagpuan sa Santa Ana, Taguig, Pasig, Pila, Lumbang.



MAPA 8: SONANG EKOLOHICAL NG VERDE ISLAND PASSAGE [[HTTPS://TINYURL.COM/3T3KN9A2](https://tinyurl.com/3T3KN9A2)]

⁴⁵⁷ Salazar, "Tundun-Pailah-Binwangan," 356.

⁴⁵⁸ *Ibid.*, 357-358.

⁴⁵⁹ Rowena Boquiren, "Kasaysayan at Kapaligiran: Ma'i/Ma-yi at ang Verde Island Passage kaugnay ng Maynila-Mindoro Axis," Lekturang prinesenta para sa *Ika-II na Pambansang BAKAS Seminar-Workshop*, San Antonio de Padua College, Abril 3-6, 2013.


⁴⁶⁰ Patanne, "Old Tondo and the Lakandula Revolt of 1574," 10.



Samakatuwid, *hipotetikal* na implisito sa mga datos arkeyolohikal, at paglalagom sa mga ito na tila may malalim na kaugnayan ang kasaysayan ng Taguig sa kasaysayan ng *Namayan*. Sa katunayan, sa pamamagitan ng pagkakaugnay-ugnay at kahalintularan ng mga mayamang materyang arkeyolohikal buhat sa pagkakatagpo sa iba't-ibang mga pook sa kahabaan ng sistemang ilog Pasig, mayroong kumbiksyon ang pantas na si Dr. Victor Paz na ang mga pook ng Santa Ana, Pasig, Taguig at Tondo ay ang mga naging sentral na pook na humubog sa naging pag-unlad ng kapangyarihang umusbong sa panahong ito.⁴⁶¹ Hindi pa rin natin alam magpahanggang sa kasalukuyan ang paghina ng *Namayan*. Subalit katulad nang unang iminungkahi nina Robert Fox at Avelino Legaspi—ang isang mahalagang atribusyon ng paghina at paglaho ng *Namayan* noong huling bahagi ng ika-15 na dantaon ay maaring dulot nang pagsapit ng mga mangangalakal na Muslim sa Maynila.⁴⁶²

Sa kasalukuyan, nananatiling awtoratibong batis hanguan ng natatanging tala kaugnay ng pag-iral ng *Namayan* ay ang salaysay ng prayleng Pransiskano na si Felix Huerta, kung saan kanyang nabanggit ang pag-iral ng prehistorikong kaharian ng *Namayan* maging ang salinlahi ng mga tagapamuno nito na maiuugat sa pamumuno ni *Lakantagkan* at asawa nitong si *Bouan*.⁴⁶³ Kakaunti pa lang ang ating kasalukuyang nalalaman sa *Namayan*, at hindi natin alam ang lawak ng teritoryong maaaring sinasaklaw nito. Subalit nagbigay pagtataya si Felix Huerta na ang mga pook ng prehistorikong kaharian tulad ng *Meycatmon*, *Calatongdongan*, *Dongos*,

Dibag, *Pinacausan*, *Yamagtogon*, at *Meysapan* ay binubuo at napapaloob sa kasalukuyang Pasay, Malate, Dilao, Pandacan, Quiapo, Sampaloc, San Miguel,



LARAWAN 33: HENEYALOHIKAL NA LINYA NG *NAMAYAN* AYON KAY HUERTA (LINANG NG MANANALIKSIK)

⁴⁶¹ Paz, "Defining Manila through Archaeology," 12.

⁴⁶² Fox at Legaspi, *Excavations at Santa Ana*, 9.

⁴⁶³ Felix Huerta, *Estado Geografico, Topografico, Estadistico, Historico-Religioso de La Santa y Apostolica Provincia de S. Gregorio Magno (1855)* (Montana: Keesinger Publsihing, 2010).



San Juan del Monte, Mandaluyong, at Makati hanggang sa mga pamayanan sa lawa tulad ng Taytay. Bahagya itong mas pinalawak ni Nick Joaquin at isinama ang Taguig⁴⁶⁴ na marahil ay kanya ring nabatid batay sa mga patotoo ng mga ulat arkeyolohikal. Nagbigay naman ng panibagong anggulo ukol rito si Roberto Caballero sa kanyang *Trade and Transport on the Pasig River*⁴⁶⁵ na artikulo. Patunay rito aniya ang pananatili sa *remnant* ng pangalang *Maysapan* na taglay-taglay pa rin ng isang sityo sa Ususan, Taguig—isang pook na mahalaga ang magiging gampanin sa kasaysayan ng bayan sa pagsapit ng pag-aalsang agraryo ng 1745.

Sa kabilang banda, mas higit na naging malinaw ang ugnayan ng Taguig sa Namayan, at Tondo-Manila lampas sa mga implisitong kahalintularan ng mga artefak. Laluna sa pagkakatuksa sa tinatawag na *Will of Fernando Malang Balagtas* na naglalaman ng henyalohiya ng mga pangunahing angkan sa rehiyon ng Katagalugan. Kung mapapatotohanan bilang awtentikong batis, lilitaw ang malawak na ugnayan ng buong mundo ng Katagalugan—i.e. Pampanga, Batangas, at Laguna. Nakaugnay kasi ito sa nabanggit ni Felix Huerta hinggil sa isang Kristiyanisadong taong nagngangalang *Martin* mula sa henyalohikal na linya nina Lakantagkan na tinukoy nitong “hari ng Namayan”. Anak ito ni Rajah Kalamayin na alinsunod sa pag-aaral ni Scott ay pinuno ng Namayan sa panahon ng kolonyal na pagsambulat noong 1570.⁴⁶⁶ Mas pinalawak naman ito batay sa mapanuring pagsusuri ni Valentino Sitoy sa kaniyang sapantahang ang *Martin* sa henyalohikal na linyang natukoy ni Felix Huerta ay maaaring ang *Martin Pangan* din ng Sabwatan sa Tondo ng 1587 na pinsan nina Agustin de Legazpi ng Tondo⁴⁶⁷ na ano pa’t higit sa lahat ay kasamang nilahukan ng datu ng Taguig na si Juan Basi na ipinatapon ng dalawang taon at tinanggalan ng pagmamay-ari.

Samakatuwid, malinaw na hindi pa napuputol sa taong *bago ang 1588* ang dating linya nang ugnayan ng mga *datu* sa dating nangabuwag na kaayusan.⁴⁶⁸ Kahayagan ito na naroroon pa ang *kontinuum* sa ugnayan ng mga sinaunang mga pamayanan kabilang ang Taguig na pinag-uugnay at pinagbibigkis ng kailogan magmula pa ng panahong dati sa pamamayani ng kaharian ng Tondo (900 M.K)

⁴⁶⁴ Nick Joaquin, *Manila, my Manila: A History for the Young* (Manila: City of Manila, 1990).

⁴⁶⁵ Roberto Caballero, “Trade and Transport on the Pasig River,” nasa *Pasig: River of Life*, mga pat. Alfred Yuson at Reynaldo Alejandro (Manila: Unilever Philippines, 2000), 77.

⁴⁶⁶ Scott, *Barangay: Sixteenth-Century Philippine Culture and Society*, 193.

⁴⁶⁷ Valentino Sitoy, *A History of Christianity in the Philippines: The Initial Encounter, Vol 1* (Quezon City: New Day Publishers, 1985), 250-258.

⁴⁶⁸ Ferdinand Marcos, *Tadhana: History of the Filipino People*, Tomo 2, Part 1 (Manila: Ferdinand Marcos: 1976), 220.



at Namayan (h-k. 11-14 dantaon), hanggang sa halinhan ito ng Maynila ni Raja Muda at Matanda na lahat ay pawang umiral sa sistemang ilog Pasig.

SI JUAN BASI AT ANG SABWATAN SA TONDO (1587 M.K - 1589 M.K)

Kasapitan ng malalim na kasaysayan ng pagkakaisa ng bawat pamayanan na pinagbibigkis ng kanilang malalim na relasyong simbyotikal ng *ilaya-ilawud-ibayo* ang nagdala sa kanila upang mapagkasunduan ang pagbabawing dangal sa kanilang mga nahubarang pagkatao. Sa kanilang palihim na kasunduan malinaw ang diwa ng pagbabawing dangal at pagpapanumbalik sa nakaraang panahon ng aliw na kanilang natamasa noong panahon bago sila nasadlak sa *kadiliman*.⁴⁶⁹ Inilalatag ng *Synod* ng 1582-1586 ang ilan sa mga nakapangyayaring kadahilanan na nararanasan ng mga Gat sa mga unang yugto ng kolonisasyon. Isinasalaysay sa mga ito ang magiging puno't-dulo ng naging kulminasyon ng Sabwatan na ang sanhi ay maiuugat sa pagkadismaya ng mga Gat sa sumasamang ekonomikal na kalagayan ng kani-kanilang lipunan. Isa sa maraming sanhi ay ang lubos na kabawasan sa kanilang mga nakokolektang buwis, lalo na ang mga bulawan o ginto na mahalaga para sa mga sinaunang Pilipino. Pinalala naman ito ng pagpapalaya sa mga *alipin* ng mga datu na natimawa sa bisa nang kautusan ng Hari ng Espanya noong 1581.⁴⁷⁰ Nagdulot ito ng problematikong suliranin para sa mga datu sa kadahilangang hindi na sila sinusunod ng kanilang mga natimawang alipin. Naging malaya ang mga ito sa gapos ng pagkakautang [*debt peonage*] sanhi upang mapalipat ang katapatan ng mga *alipin* sa mga kolonyal na panginoon kaakibat ng pagbabayad ng *tributo* sa mga *encomendero*. Samakatuwid, nagkaroon ng relegasyon sa kapangyarihan ng mga datu; at mistulang inasinan din ang natamong sugat matapos mawala ang kani-kanilang mga *inaasawa* alinsunod sa istriktong doktrina ng Katolismo hinggil sa usapin ng monogomiya.⁴⁷¹

Sa kauna-unahang pagkakataon, bunsod ng pag-alis ng kaginhawaan at malalim na pagkadismaya ng mga Gat, ay maipapakita ang demonstrasyon ng

⁴⁶⁹ Tingnan ang: Zeus Salazar, "A Legacy of the Propaganda: The Tripartite View of Philippine History", nasa *The Ethnic Dimension: Papers on Culture, History, and Psychology*, pat. Zeus Salazar (Cologne: Counselling Center for Filipinos, 1983), 107-126.

⁴⁷⁰ William Henry Scott, *Slavery in the Spanish Philippines* (Manila: De La Salle University Press, 1991), 23.

⁴⁷¹ Nancy Kimuell-Gabriel, "Ang Tundo ni Bonifacio, si Bonifacio sa Tundo," *Saliksik E-Journal* 3, Blg 2 (2014): 36.



lawak ng mga pagkilos at lawak din ng relasyon at ugnayan ng mga sinaunang pamayanan na aabot hanggang sa Palawan. Nag-umpisa ito mula sa lihim na balakin mulang Agosto 1587 hanggang sa pagkakabunyag noong Oktubre 21, 1588 ng mga pangunahing angkana at karatig bayan kabilang ang Taguig. Nagkaroon ang mga datu ng oportunidad nang posibleng pagsalakay noong Enero 28, 1588 nang mabalitaan ang pag-agaw ng Ingles na si Thomas Cavendish sa galyon ng Santa Ana sa karagatan ng California at umatake sa bayan ng Arevalo, Panay na sa kasamaang palad ay hindi nagtungo pa Maynila. Mula rito ay ang pagbabago ng estratihiya ng mga datu at panghihikayat din sa hari ng Burney (Borneyo) na may malapit na relasyon sa Tondo-Maynila. Dagdag pa rito ang pakikipagugnayan sa isang Hapones na naging angalang Juan Gayo na nakipagkasunduan sa mga datu ng Tondo na magdadala ng mga pwersang Hapon maging ang probisyong kakailanganin ng buong hukbo.

Sa kasamaang palad, maibibilang sa mga serye ng pagkakanulo sa kasaysayan ng Pilipinas ang naudlot na Sabwatan sa Tondo ng 1587. Nabigo ang napipintuhong pagpapalayas sa mga mananakop matapos ipagkanulo nina Antonio Surabao ng Calamianes at Amarlangagui na datu ng Bay ang binabalak na pagkilos. Hindi natin alam ang dahilan sa tangkang pagbalikwas na ito, ngunit katulad ng naturan na, ang batayan ng sigalot na ito ay maaaring maiugat sa malalim na tunggaliang historikal sa pagitan ng Bay ⁴⁷² at ang Tondo. Magkagayunpaman, masasabing isang malaking bagay ang naging implikasyon ng Sabwatan sa Tondo ng 1587-88 sa kasaysayan ng Taguig bilang mikrokosmo ng, at ikutang pangyayari sa pambansang kasaysayan at kasaysayang pampook ng Taguig. Yamang sanhi ng kabiguang ito ay ang pagpapatapon at pagpapataw ng hatol ng kamatayan sa mga pangunahing nakilahok sa pag-aalsa kabilang ang datu ng Taguig na si Juan Basi ⁴⁷³, dahilan upang tuluyang makapasok at makatapak ang mga Espanyol sa pagsasakatuparan ng kanilang mga adhikaing kolonyal sa Taguig at sa buong sangkapuluan. Gayundin, isa sa mga naging pangunahin, at mabigat na implikasyon ng bigong pag-aalsa ay ang pagkawala ng “pambansang karakter” ng mga susunod na pag-aalsa. Sa halip, naging lokalizado na lamang ang mga sumunod na pagkilos na maipapamalas sa seryosong pag-aalsa ng mundong Katagalugan noong 1745 na kasasangkutan ng muli ng Taguig.

⁴⁷² Pinatunayan ni Go Bon Juan na ang *Ma'I* sa mga kronikang Tsino ay ang *Ba'I, Laguna*. Cf. Bon Juan Go, “Ma-I in Chinese Records – Mindoro or Bai? An Examination of a Historical Puzzle,” *Philippine Studies* 53, Blg. I (2005): 119-138.

⁴⁷³ Vera, “Conspiracy against the Spaniards,” 98.



ANG PUEBLO DE TAGUIG (1587 M.K - 1745 M.K)

Ang tadhana ng 1587-1588 sa kasaysayang pambansa ay isang ikutang pangyayari rin sa kasaysayan ng Taguig. Sa panahong ito ay ganap na napasailalim sa kaayusang pueblo ang Taguig, at napabilang sa *Provincia de Tondo* mula taong 1587 hanggang 1859 na hahalinhan naman ng *Provincia de Manila* mulang 1859 hanggang 1898.⁴⁷⁴ Masasabing ang pagbubuo ng teritoryal na hurisdiksiyon ng kolonyal na pamahalaan tulad ng *Provincia de Tondo* ay maipapalagay na naaayon at pagsasahalintulad lamang ng lumang teritoryal na lawak ng dating gumuhong kaayusan para sa praktikalidad at madaliang pagsasakatuparan ng gawaing pananakop/pangangaral. Sa madaling sabi, kinabibilangan ang mga lugar na sinasaklaw ng *Provincia de Tondo* ng mga dating may ugnayan, o sa kabilang banda’y nasasailalim sa kapangyarihan nito.⁴⁷⁵

Apat na buwan bago ang lihim na balakin ng sabwatan sa Tondo na kinsangkutan ni Juan Basi, pormal na naitatag noong Abril 25, 1587 ang *pueblo de Taguig* sa lugar na dating sinasaklaw ng sinaunang pamayanan nito bago ang kolonisasyon. Ito ay matapos ang pangyayaring ganap itong maibilang sa “*convento de la orden*” ng pamprobinsyal na sangay ng mga Augustino sa pagpupulong na ginanap noong Abril 4, 1587.⁴⁷⁶

Kinabibilangan ang Taguig nang siyam na orihinal na nayon nito binubuo ng mga nayon ng: Santa Ana, Tuktukan, Bambang, Wawa, Ususan, Palingon, Tipas, Hagonoy, at Bagumbayan.⁴⁷⁷ Ang simbahan bilang materyal na manipestasyon ng matagumpay na pananakop, at espasyo kung saan iikot ang buhay ng mga Taguigueno, ay minabuting itayo sa gilid ng ilog Taguig bilang pisikal na reorganisasyon alinsunod sa pagsasakatuparan ng *Recopilacion de Leyes de los Reynos de Las Indias*. Kalakip nang naging matagumpay na



LARAWAN 34: KOLONYAL NA SELYO NG TAGUIG (1860-1898)

⁴⁷⁴ Jose Laurel, *Local Government in the Philippine Islands* (Manila: La Pilarica Press, 1926), 138.

⁴⁷⁵ Odal, “The River Dwellers,” 49.

⁴⁷⁶ Isacio Rodriguez, *Historia de la Provincia Agustiniana del Santisimo Nombre de Jesus de Filipinas, Vol. I* (Manila: 1969), 139.

⁴⁷⁷ D.n, *A Gift of Faith 400 Years*, 36.



kolonisasyon sa Taguig ay ang kaakibat nitong Kristiyanisasyon sa pamamagitan nang pagsusumikap ng mga prayleng unang nagpalaganap ng ebanghelyo sa Taguig. Isa na rito ay ang isang prayleng kasama nina Miguel Lopez de Legazpi noong 1571 na si Fray Alonso de Alvarado, na ayon sa tala ay:

walang takot na tumungo paakyat ng ilog Pasig at nangaral sa Laguna de Taguig at Taytay, kung saan siya ay tinanggap ng may kapayapaan.⁴⁷⁸

Sinundan naman ito ng naitalang *non-resident* na *Vicar* ng Tagig na si Melchor de Ribera, O.S.A na dumalaw sa Taguig upang mangaral noong 1584⁴⁷⁹ na ang malinaw na kahahantungan tatlong taon mula rito ay ang pagiging ganap na *pueblo* ng Taguig at ang pagsasabalangkas ng pagtatatag ng unang simbahang bato na ngayon ay ang Santa Ana de Taguig na pinangunahan ni Diego Alvarez bilang unang Kura Paroko ng bayan. Naisakatuparan ang pag-uumpisa nang pagtatayo nito noong Hulyo 25, 1587.⁴⁸⁰ Isinalarawan itong may pagmamalabis ni Fray Zuniga noong ika-labing siyam na dantaon bilang simbahang walang katulad na ganda⁴⁸¹ at ni Agustin Castro bilang “*hermoso y fuerte*” na nangangahulugang “maganda at matatag”.⁴⁸² Sa isang ulat noong 1612, ang kumbento ng Taguig at mga *visita* nito ay mayroong dalawang prayle, at limandaang (500) bilang ng kabuuang tributo na katumbas ng 1,500 kaluluwa.⁴⁸³ Samantala, naitalang nakapag-ambag din ang naturang kumbento sa kampanya ng pagsalakay sa Jolo ni Sebastian Corcuera noong 1639 sa pamamagitan ng pagbibigay ng bronseng kampana bilang kontribusyon para rito.⁴⁸⁴

Ang simbahang ito ang siyang sentral na istruktura sa bagong tatag na kaayusan, na bago pa pagtayaran ng simbahang bato na wawasakin pagsapit ng 1645 ay unang naging yari muna sa *nipa* at *kawayan*.⁴⁸⁵ Malinaw na tunguhin ng pagtatatag nito ay upang tipunin ang mga nadatnang Tagagiik na nakakalat sa mga hiwa-hiwalay na lupaing sakahan.⁴⁸⁶ Estratihiko ang pagkakatayo ng

⁴⁷⁸ Medina, “History of the Augustinian Order in the Filipinas Islands,” 202-203.

⁴⁷⁹ D.n, *A Gift of Faith 400 Years*, 36.

⁴⁸⁰ Pangkasaysayang Pananda ng *National Historical Institute*, “Simbahan ng Tagig”.

⁴⁸¹ Zuniga, *Estadismo*, 190.

⁴⁸² Maria de Agustin Castro, *Misionero Agustinos en el Extremo Oriente 1565-1780* (Madrid: Consejo Superior de Investigaciones Cientificas, 1954), 133.

⁴⁸³ Rodriguez, *Historia I*, 432.

⁴⁸⁴ Rodriguez, *Historia VII*, 171.

⁴⁸⁵ Pinapaniwalaang ang simbahang bato ay itinatag bago ang 1631. Taong 1609 hanggang 1611 nang pangasiwaan ni Fr. Hernando Guerrero sa pagtatatag ng simbahang bato. Cf. Pedro Galende, *Angels in Stone: Architecture of Augustinian Churches of the Philippines* (Pasay: G.A Formoso Publishing, 1987).

⁴⁸⁶ Rodriguez, *Historia VII*, 139ff.



simbahan sapagkat nasa pagitan ito ng dalawang hugpungan ng ilog. Ang isa ay tumutungo sa ilog Taguig samantalang ang isa ay nakakonekta sa Tipas at uugnay kinalaunan hanggang ilog Pasig. Madaling magunam ang Kristiyanismo sa ganitong pisikal na pagsasaaayos sapagkat ang istruktura ng simbahan ang unang bubungad sa tuwing papasok sa ilog Taguig ang mga pumapalaot sa lawa at mga dumadaan na mga mangangalakal na buhat sa probinsya ng Laguna.

Samantala, sa loob naman ng itatatag/itinatag na *pueblo* ay mayroong pagpapataw ng kaayusang administratibo o sistemang tributaryo na tinatawag na *encomienda*. Paraan ito ng mga Espanyol upang matustusan ang kanilang pag-iral sa kanilang kolonya sa pamamagitan ng pagsamantala sa lakas-paggawa ng mga Pilipino na kilala natin sa katawagang *polo y servicios*.⁴⁸⁷ Sa ilalim ng kaayusang ito ay obligado ang mga nasasailalim sa kapangyarihan ng hari na magbayad ng tributo na maaaring salapi o kaya naman ay pananim na madalas ay subheto ng pangaabuso.⁴⁸⁸ Yamang ang pangongolekta nito ay ang tanging karapatang tinatamasa ng isang *encomendero*.⁴⁸⁹

Mayroong dalawang uri ng *encomienda* na pinanghahawakan ng dalawang entidad: ang tinatawag na *encomienda de la real corona* o encomiendang pagmamay-ari ng hari sa mga mahahalagang mga pook, samantalang ang isa ay *encomienda de particulares* na ibinibigay naman sa mga tapat na indibidwal na nagpamalas ng kagalingan sa kurso o kampanya ng pananakop at pasipikasyon sa Pilipinas.⁴⁹⁰ Sa dalawang ito, maihahanay sa ikalawang kategorya ang pagpapasailalim ng Taguig sa *encomienda*. Sa *Relacion* ni Loarca nang 1582, nakapagtala ang *encomienda de Taguig* ng 660 na taong nagbabayad ng tributo.⁴⁹¹ Samantalang sa naging pagtatala naman ni Dasmaringas noong 1591 ang *encomienda de Tagui* (sic) ay hinawakan ng encomenderong nagngangalang Kapitan Vergara kung saan nakapagtala ito ng mahigit 800 na Taguigueno na nagbabayad ng tributo.⁴⁹²

⁴⁸⁷ Jaime Veneracion, Ferdinand Llanes, Felice Noelle Rodriguez. "Pagbabagong-Anyo ng Bayan," nasa *Kasaysayang Bayan: Sampung Aralin sa Kasaysayang Pilipino*, pat. Rowena Boquiren (Quezon City: ADHIKA, 2016), 98.

⁴⁸⁸ Eric Anderson, "The Encomienda in Early Philippine Colonial History," *Asian Studies* 14, Blg.2 (1976): 26-36.

⁴⁸⁹ Phelan, *The Hispanization of the Philippines*, 10.

⁴⁹⁰ Teodoro Agoncillo, *History of the Filipino People*, 8th ed. (Quezon City: R.P Garcia Publishing Co., 1990), 83-85.

⁴⁹¹ Loarca, "Relacion de las Yslas Filipinas," 80-82.

⁴⁹² Dasmaringas, "Account of the encomiendas in the Philipinas Islands," 94.



Bagama't datapuwat napasailalim sa kolonyal na kaayusan, tila nanatiling maigting ang bisa ng heyograpiya nito. Partikular ang hindi pa napuputol na dating ruta ng kalakalan na naguugnay sa *ilaya* at *ilawud*. Mahalagang tagapag-ugnay sa mga ito ang patuloy na halaga kapwa ng lokasyon ng Taguig at Pasig sa patuloy na namamayaning ugnayan. Sa katunayan, konkretong kahayagan ng hindi pa napuputol na ugnayan ay matatalos sa maikling sipi ni San Buenaventura sa kanyang *Vocabulario de la Lengua Tagala* na nailimbag taong 1613 sa Pila, Laguna. Masisilip sa mumunting pagtatala na ito ang isang siwang sa mahalagang gampanin ng heyograpikal na posisyon ng Taguig sa pagkasangkot sa ugnayang ito, na maaaring maging duruwangan upang masulyapan ang hibla ng dating kalakaran bago ang kolonisasyon. Maitatala ni San Buenaventura sa kaniyang *Vocabulario* ang katagang *pig-it, daha, at abang* na salin ng Kastilang *detener* na ang kahulugan ay paghaharang sa mga kalakal na buhat sa Laguna na pinanggagalingan ng mga *dolhog* o *merchandise* upang itinggal, iimbak, at itabi, nang sa gayon ay maibenta ito kinalaunan ng mas mahal sa Maynila.

Detener: Abang pc : la mercaduria, como hacen los del rio de Pasig y Taguig, y despues la venden mas cara en Manila, ungmaabang . I.ac. detenella, ynaabangan, ser detenida, houag niniong abangan ang tanang dolhog, no detengais la mercaduria de cosas de comer.⁴⁹³

Ang akto ng “pagharang” at manipulasyon ng mga presyo ng kalakal ay hindi kataka-taka sapagkat kapwa ang ilog Pasig at ilog Taguig ay ang pangunahing lagusan at prominteng ruta papasok at papalabas ng lawa.⁴⁹⁴ Sa katunayan, sa *Vocabulario* ni De los Santos (1703) palasak sa tuwinang pagkakataong patutungkulan ang “hulo” o “ilaya”—palaging “Taguig”, “Pasig” ang palaging binabanggit na pintuan patungong lawa ng mga taga-Maynila.⁴⁹⁵ Sa ganang ito, hindi kataka-taka na ang pangunahing kinabubuhay ng mamamayan ng Taguig ay umiikot higit sa lahat sa pagiging mangangalakal bukod pa sa pagsasaka, at pangangisda. Pinatotohanan ito sa pagtatala ni Fray Francisco Villacorta noong 1833 na nagsasabing isang mahalagang bagay para sa mga

⁴⁹³ San Buenaventura, *Vocabulario de la Lengua Tagala*, 250.

⁴⁹⁴ Juan de Medina, “History of the Augustinian Order in the Filipinas Islands,” nasa *The Philippine Islands, 1493-1898*, Tomo 23, mga pat. at tsln. Emma Helen Blair at James Alexander Robertson (Cleveland: The Arthur H. Clark Company, 1903-1909, 1630), 211-212. “This lake empties by two arms of rivers: one goes to Pasig, our convent; and the other to Taguig, likewise our convent.”

⁴⁹⁵ de los Santos, *Vocabulario de la lengua tagala*, 774.



Taguigueno ang pagpapanatili ng pakikipagkalakalan sa mga kanugnog nitong bayan sa Laguna.⁴⁹⁶ Marahil isa sa kadahilanan ay mayroong mga Gobernadorcillo o nanunungkulan sa mga bayan sa Laguna tulad na lamang sa Liliw na pinamunuan ni Juan Natividad Capistrano noong 1812 buhat sa mga taal na pamilya Natividad at Capistrano ng Taguig.⁴⁹⁷ Mangyari pa, dahil ang mga sasakyang dagat na ginagamit sa kalakalan ay dumadaan sa Taguig, Pateros at Pasig bilang mga pintuan ng lawa, ang siyang dahilan upang ang mga bayang ito ay aktibong kasangkot sa pakikipagkalakalan ng mga produktong agrikultural at industriyal.⁴⁹⁸

Sa ganang ito, malinaw samakatuwid, ang malinaw na adbentahe ng mga pamayanan ng Taguig, Pateros at Pasig na nasa kabilang dulo ng Tondo at Maynila. Dahil sa pangmatagalang bisa ng heyograpiya, hindi malayong ipalagay na ito ang namamayaning kalakaran bago ang kolonisasyon, at maaari din namang ang panghaharang ay *remnant* ng dating kaayusan na nasasalalay sa kapangyarihan at kakayahan ng datu na kontrolin ang daloy ng kalakalan. Sa katunayan, dahil nasa bungad ng pagpasok at paglabas ng lawa, mayroong lugar na ipinatayo ang mga Kastila sa ilog Taguig ng tinatawag na *Gareta*. Nagsisilbi itong *checkpoint* upang harangan ang mga bangka na nanggagaling sa Laguna upang suriin ang mga kargamentong dala-dala ng mga mangangalakal, at upang silipin ang mga taong lunan nito kung sila ba ay mga *tulisan*.⁴⁹⁹ Ito ay sapagkat pangkaraniwang matatalos sa mga kolonyal na tala, tulad na lamang ng minsang nabanggit ni Ildefonso de Aragon, na ang mga *malebolos at malhechores* ay madalas na nandarambong sa mga maliliit na bangka kapwa sa *Napindan* at sa *Tipas*.⁵⁰⁰ Hindi ito kataka-taka sapagkat hanggang sa pagsapit ng unang bahagi ng ika-20 na dantaon ay mananatili ang ganitong imahe ng *Tipas*, *Napindan*, at *Pinagbuhatan*, na ayon sa isang tala ay mga lugar na matagal nang nagsasagawa ng “pamimirata”.⁵⁰¹ Hindi lamang lumiligid ang mga *tulisan* sa Taguig bagkus maging sa *Muntinlupa* at *Paranaque*, na umaabot pa nga hanggang *Tanay*. Katunayan, sa isang opisyal na ulat, ipinatalastas ng *Superior Gobierno Civil* sa

⁴⁹⁶ Francisco Villacorta, *Administración Espiritual de los Padres Agustinos Calzados de la Provincia Del Dulce Nombre de Jesús de las Islas Filipinas* (Valladolid: Imprenta de H. Roldan, 1833), 33-35.

⁴⁹⁷ NAP-SDS I4008: *Ereccion de los Pueblos – Laguna*, s483.

⁴⁹⁸ Buzeta, *Diccionario*, 440.

⁴⁹⁹ Pagtakhan, *Ang Tagig at ang kanyang Kasaysayan*, 18.

⁵⁰⁰ Aragon, *Estados de la Poblacion de Filipinas*, 33-34.

⁵⁰¹ D.n, “Las Provincias: Manila, Provincia,” *El Progreso*, June 21, 1900, 2.



alkalde mayor ng Laguna, napangalanan dito ang isang tulisang nagngangalang *Juan Aligui* na may alyas na “*Balat de Tagui (sic)*”.⁵⁰²

Gayunpaman, malinaw na sa ganitong uri ng kaayusan madadatnan ng mga Kastila ang Taguig matapos mapansin ang nagaganap na “panghaharang”. Paborableng ruta kasi ang Taguig para sa mga mangangalakal dahil mas hamak na malapit ito sa kanugnog bayan nitong Laguna. Dagdag pa ang minsang pagkakataong higit na pagiging madawag nito kung ikukumpara sa ilog Pasig na mapatutunayan sa Mapang Almodovar ng 1787. Gayundin, dahil sa pagiging prominenteng ruta nito, maeengkwentro sa unang yugto ng pasipikasyon ng grupo nina Salcedo paakyat ng ilog Pasig ang oposisyon ng mga taga-Taguig bago tuluyang masukol ang buong komunidad sa *Bahia* ng Laguna.⁵⁰³ Samantalang sa ilog Taguig din naman dumaan sina Salcedo matapos ang matagumpay na paggalugad sa Tayabas, kung saan balisa siyang nakatanggap ng hindi magandang balita hinggil sa pagpanaw ng kanyang lolo na si Miguel Lopez de Legazpi habang nasa kalagitnaan ng paglalayag sa ilog Taguig patungong Maynila.⁵⁰⁴

ANG PAG-AALSANG AGRARYO NG KATAGALUGAN (1745 M.K - 1746 M.K)

Sa pagitang taon na naging kabahagi ng *Provincia de Tondo* ang Taguig ay hindi matitigil ang diskontento ng mga Taguigueno sa kolonyal na kaayusan. Ito ay sapagkat masasangkot muli ang bayan sa panibagong daluyong ng pag-aalsa. Kaiba sa mga pag-aaklas na nagtangkang bumalik sa dating kaayusan, ang pinaka katangian ng pagkilos noong 1745 ay suliraning agraryo. Kinasasangkutan ito ng maraming mga bayan sa Katagalugan partikular sa kasalukuyang lugar ng Bulacan, Batangas, Cavite at Probinsiya ng Tondo bilang reaksyon sa puno’t dulong pangangamkam ng mga korporasyong relihiyoso [maliban sa mga Heswita] sa mga lupaing ansestral ng mga Pilipino para sa pagpapalawak ng kanilang *hacienda*.⁵⁰⁵ Ang *hacienda* ay ang malalawak na mga lupain na pagmamay-ari ng mga relihiyosong orden. Isa rito ay ang mga Agustino na unang nakatamasa

⁵⁰² NAP-SDS I4005: *Ereccion de los Pueblos – Laguna*, s2993.

⁵⁰³ Axle Christien Tugano, “Kasaysayang Buhay ni Kapitan Moy (1851-1891) sa Konteksto ng Kasaysayang Mariqueno,” *HASAAAN* 6, Blg. 1 (2020): 59.

⁵⁰⁴ San Agustin, *Conquistas de las Islas Filipinas*, 270. Tingnan din ang: Gregorio Zaide, “The Last of the Conquistadores,” *Philippine Magazine* Tomo 29, Blg. 1 (June 1932): 300.

⁵⁰⁵ Gregorio Zaide, *The Pageant of Philippine History: Political, Economic, and Socio-cultural*, Vol. I (Manila: Philippine Educational Company, 1979), 576-577.



ng direktang pagmamay-ari sa mga lupain na kinabibilangan ng Malinta, Pasay, Malamica, at Maysapang.

Ipinapaliwanag ni Nicholas Cushner sa kaniyang akda, na ang ugat ng isyu sa *hacienda* ay isyu ng tunggalian sa dalawang magkaibang konseptwal na daigdig, partikular sa konsepto ng tinatawag na *land o private ownership*.⁵⁰⁶ Ang konseptong ito ay hindi umiiral sa prekolonyal na lipunan, sapagkat ang lupain para sa mga Pilipino ay tinitingnan hindi bilang isang pribadong pagmamay-ari kung hindi isang pagmamay-aring komunal na sa madaling sabi ay maaaring gamitin ngunit hindi maaaring akuhin ninuman. Ang paglalapat ng ganitong uri ng dayuhang kamalayan na *alien* sa daigdig ng mga Pilipino ay siyang sinamantala naman ng mga relihiyosong orden sa pagtatangkang gawing lehitimo ang mga lupa sa pamamagitan ng pagpapatitulo.⁵⁰⁷ Mangyari pa, magiging suliranin din kinalaunan ang hinggil sa malabnaw na usapin ng hangganan, sapagkat walang tiyak na sukat ng demarkasyon ang mga pueblo. Ang kalabnawang ito ay ang siyang magiging sanhi sa pagkabulnaw ng mga lupain ng pueblo sa usurpasyon o pangangamkam ng mga lupain ng mga Pilipino.⁵⁰⁸

Nakapaghain naman ng paliwanag ang historyador na si O.D Corpuz kung saan sinalungguhitan nito ang mismong gampanin ng likas na kahanayan ng mga pamayanan ng mga Pilipino na mahigpit na nakasalig sa mga kailogan at naging pundasyon ng mga itinatag na mga pueblo.⁵⁰⁹ Bunga nito, ang malalawak na mga lupain, at bakanteng espasyong lampas sa hangganan ng pueblo ay naging mga pampublikong *domain* kahit na tinitingnan ito bilang isang pagmamay-aring komunal. Mahalaga ang mga ito sapagkat ang mga palay sa Taguig sa tuwing binabaha ay nasisira kaya naman kinakailangan ng iba pang mapagkukuhanan ng pagkain sa mga kagubatan at katubigan. Implikasyon ng pangangamkam na ito ay ang negatibong epekto para sa ginhawa ng mga Taguigueno, sapagkat kung dati rati ay malaya silang nakakapangisda o na-*exploit* ang mga likas na yaman ng ilog at kagubatan, isang araw pagkamulat ay biglang hindi na nila ito maaaring gamitin matapos itong akuhin bilang bahagi ng *hacienda*. Bunga ng amalgamasyon

⁵⁰⁶ Nicholas Cushner, "Meysapan: The Formation and Social Effects of a Landed Estate in the Philippines," *Journal of Asian History* 7, Blg. 1 (1973): 30.

⁵⁰⁷ Ferdinand Llanes at Rhina Bonconan, "Pakikibaka ng Bayan," nasa *Kasaysayang Bayan: Sampung Aralin sa Kasaysayang Pilipino*, pat. Rowena Boquiren (Quezon City: ADHIKA, 2016), 116.

⁵⁰⁸ Onofre Corpuz, "Land and Agriculture in the Philippines: An Economic History Perspective," *Philippine Review of Economics and Business* 29, Blg. 2 (December 1992): 138.

⁵⁰⁹ Onofre Corpuz, *The Roots of the Filipino Nation I* (Quezon City: Aklahi Foundation, 1989), 275-276.



ng mga suliraning ito ay sisiklab ang pag-aaklas ng Katagalugan noong 1745 na gigimbal at hahamon sa kapangyarihan ng kolonyal na estado.

Itinuturing ni Dennis Roth na mapanganib para sa kolonyal na pamahalaan ang nangyaring rebelyon sa kadahilanang ang pusod ng kolonya ay naliligiran ng mga lugar na nag-alsa.⁵¹⁰ Malawak at organisado ang naging pagkilos sa buong Katagalugan, at isa sa mga lumalabas na nakapangyayaring saligan ng kanilang pagkakaisa at kapasidad na magsagawa ng pagkilos sa loob ng maikling panahon ay ang kanilang pagkakabigkis sa wika. Sa kabilang banda, iminumungkahi naman ni Veneracion na naging mahalaga sa mabilis na pagkalat ng balita ay ang mga tambuli at junta, o ang sistema na tinatawag na *polong*⁵¹¹ na ginamit sa *polo y servicio* na siya namang pagmumulan ng mga pangalan ng lugar tulad ng *Polong Buhangin*, *Polong Gubat* ng Bulacan at ng *Pulo/Pololo*⁵¹² sa Taguig bilang mga pook tipanan ng mga nasasailalim sa sapilitang paggawa, na nagtitipon-tipon matapos marinig ang tunog ng trumpeta.⁵¹³ Ang pekulyaridad ng pangyayari hinggil sa mabilisang paglaganap sa mundo ng Katagalugan ay maipapalagay na indikasyon ng isang organisadong pagkilos, ano pa't sa pamumuno ng mga indibidwal na mayroong kamalayang pulitikal at ugnayan sa isa't-isa na pinagbibigkis ng pakikipagtulungan upang protektahan ang kumon na interes ng bawat isa.⁵¹⁴ Napatunayan ito matapos ang marahas na reaksyon ng mga taga Kawit noong Marso 29, 1745 na siyang nagpasimula ng pag-aalsa na sinundan naman ng Silang sa kaparehong taon ng Abril bilang oposisyon sa hindi makatuwirang pagpapalawak kapwa ng mga Rekoletos at Dominikano sa hangganan ng kanilang mga hacienda. Mula rito ay mabilisang lumaganap ang sigalot sa ilan pang mga bayan sa Katagalugan na pinagbubuklod din ng magkakahalintulad na mga hinaing. Kasama na dito ang Taguig na isa sa mga bayan na pangunahing kumilos, at mahalaga ang naging papel sa pag-aalsa.

⁵¹⁰ Dennis Morrow Roth, *The Friar Estates of the Philippines* (Albuquerque: University of Mexico Press, 1977), 101.

⁵¹¹ Sa *Vocabulario* nina Noceda at San Lucar (1754), tumutukoy ang *polong* sa “pagtitipon” at “sama-samang pagkilos ng komunidad/bayan”, samantalang ang *servicio* naman ay may kinalaman sa “paglilingkod”. Samakatuwid tumutukoy ang *polo y servicio* sa “pagtitipon ng bayan upang gumawa ng gawaing walang bayad”.

⁵¹² Ito ang lohikal na kahulugan ng salitang *Pulo/Pololo* gayong hindi maituturing na “isla” ang mga *pulo/polo* kapwa sa Taguig at Bulakan. Jaime Veneracion, personal na komunikasyon ng may-akda, Messenger, June 5, 2023.

⁵¹³ Jaime Veneracion, “Pag-aalsang Katagalugan sa Bulacan, 1745.” *Facebook*, March 9, 2023. <https://www.facebook.com/jaime.veneracion.7/posts/pfbid02jrcTZtdo6YkGtUc7YsP7YyA7X1DWwxBS EUx47pst9zAzkJZTgsobpph46p22ioUl>

⁵¹⁴ Ferdinand Marcos, Tadhana: The History of the Filipino People: Volume 2, Part 2 (Manila: Ferdinand Marcos, 1977), 316.



Ang Hacienda de Meysapan/Maysapang

Ang mitsa ng pakikisangkot ng Tagiik ay magmumula sa *hacienda de Maysapang* na nasa kasalukuyang kinaroroonang erya ng kasalukuyang Fort Bonifacio, at pagmamay-ari ng mga Augustino na kanilang nasamsam at napasakamay mula sa iba't-ibang kaparaanan tulad ng pagbebenta o pagbibigay ng lupa bilang donasyon sa kanilang korporasyon. Nagumpisa ito bilang isang lupaing gawad o *land grant* noong 1571 at napalawak sa pamamagitan ng donasyon ni Legazpi noong Oktubre 8, 1572 matapos ang matagumpay na pagsakop sa Maynila noong 1571.⁵¹⁵ Iginawad ito ni Legazpi bilang tugon sa kahilingan ng mga Augustino na tulungan sila ng pamalahaan upang matustusan ang nararapat na kailangan para sa kanilang pag-iral. Mula sa ganitong konteksto ibinigay, maaaring gantimpala, ni Legazpi ang isang lupa na malapit sa ilog Pasig sa hangganan ng lupain nang isang nagngangalang Antonio Hurtado.⁵¹⁶ Si Antonio Hurtado ay *alferez* ni Juan de Salcedo na kasama sa ekspedisyong sa Ilocos at Pangasinan, at siya ring pinadala ni Legazpi noong 1571 upang alamin ang sitwasyon nina Juan de Salcedo sa Paracale.⁵¹⁷ Ang lokasyon ng lupaing ito ay nasa kahabaan ng kasalukuyang *Maysapang creek* na bahagi ng Ususan, at sa katunayan, ay taglay na pangalan pa rin ng isang sityo na may kaparehong pangalan.

Sinundan ito ng donasyon ng isang lupaing tinatawag na *Socol* ng mga prinsipalya ng Taguig noong November 22, 1619 sa pangunguna nina Don Pedro Anlit at Miguel Palay. Kasama rito ang mga lupain na umaabot sa kabundukang tinatawag na Botocan at mga kabahayanan dito na tinatawag na Palaoma. Iginawad ito ng mga *principales* sa kondisyon na taunang magbibigay ang mga Augustino sa mga ito ng dalawang *calves* o batang baka, at kung hindi ito maisakatuparan ng mga Augustino ay maaari muling mabawi ng mga prinsipales ang lupa.⁵¹⁸ Tinanggap ng Augustinyanong monasteryo ng San Pablo ang kasunduan, sa kondisyong kung darating ang panahon na babawiin na ang lupa

⁵¹⁵ Zuniga, *Estadismo*, 198.


⁵¹⁶ "Donación a este convento, 22 noviembre 1619," Lilly, Philippine Ms. 1697 - 1701, Titulos de la estancia de Meysapan, fols. 2 - 3, sinipi mula sa: Nicholas Cushner, "Meysapan: The Formation and Social Effects of a Landed Estate in the Philippines," *Journal of Asian History* 7, Blg. 1 (1973): 30-53.

⁵¹⁷ Joaquin Martinez de Zuniga, *An Historical Overview of the Philippine Islands I*, salin ni John Maver (London: J. Asperne, Cornhill and Nonaville & Fell, 1814b), 123-130.

⁵¹⁸ "Donación a este convento, 22 noviembre 1619," Lilly, Philippine Ms. 1697 - 1701, Titulos de la estancia de Meysapan, fols. 5 - 6, sinipi mula sa: Nicholas Cushner, "Meysapan: The Formation and Social Effects of a Landed Estate in the Philippines," *Journal of Asian History* 7, Blg. 1 (1973): 30-53.



ng mga Pilipino, kinakailangan na mabigyan sila ng matabang lupa na singsukat ng lupaing binabawi sa kanila.



MAPA 9: PLANO DEL PROVINCIA DE TONDO (1819)
[[HTTPS://TINYURL.COM/2YT2DTD6](https://tinyurl.com/2YT2DTD6)]

Higit lalong napalawak sa pangatlong pagkakataon ang *Maysapan* matapos ang donasyon ng magkasintahang Espanyol na sina Gonzalo de Ocampo at kaniyang asawa na si Antonia de Alvarado sa mga Augustino noong February 24, 1622.⁵¹⁹ Samantalang, noong 1624 naman ay higit pang umibayo ang teritoryal na saklaw nito sa pamamagitan ng isang Julian Talo na prinsipales ng Bambang, Pasig. Walong buwan matapos nitong mabili sa mga Pilipino ang mga lupaing tinatawag na *Socong* na kinabibilangan ng Magat, Huuo, at Palaoma ay kaniya itong ibinenta sa mga Augustino ng kumbento ng San Agustin sa halagang 300 pesos. Ito ay nasa kanlurang bahagi ng pook na tinatawag na *Socong*, at ang hangganan ng lupain nito ay ang ilog Taguig mismo. Matapos ang dalawang taon, si Julian Talo pa rin mismo kasama ang isang prinsipalya ng Taguig na si Alonso Anton ay nagbigay ng dalawang lupa bilang donasyon sa mga Augustino. Ang unang lupa ay ang tinatawag na Pananin [Pampangin, Pateros?] na may sukat na

⁵¹⁹ Nabanggit si Gonzalo de Ocampo at Antonia de Alvarado sa: Hieronimo Legaspi de Cheverria, Don Alonso Messa y Lugo at Don Antonio Pis de Villegas, "Letter from the Audiencia of Manila to Felipe III," nasa *The Philippine Islands, 1493-1898*, Tomo 19, mga pat. at tsln. Emma Helen Blair at James Alexander Robertson (Cleveland: The Arthur H. Clark Company, 1903-1909, 1620), 80.



60 *brazas* o 2.40 na metro samantalang ang pangalawa ay sumusukat ng 100 *brazas* mulang ilog Pasig hanggang Taguig.




MAPA IO: MAYSAPANG
[[HTTPS://TINYURL.COM/2PENHSK4](https://tinyurl.com/2PENHSK4)]

Subali't ang mga ito ay pinawalang bisa noong 1626 matapos mapag-alaman na sina Talo at Anton ay walang ligal na titulo para sa mga lupaing kanilang ibinigay bilang donasyon.⁵²⁰ Samantalang taong 1629 naman ng nakasamsam ang *Maysapan* ng pinakamalawak na lupain matapos ipagkaloob sa mga Augustino ang nayon ng *Buting* sa bayan ng Pasig sa pamamagitan ng prinsipal yang si Don Agustic Panac at walong iba pa. Sa kondisyong—sila at iba pa na kanilang, at sinumang pipiliin ay may kalayaang bungkalin upang linangin at magsibak ng kahoy sa hinaharap.⁵²¹ Malinaw na sinasalamin ng ang ganitong uri ng kaisipan na ang konsepto ng pagmamay-ari ng lupa sa sinaunang lipunan ay mayroong pagkakaugat sa ideyang nasasalalay sa pagiging komunal ng isang lupain na bagama't ipinagkaloob ay tinitingnan pa rin naman (sa punto de bista ng mga Pilipino) bilang isang lupain na maaaring linangin ninuman.⁵²²

⁵²⁰ Transcript of the original revocation made on May 9, 1626, Lilly, Philippine Ms. 1650 - 1733, Papeles de Tagalos, fol. 121, sinipi mula sa: Nicholas Cushner, "Meysapan: The Formation and Social Effects of a Landed Estate in the Philippines," *Journal of Asian History* 7, Blg. 1 (1973): 30-53.

⁵²¹ Marcos, *Tadhana: The History of the Filipino People: Volume 2, Part 2*, 209.

⁵²² *Ibid.*, 209.



MAPA II: 1905 CYANOTYPE OF MANILA AND VICINITY
[[HTTPS://TINYURL.COM/259D9YDE](https://tinyurl.com/259D9YDE)]

Samantalang, ang pagpapalawak ng *hacienda* ay sinundan naman ng donasyon ng isang Maria Jamaquin—isa pang Pilipinang taga-Taguig—noong 1638, kapalit ang taunang “walong kaban” para sa kaniyang namayapang asawang Espanyol na ang ngala’y Pedro de Zarate. Bagama’t naigawad ang lupa, ang mga Pilipino na nasa kanilang mga lupaing matagal nang tinitirhan ng kanilang mga ninuno ay pinayagan bilang mga *inquilino* matapos mapaloob sa *Maysapang*. Ang *Muntinglupa* ay naidagdag sa *Maysapang* matapos itong mabili ng isang Kapitan Antonio de Zabala na ang ilang bahagi ng lupain ay kaniya namang isinangla sa isang Sergeant Antonio de Lara.⁵²³ Maipapaliwanag sa ganitong konteksto kung bakit ang *Muntinglupa* ay minsang naging *visita ng Taguig* noong 1742⁵²⁴ bago ito mailipat sa San Pedro Tunasan para sa mainam at madaling pangangaral.⁵²⁵ Nagdulot kasi ng paglaki ng populasyon ang Buli matapos ang pagdagsa ng mga manggagawang bukid dahilang upang noong 1665 ay inatasan ang isang pari mula sa kumbento ng Taguig na maglingkod sa mga taong nasa lupain ng *Muntinglupa*. Sapagkat sa mga panahon bago pa man ito, ay napakadelikado sa lugar ng *Muntinglupa* sapagkat dahil kalat-kalat ang mga bahayan, hindi ganoon kadaling kabakahin ang mga lumulugad na mga *tulisan* sa lugar na nagnanakaw ng kanilang mga *livestock* na kinalaunan ay ibinebenta ng mga *tulisan* sa Taguig at Malibay.⁵²⁶

⁵²³ Ibid., 209.

⁵²⁴ Galende, *Angels in Stone*, 70.

⁵²⁵ Zuniga, *Estadismo*, 26. Ang paglipat patungo sa San Pedro Tunasan ay naitala ni Buzeta sa kaniyang *Diccionario*. Cf. Buzeta, *Diccionario*, 344.

⁵²⁶ Buzeta, *Diccionario*, 344.



Samantala, ang pinakahuling dagdag sa lupain ng *hacienda* ay naganap noong 1678 matapos ibigay ni Francisco Perez na isang prinsipalya ng *Dilao* [ngayon ay Paco] ang isang parsel ng lupain na tinatawag na *Toctocan* na ngayon ay ang kasalukuyang Tuktukan, Taguig.⁵²⁷

Ang hindi mapigilang paglawak ng *hacienda* ay nagdulot ng hindi maiiwasang tunggalian sa pagitan ng *hacienda* at ng *pueblo*. Pinanghihimasukan ng *hacienda* at inuunti-unti nitong lamunin ang teritoryal na saklaw ng *pueblo* ng Taguig at mga yaman na makukuha rito na siyang pagmumulan kinalaunan ng pangunahing motibasyon sa sigalot. Mangyari pa, ang ilan sa mga taong-bayan o mga taong nasa loob ng *pueblo* ng Taguig ay naging mga *casa de reservas*⁵²⁸ ng mga *hacienda* o yaong mga may eksempyon upang makaiwas sa mabigat na imposisyon ng *polo* at pagbabayad ng tributo. Sa madaling sabi, hinigop ng *hacienda* ang lakas-paggawa ng *pueblo* sa pamamagitan ng pagkuha sa mga tao ng bayan/pueblo. Mangyari pa, hindi lamang ang lakas paggawa ang nahihigop kung hindi maging ang mga buwis o tributo ng kolonyal na estado. Yamang nababawasan ang mga tao sa *pueblo* lumiliit o nababawasan ang koleksyon na dapat ay napupunta sa estado.

Dito pumapasok ang *oidor* na si Pedro Calderon na Kastilang opisyal sa ilalim ng pamumuno ng mga Bourbon na nagsumikap alamin at solusyunan ang pag-aalsa. Interesante ang kagustuhan ng pamahalaan na alamin ang pagmamalabis, dahil ang mga opisyal na Kastila sa Pilipinas ay pinamumunuan ng mga Bourbon na siyang humalili sa mga Hapsburg. Sa konteksto ng pagpasok ng 1700 ay ang pagpasok sa bagong yugto mulang *Age of Faith* tungong *Age of Enlightenment* ang kasaysayan ng Espanya. Sa panahon kasing ito ay kakahaliliin ng mga *Bourbon* ang mga *Hapsburg* ng Espanya, at bunga ng sumasamang kalagayang ekonomikal ng Espanya ay maraming mga ekonomikong reporma ang ipapatupad ng mga *Bourbon* na direktang makakaapekto sa kanilang kolonya na Pilipinas.⁵²⁹ Naging kambal-tuko ng kampanya ng pamahalan para sa reporma ay ang hindi maiiwasang alitan sa pagitan ng estado at simbahan.

Malinaw sa naging kaso ng 1745 ang tunggaliang ito, yamang makikita ang kagustuhan ng estado na subaybayan at imbestigahin ang pananalapi at

⁵²⁷ Lilly, Philippine Ms. 1697 - 1701, Títulos de la estancia de Meysapan, fols. 31-32, sinipi mula sa: Nicholas Cushner, "Meysapan: The Formation and Social Effects of a Landed Estate in the Philippines," *Journal of Asian History* 7, Blg. I (1973): 30-53.

⁵²⁸ Dennis Morrow Roth, "The *Casas de Reservas* in the Philippines," *Journal of Southeast Asian Studies* 5, Blg. I (March 1974): 115-124.

⁵²⁹ Antonio Molina, *The Philippines Through the Centuries I* (Manila: UST Coop., 1960), 160.



maging ang *affairs* ng simbahan. Makikita ito halimbawa sa tunggalian ng estado-simbahan ukol sa usapin ng *visitation*. Sa panahong ito, mahalaga ang lupa bilang batayan ng kayamanan sa pamamagitan ng pag-*export* ng mga tinatawag na *cash crops* at pagmonopolyo sa mga ito, kaya naman naging mahalaga para sa estado ang pagkontrol sa mga lupain.⁵³⁰ Bunga ng sunod-sunod na serye ng pagtamo sa mga lupain sa pamamagitan ng pagbenta, pagsangla, at mapagsamantalang pang-aagaw ay naging pesante (kasama) ang mga Tagiik sa *hacienda* sa lupaing tinitingnan nila bilang isang pagmamay-aring komunal. Gayundin, mahalagang masalungguhitan ang naging papel ng mga *principales* hinggil sa kanilang kwestyunableng pag-aako sa mga lupain, na may pretensyon na sila ang tinig ng kabuuan. Gayong wala silang karapatang ibigay ito bilang donasyon, o ibenta kapalit ng sariling kapakanan.⁵³¹ Para kay Cushner, sinamantala ng mga *principales* ang introduksyon ng “*pribadong pagmamayari*” para sa kanilang sari-sariling ganansya kabilang ang pakinabang sa salapi. Kaya naman, ito ang naging puna sa liham ni Oidor Calderon Enriquez sa kaniyang maigsi ngunit mabigat na puntong tugon sa mga mapanghimagsik sa Taguig at iba pang bayang nag-alsa. Ani niya:

Naniniwala kayo na ang mga hacienda na nasa ligid ng inyong bayan ay ilegal na kinamkam ang inyong mga lupain, gayong ang inyong mga ama at mga ninuno ay ibinenta ang mga ito. Hinihingi ng katwiran na yaong mga may ligal na titulo ay hindi maaaring tanggalan ng pagmamay-ari sa kanilang mga lupain.⁵³²

Bunga ng pangangamkam ng mga lupain sa mga estadong nabuo mula sa mga itinuturing ng mga Pilipino na *lupaing komunal*. Ang gobernadorcillo ng Taguig na si Iladeo Capistrano ay nagbigay ng ulat noong Mayo 18, 1745 sa Alkalde Mayor ng Tondo hinggil sa naging pagaalburoto at pagwasak sa mga muhon ng *hacienda de Maysapang* ng mga taga-Taguig at Paranaque at humihimok sa lahat na lumagda sa dokumentong kanilang inihanda.⁵³³ Sa naturang ulat, mayroong tinatayang mahigit 1,500 na pinagsamang pwersa mulang Maysapan at Taguig ang naghasik sa *hacienda* upang ipamahagi ito sa mga lokal na magsasaka.

⁵³⁰ Ferdinand Llanes at Rhina Bonconan, “Pakikibaka ng Bayan,” nasa *Kasaysayang Bayan: Sampung Aralin sa Kasaysayang Pilipino*, pat. Rowena Boquiren (Quezon City: ADHIKA, 2016), 116.

⁵³¹ Cushner, “Meysapan,” 38.

⁵³² Calderón to Pasig rebels, May 24, 1745, Lilly, *Traslado Authéntico*, fol. 17, sinipi mula sa: Nicholas Cushner, “Meysapan: The Formation and Social Effects of a Landed Estate in the Philippines,” *Journal of Asian History* 7, Blg. 1 (1973): 30-53.

⁵³³ 18 May 1745, f. 88, piece 5, leg. 258, Filipinas, Archivo General de Indias.



Katotohanang upang mamobilisa ang ganoong kalaking bilang ng mapanghimagsik ay nagpapatunay lamang ng isang organisadong pagkilos, at isang seryoso't pormidableng banta sa harap ng estadong kolonyal na napapalibutan ng mga lugar na nag-alsa.

Yamang sa pagkatanto nito, bunga ng tumataas na tensyon sa Taguig at sinkronikong pagkilos ng iba't-ibang bayan, ay napilitan ang kolonyal na estado na maglabas ng atas sa pamamagitan ni *oidor* Pedro Calderon Enriquez noong Mayo 24, 1745 sa mga bayan ng Taguig, Paranaque, Bacoor, Kawit, Malabon, at Indang na naglalayong payapain ang mga nag-aalburotong mga mamamayan nito. Hinihiling ng naturang atas na magkaroon ng katahimikan, at bilang kapalit ay pinangakuan ang mga bayan na didinggin ang kanilang mga problema at nangako ng karampatang hustisya para sa kanilang kasawian.⁵³⁴ Malinaw sa mga nilalaman na hinaing sa mga bayang nanghimagsik na natanggap ni Calderon noong Mayo 25, 1745 ng mapadpad ito sa Pasig, ang mga pangunahing kadahilanan ng kanilang pag-aalburoto. Una ay ang pangangamkam sa mga lupaing ansestral ng kanilang mga ninuno; pangalawa ay kahirapan bunga ng kawalan ng lupaing mapagtatamnan bunsod ng hindi makatuwirang pagpapalawak sa hangganan ng *hacienda*, at panghuli ay ang restriksyon sa pagkuha ng mga yamang kanilang napagkukuhanan ng ginhawa.⁵³⁵

Sa katunayan, ang mga prinsipalya ng Taguig at Pasig ay humingi ng kapatawaran sa naganap na pag-aalsa, subalit nangatwiran na ang mga lupaing komunal na kanilang minana mula sa kanilang ninuno ay hindi nila magawang magamit dahil pinagbabawalan sila ng administrador ng *hacienda* na magputol ng mga puno, at mga kawayan sa paggawa ng mga buslo sapagkat tuluyan na itong inangkin at bahagi ng *Maysapang*.⁵³⁶ Mangyari pa, ang mga napagkasunduang kondisyones ng donasyon nina Don Pedro Anlit at Miguel Palay noong 1619 ay hindi tinupad ng mga Augustino. Bilang kapalit ng hindi natupad na kasunduan, binigyan diumano ng prokurador ng mga Augustino ang mga bayan sa Taguig tulad ng Hagonoy, Bambang, at Wawa ng donasyong nagkakahalagang 200 pesos, subalit maging ang donasyong ito ay kinamkam at ginasta pa ng kura

⁵³⁴ Fernando VI, "Usurpation of Indian lands by friars," nasa *The Philippine Islands, 1493-1898*, Tomo 48, mga pat. at tsln. Emma Helen Blair at James Alexander Robertson (Cleveland: The Arthur H. Clark Company, 1903-1909, 1751), 28-37.

⁵³⁵ Fernando Palanco, "The Tagalog Revolts of 1745 According to Spanish Primary Sources," *Philippine Studies* 58, Blg. ½ (June 2010): 57-58.

⁵³⁶ Report of Calderón to Governor Arechederra, May 30, 1745, Lilly, *Traslado Auténtico*, fol. 13-14, sinipi mula sa: Nicholas Cushner, "Meysapan: The Formation and Social Effects of a Landed Estate in the Philippines," *Journal of Asian History* 7, Blg. 1 (1973): 30-53.



paroko ng bayan na si Fray Manuel de Lusua⁵³⁷ na kaniyang ginamit sa pagpapaayos ng retablo ng simbahan ng Santa Ana. Sa kabilang dako, liban pa rito, itinuturing din na ang pinaka naging sanhi ng pagaalsa ng Taguig ay ang pagbebenta ng lupain mulang Buting hanggang Bicutan ni Julian Talo noong 1624. Maliban sa hindi patas na tumbasan ng presyo na ibinenta sa halagang 300 pesos lang [100 pesos na salapi, at gintong alahas na nagkakahalaga ng 200 pesos], ang mga lupaing kaniyang ibinenta ay kinabibilangan ng mga lupaing saklaw ng pueblo.⁵³⁸


Pag-aalsa ang sagot sa ganitong magkakahalintulad na mga problemang inihahapag ng mga Pilipino; at kada araw na lumilipas ay mas lalong higit na napupuno ang salop. Sa katunayan, sang-ayon sa ulat ni Calderon kay Gobernador Heneral Juan de Arechederra noong Mayo 30, 1745, ay nakapagbuo ang mapanghimagsik sa Silang, Kawit, Bacoor, at Paranaque ng sariling mga heneral o tagapamuno bilang paghahanda kung sakaling may dumanak na dugo ng mga Tagalog dahil sa kanilang ipinaglalaman.⁵³⁹ Upang maiwasan ang ibayong eskalasyon, ay nagpalabas si Calderon ng mga dekreto noong Mayo 31 sa Paranaque at Hunyo 2, 1745 sa Bacoor, na kaparehong ipinataw rin sa mga bayan ng Taguig, Silang at Kawit noong Hunyo 4 at 5 na naglalayong magkaroon ng kalayaan ang mga Tagalog na magamit upang bungkalin at mapagtamnan ang mga kanilang inaangkin na lupain, ngunit sa kondisyong kailangan nilang magbayad ng upa, na nagdulot ng negatibong reaksyon sa mga taga Bacoor na tumututol sa pagpapataw ng renta sa lupaing tunay na kanila.

Bagama't nagkaroon ng hakbangin sa pagpapayapa, nanatili ang marahas na reaksyon sa San Mateo noong Hunyo 12 kung saan tumanggi ang mga ito na isuko ang kanilang mga armas. Naganap ang sagupaan sa kaparehong araw kung saan tinambangan ng mga pinagsamang pwersa ng Taguig, Silang, at Muntinlupa ang mga Espanyol na humabol sa kanila. Dahil sa walang lubay na pagkamatigas ng mga Pilipino ay nagpadala kinabukasan ng dagdag na pwersa ang mga Kastila na binubuo ng mahigit pinagsamang tatlong daang pwersang Pilipino-Espanyol. Ang inaasahang pwersa ay nagbunsod upang mabutihin itayo ng mga taga-San Mateo sa pamumuno ni Don Pedro Lomboy ng isang poritipikasyong kahoy na madalian namang sinunog ng mga Kastila. Minabuting

⁵³⁷ Si Fray Manuel de Lusua ay naging kura ng bayan noong 1731, at 1740. Tingnan ang: D.n, *A Gift of Faith 400 Years*, 47.

⁵³⁸ Cushner, "Meysapan," 49.

⁵³⁹ Report of Calderón to Governor Arechederra, May 30, 1745, Lilly, *Traslado Authéntico*, fol. 11, sinipi mula sa: Nicholas Cushner, "Meysapan: The Formation and Social Effects of a Landed Estate in the Philippines," *Journal of Asian History* 7, Blg. I (1973): 30-53.



MAPA 12: ESTATE OF MEYSAPAN.
MAPANG LINANG NI CUSHNER (1973)



sunugin bago lisanin ang pueblo ng San Mateo, kung saan matapos nito ay masugid silang tinugis ng mga pwersang Kastila. Ang iba sa mga Pilipinong ito ay nagtago sa Casay at Angat samantalang ang iba naman ay lumikas sa lambak ng Puray na malamang ay isang ilihan kung saan kanilang nakahalubilo ang mga Aeta na nagbigay daan sa pagbubuo ng etnikong Dumagat-Remontado.⁵⁴⁰

Tuluyan lamang natapos ang pag-aalsa sa mga huling bahagi ng 1745 matapos katiting na bahagyang maibigay ang hinihingi ng mga Pilipino. Naisakatuparan ang pagpapanumbalik sa mga lupain partikular sa Silang at San Mateo na naging sentro ng pag-aalsa, at maging sa Bulacan matapos mapag-alaman at mapatunayan sa pagiimbestiga ni Pedro Calderon na ang mga *hacienda* tulad ng Pandi at Lolomboy ay sumailalim sa ilegal na kumpigurasyon sa hangganan ng lawak kaysa sa orihinal na laki nito. Sa katunayan, habang nasa proseso pa lamang ng pagiimbestiga at pagsusukat sa mga hangganan, minabuti ng kolonyal na pamahalaan na pansamantalang pagpanumbalikin ang dating natatamang karapatan ng mga Pilipino upang mailigtas ng mga Kastila ang sarili sa panganib na dulot ng pag-aalsa.⁵⁴¹ Samantalang ang ibang mga *parcel* ng lupang pinagaagawan ay dineklarang lupaing *realengos* o pagmamay-ari ng hari, at ibinenta sa mga Pilipino sa maliit at katiting na halaga.⁵⁴² Sa kasamaang palad, ang ilang mga lugar ng Katagalugan ay bigong mabawi ang karampatang lupain na para sa kanila dahil na rin sa maigting na oposisyon ng mga korporasyong relihiyoso. Ang mga pangunahing personalidad ay ipinasailalim sa sapilitang paggawa, ang iba ay ipinatapon, pinatay, at tuluyan na lamang nawala.

Makalipas ang kalahating siglo ng pag-iral ng *Maysapan* ay tuluyan na itong inabandona ng mga Augustino bunga ng hindi nito pagiging kawalan, yamang mayroon pa silang iba pang mga *estate* na maaaring pagkuhanan ng akumulasyon ng kapital. Sa katunayan, taong 1800's nang minsang bisitahin ng isang Augustinong si Joaquin Martinez de Zuniga ang lugar matapos itong mapadpad sa Taguig, at pagkakataong malaman ang pekulyaridad ng bayan. Mapanglaw ang kaniyang naging obserbasyon sa pananalamasim hinggil sa

⁵⁴⁰ Jaime Veneracion, "Ang Pag-aalsang Tagalog ng 1745 at ang Paglikha ng Pangkat-Etnikong Dumagat-Remontado," nasa *Taong-Labas: Ang Tulisan, Remontado, at Vagamundo sa Kasaysayan at Kalinangang Pilipino*, mga pat. Jeffrey Ligreo, Edna Manginsay, at Joel Regala (Manila: ADHIKA Inc., 2022), 63.

⁵⁴¹ Corpuz, *The Roots of the Filipino Nation I*, 300. & Consulta of Calderón to Governor Arechederra, May 30, 1745, Lilly, *Traslado Authéntico*, fol. 32, sinipi mula sa: Nicholas Cushner, "Maysapan: The Formation and Social Effects of a Landed Estate in the Philippines," *Journal of Asian History* 7, Blg. 1 (1973): 30-53.

⁵⁴² Bourbon, "Usurpation of Indian lands by friars," 28-37.



minsang pag-iral ng isang madawag na *hacienda*.⁵⁴³ Hindi nito matapat na binanggit ang ukol sa pag-aalsa noong 1745 kung saan kasangkot ang kinabibilangan nitong orden. Subalit pinapaliwanag nito na ang tuluyang pagbagsak ng *hacienda* ay ibinaling niya sa mga *tulisanes* na lumulugad sa Muntinlupa at Paranaque na nandarambong sa mga baka ng *hacienda*.

Magkagayunpaman, malinaw na naging isang malaking banta sa kapangyarihang Espanyol ang naging malawakang pagkilos ng Katagalugan ng 1745. Sa katunayan, ipinapalagay ng historyador na si Jaime Veneracion na ang *Pag-aalsang Tagalog* ng 1745 ay maaaring ituring na isa sa mga *precursor* ng himagsikang 1896, yamang ang pangangamkam ng mga lupaing naipamalas sa pag-aalsang agraryo ay isa sa mga magiging historikal na saligan nina Bonifacio sa pagtatatag ng Katipunan noong Enero 1892.⁵⁴⁴

SA PANAHON NG OKUPASYONG INGLES (1762 M.K - 1764 M.K)

Sa Pilipinas, masasabing sariwa pa ang mga masamang karanasan at aral ng nakaraan sa mga nagdaang taon hinggil sa marupok na hustisya, at higit na lantad na kapangyarihang *Praylokrasiya* na ipinamalas ng 1745. Kaya naman tila grasya ng langit ang naging pagsapit ng pagsalakay ng mga Ingles sa Maynila noong Setyembre 14, 1762 ng pinagsamang pwersa ng mga hukbong dagat ng Ingles sa pamumuno ni Admiral Samuel Cornish at hukbong panglupa ni Brigadier William Draper.⁵⁴⁵ Ang kaganapang pagsalakay ay bahagi ng global na konteksto na nangyayari sa Europa sapul ng gitnang bahagi ng ika-18 na dantaon. Partikular ang kasangkutan sa digmaang nakilala sa tawag na *7 Years War* o Pitong Taong Digmaan, na naganap mulang 1756 hanggang 1763.

Bagama't tunggalian lamang ito sa pagitan ng dalawang pandaigdigang kapangyarihan ng Britanya at ng Pransya, lumalabas na sa pandaigdigang arena nagaganap ang digmaan.⁵⁴⁶ Sa mga panahong ito, katulad ng nabanggit na, ang pamilyang nakaluklok kapwa sa Pransya at Espanya ay ang pamilyang Bourbon na sa bisa ng *Pacte de Famille* ay maobligang itong huli na makisangkot sa huling taon ng digmaan nang 1762. Ang pagkasangkot ng Kaharian ng Espanya sa

⁵⁴³ Zuniga, *Estadismo*, 198.

⁵⁴⁴ Veneracion, "Ang Pag-aalsang Tagalog ng 1745," 63.

⁵⁴⁵ Buzeta, *Diccionario*, 290.

⁵⁴⁶ Bruce Cruishank, "The British Occupation of Manila, 1762-1764, through Franciscan Eyes" (unpublished manuscript, May 17 2015), kompyuterscript.



Digmaan ay naging susi at oportunidad para sa mga Ingles na kubkubin at makamkam ang yaman sa natatangi nitong kolonya sa Asya.⁵⁴⁷ Ito ay hindi sa pakay na kolonisahin ang buong kapuluan, bagkus ay mandambong at huthutin ang Maynila na may reputasyon sa Europa ng pagiging mariwasang daungan.

Napasinayaan sa pamamagitan ng plano't kautusan ng East India Trading Company (EITC) na nakabase sa Madras ang pag-alis mulang India ng armada ng mga Ingles at napadpad sa Maynila noong Setyembre 22, 1762. Matagumpay na nakubkob ng pwersang Ingles ang Maynila noong Oktubre 4 mula sa pinagsamang pwersang pandagat ni Admiral Cornish at panlupa ni Brig. Gen. Draper, at naisakatuparan nito ang pagtatatag ng pamahalaang probisyunal sa Intramuros bilang sentro ng kapangyarihang Espanyol sa Asya noong Nobyembre 2, 1762 sa pamumuno ni Gob. Hen. Dawsonne Drake. Bagama't natalo ang mga Espanyol, nagpatuloy ang pamahalaang *de facto* ng mga Espanyol sa Bacolor, Pampanga sa pamumuno ni Simon de Anda at nakapagtatag ng himpilang simbahan sa Bulakan bilang mga bayang naging tapat sa mga Kastila.⁵⁴⁸ Sa pagnanasang mapatatag ang kanilang kapangyarihan ay ang kaakibat nitong reorganisasyon ng mga bayan na dati'y kabilang sa lalawigan ng Tondo at Laguna tulad ng San Mateo, Marikina, Taguig, Morong at Taytay na sa panahong ito'y naging bahagi ng lalawigan ng Bulakan.⁵⁴⁹

Malaki ang implikasyon ng pagkatalo ng mga Espanyol sa mga Ingles, sapagkat lilitaw sa kamalayan ng mga Pilipino ang isang bagay na muli nilang matatanto. Gayong matapos ang mahigit 170 na taon matapos ang Sabwatan ng 1587-88, sa panahon lamang ulit ng Okupasyong Ingles ng 1762-1764 umigpaw ang reyalisasyon ng mga Pilipino ukol sa kahinaan ng mga Espanyol. Masasalamin ito sa mga naging pagkilos nina Diego Silang sa Ilocos (1762-1763) at ni Juan de la Cruz Palaris sa Pangasinan (1762-1765) na nakaamoy sa kahinaan ng mga Espanyol kaya't kolaboratibong nakipagsabwatan sa mga Ingles.⁵⁵⁰ Sa kabilang banda, ang ganitong linya ng pag-iisip at pagkatanto ay masasalamin din sa mga pagkilos maging sa mga lugar sa buong Kamaynilaan. Subalit, hindi ito ang kabuuan, mayroong malinaw na guhit ng demarkasyon sa pagitan ng tapat sa Espanya, at sa kabilang banda ay sa mga bagong namamanginoon na Ingles. Malinaw na naipakita ang naging simpatetikong tugon ng mga bayan sa Kamaynilaan sa mga Ingles ukol sa kanilang kampanya na masukol ang Maynila

⁵⁴⁷ Robin Bridge, "The British Invasion and Occupation of the Philippines, October 1762 to April 1764," *Journal of the Royal Asiatic Society* 48 (2008): 205-209.

⁵⁴⁸ Jaime Veneracion, *Kasaysayan ng Bulakan*, 117.

⁵⁴⁹ *Ibid.*, 19 & 116.

⁵⁵⁰ Agoncillo, *History of the Filipino People*, 105.



at mga bayang nasa paligid nito. Kinabibilangan at kinasangkutan ito ng mga bayan tulad ng, ngunit hindi limitado sa Taguig, Tondo, Pasig, Makati, Marikina, Pasay, Pandacan, Santa Ana, San Juan del Monte, Guadalupe, Tambobong, Antipolo at marami pang iba.⁵⁵¹

Mapanghalina ang ilan sa mga pangako ng mga Ingles sa pagsisikap na makuha ang katapatan ng mga Pilipino laban sa mga Espanyol. Bukod sa eksempsyon sa pagbabayad ng buwis ay ang paglalabas ng atas ng Konseho ng Ingles sa Maynila sa pagpapanumbalik ng mga lupaing kinamkam ng mga Augustino sa mga Pilipinong nagmamay-ari nito.⁵⁵² Matuturang nakakaakit ang ganitong pangako, yayamang hindi pa nalalayo sa panahon ng pag-aalsang agraryo ang panahon ng kinasapitan ng Okupasyong Ingles. Amg proksemidad na ito ang dahilan kung bakit isa sa mga mapapansing kumon na pagkakahalintulad ng karamihan sa mga bayang nagtakda ng kanilang katapatan ay ang mga bayang na agrabyado sa naturang suliraning agraryo kabilang ang Taguig.⁵⁵³

Manipestasyon nito ay ang pagsasakatuparan ng pagpapalayas sa pamamagitan ng kolaboratibong pakikipagsabwatan ng mga Taguigueno at mga kalapit nitong mga bayan sa mga Ingles, bunga ng pagaalburotong kulminasyon ng dantaong hinanakit sa pamamalakad ng mga Kastila na napamalas mulang 1587 hanggang sa maagang rebelyong agraryo noong 1745. Dahil dito, tinulungan ng bayan na tustusan ang mga probisyon ng pwersang Ingles, at magbigay suporta ng dagdag pwersa noong Pebrero 1763 matapos ialok ng isang hindi napangalanang Gobernadorcillo ng Taguig ang kanyang tulong sa pamamagitan ng pagbibigay ng 500 tao na susuporta sa lider ng hukbong Ingles na si Kapitan Thomas Backhouse upang tanggalin ang mga nakasagabal na sasakyang dagat na *sampán* na inihambalang ng mga Espanyol sa ilog Taguig upang pansamantalang mapigilan ang pagmanaog ng Ingles tungo sa kaibayuhan ng lawa.⁵⁵⁴ Patungo sa lawa ang mga Ingles noong Setyembre 25, 1762 matapos mapag-alaman na nasa Palapag ang galleon na *Philipino* na papuntang look ng Maynila mulang Acapulco. Ang impormasyong ito ay nanggaling sa isang *galley* na Santa Gertrudis na kanilang nasakote sa Maynila na ipinadala ng galyong *Philipino* mulang Palapag,

⁵⁵¹ Marcos, *Tadhana: The History of the Filipino People: Volume 2, Part 2*, 351.

⁵⁵² *Ibid.*, 352.

⁵⁵³ *Ibid.*, 364.

⁵⁵⁴ Gregorio Zaide, *Philippine Political and Cultural History: The Philippines since the British Invasion II* (Manila: Philippine Education Co., 1957), 13.



Samar.⁵⁵⁵ Tangan-tangan nito ang mga mahahalagang gamit, dokumento, at mahigit 30,000 pesos nang hindi naalaman na may digmaan sa pagitan ng Espanya at Inglatera.⁵⁵⁶ Sa pagsasalaysay ni Martinez de Zuniga ukol sa punto de bista ng mga Espanyol sa mga nangyaring kaganapan:

While this was going on in Manila, the commander of Pasig Becus had gone to the provinces of Laguna and Batangas to intercept the silver of the *Filipino*, which they said was coming that way. He left Pasig with eighty men of mix troop; he arrived at the bar of Tagui, and, withdrawing the champagnes that our men were talking about, and the bar to impede his passage, he entered the great lagoon, followed the great Laguna, followed Tunasan, and dislodging the troop, which had formed the troops, who had fortified themselves in the house of the Hacienda, he plundered everything he found there; he did the same in Binan and Santa Rosa, where he embarked for Pagsanhan, head of the province of La Laguna.⁵⁵⁷

Hindi kataka-takang magkaroon ng hakbanging harangan ang ilog Taguig sapagkat nababatid ng mga Espanyol ang halaga kapwa ng mga lokasyong ito sapagkat dala-dala nila ang aral ng kanilang naging karanasan noong taong 1571. Kung saan matapos nilang maagaw ang Maynila na pintuan papasok ng ilog ay naging madalian na lamang sa mga mananakop ang pagsukol sa *ilaya* sa pamamagitan ng rutang ilog Pasig at ilog Taguig. Naging mahinahon ang mga taga-Laguna na nagtaas ng mga puting bandera senyales ng kapayapaan at pakikipagkaibigan. Habang tumungo sina Backhouse sa mga kumbentong Augustino sa Laguna at Batangas at kinamkam ang mga yamang tangan ng mga ito. Sa mga pangyayaring ito, inilantad ng 1745 sa harap ng bayan ang tunay na mukha ng *Praylokrasiya*, na nagbigay daan ng pagkayamot ng mga Taguigueno sa mga relihiyosong korporasyon upang makipagtulungan nang sa gayon ay hilingin na sapilitang palitan ang mga Augustinong kura ng bayan. Ang mga mamamayan ng Taguig ay hiniling sa mga Ingles ang pagkatalaga sa isang Taguiguenong paring sekular mula sa orden ni San Pedro na nagngangalang Domingo de la Santos upang kahaliliin ang paring Augustino sa Taguig na hindi nila kasundo.

⁵⁵⁵ Shirley Fish, *When Britain Ruled the Philippines, 1762-1764: The Story of the 18th Century British Invasion of the Philippines During the Seven Years War* (Bloomington: 1stBooks Library, 2003), 111.

⁵⁵⁶ Ferdinand Marcos, *Tadhana: The History of the Filipino People: Volume 2, Part 2*, 136.

⁵⁵⁷ Zuniga, *Estadismo*, 189-190; at Joaquin Martinez de Zuniga, *Historia de las Islas Philipinas* (Sampaloc: Por Fr. Pedro Argüelles de la Concepción religioso francisco, 1803), 649. Tingnan din ang: Fish, *When Britain Ruled the Philippines*, 158.



Kaparis din ito nang nangyari sa Pasig kung saan ay hiniling din ng mga Pasigueno ang pagkakatalaga sa isang nagngangalang Padre Capul na isa rin namang paring sekular.⁵⁵⁸ Ang pagkapoot na ito sa kura ng bayan na mayroong dominanteng presensya sa demokratikong halalan sa bayan ay makikita rin sa mga iba pang mga pangyayari sa kasaysayan ng Taguig. Katunayan, maraming mga pagkakataon o sirkumstansya sa kasaysayan ng Taguig na hindi kasundo ng bayan o nang isang *gobernadorcillo* o kahit pa nga ng isang *cabeza* ang kura ng bayan. Sa Maraming halimbawang ibinigay dito ang dating Municipal Mayor na si Jose Pagtakhan. Isa na rito ay ang kalunos-lunos na sinapit ng isang nahalal sa pagka-gobernadorcillo buhat sa punong nayon ng Santa Ana, na dahil hindi kasundo ng prayle ay napawalang saysay ang pagkakahalal. Gayundin, napangalanan din nito ang isang nagngangalang “Cabesang Banto” na natukoy ni Pagtakhan na di umano’y matigas ang ulo dahil sa oposisyon nito laban sa pagmamalabis ng kura kung kaya’t pinagbantaang eekskumulgahin. Samantalang mas malapit sa karanasan ni Pagtakhan ay ang rekoleksyon niya sa ama ng ina nito na si Benedicto Mora Mateo na inanyayahan ng mga *cabeza* ng bawat barangay na tumakbo sa pagka-Capitan Municipal. Subali’t dahil hindi nito kasundo ang kura paroko ay minabuti na lamang na tanggihan ito at ibigay sa ibang tao ang posisyon.⁵⁵⁹

Samantala, matapos nito ay nagkaroon naman ng malawakang deportasyon sa mga prayleng Augustino na ipinatapon ng mga Ingles sa iba’t-ibang bahagi ng kolonya nito tulad ng London, Goa at Bombay upang gawing bihag.⁵⁶⁰ Isa na rito ay ang pastor ng Taguig na nagngangalang Jose Calderon matapos mahuli ng mga sundalong Ingles na nagrekrut ng mga Pilipino upang labanan ang mga Ingles.⁵⁶¹ Ipinatapon ang nabanggit na personalidad noong 1762 sa Goa, at namatay sa katandaan maging ang maltratong kaniyang naranasan habang doon ay namamalagi. Ang masamang tinapay o pagkapoot ng mga Ingles sa mga Augustino ay bunga ng aktibong papel ng naturang orden sa pagtutol sa okupasyong Ingles.⁵⁶² Yayamang ang mga simbahan at kumbento ng mga Augustino sa Bulacan at Bacolor ay ipinalaan ng mga Augustino upang gawing himpilan at magsilbing “kubkuban” ng pamahalaang kolonyal ng Espanya habang

⁵⁵⁸ Marcos, *Tadhana: The History of the Filipino People: Volume 2, Part 2*, 350-351.

⁵⁵⁹ Pagtakhan, *Ang Tagig at ang Kanyang Kasaysayan*, 14-15.

⁵⁶⁰ Ang iba ay nakabalik matapos ang pansamantalang okupasyon noong 1764. Subalit ang iba, tulad ni Jose Calderon ay doon na binawian ng buhay.

⁵⁶¹ Isacio Rodriguez, *The Augustinian Monastery of Intramuros: The People and Events that Contributed to its Grandeur* (Quezon City: University of the Philippines, 1975), 193.

⁵⁶² Eduardo Navarro, *Documentos Indispensables para la Veradera Historia de Filipinas I* (Madrid: Imprenta del Asilo de Huerfanos, 1908), 91.



pansamantalang hawak ng mga Ingles ang Maynila. Bunga nito, liban sa pagpapatapon, ang mga ari-arian at mga kabahayan ng mga prayleng Augustino ay kinumpiska at pinamudmod sa mga Pilipino upang pagtamnan. Dagdag pa rito, inihayag ni Draper na ang mga Pilipino ay hindi magbabayad ng mga buwis habang nananatiling nasa kanilang kapangyarihan ang Pilipinas.⁵⁶³

Subali't hindi magtatagal ang pananatili ng mga Ingles sa Maynila. Pormal na magtatapos kinalaunan ang pansamantalang okupasyon kasabay din naman ng pagtatapos ng Pitong Taong Digmaan o *7 Years War* sa Europa noong Pebrero 10, 1763. Bagama't nagtapos ang digmaan nang 1763 umabot ang kanilang presensya sa Maynila hanggang 1764 sa simpleng kadahilanang mayroong teknolohikal at heyograpikal na balakid dahilan upang mahuli nang isang taon bago masagap ng mga Ingles sa Maynila ang naganap na kasunduan ng kapayapaan sa Paris. Tuluyan lamang masasagap ang balita ng pagsuko matapos dumating ang Gobernador Heneral Francisco de la Torre sa Maynila dala-dala ang sulat mula sa London na nagbibigay bisa upang lisanin at ibalik sa mga Espanyol ang inokupahang mga teritoryo nito sa Pilipinas.⁵⁶⁴ Ang mga lider ng hukbo tulad nina Cornish, Draper, Backhouse at si Dawsonne Drake na tumayong gobernador ay umalis sa kapuluan noong April 1764, at tuluyan nang napanumbalik sa kamay ng Kastila ang kanilang kolonya sa Timog Silangang Asya.⁵⁶⁵

Panandalian man ang nangyaring okupasyon, malalim ang naging implikasyon nito sa mga ipapatupad na polisiya ng mga Espanyol na makapagdudulot ng mga pagbabago sa buong ikalabing siyam na dantaon. Matapos nang okupasyon ay nagkaroon ng samut-saring mga reporma ang pamahalaang kolonyal lalo na hinggil sa pagpapatibay sa portipikasyon ng Intramuros, pagpapalakas sa hukbong sandatahan ng kolonyal na pamahalaan bilang tugon sa reyalisasyon ng kanilang lubos-labis na kahinaan. Mangyari pa, naging lunduyan din ng pandarayuhan ng mga *sepoys* (na siyang bumubuo ng malaking bilang ng pwersang Ingles) ang pagtatapos ng pansamantalang okupasyon. Karamihan sa mga ito ay nilisan ang garrison sa Cavite at humimpil o kumalat sa iba't-ibang mga lugar matapos ang kabiguan ni Gob. Hen. Dawsonne Drake na bigyan ng karampatang kabayaran ang kanilang punyagi. Karamihan sa mga ito ay kumalat at nagpunta sa Cainta sa Rizal, habang sa pagsapit naman nang unang bahagi ng ika-19 na dantaon ay nakitaan din sila maging sa Barangay

⁵⁶³ Fish, *When Britain Ruled the Philippines*, 145-146.

⁵⁶⁴ Bridge, "The British Invasion and Occupation of the Philippines," 205-209.

⁵⁶⁵ Tracy Nicholas, *Manila Ransomed: The British Assault on Manila in the Seven Years War* (Exeter: University of Exeter Press, 1995).



Sagad ng Pasig, Taytay at maaaring ang iba'y nalagi maging sa Palingon, Taguig batay sa isang tala ni Ildefonso de Aragon noong 1818 hinggil sa pagkakatagpo nito sa lugar ng mga taong “malabares”.⁵⁶⁶

SA PAGITAN NG MGA TAGPO (1796 M.K - 1864 M.K)

Tatlong dekada matapos ang pagtatapos ng Okupasyong Ingles at muling napasakamay ng mga Espanyol ang posesyon sa Pilipinas, ay sasapit ang mga samu't-saring suliraning pampulitika sa bayan. Isa na rito ay pagkakaroon nang kontensyon ng noo'y Prinsipalya ng Taguig na si Andres Capistrano laban sa Corregidor ng Provincia de Tondo na si Don Santiago Salaverria na nakasasaklaw sa bayan dahil sa pagkakatanggal nito sa kanya sa unang boto sa listahan o *terna* ng mga tatakbong Gobernadorcillo para sa eleksyon ng taong 1796 kung saan sa naturang bilangan ay nanalo si Juan Pagkalinawan.⁵⁶⁷ Ang diskwalipikasyon ni Capistrano ay naging dahilan sa pagkakapalit nito sa kaniya ni Miguel Dimaguila sa nominasyon. At ang diskwalipikasyong ito ay bunsod ng kadahilanan na hindi nito nasagot ang katanungan ng Corregidor ng Tondo na si Salaverria sapagkat hindi niya ito malinaw na narinig at naintindihan. Dagdag pa nito, ang kinasama rin ng loob niya ay si Pagkalinawan na nanalo sa eleksyon sa pagka-gobernadorcillo ay nagkakanda utal-utal ng minsan rin naman tanungin na dahilan upang makaramdam ito ng hindi pantay na pagtrato. At upang mapatunayan ang kaniyang sarili, nagpetisyon ito noong Pebrero 1796 na dumaan sila kapwa sa pagsusulit ni Pagkalinawan upang maipakita na mas matatas at matalino si Capistrano sa pagsasalita ng wikang Kastila. Gayundin patunayan rin na sa isang banda, na ang nanalo na si Pagkalinawan ay isang Prinsipalya na hindi luto sa pangangastila (*ignorante y de no saverne explicar en Espanol*), at kung gayon ay hindi marapat na mailuklok.

Ang akusasyong ito ay isang balidong rason sapagkat isang mahalagang pangangailangan at kautusan ng kolonyal na pamahalaan na ang mamumunong Gobernadorcillo ng bawat bayan ay marunong magbasa, magsulat, at magsalita sa wikang Kastila.⁵⁶⁸ Kung sakaling ang manalo ay walang kakayahan sa alinman sa mga ito ay nararapat lamang ang pagdedeklara hinggil sa pagpapawalang bisa

⁵⁶⁶ Aragon, *Estados de la Poblacion de Filipinas*, 33-34.

⁵⁶⁷ NAP-SDS 01420: *Ereccion de los Pueblos Manila*, 0353-0361.

⁵⁶⁸ José Montero y Vidal, *El Archipiélago Filipino y las Islas Marianas, Carolinas y Palaos: Su historia, geografía y, estadística* (Madrid: Imp. de Manuel Tello, 1886), 164.



sa nasabing halalan. Ang petisyon ng muling pagsusulit sa kanilang dalawa ay naisagawa noong Marso, isang buwan matapos ang petisyon, at sa pagsusulit na ito ay napatunayan na bagama't rudimentaryo nga ang pangangastila ni Andres Capistrano, hindi hamak na mas artikulado ito kung ikukumpara kaysa kay Juan Pagkalinawan. Ang resultang ito ang naging dahilan sa pagpapawalang bisa sa pagkapanalo nito, at sa kabilang banda ay ang pagbubukas ng panibagong halalan sapagkat napawalang bisa na ang nauna. Sa orihinal na tatlong nominado noong 1796 na sina: Miguel Dimaguila, Augustin Bonifacio, at Juan Pagkalinawan, nawala si Miguel Dimaguila matapos tanggapin ang petisyon ni Capistrano dahilan upang papagpanumbalikin ito sa nominasyon. Sa muling pagbubukas ng halalan noong 1797, si Juan Pagkalinawan ay nakakuha ng walong boto, at pumapangalawa lamang si Andres Capistrano na may botong tatlo, habang si Augustin Bonifacio ay may isang boto lamang na natanggap. Samakatuwid, bigong mailuklok si Andres Capistrano sa pagkagobernadorcillo, at sa muling pagkakataon ay muling nanalo si Juan Pagkalinawan.

Napakaraming suliraning pampulitika sa bayan sa pagsapit ng ikalabing siyam na dantaon. Sa katunayan, dalawang dekada makalipas ang tunggalian nina Capistrano at Pagkalinawan ay mapanghating kapalaran naman sa kasaysayan ng Taguig ang kasasapitan sa panahon ng 1820's hanggang 1860's. Ang panahong ito ay ang panahon kung kailan pagpupumilitan ng mga *principalia* ng Tipas na humiwalay sa Taguig upang bumuo ng isang nagsasariling bayan na may sariling gobernadorcillo at parokya na kabibilangan ng Palingon, Calzada, at Napindan bilang mga baryo o nayon na bubuo sa Tipas bilang pueblo. Sa mga dokumento mulang 1820's hanggang 60's tanging mga pagpapasya o *superior decreto* lamang ang makikita. Subalit ang tanong na kung saan at alin ang mga dokumento ng petisyon ay hindi pa natatagpuan liban na lamang sa mga implisitong mga dokumentong nagbabanggit dito. Isa na lamang dito ay ang isang hibla ng opisyal na ulat na may petsang Agosto 25, 1858 at Hunyo 8, 1858.⁵⁶⁹ Kung saan, isinasalaysay buhat dito ang isang bagay na nagbubuod sa, at kasanhian ng, mga kadahilanan nang tangkang paghiwalay ng Tipas.

Sang-ayon sa ulat noong Agosto 25, 1858, bagama't mayroon nang pagpapasya sa pamamagitan ng *superior decreto* noon pa mang Hulyo 19 sa kaparehas na taon⁵⁷⁰, halos walang pagkakaiba ang nilalaman at inilahad na kadahilanan ng mga naunang petisyon ng mga *principalia* ng Tipas sa mga inihain nilang petisyon makalipas nito. Nasasaad sa naturang dokumento na ang

⁵⁶⁹ NAP-SDS I4025: *Ereccion de los Pueblos_ Taguig 1820-1898*, 56.

⁵⁷⁰ NAP-SDS I4025: *Ereccion de los Pueblos_ Taguig 1820-1898*, 57, 58, 58b.



pangunahing hinain ng mga nagpetisyong prinsipalya ay ang “distansya” ng Tipas sa *poblacion* ng Santa Ana na ayon sa kalkulasyon ng mga prinsipalya ay mahigit 2,300 *varas*⁵⁷¹ o sa modernong panukat ay halos -1927 metro o labing isang kilometro ang layo. Ang distansyang ito ay pinasubalian ng sumuri sa petisyon na si Jose de la Herran. Ani niya, walang katotohanan ang hinaing na ito sapagkat kaya namang baybayin sa loob ng sampu hanggang dalawampung minuto mula sa *tribunal municipal* ng Taguig ang nayon ng Palingon at Tipas taliwas sa distansyang ibinigay ng mga prinsipalya ng Tipas sa kanilang petisyon. Dagdag pa nito, hindi marapat na mapayagan ito yayamang, kung papayagan ng Gobernador ng Maynila na makapagtatag ng sariling *pueblo* ang alinmang nayon dahil lamang sa ganitong kadahilanan, hindi kalabisang maituring na dadami rin ang pueblo na mabubuo sa ilalim ng *Provincia de Manila*. Sa huli, itinuturo nito na ang pananahilan sa likod ng hindi kagustuhan ng mga taga-Tipas na magkulumpon (*reunirse*) sa isang kumon na sentro ay maiuugat sa “katamaran” ng mga Pinoy. Ganito ang nasasaad sa isang bahagi ng pagsisipi sa naturang dokumento:

Ang hindi pagkagusto ng mga naninirahan sa isang komon na sentro ay kilalang-kilala, isang pag-aatubili na dulot ng isang katamaran na labis na nakaugat sa kanila na hindi sila handang maglakad kahit isang maliit na distansya araw-araw patungo sa kanilang mga bukid at paggawa... Ang isang kubo na itinirik sa isang liblib na lugar ngayong araw, ay ginagawa nila bilang tahanan kinabukasan, at sa maikling panahon ay marami pang iba ang lumilitaw na nakakalat dito at doon—at lahat nang ito’y dahil sa naisaad na kadahilanan, o ang parehong pamamaraan ng pagtakas sa pagbabantay ng awtoridad.⁵⁷²

Sa pagbasa ng historyador na si William Henry Scott, maipopook ang pangyayaring ito sa mas malawak na konteksto hinggil sa tangkain ng mga Espanyol na mapanatili ang mga Pilipino sa kanilang kinalalagyang lugar. Katunayan, aniya, ang hindi pagkagusto sa isang kumon na sentro ay tema ng kanilang naging sakit sa ulo sa loob ng ika labing siyam na dantaon.⁵⁷³ Mangyari pa, hindi lamang ang layo ng Tipas sa *poblacion* ang usapin ng kanilang hinaing bagkus ay ang suliranin sa komunikasyon sa *poblacion* sa tuwing bumabaha. Dangan nga lamang, hindi rin naman ito naging isang balidong rason upang

⁵⁷¹ Ang *vara/s* ay isang makaluma o lipas na Hispanikong yunit ng panunukat sa haba o distansya. Sa kilometrikong sukatan, maitutumbas ang 2300 *varas* sa 11,56716 km.

⁵⁷² NAP-SDS I4025: *Ereccion de los Pueblos_ Taguig 1820-1898*, 54b-55.

⁵⁷³ Scott, *Cracks in the Parchment Curtain*, 24-25.



tanggapin ang petisyon ng mga prinsipalya ng Tipas. Ito ay sa kadahilanang ayong muli sa mga sumuri sa petisyon, “bangka” ang pangkaraniwang transportasyon sa Taguig kung kaya’t hindi mahirap na gawain ang pagpunta sa poblacion, at kahit pa nga walang baha, ang isang sangay ng ilog Tipas ay nakaugnay sa sentro kung kaya’t maaaring bumaybay ang sinuman mula o/at patungong *poblacion* ng Santa Ana.

Tila kaugnay naman ng nasambit na kalayuan ng Tipas sa pueblo ang ikatlong kadahilanan. Sapagkat inuugat din ng mga prinsipalya sa kalayuan ng Tipas sa sentro ang umano’y hindi pagkaabot ng kaukulang tulong ng mga awtoridad dahil na lamang upang maging palasak dito ang mga lumiligid na *malhechores* o *tulisan*. Katunayan, ang ikatlong kadahilananang ito ay maiuugnay pa nga sa opisyal na ulat noong Hunyo 8, 1858 na nagsasaad na noong 1820’s pa lamang ay mayroon na palang sumisibol na ideya hinggil sa posibilidad ng pagsasarili ng Tipas at pakinabang na mabubuo kung sakaling humiwalay ito sa kaniyang *pueblo matriz*. Isinipi ito ng mga prinsipalya ng Tipas sa petisyon na noong 1821 at 1824 ay pinag-uusapan na kapwa ng kura ng pueblo at ng corregidor ng Probinsya ng Tondo ang paghihiwalay na ito, sa layong pagtibayin ang kanilang hinaing. Sa mga panahong ito, sang-ayon sa ulat, ang Tipas ay mayroon pa lamang kabuuan na limangdaang (500) tributantes at kung sakaling maisakatuparan ng Tipas ang pagiging isang nagsasariling pueblo na may sariling munisipyo, malaki ang magagawa nang paghihiwalay na ito sa seguridad ng bawat daan na bumabaybay patungo sa Palingon, Calzada, at Napindan na sang-ayon sa ikatlong kadahilanan, katulad ng nabanggit na, ay dahil sa mga lumiligid na mga *malhechores* o *tulisan* sa naturang lugar. Subalit, kung tutuusin, sang-ayon din sa mismong dokumento, ay hindi naman talaga maiuugat sa kalayuan ng Tipas sa Santa Ana sapagkat ang mga masasamang loob ayon sa kanilang pagkakatuksay ay nagsasagawa lamang talaga ng depredasyon kung kailan nila gugustuhin at hindi talaga tunay na dahil sa layo ng *poblacion* sa barrio ng Tipas.


Hindi nagtapos sa 1858 ang panawagan ng separasyon ng mga prinsipalya ng Tipas, sapagkat ang huling bahagi ng kanilang pagsasapetisyon ay magaganap noong 1865 sa kasagsagan ng pananalasa ng kolera noong ikalabing siyam na dantaon. Sa kaso ng Taguig ay mayroong inilaan na pondo ang pamahalaang kolonyal na natanggap ng *Presidente de la Junta de Sanidad* ng pueblo ng Taguig upang makapagtamo ng maraming mga kagamitang kinakailangan upang kabakahin ang pagkalat ng naturang sakit.⁵⁷⁴ Ang petisyong ito ay dumaan

⁵⁷⁴ NAP-w.SDS: *Varias Provincias_Pineda 1860-1898*, s81-s88.



sa lupong tagapayo ng Gobernador Heneral—ang *Consejo de Administracion* bago tuluyang ibasura ng Gobernador noong Mayo 29, 1865. Samantala, hindi rin naman sinang-ayunan sa kabilang dako ng probinsyal na sangay ng mga Agustinos ang paghihiwalay ng Tipas upang maging isang nagsasariling *pueblo*, higit lalo pa, maging ang pagtatatag ng isang hiwalay o sariling parokya na makikita alinsunod sa pasya sa petisyon noong Disyembre 1865.⁵⁷⁵ Katulad ng mga nauna, ang mga hinaing na nabanggit ay hindi rin naman nalalayo sa mga nauna nitong mga kadahilanan. Pangunahing daing pa rin ng mga ito ay dahil sa distansya ng barrio ng Tipas sa sentro ng *pueblo*, at bunga ng ganitong kalayuan ay ang pagkamatay ng maraming tao sa Tipas nang hindi man lamang nakakatanggap ng kinakailangang tulong noong kasagsagan ng *cholera epidemic* na seryosong lumaganap noong 1860's.⁵⁷⁶

Sa ganitong mga pangyayari umusbong ang kadahilanan kung bakit hinihiling ng mga prinsipalya na magkaroon ng petisyon na humiwalay na sa Taguig upang pamahalaan ang sarili. Sa wari, maaari ngang may kakayahan ang Tipas na magsarili bilang isang pangunahin at malaking nayon ng Taguig. Katunayan, sang-ayon sa mga ito, may sarili silang kakayahan sa pagpapatayo ng kanilang sariling *casa parroquial* at *tribunal*. Subalit katulad ng mga naunang petisyon, ang pinal na pagsusuri ng kolonyal na pamahalaan sa lahat ng ito ay tablado o hindi binigyang konsiderasyon



LARAWAN 35: SUPERIOR DECRETO. ABRIL 30, 1866.
(NAP-SDS 14025: ERECCION DE LOS PUEBLOS TAGUIG 1820-1898)

⁵⁷⁵ NAP-SDS 14025: *Ereccion de los Pueblos Taguig 1820-1898*, 54b-55, 62-62b.

⁵⁷⁶ Cf. Ken de Bevoise, *Agents of Apocalypse: Epidemic Disease in the Colonial Philippines* (Princeton: Princeton University Press, 1995).



dahil sa hindi pagiging makatuwiran nito.⁵⁷⁷ Muli lamang pinagtibay ang *superior decreto* noong Hulyo 1858, at pinal na itinatapon ang petisyon ng Tipas. Magkakaroon pang muli ng mga susunod na petisyon matapos nito na sa huli'y muling pagtitibayin at tutuldukan sa pagsapit ng Abril 30, 1866 ni mismong Gobernador Heneral Juan de Lara.⁵⁷⁸

Samantala, isang taon naman mula sa pinal na pagbibigay ng desisyon sa kapalaran ng Tipas at Taguig, ay sasalantain naman noong 1867 ng malawakang pagbaha ang Taguig at Pateros.⁵⁷⁹ Sa isang opisyal na ulat noong Oktubre 7 sa kaparehas na taon, ay naitala ang pangunahing problema kapwa sa Taguig at Pateros hinggil sa patuloy na pananatili ng tubig ulan sa lugar kahit na lumipas na ang pagbaha. Ang malawakang pagbaha na ito ay humantong sa pagkakalikha ng kaparaanan kung papaano ito mawala para na rin sa kapakanan ng mga pananim at mga magsasaka na pangunahing natamaan ng kalamidad. Katulad ng nabanggit na sa mga naunang kabanata, hindi isang extraordinaryong bagay ang pagbabaha sa Taguig. Katunayan, ang pagbahang ito ay masususugan sa iba pang mga tala ng ikalabing siyam na dantaon hinggil sa pagiging palasak ng ganitong penomenon sa Taguig. Isa ito sa mga palagiang obserbasyon ng mga misyonerong pari na nakapagtala ng kanilang mga sapantaha sa bayang kanilang napupuntahan o nadedestinuhan. Isa na nga rito ay si Padre Hilarion Diez na naging kura ng bayan sa mga taong 1800 at nagkaroon ng deskripsyon sa Taguig noong 1818 bilang pook na bahain na pinamamahayanan ng mga magsasaka at mga mangingisda.⁵⁸⁰ Ang pagsasalarawaan ito ay hindi nalalayo sa mga mas maagang mga tala tulad ng kay San Agustin noong 1698 na nagsasabing dahil ang Taguig ay tagpuan ng katubigang nag-uugnay sa dalawang katawang tubig ng lawa ng Laguna at look ng Maynila ang dahilan at nagtatakda sa Taguig bilang pook na bahain.⁵⁸¹ Mangyari pa, hindi lamang dahil sa tagpuan ito ng tubig bagkus, maidadagdag pa ang naitala ni Agustin de Cavada noong 1876 patungkol sa pagiging likas na mababa o patag ng kalupaan ng Taguig dahil kung bakit lubos na binabaha ang mga pangunahing lansangan nito.⁵⁸² Sa huli, nagkaroon man ng hakbangin na solusyunan ang suliranin ng pagbaha sa Taguig ay tila pansamantalang solusyon lamang ang nagawa upang kabakahin ito. Katunayan, labing anim na taon (16) taon matapos ang malawakang pagbaha noong 1867, ay

⁵⁷⁷ NAP-SDS I4025: *Ereccion de los Pueblos_ Taguig 1820-1898*, 65, 67-67b-68.

⁵⁷⁸ NAP-SDS I4025: *Ereccion de los Pueblos_ Taguig 1820-1898*, 72-72b.

⁵⁷⁹ NAP-SDS 4539: *Varias Provincias_ Taguig 1869-1897*, 0001-0007.


⁵⁸⁰ Hilarion Diez, *Mapa General de Las Almas Que Administran Los Padres Agustinos Calzados* (Mexico: Con Licencia, 1818), 6-7.

⁵⁸¹ San Agustin, *Conquistas de las Islas Filipinas*, 446.

⁵⁸² Cavada, *Historia*, 55.



literal na “nabura sa mapa” ang Taguig noong 1883 batay sa isang ulat na nailathala sa *Diario de Manila*.⁵⁸³



LARAWAN 36: “DESOBEDIENCIA” NI SALVADOR ESGUERRA
(NAP-SDS 4543: *VARIAS PROVINCIAS_TAGUIG* 1809-1897, 186)

Samantala, taong 1863 hanggang 1864 ay ang panahon ng pamumunong bayan ni Salvador Esguerra na hahalinhan naman ni Tomas Cruz sa pagsapit ng 1865 hanggang 1866. Isang interesanteng panahon ang pagkakatalaga kay Esguerra sapagkat siya ang tanging naitalang gobernadorcillo ng Taguig na nagkasala at ikinulong ng kolonyal na pamahalaan matapos ang kaniyang termino dahil sa isang mabigat na pagkakasala. Matatandaan na ang isang gobernadorcillong nasasailalim sa kapangyarihan ng hari ng Espanya at nagtapos ng kaniyang katungkulan bilang pangulo ng bayan ay sumasailalim sa tinatawag na *residencia*. Ang *residencia* ay isang institusyon na ang layunin ay kilatisin at suriin ang mga nagawa ng isang gobernadorcillo sa loob ng kaniyang taon nang panunungkulan upang matiyak kung nagampanan ba nito ng mabuti ang kaniyang trabaho bilang gobernadorcillo o kabaliktaran nito.⁵⁸⁴ Sa panunuring ito ay mayroong kaakibat na hatol. Kapag kasing napatunayan na ang isang gobernadorcillo ay gumawa ng katiwalian at kawalang katapatan sa posisyong pinanghahawakan siya ay parurusahan batay sa antas o digri ng kaniyang nagawang kasalanan. Sa ganito na lamang ang nangyari kay Salvador Esguerra na sa panahon ng pamumuno ni Tomas Cruz (1865-1866), ay naitala ang na sang-

⁵⁸³ D.n, “Carta Confidencial: De como vamos a hacer lacosa,” *Diario de Manila*, Hunyo 24, 1883, I.

⁵⁸⁴ Charles Cunningham, “The Residencia in the Spanish Colonies,” *The Southwestern Historical Quarterly* 21, blg. 3 (1918): 253-278.



ayon sa ulat na inilabas ng *residencia* ay ginagamit ang kanyang posisyon upang makapangabuso. Implisito sa dokumentong may petsang Hunyo 16, 1865 na tila mabigat ang katiwalian ni Esguerra sang-ayon na rin sa pagkakahatol dito ng pagkakakulong (“preso”) bilang kaparusahan sa pagmamalabis ng kaniyang kapangyarihan.⁵⁸⁵ Sa kasamaang palad, walang alinmang nabanggit sa dokumento na partikular na mga “pagmamalabis” na nagawa nito, na sa kasalukuyan ay hindi pa nahahanap.

Sa kabilang dako, ang anggulo ng hindi pagiging bihasa sa wikang Espanyol noong 1796 sa pagitan nina Juan Pagkalinawan at Andres Capistrano ay halos hindi rin naman nalalayo sa tunggaliang nagbunga ng paksyonalismo sa pagitan ng pangkat ni Jose Natividad at sa kabilang banda naman ay pangkat nina Agustin Rayos sa mga huling taon bago sumiklab ang himagsikan ng 1896. Ito ay para sa noo’y bagong tatag na *Juez de Paz* na ipinakilala buhat sa Espanya noong 1885.⁵⁸⁶ Minanok noon ni Jose Natividad ang kaniyang anak na si Pedro Natividad laban sa tinali ni Kapitanang Tetang (na balo ng naging Kapitan Agustin Rayos na nanungkulan noong 1871-1872) na si Felipe na kaniyang anak.⁵⁸⁷ Noong eleksyon pa man ng 1883 ay nagtutunggalian na ang mga ito.⁵⁸⁸ Magpapatuloy ang tunggaliang ito hanggang sa pagsapit ng Kolonyalismong Amerikano kung saan makikita na maglalaban sa pulitika ang kani-kanilang mga kamag-anakan.

Mayroon ring naipatayong eskwelahang primarya sa Taguig noong panahon ng Kastila upang turuan ang mga kabataan na magbasa, sumulat at magbilang. Tumutugma ito sa pagtatala ni Buzeta noong 1831 kung saan nabanggit nito na mayroong *escuela primeras* sa Taguig.⁵⁸⁹ Sa kabayanan ay naipatayo ang dalawang eskwelahang nakalaan para sa babae at lalaki, samantalang sa Tipas ay naman mayroon lamang isang paaralan ngunit nakalaan para sa mga lalaki lamang.⁵⁹⁰ Ang mga naging maestro o guro sa kabayanan sa lalaki ay sina Anastasio Yamson at Macario de Ocampo o kilala din bilang “Maestro Cario”, habang sa babae ay sina Teresa Sarmiento at isang Maestra Tomasa na katulong. Samantalang sa nayon naman ng Tipas ay tanging si Manuel Manalo lamang ang tanging guro. Mahalaga ang papel na gagampanan ng mga guro sa pagsapit ng panahon ng himagsikan sa Taguig sapagkat si Macario de

⁵⁸⁵ NAP-SDS 004543: *Varias Provincias, Taguig 1809-1897*, 0186.

⁵⁸⁶ Arturo Arce Ignacio, “Should the municipalities in each province be grouped into districts for justices courts, to which only members of the bar should be appointed?,” *Philippine Law Journal* 6, blg. 4 (1919): 99-112.

⁵⁸⁷ Pagtakhan, *Ang Tagig at ang kanyang Kasaysayan*, 17.

⁵⁸⁸ NAP-SDS 004543: *Varias Provincias, Taguig 1850-1897*, 0317b.

⁵⁸⁹ Buzeta, *Diccionario*, 440.

⁵⁹⁰ Pagtakhan, *Ang Tagig at ang kanyang Kasaysayan*, 15.



Ocampo mismo na isa sa mga maestro sa kabayanan ang siyang magtitiyak kinalaunan kay Antonino Guevarra, na aktibong organisador ng Katipunan sa Laguna, at tahapaghatid-liham ni Andres Bonifacio, noong Agosto 28, 1896 hinggil sa kahandaan ng *Tagui-ig* sa “pagbabangon” o unang pagsiklab nang digmaan noong Agosto 29, 1896.⁵⁹¹

ANG PANAHON NG HIMAGSIKAN (1896 M.K - 1897 M.K)

Maituturing na panahon ng hugpungan ang 1896 sapagkat malinaw sa taong ito ang interseksyon o pagkakaugay nang mga ikutang pangyayari sa kasaysayan ng Taguig. Magmula sa panahon ng “sinaunang pamayanan/prehistorya”, Sabwatan sa Tondo ng 1588, Pag-aalsang Agraryo ng 1745, at Reaksyon ng bayan sa harap Pananakop ng Ingles noong 1762. Una, ang pagkakaugat sa kabihasnang Austronesyano ni Bonifacio ang siyang mag-uudyok sa kaniya upang ang kaniyang mga batayang konsepto at kategorya na gagamitin sa Katipunan na nakatakdang maging isang pamahalaan ay naka-ugat sa kalinangang bayan.

Masasalungguhitan din na manipestasyon mismo si Bonifacio nang ugnayan sa pagitan ng ilaya-ilawud, na sa sinaunang kasaysayan, katulad ng napaksa na, ay mayroong malalim at mahigpit na pagkakaugnay. Sapagkat liban pa sa pagkakaugat ni Bonifacio sa



LARAWAN 37: DAUNGAN SA TAGUIG (C. 1840's)
[[HTTPS://TINYURL.COM/YX3MDFMW](https://tinyurl.com/YX3MDFMW)]

Tondo, nakaugnay din siya sa Taguig. Gayong napatunayan na sa naparakaming mga pag-aaral kagaya ng kay Isagani Medina, na ang kaniyang ama na si Santiago Bonifacio ay isang taal na Taguigueno na ang hanap buhay ay mamamangka.⁵⁹²

⁵⁹¹ Antonino Guevarra, *History of One of the Initiators of the Filipino Revolution*, salin ni O.D Corpuz (Manila: National Historical Institute, 1988), 2.

⁵⁹² Isagani Medina, *Andres Bonifacio* (Manila: Tahanan Books, 1992), 5. Tingnan din ang: Jim Richardson, “Andres Bonifacio, Biographical Notes Part I: 1863-1891,” *Katipunan Documents and Studies*,



Sa katunayan, ang ganitong malalim na kahayagan ng ugnayang hulo-wawa, ay masasalamín sa Sabwatan sa Tondo ng 1588 bilang pagnanasa nang isang “pambansa” sa sentido ng isang mithiing “pangangkapuluang” paglaya na siya ring magiging diwa ng himagsikang 1896. Sa kabilang dako naman, ang ideya ng Tagalog/Katagaluan ng 1745 na nag-umpisang mabuo buhat noong 100 B.K hanggang 900 M.K ay mas papalawakin sa konsepto ng Katipunan bilang pantukoy sa masaklaw na kategorya nang lahat ng tumubo sa buong sangkapuluang tatawaging “Katagaluan”. Dagdag pa, higit sa lahat, ang suliranin ng pangangamkam sa mga lupa ng 1745 ang magiging isa sa mga historikal na saligan ng Katipunan sa pagnanais nitong humiwalay sa nag-aangking inang Espanya na malinaw na sinasaad sa dokumento ng Katipunang may petsang Enero 1892 na nagsasabing:

Yamang jindi natatala sa alin mang Catoiran na ang sino man ay macapag jauac at cumamcam ng jindi niya lupa o pag aare, ay coming may areng tunay at tubo sa lupang ito na linulupig at quinamcam may tunay na catoiran...⁵⁹³

Ang suliranin na idinulot ng suliraning agraryo ng 1745 ay mayroong mabigat na implikasyon sa pagsapit ng 1762. Ito ay sapagkat magsisilbi itong mahalagang batayan o salik sa likod ng motibasyon at pagkilos ng bayan sa harap ng pagkiling nito sa mga Ingles. Habang sa kabilang banda, ang mga pagbabago sa kolonya na idudulot ng Okupasyong Ingles ng 1762 ay magbubunga naman ng isang pagbabagong magnganganak sa mga mangyayaring development pagdating ng ikalabing siyam na dantaon. Kung gayon, at sa madaling sabi, ang 1896 ang siyang pising tumatahi sa lahat ng saysay ng mga pangyayaring ito. Sa katunayan, batayang tema ng mga literatura ng Katipunan ay nakatuon sa “pagbawi” sa nakaraang panahon ng aliw o kaginhawaan—isang rekursibong tema na paulit-ulit na makikita sa agos ng kasaysayan ng Taguig.

Ang ganitong tipo ng tema ay makikita rin sa mangyayaring himagsikan noong 1896 na kasangkutan ng Taguig. Subalit sa di kawasa, kakarampot na mga batis lamang ang pagtukoy sa Taguig sa pagsiklab ng himagsikan noong 1896.⁵⁹⁴ Sa katunayan, wala pang natatagpuang sangguniang balangay o sangay

Nobyembre 1, 2001, <https://www.kasaysayan-kkk.info/andres-bonifacio-biographical-notes/part-i-1863-1891>.

⁵⁹³ Jim Richardson, *The Light of Liberty: Documents and Studies on the Katipunan, 1892-1897* (Quezon City: Ateneo de Manila University Press, 2013), 10.

⁵⁹⁴ Jomar Encila, “Ang Taguig-Pateros at ang Himagsikan ng 1896-1897,” *Journal of Philippine Local History & Heritage* 7, Blg. 2 (2021b): 79.



ang Taguig sa mga kasalukuyang umiiral na dokumento sa Katipunan.⁵⁹⁵ Magkagayumpaman, hindi ito nangangahulugan na lubusang wala, kung hindi wala pang batis sa kasalukuyan na makakapagpatunay liban na lamang sa mga implisitong mga batis pangkasaysayang nagpapatunay sa pag-iral nito. Sa katunayan, liban sa ang Taguig ay naging pook-diseminasyon ng mga ideya at sulatin ni Rizal bago ang himagsikan⁵⁹⁶, malinaw sa pagtatala ni Santiago Alvarez na mayroong mga Katipunerong naghimagsik na nanggaling sa Taguig na kasama sa malaking pagpupulong sa Pasig o tinatawag na *Asamblea Magna* na pinangunahan ni Bonifacio ng Mayo 3, 1896⁵⁹⁷, at umpisang kumilos sa pagsisimula ng himagsikan. Isa na rito ang gurong Taguigueno na si Macario de Ocampo⁵⁹⁸ na minsang naging maestro ng batang Felix Manalo na tagapagtatag ng Iglesia ni Cristo.⁵⁹⁹ Mahalaga ang papel na ginampanan ni “Maestro Cario” sapagkat siya ang nagtiyak noong Agosto 28, 1896 kay Antonino Guevara na aktibong organisador ng Katipunan sa Laguna, at tahapaghatid-liham ni Andres Bonifacio hinggil sa kahandaan ng *Tagui-ig* sa “pagbabangon” o unang pagsiklab nang digmaan noong Agosto 29, 1896.⁶⁰⁰ Alinsunod ito sa pagtanggap ng liham kautusan ni Andres Bonifacio noong Agosto 28, 1896 ukol sa gaganaping kolektibong pagsalakay ng mga anak ng bayan sa Maynila sa takdang petsa ng Agosto 29:

Mga Maginoong Namiminuno, Kasapi at mga Kapatid

“Sa inyong lahat ipinatutungkol ang pahayag na ito. Totoong kinakailangang sa lalong madaling panahon ay putulin natin ang walang pangalang panglulupig na ginagawa sa mga anak ng bayan, na ngayon ay nagtitiis ng mabigat na parusa at pahirap sa mga bilangguan, na sa dahilang ito’y mangyayaring ipatanto ninyo sa lahat ng mga kapatid na sa araw ng Sabado, ika-29 ng kasalukuyang ay puputok ang paghihimagsik na pinagkasunduan natin, kaya’t kinakailangang sabay-sabay na salakayin ang Maynila. Ang sino pa mang humadlang sa banal na adhikaing ito ng

⁵⁹⁵ Jomar Encila, “Pakikipaghimagsik noong Agosto 29, 1896: Karanasan ng Taguig at Pateros,” *Galeon* 16, Blg. 1 (2020): 5.

⁵⁹⁶ Orlino Ochoa, *Pio del Pilar and other Heroes* (Quezon City: New Day Publishers, 1997), 27, 96. *Kaibigan ni Pio Del Pilar sina Lino Labao Tanyag at Juan Natividad na mga Taguigueno na tumulong sa pagkakalat ng mga sulatin ni Rizal.

⁵⁹⁷ Santiago Alvarez, *The Katipunan and the Revolution: Memoirs of a General*, salin sa Ingles ni Paulina Carolina Malay (Quezon City: Ateneo de Manila University Press, 1992), 9.

⁵⁹⁸ Guro na si Macario de Ocampo sa Taguig noong 1893 pa man, at minsang nakwestyon ang kaniyang pagiging guro. Tingnan ang: NAP-SDS 19129: *Manila Complex Escuelas y Maestros 1846-1897*, S963-S964; S1093-S1096.

⁵⁹⁹ Joseph Kavanagh, “The Iglesia ni Cristo,” *Philippine Studies* 3, blg. 1 (1955): 21.

⁶⁰⁰ Guevarra, *History*, 2.



bayan ay ipalalagay na taksil at kalaban maliban na nga lamang kung may sakit na dinaramdam o ang katawan ay may sala at sila'y pag-uusigin alinsunod sa palatuntunang pinairal...⁶⁰¹

Sa takdang araw ng pagsalakay o “pagbabangon” ay naging tahimik sa Taguig sa pagsapit ng ika-29 ng Agosto⁶⁰² bunga ng mahigpit na pagmamamanman sa bayan, kakulangan ng armas, at *destacamento* ng mga *cazadores* at *guardia civil* (na wala sa Pateros⁶⁰³) sa tribunal ng Taguig na naging sanhi ng limitado at napipinid na pagkilos.⁶⁰⁴ Tiniyak na ito noon pa man ng kapitan munisipal ng Taguig na si Juan Natividad kay Manuel Sityar na komandante ng Pasig na walang alinmang pag-aalsa sa Taguig sapagkat ang mga Taguigueno dahil sa *mala-anghel sa kabaitang* postura ng mga mamamayan nito.⁶⁰⁵ Samantala, ang ibang mga kalapit-bayan tulad ng Pateros at Pasig ay naging madugo ang panghihimagsik. Ipinatawag ni Sityar na noo'y nasa kumbento ng Pasig ang sarhentong si Manuel Talero na nakadestino sa Taguig, subalit bago pa man makaabot ang liham ni Sityar kay Talero sa pamamagitan ng isang Jose Concepcion ay nakaengkentro nitong huli ang mapanghimagsik sa Pateros (bilang bayan na nasa pagitan ng Taguig at Pasig) na nakapwesto sa *Tulay na Bato* na papuntang Pasig dahilang upang mapilitang bumalik sa Pasig ang inatasang magbigay lihim sa komandante ng Taguig.

Sa kabilang dako, sa oras na 10:30 ng gabi, nakaposisyon sa gawing Dulumbayan ang mga taga-Pateros na nagbabantay sa maaaring pwersa ng mga *guardia civil* na manggagaling sa Taguig.⁶⁰⁶ Ito ay matapos ang matagumpay na pagkubkob ng mga mapanghimagsik sa Pateros ang bulwagang munisipal ng naturang bayan, yayamang ang mga *cuadrillero* na nakatoka sa bulwagan ay kapwa mga *katipon* din. Sa puntong ito ay namataan at hinuli ng mga mapanghimagsik ng Pateros ang isang *alguacil* mulang Taguig na may bitbit na parsel na sana'y tutungo sa kwartel ng Pasig. Habang umpisang nagkaroon ng putukan matapos ang tatlong *guardia civil* na nagtangkang tumawid kinalaunan mulang Taguig tungong Pasig sa pamamagitan ng Pateros ay naitaboy sa Dulumbayan. Ayon sa

⁶⁰¹ Teodoro Agoncillo, *The Revolt of the Masses: The Story of Bonifacio and the Katipunan*, 2nd ed. (Quezon City: University of the Philippines, 1956), 142.

⁶⁰² Manuel Sityar, *Rebolusyong Pilipino: Memorias Intimas*, salin ni Trinidad Regala (Quezon City: Sentro ng Wikang Filipino, 1998), 35.

⁶⁰³ Isagani Medina, *Ilang Talata Tungkol sa Paghihimagsik nang 1896-1897, sinulat ni Carlos Ronquillo y Valdez* (Quezon City: University of the Philippines Press, 1996), 364.

⁶⁰⁴ Encila, “Ang Taguig-Pateros at ang Himagsikan ng 1896-1897,” 174.

⁶⁰⁵ Sityar, *Rebolusyong Pilipino*, 35.

⁶⁰⁶ Elmer Nocheseda, “The Pateros 1896 Revolution,” *Pateros-Philippines*, <https://www.pateros-philippines.com/articles/the-pateros-1896-revolution>. Inakses: 12/12/22.



rekoleksyon ni Gregorio Flores, ang mga napipilang guardia sibil na nangagbalik sa “Taguig” ay sakbibi ng di matawarang katakutan. Hindi nagtagal ay sinundan ito ng pulutong nina Sarhento Talero ng Taguig na tutungo sana sa Pasig upang rumisponde at magbigay suportang militar kay Sityar. Ayon sa gunita ni Sityar:

“Di kaginsa-ginsa’y naputol ang naghaharing katahimikan ng mga putok ng baril na nagmumula sa Pateros. Wala nang pagaalinlangan ito: Si Sarhento Talero, ng destacamento ng Taguig, ay sinalakay ang mga insurekto nang maparaan siya ng Pateros upang makipagkita sa akin...”⁶⁰⁷

Dahil sa putukang naganap sa Dulumbayan, napilitan ang mga mapanghimagsik ng Pateros na lisanin ang pwesto sa Punong Tulay o katimugang bahaging pipigil sa pwersang Espanyol mulang Pasig. Bunga nito ay naipit ang mga Katipunero ng Pateros sa dalawang direksyon ng pwersang Espanyol na manggagaling sa Pasig at sa Taguig sa pamumuno ni Talero, kung saan marami ang namatay tulad na lamang nina Pedro Rosales, Eusebio Hermosa at Guillermo Manalo na kinikilala bilang *Tatlong Bayani ng Pateros*.⁶⁰⁸

Kahindik-hindik ang naging madugong tagpuan kung saan madaming nangabuwal sa pagitan ng panig nang mga Pilipino at Espanyol. Matapos ang labanan ay isinalarawan ni Sityar ang kinasapitan ng masamang tanawing hindi kaaya-aya noong Agosto 30 matapos inspeksyunin ang lugar na pinaglabanan. Bunga diumano ng matinding pakikihamok ay naging pangkaraniwang tanaw sa pangunahing daanang nag-uugnay sa Pateros, Taguig, at Pasig ay mga bakod na nangabuwal, nakahambalang na bangkay, at mga bakas ng dugo.⁶⁰⁹ Samantala, tinukoy naman sa pahayagang *El Comercio* noong Agosto 31, 1896 ang mga pangalan ng mga *katipon* mulang Taguig at Pateros na kasangkot sa nangyaring pagbabangon.⁶¹⁰ Habang sa ulat din ng *El Comercio* noong Setyembre 1, 1896 ay napamalita na ang karamihan sa mga mapanghimagsik ng Taguig at Pateros na nabigo ay lumikas patungo sa Angono at Morong.⁶¹¹

Sa kabilang dako, hindi nagtapos sa Agosto ang ilang tala ng paghihimagsik sa Taguig. Nagpatuloy ito hanggang sa dulong bahagi ng taong

⁶⁰⁷ Sityar, *Rebolusyong Pilipino*, 83.

⁶⁰⁸ Encila, “Ang Taguig-Pateros at ang Himagsikan ng 1896-1897,” 176.


⁶⁰⁹ Sityar, *Rebolusyong Pilipino*, 3.

⁶¹⁰ Umberto Lammoglia, *Forgotten Warriors of the Katipunan: Selected Excerpts from El Comercio* (Manila: National Historical Commission of the Philippines, 2013), 22.

⁶¹¹ Lammoglia, *Forgotten Warriors of the Katipunan*, 29.



1896 sa panahon ng pamumuno ng gobernadorcillo ng Taguig na si Jose Natividad.⁶¹² Umpisa itong gumampan ng katungkulan noong 1879-1880, 1891-1892, at sa huli ay 1895 hanggang 1897. Sa panahon nang kaniyang ikatlong panunungkulan ay ito ang namuno sa harap ng bigong pagbangon ng mga Katipon sa Taguig noong Agosto 1896, at katulad ng makikita natin kinalaunan, maging sa pwersa ni Aguinaldo sa pagsapit ng 1897 sa Taguig. Bunga nito, nagkaroon ng pagpapanukala ang Gobernador Civil ng Maynila upang magawaran si Natividad noong Oktubre 27, 1896 ng “Escudo al Valor” dahil sa kanyang kagitingan bilang Gobernadorcillo sa gitna ng nangyayari noong himagsikang bayan.⁶¹³ Tangan-tangan ni Natividad ang pagpapahalaga sa sariling posisyon bunga ng pagkilala ng pamahalaang kolonyal sa kaniyang pagpapagal na masasabing lalong mas nagpaalab ng kaniyang katapatan sa kolonyal na pamahalaan kaysa sa kaniyang mga kababayan. Katunayan, matapos nito ay makikitang dala-dala ni Natividad ang paninindigang ito sa pagsapit ng Nobyembre 13 ng 1896 kung kailan naganap ang sagupaan ng pwersa sa pagitan ng mga Taguiguenong *katipon* sa pamumuno ni Gregorio Santos o kilala din sa palayaw na *Gregoriong Bokes* na taga-Ususan sa isang banda, laban sa mga *cuadrillero* sa pamumuno ni Mariano Tanyag alyas *Samoro* at ni Jose Natividad bilang pangulong bayan sa kabilang banda.⁶¹⁴



LARAWAN 38: ARCHIVO GENERAL MILITAR DE MADRID: LEGAJO, 197

Napagpaunang nabalitaan nang hanay nina Tanyag at Natividad ang magsisilusob na mga katipunero sa pangunguna ni Gregorio Santos. Ito ay naganap sa hangganan ng lugar sa pagitan ng pangulong nayon ng Santa Ana at ng Subaan bilang pagtatangka ng pangkat nina Bokes na ilitgas o “agawin” ang mga nadakip na mga katipunerong kapanalig na sina: Manuel de Borja, Diego Fortis, Victorino Gregorio, Natalio Navarro, Fabian de la Cruz, Emigdio Mojica, at Matero Francisco na patungong piitan sa Intramuros.⁶¹⁵ Ang pagpang-abot ng

⁶¹² Sa petsa ng Marso 1896 ito inilalagay ni Pagtakhan. Subali’t mas tiyak na Nobyembre ito naganap batay sa pananaliksik ni Encila (2019) mula sa papel na natagpuan sa *El Comercio*. (Cf. Encila, “Historiograpiya ng Taguig,” 80.)

⁶¹³ NAP-SDS I4190: *Medallas del Merito 1882-1898*, s646-647.

⁶¹⁴ Pagtakhan, *Ang Tagig at ang kanyang Kasaysayan*, 19-20.

⁶¹⁵ Lammoglia, *Forgotten Warriors of the Katipunan*, 153-154.



mga putok ng baril at taga ng itak sa dalawang panig ay umabot ng may katagalan. Ngunit sa huli, inabot ng paltik ni Samoro si Bokes at nagawa niya itong pabagsakin at bagsakan ng “suson-susong taga at ulos”⁶¹⁶ dahilan upang maging matagumpay ang pwersa ng pamahalaan laban sa mga mapanghimsik sa Taguig at nagbunga rin ng pagpapasiya kinalaunan ng Hukuman ng Maynila na bumilang ng dagdag na pwersa ng mga *guardia civil* at *cazadores* mula sa Pasig.⁶¹⁷

Kinalaunan, isang buwan matapos ang engkwentro noong Setyembre 1896, nagkaroon ng paglalabas ng isang sulat-paanyaya na pirmado nina Juan Nakpil (Giliw) at Isidoro Francisco (Añora) na inatasan ni Bonifacio bilang mataas na Pang-ulo ng Hukbo sa Dakong Hilaga ng Maynila⁶¹⁸ noong Disyembre 14, 1896 sa mga pang-ulo ng bayan ng Mandalayong, Pasig, Taguig, Tipas, at Patero hinggil sa isasagawang pagpupulong ng Katipunan para sa binabalak na pagsalakay sa Pasig.⁶¹⁹ Ang naturang sulat-paanyaya ay mula sa kautusan ni Emilio Jacinto kay Isidoro Francisco noong Disyembre 8, 1896 hinggil sa marapat na pagsasagawa ng pagpupulong at pagpapalaganap ng isang sirkular sa mga pang-ulo ng bawat bayang nabanggit upang maipatalastas ang ginagayak na paglusob.⁶²⁰ Mapapansin din sa liham na hiwalay ang Tipas sa pueblo matriz nitong Taguig taglay-taglay pa rin ang diwa ng pagsasarili matapos ang bigong paghiwalay bago ang 1896.

Opensibang Rebolusyonaryo ng ‘97

Nagkaroon ng pagpupulong ang mga katipunero sa Taguig sa buwan ng Disyembre hinggil sa gagawing pagpapasya sa nalalapat na pagbitay ni Rizal. Sa naisagawang pagpupulong ay napagkasunduan ang pagpapadala ng sugo na tutungong Cavite upang humingi ng tulong kay Heneral Emilio Aguinaldo para sa tinatangkang paglusob sa ika-20 ng Disyembre 1896, araw ng linggo, sa kumbento ng Taguig kung saan nakahimpil ang mga Kastila.⁶²¹ Hindi nakapunta si Aguinaldo subalit magkagayunman ay nagpatuloy sa takdang araw ng linggo ang binabalak na madugong paghihimsik ng mga Taguigueno. Itinaon ito sa araw ng linggo sapagkat panahon ito ng pagsisimba, at madaliang maisasakatuparan ang plano sapagkat naroroon ang mga sundalong Espanyol na nagsisimba tuwing araw ng linggo. Pinagpasyahan sa naturang pagpapalano na

⁶¹⁶ Pagtakhan, *Ang Taguig at ang kanyang Kasaysayan*, 20.

⁶¹⁷ Encila, “Ang Taguig-Pateros at ang Himagsikan ng 1896-1897,” 171.

⁶¹⁸ Mataas na Sangunian ng Hilaga na nakabase sa Pantayanin at nakasasaklaw sa mga lalawigan ng Maynila, Morong, Bulacan at Nueva Ecija.

⁶¹⁹ *Vide* Archivo General Militar de Madrid. Legajo, 1.97.

⁶²⁰ Richardson, *The Light of Liberty*, 273-275.

⁶²¹ Pagtakhan, *Ang Taguig at ang kanyang Kasaysayan*, 22.



walang magsisimbang babae at bata sa araw na itinakda, samantalang ang mga lalaking katipunero na magsisipagdalo naman ay magsusukbit ng *daga*. Sa punto ng ritwal ng pagluhod ay sabayang pagsasaksakin ng mga katipon ang mga magsisipagsimbang mga pwersang Espanyol.⁶²² Sa kasamaang palad, hindi natuloy ang plano sapagkat natunugan ng mga Kastila ang pinaplanong pagsalakay sanhi upang walang Kastilang dumalo sa naturang araw ng pagsimba. Ang mga *katipon* na buhat sa Cavite, na marahil ay ipinadala ni Aguinaldo, na nangagkubli sa mga bahayan malapit sa simbahan ay lihim na nagsiuwi pabalik sa Cavite.



LARAWAN 39: KONSEHO NG TRIBUNAL MUNICIPAL DEL PUEBLO DE TAGUIG
(PAGTAKHAN 1963)

Muling nagkaroon ng pagsasagawa ng kahalintulad na plano nang sumapit ang pagbitay kay Rizal noong Disyembre 30, 1896 na higit lalong nagpaningas sa damdaming mapanghimagsik ng bayan. Ang mga katipunero ng Pateros mula sa Balangay Magtanggol ay nagsipagsadya kay Heneral Emilio Aguinaldo upang lusubin ang kampamento ng Cazadores hindi lamang sa Pateros kung hindi maging sa kanugnog nitong bayan na Taguig. Katulad ng naunang naudlot na plano, itinaon ito sa panahon kung kailan magtitipon upang magsipagsimba ang mga “kaaway” sa panahon ng bagong taon na siyang planong

⁶²² Pagtakhan, *Ang Tagig at ang kanyang Kasaysayan*, 22-23.



minagaling nina Aguinaldo. Ayon sa gunita ng himagsikan⁶²³ ni Aguinaldo hinggil sa pagpunta ng mga taga-Pateros:

Dumating ang ilang mga kapatid natin sa Katipunan na taga-Pateros, na humingi ng tulong upang lusubin ang kampo ng Cazadores sa kanilang bayan at ganoon din sa Taguig. Buong galak kong tinanggap ang ganitong panukala kaya't aking pinaghanda ang aming mga kawal.⁶²⁴

Bahagi ng paghahanda sa paglusob ay ang integrasyon ng mga natitirang pwera sa pamumuno ni Hen. Edilberto Evangelista at Hen. Crispulo Aguinaldo isang araw matapos ang nabigong labanan sa *Hacienda de Tunasancillo* sa Muntinlupa noong Disyembre 23, 1896 sa pwera ng hukbo ni Aguinaldo.⁶²⁵ Kapagdaka'y agarang naisakatuparan ang opensibang rebolusyonaryo sa Taguig sa tulong ni Heneral Aguinaldo na agad na tumungo sa bayan noong gabi ng katapusang araw ng Disyembre 31, 1896 bilang malugod na pagtanggap sa paanyaya ng mapanghimsik ng Pateros at Taguig. Kasakasama nito sa kaniyang hanay patungong Taguig sina Hen. Mariano Noriel at Hen. Pio del Pilar, kung saan ang unang layunin ay matawid sa pagsapit ng liwanag ng pagsisimula ng Bagong Taon ang bayan ng Taguig.⁶²⁶

Sa dakong ito ay una nilang pinuntahan ang kumbento ng Taguig bago tumungo sa Pateros. Ngunit bago pa man ang pagtungong ito ay may kasunduan na sila sa mga katipon ng Taguig na tataliba lamang ang pwera nina Aguinaldo habang ang mga Taguigueno ang siyang unang kakana sa pamamagitan ng paunang pagaagaw ng armas sa simbahan ng Santa Ana. Sa kasamaang palad, hindi nasunod ng mapanghimsik ng Taguig ang kasunduang ito kaya naman pagdating nina Aguinaldo sa Taguig ay lubos labis ang naging pagkaantala at hindi kaagad naisakatuparan ang pagsalakay. Napagalaman o inasahan na din ng mga nakapaghandang Espanyol ang gagawing pagsalakay at bunga nito ay pinaghandaan nila ang matagumpay na pagtatayo ng mga baterya sa simbahan ng bayan.⁶²⁷ Ayon kay Carlos Ronquillo hinggil sa pagkayamot ni Aguinaldo sa sitwasyon:

⁶²³ Emilio Aguinaldo, *Mga Gunita ng Himagsikan* (Manila: National Centennial Commission, 1998).

⁶²⁴ Aguinaldo, *Mga Gunita ng Himagsikan*, 185.

⁶²⁵ Medina, *Ilang Talata Tungkol sa Paghihimagsik nang 1896-1897*, 362.

⁶²⁶ Jose Rhommel Hernandez, *Kasaysayan ng Paghihimagsik ng mga Pilipino sa Kabite ni Don Telesforo Francisco* (Quezon City: Philippine Dominican Center of Institutional Studies, 1999), 165.

⁶²⁷ Pagtakhan, *Ang Taguig at ang kanyang Kasaysayan*, 23.



Kaya't nang ang ating Pangulo sa Digma ay magtamong ngawit sa pag-aantabay at nang matanto ang gayong nangyari ay sinibulan ang kanilang puso ng isang pagkagalit na hindi nakuhang timpiin sa loob na siyang naging sanhi ng kagulat-gulat at nakapaninimbang na labanang ito, at, sinugba ang maraming bilang na kakaawayin sa ulo ng ilang pung baril at kulang na kulang sa madlang kasangkapan.⁶²⁸

Umpisang umalingawngaw ang putuka't pakikipaghamok sa oras ng alas dos ng hapon. Sinubukang palibutan ng mga mapanghimagsik ang simbahan at likod ng *tribunal municipal* ng Taguig na kinatatayuan ng kasalukuyang *Plaza Quezon*. Mayroong nagpapaputok mulang nayon ng Bambang ng mga parkunete o munting kanyon ng mga mapanghimagsik na sinuklian naman ng pagpapaputok mula sa binatang at kampanaryo ng simbahan mula sa pangkat ng mga Espanyol. May nagsusumikap din na baretahin at palakulin ang makapal ng dingding ng simbahan upang makalikha ng daanan papasok sa loob ng kumbento kung saan nakalunan ang mga Kastila.⁶²⁹ Mangyari pa, nagkaroon din ng pagsusunog sa isang malaking bahay na pagmamay-ari ng pamilya Yamzon sa layong sindakin o “darangin sa init ng apoy” ang mga Kastilang nagkukubkob sa loob ng simbahan at kumbento.⁶³⁰ Dahil sa matigas na paninindiga't simbuyo ng mga Espanyol ay hindi sila napilitang lumabas sa likod ng panggigipit ng mga mapanghimagsik.

Bunga nito ay nahati sa dalawang pulutong ang hukbo, kung saan ang isa ay nanatili sa Taguig sa pamumuno ni Heneral Mariano Noriel na binilinan ni Heneral Emilio Aguinaldo na maging alerto sa alinmang pwersang tutulong sa mga nangagkukubli sa simbahan⁶³¹ habang ang isang hukbo naman sa pamumuno ni Hen. Pio del Pilar ay minabuting tumungo sa Pateros kasama si Aguinaldo. Ang atas ni Aguinaldo kay Noriel ay propetiko yayamang bagama't naaamoy na ang pag-asang mapagtatagumpayan ang pagsalakay sa Taguig ay ang katotohanang pinaudlot ito ng mga dagdag na pwersang Espanyol mula sa iba't-ibang bahagi ng kanugnog-bayan ng Taguig.⁶³² Sa pakikidigmang ito ay naging malinaw ang papel ng estratihikong lokasyon ng Taguig-Pateros-Pasig sa buong larawan ng himagsikan. Ang Pateros na siyang pintuan patungong wawa ng Taguig, at ang Taguig-Pasig bilang espasyong tagpuan na nag-uugnay sa pagitan ng Maynila at ng lawa ng Laguna. Batid ni Aguinaldo ang estratihikong espasyo ng Pateros at Taguig na ideyal sa pagkontrol ng mga kalakal at mobilisasyon ng mga pwersa

⁶²⁸ Medina, *Ilang Talata Tungkol sa Paghihimagsik nang 1896-1897*, 721.

⁶²⁹ Pagtakhan, *Ang Tagig at ang kanyang Kasaysayan*, 24.

⁶³⁰ Ibid.

⁶³¹ Aguinaldo, *Mga Gunita ng Himagsikan*, 185.

⁶³² Medina, *Ilang Talata Tungkol sa Paghihimagsik nang 1896-1897*, 364.



buhat sa Laguna patungong Maynila at mulang Maynila patungong Laguna. Ito ang dahilan kung bakit magiging mahalaga bilang sentro ng digmaan ang Taguig-Pateros noong 1897. Makikita ito sa likod ng mga pagkilos ng mga pwersa nina Heneral Mariano Noriel na nasa Santa Ana, Taguig, ni Heneral Pio Del Pilar na nang makadako sa Pateros ay naatasan ni Aguinaldo na magtungo sa wawa ng Napindan, Taguig upang bantayan at harangan ang alinman tataliba't aabuloy na Espanyol na manggagaling sa Laguna, habang si Aguinaldo naman ay pumwesto sa Malapad na Bato upang harangan naman ang mga pwersang Espanyol na tataliba't manggagaling sa Pasig at Maynila.⁶³³ Mistulang pormasyong tatsulok ang hinirayang taktikang militar na mapapansing nakalunan sa bawat lagusan.

Dangang kontrolado ng mga mapanghimagsik ang primaryang lagusang tagpuan sa pagitan ng lawa at ng ilog Pasig ay matagumpay nitong nahaharangan ang alinmang mga probisyon o mga kalakal buhat sa mga casco, at mga bapor na ang lunan ay mga *cazadores* at *guardia civil* na nagtangkang umabuloy na siyang nagbigay ng moral na pagtaas sa mga mapanghimagsik.⁶³⁴ Naging bahagyang matagumpay man ang unang araw ng “pagbabangon”, hindi dito nagtapos sa araw na ito ang pakikidigma. Sa katunayan, ang noo’y Konsul na Pranses na nakadestino sa Pilipinas na si Guillaume de Berard ay nagbigay ulat hinggil sa walang tigil na engkwentro mulang Enero 1 sa probinsya ng Manila, Bulacan, Pampanga, Laguna, Batangas, Bataan atbpa. Kinabukasan ng Enero 2 ay nagpatuloy pa rin ang putukan sa simbahan ng Taguig at may pahiwatig na ng “pagsuko” ang pwersang Espanyol na nagkakanlong sa loob dahil sa mga panyong puting kanilang inilaladlad.⁶³⁵ Naitala din ni Berard ang mga naging pagkilos nina Aguinaldo sa bayan ng Taguig at kontra-opensiba ng pwersang Espanyol sa pamumuno ni Heneral Galvis na sa panahong ito ay sakay ng lantsang *Otolora* na dumaong sa Napindan upang saklolohan ang nakapinid na mga pwersang Espanyol sa Taguig, ani niya:

But in the village of Taguig, which is part of the province of Manila and located along the banks of Laguna Lake, insurgents aided by reinforcements from Cavite laid siege to a company of chasseurs for 48 hours. After a long and hard fight, a column reinforcements sent by General Galvis, came to the assistance of the soldiers and chased off more than 4,000 insurgents.⁶³⁶

⁶³³ Aguinaldo, *Mga Gunita ng Himagsikan*, 186.

⁶³⁴ Encila, “Ang Taguig-Pateros at ang Himagsikan ng 1896-1897,” 183.

⁶³⁵ Aguinaldo, *Mga Gunita ng Himagsikan*, 188.

⁶³⁶ Ma. Luisa Camagay, *French Consular Dispatches on the Philippine Revolution* (Quezon City: University of the Philippines Press, 1997), 10.



Tumutugma ang bilang ng mahigit 4,000 na pwera ng mapanghimagsik sa gunita ni Tomas Espejo na Kura Paroko ng Pateros sa kaniyang pakikipagupas kay Emilio Aguinaldo sa loob ng kumbento ng Pateros na nasa mahigit 3,000 ang bilang na pwera, at 1,500 dito ay may mga baril.⁶³⁷ Ganito din maging sa mga *telegramas oficiales* na nailathala sa pahayagang Espanyol tulad ng *El Dia*⁶³⁸ at *La Epoca*⁶³⁹ na noong Enero 4, 1897 dalawang araw matapos ang ikalawang araw ng pagsalakay noong Enero 2, 1897. Bunga ng pag responde sa pamumuno ni Heneral Francisco Galvis ng hukbong Espanyol ay napilitan si Aguinaldo lisanin ang Pateros upang tulungan ang mga mapanghimagsik sa Napindan. Bigong masupil ng hukbong Pilipino ang malaking bilang ng pangkat nina Heneral Galvis bunga na rin malaking bilang ng kaaway at marahil ng pagkaubos ng probisyon tulad ng mga amunisyon sanhi upang mapilitang umurong palihim ng hating gabi patungong Bacoor, Cavite ang mga mapanghimagsik⁶⁴⁰ kasa-kasama ang koadyutor ng Pateros at mga pera at kalakal na kanilang nakulimbat.⁶⁴¹ Gayundin, kasama patungong Cavite ang mga bihag na Taguigueno tulad nina Mang Titoy na organista ng simbahan ng Santa Ana, Nicolas Malanay, Claudio Natividad, at Juan Juta na teniente mayor na pinakawalan din makalipas na makarating sa Imus.⁶⁴²

TALAHANAYAN 5: MULA SA PAGTAKHAN (1963, 78)

MGA TAGUIGUENONG MAY KATUNGKULAN SA HUKBO NG MAPANGHIMAGSIK	
Domingo Motas Cruz	Mariscal de Campo
Pablo B. Santos	Komandante
Pantaleon Roldan	Komandante
Felipe Rayos del Sol	Komandante
Baltazar Capistrano	Komandante
Simplicio Tolentino	Kapitan
Juan Cruz	Kapitan

⁶³⁷ Tomas Espejo, "Una Pagina de la Revolucion Filipina," nasa *Apuntes Historicos de la Provincia Augustiniana recopilados*, pat. Bernardo Martinez (Madrid: Imp. del Asilo de Huerfanos del S.C. de Jesus, 1909), 500.

⁶³⁸ D.n, "De Filipinas-Ataques de los Rebeldes,-Batidas.-Bajas.-En Bulacan y Bataan," *El Dia*, 1/4/1897, 3.

⁶³⁹ D.n, "Movimiento Separatista en Filipinas (Telegramas Oficiales): Operaciones en Taguig y Pasig-Derrota del Enemigo-Ataque un Vapor en la Laguna," *La Epoca*, 1/4/1897, 1.

⁶⁴⁰ Artemio Ricarte, *Himagsikan nang manga Pilipino laban sa Kastila* (Yokohama: 1927), 39.

⁶⁴¹ Medina, *Ilang Talata Tungkol sa Paghihimagsik nang 1896-1897*, 364.

⁶⁴² Pagtakhan, *Ang Tagig at ang kanyang Kasaysayan*, 25.



Ang kabiguang maagaw ang bayan ng Taguig sa obserbasyon ni Ronquillo ay naging puno ng pagtatangis lalo pa't "nang malaman nilang tumakas ang ating hukbo ay nangagsisunod ang buong bayan na luha-luhaan ang mata".⁶⁴³ Samantalang natalos naman ni Aguinaldo na ang kanilang pag-alis dulot ng kabiguang yaon ay nagdulot at paghahari ng "katakot-takot na kalungkutan...sa Pateros at Tagiik..."⁶⁴⁴ Magkagayunpaman, karamihan sa mga Tagiik na kasama nina Heneral Emilio Aguinaldo na lumikas patungong Cavite ay ipinagpatuloy ang paghihimagsik at naging kabilang sa Opensibang Lachambre sa Cavite mulang Pebrero hanggang Marso ng 1897⁶⁴⁵ na nagbuwis ng buhay sa digmaan sa Zapote at Molino. Ilan sa mga nakibaka ay sina Felipe Rayos del Sol, Pablo Santos, Pantaleon Roldan, Baltazar Capistrano, Simplicio Tolentino atbp. Nasawi naman si Domingo Motas Cruz na noo'y Mariscal de Campo. Habang ang labanan sa Dasmariñas noong Pebrero 25, 1897 ang mga Taguigueno na sina Juan Mendiola, Leon Ison at Remigio Espiritu na mga taga-nayon ng Santa Ana, Taguig maging ang iba pang mga mapanghimagsik na hindi napangalan ay nangabuwal. Sa kabilang dako, naitala naman sa labanan ng Pintong Bato at Molino ayon sa gunita ni Heneral Pantaleon Garcia ay mayroong mga *Tagiig* at Muntinlupa na kabilang sa kaniyang hukbong sandatahan.⁶⁴⁶

Sa likod ng lahat nang ito, matapos muling mabawi ng mga Espanyol ang probinsya ng Cavite, noong Marso 30, 1897 ay naitala mula sa telegrama ni Gobernador Heneral Camilo Polavieja ang mahigit 178 Taguiguenong mapanghimagsik na umuwi mula sa kani-kanilang mga bayan buhat sa panunuluyan ng Cavite na nailimbag sa *El Dia*⁶⁴⁷ at *La Publicidad*.⁶⁴⁸

SA HARAP NG BAGONG LUMIPAS (1898 M.K - 1899 M.K)

Matapos ang hindi makatuwirang pagbebenta ng rebolusyon matapos ang kasunduan sa Biak-na-bato noong Disyembre 14, 1897, bumalik si Aguinaldo mula Hongkong noong Mayo 19, 1898 upang maipagpatuloy ang digmaan laban sa Espanyol. Ilang linggo lamang mula rito ay mayroong naging liham si Pio Del

⁶⁴³ Pagtakhan, *Ang Tagig at ang kanyang Kasaysayan*, 25-26.

⁶⁴⁴ Emilio Aguinaldo, *Mga Gunita ng Himagsikan*, 188.

⁶⁴⁵ Pagtakhan, *Ang Tagig at ang kanyang Kasaysayan*, 78.

⁶⁴⁶ Pantaleon Garcia, *Maikling Kasaysayan ng Himagsikan sa Pilipinas* (Manila: Dalaga, 1930), 15.

⁶⁴⁷ D.n, "En Filipinas: Noticias Oficiales," *El Dia*, Martes 30 de Marzo de 1897, 3.

⁶⁴⁸ D.n, "Detalles de las presentaciones," *La Publicidad*, Marso 30, 1897, 3.



Pilar kay Emilio Aguinaldo noong Mayo 31, 1898 sa kahandaan ng kaniyang hukbo sa alinmang kautusang pagsalakay.⁶⁴⁹ Ayon sa naturang ulat, bukod sa Las Piñas na mayroong 500 na mga boluntaryong nasasailalim sa kaniyang kapangyarihan, mayroon din namang pangkat ng mahigit 400 na mapanghimagsik na nakaestasyon sa *Tagui-ik* na handang sumunod sa alin mang hudyat mula kay Aguinaldo sa ilalim ng pamumuno ng isang Fernando Acevedo. Natanggap sa kaparehong araw ni Aguinaldo ang liham na ito, na pormal na nag-uutos nang pagsalakay sa mga posisyon ng mga pwersang Espanyol. Aniya:

...If the troops in the trenches in front of Zapote Bridge, jurisdiction of Las Piñas, are really our enemies, they will be attacked from the rear; those in the town of Las Piñas will also be attacked and as far as Malibay, Pateros, *Tagui-ik* and Pasig. You will stop all operations against Santa Ana, Pasay, San Pedro...⁶⁵⁰

Isang buwan matapos nito ay matagumpay na makapagtatag ng isang nagsasariling Pamahalaang Diktatoryal sa maikling panahon sina Pangulong Emilio Aguinaldo bunga ng pagkakadeklara ng kalayaan noong Hunyo 12, 1898. Nagawa nitong makapagdeklara ng pagsasarili sapagkat panahon ito kung kailan napasakamay na ng mga Pilipino ang karamihan sa mga bayan sa Luzon maliban sa Intramuros at Cavite.⁶⁵¹ Makalipas lamang ang ilang araw ng matagumpay na rebolusyon ay naglabas ng atas si Aguinaldo upang hatiin ang buong Probinsya ng Maynila sa apat na zona. Layunin nito na mapanatili ang katiwasayan ng pamumuhay sa pamamagitan ng paghahati sa buong Probinsya ng Maynila sa apat na bahagi. Ang Taguig ay kabilang sa segunda zona na kinabibilangan ng mga kanugnog nitong mga bayan tulad ng Makati, Pateros, Pasig at Santa Ana.⁶⁵² Pinamunuan ito ng hukbo sa pangunguna nina Heneral Pio del Pilar



LARAWAN 40: SELYO NG PRESIDENCIA LOCAL NG TAGUIG

⁶⁴⁹ John R.M Taylor, *The Philippine Insurrection against the United States: A Compilation of Documents with Notes and Introduction*, Tomo 3 (Pasay City: Eugenio Lopez Foundation, 1973), 55.


⁶⁵⁰ *Ibid.*, 55-56.

⁶⁵¹ Agoncillo, *History of the Filipino People*, 193.

⁶⁵² Taylor, *The Philippine Insurrection against the United States*, Tomo 3, 126-127.



bilang ikaunang tagapanguna o 1st in command at Heneral Luciano San Miguel na ikalawang tagapanguna 2nd in command.⁶⁵³



LARAWAN 4I: LIHAM PAGTANGGAP NI BALTAZAR CAPISTRANO

Sa maikling panahong ito ay nagawa at nakalaspang ang bawat bayan sa ilalim ng nagsasariling pamahalaan na mapangasiwaan ito ng Pangulong Bayan at ng mga Pangulong Nayon na pinamamahalaan ng mga Pilipino. Sa naganap na *Asembleya sa Bacoor* noong Agosto 1, 1898 mahigit dalawang daang *Presidente Locales* ang naitalang lumagda sa *Acta de la Proclamacion de la Independencia del Pueblo* mula sa iba't-ibang mga lalawigan. Bagama't may *Acta* noong Hunyo 12, na isinabalangkas nina Ambrosio Rianzares Bautista, hindi ito nilagdaan ni Aguinaldo dahil kasangkot sa pagbubuo ng naunang *Acta* ang mga Amerikano na siyang wala sa rebisadong nilalaman ng *Acta* ng Agosto na nililok ni Apolinario Mabini. Isa sa mga lumagda rito upang bigyang lehitimasyon ang Gobyernong Rebolusyonaryo ni Emilio Aguinaldo ay isang nagngangalang Baltazar Capistrano⁶⁵⁴ na pinanghawakan ang tungkulin sa pagka-Pangulong Bayan ng Taguig mula sa pagitang taon ng Hunyo 12, 1898 hanggang Marso 16, 1899. Samantala, liban kay Capistrano, si Pablo Santos naman ang naging taga-ingat yaman, at si Jacinto Manalo ang naitalagang kalihim ng bayan.⁶⁵⁵

⁶⁵³ Ibid., 219.

⁶⁵⁴ Emmanuel Calairo, *Proclamation: Philippine Independence: The Truth about August 1, 1898. Bacoor Assembly: A Historiographical Inquiry* (Bacoor: City Tourism Development Office & Office of the Mayor, 2019), 202.

⁶⁵⁵ Pagtakhan, *Ang Tagig at ang kanyang Kasaysayan*, 26.



Sa pamumuno nito ay malugod na tumanggap ng atas si Capistrano sa ilalim ng Gobyernong Diktatoryal hinggil sa pagpapanatili sa “*Taguig*” bilang pangalan ng, at pagbaybay sa, pangalan ng bayan.⁶⁵⁶ Nilagdaan niya ito noong Hunyo 22, 1898 na dising sana’y nagtuloy-tuloy ay mananatili sanang siyang paraan ng pagbaybay sa pangalan ng bayan hanggang sa kasalukuyan. Gayundin, nakasama rin si Capistrano noong Agosto 3, 1898 nang magkaroon ng halalan sa Cavite para sa lupon na bubuo sa Sangguniang Panlalawigan ng Maynila.⁶⁵⁷ Habang sa kabilang dako, matatandaan na si Baltazar Capistrano din at mga delegado ng Taguig ang isa sa mga nag-petisyon na may petsang Oktubre 20, 1898 upang panatilihin si Pio del Pilar sa segunda zona. Ito ay bilang pagtatangka nina Aguinaldo na ilayo si Pio sa Maynila matapos ang sunod-sunod na hindi magandang kilos na maaaring makasagabal sa noo’y nagaganap na tratado sa Paris. Ayon sa naisatitik ni Capistrano sa naturang liham:

Alinsunod po sa balitang aming tinanggap na ang Kagalangalang na Heneral nitong segunda zona, G. Pio del Pilar ay malilipat sa ibang lalawigan, sa bagay na ito ay itinataghoy po namin sa kabagsikan ng Gobyernong pinipintuho ng lahat na mamarapatin na siya’y panatilihin na sa zonang ito.⁶⁵⁸

Magkagayunpaman, hinalinhan din kinalaunan si Pio del Pilar ni Hen. Artemio Ricarte bilang Pinuno ng Operasyon sa segunda zona sa huling bahagi ng 1898, matapos hirangin si Pio del Pilar bilang representatibo ng Probinsya ng Negros Occidental ni Aguinaldo upang mailayo sa kaniyang rebelyosong pamumuno sa Maynila.⁶⁵⁹ Katunayan, sa gunita ni Gregorio Flores ng Sangguniang Magtanggol ng Pateros, naitala nito na minsang naging ginawang himpilan o *headquarters* ni Ricarte ang sementeryo ng “Taguig” sa Tuktukan bago lumipat patungong Muntinlupa.⁶⁶⁰

⁶⁵⁶ “Decrees, Orders and Circulars 1898-1900: Town Authorities and related documents,” Pambansang Aklatan ng Pilipinas, muling inakses: Oktubre 12, 2023, <https://rb.gy/wr5cr>.

⁶⁵⁷ Taylor, *The Philippine Insurrection against the United States*, Tomo 3, 283-284

⁶⁵⁸ Philippine Insurgent Records, “Petition signed by Local Pres. Batasar Capistrano of Taguig and his delegates refusing the transfer of G. Pio del Pilar,” October 20, 1898, OAG 460309, encl. 305 AGO, Control No. 4-221.

⁶⁵⁹ Ochoa, *Pio del Pilar and other Heroes*, 77.

⁶⁶⁰ Cf. Gregorio Flores, *Ang Pateros at ang Pakikihimagsik nito* (n.p.: 1928), 69. Ang sementeryo ng Taguig na ginawang himpilan ni Ricarte ay ang mismong himlayang pinagdausan ng arkeyolohikal na paghuhukay nina Beyer. Sa ganang ito, mahalagang banggitin at maiugnay ang isang “*old bullet, of Spanish origin*” na natagpuan nina Beyer sa himlayan ng Taguig. Para rito mainam na sangguniin ang Apendise I.



TALAHANAYAN 6: MGA TAGAPANGULO NG BAWAT NAYON


MGA PANGULO NG BAWAT NAYON SA TAGUIG (1898)	
Antonio Cruz	Santa Ana
Pantaleon Roldan	Tuktukan
Silvestre Buenaventura	Ususan
Hermogenes San Juan	Calzada
Mateo San Pedro	Palingon
Leocadio Mariano	Tipas
Victor Magsalin	Ibayo- Tipas
Pedro Esguerra	Napindan
Isabelo Bautista	Bambang
Marcelo Manuel	Wawa
Claro Cuevas	Hagunoy
Juan Cruz	Bagumbayan
Liberato Mariano	Bikutan

TALAHANAYAN 7: ZONA NG MAYNILA

Unang sona (Mariano Noriel)	Bacoor, Las Pinas, Paranaque, Malibay, Pineda at Malate
Ikalawang sona (Pio del Pilar)	Makati, Pateros, Taguig, Pasig at Santa Ana
Ikatlong sona (Antonio Montenegro, Luciano San Miguel, Licerio Geronimo)	Mandaluyong, Pandacan, San Juan del Monte, San Francisco del Monte, San Mateo, Montalban at Marikina
Ikaapat na sona (Pantaleon Garcia)	Caloocan, Novaliches, Tambobong, Navotas



Katulad ng alam na natin, hindi nagtagal ang pagsasariling ito, sapagkat ang bubot na republikang naitatag nina Aguinaldo sa Malolos noong Enero 23, 1899 ay kumaharap sa panibagong daluyong ng kolonisador. Ito ay matapos na mapagkasunduan ang Tratado sa Paris ng Disyembre 10, 1898 na nagbibigay bisa sa paglilipat ng bagong kolonyal na panginoon sa halagang \$20 milyon.⁶⁶¹ Masusundan ito ng deklarasyon ng *Benevolent Assimilation* ni William McKinley na naglalalatag ng tunay na mukha at intensyon ng mga Amerikano hinggil sa asersyon ng kanilang soberanya sa buong sangkapuluhan. Bunga nito ay tuluyang mapapasakamay ng mga Amerikano ang Pilipinas na magdudulot ng pagkapoot sa mga Pilipino na ang magiging ruok ay ang pagputok ng digmaang Pilipino-Amerikano noong Pebrero 4, 1899.



MAPA I3: SCENE OF THE FIGHTING NEAR MANILA, 1899
[[HTTPS://TINYURL.COM/2YW7XN3T](https://tinyurl.com/2YW7XN3T)]

Naitala ni Pagtakhan ang ukol sa digmaang Pilipino-Amerikano sa Taguig kung saan nito nabanggit na ang mga Taguigueno ay kasama sa mga unang sagupaan nang lumusob ang mga Amerikano sa Santa Ana, Manila at Makati noong Pebrero 1899 upang pigilan ang pagtulak ng mga Amerikano patungong lawa. Sa labanang ito ay pinanganlan namatay ang mga Taguigueno na sina Kapitan Gregorio Guerrero at Sarhento Pablo Pagtakhan habang nangasugatan sina Kapitan Honorio Musni at Teniente Esteban Estacio.⁶⁶² Samantala, Pebrero 6, 1899 naman ng ang mga mapanghimagsik ng Taguig ay nakalasp ng pansamantalang pagkapanalo matapos talunin ng pangkat ng mga Taguigueno

⁶⁶¹ Agoncillo, *History of the Filipino People*, 211-212.

⁶⁶² Pagtakhan, *Ang Tagig at ang kanyang Kasaysayan*, 78.



ang pwersang Amerikano sa pamumuno ni Gen. Loyd Wheaton sa burol ng Fort Bonifacio sa Taguig.⁶⁶³ Ang isang pahayagan na nailathala sa *La Union Iberica* noong Pebrero 11, 1899, ay nag-uulat na ang nanguna sa pagdepensa sa Taguig sa panahong ito ay ang kapatid ni Rizal na si Paciano, at si Pio del Pilar.⁶⁶⁴ Ang mga pagkilos na ito ay isang implikasyon sa patuloy na halagang ginampanan ng nagpapatuloy na bisa ng heyograpikal na espasyo at estratihikong lokasyon ng Taguig bilang entablado ng digmaang Pilipino-Amerikano. Katunayan, naglatag ng isang plano at kautusan si Aguinaldo noong Abril 22, 1899 mula sa Baliwag na nag-uutos nang pagsalakay sa tatlong pintuan ng lawa—ang Taguig, Pasig, at Pateros bilang paraan upang makapitalisa ang limitadong oras at nalalabing salapi ng bubot na pamahalaan.⁶⁶⁵

Magiging malinaw ang motibasyon sa likod ng kautusang ito, kung titingnan ang mga pangyayari bago ang Abril 1899 kung saan naging sentro ng digmaan ang Taguig bilang bahagi ng masaklaw na *Manila Campaign* na pinaglaban mulang Pebrero hanggang Marso ng 1899. Layunin ng *Manila Campaign* na upang mabisang mapasuko ng mga Amerikano sina Aguinaldo at masukol ang sentro-de-grabidad ng hukbong Pilipino na nasa Malolos ay kinailangan muna na mapilayan ang komunikasyon at suplay ng pagkain at armamento na malayang idinadala sa kahabaan ng ilog Pasig. Upang maisakatuparan ito ay naglinang si Major General Elwell Otis ng isang planong pagkubkob sa ilang mga susing lokasyon tulad ng ilog Marikina, ilog Taguig, at ilog Pasig hanggang baybay lawa ng Laguna de Bay para sa kanilang opensibang militar.⁶⁶⁶ Dito niya inatasan si Brigadier General Loyd Wheaton na bumuo ng *provisional brigade* na tinawag na *Wheaton's Flying Column* na may tatlong pangunahing layunin sa pagkubkob. Una, mahahadlangan sa pamamagitan ng estratihyang militar na ito ang komunikasyong militar sa pwersa ng mga Pilipino na nasa katimugan—i.e. Cavite, Batangas at kahalagaan—i.e. Marikina, Morong, Bulakan⁶⁶⁷ at pwersahin na maglakbay ng malayo patungo sa silanga't kabilang bahagi ng baybay lawa. Pangalawa, sa pamamagitan ng pagkontrol sa mga naturang lugar ay ang episyenteng mobilisasyon ng mga pwersang Ingles, at

⁶⁶³ D.n, *Taguig: The People's Book*, 46.

⁶⁶⁴ D.n, "La Guerra en Filipinas," *La Union Iberica*, Pebrero 11, 1899.

⁶⁶⁵ Ang dokumentong pinanganlang "Extremely Rare Battle Plan to Attack the Towns of Taguig and Pateros" ay isinubasta ng Leon Gallery sa halagang PHP 642,400. Makikita ito sa: <https://leon-gallery.com/auctions/lot/The-Asian-Cultural-Council-Auction-2021/149/53?fbclid=IwAR2jiHi8l6fNFC1I89qwmxcyTZhOabrm5YYRFIE6NHnAuC4Nk6qgyfXOIog>

⁶⁶⁶ Brian McAllister Linn, *The Philippine War, 1899-1902* (Kansas: University Press of Kansas, 2000), 93.

⁶⁶⁷ D.n, *Report of Major General E.S. Otis, U.S. Volunteers on Military Operations and Civil Affairs in the Philippine Islands* (Washington: Government Printing Office, 1899), 111.



direktang akses sa mga pagkaing agrikultural na siyang magbibigay ng sapat na supply sa mga pwersang militar ng Amerikano na nasa Maynila bilang pangatlong layunin.⁶⁶⁸

Binubuo ang probisyunal na hukbo sa pangunguna ni Wheaton ng 20th *infrantry*, 22nd *infantry*, 1st *Washington*, two *batallions each of 2nd Oregon*, three *troops of the 4th cavalry*, a *light battery of the 6th artillery*, at ang *gunboat na Laguna de Bay* na pinamamahalaan ni Captain Grant ng *Utah Artillery* na tutulong sa “paglilinis” sa baybay-ilog hanggang lawa. Ayon sa dating opisyal ng hukbong dagat ng Estados Unidos at *aide* ni Admiral George Dewey na si Joseph Stickney, sa pamamagitan ng pagtangkang makontrol ang mga susing lokasyon tulad ng Taguig, Pasig at Pateros ay ang tiyak na tagumpay na posesyon ng mga pwersang Amerikano sa buong ilog Pasig, mula look ng Maynila hanggang Lawa ng Laguna.⁶⁶⁹ Naisakatuparan ang pagkukubkob na ito noong Marso 12, 1899 nang ang brigadang binuo upang sumalakay patungong Pasig ay umpisang kumilos patimog. Una itong tumungo sa Guadalupe noong Marso 13 kung saan matagumpay na nasukol ang simbahan nitong pinagkubkuban ng mga mapanghimagsik na lumikas patungong Pasig sa tulong ng *gunboat* ng mga Amerikano na *SS Laguna de Bay*. Tumawid ang hukbong Amerikano patungong ilog Taguig papasok ng Pateros kung saan nakatagpo ng pwersa nito ang malaking bilang ng mga mapanghimagsik ng Pateros at Pasig na nagpamalas ng katapangan matapos makipagpalitan ng putok ng bala laban sa isang batalyon ng 22nd *Regiments of U.S Infrantry* sa pamumuno ng Amerikanong si Heneral Lockwood at *squadron* ng 4th *Cavalry* sa ilalim ni Major Rucker. Sa kasamaang palad ay nasukol din sa kaparehong araw ang pwersa ng mga Pilipino na nasa Pateros na matapos bigong depensahan ang lugar ay tumulak din patungong Taguig upang lumikas.

Sa pamamagitan ng matagumpay na pagkapasok sa Pateros ay paunting nagapang ng hukbong Amerikano ang Taguig na naisakatuparan nila noong Marso 15, 1899 kung saan buong puso at seryosong naganap ang labanan dahil naririto ang konsentrasyon ng mga mapanghimagsik na lumikas mula sa bigong labanan sa Makati, Pateros, Pasig.⁶⁷⁰ Ang dalawang batalyon ng 1st *Washington Volunteer Infrantry* sa pangunguna kapwa nina Major Weisrenburger at Major Canton ay tinangkang sukulin ang bayan matapos makita ang preparasyon

⁶⁶⁸ Karl Irving Faust, *Campaigning in the Philippines* (San Francisco: The Hicks Judd Company, 1899) 147-148.

⁶⁶⁹ Joseph Stickney, *Admiral Dewey at Manila* (Chicago: Imperial Publishing Co., 1899), 337.

⁶⁷⁰ D.n., *Report of Major General E.S Otis, U.S Volunteers on Military Operations and Civil Affairs in the Philippine Islands* (Washington: Government Printing Office, 1899), 111.



ng mga mapanghimagsik ng Taguig na naghahandang depensahan ang bayan.⁶⁷¹ Sumulong ang dalawang batalyon kung saan sila ay nakabihag ng tatlong daan at limampu mahigit na mga Pilipino sa Taguig at matagumpay na naitulak ang mga mapanghimagsik sa baybay-lawa. Matagumpay ang pagkagapi ng mga mapanghimagsik noong Marso 16, 1899 sa Taguig bilang huling pook-tanggulan matapos bumagsak ang Pasig at Pateros.⁶⁷² Naging pansamantalang himpilan at tanggulan ng mga Amerikano ang simbahan ng Santa Ana, na pinanatilihan sa maikling panahon ng dalawang batalyong naatasan sa Taguig.⁶⁷³ Ang tagumpay na masukol ang bayan ay isa sa mga prinsipal na tunguhin ng pag-abanse ng mga Amerikano bilang pook na nasa tagpuan ng pagpasok at paglabas ng lawa bilang estratihikong punto sa kampanya ng mga Amerikano. Kapwa ang Taguig-Pateros-Pasig sa panahong ito ay matagumpay na napasakamay ng mga Amerikano.

Nagkaroon ng pagtatangkang muling pagbawi ang mga mapanghimagsik sa Taguig noong Marso 18 kung saan lumusong sa panganib ang tinatayang mahigit 800 na bilang ng mapanghimagsik sa Taguig at nakapatay ang mga ito ng 19 na tao sa hanay ng mga Amerikano.⁶⁷⁴ Ayon sa historyador ng 2nd *infantry* na si Oskaloosa Smith, ang sagupaang naganap noong Marso 18 ang isa sa mga maituturing na pinakamasiglang labanan sa buong digmaan na umabot nang kinagabihan. Katunayan, isa sa mga napuruhan ng mga mapanghimagsik sa labanang ito ay ang isang Kapitan Frank Jones ng 22nd *infantry* na siyang komandante ng batalyon.⁶⁷⁵ Samakatuwid, matagumpay mang na okupahan ang bayan, hindi nagtagumpay ang Amerikano na “payapain” ang mga Taguigueno dahil sa kanilang masidhing adhikaing lumaya na buong tapang na lumaban. Bunga nito ay nagkaroon ng muling opensiba ang hanay ng mga Amerikano sa pamumuno ni Gen. Wheaton kinabukasan ng Marso 19 bilang “pagpaparusa” sa ipinamalas na “bagsik” ng mga mapanghimagsik.⁶⁷⁶ Sa pamamagitan ng pinagsamang pwersa ng 22nd at 1st Washington ay kinabaka at matagumpay na naitulak ng mga pwersang Amerikano ang mga mapanghimagsik labinglimang-milya hanggang Muntinlupa⁶⁷⁷ at ipinagutos na ang lahat ng mga kabahayan na nasa apat o limang milya ay susunugin sa kahabaan ng baybay-lawa.

⁶⁷¹ Faust, *Campaigning in the Philippines*, 18.

⁶⁷² D.n, “Pasig Again Captured,” *Free Press*, Marso 16, 1899.

⁶⁷³ Pagtakhan, *Ang Tagig at ang kanyang Kasaysayan*, 54-55.

⁶⁷⁴ Faust, *Campaigning in the Philippines*, 150.


⁶⁷⁵ Oskaloosa Smith et al., *History of the Twenty-Second United States Infantry, 1866-1922* (New York: US Government Publication, 1922), 39.

⁶⁷⁶ Stickney, *Admiral Dewey at Manila*, 342.

⁶⁷⁷ D.n, *Report of Major General E.S Otis*, 111.



LARAWAN 32: "WASHINGTON TROOPS AT THE TAGUIG CHURCH."
[[HTTPS://TINYURL.COM/2KWK2DFK](https://tinyurl.com/2KWK2DFK)]



LARAWAN 33: "LOOKOUTS ON THE CHURCH TOP - WATCHING THE FILIPINOS - TAGUIG, PHILIPPINE ISLANDS."
[[HTTPS://TINYURL.COM/YCYCS1IF](https://tinyurl.com/YCYCS1IF)]



LARAWAN 34: "HEROIC WASHINGTON VOLUNTEERS ADVANCING ACROSS AN OPEN FIELD, TAGUIG 1899" [[HTTPS://TINYURL.COM/YARKH8B7](https://tinyurl.com/YARKH8B7)]



LARAWAN 42: THE OPEN FIELD OVER WHICH THE WASHINGTON BOYS CHARGED THE FILIPINOS FROM THE CHURCH TOWER. TAGUIG, P.I. [[HTTPS://TINYURL.COM/52NN8jxv](https://tinyurl.com/52NN8jxv)]



LARAWAN 43: "COMPANIES D AND H, 1ST WASHINGTON VOLUNTEER INFANTRY REGIMENT, FIRING AT FILIPINOS BEHIND THE STONEWALL OF THE CHURCH AT TAGUIG [[HTTPS://TINYURL.COM/4vswmewv](https://tinyurl.com/4vswmewv)]




HEAD OF COLUMN OF 400 INSURGENTS CAPTURED AT TAGUIG, NEAR PASIG.

LARAWAN 44: HEAD OF COLUMN OF 400 INSURGENTS CAPTURED AT TAGUIG, NEAR PASIG
[[HTTPS://TINYURL.COM/FSD4WXCB](https://tinyurl.com/FSD4WXCB)]



LARAWAN 45: COMPANY D, 1ST WASHINGTON VOLUNTEERS, AT TAGUIG CHURCH.
[[HTTPS://TINYURL.COM/4XVKYU5X](https://tinyurl.com/4xvkyu5x)]



LARAWAN 46: THE CHURCH AT TAGUIG; US SOLDIERS ARE POSITIONED BEHIND A STONE WALL, WITH LOOKOUTS ON THE ROOF AND BELL TOWER
[[HTTPS://TINYURL.COM/2KWK2DFK](https://tinyurl.com/2kWK2DFK)]



Matapos ang pagkapanalo ay muling bumalik ang 22nd *infrantry* sa Pateros habang inatasan naman ang 1st *Washington Volunteer* na magtayo ng garison upang panatilihin ang kanilang presensya upang bantayan ang Taguig, Pasig at Pateros. Pormal na nagtapos noong Marso 20, 1899 ang binuong *Provisional Brigade* sa pamumuno ni Gen. Wheaton matapos ang matagumpay na pagkubkob at inatasan ang buong hukbo na bumalik ng Maynila. Isang linggo lamang matapos nito ang itinagal nang makamit nang buong tagumpay ang okupasyon ng mga Amerikano sa mga naturang lugar. Sa ulat ni Gen. Wheaton ay tinatayang mahigit 2,500 ang hinihinalang namatay, napuruhan at nahuli sa hanay ng mga Pilipino.⁶⁷⁸ Sa pamamagitan ng matagumpay na pagkubkob sa lugar ng Taguig-Pateros-Pasig ay nagbigay pagsasakatuparan sa sumunod na plano ni Otis noong Marso 17, 1899 na umopensa sa Malolos o tinatawag na *Malolos Expedition* upang bihagin ang kapital ng bagong tatag na republika ni Aguinaldo at lipulin ang hukbo ng mga Pilipino na sa panahong ito ay nagbakwit sa San Isidro, Nueva Ecija.⁶⁷⁹ Sa kabilang banda, pormal man na nagtapos noong Marso, patuloy na naitala ang pagkakaroon ng iba't-ibang mga engkwentro mulang buwan ng Abril at Mayo.

SA ILALIM NG BAGONG KAAYUSAN (1919 M.K-1942 M.K)

Matapos ang digmaan sa Taguig at matagumpay na pagpapahupa sa mga mapanghimagsik noong taong 1900 ay nagawang maisakatuparan nang pamahalaang kolonyal ang pagtatatag ng gobyernong militar sa pamumuno ni Gob. Hen. Wesley Meritt noong Setyembre 1 sa kaparehong taon. Naging isang ganap na nagsasariling munisipalidad ang Taguig sa pamamagitan ng *General Order No. 4* noong Marso 29, 1900 hanggang sa maging kabilang ito sa bagong tatag na *Probinsya ng Rizal* sa bisa ng Act. No. 137 noong Hulyo 11, 1901.⁶⁸⁰ Kasabay ng pagkahuli kay Emilio Aguinaldo sa Palanan, Isabela noong Marso 23, 1901 ay ang paglaho din ng unang *Republica de Filipinas*. Naisakatuparan ng kolonyalismong Amerikano na makapagtatag ng isang pamahalaang sibil noong Hulyo 1, 1901 at panumbalikin ang kapayapaan sa kapuluan. Pinangasiwaan ni Feliciano Pagkalinawan na dating *agente special* ng Katipunan sa Taguig⁶⁸¹ ang pwesto ng

⁶⁷⁸ Smith et al., *History of the Twenty-Second United States Infantry, 1866-1922*, 39.


⁶⁷⁹ *Ibid.*, 40.

⁶⁸⁰ 4th class municipality kasama ng Cainta, Cardona, Jalajala, Montalban, Morong, Muntinlupa, Pateros, Pililla, San Mateo, Tanay at Teresa. Tingnan ang: Salonga, *Rizal Province Directory*, 10.

⁶⁸¹ Isagani Medina, *May Tainga ang Lupa: Espionage in the Philippines, 1896-1902 and other Essays* (Manila: UST Publishing House, 2002), 126.



pagiging pangulong bayan o *presidente municipal* sa panahon ng kolonisasyong Amerikano noong 1901.⁶⁸² Kasabay niyang gumanap ng tungkulin ay sina Graciano Juta na *Tesorero Municipal* at si Pedro Natividad na hinirang bilang *Juez de Paz*.



MAPA I4: PSU-2031
[[HTTPS://TINYURL.COM/MTEH8VHP](https://tinyurl.com/MTEH8VHP)]

Kasabay nang panahong ito ay nabili din ng pamahalaang kolonyal na Amerikano noong 1902 ang malawak na lupaing minsang natawag na “*El Desierto*”⁶⁸³ na napapaloob sa kalupaan ng Taguig, Pasay, Paranaque, at Pasig para sa layuning pangmilitar na tatawaging Fort Mckinley.⁶⁸⁴ Ito ay binili ng pamahalaang Amerikano sa dating lupain ng Hacienda de Maricaban na pagmamay-ari ng isang Doña Dolores Vda. de Casal, na higit lalong lalawak sa

⁶⁸² Pagtakhan, *Ang Tagig at ang kanyang Kasaysayan*, 27.

⁶⁸³ Ito ang tawag sa madawag na lupain sa panahon ng Espanyol. Para rito mahalagang sangguniin ang mapa na ang pangalan ay: *Carta de la Provincia de Manila*

⁶⁸⁴ Pagtakhan, *Ang Tagig at ang kanyang Kasaysayan*, 27.



pagsapit ng 1908 matapos bilhin nang kolonyal na pamahalaan ang natitirang bahagi ng naturang hacienda. At buhat dito, upang masukat ang kabuuang saklaw ng lupaing binili ng mga Amerikano, nagsagawa ang kolonyal na pamahalaan ng isang *cadastral survey* sa pamamagitan ng pangongomasyon sa isang nangngalangang Ramon Pertierra. Ang pinal na ulat sa ginawang pagmamapa ay ang pagkakabuo ng *survey plan* na “*PSU-2031*” na siyang primaryang dokumento na magresolba sa teritoryal na sigalot kinalaunan ng Taguig at Makati.



LARAWAN 47: TAGUIG CIRCA.1900
[[HTTPS://RB.GY/4GQ0F](https://rb.gy/4GQ0F)]

Sa kabilang dako, ang pagkakabuo ng *reserva militar* ay nakapagdulot naman ng pagbabago sa sakop ng Taguig. Ayon sa dating *Municipal Mayor* na si Jose Pagtakhan, nagkaroon ito ng implikasyon sapagkat ang mga dating bukiring sakop ng Ususan, Bambang, Hagonoy at buong Bicutan ay napaloob sa lupaing nabili ng mga Amerikano. Pinaalis ng mga militar ang mga tao sa nayon ng Bicutan at mahigit kalahati sa mga ito ayon kay Pagtakhan, ay nagsilipat sa nayon ng Bagumbayan, habang ang iba ay tumungong Hagonoy.⁶⁸⁵ Ang pagpapalawak naman ng pampublikong sistema ng edukasyon sa panahon ng Amerikano ang naging dahilan ng pagbubukas nang kauna-unahang pampublikong paaralan sa Taguig—ang *Taguig Central School* sa Santa Ana noong 1901 na noo’y yari pa sa nipa, at nalikha matapos ang pagkakatatag sa *Normal School* (PNU) sa Maynila. Nagumpisa ito nang dumating sa bayan ang isang gurong Amerikano na si Raymond DuHadway at binuksan ang naturang paaralan sa kabayanan na sa isang ulat

⁶⁸⁵ Ibid.



noong 1903 ay mayroong 70 lamang na mag-aaral.⁶⁸⁶ Sa ilalim naman ng punong guro nitong si Jose Pagtakhan noong 1909 ay nakapaglikha ito ng mga “bungang hinog” na nagsipagtapos sa pag-aaral at higit sa lahat ay naging propesyunal sa kani-kanilang mga larangan.⁶⁸⁷ Ang eskwelahang kinalaunan ay tatawaging *Mababang Paaralan ng Tagig* ay nakapagtayo ng gusaling Gabaldon noong taong 1917 matapos maipasa ang Gabaldon Law (Act Blg. 1801) na naglalayon na gumawa ng isang modernong gusaling pampaaralan alinsunod sa uri ng disenyong istruktural, kung saan naghahalo ang elemento ng tradisyunal na bahay kubo at bahay na bato.

Samantala, isang mahalagang pangyayari naman ang naganap noong Oktubre 12, 1903 nang umpisang pisanin upang mapag-isa ang tatlong bayan ng Taguig, Pateros at Muntinlupa sa pamamagitan ng Act. No. 942 at ang Pateros bilang tumatayang sentro nang napag-isang munisipalidad. Naipatupad ito dulot ng ekonomikong kadahilanan bunsod ng kakulangan sa pananalapi ng bagong tatag na Pamahalaang Sibil ng mga kolonyalistang Amerikano. Hindi nagtagal, ang Muntinlupa ay muling naalis at maiibilang bilang bahagi ng Binan alinsunod sa Act No. 1008 noong Nobyembre 25, 1903.⁶⁸⁸ Naging pansamantala lamang ito at sa panahon ng pamumunong bayan ni Felipe Rayos del Sol ay muling naibalik sa Taguig noong Marso 22, 1905 sa bisa ng Act No. 1308 nang rebisahin ang naunang pasya, at ang munisipalidad ng Pateros ay umpisa nang tatawaging munisipalidad ng Taguig kaakibat ng pagpapalit ng sentro sa Taguig na sumasaklaw sa Pateros at Muntinlupa.⁶⁸⁹ Hindi nagtagal ang *triumvirate* ng Taguig-Pateros-Muntinlupa, sapagkat pormal na humiwalay ang Pateros sa Taguig taong Pebrero 29, 1908 sa bisa ng *Executive Order No. 20* at naging isang ganap na munisipalidad taong Enero 1, 1909 sa bisa ng *Executive Order No. 36*. Sa parehong taon, ay naganap ang halalan sa Taguig na muling napagtagumpayan ni Felipe Rayos del Sol subalit babawiin din kinalaunan sapagkat “ang ikatlong sunod na pagkahalal ng Presidente Munisipal ay labag sa batas ng mga panahoong iyon” dahilan upang kahaliliin siya ng kaniyang Bise Presidente Munisipal na si Braulio Pagkalinawan matapos ang konklusyon ng usapin laban kay Rayos del Sol noong 1911, at ang bakanteng posisyon sa bise ay pinunan

⁶⁸⁶ Philippine Commission, *Report of the Philippine Commission to the Secretary of War, Part 3* (Washington: Government Printing Office, 1904), 800.

⁶⁸⁷ Pagtakhan, *Ang Tagig at ang kanyang Kasaysayan*, 32.

⁶⁸⁸ “Act No. 1008,” Senate of the Philippines, inakses: 5/23/23, <https://issuances-library.senate.gov/ph/legislative%2Bissuances/Act%20No.%201008>.

⁶⁸⁹ D.n., “Seccion Legislativa,” *El Renacimiento*, Abril 3, 1905, 4. Tingnan din ang: D.n., “Edicto,” *El Renacimiento*, Hunyo, 16, 1905: “barrio de Agojo, Taguig, Rizal”.



naman ni Marcelino Elias.⁶⁹⁰ Gayumpaman, linalaunan sa pamamagitan naman ng *Executive Order No. 108* na pinirmahan ni Gobernador Heneral Francis Burton Harrison, ang Muntinlupa ay mapapahiwalay din sa Taguig at nagsarili taong Disyembre 19, 1917 at tuluyang nagkabisa noong Enero 1, 1918.

Samantala, isang umulit na bangungot naman ang naganap sa pagsapit ng taong 1919 sa loob ng pamumuno ng Municipal Mayor na si Jose Pagtakhan. Isang rekursibong pangyayari sa agos ng kasaysayan ng Taguig nang muling ninais ng mga pulitiko ng Tipas na magkaroon ng isang pagkilos ukol sa pagsasarili nito upang ganap na humiwalay sa Taguig bunga ng naganap na tunggalian sa halalan sa kaparehas na taon.⁶⁹¹ Bunga nito ay nagpetisyon ang mga ito na humiwalay noong Agosto 26, 1920 na siyang mariing tinutulan naman nang noo'y Presidente Municipal ng Taguig na si Jose Pagtakhan. Katulad ng minsang binalak na paghiwalay noong ika labing siyam na dantaon, kasa-kasama sa ibibilang na bubuuing munisipalidad ng Tipas ay ang mga nayon ng Napindan, Ibayo, Palingon, at Calzada.

Gayundin, maliban pa kay Pagtakhan, ang naturang panukala ng Tipas ay hindi rin naman sinang-ayunan maging ng Lupong Panlalawigan ng Rizal sa pamumuno ni Gobernador Arcadio Santos at nang Taguiguenong si Pedro Magsalin na kumakatawan sa unang distrito ng Rizal na nakakasakop sa Taguig. Kahit pa nga maging ang mga taga-Tipas maging ang nayon ng Palingon at Calzada ay hindi din sang-ayon sa kilusan ukol sa pagsasarili. Ito ay bunsod ng pangunahing kadahilanan na hindi kakayaning matugunan ng Tipas ang pangunahin nitong pangangailangan kung sakaling mapahintulutan ang panukala nito na maging isang nagsasariling munisipalidad. Ayon nga sa rekoleksyon ni Jose Pagtakhan na siyang punong bayan sa panahon kung kailan naganap ang binalak na pagsasarili ng Tipas ay ganito ang nasasaad:

Pagkatapos ng mataman[mataimtim na?] pagsusuri at pag-aaral sa kahilingan ay ipinasiya; na isama man o hindi ang mga nayon ng Palingon at Calzada sa balak ng pagsasarili, ang pagpapatibay sa gayong kahilingan ay lilikha lamang ng isang municipyong mahina at mabuway.⁶⁹²

Samantala, naging hamon din sa kaparehong taon ng 1919, ang suliranin ng pagbahang nararanasan ng Taguig. At upang masolusyunan ito ay nagkaroon


⁶⁹⁰ Pagtakhan, *Ang Tagig at ang kanyang Kasaysayan*, 105-106.

⁶⁹¹ *Ibid.*, 45.

⁶⁹² *Ibid.*, 46.



ng kapasiyahan ang Konseho Municipal ng Taguig na nagmumungkahing butasan ang *Mauling Creek* na lalagos sa Paranaque na lalabas sa Look ng Maynila na sinang-ayunan naman ng Junta Provincial ng Rizal. Sa kasamaang palad, pumanaw ang noo'y gobernador ng probinsya ng Rizal na si Andres Gabriel at kinahalili ito ni Arcadio Santos (1920-1922) na taga-Paranaque. Sa ganang ito ay nagkaroon ng dimensyong pulitikal at sosyal ang pagtutol sa ninanais na paghuhukay sa kadahilanang masasagasaan nito ang industriya ng pag-aasin sa Paranaque.⁶⁹³ Gayumpaman, bigo mang maisakatuparan, ay magpapatuloy ang usaping ito hanggang 1935 kung saan muling bubuksan ng munisipalidad ng Taguig ang muling paghahain ng naturang proyekto sa *Commitee on Public Works*. Ito ay sa pamamagitan ng paglalaan ng mahigit P25,000 para sa planong konstruksyon ng madawag na kanal na lalagos sa Paranaque, tulad ng inihain noong 1919, na siya rin namang nakikitang solusyon ng *National Research Council* sa pagbahang nararanasan ng Taguig.⁶⁹⁴



LARAWAN 48: PAMAHALAANG BAYAN NG TAGIG (SALONGA 1934)

Ang isang palapag na tribunal municipal naman ng Taguig na umpisang naipatayo noong 1892 sa ilalim ng pamumuno ni Capitan Municipal Jose Natividad (1891-1892) sa kasalukuyang kinatitirikan ng Plaza Quezon ay giniba noong 1928 upang bigyang daan ang pagpapatayo ng bagong bahay pamahalaan sa lugar ng kasalukuyang talipapa sa Santa Ana.⁶⁹⁵ Kung ang una ay yari sa adobe,

⁶⁹³ Ibid., 84-85. Binabanggit ni Zuniga na ang pag-aasin ang pangunahing hanapbuhay ng mga taga-Palanyag: Zuniga, *Estadismo*, 297.

⁶⁹⁴ Naging usapin ito hanggang 1935. Cf. D.n., "Money for Canal," *The Tribune*, October 26, 1935, 8.


⁶⁹⁵ Pagtakhan, *Ang Tagig at ang kanyang Kasaysayan*, 41.



ang panibago naman ay gawa sa kahoy at mayroong dalawang palapag. Naging sentro ito ng mga kaganapan sa poblacion at nagsilbing pook-tipunan ng iba't-ibang mga sosyo-sibikong mga samahan sa Taguig. Samantalang, sa pagsapit naman ng 1931 sa umpisa ng pamumuno ni Eusebio Santos ay nagawang makarating sa Taguig ang ilaw dagitab na hiniling ng sinundang pangasiwaan sa panahon ni Jose Pagtakhan (1916-1925) matapos lumagda ang maraming mga mamamayan na naghahangad na mapakabitan ng ilaw ang kani-kanilang mga tahanan.⁶⁹⁶ Gayundin, nailapit din sa naturang pangasiwaan ni Eusebio Santos maging ang pagpapasapit sa bayan ng tubig mula sa “Metropolitan Water District” maging ang pagpapatuloy ng pagpapagawa sa daang panglalawigan na nakaugnay hanggang sa Muntinlupa bunga na rin ng pagsisikap ng noo’y Taguiguenong kumakatawan sa unang distrito ng Rizal na si Pedro Magsalin.⁶⁹⁷ Ang pangasiwaan sa pagkapangulong bayan matapos ni Eusebio Santos ay susundan naman ni Cleto Mastrili sa loob ng taong 1931 hanggang 1934.

Ang Taguig sa Panahon ng Komonwelt

Sa panahon naman nang ganap na pagtatatag ng *Pamahalaang Komonwelt* noong 1935 sa ilalim ni Pangulong Manuel Quezon ay nagawang maipatayo sa Taguig, isang taon mula rito, ang kauna-unahang monumento ni Quezon sa buong Pilipinas ngunit wala pa ang *bust* nito.⁶⁹⁸ Ipinatayo ito sa ilalim ng inisyatiba ng Presidente Munisipal ng panahong ito na si Artemio Natividad na kumahalili kay



LARAWAN 49: UNANG MONUMENTO NA IPINATAYO SA KARANGALAN NI PANGULONG MANUEL L. QUEZON (1936)

Cleto Mastrili, bilang pagdiriwang sa selebrasyon ng anibersaryo nang pagkakatatag ng Komonwelt. Ngunit sa kabilang banda, nakapagdulong ng

⁶⁹⁶ Ibid., 40.

⁶⁹⁷ Ibid., 41. Si Pedro magsalin ay nagsumakit din na magpatayo ng tulay na yari sa semento sa ilog Taguig na nag-uugnay sa mga nayon ng Tuktukan at Bambang sa panahon ng pamumuno ni Artemio Natividad, bago ang ikalawang digmaan.

⁶⁹⁸ D.n, “The Camera’s Eye,” *The Tribune*, January 17, 1936.



kontrobersya ang proyektong ito sapagkat naisagawa ang pagpapatayo nito habang nabubuhay pa ang taong pinaparangalan. Ang ganitong uri ng pambabatikos sa naturang monumento ay makikita sa pahayagang *Sakdal* ng kilusang Sakdalista, na higit lalong pinaniig naman ng anti-Quezon at anti-administrasyon nitong tindig.⁶⁹⁹ Mangyari pa, hindi lamang itinuon ng mga Sakdalista ang pagpuna kay Quezon mismo bagkus implisito maging ang mga namiminuno sa bayan ng Taguig lalo pa ang Presidente Munisipal na si Artemio Natividad na siyang nanguna sa pagpaparangal. Sa maanghang na pananalita ay ganito ang nahahayag:

Inuulit naming malaking *kabaliwan* sa pagmamaringya ang ginawang ito ng mga Aliping Tanghod sa bayan ng Taguig, na sa hangad lamang na maka-pagmapuri at maka-paglañgis ay hindi na ginugunitang sila'y maaaring tawanan ng daigdig sa ginawa nilang ito; bago kayo gumawa ng ano mang hakbanging nauukol sa pag-galang at pagunita ay kinakailaangang susugin muna ninyo kasaysayan ng taong ibig ninyong itanghal at ng upang huwag tayang matawanan ng lahat ng bansang sa atin ay laging nakamasid.⁷⁰⁰

Para sa mga Sakdalista, malaking kahungkagan ang pagpaparangal sa taong hindi pa tapos ang ginagampanang papel sa kasaysayan. Kung kaya't bilang pagpapatuloy, naging katanungan nila kung alin бага ang mangyayari kung sakaling ang Pangulo ay nakagawa ng panunulisan? Labas lamang na “*matatanyag kayo sa boong daigdig sa kalabnawan ng mga utak*”. Sa ganitong halos kaparehong kadahilanan ng pagiging buhay nang pinaparangalan, ang pagtutol dito ni Pedro Magsalin—isang Taguigueno—na kumakatawan sa unang distrito ng Probinsya ng Rizal. Pagdaragdag pa nito, liban pa sa gawa na nga sa bato ang monumento sa halip na bronse, hindi pa nga masasabing kamukha ng monumento si Quezon mismo. Mangyari pa, ani niya ay maaaring may pansariling interes na pinagsisilbihan sa likod ng motibasyon ng monumento, sapagkat ang mga taong nagpatayo nito, ani niya, ay dati mismong mga kumakalaban sa taong nais nilang parangalan.⁷⁰¹ Masasabing isang hindi kataka-takang bagay ang pagkakatayo nito sapagkat ang Presidente Munisipal sa panahong ito na si Artemio Natividad ay pinsan ng *Senior aide-de-camp* ni Quezon na si Arsenio


⁶⁹⁹ Motoe Terami-Wada, “The Sakdal Movement,” *Philippine Studies* 36, blg. 2 (1988): 149.

⁷⁰⁰ Numeriano Cruz, “Ang Bantayog ni Quezon sa Taguig, Rizal: Hindi Dapat Igawa ng Bantayog ang Sinumang Tao Samantalang Nabubuhay,” *Sakdal*, Nobyembre 28, 1936.

⁷⁰¹ Rafael Rocas Jr., “Thorns and Rocas,” *The Tribune*, Pebrero 17, 1937.



Natividad, na kapwa pangunahing personahe na gagampan ng mahalagang pakikisangkot sa kilusang gerilya sa pagsapit ng ikalawang digmaang pandaigdig sa kasaysayan ng Taguig. Gayumpaman, ang pagpapasinaya sa nasabing monumento sa araw ng anibersaryo ng Komonwelt noong 1936 ay naantala hanggang Enero 1937.⁷⁰² Kung kaya't bagama't 1936 pa naisagawa ang pagtatayo ng monumento ni Quezon, Pebrero 22, 1937 na lamang naisagawa ang inaugurasyon dito, na hindi magtatagal ay wawasakin naman sa pagsapit ng ikalawang digmaang pandaigdig. May ganansyang pulitikal ang hakbangin ng pagtatayo ng monumentong ito sapagkat lubos na nakinabang ang “paglalangis” (sa termino ng mga Sakdalista) ng mga pinunong bayan ng Taguig sa maraming mga proyektong pinaglaanan ng pondo na pakikinabangan ng bayan. Makikita ito sa *Commonwealth Act. No. 330* ni Pangulong Quezon noong Hunyo 18, 1938, kung saan karamihan sa mga proyektong naisagawa sa Taguig ay ang konstruksyon sa mga daanan na nag-uugnay sa mga *barrio* ng Taguig sa *Provincial Road* na kinalaunan ay tatawaging *Manuel L. Quezon Avenue*. Katunayan, dahil nga mismo sa ginhawa na natamo ng Taguig sa panahon ni Quezon ay iuudyok pa mismo ng Konseho Munisipal ng Taguig sa pamamagitan ng paghahain ng isang resolusyon ang re-eleksyon ni Manuel Quezon noong 1940's.⁷⁰³



LARAWAN 50: MONUMENTO NI
QUEZON SA TAGUIG
LA VANGUARDIA, FEBRUARY 16, 1937.


Samantala, habang mainit ang usapin ng monumento at isang buwan matapos ang pormal nitong inagurasyon, naganap naman noong Mayo 7, 1937 ang isang pagpupulong ng mga beterano ng rebolusyon sa Taguig na dinaluhan ni Mayor Artemio Natividad (sa kaliwa ni Aguinaldo). Sa naturang pagpupulong ay magkakasamang binalak ng mga nangagsipagdalo ang pag-oorganisa at pagtatatag sa bayan ng isang suhay (*chapter*) ng *Asociacion de los Veteranos de la*

⁷⁰² D.n., “Quezon Monument Unveiling Put Off,” *The Tribune*, November 17, 1936.

⁷⁰³ D.n., “Urged second term,” *The Tribune*, July 28, 1940.



Revolución.⁷⁰⁴ Kasama sa pulong, higit sa lahat, ang dating Pangulo at Heneral Emilio Aguinaldo na katulad ng natalakay na ay tumulong kubkubin at palayain ang Taguig laban sa mga pwersang Espanyol na nakahimpil noon sa simbahan ng Santa Ana na magbibigay daan upang maharangan ang daanan patungo sa lawa ng Laguna, at direktang akses patungong Bulakan.



LARAWAN 51: SI HENERAL EMILIO AGUINALDO AT ANG MGA BETERANO
THE TRIBUNE, MAYO 7, 1937

Sa kabilang dako, ilang taon matapos ang pagpapasinaya sa *Plaza Quezon* at ng naganap na mahalagang pagpupulong sa pangunguna ni Emilio Aguinaldo, ay ang halos kasabay naman na pagkakagawa ng *Plaza Bonifacio* sa Tipas sa ilalim pa rin ng pamumuno ni Mayor Artemio Natividad.⁷⁰⁵ Dinaluhan ito nang dating *governor* ng lalawigan ng Rizal na si Eulogio Rodriguez Jr. na siyang naghawi ng tabing sa pagpapasinaya sa bantayog ni Bonifacio. Kung bakit sa Tipas ipinatayo ay sa kadahilanang dito ang itinuturong pinagmulang angkan ni Bonifacio. Kung gayon, masasabing mayroong kamalayan na noon pa man hinggil sa pag-uugat ni Bonifacio sa Taguig. Katunayan, sa tala ni Pagtakhan ay nabanggit nito na pumupunta pa si Bonifacio sa Taguig upang makipamista at dumalo sa kapistahan ni Santa Anang Banak.⁷⁰⁶

⁷⁰⁴ D.n, "Organizers of Public Meeting," *The Tribune*, Mayo 7, 1937.

⁷⁰⁵ D.n, "Plaza Donated," *The Tribune*, February 24, 1940.

⁷⁰⁶ Pagtakhan, *Ang Tagig at ang kanyang Kasaysayan*, 77.



Kinalaunan ay magiging isang mahalagang pook ang *Plaza Bonifacio* sa pagsapit ng kolonisasyong Hapones. Ang naturang liwasan ay magiging piping saksi sa malagim na kasaysayan ng Taguig na lilipol sa mga prominente't mga limot na bayani ng bayan. Kabilang na dito ang mga tanyag na tao tulad nina Artemio Natividad, Arsenio Natividad, Braulio Pagkalinawan, Ludovico Labao, atbpa.⁷⁰⁷

IKALAWANG DIGMAANG PANDAIGDIGAN (1942 M.K - 1946 M.K)

Babasagin nang pandaigdigang alingangaw ng ikalawaang digmaan sa Europa ang katahimikang bumabalot sa Pilipinas. Nagbigay daan ang pakikipag-alayansa ng bansang Hapon sa Italya at Alemanya upang bumuo ng isang koalisyong tinatawag na kapangyarihang *axis*. Ang pagsasakatuparan ng bansang Hapon ng kanilang ideyang *Greater East Asia Co-Prosperity Sphere* na ang saligang ideya ay maiiugat sa masaklaw na ideyolohiya ng *Pan-Asianism* ang nagdala sa bansang Pilipinas bilang isa sa mga teatro ng digmaan sa Asya. Bunga nito, bilang proaktibong galaw at paghahanda sa hindi maiiwasang digmaan at pagtatanggol sa Pilipinas, ay nagpalabas ng atas noong 1935 ang noo'y Pangulong Manuel Quezon ng Batas Komonwelt Blg. 1 na kilala sa tawag na "*National Defense Act*" na naglalayon na bumuo at magsanay ang bansa ng mga mamamayang handang lumaban sa pamamagitan ng *Reserve Officers' Training Corps* na pamamahalaan sa pangangasiwa ni Gen. Douglas McArthur.⁷⁰⁸

Makalipas lamang nito ay dumatal ang kinakatakutan ng lahat matapos ang naisagawang surpresang pagsalakay at pagtatangkang pilayan ang hukbong pandagat ng mga Amerikano sa *Pearl Harbor* sa Hawaii noong Disyembre 7, 1941. Apat na oras matapos nito ay agad na tumungo ang mga Hapon sa Pilipinas noong Disyembre 8 upang bombahin ang iba't-ibang bahagi ng kapuluan, at mga paliparan nito nang sa gayon ay tuluyang maputol ang linya ng komunikasyon ng mga Amerikano sa Pasipiko. Nagsilbing hudyat ang surpresang pagsalakay na ito nang pormal na pag-uumpisa ng pakikisangkot ng Estados Unidos at kolonya nitong Pilipinas sa ikalawang digmaang pandaigdig laban sa imperyong Hapon.

⁷⁰⁷ Si Ludovico Labao ay kagawad ng Lupong Panglalawigan ng Rizal na naging instrumental nang gawin nitong daang panlalawigan ang daang nagmumula sa kabayanan patungo sa nayon ng Tipas. Cf. Pagtakhan, *Ang Tagig at ang kanyang Kasaysayan*, 41.

⁷⁰⁸ Agoncillo, *History of the Filipino People*, 388.



Matapos ang matagumpay na pagdaong at pagsalakay ng mga pwersang Hapon sa Lingayen at Lamon Bay, tiyak na ang mobilisasyon ng pwersang ito ay huhugpong kinalaunan sa Maynila. Dahil dito, itinulak sa pamamagitan ng *War Plan Orange 3* ang mga natitirang pormal na pwersang Amerikano at Pilipino upang maisentralisa patungong Bataan sa layong mapigilan ang pagpasok ng mga hukbong pandagat ng Hapones patungong Maynila. Naitala na naging kabahagi sa pagtatanggol na ito ay ang mga Taguigueno na matapos mangabuwal ay napasailalim sa isandaang kilometrong Martsa ng Kamatayan (*Death March*) patungong Capas, Tarlac matapos ang pagbagsak ng Bataan noong Abril 9, 1942 na kinalaunan ay sinundan naman ng pagbagsak ng Corregidor noong Mayo 6, 1942. Kinabibilangan ito ng mga Taguiguenong nagpakita ng kabayanihan at katapangan na sina Koronel Daniel Victoria, Tenyente Koronel Marcos Estacio, Tenyente Koronel Ricardo Papa, Komandante Miguel Capistrano⁷⁰⁹, at Kapitan Castor Buenaflor at marami pang iba.⁷¹⁰ Mayroon ring iba pang hindi napangalanan tulad nina Atilano Maglipon ng Tipas, Julian Penaranda ng Tuktukan, Leonardo Apilina, Pio Franco, Claro Bacay, Isaac Isterco, Delfin Cruz ng Tipas, Crispulo Cruz, Melchor Sanga, Gregorio Pasco, Santiago Juta, Sebastian Tomas, Mauro Pasco, Doroteo Homero, Eulogio Fernandez, Jose Capule, Catalino David, at Gualberto de los Reyes na mga *War Prisoners* na pinalaya naman ng mga Hapon sa *concentration camp* ng Capas dahil sa pagkakasakit.⁷¹¹ Sa pagbagsak ng depensa sa Corregidor at Bataan ay naging maluwag ang pagsasakatuparan ng adhikaing kolonyal ng mga Hapones.

Subalit, ang pagbagsak ng Bataan at Corregidor ay hindi maituturing na lubusang kabiguan. Ito ay sapagkat mas lalo lamang nitong pinaigting ang damdaming makabayan ng mga Pilipino at magbibigay daan sa paglakas ng mga kilusang gerilya at mga elementong mapanghimagsik sa buong kapuluan. Lalo pa sa Taguig kung saan naiulat ang mga insidente ng patuloy na pakikihamak laban sa mga bagong mananakop.

Hating gabi ng Enero 2, 1942 nang umpisang makapasok at dumating sa Taguig ang malaking bilang ng mga sundalong Hapones sa pamumuno ni Lt. Gen. Susumo Morioka na nagbuhat pa sa lalawigan ng Laguna.⁷¹² Walang naging opo-

⁷⁰⁹ May ranggong Major sa 11th Division ng USAFFE. Kasama sa mga napalaya ng Hapon at matapos nito'y hindi na lumaban muli at naging superbisor na lamang ng isang *cookery project* ng Bureau of Public Welfare. Tingnan ang: Hernando Ocampo, "Released War Prisoners Readjust Themselves to the New Situation," *The Tribune*, February 14, 1943, 5.

⁷¹⁰ Pagtakhan, *Ang Tagig at ang kanyang Kasaysayan*, 79.

⁷¹¹ D.n, "List of War Prisoners Japanese Army will Release in a Few Days," *The Tribune*, July 28, 1942, 3-6.

⁷¹² Pagtakhan, *Ang Tagig at ang kanyang Kasaysayan*, 68.



sisyon sa kanilang naging pagdating dahilang upang makubkob ng mga ito ang pamahalaang bayan ng Santa Ana na nagsilbing kanilang himpilan. Habang ang mga simbahang bayan at paaralang elementarya ng Taguig ay kanila namang ginawa bilang garison. Sa tuluyang pagkapasok ng mga Hapones ay nagawa nitong makubkob ang Fort McKinley na pinanganlan nilang *Sakura Heiei* noong Mayo 20, 1942 alinsunod sa kanilang pambansang bulaklak at may symbolismong nakaugnay sa pagsasakripisyo at pag-aalay ng buhay.⁷¹³ Naging mahalagang lokasyon ang *Sakura Heiei* bilang punong himpilan ng mga pwersang Hapon at nang ilang mga importanteng opisyal ng hukbo tulad na lamang ng nataguriang *The Tiger of Malaya* na si Gen. Tomoyuki Yamashita.⁷¹⁴

Sa kabilang banda, matagumpay man ang pagkasakop sa bayan matapos ang pagbagsak ng Bataan at Coregidor ay hindi naman natinag ang pusong hindi pasisiil ng mga Taguigueno sa harap ng bagong kolonyal na manlulupig. Katunayan, naiulat sa isang pahayagan ang isang insidente ng paghahasik ng kaguluhan at disrapsyon ng mga taga-Taguig kasama ang pakikipagtulungan ng ilan pang mga bayan sa pamamagitan ng pagpuputol ng mga kawad at linya ng komunikasyong militar ng mga Hapon sa estasyon ng tren ng *Culi-Culi* na nasa kasalukuyang linya ng PNR Pasay Road. Ayon sa ulat ng pangunahing organ ng propagandang hapon na *The Tribune*:

After the fall of Bataan, we have noticed that anti-Japanese activity has gradually diminished but we find that there are still a group of underworld characters who cut down many communication lines or still wires and disposes them maliciously.⁷¹⁵

Apat sa labintatlong nahuli sa pangangambala na ito, at hinatulan ng parusang kamatayan ay mga taga-Ususan, Taguig na sina: Cipriano Flores, Juan Gonzales, Roque Papa, at Juan Reyes. Hindi naman nagtagal matapos ang pagdaong ng mga Hapon sa Taguig ay nangagbitiw ang noo'y alkalde mayor na si Artemio Natividad matapos ang 1943⁷¹⁶ na siyang hinalinhan naman ng kaniyang bise-alkalde na si Leocadio de Leon na isa ring *guerilla officer*. Hindi natin alam ang pagbibitiw na ito ni Artemio, subali't matatanto ang ugnayan niya sa mga

⁷¹³ D.n, "Names of Local Fortresses and Air Fields Changed," *The Tribune*, May 21, 1942, 1.

⁷¹⁴ Adolf Frank Reel, *The Case of General Yamashita* (London: Octagon Books, 1971), 140.

⁷¹⁵ D.n, "13 Sentenced Death by Court Martial: Found Guilty of Cutting Military Communication Line," *The Tribune*, May 6, 1942, 1-3.

⁷¹⁶ D.n, "Board Members are Appointed," *The Tribune*, September 15, 1943, 2.



mapanghimagsik gayong isa siya sa mga naturong nasangkot na gerilya sa pagsapit ng pag"sosona" sa Tipas noong Disyembre 1, 1944.

Ang pakikisangkot na ito ay naka-angkla sa malaking bahagi na ginampanan ng mga Taguigueno sa aktibong partisipasyon ng pagsapi sa mga kilusang gerilya. Ang Taguig na nakapaloob sa teritoryal na hurisdiksyon ng lalawigan ng Rizal ay nasasakupan at erya ng operasyon ng dalawang pangunahing grupong gerilya.⁷¹⁷ Una ay ang *Hunters ROTC* na kinabibilangan ng "Taguig Town Unit" na kinalaunan ay mapapangalanang 6th *Baybay Battallion*, 47th *ROTC Division*⁷¹⁸ sa pagsapit ng Disyembre 26, 1944 matapos maging isang nagsasariling *battalion*.⁷¹⁹ Isa itong katangi-tanging yunit ng *Hunters* na mayroong sariling *barrio platoon* at *company organization* sa Tipas, Santa Ana, Tuktukan, Hagonoy Bambang, Wawa, Ususan at Bagumbayan.⁷²⁰ Ang naging pangunahing tagapagtatag ng yunit nito sa Taguig ay si Pedro "Pete" Bayani Cruz na bago pa mapasailalim sa *Hunters* ay siyang napagpaumpisa nang bumuo ng gerilya sa Wawa, Taguig noong Setyembre 15, 1942 ilang buwan matapos ang pagbagsak ng Corregidor noong Mayo 6, 1942.⁷²¹ Inanyayahan nito sa binubuong kilusan ang sundalong si Guillermo "Emy" Casas na nagpaunlak sa paanyaya ni Bayani, at ang dalawa ay naghanap ng iba pang mga sasama sa kilusang gerilya. Dito ay naimbitahan nila si Francisco Villar isang *cadet commander* ng PSAT ROTC maging ang kapwa ka-baranggay sa Wawa na si Cirilo de Jesus na isang kadete ng PMA, maging ang empleyadong sibilyan sa Fort Mckinley na si Ramon Domingo na taga-Pateros (at nagrekrut ng mga kasapi sa kilusan doon) at tumira sa Tuktukan na naatasan sa pagsasa-ayos ng pangkat.⁷²²

Sa kasamaang palad, walang lider na maaaring mamuno sa binuong hukbo at pinili na lamang na ipasailalim ito sa mga mas organisadong mga pangkat. Sa pagkakataong ito ay naging instrumental ang pagiging kadete sa Philippine Military Academy ni Cirilo na siyang maglalapit sa kanila sa pangkat nina Gustavo Ingles na naatasan ni Terry na hanapin ang lahat ng mga kadete't kaklase sa PMA upang bumuo ng hukbong lalaban sa mga Hapon. Personal itong

⁷¹⁷ Box 246, Entry 1087, Philippine Archive Collection, Record Group 407, (US) National Archives. Online at the Philippine Veterans Association Office.

⁷¹⁸ Naging ganap na nagsasariling batalyon ang Taguig Unit noong Disyembre 26, 1944. [Mojica, p.267]

⁷¹⁹ Proculo Mojica, *Terry's Hunters: The True Story of the Hunters ROTC Guerrillas* (Manila: Benipayo Press, 1964), 267.

⁷²⁰ *Ibid.*, 254-256.

⁷²¹ File No. 307-24, Baybay Battallion 47th Regiment, 47th Division Hunters ROTC, Philippine Guerrilla Recognition Files, Philippine Veterans Association Office.

⁷²² Pagtakhan, *Ang Tagig at ang kanyang Kasaysayan*, 80.



bumisita sa Wawa, Taguig upang hikayatin ang Taguiguenong PMA na si Cirilo upang sumapi sa organisasyong gerilya nina Mike Ver at Terry Adevos. Matapos nito sa ikalawang pagkakataon ay muling bumisita sa Wawa, Taguig si Gustavo ngunit sa pagkakataong ito ay kasama na nito si Terry at sa pamamagitan nito ay ang naging pormal na pagbubuo ng hukbo sa Taguig sa ilalim ng pangalan ng *Hunters ROTC*. Ang pagkakatatag ng *Hunters* na sangay o yunit sa Taguig ay kabilang sa Ikatlong Yugto (*Third Phase*) ng pagpapalawak ng kilusan sa buong lalawigan ng Rizal mula Hulyo 5, 1942 hanggang Disyembre 30, 1942.⁷²³

Dangang mayroong sariling *barrio platoon* at *company organization* ang Taguig Sa isang kumperensyang pinangasiwaan ni Terry sa Wawa, higit na pinalawak ang saklaw ng *Taguig Hunters Group* bilang organisasyon, dito ay ibinilang ang pagkakaroon ng kinatawan sa Muntinlupa at Pateros. Kalagitnaan ng taong 1942 nang ipasailalim sa isang buwan na personal na pagsasanay sa ilalim ni Terry ang mga opisyal na *Hunters* sa Taguig na sina Emy Casas, Ilo de Jesus, at Frankie Villar na ginanap sa Pulong Gambe sa Pililla. Isa sa mga nagsanay sa mga panahong ito ay isang nagngangalang Sergio Reyes na nirekrut ng magiging municipal mayor ng Muntinlupa na si Baldomero Vinalon. Ang mismong Sergio Reyes din na ito ang magkakanulo sa samahan matapos mahuli ng mga *kempei-tais* na naging dahilan ng sunod-sunod na pagkahuli ng mga gerilyang *Hunters* sa Taguig. Kabilang dito ang tatlo sa mga naging tagapagtatag nito na sina Ramon Domingo, Frankie Villar, Cirilo de Jesus na dinala sa *Airport Studio* kasama ang mga gerilya na sina Miguel Sanga at Avelino Tanyag. Samantalang ang natitirang sina Pete Cruz at Emy Casas ay nakaligtas sa pagkakadakup at nagtago sa bahay ng gerilyang si Jesus Abad sa Puwang, Wawa.⁷²⁴ Hindi magtatagal kinalaunan ay mabibitag si Pete Cruz ng mga Hapon at kasamang ipipiit kasama ang mga kapanalig sa *Taguig Hunters* sa *Airport Studio*. Ang pagkakahuling ito ay sinundan ng kalagim-lagim na “unang alon” ng pangsosona sa Tagig noong Agosto 1943.⁷²⁵

Isa sa mga mapipiit sa *Airport Studio* ay si Gustavo Ingles na naitala ang mga naging pangyayari sa loob ng kulungan sa kaniyang gunita.⁷²⁶ Naitala nito ang hinggil sa pagkukunwang hindi magkakakilala at walang kaugnayan sa iba

⁷²³ Box No. 246, Entry I087, History Hunters Reserve Officers Training Corps, Philippine Archive Collection, Philippine Veterans Association Office, p.14

⁷²⁴ Mojica, *Terry's Hunters: The True Story of the Hunters ROTC Guerrillas*, 259.

⁷²⁵ File No. 307-24, Baybay Battalion 47th Regiment, 47th Division Hunters ROTC, Philippine Guerrilla Recognition Files, Philippine Veterans Association Office, I0.

⁷²⁶ Gustavo Ingles, *Memoirs of Pain: Kempei-tai Torture in the Airport Studio, Fort Santiago and the Old Bilibid Prison, to Redemption in Muntinlupa* (San Juan: Mauban Heritage Foundation, 1992), 23.



pang *Taguig Hunters* dahilang upang mapalaya ang mga ito noong Oktubre 14 na matapos nito'y nagtago at muling naging kabahagi ng kilusang gerilya.⁷²⁷ Sa kabilang dako, sa loob ng panahong ito, ay mananatiling si Emy Casas na lamang ang magpapatuloy ng pakikibaka. Malaki ang negatibong implikasyon nito sa yunit ng mga gerilyang *Hunters* sa Taguig, sapagkat bunsod ng sunod-sunod na pagkahuli sa mga pangunahing lider ng *Hunters* sa Taguig ay ang rurok naman ng pag-usbong ng mga gerilyang *Markings* noong Mayo at Hunyo ng 1943.⁷²⁸ Ang *Marking's Guerrillas* ang ikalawang gerilyang may hawak sa Taguig sa pamumuno ni Marcos Villa Agustin (Marking) na may titulong *Colonel* at mayroong apat na Company na nasa 3rd Regiment at 5th Battalion na nakakalat sa Bagumbayan, Ususan, at Tagig.⁷²⁹ Itinatag at pinamunuan ito nina Col. Francisco Adriano, Kapitan Domingo Marcelino ng Taguig-Pateros Unit⁷³⁰, Kapitan Gaudencio Lucente ng Bambang Unit, Ten. Ia. Erineo Reyes, Ten. 2a. Saturnino Pagsisihan, Ten. 2a. Romeo Berdin, at Jose Borja na kapitan ng "D" company ng 5th battalion, 3rd regiment ng Tagig Unit.⁷³¹ Dahil parehong gumagalaw sa magkaparehas na heyograpikal na erya ay ang hindi maiwasan na pagtutunggalian ng *Hunters* at *Markings* sa Taguig. Gusto mapanatili nina Casas at Cruz ang kanilang dominasyon sa Taguig sa kabila ng pagkakasukol sa kanilang pangkat. Lalo pa ang *Hunters* ang siyang dominanteng pwersa na nakasasaklaw sa gerilyang aktibidad sa lugar.⁷³² Sa panahong ito ay nagkaroon ng rekumpigurasyon ang *Hunters*, at ang Taguig ay napabilang sa *Lawin Sector* na kinabibilangan ng Pateros, Muntinlupa, Las Pinas, Paranaque at Pasay upang maging tuntungan sa ibayong paglaganap ng kilusang gerilya patungong Cavite.

Ang hidwaan ng dalawang grupong gerilya ay mag-umpisa partikular noong 1942 sa layong makontrol ang limitadong resorses at suporta sa buong lalawigan ng Rizal na kapwa domain at heyograpikal na erya ng kanilang operasyon.⁷³³ Ang pinakarurok ay nangyari noong 1944 matapos ang insidente ng pagpaslang ng mga *Hunters* sa mga gerilyang *Markers* na naging mitsa ng inter-gerilyang tunggalian ng dalawa.⁷³⁴ Manipestasyon ng tunggaliang ito ay

⁷²⁷ Ingles, *Memoirs of Pain*, 68.

⁷²⁸ Mojica, *Terry's Hunters: The True Story of the Hunters ROTC Guerrillas*, 260.

⁷²⁹ *Ibid.*, 301.

⁷³⁰ File No. 109-41, Taguig-Pateros Unit, I Army Corps, Marking's Fil-Americans (MFA), Philippine Guerrilla Recognition Files, Philippine Veterans Association Office.

⁷³¹ Pagtakhan, *Ang Tagig at ang kanyang Kasaysayan*, 80-81.

⁷³² File No. 109-21, Bambang Unit, 1st Army Corps., Philippine Guerrilla Recognition Files, Philippine Veterans Association Office, 10.

⁷³³ Robert Lapham at Bernard Norling, *Lapham's Raiders: Guerrillas in the Philippines, 1942-1945* (Kentucky: University of Kentucky Press, 1996), 108-109.

⁷³⁴ Mojica, *Terry's Hunters: The True Story of the Hunters ROTC Guerrillas*, 303-304 at 462.



masasalamín sa Taguig kung saan litaw rin ang bungguan ng dalawang grupong gerilya. Katunayan, nang minsang magpadala noong 1944 ng *courier* patungong Pateros si Casas sa Taguig upang i-secure ang *supply* na magagamit ng mga *Hunters*, ay dinabong naman ito ng mga gerilyang *Markings*. Kinalaunan ay itinuro ng nakauwing kasama ng nahuling *courier* ang *Markings* na si Binong Bacod ng Ususan, Taguig bilang salarin na agaran namang hinuli ng mga *Hunters* ng Taguig. Itinuro nang nahuling si Bacod si Lt. Col. Jose de Jesus bilang nasa likod ng plano, at bilang paghihiganti ay ang pag-*hostage* dito sa kaniyang tahanan sa Santa Ana sa pangunguna ng mga *Tipas Hunters* na sina Kapitan Generoso “Sochong” Yumping kasama si Major Casas at idinala patungong sementeryo ng *Tipas*. Ang anak nito ay napakiusapan ang *Hunters* na si Esteban Mabini na kaibigan nito upang iligtas ang buhay ni de Jesus, at naging umpisa ng pakikipagsundo para sa pansamantalang kapayapaan ng Pateros *Markings* at Pateros *Hunters*.

Hindi nagtagal ang kapayapaang ito na sinundan naman ng insidente ng pangungumpiska ng mga *Markings* sa pagkaing bigas at baril ng mga *Hunters* na inatasan ni Major Casas upang kanilang magamit sa pagpapatuloy ng kanilang pakikibaka.⁷³⁵ Pinapatunayan lamang ng mga insidenteng nabanggit ang patuloy na hamon sa mga gerilya hinggil sa pagpapanatili ng mga resorses at kagamitang pandigma na kanilang magagamit. Implikasyon nito ay ang hindi maiwasang tunggalian sa dalawang pangkat na kinakailangan upang masusteniha at mapanatili ang pakikibaka na kinalaunan, tulad ng ipapakita natin, ay papawiin din naman nang kanilang kumon na layunin sa pagsapit ng 1945. Ito ay kahit pa malagay ang kanilang sarili sa panganib at pag-aalay sa sarili para sa pagtatanggol kay Inang Bayan. Sa katunayan, masasalamín ito sa naging mapangahas na misyon noong Nobyembre 18, 1944 na isinagawa ng mga *Hunters* ng Taguig sa pangunguna ni Kapitan Gonzalo Magsalin ng *Tipas* dahil sa nesesidad na ibinunga ng palagiang pakikidigma sa mga Hapon.⁷³⁶ Sa panahong ito ay nakalaya na sa Bilibid noong Hunyo 24, 1944 si Pete Cruz, at hinalinhan nito si Emy Casas sa kaniyang aktibong partisipasyon sa *Hunters* na nadeestino naman bilang *Executive Officer* ng 45th *Hunters Regiment* sa Laguna sa ilalim ni Lt. Col. Honorio Guerrero.⁷³⁷

Sa misyong ito ay matagumpay na naagaw ang mga baril, amunisyon at ilan pang mga kagamitan sa himpilan ng *Philippine Constabulary Academy* na noon

⁷³⁵ Mojica, *Terry's Hunters: The True Story of the Hunters ROTC Guerrillas*, 265.

⁷³⁶ Lucky Guillermo, *Unsundered 2: The Hunters ROTC Guerrillas* (Manila: AV Manila Creative Production Company, 2015), 107-108.

⁷³⁷ Mojica, *Terry's Hunters: The True Story of the Hunters ROTC Guerrillas*, 266-267.



ay nasa Araullo (PC) Academy sa Intramuros.⁷³⁸ Alinsunod ito sa misyong atas ng *Commanding Officer* ng 44th Hunters Division na si Lt. Col. Frisco San Juan upang magkaroon ng sapat na supply ng mga armamento ang mga gerilya na nakahimpil sa Boso-boso, Antipolo para sa kanilang patuloy na pakikipaglabansa mga Hapones.⁷³⁹ Kasama sa naturang operasyon sa pamumuno ni Magsalin ay sina Sarhento Luciano Santiago, Private Lucio Silvestre at maging si Gerardo Yusi na kasama ni Magsalin na nagmaneho ng trak na pinagamit ni Eng. Tony Centeno ng Rizal's Engineer's Office patungong Constabulary Academy sa Intramuros.⁷⁴⁰ Itong unang dalawa ay miyembro ng *Academy* na sa matagal na panahon ay kinaibigan ni Magsalin upang makuha ang kanilang loob. Hanggang sa lakas loob na umamin si Magsalin sa isang matindihang inuman sa Taguig, at inamin kay Santiago na siya ay isang kapitan ng Hunters ROTC Guerillas sa ilalim ng pamumuno ni Col. Terry "Magtanggol" Adevosso na may misyon na magpuslit ng armas at amunisyon sa naturang akademyang kanilang kinabibilangan. Nahikayat ni Magsalin ang mga ito, kasama na ang mga sundalo na nasasailalim sa kanilang kapangyarihan, at bago ang pagkilos ay nag-usap-usap ang mga ito sa iba't-ibang mga tagpuan para sa binabalak na pagsalakay.⁷⁴¹ Dumatal ang kinagabihan ng Nobyembre 18 at matagumpay na nakuha ng mga gerilya ang mga baril at bala dahil na rin sa tulong ng 27 na kadete sa ilalim nina Sarhento Santiago na sa araw ng lihim na pagsalakay ay minabuting pumanig sa mga gerilya kung saan sila nakakulimbat ng:

360 Enfield at Springfield Rifle
150 ibat-ibang kalibre ng pistol
500 Cartridge belts
16,000 pirasong mga bala ng baril
3 sakong bigas
27 rolls ng Nadeco khaki
at ibat-ibang mga gamot.⁷⁴²

Hatinggabi nang sila ay makarating sa Ligid-Tipas at mabilis na ikinarga ang mga nakulimbat na mga kagamitan sa bangka sa tulong ng mga gerilya ng Tipas at mga kasapi ng 47th ROTC Hunters. Agad itong tumulak patungo sa kampo ng mga

⁷³⁸ File No. 307-23,47th Regt., 47th Div., Hunters-ROTC, Philippine Guerrilla Recognition Files, Philippine Veterans Association Office, p. 63

⁷³⁹ Marcelo de la Paz Umali, *The Untold Story of Tipas World War II Martyrs* (Taguig: Creslan Printing Inc., 2011), 4.

⁷⁴⁰ Mojica, *Terry's Hunters: The True Story of the Hunters ROTC Guerrillas*, 121.

⁷⁴¹ Guillermo, *Unsundered 2*, 107.

⁷⁴² Umali, *The Untold Story of Tipas World War II Martyrs*, 5.



gerilya sa Boso-boso kasama ang mga sumakabilang-bakod na mga kadete ng *Philippine Constabulary*. Matagumpay ang naging misyon na ito dahil an upang kinalaunan ay maparangalan si Kapitan Gonzalo Magsalin ng *Bronze Cross* sa isang seremonyang pangmilitar noong Hulyo 18, 1957.

Matapos lamang ang ilang araw matapos ang matagumpay na pagsalakay na ito, ay natunton ng mga Kempeitai kung sino ang nagmamay-ari ng trak na ginamit nina Gerardo Yusi at Gonzalo Magsalin sa ginanap na pagsalakay. Nadakip ng mga Hapones si Engr. Tony Centeno na tumulong, at nagpahiram ng sasakyan sa mga gerilya, ito ay habang nagpapagamot si Centeno sa *Philippine General Hospital*.⁷⁴³ Sa pagkakadakip na ito ay naibusal ng kaniyang bibig ang naging pagkilos at mga taong naging kasangkot sa nangyaring pangungubkob na isinagawa ng mga Taguigueno. Habang sa hiwalay na okasyon ay isang *Makapili* mulang Palatiw, Pasig ang nakaengkwentro ng isang taga-Tipas na nagbebenta ng apat na gulong ng trak na nakumpirma kinalaunan na bahagi ng trak na ginamit ng mga taga-Tipas sa operasyon ng pagsalakay sa *Philippine Constabulary*. Ang mga pangyayaring ito ay siyang kinasapitan ng malagim na pangyayari na hindi malilimutan kailanman sa kasaysayan ng Taguig—ang impamosong “sona sa Tipas”.

Ang “Ikalawang Alon” ng Pagsosona sa Tipas

Sa datos ng *Guerrilla Recognition File*, nasa mahigit 800 ang bilang ng mga gerilyang *Hunters* sa Taguig, pangalawa sa pinakamaraming gerilya sunod sa Paranaque na bumibilang ng 1,200.⁷⁴⁴ Dahil na rin sa malaking bilang ng mga Taguiguenong naging kabahagi sa kilusang gerilya at dulot ng pangyayaring kinasapitan ng naging pagbakas sa pagsalakay ay ang kapalit nitong pagbuwis ng buhay ng mga mamamayan nito. Prominente man o hindi prominente, kasangkot man o hindi kasangkot sa kilusan. Isang madilim na yugto sa kasaysayan ng Taguig ang pinangyarihan noong Disyembre 1, 1944 nang dumating nang alas tres ng madaling araw sa Tipas ang limang tangke at sampung trak lulan ang mga *Kempeitai*, *Makapili* ng Pasig at mga sundalong Hapones. Pinangunahan ito ni Major Takeshi Tohei ng *Manila South Kempeitai Unit* alinsunod sa direktiba ni Lt. Col. Tsunao Toyonaga na komandante ng *Kempeitai* sa buong Luzon. Mula ito sa kautusan ni Col. Akira Nagahama ang Punong-ulo ng mga *Kempeitai* sa Pilipinas na tuntunin ang trak na ginamit maging ang mga armas na kinulimbat sa *PC* sa Tipas batay sa impormasyong natiktikan ng *Japanese Espionage Section*. Naganap sa

⁷⁴³ Mojica, *Terry's Hunters: The True Story of the Hunters ROTC Guerrillas*, 127.

⁷⁴⁴ Box No. 246, Entry 1087, p.66.



Tipas ang pagsosona o ang sapilitang paghalughog ng awtoridad sa mga tahanan na hinihinalaang miyembro ng kilusang gerilya. Sa tulong ito ano pa ng partisipasyon ng mga Pinoy tulad na nina Faustino Flores, Leon Gutierrez, Felipe Reyes at isang Amado Menor na kolaboratibong nakipagsabwatan sa mga Hapon sa naganap na pagsosona.⁷⁴⁵ Pinisan sa mga ito ang mahigit 1000 na kalalakihan sa Plaza Bonifacio at ang bawat isa ay dumadaan mula sa mausisang mata ng mga *Makapili* na nakatalukbong ng bayong ang ulo.⁷⁴⁶ Sinasala ang mga mapagbibintangan at hindi, sapagkat lahat ng mga maituturong gerilya ay dinadala sa simbahan ng Dambanang Kawayan habang ang ibang hindi mabigat ang pagkakasala ay sinasala sa Simbahang Aglipayano sa Tipas.

Bunsod ng pagkakahalughog ng mga Hapones sa bawat tahanan ay natagpuan maging ang isang dokumentong nagtataglay ng kalipunan ng mga kasapi sa kilusang gerilya sa Taguig. Karamihan sa mga natukoy ay tinortyur at binigti patiwarik sa puno ng bayabas sa pagitan ng dalawang simbahan habang hinahataw ng dos por dos na kahoy.⁷⁴⁷ Kabilang sa mga ito ang gerilyang sina Kapitan Amado Balderrama, Pedro Ramos at Lt. Ricardo Estacio na opisyal ng *Hunters* upang tangkaing paaminin hinggil sa kilusang gerilya. Habang ang mga nasa loob ng simbahan ng Dambana ay wina-*water torture*. Sa huli, napaamin ang ilan na nagbigay daan sa pagkakatuklas ng mga Hapon sa mahigit 20 na baril sa loob ng nitso sa sementeryo ng simbahang Aglipayano sa Tipas buhat sa mga armas na nakulimbat sa *Philippine Constabulary*. Habang dalawa naman ang natagpuan sa likod ng altar nito dahilan upang kasama sa mga binihag ay ang paring Aglipayano na si Fr. Narciso Umali.⁷⁴⁸

Sumapit ang ika-5:00 ng hapon nang mahigit 300 kalalakihan na kinabibilangan ng mga prominenteng tao sa Taguig tulad ng nangagbitiw na punong-bayan na si Artemio Natividad, pangalawang punong-bayan na si Braulio Pagkalinawan, Lupong Panglalawigan ng Rizal na si Ludovico Labao, Maj. Isias Umali na miyembro ng USAFFE, Judge Deogracias Bunyi, Col. Marcos Estacio, at Kapitan Amado Balderrama. Mga taong isinakay sa truck upang dalhin sa Cortabirarte Garrison sa Malate, Maynila ng 6:00 ng gabi hindi upang makarinig pa sa kanila o katiyakang makauwi pa ng buhay.⁷⁴⁹ Sa pag-alis na ito ay ang

⁷⁴⁵ Tingnan ang: G.R No. L-1731, G.R No. L-1624, G.R No. L-1676, at G.R No. L-2237.

⁷⁴⁶ Pasaalitang Kasaysayan ni Antonia Estacio Villegas, 89 taong gulang na nakasaksi sa *sona*. Tingnan ang: Think Big Taguig, "Araw ng Kagitingan at Kabayanihan sa Tipas," December 1, 2022, video, <https://rb.gy/jv8k5>.


⁷⁴⁷ Umali, *The Untold Story of Tipas World War II Martyrs*, 8.

⁷⁴⁸ *Ibid.*, 9.

⁷⁴⁹ U.S.A. vs. Akira Nagahama, Japanese War Crimes Trials, Bundle No. 74 Vol. XII, pp. 22-23, Philippine National Archives, Manila.



pagtangis at panaghoy ng mga taga-Tipas sa mga kapamilyang naging biktima ng sona.⁷⁵⁰ Umalis sila ng 6:30 upang mailipat patungong Huzi-heiei (Fort Santiago). Nakarating ang mga ito ng 9:00 ng gabi at karamihan sa mga ito ay ikinulong sa Cell No. 2F at na isang seldang madalas na lumulubog tuwing high tide at Cell No. 1D.



MAPA 16: "SKETCH SHOWING LOCATION AND DISTRIBUTION OF TROOPS AT THE SUCAT BATTLE" 1ST REGIMENT, II CORPS (PRESIDENT QUEZON'S OWN GUERRILLAS (PQOG)) [FOLDERS I-3]

Karamihan sa mga ito ay nangamatay kinabukasan ng Disyembre 2, 1944 dahil sa supokasyon matapos magkumpulan sa maliit na espasyo ng selda at hindi mapagbigyan ng tubig at pagkain dahil sa naging *air-raid* ng mga Amerikano sa Intramuros. Dulot nito ay inilipat ang mga nangatirang nangaligtas sa gutom at

⁷⁵⁰ Pasalitang Kasaysayan ni Rosita Santos. Cf. D.n, *Taguig: The People's Book*, 57.



uhaw sa Cell No. 3 at kinalaunan ay nilipat din sa Cell No. 4B. Samantala, Disyembre 17, 1944 naman ang pagkakahuli sa *aide-de-camp* ni Pangulong Manuel Quezon na si Arsenio Natividad na taga-Taguig sa sala ng pagbibigay ng mga kumpidensyal na mga dokumentong Hapones sa mga gerilya ng Taguig at Cavite⁷⁵¹ at apat pang matataas na opisyal ng Constabulary na sina Col. Tomas Domaoal, Col. Fidel Cruz, Col. Jose Moran, Major Avelino Villafreya. Ang tadhana nila pareparehas ay hatol ng kamatayan sa pamamagitan ng pagbaril noong Enero 7, 1945 sa utos ni Lt. Col. Tsunao Toyonaga.⁷⁵² Kabilang ang kanilang mga hindi matukoy na bangkay sa mga *mass graves* sa North Cemetery sa Maynila.

Ang Araw ng Pagpapalaya sa Taguig

Sumapit ang liberasyon ng Maynila noong Pebrero 3 1945.⁷⁵³ Dulot ng pagkabagabag ng mga sundalong Hapones na nasa Taguig sa pagdating ng mga pwersang Amerikano ay Pebrero ng parehong taon ay pinasabog ng mga ito ang konkretong tulay na nag-uugnay sa Tuktukan-Bambang upang mapigilan ang pagpasok ng mga pwersang Amerikano.⁷⁵⁴ Gabi naman ng Pebrero 5 nang ang mga Hapon ay pinagsusunog ang mga kabahayan sa Ususan, na isasagawa ring marapat sa iba pang mga bayan kung hindi lamang ito napigilan ni Kapitan Kawagutsi na pinuno ng hukbo sa Taguig. Samantala, dumating noong Pebrero 17, 1945 ang *advance patrol* ng 11th Airborne Division ng mga sundalong Amerikano sa Bambang buhat sa nakukob na *Fort Mckinley* mulang Pateros upang makipagkita sa mga *Bambang Unit* ng gerilyang *Markings* sa Taguig sa pamumuno ni Gaudencio Lucente. Naging mahalaga ang yunit na ito sapagkat ito ang tutukoy sa kinaroroonang garison ng Hapon sa iba't-ibang bahagi ng Taguig, at mula rito ay magsisilbing tungtungan ng pinagsamang pwersa ng mga gerilya at Amerikano patungo sa burol ng Mabato na pinagkukubkuban ng mga Hapones.⁷⁵⁵ Sa pamamagitan ng impormasyong natanggap mula sa gerilya ay matagumpay na na-engkwentrong nagliliwaliw sa ilog Taguig ang bangkang lulan ng mga Hapones. Ang mga ito ay isang Haponesang nangganggalang Hagiwara Chiyo na kanilang napatay, at isang Kapitan Kawagutsi na nagtamo ng sugat at nagawa pang pansamantalang makatakas bago dakpin at dalhin sa

⁷⁵¹ D.n., *Taguig: The People's Book*, 49.

⁷⁵² Umali, *The Untold Story of Tipas World War II Martyrs*, 19-21.

⁷⁵³ Agoncillo, *History of the Filipino People*, 410.

⁷⁵⁴ Pagtakhan, *Ang Tagig at ang kanyang Kasaysayan*, 69.

⁷⁵⁵ File No. 109-21, Bambang Unit, 1st Army Corps., Philippine Guerrilla Recognition Files,



himpilan ng mga Amerikano sa *Fort Mckinley* na sa parehong araw ay matagumpay na nabawi at nakukubkob.⁷⁵⁶

Sa tulong ng pinagsamang pwersa ng 11th Airborne Division sa pamumuno ni Lt. Elmer Howard at pwersa ng mga gerilyang Taguigueno, ay matagumpay na nabawi sa kaparehong araw ng Pebrero 17, 1945 ang *Fort Mckinley* na huling muog ng mga Hapon sa katimugang bahagi ng Maynila at ang *Nichols Airfield* laban sa mga Hapon na sa panahong ito ay nagkukubkob sa *Mabato Point* o burol ng *Kay-Patag*.⁷⁵⁷

Samantala, nakukob din sa kaparehong araw ng mga *Hunters ROTC* ang Munisipyo at matagumpay na nakapagtatag ng *emergency provisional local government* hanggang Hunyo 30, 1945. Sa pamamagitan nito, ang mga tagapamuno ng *Hunters* ang pansamantalang umupo bilang Alkalde mayor.⁷⁵⁸ Sa isang ulat, bago lisanin ng mga nakaligtas na Hapon ang lugar ay may naganap na malawakang pagdambong, pagsunog ng mga bahay at pagpatay ng mga Hapones sa mga Taguigueno ang naobserbahan ng 11th *airborne division* ni Howard.⁷⁵⁹ Nangahas na umako ng delikadong atas ni Lt. Elmer Howard ang isang gerilyang Taguiguenong nanggangalang Roberto Cruz upang ipadala ang liham pangungumbinsi na sinulat ng kanilang bihag na si Kapitan Osawa sa mga Hapon na nagkukubkob sa burol ng *Kay-Patag* upang mapayapang sumuko sa labanan.⁷⁶⁰ Agad itong tumungo papuntang *Kay-Patag* sakay ng kabayo upang iabot ang liham sa tanod. Sa 'di kawasa, matapos maiabot ang ulat na tinugunan na tanging susuko lamang ang mga Hapon sa mga Amerikano at hindi sa gerilya, ang kabong si Cruz na papalayong sakay ng kabayo ay binaril na kaniya din namang sinagot ng bala. Mapalad na nakaligtas ang binatilyo at bunga nito ay iniukol ni Komandante Howard ang kaniyang paghanga sa gerilyang kabo dahil sa kaniyang katapangan.⁷⁶¹

Dahil sa hindi pagsuko ng mapayapa ng mga Hapon ay inumpisahan ng pinagsamang pwersa ng Amerikano at gerilyang Taguigueno, kapwa ng mga *Hunters* at *Markings*, ang paglusob at huling opensa sa Taguig noong Pebrero 22, 1945 upang mapasuko ang mga Hapon na nagkukubkob sa burol ng *Kay-Patag*. Ang burol ng *Kay-Patag* sang-ayon sa ulat ng XXIV Corps G2 ng hukbong

⁷⁵⁶ Pagtakhan, *Ang Tagig at ang kanyang Kasaysayan*, 71.

⁷⁵⁷ D.n, "MacArthur's Communique," *Daily Mercury*, February 21, 1945, 4.

⁷⁵⁸ Tagig Supplement, D.n

⁷⁵⁹ D.n, "Japanese Barbarity," *The Age*, February 21, 1945, 3.

⁷⁶⁰ Mojica, *Terry's Hunters: The True Story of the Hunters ROTC Guerrillas*, 546.

⁷⁶¹ Pagtakhan, *Ang Tagig at ang kanyang Kasaysayan*, 21.



Amerikano ay lugar na mataas at mayroong mga *underground* na mga *tunnels* na kinaroroonan ng mga *living quarters*, *hospital*, *supply rooms*, kusina, *communication centers* pati na mga dambana na ginamit ng 800 na Hapones na binuo mula pa nang 1942.⁷⁶²

Matapos ang matagumpay na digmaan ay sumapit ang araw ng pagpapalaya sa Taguig na idineklara ng mga gerilyang Taguigueno sa pangunguna ng Lt. Col. Pedro Cruz noong Pebrero 23, 1945 matapos ang kanilang matagumpay na pakikidigma sa burol ng Kay Patag sa pagitan ng Bicutan at Bagumbayan. Bagama't nakapagdeklara ng kalayaan ay patuloy pa rin ang putukan at paguusig ng mga gerilya sa mga Hapon ng Pebrero 27 hanggang unang linggo ng Marso 1945 sa iba't-ibang bahagi ng Taguig.⁷⁶³ Katangi-tangi ang naging pakikibaka ng mga gerilyang Taguigueno sa Taguig na hindi kinailangan pa ang tulong ng mga pwersang Amerikano sa mga *mopping-up operation* upang mapalaya ang bayan. Matapos nito ay pormal na itinaas sa Taguig ang bandila ng Pilipinas at Amerika sa patio ng simbahan ng Santa Ana noong Marso 7, 1945 sa kautusan ni Lt. Col. Pedro Cruz kay 1st Lt. Felipe Gregorio. Sa panahong ito, ang bayan ay pansamantalang pinamunuan ni Pedro Cruz at ng grupo ng *Hunters Guerrilla*. Hanggang sa sumapit ang Hulyo 5, 1945 nang lubusang mapalaya ang buong bansa sa mga Hapon mula sa pamosong *communique* ni McArthur kung saan kaniyang sinabi ang mga katagang "*The entire Philippine Islands are now liberated...*".

PAGIGING LUNGSOD: SULIRANIN AT PERSPEKTIBA (1946- M.K - KASALUKUYAN)

Ang pagtatapos ng ikalawang digmaang pandaigdig at ang pagkamit ng kalayaan laban sa mga Amerikano noong Hulyo 4, 1946 ang siyang naging panimula ng pagtatatag ng ikatlong republika ng Pilipinas. Subalit bago pa man ito, naluklok sa pwesto nang pagiging Pangulong Bayan ng Taguig si Leocadio de Leon na humawak ng kapangyarihan mula January 1 hanggang Mayo 31.⁷⁶⁴ Sa kabilang dako, nakapagbigay naman ng oportunidad ang susing kaganapan ng ikalawang digmaang pandaigdig sa mga papausbong na bagong sibol na pulitiko ng Taguig. Lalo pa ang mga pangunahing personalidad na gumampan ng

⁷⁶² Edward Flanagan, *The Rakkasans: The Combat History of the 187th Airborne Infantry* (New York: Presidio Press, 1997), 102.

⁷⁶³ Mojica, *Terry's Hunters: The True Story of the Hunters ROTC Guerrillas*, 268-269.

⁷⁶⁴ D.n, "Tagig: A town of myth and poetry," *Manila Standard*, March, 29, 1995.



mahalagang papel noong digmaan sa Taguig. Sa ganitong perspektiba mailalagay ang dahilan kung bakit sa huli ay maluklok sa kapangyarihan ng pagiging Punong Bayan ang gerilyang si Pedro Cruz sa panimula ng pagtatatag ng Ikatlong Republika ng Pilipinas sapul noong Hulyo 1946 hanggang Disyembre 31, 1947 sa pagkakahalal kay Manuel Roxas sa pagkapangulo ng bansa.



LARAWAN 52: GUSALING MUNISIPAL NG TAGIG (1960s)
[[HTTPS://TINYURL.COM/Y5YPYRW7](https://tinyurl.com/y5ypyrw7)]

Sa panahon ng pamumuno ni Roxas ay naitatag sa Taguig noong 1947 ang *Republic Memorial Cemetery* na inilaan upang maging himlayan ng mga Pilipinong sundalo na nagbuwis ng buhay noong ikalawang digmaan. Idineklara ito ni Pangulong Elpidio Quirino noong Hunyo 16, 1948 bilang himlayan ng mga pangulo at bayani sa bisa ng Republic Act. 289. Hanggang sa pinalitan naman ang pangalan nito tungong *Libingan ng mga Bayani* ni Pangulong Ramon Magsaysay sa bisa ng *Proklamasyon Blg. 86* noong taong Oktubre 27, 1954, kung saan isa sa mga kauna-unahang pangulong nahimlay sa naturang libingan ay si Pangulong Carlos P. Garcia noong 1971.

Maraming mga pangyayari ang naganap sa loob ng panahon makalipas ang digmaan ang masasabing nakapag-ambag sa ibayong pag-unlad ng Taguig. Prinsipal na naging hamon sa panunungkulan ng mga pinunong bayan matapos ang digmaan ay pagtugon sa gawain nang muling pagbubuo at pagpapaunlad. Samakatuwid, mga suliraning ekonomiko na kinakailangan higit sa lahat ng rehabilitasyon at pagsasarekonstruksyon. Sa loob ng panahong ito ay hindi



naging mabilisan subalit tyinaga ng pa-unti-unti ang pagsisikap na umunlad. Nagkaroon ng pagpapagawa ng mga pozo artesyano, pagsasaayos/paggawa ng mga daanan maging ng pagpapanli sa mga nasirang tulay na kahoy at muling pagsasaayos nang napasabog na konkretong tulay ng mga Hapones sa panahon ng digmaan.⁷⁶⁵ Sa likod nang mga ito, nanatiling mabagal ang pag-unlad ng Taguig na noo'y inihahanay pa bilang *Fourth Class Municipality* sa buong lalawigan ng Rizal na may bilang ng populasyong mahigit nasa 6,397.⁷⁶⁶



LARAWAN 53: : MABABANG PAARALAN NG TAGIG (1959)
[[HTTPS://TINYURL.COM/4MNKYAFP](https://tinyurl.com/4mnyaff)]

Subalit nag-umpisang magbago ang ihip nito noong mga bandang 1956. Sa pamumuno ni Monico Tanyag na nang manungkulan sa loob ng 19 taon ay umpisang naging sentrong industriyal at komersyal ang bayan.⁷⁶⁷ Naganap ang baitang na pag-unlad mula sa transisyon ng pagiging baseng agrikultural patungong industriyal bilang batayan ng ekonomiya. Sa panahon nang kaniyang panunungkulan ay naumpisahan ang paggawa ng bagong gusali ng Pamahalaang Bayan ng Tagig na pinangako noon ni Pangulong Ramon Magsaysay kay Tanyag. Makalipas ang isang taon ay nabili ang isang ektaryang lupa sa Tuktukan na nagkakahalaga ng P7,500 upang ilaan sa pagtitirik ng bagong munisipyo. Pormal na pinasinayaan ang bagong munisipyo noong Agosto 1, 1958 at nailipat ang sentro ng pamahalaang bayan mulang Santa Ana tungong Tuktukan. Pinagtibay

⁷⁶⁵ Pagtakhan, *Ang Tagig at ang kanyang Kasaysayan*, 73.

⁷⁶⁶ Salonga, *Rizal Province Directory*, 10.

⁷⁶⁷ D.n, *A Progress Report of Mayor Levi B. Mariano: August 4, 1976-March 29, 1979 in Commemoration of the 79th Foundation Day of Tagig, Metro Manila* (Tagig: Tinig ng Nayon, 1979).



ito ng *Executive Order No. 311 s. 1958* na nilagdaan ni Carlos P. Garcia, na humalili kay Magsaysay matapos itong mamatay bago pa man matapos ang gusaling bayan. Dahil dito, bilang pagpupugay sa ala-ala ni Magsaysay at pamana nito sa Taguig, patuloy pa rin na makikita ang rebulto ni Magsaysay sa harap ng pamahalaang gusali ng Taguig sa Tuktukan magpahanggang sa kasalukuyan.

Samakatuwid, mulang 1892 hanggang 1958 ay nanatiling sentro ng kapangyarihan ang Santa Ana na mapapalitan matapos ang pagkakatatag ng bagong gusaling bayan sa Tuktukan. Magpapatuloy ang pag-iral ng dating bahay pamahalaan na naitatag noong 1928 subali't bilang sangay o *annex* na lamang ng *Mababang Paaralan ng Tagig* na may dalawang silid aralan—ang silid aralang *Manuel L. Quezon* at silid aralang *Don a Teodora Alonzo*. Kinalaunan ay maglalaho ito matapos gibain upang bigyang daan ang pagpapatayo ng talipapa.

Magmula sa pagiging *fourth class town* ng Probinsya ng Rizal hanggang 1956, umakyat ang Taguig sa pagiging *second class municipality* sa loob ng fiscal year 1969-1970 na mayroong kinikitang P482,314.97.⁷⁶⁸ Samantalang nang maging *first class municipality* ay nag-umpisang kumita naman kada taon ng P1,575,716.15. Mula rito ay nagkaroon ang Taguig nang sarili nitong Rural Bank—ang *Rural Bank of Tagig*, at gayundin ay pinaglulunanan ng mga malalaking mga industriya tulad ng *Elizalde Steel Corporation* na pagmamay-ari ng prominenteng pamilya ng mga Elizalde, maging ng iba pang mga kompanya tulad ng *The Novelty Philippines* at *Greater Manila Garment* sa paggawa at pangangalakal ng mga saplot, industriya ng pagawaan ng bakal tulad ng *Scion Steel*, at langis ng *Tayabas Oil* atbpa.⁷⁶⁹ Ang pag-iral ng mga ito kasabay din ng mga *small-scale industries* ay lubos na nakapagambag sa pag-unlad at prosperidad ng Taguig. Ito ay sa harap ng pagpapatuloy ng mga trabahong nakasentro sa pagsasaka at pangingsda, maging ng iba pang okupasyon tulad ng pagbabalot, pag-aalaga ng mga hayop, paglikha ng sawali atbpa.

Sa kabilang dako, ganap namang napasakamay ng gobyerno ng Pilipinas ang *Fort Mckinley* noong Mayo 14 ng 1949 sa pamamagitan ng *US Embassy Note No. 0570* maging ng iba pang mga *Military Bases Agreement* na nagbibigay bisa sa paghilipat ng mga lupa kasama ang mga gusali't pasilidad na naitirik sa reserbasyon sa Gobyerno ng Pilipinas. Bahagi ito ng probisyong tinatakda ng

⁷⁶⁸ D.n, *A Profile of the Municipality of Taguig*, 13.

⁷⁶⁹ J. Garra Lariosa, "Taguig, one of the oldest RP towns, now a trade center," *Tagig Supplement*, January 9, 1973. Tingnan din ang: Dn, *A Profile of the Municipality of Taguig*, 21.



Tydings-Mcduffie Act na wala sa *Harc-Hawes-Cutting* hinggil sa usapin ng pananatili/pagpapalayas sa mga base militar ng mga Amerikano sa Pilipinas.⁷⁷⁰ Sa pagpapasang ito ay binihisan ng makaPilipinong karakter ang pangalan ng kuta noong Hulyo 10, 1957 at ginawang Fort Bonifacio bilang pagpaparangal sa ama ng bayan na si Andres Bonifacio, na ang pamilya sa panig ng ama nito ay mga taal na Taguigueno.⁷⁷¹ Matapos nito ay nagpatupad ang pamahalaan ng isang plano na lumilikha ng isang pamayanan para sa mga militar na nasa ligid ng *military reservation*. Ito ang dahilan nang pagkakabuo ng mga tinatawag na *EMBO barangays* na kinapapalooban ng Cembo o *Central Enlisted Men's Barrio* na pinamahayanan ng mga rekrut galing sa Floridablanca, Pampanga noong 1949, Rembo o *Riverside Enlisted Men's Barrio* na pinamahayanan noong 1954 at 1956 sa West Rembo, Comembo o *Combat Enlisted Men's Barrio* na inokupahan ng mga *special group* ng Philippine Army noong 1957, at Pembo o *Panthers Enlisted Men's Barrio* na pinaglunanan naman ng mga sundalong batikan na tinatawag na Panthers. Kaugnay nito ang Signal Village sa Taguig na mula sa Enlisted Men's Barrio of Signal Corps na orihinal na nasa loob ng Signal Camp sa Diliman sa Lunsod Quezon. Inilipat ang EMBOSC sa Fort Bonifacio Military Reservation at tinawag nang Signal Village.

Dalawang araw naman matapos ang 1957 ay naglaan si Pangulong Carlos Garcia noong Hulyo 12, 1957 ng lupa sa Probinsya ng Rizal sa loob ng mga munisipalidad na kinabibilangan ng Taguig, Pasig, Paranaque at Pasay upang ilaan sa layuning pangmilitar ang ilan sa mga parcel ng mga pampublikong *domain* sa bisa ng *Proclamation No. 423*. Nagkaroon ng implikasyon ito sa mga pamilyang *informal settler* sa Taguig na masasagasaan nang naturang proklamasyon. Isa na rito ay ang pakikibaka ng mga taga-Gate 3, Fort Bonifacio na nasa labas lamang ng kampo, kung saan malinaw pa sa mga gunita ng mga nanirahan dito ang pang-aarsag o ebiksyon at konstant na demolisyon ng mga sundalo sa mga itinayong tahanan sa lugar ng Gate 3 noong araw. Ayon sa isang salaysay ng naunang nanirahan dito:

Noong araw, hindi pinapayagan na magtayo, kasi ina-arsag po kami. Nakipaglaban po kami noon sa mga sundalo kasi palagi po kaming pinapalayas dito,

⁷⁷⁰ Salvador Lopez, *Elpidio Quirino: The Judgment of History* (n.p: Salvador Lopez & President Elpidio Quirino Foundation, 1990), 39.

⁷⁷¹ Medina, *Andres Bonifacio*, 5.



doon. Hindi po kami halos nakakatulog kasi wala po kami noong bahay.⁷⁷²

Madalas, ang mga itinayong tirahan na kubo ay tinatangalan ng bubong upang hindi akalain na bahay, na siyang pinalala naman nang pagsapit ng Batas Militar kung saan tuluyang pinalayas ang mga *informal settler* sa Gate 3 noong 1972. Matuturan na naging isang mahalagang pook din ang Fort Bonifacio sa pagpatak ng pagpataw ni Marcos ng Batas Militar sapagkat nagsilbing tahanan ito ng mga bilanggong pulitikal na kritikal sa administrasyon ni Marcos tulad na lamang ni Ninoy Aquino.⁷⁷³ Mangyari pa, maging ng mga iskolar na sina William Henry Scott, Zeus Salazar, Bienvenido Lumbera, Butch Dalisay atbpa.



LARAWAN 54: GUSALING BAYAN NG TAGIG (1970s)
[[HTTPS://TINYURL.COM/Y5YPRW7](https://tinyurl.com/y5ypyrw7)]

Maliban pa dito, sa panahon din ng Batas Militar nabuo ang iskema ng pagbubuo nang Maharlika Village sa Taguig noong January 3, 1973 sa bisa ng Proklamasyon Blg. 1217 bilang pagtatangka ng diktaduryang Marcos na bumuo nang isang huwarang Islamikong komunidad. Sa pamamagitan nito ay umaasa ang pamahalaan na pahupain ang rebelyon na nagaganap sa Mindanao at panumbalikin ang mga MNLF sa ilalim ng batas.⁷⁷⁴ Subalit lampas pa rito, naging malinaw rin kay Marcos na pwedeng pulitikal na kasangkapanin ang

⁷⁷² D.n., *Taguig: The People's Book*, 26.

⁷⁷³ Miguela Yap, *The Making of Cory* (Quezon City: New Day Publishers, 1987).

⁷⁷⁴ Reuben Borcelis Corpuz, "Urban Muslim Community in Manila," Tesis Masterado, (Unibersidad ng Pilipinas, 2003), 39.



pagpapatayo ng Maharlika Village upang ilako ito sa mga Islamikong bansa sa Gitnang Silangan. Sa pamamagitan nito ay inaaasahan ng Pangulo na makakuha ang bansa ng pinansyal na tulong at pabor para sa noo'y nagaganap na krisis sa langis dulot ng imposisyon ng OPEC.⁷⁷⁵ Sanhi nito, inilaan ang kalupaang bahagi ng Fort Bonifacio na may lawak na 305,000 sq. m. para sa pagpapatayo ng Maharlika Village. Habang sa bisa naman ng *Letter of Instruction* Blg. 142, s.1973 ay pormal na nabuo ang *Administrative Committee* na siyang mamumuno sa implementasyon ng mga proyekto, pagsasagawa ng mga bahay, at iba pang mga imprastraktura tulad ng himlayan, paaralan atbp. Sa pamamagitan ng pagbubuo ng komunidad ng mga Muslim sa puso ng Kamaynilaan, nilayon nito na mabuwag ang “*prejudice*” ng mga hindi Muslim sa mga kapatid na Muslim tungo sa isang hakbanging ng pamahalaan ni Pangulong Marcos na makabuo ng mapanghahawakang batayan para sa pagkakaisang pambansa at kaisahang pagkakakilanlan.⁷⁷⁶

Subalit bago pa man ang hakbanging ito ay mayroon nang nakapagtayo nang maliliit na komunidad ng mga Muslim na hindi titulado sa erya ng Maharlika Village sa panahon pa man ni Pangulong Diosdado Macapagal. Nakatira ang mga ito sa erya ng hindi pa nabubuong Maharlika Village sa pangunguna ng *imam* na si Hajji Muhammad Kusin na galing sa Zamboanga. Kasakasama nito ang iba pang mga Muslim na sina Musa Muhammad, Usman Baraynan, Jaafar Abub, Kabigon Lamaran na nakatira sa isang ektaryang binubuo ng mahigit walongpu na kabahayan. Nakakuha ang mga ito ng legal na titulo ng lupa matapos sila tulungan ng isang Koronel Martelino ng Hukbong Sandatahan na naging Muslim noong 1960. Pinalala naman ng taong 1970's ang kaguluhan sa Mindanao. Kung kaya't hindi kataka-taka na laramihan sa mga Muslim na tumira sa lugar ay biktima ng *rido* at digmaan sa Jolo bilang bahagi ng digmaan na nagaganap sa Katimugang Pilipinas sa pagitan ng gobyerno at ng mga sesesyonista. Sa kasalukuyan, ang Maharlika Village ay isa sa mga komunidad na may malaking bilang ng Muslim sa buong Kamaynilaan. Ilan sa mga prominenteng tao/pamilya na naninirahan dito ay ang pamilya ng isa sa mga nag-aangkin sa pagka-Sultanato ng Sulu na si Sultan Jamalul Kiram III na bumuhay noong 2013 sa isyu ng pag-aangkin ng Pilipinas sa Sabah.⁷⁷⁷

⁷⁷⁵ Corpuz, “Urban Muslim Community in Manila,” 62.

⁷⁷⁶ *Ibid.*, 3.

⁷⁷⁷ Sandra Aguinaldo, “I-Witness: Jamalul Kiram III, the poorest Sultan in the world,” YouTube video, 6:22, pinaskil ng “GMA Integrated News,” Marso 11, 2013, <https://www.youtube.com/watch?v=uiorJ5VhKLe>.



Kasapitan naman sa taong 1974 ang pagkakaroon ng tinatawag na *Integrated Reorganization Plan* sa ilalim ng Presidential Decree Blg. 557. Ang atas na ito ay pormal na nagbibigay bisa sa pagpapalit-katawagan sa mga dating “barrio” bilang “barangay”. Kaalinsabay nito, ang mga baranggay sa loob ng Munisipalidad ng Taguig ay nadagdagan at naging labingwalo (18) na kinabibilangan ng Bagong Tanyag, Bagumbayan, Bambang, Calzada, Hagonoy, Ibayo-Tipas, Ligid-Tipas, Lower Bicutan, Maharlika, Napindan, Palingon, Signal Village, Santa Ana, Tuktukan, Upper Bicutan, Ususan, Wawa, and Western Bicutan.⁷⁷⁸ Isang taon naman mula rito, ang Taguig bilang munisipalidad ay inialis sa hurisdiksyon ng lalawigan ng Rizal at napabilang naman noong Nobyembre 7, 1975 sa binuong Metropolitan Manila nang noo’y Pangulong Marcos sa bisa ng Presidential Decree No. 824. Pinamahalaan ito ni Imelda Marcos bilang Gobernadora noong Pebrero 27, 1975 hanggang Pebrero 25, 1986. Sang-ayon sa ulat ng Commission on Audit, sa panahon ng pagkakabilang ng Taguig sa binuong lalawigan, ay pumapangalawa lamang ang bayan sa may pinakamababang *percapita revenue* at *expenditure* sa buong Metro Manila, sa loob ng *fiscal years* 1970-1971 hanggang 1974-1975.⁷⁷⁹

Sa panahong ito ay pinisan bilang iisang distritong parlamentaryo ang Taguig-Pateros-Muntinlupa na kinakatawan noon ni Renato Cayetano bilang representatibo ng Regular na Batasang Pambansa mulang 1984 hanggang 1986. Samantala, nang sumapit ang Rebolusyon ng EDSA na nagsilang ng panibagong konstitusyon noong Pebrero 11, 1987, ang Taguig-Pateros ay naging isang *congressional district*. Habang ang Muntinlupa naman ay nahiwalay at pinisan sa iisang pulitikal na distrito kasama ang bayan ng Las Pinas.⁷⁸⁰

Kasapitan naman sa taong 1986 ang isang mahalagang pangyayari sa kasaysayang pulitikal ng Taguig at lubos na nakapagpabago sa heyopolitikal na eksena nito. Isang pangyayari ng nakaraan na patuloy na nagmumulto magpahanggang sa kasalukuyan. Sa huling taon kasi ng pamumuno ni Presidente Marcos ng taong 1986 ay idineklara nito ang Fort Bonifacio bilang bahagi ng Makati sa pamamagitan ng paglalabas ng Proklamasyon blg. 2475. Ang proklamasyong ito ang siyang naging batayan nang sumunod na Pangulo Corazon Aquino na nagbigay apirmasyon sa pamamagitan ng Proklamasyon blg.

⁷⁷⁸ D.n, “Taguig history: A patriotic past, a progressive future,” *Philippine Daily Inquirer*, April 25, 2002.

⁷⁷⁹ Manuel Caoili, *The Origins of Metropolitan Manila: A Political and Social Analysis* (Quezon City: University of the Philippines, Press, 1999), 83.

⁷⁸⁰ Joaquin Bernas, *The Constitution of the Republic of the Philippines : with annotations based on Commission deliberations* (Manila: Rex Bookstore, 1987), 154-167.



518 na bahagi nga ito ng Makati. Samantala, sa ilalim naman ng *privatization program* ni dating Pangulong Fidel Ramos ay inilipat ang pamamahala ng Fort Bonifacio sa BCDA na nakipag-*partner* naman sa Ayala Land, Inc. at Evergreen Holdings, Inc. upang ma-debelop ang Bonifacio Global City.⁷⁸¹ Inaasahan na sa pamamagitan ng pagpapatayo nito ay maging isang “*Nucleus of Philippine Progress in the 21st century*” ang Fort Bonifacio na tiyak na makapaglikha ng malaking bilang ng buwis. Kaiba sa mga naunang proklamasyon, ang mahigit 2.4 sq.km o 240 ektarya na lupaing kabilang sa Fort Bonifacio na nakasaad sa *Plan Swo-00-0012656* at *Swo-00-001266* sa ilalim ng BCDA (Bases Conversion Development Authority) ay tinukoy na nakapaloob sa hurisdiksyon ng munisipalidad ng Taguig noong 1992. Ito ang dahilan kung bakit isang taon buhat dito ay umapila ang Taguig upang mapagtibay ang pag-aangkin nito sa Fort Bonifacio na noo’y nakatakda na bilang isang sentrong komersyal.

TALAHANAYAN 8: INCOME OF TAGUIG, METRO MANILA, 1990-1998

TAON	INCOME	REAL VALUE
1990	39,645,567.93	63,244,924.92
1991	44,993,051.36	59,514,618.20
1992	54,825,795.90	64,424,578.63
1993	81,326,445.02	88,784,328.63
1994	127,472,091.00	127,472,091.00
1995	164,401,310.39	151,924,061.20
1996	275,317,314.88	234,712,118.30
1997	302,997,436.62	242,010,732.10
1998	144,600,919.62	104,859,260.001

Dahil sa pagtatayo sa Taguig nang iba’t-ibang mga sektor ng pangnegosyo, makikita sa pagsapit ng dekada 90’s sa pamumuno ni Mayor Rodolfo Guzman ang drastikong pagtaas nang kinikinita ng Taguig sa halagang P39,711,613 na dumoble sa mahigit P72,822,534.54 noong 1991.⁷⁸² Sinundan naman ito nang halinhan siya ni Mayor Ricardo Papa mula Hulyo 6, 1992 hanggang Hunyo 30, 1995.⁷⁸³ Sa loob ng pamumuno nito ay nagawang mapalago ang kinikita ng Taguig at naisagawa ang pormulasyon ng *Municipal Development Plan* na

⁷⁸¹ “Taguig, then and now: From sleepy town to top city,” *Tagig Supplement*, D.n.

⁷⁸² Martin, “Competitiveness of Taguig as Future City: Transformation of Taguig from Municipal,”

26. Tingnan din ang: *Tagig Supplement*, p.18

⁷⁸³ D.n, “Papa, running mate declared Taguig victors,” *Manila Standard*, July 7, 1992.



na isang pagpapalano na siyang magiging tunguhin ng bayan sa ilalim ng pamumuno nito. Ang mga tunguhin na ito ay ang mga sumusunod: 1.) *Reconstitution of Tagig's territorial jurisdiction which includes zoning plans and ordinances*, 2.) *Updating the Municipal Socio-Economic Profile*, 3.) *Capability Building*, 4.) *Infrastructure Development Programs*, at 5.) *Project Monitoring and Evaluation*. Mapapansin sa unang tunguhin nito ang pagpapatibay sa teritoryal na saklaw ng Taguig na dahil sa masikhay na paggigiit ni Papa ay magresulta ng mitsa sa matagal, at maigting na tunggalian sa pagitan ng Taguig at Makati noong Abril 1993.⁷⁸⁴ Bunga ng lahat ng ito, sa pagtatapos ng kaniyang termino ay pinarangalan nang *DILG* ang Taguig bilang “*Most Outstanding Local Government Unit*” noong 1994.⁷⁸⁵



LARAWAN 55: MANILA STANDARD. MARCH 29, 1995

Ayon sa pag-aaral ng isang ekonomista, isa sa mga susing salik at masasabing adbentahe ng Taguig at sa naging pag-unlad nito ay ang mismong estratihikal na espasyo nito na gumanap ng isang napakahalagang papel sa pagpayabong ng mga ekonomikong proseso at aktibidades. Ang Taguig kasi ay nagsisilbing tagapagugnay at malikhaing tagpuan sa pagitan ng kanluran, silangan, timog, at hilagang bahagi ng Metro Manila.⁷⁸⁶ Liban pa rito, naging angkop at ideyal din ang lokasyong ito para sa agro-industriyal na debelopment

⁷⁸⁴ Jojo Robles at Tony Macapagal, “A question of boundaries,” *Manila Standard*, April 19, 1993, 10. Tingnan din ang: Arlie Calalo, “Taguig wants to stop Makati cityhood,” *Manila Standard*, April 22, 1993, 7.

⁷⁸⁵ Jon Hernandez, “Building a Strong Foundation for Growth,” *Manila Standard*, March 29, 1995.

⁷⁸⁶ Martin, “Competitiveness of Taguig as Future City: Transformation of Taguig from Municipal,”



sa Taguig.⁷⁸⁷ Gayundin, inaasahan noon na magiging instrumental sa pag-unlad ng Taguig ay ang kumbersyon na magaganap sa Fort Bonifacio, kung kaya't ganito na lamang ang pakikipagbuno ng Taguig sa pag-aangkin dito. Katunayan, sa pamamagitan ng paglalagay sa Fort Bonifacio sa loob ng teritoryal na hurisdiksyon ng Taguig, sa pamamagitan ng pagpapataw noong 1995 ni Pangulong Fidel Ramos ng Special Patents 3595 at 3596 na naglehitima sa Taguig bilang may tunay na may pagmamay-ari nito, optimistiko si Mayor Ricardo Papa sa mabuting ibubunga nito makalipas ang sampu hanggang labing-limang taon. Ayon sa kanya, at sa pamamagitan nito, ay mauungusan ng Taguig ang kapit-bahay nitong Makati pagdating sa antas ng pag-unlad.⁷⁸⁸

Ang kulminasyon ng lahat ng mga development na nangyari sa Taguig sa mga nakalipas na mga taon ay magkakaroon ng implikasyon sa pagsapit ng 1998. Hahantong ito sa tinatawag na “cityhood bill” o ang *Charter of the City of Taguig* sa bisa ng Republic Act. No. 8487 na binalangkas noong 1996 nang noo’y Rep. Dante Tinga ng Lakas Taguig-Pateros. Sa katunayan, bilang paghahanda para rito, ginagayakan na ang bayan sa kaparehong taon tungo sa pagiging ganap na siyudad nito sa pamamagitan ng pagsasagawa ng iba’t-ibang mga proyektong makatutulong sa pag-unlad ng bayan tulad na lamang ng pagpapaunlad ng turismo sa panahon ni Mayor Isidro Garcia.⁷⁸⁹ Masasabing hindi isang birong landasin ang lakbayin ng Taguig bilang isang ganap na siyudad sapagkat nasa iba’t-ibang direksyon ang naging pagtutol dito. Isa na rito ay ang konseho munisipal ng Pateros sa pangunguna ni Dominador Rosales sa mariin nitong paninindigan na maibukod ang Pateros at maging isang nagsasariling distrito na mayroong sariling representatibo sa kongreso. Ito ay sa halip na payak na ibilang lamang ito sa *first congressional district* ng Taguig-Pateros.⁷⁹⁰ Dagdag pa, liban pa dito, ang pagtutol din maging sa loob na hanay ng mga pulitikong Taguigueno. Magakagayunpaman, sa kabila nang lahat ng ito, pinanatiling sinigurado nang noo’y Speaker Jose de Venecia Jr. noong 1997 ang *citification* ng Taguig bilang pagkilala sa naging drastiko at mabilis na pag-unlad ng bayan.⁷⁹¹ Iniakyat niya ito kay Presidente Fidel Ramos upang mapirmahan ang *City Charter of Taguig* na hahantong noong 1998 sa isang plebisito sa pagiging ganap na siyudad nito..

⁷⁸⁷ Hernandez, “Building a Strong Foundation for Growth,” *Manila Standard*, March 29, 1995.

⁷⁸⁸ Ibid.

⁷⁸⁹ Daisy Lou Contreras Talampas, “Fascinating historical facts every visitor should know about Taguig,” *Manila Bulletin*, April 21, 1996.

⁷⁹⁰ D.n “Pateros, Taguig land dispute deepens,” *Manila Standard*, Marso 7, 1996.

⁷⁹¹ D.n, “Citification of Taguig promised,” *Manila Standard*, June 6, 1997.



Ang plebisitong ito ay tinangkang harangan noong 1998 ni Allan Peter Cayetano sa pamamagitan ng pag-secure ng *temporary restraining order* sa Korte Suprema. Subali't hindi ito nagtagumpay at nagpatuloy ang plebisito sa mga mamamayan ng Taguig noong Abril 25, 1998, kung saan sa mahigit 200,000 na bilang ng rehistradong botante sa naturang taon ay 41,134 lamang ang nakapagtala ng kanilang boto. Sa huli, sa naganap na bilangan ng boto noong Abril 25, 1998, mahigit 21, 898 ang tumutol sa pagiging ganap na siyudad ng Taguig samantalang ang minoridad ng 19,236 naman ang “sumasang-ayon” sa “citification” nito. Ang kabiguang ito ay umani ng samu't-saring reaksyon sapagkat masasabing isang extraordinaryong pangyayari sa konteksto ng panahong ito ang kinasapitang kabiguan ng sitipikasyon ng Taguig. Sa harap ito ng katotohanang, ang sitipikasyon ng mga bayan ang namamayaning kalakaran noong dekada 90's sa buong Kamaynilaan. Halimbawa na lamag dito ang Pasig na naging siyudad noong 1994, Makati noong 1995, Marikina noong 1996, Paranaque noong 1998 at iba pa.⁷⁹² Sa ganang ito kung bakit nagkaroon ng agam-agam at pagdududa sa kinalabasan nang naging resulta ng plebisito.

Sa kabilang dako, hindi rin naman maitatangi na may dimensyong pulitikal ang “*cityhood bill*” sapagkat kung naaprubahan sana ang bill ay mayroong pagtutuntungan si Dante Tinga sa kaniyang pagtakbo bilang Pangulong Bayan laban kay Ricardo Papa na isa rin sa humarang at nagpaantala sa plebisito sa pamamagitan ng pag-*veto* sa paglalaan ng pondo para sa pagsasagawa sa naturang plebisito.⁷⁹³ Maaari nating sabihin na ang kabiguang ito ang nagdala o naka-kontribuyt sa pagkatalo ni Dante Tinga sa lokal na eleksyon sa pagka-Pangulong Bayan noong 1998 laban kay Ricardo Papa. Sa puntong inakusahan pa nga nito ang kaniyang karibal sa pulitika, subalit kabalikat sa pag-aangkin sa Fort Bonifacio para sa Taguig na si Mayor Ricardo Papa Jr. nang “vote-buying”.⁷⁹⁴

Isang mahalagang *milestone* ang *cityhood* ng Taguig na ninanais nang sinumang pulitiko sa Taguig na sesemento sa kaniyang pagtatag ng kapangyarihan pulitikal sa bayan. Kung kaya't matapos ang plebisito ng 1998, ang usapin ng *cityhood* ay nagmistulang usapin nang tunggalian sa kapangyarihan hindi lamang sa pagitan ng Tinga at ni Papa, kung hindi maging ng mga Tinga at Cayetano. Makikita ito sa mariing pagtutol ni Alan Cayetano sa mga pangyayari bago ang muling pagsasagawa ng *recount* noong 2004. Ito ay matapos na

⁷⁹² Martin, “Competitiveness of Taguig as Future City: Transformation of Taguig from Municipal,” I.

⁷⁹³ D.n, “Taguig solon hits Mayor Papa for delaying town certification,” *Manila Standard*, March 7, 1998.

⁷⁹⁴ Jay Rempillo, “Taguig cityhood rejected,” *Tagig Supplement*, April 27, 1998.



magpetisyon sa Korte Suprema nina Ma. Salvacion Buac and Antonio Bautista noong Oktubre 16, 1998 sa di-umano'y pandadaya at irregularidad sa nangyaring plebisito. Ang apila na ito ay hinarangan nang noo'y Taguig-Pateros Representative Alan Peter Cayetano kung saan tinutukoy nito na walang hurisdiksyon ang COMELEC sa kaso, at ang isang plebisito ay hindi maaaring maging paksa ng isang *electoral protest*.⁷⁹⁵ Ang pahayag ni Cayetano ay sinalungat naman ng COMELEC at sinabing mayroon itong kapangyarihan sa alinmang kasangkutan at kahantungan ng kaso. Subalit, sa pangalawang pagkakataon ay muli itong hinarang ni Cayetano na nagsampa ng *motion for reconsideration* na siyang dahilan upang sa di inaasahang pagkakataon ay sang-ayunan ang mosyon na ito ng COMELEC 2nd Division (na naatasan sa kaso) noong Nobyembre 29, 2001 na naninindiganang wala itong "*jurisdiction over said case as it involves an exercise of quasi-judicial powers not contemplated under Section 2 (2), Article IX (C) of the 1987 Constitution*" na siya namang binigyang apirmasyon ng COMELEC *en banc*. Nagkaroon lamang ng pinalidad ang kaso hinggil rito noong Enero 26, 2004 matapos ang pangyayaring binigyang tuldok ng Korte Suprema na nag-uutos na nagpapawalang bisa sa naganap na plebisito noong 1998 at nagbukas ng atas para sa muling "pagbibilang" ng mga balota.⁷⁹⁶

Sa muling pagkakataon ay muli itong hinarangan ni Allan Cayetano noong Pebrero 18, 2004 subali't binigyang pinalisa ng Korte Suprema noong Pebrero 24, 2004 ang pagtatapon o/at nagpapawalang-halaga sa inihaing mosyon ni Cayetano na nagbigay ng daan sa pagpapasinaya para sa muling pagbubukas at pagbibilang ng boto.⁷⁹⁷ Sa binuksang pagbibilang ng boto noong Abril 28, 2004, napatunayang malaking bilang ng Taguigueno ay talagang bumoto na maging ganap na Lungsod ang Taguig sa botong 21, 105 para sa pabor, at 19,460 para sa hindi. Kinuwestiyon itong muli ni Cayetano sa kaniyang kontensyon na maraming naganap na anomalya at pandaraya sa bilangan.⁷⁹⁸ Magkagayunpaman, masukal man ang naging landasin, nanaig ang pasya ng Korte Suprema, na naging sanhi upang maisakatuparan ang pagiging ganap na siyudad ng Taguig sa pagsapit ng Disyembre 8, 2004 sa bisa ng Republic Act Blg. 8487 o kilala rin sa tawag na "*Taguig City Charter*". Ang mahalagang *milestone* na ito ang isa sa mga magiging tuntungan ni Sigfrido Tinga sa kaniyang pagiging unang Pangulong

⁷⁹⁵ Tingnan ang: G.R. No. 155855. January 26, 2004. MA. SALVACION BUAC AND ANTONIO BAUTISTA, PETITIONERS, VS. COMMISSION ON ELECTIONS AND ALAN PETER S. CAYETANO, RESPONDENTS.

⁷⁹⁶ D.n, "SC allows Taguig to hold recount," *Philippine Daily Inquirer*, February 14, 2004.

⁷⁹⁷ D.n, "Taguig cityhood prevails," *Philippine Star*, May 9, 2004.

⁷⁹⁸ Jose Rodel Clapano, "SC upholds Taguig cityhood," *Philippine Star*, Enero 26, 2006.



Bayan sa ilalim ng pagiging ganap na siyudad ng Taguig bunga ng pagkapanalo nito sa lokal na eleksyon ng Taguig noong 2004—ang kaniyang ikalawang termino, na aabutin hanggang 2010 para sa kaniyang huli at ikatlong pagkaluklok. Nagkaroon ng muling paghain nang petisyon noong 2006 si Alan Cayetano bilang pagtatangka na mabaliktad ang desisyon na sa huli’y ibinasura bunga ng kawalan ng merito.⁷⁹⁹ Matagumpay man ang naging *citification* ng Taguig, tinatayang dahil sa mahigit anim na taong pagkaantala nito ay ang pagkawala ng mahigit P300 milyon sa *annual internal revenue allotment* na makatutulong sana sa ibayong pagpapaunlad ng bayan.⁸⁰⁰

Gayumpaman, matapos ang pormal na kumbersyon ng Taguig sa pagiging ganap na siyudad ay nagkaroon ito ng pagbubuo nang isang bagong distritong hiwalay sa *first congressional district* ng Taguig-Pateros, sang-ayon na rin sa probisyong inilalatag ng *Taguig City Charter*. Kinabibilangan ito ng: Bagong Tanyag, Upper Bicutan, Maharlika Village, Signal Village at Western Bicutan sa layunin na makapaghatid ng isang mabisang serbisyo at epektibong pamamahala sa lumalaking demograpikong bilang ng bawat barangay.⁸⁰¹ Bunga nito, nagkaroon ng plebisitong nagbigay daan sa paghahati-hati sa Taguig noong 2008. Sa bisa ng Ordinansang Pangsyudad Blg. 24-27, 57-61, 67-69 at 78 ay pormal na bubuuin nang dagdag na sampung baranggay (10) ang Taguig na sa kabuuan ay magiging dalawampu’t walo (28). Binubuo ito ng Central Bicutan, New Lower Bicutan, Fort Bonifacio, Katuparan, North Signal Village, South Signal Village, South Daanghari, North Daanghari, Pinagsama, at San Miguel. Sa kaparehong taon, at sa mga taong sumunod pa rito, ang Taguig ay nakatamo ng hindi mapipigilang pag-unlad sa ilalim ng pamumuno ni Tinga. Lumilok sa panahong ito ng pangmahabaang plano si Tinga upang maisakatuparan ang pangarap na maging *premiere city* ang Taguig sa pagsapit ng taong 2020—isang adhikaing tumatak sa kaniyang *slogan* na “*Forward Taguig*”.⁸⁰² Bunga nito ay nakapagkamit ang Taguig ng pang labing dalawang pwesto sa buong Pilipinas sa kaso ng pangkabuuang *income* noong 2008 at umakyat sa pang sampu na ranggo na sumunod na taon ng 2009.⁸⁰³

⁷⁹⁹ G.R. No. 166388 & 166652 - ALAN PETER S. CAYETANO v. COMMISSION ON ELECTIONS, ET AL.

⁸⁰⁰ D.n, “Taguig cityhood imminent as High Court orders recount of ballots in 1998 plebiscite,” *Philippine Daily Inquirer*, April 25, 2004.

⁸⁰¹ D.n, “Taguig names heads of city’s 10 new barangays,” *Philippine Star*, May 10, 2009.

⁸⁰² Cesar Tordesillas, “Onward to its vision to becoming the premier city of the country,” *The Manila Times*, December 8, 2005.

⁸⁰³ D.n, “Taguig, then and now: From sleepy town to top city,” *Tagig Supplement*, D.n.



Nang mawala ng *gahum* ni Tinga ay tuluyang nagtapos ang kaniyang takbo sa pagka-Pangulong Bayan. Umupo sa pwesto ng pagiging *Mayor* si Lani Cayetano na sinikap pagpaibayuhin ang pangarap na landasin na maging *premier city* ang Taguig. Sa buong kasaysayan ng pamumuno sa Taguig, kauna-unahan lamang na mayroong babaeng naging tagapamuno. Sinikap nito nang umupo ito sa pwesto noong 2010 ang pagtitiyak na ang minanang P1.6 billion na utang nang siyudad sa nakaraang administrasyon ni Tinga ay mabayaran. Sa pamumuno nito ay matagumpay niyang winakasan ang bilyon nitong pagkakautang dahilan upang maging ganap na “*debt-free city*” ang Taguig bago magtapos ang taong 2018. Mangyari pa, sa kaparehong taon din ng 2018 sa pamumuno nito napasinayaan ang *Laguna Lake Highway* sa Lower Bicutan. Dagdag pa rito, sa Taguig na rin katatagpuan ang bagong punong tanggapan ng *Philippine Stock Exchange*. Samantala, naganap naman ang *ground-breaking ceremony* sa pagtatayo ng bagong gusali ng Senado noong 2019 na matatagpuan sa loob ng Philippine Navy Village sa Fort Bonifacio maging ng binubuong bagong gusaling bayan ng Taguig sa Ususan. Sinundan ito ng pagkakatamo ng Taguig ng pangpitong pwesto noong 2020 sa mga pinakamayamang lokal na pamahalaan sa buong bansa batay sa kabuuang assets. Umakyat ito sa panglimang pwesto noong 2021 matapos maungusan ang Mandaue para sa ikaanim na pwesto.⁸⁰⁴

Hindi rin naman nito binitawan ang labang matagal nang binubuno ng Taguig laban sa Makati. Tinuldukan ngayong Abril 3, 2023 ng Korte Suprema ang matagal na usapin ng tunggalian ng Taguig at Makati hinggil sa tunay na nagmamay-ari ng Fort Bonifacio. Muling kinumpirma ng Korte Suprema ang desisyon nito noong Disyembre 1, 2021 hinggil sa pinalidad at legalidad ng pag-aangkin ng Taguig sa pinagtatalunang erya. Ang desisyong ito ay pormal na nagbibigay bisa, sa paglalagay sa buong Fort Bonifacio at mga tinatawag na “EMBO” barangay na dating nasasaklaw ng Makati sa ilalim ng hurisdiksyon ng Taguig.⁸⁰⁵ Sa mga inihaing ebidensya ng dalawang panig sinang-ayunan ng may “pinalidad” ng Korte Suprema ang pag-aako ng Taguig sa buong Fort Bonifacio. Lubos itong napatunayan batay sa *survey plan* na ginawa ng mga Amerikano na tinatawag na “*Psu-2031*”. Ang planong ito ang siyang awtoratibo at batayang dokumento na salalayan ng pag-unawa sa may tunay na hurisdiksyon sa pinagtatalunang *Parcel 3 at 4* na kinapapalooban ng *BGC-EMBO area*. Katunayan, ang ebidensyang ito ang naging salalayan sa pinal na desisyon ng korte, na hindi

⁸⁰⁴ Tingnan ang: Commission on Audit, *2021/2022 Annual Financial Report: Local Government I, 4*.

⁸⁰⁵ Cf. G.R. No. 235316. December 01, 2021.



sumalig sa mga *inconsistent* at pabago-bagong proklamasyon ng mga nakalipas na pangulo ng bansa. Bilang pagsisipi sa naging pinal na desisyon ng Korte Suprema ay ganito ang nasasaad:

Considering the historical evidence adduced, cadastral surveys submitted, and the contemporaneous acts of lawful authorities, We find that Taguig presented evidence that is more convincing and worthier of belief than that proffered by Makati. Consequently, **We rule that Taguig has a superior claim to the disputed areas.**⁸⁰⁶ (sa akin ang diin)

Bunga nito, ang dating 28 na baranggay ng Taguig ay pormal na nadagdagan ng sampu upang maging tatlumpong walo (38). Dahil dito, isang karagdagang hamon sa kasalukuyang administrasyon ng Taguig ang banayad na transisyon sa “bagong tahanan” ng mga *EMBO* barangay at makuha ang loob ng mga hindi maitatangging nag-aatubiling mamamayan nito. Sa kasalukuyan, ang lokal na pamahalaan ng Taguig ay inuumpisahan na ang pagganap nito ng tungkulin sa loob ng hurisdiksyon sa mga dating barangay na pinamamahalaan ng Makati. Ang pagsisikap na makuha ang loob ng mga bago nitong mamamayan asa pagpapaabot ng mga scholarship program sa mga mag-aaral nito. Ang pagbibigay alinsunod sa pinalidad ng kaso ay humantong din sa pagsasakatuparan *Regional Memorandum* ng *Department of Education* nitong Agosto 7, 2023 na nag-aatas sa paglilipat ng pamamahala at pangangasiwa ng mga paaralan mula sa dibisyon ng Makati tungong dibisyon ng Taguig-Pateros.⁸⁰⁷

Gayumpaman, ano man ang kahahantungan ng mga problemang ito sa hinaharap ay kasaysayan na ang magsasabi. Ano pa’t ang kasaysayan ay may sariling paraan ng paghahatol at pagsasatama sa sarili nito. Subalit hindi maitatatwa na sa likod ng mga hamong ito, ay ang katotohanang nasa isang hindi mapipigilang pag-unlad ang Taguig na patuloy na kumakaharap sa hamon ng nagbabagong panahon. Magmula sa pagiging isang hamak subalit mahalagang bayan na humubog sa kapangyarihang umiral sa loob ng sistemang ilog Pasig. Hanggang sa diwang mapagpalayang nanalantay sa bayan sa harap ng pakikibaka nito sa mga mapaniil na nandarayuhan. Ang Taguig ay nililok nang mapanghamon subalit makulay nitong nakaraan na kasalukuyang tumutungo sa inaasam pang ibayong kaunlaran.

⁸⁰⁶ Cf. G.R. No. 235316. December 01, 2021.

⁸⁰⁷ Cf. Regional Memorandum, Ord-2023-735.

Konklusyon



ng pampook na pag-aaral ay hindi isang espesyal na sub-larangan ng disiplina ng kasaysayan na kinakailangan ng natatangi at iba pang mga teknikal na kasanayan. Hindi ito makaiiwas sa eksempyon gayong sinasaklaw din naman ito ng pamantayang historiograpikal na ang tuon ay naroroon pa rin sa pagsasakonteksto at paghahabi ng mga makahulugan, makabuluhan at makatuturang naratibo upang maiugnay ito sa mas malawak na perspektiba ng mga kaganapan mula sa pambansang pagtanaw. Kung susumahin, bagama't nananatiling malabnaw ang hangganan o saklaw ng pook at pambansa (gayong maaaring maging pambansa ang karanasang pampook, *vice-versa*) mas partikular lang ang kasaysayang pampook na nakatuon sa kolektibong karanasan at kaganapan sa loob ng pronterang may isang tiyak na espasyong hangganan. Alalaumbaga, sa isang mas partikular na grupo ng taong nais na pagsalaysayan.

Sa kabilang dako, kontrastibo mang pinagbubukod ang mga ito pagdating sa antas ng sinasaklaw na espasyo bilang yunit ng analisis, sa wari ay wala itong pulos na pagkakaiba. Sapagkat kapwa ang kasaysayang pambansa at kasaysayang pampook ay maituturing na kapwa kasaysayan ng sangkaPilipinuhan. Sa katunayan, ang hindi maihihiwalay na tambalang pampook-pambansa ay matagal nang paksain noon pa mang dekada otsenta kung saan pinagmunihan na ang pagtatakda sa kahulugan ng kasaysayang pampook. Isang bahagi nito ay makikita sa paunang salita sa isa sa mga klasikong teksto ng kasaysayang pampook—ang *Palawan* ni Dr. Nilo Ocampo na isinulat ni Dr. Zeus Salazar. Sa paglilinaw ni Salazar, mananatiling angklahan ng alinmang pagsasakasaysayang pampook ang kasaysayang pambansa sapagkat wala itong sariling awtonomiya o/at kakayahan na tumayo bilang nagsasariling larangan. Pinapahiwatig lamang nito na ang pampook na pag-aaral ay patungo o sa tinutungo pa ring kabuuan, at ang kawalan ng posibilidad na makahulagpas sa anino ng kasaysayang pambansa ang naglalagay sa pampook na pag-aaral bilang payak na mikrokosmo lamang ng larangang pambansa. At dangang nakapaloob sa masaklaw na balangkas nitong huli ang kasaysayang pampook, nararapat



lamang na maipaliwanag ito mula sa pangkalahatang daloy ng kasaysayan ng bansa, habang pinapanatili ang pagsusuri sa hangganan at saklaw ng pampook na pag-aaral.

Gayundin naman, bunga nang kadahilanang mahigpit na pinag-uugnay ng iisang pusod ang kasaysayang pampook at kasaysayang pambansa, masasabing alinmang suliraning historiograpiikal sa lebel ng pambansa ay magiging suliranin din naman sa pampook na pag-aaral. Samakatuwid, malaki ang kinalaman ng papel sa kung papaano inuunawa ang kasaysayang pambansa at ang nakakabit ditong historiograpiya sa kung papaano din naman uunawain ang kasaysayang pampook. Ika nga “ang sakit ng kalingkingan, dama ng buong katawan”. Ang puntong ito ay mayroong mabigat na implikasyon sa pagsusulat ng kasaysayang pampook sapagkat magpahanggang sa kasalukuyan, hindi maitatagging ang mga nalilikhang pampook na pag-aaral ay patuloy pa rin na pinamamayanihan ng lumang historiograpiyang kinapamahisnan sa pag-aaral ng kasaysayang pambansa. Ang esensyalidad na katangian ng napaglipasang pagsasakasaysayan na ito ay mahigpit na nasasalalay sa mga tekstwal na batis bilang tanging awtoratibong datos hanguan ng kaalamang pangkasaysayan. Ang kaparaanang ito ang siyang patuloy na minamanang perspektiba sa kasalukuyan na nakapagdudulot ng isang pamamaraang hindi angkop para sa tunay na pangangailangan ng isang tunay na pampook na pananaliksik at pag-aaral sanhi ng likas na metodolohikal na limitasyon nito.

Katulad ng alam na natin, napakaunti ng mga batis (mula sa tradisyunal na sentido nito) na maaaring gamitin para sa pagsasarekonstruksyon ng kasaysayan ng bawat pook o bayan. Maipapaliwanag dito kung bakit napakaunti rin naman ng mga akda ukol sa pangkasaysayang pampook sapagkat nakapinid ang mga manunulat sa mga dokumentong nakasulat na pinagsisikapan nilang mahagilap. Kahit pa nga may maisulat, nakakulong sa kolonyal na karanasan ang pagsusulat ng kasaysayan, at kadalasan, kung hindi man pangkaraniwan, ay nakalukob sa pulitikal na kalikasan ang tema nito. Ang likas na pulitikal na kalikasan ng mga dokumento ang nakapagpipinid sa alinmang pangyayari bago ang kolonyalismo bilang isang yugto na nasa ibayo ng kawalan. Masasabi kung gayon na ang pundasyong kumakanlong sa kasaysayan ng bawat bayan bago ang Pantayong Pananaw ay nananatiling kolonyal, na nakapagbibigay ng tiyak na hantungan nang isang pang-unawang malabnaw at ‘di buo. Higit sa lahat, pangunawang lipos ng artipisyalidad o mababaw na uri ng pagtanaw at pagunawa sa sariling nakaraan sapagkat ang hinahagilap na kakanyahan, bilang tunguhin at tinutungo kung bat tayo nag-aaral ng kasaysayan, ay sa panahong



kolonyal lamang katatagpuan dahil sa kawalang kasanayan sa iba pang mga mapagkukuhanang kaparaanan.

Kung gayon, tulad ng kasaysayang pambansa, nakatitiyak tayong nananatiling hamon ang paghahanap ng sariling identidad sa bahagdang pampook. Katunayan, masasabi natin na magpahanggang sa kasalukuyan, ang pakikibaka laban sa kolonyal at pangkaming historiograpiya ay hindi lamang nagaganap sa arenang pambansa. Ito ay sapagkat mapupuna na maging ang pagsasakasaysayan sa antas pampook ay patuloy na pinamamayanihan ng tradisyong *historia* na patuloy pa nating sinisikap na igpawan. Ang pakikibakang ito ay hindi lamang humahangga kapwa sa aspekto ng kaparaanan at punto-de-bista na sumasaklaw sa paghahanap sa sariling identidad, katulad ng nabanggit na, bagkus maging sa midyum ng ginagamit na wika. Ang wika ay hindi isang bagay na pasibo at lumilipad sa alapaap. Mayroong kapangyarihan ang wika na magsakapangyarihan at magpatahimik, maging nang kakayahang kumitil at bumuhay. Hindi ito isang malayang ehersisyo sapagkat mayroon itong tiyak na grupo ng taong pinagsisilbihan.

Sa wari, nakatatak na nga ito sa pagpapakahulugan sa kung ano ba ang kasaysayan. Ang kasaysayan bilang kapwa saysay at salaysay kung saan pundamental hindi lamang ang saysay ng isang salaysay bagkus maging ang hinggil sa kung sino ang grupo ng taong pinatutunguhan ng saysay ng kasaysayan. Dahil nakapaloob dito ang tanong na “sino”, mahalaga sa gayon kung anong wika ang gamit/gagamitin sa pagsasalaysay. Kahungkagan sa ganang ito na ang karamihan ng akdang kasaysayang pampook ng mga pantas na Pilipino ay isinusulat sa Ingles samantalang ang pinatutunguhan ay kapwa Pilipino. Kaibang-kaiba ito halimbawa sa mga historyador o paham na Pranses na walang alinmang ilusyon na magsulat sa wikang Ingles upang maintindihan siya ng kapwa niya Pranses. Yayamang nababatid at malinaw sa mga bansang ito bilang kabihasnang may kabuuang wika-at-pagkakultura kung sino ang kanilang pagsasalaysayan at makikinabang sa kanilang nalinang na kaalaman.

Malayong-malayo ito sa mga elitistang aktitud ng mga natawag ni Zeus Salazar na “komprador na iskolar” na nasa kabilang demarkasyon nang linya ng *Dambuhalang Pagkakahati* na nanahilan na kailangang gumamit ng Ingles bilang wikang unibersal dahil sila ay mamamayan ng mundo. Sa harap ito ng katotohanang nalalaman nito na ang kaniyang inihaharap sa daigdig ay isang pagkataong walang pagkatao, at sisidlang walang lalim, sapagkat sapat na sa mga ito ang balintunang gawain na salaysayan ang isang pook sa wikang hindi naiintindihan at hindi abot-dama ng nais nitong pagsalaysayan. Nakatuon o



itinutuon ng mga ito ang pagpapadaloy ng kaalaman sa labas, sa pamamagitan ng paglalako ng kanilang produktong intelektwal, ito ay sa halip na inuunawa at pinaiikot ang kaalamang ito mula sa sariling pagkabansa at pagkabihasnan na humaharap sa daigdig bilang mga mamamayan nang mundong kaparis ng iba. Samakatuwid, pagpapalaki lamang talaga ng bayag ang layunin ng paglikha ng kaalaman ng karamihan sa ating mga historyador at intelektwal, at hindi talaga upang umako ng gampanin na tulad ng isang babaylan, sa nasang magbalik sa bayan upang maipaunawa sa mga ito ang kanilang nakaraan, kasalukuyan at hinaharap sa wikang kanilang naiintindihan. Nasasakripisyo ang gawain ng “pagpapanumbalik” sa pagnanais na mailako ang sariling pagkatao’t produktong intelektwal na mapapakinabangan ng kabihasang pinagmumulan nang kaniyang hiram na wika.

Ang lahat ng mga suliraning ito ay ang siyang tinangkang lampasan at alpasan sa pagsasakasaysayan ng Taguig. Isang testamento ang akdang ito na, bagama’t mahaba pang lakbayin ang kinakailangang gawin, masasabing naroroon na tayo sa pagsibol o/at sumisibol na kakanyahang pambansa na patuloy pa nating sinisikap na mabuo. Ang metodolohiyang isinapraktika ng akdang ito ay isang magandang tungtungan para sa muling pagtatasa sa kung papaano ba dapat na inuunawa at nililirip ang kasaysayan ng bawat pook sa iba’t-ibang aspekto nito mula sa kaparaanang multi at interdisiplinaryo. Tanging sa pamamagitan lamang ng kaparaanang ito tayo makakabuo ng isang pagkaunawang buo sa ating nakaraan. Sa harap ng ito ng katotohanang nagpapatunay na ang kasaysayan ng Taguig lalo pa ng bawat pook ay mayroong nakagigitlang lalim at lawak. Isang pagkakakilanlang tiyak na hindi nag-umpisa sa panahong kolonyal kung hindi maiuugat pa sa malalim na Austronesyaniko nitong batayan.

Katulad ng naitampok na sa akda, naging posible una sa lahat ang holistikong pagsasakasaysayang ito sa pamamagitan ng pagtitika’t pananangkapan sa malawak na daigdig ng mga hindi nakasulat na batis. Mapagpayabong buhat dito ang kaparaanan ng pagtalakay sa bawat kabanata sa mga tematikong paksa hinggil sa kasaysayan ng Taguig gamit ang agapay ng ibang mga pantulong na disiplina bilang paraan ng pagsasadiwa ng akda sa Bagong Historiograpiyang Pilipino sa diwa ng Pantayong Pananaw. Nagawa sa akda na mabigyang pag-uugat ang etimolohikal na batayan ng Taguig sa pamamagitan ng pananangkapan sa linggwistika. Gayundin, naitulak natin sa napakahabang panahon ang paglalatag ng heyograpikal na konteksto at pundasyon ng bayan gamit ang pananangkapan sa heyolohiya. Sa pamamagitan naman ng pagbubuong ito ay naisakatuparan sa akda ang pagpopook sa Taguig sa malawak na mundo ng Taga-alugan. Habang sa ikaapat na kabanata ay



malinaw nating naisakatuparan ang pagtatangkang maibalik sa Austronesyaniko nitong pag-uugat ang bayan gamit ang pag-uungay-ugnay sa mga datos na mailuluwal ng arkeyolohiya, anthropolohiya at kwentong bayan.

Sa kabilang dako, lumilitaw na susing pagkaunawa naman sa paghahabi ng kasaysayan ng Taguig ay ang mismong integral na gampanin ng heyograpiya nito na tumatayong, at nagmimistulang sinulid na bumibigkis sa mga serye ng pangyayari sa agos ng kasaysayan ng bayan. Katulad ng naipakita na, mapangangatwiranang imperatibo ang estratihikal at mapantanging espasyong heyograpikal nito, na napapalibutan ng tatlong batayang katawang tubig ng—ilog Taguig, ilog Pasig, at Puliran, bilang primarya at rekursibong salik tungo sa pagkaunawa sa pangkalahatang pagsulong ng mga pangyayari sa agos ng kasaysayan ng bayan tungo sa kabuuan nitong pagkakaugnay-ugnay. Ang papel ng Taguig bilang pintuan ng lawa ay maiuugat sa kaniyang heyolohikal na pagbubuo, at ang pagbubuong ito ay gumampan ng isang napakahalagang implikasyon sa sinauna nitong kasaysayan. Una, sa pamamagitan ng mas malinaw na kronolohikal na pagsasaayos na tinakda ng mga pag-aaral sa heyolohiya, nakatitiyak tayo na tugmang-tugma o tumutugma sa panahon ng paglilipat-pulo ng mga Austronesyano mulang Taiwan noong mga bandang 4000 bago ang kasalukuyan ang pinal na transpormasyon ng ganap na pagkabuo ng heyograpiya ng Taguig. Ang pagkabuong ito ang siyang sasambulat sa pagpasok ng mga Austronesyano sa Puliran noong mga bandang 1,050 B.K na siyang petsa ng nataguriang *Angono Petroglyphs*, na masasalamin higit sa lahat sa natuklasang kompleks ng sinaunang himlayan-pamayanan sa Taguig na nagtataglay ng mga artefak na napatunayang neolitiko ang tanda.

Katulad ng naipakita na, hindi isang kataka-takang bagay na maging isa sa mga lunduyan ng pamahayanan ng mga Austronesyano ang Taguig sapagkat katapat lamang ng *wawa* nito ang Angono mismo bilang pook kung saan sila nakapagiwan ng isang petroglipikong bakas. Kung mapapatotohanan ng lubusan ang *hypothesis* ni Salazar na sa erya ng lawa naganap ang pagkabuo ng mga Austronesyanong magiging Tagalog kinalaunan, malaki ang kinalaman sa gayon ng Taguig sa pagkabuong ito na hahantong kinalaunan sa pag-iral ng mga estadong etniko. Ang pag-iral ng mga estadong bayan na ito ang maituturing naman na mahalagang ikalawang yugto sa sinaunang kasaysayan ng Taguig. Malinaw nating naiugnay ang Taguig sa ugnayang namamayani sa sistemang *ilaya-ilawud* magbuhat pa sa panahon ng talasokrasiya ng Butuan-Tundun-Puliran noong 900 M.K at mas maaga pa rito, hanggang sa pagsapit ng Kaharian ng Namayan noong mga ikalabing dalawa hanggang ikalabing apat na dantaon, at sa



ibayo pa nito sa panahon nina Rajah Sulayman ng Maynila at Lakandula ng Tondo. Katunayan, kahayagan nang ganitong pagkakaugnay ay makikita sa pagsapit ng 1587-1588 kung saan isa sa mga primaryang kasangkot sa Sabwatan sa Tondo ay si Juan Basi ng Taguig na pinangunahan nina Agustin de Legazpi at Martin Pangan ng Tondo. Itong huli ay ipinapanukala ni Valentino Sitoy na maaaring ang Kristiyanisadong Martin din na tinutukoy sa pagtatala ni Fray Felix Huerta noong gitnang hati ng ikalabing siyam na dantaon na anak ni Calamayin ng Namayan mula sa linya ni Lakantagkan. Samakatuwid, malinaw na malinaw na ang matibay at malalim na pakikipag-ugnayan ng mga bayan sa panahong dati sa loob ng sistemang ilaya-ilawud, kung saan ang Taguig ay nakaugnay, ay hindi pa nasisira sa pagsapit ng ikalabing anim na dantaon.

Malalansag man ang pakikipag ugnayang ito dahil sa nabigong sabwatan, patuloy na nanatili ang heyograpikal na bisa ng Taguig bilang pintuan ng *ilaya* sa panahon ng kolonyal na pagsambulat. Katunayan, sa tuwing sumusuba ang mga taga-Maynila upang mamulilan sa hulo nababatid nila ang kapwa pagtukoy sa Taguig at Pasig bilang mga pook na nasa hulo o pinanggagalingang batis. Dahil ang Taguig ay pintuan, hindi kataka-takang sa bukana kapwa ng dalawang pangunahing ilog na ito nagaganap ang panghaharang ng mga kalakal mula sa Laguna sa layuning itinggal upang maibenta ito ng mas mahal sa Maynila na siyang naitala ni San Buenaventura noong unang bahagi ng ikalabing pitong dantaon. Katulad ng nabanggit na, maipapalagay pa nga na *remnant* o latak ito ng dating kaayusan na nasasalalay sa kapangyarihan ng datu, sa pamamagitan ng pangangapital nito sa kaniyang estratihikal na espasyo sa layuning kontrolin ang daloy ng pakikipagkalakalan. Ang panghaharang ito ay maikakabit sa hypothesis ni Dr. Zeus Salazar hinggil sa paglitaw ng *Ma'i* bilang suliraning historikal, kung saan dulot ng pamamayani ng Tundun sa Puliran na hahalinhahalin kinalaunan ng Namayan, ang siyang naging dahilan para sa muling paghahanap ng bagong ruta ng *Ma'i* sapagkat sa bukana pa lamang ng ilog Pasig at ilog Taguig ay nakahambalang na ang dalawang bayang may malapit na kaugnayan dito na implisito sa mga natuklasang pagkakahalintulad ng mga arkeyologo sa mga artefak o liktao na nahango sa mga bayang ito. Sa pinal na analisis, mahalaga ang kinalaman ng Taguig, hindi lamang sa panimulang yugto ng paglaganap ng mga Austronesyano sa Puliran bagkus maging sa mga kapangyarihang umusbong sa loob ng sistemang ilog Pasig sa panahon ng sinaunang bayan sa rehiyon ng Katagalugan.

Katulad ng naipakita na, sa buong kurso ng kolonisasyon ay nagpatuloy ang kahalagahan ng lokasyon ng Taguig na makikita sa likod ng mga motibasyon



ng iba't-ibang mga naging pagkilos. Hayagan din ito maging sa panahon ng rebolusyon kung saan sentral sa naging taktikang militar para sa mga mapanghimagsik sa pamumuno ni Aguinaldo ang pagkakakubkob sa Taguig upang makontrol ang pintuan ng lawa. Gayundin naman maging sa likod ng opensibang militar ng mga Amerikano sa pagtatangka ng mga ito na makubkob ang buong ilog Pasig. Kahit pa nga sa maagang proseso ng pag-unlad ng Taguig ay gumampan din naman ng mahalagang papel ang heyograpiya nito na kinalaunan ay naging angkop at ideyal para sa agro-industriyal na debelopment sa maagang yugto hanggang sa maging sentrong residensyal at komersyal ito sa kasalukuyan.

Malaki ang kinalaman samakatuwid sa pagtatangkang pagugnay-ugnayin ang mga pangyayari sa agos ng kasaysayan ng Taguig ang halaga ng estratihikal na espasyong heyograpikal nito. Mayroong saysay ang bawat pangyayari sa kasaysayan ng Taguig na hindi hiwalay sa iba pang mga pangyayari sa agos ng kasaysayan ng bayan. Samakatuwid, ang bawat pangyayari sa bawat panahon ng kasaysayan ng Taguig ay isang maliit na hibla lamang ng larawan ng kabuuan. Pundamental ang pagkaunawa sa prosesong kinapapalooban ng bawat hibla; at ang historikal na prosesong ito ay produkto ng isang hindi mapipigilang pagsulong ng kasaysayan, at mga istrukturang nagbibigay daan sa silakbong historikal nito.

Sa huli, dahil sa halaga ng ilog Taguig, ilog Pasig, at Puliran bilang mga katubigang nasa *axis* ng *ilaya-ilawud* sa kasaysayan ng Taguig, maimumungkahi sa mga susunod pa na mga pag-aaral ang pagpapalawak at pagpapalalim pa sa mga sumusunod. Una, ang patuloy na pagpopook sa Taguig sa buong napakahabang kasaysayan ng rehiyong ng lawa ng Ba'i, at patuloy pang pag-aaral sa mahalagang ginampanan nito mula sa panahon ng paglaganap ng mga Austronesyano. Gayundin naman maging hanggang sa mga kapangyarihang umusbong sa loob ng sistemang ilaya-ilawud ng ilog Pasig magmula pa sa panahon ng talasokrasiya noong ika-sampung dantaon hanggang sa pamamayani ng Namayan noong ika-12 hanggang 14 dantaon. Pangalawa, dahil ang Taguig ay nagsisilbing pintuan, kinakailangan pa nang ibayong pagsasaliksik sa kaugnayan ng Taguig sa mga bayan ng *Puliran* na kapwa nagpapaliwanag sa maraming mga magkakahalintulad na artefak sa iba pang mga naging sentrong bayan tulad ng *Namayan* na nagpapatibay sa konkreto nitong pagkakaugnay sa mga sumibol na kaharian sa ilaya-ilawud ng sistemang ilog Pasig.

Magagawa ang lahat ng ito kung seryosong mapag-aaralan din ng mga lokal na historyador ang kasaysayan ng kani-kanilang mga bayan, at kasangkutan



nito sa loob ng *axis* ng hulo-wawa at sa rehiyon ng Lawa ng Ba'i. Gayundin, dahil malaki ang kinalaman ng Taguig at Pasig bilang "harang" sa *Ma'i*, mahalagang saliksikin sa gayon ang maaaring kaugnayan ng Ba'i, bilang bahagi ng Lawa, sa *Ma'i* bilang rehiyon na kinapapalooban ng pinaglipatan nitong Lawa ng Taal at silangang Mindoro na bumubuo ng Verde Island Passage na maaaring naging unang anyo ng tinutukoy ni Dr. Rowena Reyes-Boquiren na "Maagang Pilipinas". Maaaring maging tungtungan buhat dito ang pagpapalawak ni Dr. Zeus Salazar sa kaniyang hypothesis ng Tundun-Butuan-Puliran na bumubuo sa tinutukoy niyang talasokrasiya kung saan ang Taguig ay tiyak na nakaugnay. Higit lalo pa, bilang pintuan ng lawa patungong Binwangan sa pamamagitan ng daanan ng ginto na siyang rutang maaaring natuklasan ng mga Austronesyano, ngunit papabalik, mulang Binangonan patungong Puliran hanggang sa makarating ng Taguig.

Malinaw sa mga nabanggit ang integral na pagkakaugnay ng Taguig sa naging pangkalahatang daloy ng mga pangyayari sa agos ng sinaunang yugto ng kasaysayan ng sangKapilipinuhan at kasaysayan ng Katagalugan. Higit lalo itong magiging malinaw kung masusundan pa ang mga arkeyolohikal na paghuhukay sa Taguig na inumpisahan ni Beyer at ng Pambansang Museo. Siyempre pa, isang mahalagang bagay ang muling pagsasagawa at ibayo pang arkeyolohikal na paghuhukay sa himlayan ng Taguig bilang pangkalahatang lugar ng dating himlayan-pamayanan ng sinaunang Taguigueno na maaaring pagkainteresan ng mga arkeyologo ng hinaharap. Katunayan, ang gawain ng paghuhukay sa naturang pook ay isang bagay na hindi pa tapos, sapagkat sinasabi mismo ni Beyer na malaki ang probabilidad na marami pang katatagpuan na artefak sa himlayan ng Taguig kung lalo pang papalalimin ang isasagawang paghuhukay na bigo niyang maisagawa dulot ng kakulangan ng panahon at lakas paggawa.

Sa huli, hindi malayo na sa pamamagitan ng mga mungkahing ito ay makabuo ang hinaharap ng isang mas malinaw at kumpletong larawan ng nakaraan ng Taguig, at ng Taguig sa iba pang mga karatig pook nito. Magagawa itong lahat kung unlad din ang Historiograpiyang Pilipinong patuloy nating sinisikap pagibayuhin.

INDISE



- A Profile of the Municipality of Taguig, 84
Abad, Jesus, 234
Abub, Jaafar, 249
accidental archaeology, 97
Acta de la Proclamacion, 212
Adevoso, Terry, 233
aditibo, 69
Administrative Committee, 248
Adriano, Francisco, 235
adzes, 103, 152
aeta, 188
Agente special, 225
Aglipayano, 239
Agnó, 74
agrikultura, 49, 140
Aguinaldo, Crispulo, 206
Aguinaldo, Emilio, 205, 208, 209, 210, 211, 212, 225
Agustin, Marcos Villa, 235
ahas, xviii, 96, 109, 113, 114, 115, 116, 117, 118, 119, 120, 121, 125, 130, 132
aide-de-camp, 240
Airport Studio, 234
Aklanon, 18, 65
alahas, 107, 185
alamat, 123
alay, 127
Albano, Rodolfo, 98, 144
Alemania, 228
alguacil, 202
alipin, 166, 167
Alkalde Mayor, 184, 232, 242
alog, 76, 76, 77, 80, 81, 129, 139
alubyon, 38
Alvarado, Alonso de, 170
Alvarez, Santiago, 200
Amarlangagui, 168
Ambrosio, Dante, 32, 114
American Battle Monuments Commission, 97, 143
ancient village, 103, 160
Anda, Simon de, 191
Andarayan, 69
Ang Sawa sa Lumang Simboryo, 114
Angat, 76, 188
Angono petroglyphs, 72, 130, 132, 136, 138
anitoismo, 73, 93



anito, 81, 92, 115, 118, 123, 127, 128, 139
 anito ng kailaliman, 120, 122, 125, 127, 128, 129, 131, 132, 133, 139
 anito ng kaitaasan, 120, 133
 Anlit, Pedro, 179, 185
 anthropolohiya, xv, xvii, 107
 anting-anting, 92, 122, 129, 135
 Antipolo, 192, 237
 Anton, Alonso, 180
 Alvarado, Antonia de, 180
 Surabao, Antonio, 168
 Lara, Antonio de, 181
 Zabala, Antonio de, 181
 Apilina, Leonardo, 229
 Aquino, Corazon, 250
 Aragon, Ildefonso, 174, 196
 araw-ibon, xviii, 115, 129, 133, 135, 136, 137, 138, 139
 archaeological report, 110
 Arechederra, Gobernador Heneral Juan de, 186
 arkeyolohiya, xv, 2, 97, 106
 Arriola, Gabriel de Curuzealegui, 78
 arsag, 247
 Arte de la Lengua Tagala, 20
 artefak, xviii, 91, 109, 110, 150, 151, 152, 155, 161, 163, 165
 Asamblea Magna, 200
 Asembleya sa Bacoor, 212
 asod, 64
 Augustino, 170, 178, 179, 180, 181, 185, 189, 192, 194, 195
 autonym, 7
 awit ng mangingisda, 128, 131

B

BCDA, 250
 Bacay, Claro, 229
 Backhouse, Thomas, 192, 194
 Bacod, Binong, 236
 Bacolor, 191, 195
 Bacoor, 184, 186, 210, 212, 215
 Bagay, Juan de la Cruz, 129
 Bagong Kasaysayan, xvi, 89
 Bagong Tanyag, 249, 256
 bagong taon, 206
 Bagunu, Alfonso, 98, 144
 baha, 9, 55, 78, 79, 80, 126
 bahag, 21
 baklad, 58
 Balagtas, Fernando Malang, 165
 balangay, 22, 73, 209, 205
 Balangay Magtanggol, 205
 Balderrama, Amado, 239, 240
 balut, 61, 62
 Bambang, 51, 85, 126, 180, 185, 207, 215, 226, 233, 242, 249
 banwa, xiii, 70, 71, 72, 95, 109, 118
 bapor, 123, 208
 Baraynan, Usman, 249
 Barretto-Tesoro, Grace, 103, 110, 114
 barrio, 249
 barrio platoon, 232, 234
 basakahan, 75
 Basi, Juan, 28, 165, 168
 Bataan, 209, 229, 231
 Batanes, 72, 146, 147
 Batangas, 150, 163, 165, 175, 193, 194, 209, 217
 Batas Militar, 247, 248
 batas pangwika, 18, 19, 31
 Batasang Pambansa, 250



- Bathala, 13, 122, 133, 135, 136, 137
batis pangkasaysayan, 7, 11, 13, 15, 31, 200
Bautista, Ambrosio Rianzares, 212
Bautista, Antonio, 255
Baybay Battallion, 232
Ba'i, 80, 162, 163
Bellwood, Peter, 66, 147
Benevolent Assimilation, 216
Berard, Guillaume de, 209
Berdin, Romeo, 235
Beyer, Otley, 97, 98, 100, 143
Bicutan, 85, 100, 151, 185, 226, 243, 249, 256, 257
Bikol, 18, 65, 116, 132, 139
Bilibid, 236, 273
Binatbat na Tanso ng Laguna, 72, 104, 150, 155, 159
binlid, 64
birdman, 129, 137
Bisaya, 74, 75, 103, 116, 119, 135
Blaire and Robertson, 27, 28, 30
Blust, Robert, 18, 65
Boac, 22
bobida, 133, 138
Bokes, 203, 204
Bombay, 194
Bonifacio Global City, 250
Borja, Jose, 235
Borja, Manuel de, 203
Borneo, 66, 144
Boso-boso, 237
Botocan, 179
Bouan, 164
Bourbon, 182, 183, 190
Boxer Codex, 135
Britanya, 190
bronseng buwaya, 108, 122
Buac, Ma. Salvacion, 255
bubo, 58, 59
Buddhismo, 73
Buenaflo, Castor, 229
Bukid, 74, 75, 181
Bulacan, 150, 175, 177, 188, 195, 209
Bulakan, 76, 98, 191, 217
Buli, 181
bungsod, 58
Bunyi, Deogracias, 240
Burakan, 76
burial ground, 102, 103
buslo, 58, 59, 185
butil, 13, 36, 64, 65, 66, 69, 79
Buting, 47, 48, 49, 181, 185,
Butuan, 72, 73, 98, 139, 144, 156, 158
buwayang bato, 123
Buzeta, Manuel, 16, 19, 43
Bëidi, 116
- e**
- COMELEC, 255
Caballero, Roberto, 264
Cadet commander, 233
Cagayan, 69, 70, 98, 144, 146
Cainta, 13, 82, 196
Calamba, 140
Calatongdongan, 164
Calderon, Jose, 182, 184, 185, 186, 187, 194
Calderon, Pedro, 182, 184, 188
Calzada, 95, 215, 249
Camara, Tomas, 24
Camarines Norte, 126
canalized, 45
Cano, Gloria, 28
Canton, 116, 119



Capistrano, Baltazar, 17, 213, 214, 296
 Capistrano, Iladeo, 184
 Capistrano, Miguel, 229
 Capule, Jose, 229
 caracoleros, 61, 79
 Casas, Guillermo “Emy”, 233, 234, 235, 236
 Casay, 188, 263
 casco, 46, 209
 Castro, Agustin, 170
 Catalogue of the Tagig Site, 102, 265, 398, 399
 Cavada, Agustin, 12, 56
 Cayetano, Alan, 253, 254, 255
 Cayetano, Lani, 256
 Cayetano, Renato, 250
 Cazadores, 201, 204, 206, 209
 Cebuano, 19, 65
 cementerio del globo, 110, 113, 120
 Centeno, Tony, 237, 238
 Central District, 98, 99
 Chirino, Pedro, 56, 80, 118
 chisels, 103
 Chiyo, Hagiwara, 242
 City Charter of Taguig, 252
 cityhood bill, 252, 254
 coffee table, xiv, 24
 cognate, 19, 50, 71, 74
 Colin, Francisco, 130
 commanding officer, 237
 communique, 244
 company organization, 233, 234
 concentration camp, 229
 Concepcion, Jose, 201
 congressional district, 252,
 convento de la Orden, 170,
 Cornish, Admiral Samuel, 190
 Corregidor, 229, 233

Cortabirarte garrison, 240
 Covar, Prospero, 93
 Cruz, Crispulo, 229
 Cruz, Delfin, 229
 Cruz, Domingo Motas, 221
 Cruz, Fabian de la, 204
 Cruz, Fidel, 240
 Cruz, Kulas, 60
 Cruz, Nicolas de la, 28, 115
 Cruz, Pedro “Pete” Bayani, 233
 Cruz, Roberto, 243
 cuadrillero, 202, 204
 Culi-Culi, 231
 Cushner, Nicholas, 175

D

daang kalabaw, 13, 85
 Daanghari, 256
 daga, 205
 Dagat Austronesyano, 72
 daha, 172
 Dalisay, Butch, 248
 Dambanang Kawayan, 60, 239
 damit, 107, 153
 Dasmariñas, Gomez Perez, 27, 268
 datu, 29, 165, 166, 167, 168
 David, Catalino, 229
 dawa, 66, 68, 69
 Dayang Akitan, 156
 De Leon, Leocadio, 232, 244
 De Venecia, Jose, 252
 De Jesus, Cirilo, 233, 234
 De Los Reyes, Gualberto, 229
 Death March, 229
 deer antler, 140
 Del Pilar, Pio, 206, 208, 209, 212, 214, 215, 274, 284



delta, 39, 75, 76, 149
demarkasyon, 37, 176, 191, 260
Dempwolff, Otto Van, 70
dendritikong modelo, 156
Denham, Tim, 69, 268
eeportasyon, 194
destacamento, 201, 202
detener, 173
detrital deposits, 40
Dewey, George, 218
Dibag, 164
Diccionario, 17, 20
Digmaang Pilipino-Amerikano, 216
diksiyonaryo, 26, 63
Dilao, 164, 182
Diliman, 38
Diraja, Regimo, 73, 161
directional, 18
diwata/dewata, 73, 140
Diyos ng Liwanag, 136
Dizon, Eusebio, 147
dolhog, 173
Domaoal, Tomas, 240
dome shape, 110, 113
Domingo, Ramon, 233, 234
Dongos, 164
Donohue, Mark, 69
dragado, 43, 45
Drake, Dawsonne, 195, 196
Draper, Brigadier William, 190, 191, 195
dredging project, 45
Duhadway, Raymond, 225
Dulumbayan, 202, 203
Dumagat-Remontado, 188, 282
Dunia Melayu, 73, 161, 278
dwarfed stegodon, 97, 152

F

EDSA, 250
EMBO, 250, 257
East India Trading Company, 290
Easter Island, 66, 133, 148
ekspresibong kultura, 95
ekstinksyon, 145
El Comercio, 203
El Dia, 210, 211
electoral protest, 254
Elizalde Steel Corporation, 246
Encila, Jomar, viii, 25
encomendero, 167, 171, 172
encomienda, 27, 171, 172
encomienda de Taguig, 172
endonym, 1, 8
Enrique, 73, 184
entreport, 105
epiko, x, xii, 116, 126, 134
Espejo, Tomas, 210
Espiritu, Remigio, 211
Estacio, Esteban, 216
Estacio, Marcos, 229, 240
Estacio, Ricardo, 239
etimolohiya, xvi, 1, 3, 11, 14, 15, 25, 31, 32, 55
etnolinggwistiko, 72, 103, 150
etymology, 15, 22, 25, 30
Europa, 190, 195, 228
Evangelista, Alfredo, 100
Evangelista, Edilberto, 206
Executive Order, 5, 227, 246
exonym, 1

F

FAMAS, 114



Farming-Language Dispersal Hypothesis, 66
 Faxardo, Diego de, 78
 Fentress, Wickham, 32
 Fernandez, Eulogio, 229
 Ferrando, Juan, 61
 first class municipality, 246
 flood control gates, 52
 Flood Control Project, 53
 Flores, Cipriano, 231
 Flores, Faustino, 239
 Flores, Gregorio, 202, 214
 flow reversal, 51
 Formosan, 65
 Fort Bonifacio, 143, 178, 216, 247, 248, 250, 251, 256, 257
 Fort Mckinley, 97, 142, 226, 231, 233, 242, 247
 Fortis, Diego, 204
 Fortworth Texas, 113
 forum shopping, 150
 Fourth Class Municipality, 245
 Fox, Robert, 164
 Francisco, Perez, 182
 Francisco, Matero, 204
 Franco, Pio, 229



Gabaldon, 226
 Gabriel, Andres, 54
 galley, 193
 Galvis, Francisco, 210
 Garcia, Carlos, 247
 Garcia, Isidro, 252
 Garcia, Pantaleon, 211, 215
 Gat, 166

Gate 3, 247, 248
 germination, 18
 General Order No. 4, 225
 genetics, 69
 gerilya, 232, 233, 234, 235, 236, 237, 238, 239, 240, 242, 243
 giik, xvii, 13, 20, 63, 65
 ginhawa, 57, 71, 138, 139, 177, 185, 188
 glass beads, 108, 152, 154
 glottal stop, 18, 20, 30
 Goa, 194
 Gobernadorcillo, 184, 204
 Gobyernong Rebolusyonyaryo, 213
 Gongora, Fausto Cruzat, 78.
 Gongora-Almodovar Map, 41
 Gonzales, Juan, 231
 Gonzales-Sison, Marlene, 251
 Gonzalo de Ocampo, 280
 Greater East Asia Co-Prosperty Sphere, 228
 Greater Manila Garment, 246
 Gregorio Santos, 203
 Gregorio, Victorino, 204
 Guadalupe, 40, 98, 123, 143, 192, 218
 Guadalupe Formation, 40, 98, 143
 Guagua, 24, 25, 31
 guardia civil, 201, 202, 204, 209
 Guerra, Juan Alvarez, 43
 Guerrero, Gregorio, 216
 Guerrero, Honorio, 237
 Guerrilla Recognition File, 238
 Guevara, Antonino, 200
 Guiguinto, 19, 31
 gunboat, 218
 gunita, 5, 12, 82, 88, 202, 206, 210, 211, 214, 234, 247
 Gutierrez, Leon, 239

**H**

Hacienda de Maysapang, 117
Hacienda de Tunasancillo, 206
Hagonoy, 26, 42, 58, 85, 100, 101,
127, 185, 226, 233, 249
hain, 27, 128, 129
halo, 64
hanapbuhay, 13, 14, 57, 61, 74, 76,
82, 87, 127
Handiong, 126
handog, 125, 128
Hanunoo, 19
Hapones, 167, 229, 231, 238, 239,
240, 242, 243, 245
Hapsburg, 183
haring pawikan, 129, 133
Harrison, Francis Burton, 227
Hawaii, 228
hayto, xviii, 97, 98, 108, 109, 122
headress, 238
Heneral Lockwood, 118
Hermosa, Eusebio, 203
Hesukristo, 121
heyograpiya, xvi, 2, 12, 34, 35, 36
heyolohikal na pundasyon, 36
heyolohiya, 36, 261
heyomorpholohiya, 36, 39
highly urbanized city, 256
hilagang luzon, 69
himagsikan, 23, 189, 198, 200, 206,
208
Hindu, 73
historia, xiv, xv, 17, 72, 124, 260
Historical Data Papers, 4, 5, 6, 11,
14, 132
Holocene, 137
Homero, Doroteo, 229

Homo Luzonensis, 146
Howard, Elmer, 142
Huerta, Felix, 164, 165
hugpungan, 75, 93
Hukbo sa Dakong Hilagaan ng
Maynila, 204
hukbong sandatahan, 196, 211, 249
hulo, 41, 156, 197
hulo-wawa, 156, 197
Hunters ROTC, 232, 242
Hurtado, Antonio, 178
Huuu, 180
Huzi-heiei, 240
hydraulic structures, 52, 53, 55

I

Ibalon, 116, 126
Ibayo-Tipas, 85, 215, 249
ibon, 96, 118, 119, 120, 134, 135, 136,
138
Ikalawang Digmaang Pandaigdig, 5,
109, 244
ilaya-ilawud, 41, 72, 73, 156, 158,
159, 166, 197
Ileto, Reynaldo, 94
Ili, 74
ilihan, 74, 188
Ilog Angat, 76, 150
Ilog Marikina, 38, 47, 76, 217
Ilog Pansipit, 163
imam, 249
important cultural property, 96
Imus, 211
indang, 194
India, 170, 190
Indonesia, 21, 66, 73, 156



industriya, 54, 55, 61, 62, 245, 246, 257,
 industriya ng pag-aasin, 54
 Infinito Dios, 121, 136
 informal settler, 247, 248
 Ingles, Gustavo, 233, 234
 inquilino, 181
 institusyon, xix, 86
 Intramuros, 191, 196, 204, 212, 237, 238, 239, 240
 introspektibo, 3, 94
 irigasyon, 79, 85
 Islam, 73, 248
 Islamikong komunidad, 248
 Ison, Leon, 211
 Isterco, Isaac 229
 istruktura, 52, 54, 55, 60, 90, 91, 95, 110, 134, 171
 Italya, 228
 itik, 61

J

Jagor, Fedor, 46
 Jamalul Kiram III, 249
 Japanese Espionage Section, 238
 Java, 66
 Jayadewa, 73, 104, 156, 159
 Joaquin, Nick, 164
 Jones, Frank, 220
 Juan Gayo, 167
 Juan, Go Bon, 162
 Julian Talo, 180, 185
 Junta Provincial, 54
 Juta, Juan, 211
 Juta, Santiago, 229

K

kaalamang pangkasaysayan, 95
 kabilang buhay, 106, 107, 108, 109, 122, 134
 Kabisayaan, 116, 119, 136
 Kabukiran, 13, 77, 82
 kaitaasan, 91, 96, 115, 120, 122, 133, 134, 138, 139
 kalayaan, 212, 228, 243, 244, 259
 Kalaylayan, 133, 149
 kaligirang historikal, 8, 11
 Kalimantan, 119, 122
 kaluluwa, xv, 106, 107, 124, 141
 kamalig, 12, 80
 Kapampangan, 74
 kapangyarihang dagat, 73
 Kapitan Kawagutsi, 242
 Kapitan Osawa, 243
 Kapitan Vergara, 172
 kapkap, 138
 Karuth, Carl Johann, 17, 59
 kasangkapang bato, 66, 151, 153
 Kasaysayan ng Lalawigang Rizal, 3
 kasaysayan ng langit, 121
 kasaysayang pampook, 25, 37, 168, 260
 Katoliko-Kristiyano, 94
 Kauffman, Otto, 97, 143
 kawayan, 59, 60, 85, 118, 136, 171, 185, 239
 Kawit, 178, 184, 186
 Kay-Patag, 243
 Kempeitai, 238
 Klamer, Marian, 69
 Komonwelt, 228
 komunal, 176, 177, 181, 183, 184, 185
 konkretong tulay, 242, 245



Konseho Municipal, 54, 252
konspirasiya, 29, 96
Koronel Martelino, 249
Korte Suprema, 250, 251, 253, 254,
255, 257
kosmolohiya, xviii, 91, 96, 109, 113,
114, 115
Kristiyanisasyon, 82, 93, 170
Kristiyanismong Bayan, 91, 92, 94,
95, 96, 111, 120
kultibasyon, 68, 70, 75, 84
Kulturang Dabengkeng, 68
kumbento, 10, 180, 182, 195, 201,
205, 207, 208, 210
Kusin, Muhammad, 249
kwadrisentenaryo, 127, 129
kwentong bayan, 8, 9, 11, 12, 15, 55,
86, 113, 123, 124, 261

L

La Publicidad, 211
La Ciudad de Dios, 24
La Epoca, 210
Labao, Ludovico, 240
Labor Evangelica, 130
Lakantagkan, 164, 165
Lake District, 99
Lalawigan ng Rizal, 86, 232, 234,
235, 245, 249
Lalawigan ng Laguna, 231
Lamaran, Kabigon, 249
Las Pinas, 13, 82, 215, 235
Lasco, Lorenz, 115, 136
Lawin sector, 235
lechero, 83
Legaspi, Avelino, 164
Legazpi, Agustin de, 165

Legazpi, Miguel Lopez, 170, 175
Letter of Instruction, 248
leyenda, 7, 9, 55, 123, 128
Libingan ng mga Bayani, 247
Libmanan, 116, 133
liktao, xii, xviii, 108, 109, 130, 133,
140, 152, 154, 156, 160, 161
linggwistika, xv, 2, 3, 5, 19, 26, 32,
47, 259, 261
lingkaw, 119
lingling-o, 73
Loarca, Miguel de, 157
lokal na pamahalaan, 13, 86, 256
lokalisasyon, 94
Lolomboy, 188
Lombay, Don Pedro, 188
London, 194, 195
longue duree, 89, 90
Look ng Balayan, 163
Lozano, Honorato, 46
Lucente, Gaudencio, 236
Lumbera, Bienvenido, 248
lusong, 64
Lusua, Fray Manuel de, 185
Luções, 73

M

MNLF, 248, 249
Mabato Point, 242
Mabini, Apolinario, 213
Mabini, Esteban, 236
Macapagal, Diosdado, 248
Madagascar, 66, 148
Madras, 190
Magallanes, 73, 137
Magapit, 70
Magat, 180



- Maglipon, Atilano, 229
 Magsalin, Gonzalo, 236
 Magsalin, Pedro, 228
 Magsaysay, Ramon, 246, 247
 Maharlika Village, 248, 249, 256
 Majayjay, 74
 Major Canton, 219
 Major Rucker, 218
 Major Weisenburger, 219
 Makapili, 131, 133, 138
 Make-make, 135, 137, 142
 malabares, 196
 Malabon, 184
 Malacca, 73
 Malakas at Maganda, 136
 Malanay, Nicolas, 211
 Malay World, 73
 malebolos, 174
 malhechores, 174
 Malindug, 23
 Malolos, 216, 217, 225
 Manalo, Felix, 200
 Manalo, Guillermo, 203
 Manalo, Jacinto, 213
 mandala, 87
 Mang Titoy, 211
 mangangaso't-mangangalap, 67, 69, 148
 mangayaw, 136, 138
 Manggahan floodway, 53
 mangingisda, 51, 54, 55, 59, 129, 132
 Manila American Cemetery, 98, 143
 Manila South Kempeitai Unit, 238
 Manila campaign, 217
 Manuel, Arsenio, 25, 26
 Marcelino, Domingo, 235
 Marcos, Ferdinand, 53
 Marcos, Imelda, 218
 Maria Jamaquin, 181
 Maria Makiling, 140
 Maria Sinukuan, 140
 Mariano, Levi, 15
 Marikina, 13, 38, 47, 48, 53, 76, 82, 191, 192, 215, 217, 253
 Marikina Dam, 53
 Marinduque, 23
 Mariscal de Campo, 211
 Marking's Guerrillas, 235, 236
 masaganang ani, 129
 mass graves, 240
 matriyarka, 140
 Mauling creek, 54
 Maysapang, 176, 179, 181, 184, 185
 Ma'i, 2, 162, 163
 Mcarthur, Douglas, 233
 Mckinley, William, 228
 Mclang, 163
 Medina, Isagani, 197
 megafauna, 98, 143, 144
 Melano-Polynesia, 66, 131
 Mendiola, Juan, 211
 Meycatmon, 165
 Meysapan, 164, 178
 migrasyon, 66, 69, 148
 military reservation, 247
 millet, 66, 68, 69
 Mindanao, 248, 249
 Mindoro, 150, 161, 163
 mitolohikal na araw, 136
 Modernista, 15
 Mojica, Emigdio, 204
 Molino, 211
 monochrome wares, 103
 monogomiya, 167
 Montalban, 13, 82, 215
 Moran, Jose, 240
 Morga, Antonio de, 47
 Morioka, Susumo, 231



Morong, 14, 82, 191, 203, 217
morphomic alternation, 23
mortuaryo, 106
Mother of all philippine maps, 115
motif, 110, 111, 113, 114, 134
motion for reconsideration, 254
Munisipalidad ng Taguig, 84, 227,
249, 250
munisipyo, 52, 242, 246
Muslim, 137, 164, 248, 249
Musni, Honorio, 216

N

Nagahama, Akira, 238
Nagcarlan, 120
Nagsabaran, 69
Namwaran, 156
Napindan hydraulic structure, 53,
55
National Defense Act, 228
Natividad, Artemio, 232, 240
Natividad, Claudio, 211
Natividad, Jose, 204
Natividad, Juan, 201
Navarro, Atoy, 34
Navarro, Natalio, 204
Negros Occidental, 214
